

**The Project Gutenberg eBook of Ang "Filibusterismo" (Karugtóng ng Noli Me Tangere), by José Rizal**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang "Filibusterismo" (Karugtóng ng Noli Me Tangere)

Author: José Rizal

Translator: Patricio Mariano

Release date: December 11, 2014 [EBook #47629]

Most recently updated: June 28, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Marie Bartolo (etexts.bartolomarie@gmail.com)

from page images made available by the Internet Archive:

American Libraries

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG "FILIBUSTERISMO" (KARUGTÓNG NG NOLI ME TANGERE) \*\*\*

## Paliwanag ng Tagapagsalin

Ang tekstong ito ay nasa lumang Tagalog, na gumagamit ng titik *g* na may tilde sa ibabaw (*ḡ*), na makikita halimbawa sa mga salitang *nḡ*, *mḡa*, at *nḡayón*. Kung hindi maayos na nakikita ang titik *ḡ* sa iyong *e-book reader*, maaaring kailangang palitan ang *font* na iyong gamit.





# ANG FILIBUSTERISMO.



J. RIZAL

# ANG “FILIBUSTERISMO” [\*]

(KARUGTÓNG NŔ NOLI ME TANGERE)

(Tinagalog ni PATRICIO MARIANO)

---

Masasapantaha kaagád, na, lihim na nágayuma ñg isáng FILIBUSTERO ang kapisanan ñg mġa makapraile at mġa laban sa pagkakasulong, upáng, sa pag-alinsunod na waláng malay sa mġa udyók ñg kaniláng kalooban, ay makatulong at makapagpalusóg doon sa imbót na íisang bagay ang linalayon: palaganapin ang adhiká ñg FILIBUSTERISMO sa boong bayan at pananaligin ang laháť ñg pilipino na waláng ibáng kaligtasan liban sa humiwaláy sa España.

**Ferdinand BLUMENTRITT.**

---

[\*] Kung ihuhulog sa wikang tagalog ang salitáng FILIBUSTERISMO ay lubhang hahaba ang pañgalan ñg aklát na itó at marahil ay mangyaring hindi pa mawatasan ñg babasa, kaya't hindi na namin inihulog sa wika natin; ñguni't ílalagáy namán ang katuturán ó kahulugán ñg salitáng itó upang mabatíd noong mġa hindi nakaalam ñg kaniyang kahulugán.

FILIBUSTERO: Galing sa salitáng inglés na *freebooter*; itinawag sa iláng mangdadambóng na lumagusaw sa karagatang Antillas, América, niyong 1700.—FILIBUSTERO din ang tawag sa mġa taong nag-uusig na mápahiwalay sa España ang mġa lupaíng sakop nitó, sa kabilá ñg mġa dagat, kayá't ang salitáng FILIBUSTERISMO ay waláng ibáng kahulugán kun di ang adhikáng pag-usígin ang paghiwaláy sa nakasasakop.—P. nġ T.

---

## UNANG PAGKAKÁLIMBÁG.

---

MAYNILA

**Limbagan at Aklatan ni I. R. Morales,**

Liwasang Miranda, 11-13, Kiyapo

**1911.**



José Rizal

# ALAALA

sa mga paring G. Mariano GOMEZ (85 taón)

José BURGOS (30 taón)

at Jacinto ZAMORA (35 taón)

*na binitay sa Bagumbayan ng ika 28[A] ng Febrero ng taóng 1872.*

Sa di pagsang-ayon ng Relihion na alisan kayo ng karanġalan sa pagkapari ay inilagáy sa alinlanġan ang kasalanang ibinintang sa inyó; sa pagbabalot ng hiwaga't kadiliman sa inyóng usap ng Pamahalaan ay nagpakilala ng isang pagkakamaling nágawâ sa isang masamang sandali, at ang boóng Pilipinas, sa paggalang sa inyóng alaala at pagtawag na kayó'y mga PINAGPALA, ay hindi kinikilalang lubós ang inyóng pagkakasala.

Samantala ngang hindi naipakikilalang maliwanag ang inyóng pagkakalahók sa kaguluhan, naging bayani kayo ó di man, nagkaroon ó di man kayo ng hilig sa pagtatanggol ng katwiran, nagkaroon ng hilig sa kalayaan, ay may karapatán akóng ihandóg sa inyó, na bilang ginahis ng kasamaang ibig kong bakahin, ang aking gawâ. At samantalang inaantáy namin na kilalanin sa balang araw ng España ang inyóng kabutihan at hindi makipanagót sa pagkakapatáy sa inyó, ay maging putong na dahong tuyô na lamang ng inyóng mga liblib na libingan ang mga dahong itó ng aklát, at lahat niyong walang katunayang maliwanag na umupasalà sa inyóng alaala, ay mabahiran nawâ ng inyóng dugô ang kanilang mga kamáy.

***J. Rizal.***

---

[A] Hindi namin binago ang 28 na nasa wikang kastila, nguni't ipinaunawa namin na ika 18 ng bitayin ang mga tinurang pari.—P. ng T.

# INDICE.

## Alaala

- I.—Sa Cubierta
- II.—Sa silong n̄ Cubierta
- III.—M̄ga alamát
- IV.—Si Kabisang Tales
- V.—Ang “Noche buena” n̄ isáng kotsero
- VI.—Si Basilio
- VII.—Si Simoun
- VIII.—¡Mabuting Paskó!
- IX.—Si Pilato
- X.—Kayamana’t karalitaan
- XI.—Los Baños
- XII.—Plácido Penitente
- XIII.—Ang aralan n̄ Písica
- XIV.—Isáng tahanan n̄ m̄ga nag-aaral
- XV.—Si G. Pasta
- XVI.—Ang m̄ga kapighatian n̄ isáng insík
- XVII.—Ang periya sa Kiyapo
- XVIII.—M̄ga kadayaan
- XIX.—Ang lambal
- XX.—Ang nagpapalagáy
- XXI.—M̄ga ayos Maynila
- XXII.—Ang palabás
- XXIII.—Isáng bangkáy
- XXIV.—M̄ga pan̄garap
- XXV.—Tawanan—Iyakan
- XXVI.—M̄ga paskín
- XXVII.—Ang prayle at ang pilipino
- XXVIII.—Tatakut
- XXIX.—M̄ga hulíng salitáng ukol kay kapitan Tiago
- XXX.—Hulí
- XXXI.—Ang mataas na kawaní
- XXXII.—M̄ga ibinun̄ga n̄ m̄ga paskín
- XXXIII.—Ang hulíng matuwid
- XXXIV.—Ang kasál
- XXXV.—Ang pistá
- XXXVI.—M̄ga kagipitan ni Ben-Zayb
- XXXVII.—Ang hiwaga
- XXXVIII.—Kasawian
- XXXIX.—



# I

## SA CUBIERTA

Sic itur ad astra.

Isáng umaga n̄ Disiembre ay hiráp na sumasalun̄ga sa palikólikông linalakaran n̄ ilog Pasig ang bapor Tabò, na may lulang maraming tao, na tun̄go sa Lalaguna. Ang bapor ay may anyông bagól, halos bilóg na warì'y tabò na siyáng pinanggalingan n̄ kaniyang pan̄galan; nápakarumí kahit na may nasà siyang magíng maputí, malumanay at warìng nagmamalakí dahil sa kaniyang banayad na lakad. Gayon man, siya'y kinagigiliwan sa dakong iyon, sanhí marahil sa pan̄galan niyang tagalog ó dahil sa tagláy niya ang sadyang ugali n̄ m̄ga bagay-bagay n̄ bayan, isáng warì'y tagumpáy na laban sa pagkakasulong, isáng bapor na hindí tunay na bapor ang kabuòan, isáng sangkáp na hindí nagbabago, hindí ayos n̄guni't hindí mapag-aalinlan̄ganan, na, kung ibig mag-anyông makabago ay nasisiyahan na n̄ boong kalakhán sa isáng pahid n̄ pintura.

Na ang bapor na itó'y tunay na pilipino! Kaunting pagpapaumanhín lamang ang gamiti't pagkakamanláng siya ang daóng n̄ Pamahalàan, na nayari sa ilalim n̄ pagsisiyasat n̄ m̄ga *Reberendo* at m̄ga *Ilustrísimo!*

Balót n̄ liwanag sa umaga, hayo na ang maputí niyang katawán (na iniwawasiwas ang maitim na usok) na nagpapagaláw sa alon n̄ ilog at nagpapaawit sa han̄gin sa m̄ga maigkás na kawayang nasa sa magkábilang pangpáng; may nagsasabing nag-uumusok din ang daóng n̄ Pamahalàan!... Sa bawà't sandalí'y tumitilí ang pasuit na paós at mapagbalà na warì'y isáng manggagahís na ibig makapanaig sa tulong n̄ sigáw, kayà't sa loób n̄ bapor ay hindí magkarinigan, ang lahat n̄ mákatagpô'y pinagbabalaan; minsa'y warìng ibig durugin ang m̄ga salambáw, (m̄ga yayat na kagamitán sa pan̄gingisdâ) na ang galáw ay

warìng kalansáy n̄ *gigante* na yumúyukô sa isáng pagóng na nabuhay sa kapanahunang dako pa roon n̄ pag-apaw n̄ tubig sa boóng mundó; minsa'y tumátakbóng tun̄go sa m̄ga kakawayanán ó kayà'y sa m̄ga karihan, na napapalamutihan n̄ gumamela at ibá pang bulaklák, na warìng m̄ga magsisipaligòng nakalubóg na sa tubig ang m̄ga paa'y ayaw pang maglublób... minsa'y sa pagsunód sa daáng itinuturò n̄ iláng kawayang nakatirik sa ilog ay lumalakad n̄ boóng kasiyahang loób ang bapor; n̄guni't ang isáng bigláng pagkakabagók ay kauntí nang ikinabuwal n̄ m̄ga sakáy; nápadumog sa isáng burak na mababaw na hindí hinihinalà nino man.....

At kung ang pagkakawangki sa daóng n̄ Pamahalàan ay hindí pa lubós, ay tingnan ang pagkakalagáy n̄ m̄ga lulan. Sa ilalim n̄ *cubierta* ay nan̄gagdungaw ang m̄ga mukhâng kayumanggí at maiitim n̄ m̄ga taga rito, m̄ga insík at mestiso na nagkakasiksikang kasama n̄ m̄ga lulang kalakal at m̄ga kabán, samantalang sa itaás, sa ibabaw n̄ *cubierta* at sa lilim n̄ isáng panambil na nagtatanggol sa kanilá sa init n̄ araw, ay nan̄gakaupô sa maginhawang luklukan ang iláng sakáy na suot taga Europa, m̄ga prayle at m̄ga kawaní, na humihitít n̄ malalaking tabako, samantalang tinátanáw ang m̄ga dinadaan, na hindí man nápupuna ang m̄ga pagsusumakit n̄ kapitán na maiwasan ang m̄ga balakid sa ilog.

Ang kapitán ay isáng ginoo na may magiliw na anyô, lubhá n̄ matandâ, dating maglalayág na noong kabataàn niya ay namahala sa lalòng matuling daóng at sa lalòng malawak na karagatan at n̄gayóng tumandâ'y ginagamit ang lalòng malaking pag-iisip, pagiingat at pagbabantáy upáng maiwasan ang maliliít na kapan̄ganiban.... At yaón dín ang balakid sa araw araw, ang dati ring mabababaw na burak, ang dati ring lakí n̄ bapor na násasadsád sa m̄ga likô ring yaon, na warì'y isáng matabâng babai sa gitnâ n̄ siksikan n̄ tao, kayà't ang mabaít na kapitán ay humihintô sa bawà't sandalí, umuurong, pinagkakalahatí lamang ang tulin, pinagpapalipatlipat sa kaliwà't sa kanan ang limáng marinerong may hawak na tikin upáng ipanibulos ang likông itinuturò n̄ timón. Warìng isáng matandang kawal, na matapos mamunò sa m̄ga tao sa isáng maligalig na himagsikan, ay nagíng taga pag-alagà, n̄ tumandâ, n̄ batàng masumpun̄gin, matigás ang ulo at tamád.

At si aling Victorina na siyáng tan̄ging babaing nakiupô sa lipon n̄ m̄ga europeo ay siyáng makapagsasabi kung ang bapor Tabò ay tamád, masuwayin at masumpun̄gin; si aling Victorina, na gaya n̄ karaniwan ay napakamasindakin, ay nagtutun̄gayaw sa m̄ga kaskó, bankâ, balsá n̄ niyog, m̄ga indio na namamangkâ at sampung m̄ga naglalabá at nagsisipaligò na kinayayamután niya dahil sa pagkakatuwâ at kain̄gayan! Siya n̄gâ namán, kung waláng m̄ga indio sa ilog at sa bayan ay bubuti ang lakad n̄ Tabò, oo! kung waláng isá mang indio, sa mundó; hindí niya nápupunang ang m̄ga tumitimón ay pawàng indio, indio ang m̄ga marinero, indio ang m̄ga makinista, indio ang siyam na pù't siyam sa bawà't isáng daang sakáy at siyá man ay india rin kung kakayurin ang kaniyang pulbós at huhubarán siya n̄ ipinagmamalaking *bata*. Nang umagang iyón ay lalò pang namumuhí si aling Victorina dahil sa hindí siya pinapansín n̄ m̄ga kalipon, at dapat n̄gâ namáng magkagayón, sapagkâ't tignán n̄gâ namán ninyó: magkalipon doon ang tatlóng prayleng nananalig na ang boóng mundó'y lalakad n̄ patiwari sa araw na siláy lumakad n̄ matuwíd; isáng waláng pagál na D. Custodio na payapàng natutulog, na siyangsiya ang loób sa kaniyang m̄ga munakalà; isáng waláng pagod na mánunulat na gaya ni Ben-Zayb (katimbang n̄ Ibañez) na nag-aakalàng kung kayà't may nag-iisip sa Maynilà ay sa dahilang siya'y nag-iisip; isáng *canónigo* na gaya ni P. Irene na nagbibigay dan̄gal sa m̄ga parí dahil sa mabuti ang pagkakaahit n̄ kaniyang mukhâng kinatatayuan n̄ isáng ilóng hudío at dahil sa kaniyang sotanang sutlá na mainam ang tabas at maraming botones; at isáng mayamang mag-aalahás na gaya ni Simoun na siya mandíng tanun̄gan at nag-uudyok sa m̄ga galáw n̄ Capitán General; akalain n̄gâ ba namáng magkátatagpô ang m̄ga haliging itó na *sine quibus non* n̄ bayan, magkápipisan doon at maligayang nag-uusap, na hindí nabibighaning malugód sa isáng tumakwil sa pagkapilipina, na nagpapulá n̄ buhók, ibagay n̄ sukat makabugnot sa isáng Joba!, pan̄galang ikinakapit sa sarili ni aling Victorina kailan ma't may katun̄go.

At ang pagkayamót nŕ babai'y nararagdagan sa bawà't pagsigaw nŕ Kapitán nŕ: baborp! estriorp!, bubunutin nŕ mŕa marino ang kaniláng mahahabàng tikín at isasaksák sa isá't isáng gilid at pinipigil sa tulong nŕ kaniláng mŕa hità't balikat na másadsád sa dakong iyon ang bapor. Kung susukatin sa gayóng anyô ang daóng nŕ Pamahalàan ay masasabing nawawalâ ang pagkapagóng at nagiging alimanŕo sa tuwíng málalapít ang isáng panŕanib.

—Nŕuni't kapitán, ¿bakit tumutunŕo sa dakong iyan ang inyóng mŕa mangmang na timonel?—ang tanóng na pagalít nŕ babai.

—Sapagká't doon ay napakababaw, ali—ang sagót na malumanay nŕ Kapitán at ikinindát ang matá.

Naugali na ang ganitó nŕ Kapitán upáng sabihin wari sa kaniyang mŕa salitâ, na dahandahang lumabás: marahan, marahang marahan!

—Kalahatìng tulin nŕ mákina, bá, kalahatìng tulin!—ang paalipustàng tutol ni aling Victorina—¿bakit hindí boóng tulin?

—Sapagká't maglalayág tayo sa mŕa palayang iyan, ali,—ang waláng katinagtinag na sagót nŕ Kapitán na sabay ang paglabi upang iturò ang bukid; makálawang kumindát.

Ang aling Victorinang itó ay kilalâ dahil sa kaniyang mŕa kasagwâan at mŕa himaling. Dumádalóng palagì sa mŕa lipunán at siya'y tinitiis doon kailan ma't kasama ang kaniyang pamangkín, si Paulita Gomez, magandâ at mayamang binibini, ulila sa amá't inâ, na kinúkupkóp ni aling Victorina. Nang tumandâ na ang aling Victorinang itó ay nag-asawa sa isáng kulang-palad na ang panŕalan ay D. Tiburcio de Espadaña, at sa mŕa sandalíng itó na nakikita natin siya ay may labíng limáng taón nang kasál, ang buhók ay postiso at ang kalahatì nŕ kagayakan ay ayos taga Europa. Sa dahiláng ang kaniyang boóng hanŕád sapol nŕ magkaasawa ay ang mag-anyóng europea, sa tulong nŕ iláng mahalay na kaparaanan, ay nahulog díng untí-untí ang kaniyang ayos sa isáng anyóng, sa kasalukuyan, kahi't na magtulong si Quatrefages at si Virchow ay hindí máwawatasan kung sa alíng lahìng mŕa kilala siya máihahalò. Makaraan ang iláng taóng pagkákasál, ang kaniyang asawang nagtiís, na wari'y *fakir* na umalinsunod sa lahát nŕ kaniyang maibigan, ay dinalaw nŕ isáng masamâng sandalì, isáng araw, at hinambalos siyâ nŕ tinútungkód sa pagkapilay. Dahil sa pagkakabiglâ ni aling Joba, sa gayóng pagbabagong ugali, ay hindí naalumana ang magiging kasunód nŕ pangyayari, at nŕ makaraan ang pagkakagitlá at nŕ ang kaniyang asawa ay makatanan, ay sakâ pa lamang náramdamán ang sakít at náhigâng iláng araw, sa gitnâ nŕ pagkagalák ni Paulita na mahilig sa pagtatawâ at pagbibirò sa kaniyang ali. Nŕuni't ang asawa, sindák sa nágawâng kasalanan, na sa kaniya'y wariing isáng kakilakilabot na pagpatay sa kabiyák nŕ pusò ang gayóng nágawâ, habol nŕ mŕa *furia* sa tahanan (ang dalawáng aso at isáng loro sa bahay), ay nagtatakbó nŕ boóng tuling ipinahintulot nŕ kaniyang pílay, lumulan sa unang sasakyáng nátagpûán, sumakáy sa unang bangkâng nákita sa isáng ilog, at, Ulises na pilipino, nagpagalâgalâ sa mŕa bayán-bayán, sa isá't isáng lalawigan, sa isá't isáng pulò, na pinamumuntután nŕ kaniyang Calipso, na naka *quevedo*, na nakayáyamot sa bawà't mákasama sa paglalakbáy. Tumanggáp nŕ balitâ na ang lalaki'y nagtatagò sa isáng bayan nŕ Laguna, kayâ't yáon na siya upáng akitin sa tulong nŕ kaniyang buhók na tininâ.

Ang mŕa kasabáy ay nagkâisáng magsanggaláng sa kaniyang pakikitunŕo sa pamagitan nŕ isáng waláng hintóng pagsasalitâang ang balàng bagay ay pinagtalunan. Sa mŕa sandalíng iyón, dahil sa palikòlikò nŕ ilog, ay pinag-uusapan ang pagtutuwid sa kaniya at ang ukol sa mŕa gawâin nŕ Obras del Puerto.

Si Ben-Zayb, ang mánunulat na mukhâng prayle, ay nakikipagtalo sa isáng parìng batâ na mukhâ namáng artillero. Kapwâ nagsisigawang ang anyô nŕ mukhâ ay iniaayos sa sinasabi, itinâtaás ang mŕa bisig, inilalahad ang mŕa kamáy, nagsisitadyák, nag-uusap nŕ ukol sa patitís, mŕa palaisdaan, ilog San Mateo, mŕa indio at ibp. sa gitnâ nŕ kasiyahang loob nŕ mŕa nakikiníg at sa gitnâ rin namán nŕ boóng pagkainíp nŕ isáng matandang parìng pransiskano, na lubhâng nápakapayát at nanŕanŕalirang, at nŕ isáng dominiko na magandâ ang tindíg na nagbâbakás... nagbâbakás sa kaniyang mŕa labì nŕ isáng nŕgiting pakutyâ.

Ang payát na pransiskano, na nakápunâ sa nŕgitì nŕ dominiko, ay nagnasàng makilahók sa usapan, upáng maputol. Iginagalang siya marahil, kayâ't sa isáng kilos lamang nŕ kamáy ay napigil ang pag-uusap nŕ dalawâ, nang ang parìng-artillero ay tumukoy nŕ ukol sa kinátutuhan at ang mánunulat na prayle ay nŕ ukol namán sa karununŕan.

—¿Alám bagâ ninyó kung anó ang mŕa taong marurunong, Ben-Zayb?—anáng pransiskano na ang boses ay malalim, na hindí man lamang halos gumalâw sa kaniyang uupan, at ang mŕa nanŕanŕalirang na kamáy ay bahagyâ nang ikilos—Nariyan sa lalawigan ang *Puente del Capricho*, na gawâ nŕ isáng kapatíd namin, at hindí nayari, sapagká't pinintasáng mahinâ at mapanŕanib nŕ mŕa marurunong, sa panunuláy sa kaniláng mŕa sapantahâ, nŕuni't tignán ninyó't nariyan ang tuláy na naglâlabán sa lahát nŕ bahâ at lindol.

—Iyan, *puñales*, iyang talagâ, iyan nŕgâ sana ang sasabihin ko!—ang wikâ nŕ parìng artillero na kasabáy ang suntók sa gabáy nŕ kaniyang luklukang kawayan;—iyan, ang *Puente del Capricho* at ang mŕa marurunong; iyan sana ang sasabihin ko, P. Salvi, *puñales*.

Nápahintóng nakanŕitì si Ben-Zayb, marahil sa paggalang ó kayâ'y dahil sa sadyâng waláng maalamang isagot; kahit gayong ¡siya ang tanŕing nag-iisíp dito sa Pilipinas!—Si P. Irene ay sumasang-ayon sa tulong nŕ ulo, samantalang pinapahidpahiran ang kaniyang mahabàng ilóng.

Si P. Salvi, iyóng parìng payát at nanŕanŕalirang, ay nagpatuloy, na wariing nasiyahan sa gayóng panŕanŕayupapâ, sa gitnâ nŕ katahimikan:

—Datapwâ'y hindí ibig sabihin nŕ ganitó na kayó'y walâ sa katwiran at gayón dín namán si P. Camorra (itó ang panŕalan nŕ parìng artillero); ang kasamaán ay nasa lawâ....

—Sadyâ namáng waláng mabuting lawâ sa lupaíng itó—ang patláng ni aling Victorina, na muhíng muhí na at tumandâ upáng buuhing muli ang labì

na at ninaana upang iisawing muna ang kuta.

Ang mġa binabakod ay sindák na nagtingġinan, nġuni't, gaya nġ katalasan nġ isáng general, dumulóg ang mag-aalahás na si Simoun:

—Ang kagamutan ay nápakadalí,—anyá na ang pagbigkás nġ salitá ay katanġitanġi, kalahating inglés at kalahating amerikano sa Timog—at hindí ko nġa maalaman kung bakit hindí pa náisip nġ kahit sino.

Ang laháť ay lumingġón, sampú nġ dominiko, at pinakingġán siyang mabuti. Ang mag-aalahás ay isáng taong yayát, mataas, malitid, nápakakayumangġi, suot inglés at ang ginagamit ay waring salakót na timsim. Katanġitanġi sa kaniya ang mahabàng buhók na putíng putí na nátiwalí sa misáy na itím, madalang, na nagpapakilala nġ kaniyáng pagkamestiso. Upang iwasan ang sinag nġ araw ay palagíng gumagamit nġ salamíng asul na *de rejillas*, na tumátakíp sa kaniyáng mġa matá at bahagi nġ mġa pispnġi, na siyáng nagbibigáy sa kaniya nġ anyóng bulág ó may sakít sa matá. Nakatayóng ang paa'y nakabikaká upáng makapanimbang warí, ang mġa kamáy ay nakapasok sa mġa alapót nġ kaniyáng *chaqueta*.

—Ang kagamutan ay lubhàng madalí—ang ulit—at walàng magugugol.

Ang pakikingġig na mabuti ay nag-ibayo. Násasabisabí sa mġa lipunán sa Maynilà na ang táong iyon ay siyang sinusunód nġ General, kayá't nákinikinitá na nġ laháť na ang kagamutan ay magagawá. Pati si D. Custodio ay nápalinġón.

—Magbukás nġ isáng ludlód na tuwid, mulá sa pagpasok nġ ilog hangáng sa paglabás, na dádaan sa Maynilà, itó nġa, gumawá nġ isáng bagong ilog na ludlód at tabunan ang dating ilog Pasig. Hindí mag-aaksayá nġ lupá at iiklí ang paglalakbáy, mapipigil ang pagkakaroon nġ dakong mababaw.

Ang panukalàng itó'y nakalitó sa laháť halos, na nahirati sa mġa paraáng tapaltapal.

—Isáng munakalàng yankee—ani Ben-Zayb, na ibig kalugdán ni Simoun—Ang mag-aalahás ay malaong naninirahan sa Amerika, sa Hilagà.

Inari nġ laháť na malakí ang palagáy at ang gayón ay ipinakilala sa mġa galáw nġ ulo. Tanġi si D. Custodio, ang may magandang loob na si D. Custodio, na dahil sa kaniyáng malayàng kalagayan at matataás na katungkulang gináganáp, ay nag-akalàng nárarapat na bakahin niya ang isáng panukalà na hindí sa kaniya buhat—iyon ay isáng panġunġunang baít!—umubó, hinaplós ang kaniyáng misáy at sa tulong nġ kaniyáng matigás na boses at waring nasa sa isáng sadyàng pagpupulong nġ Ayuntamiento, ay nagwikàng:

—Patawarin akó ni G. Simoun, na aking kagalanggalang na kaibigan, kung sabihin kong hindí niya akó kasang-ayon; maraming salapí ang magugugol at marahil ay sisirá tayo nġ mġa bayanan.

—Sumirá!—ang mahinahong sagót nġ mag-aalahás.

—¿At ang salapíng ibabayad sa mġa manggagawá?.....

—Huwag bayaran. Sa mġa bilanggó at presidiario.....

—Hindí makasásapát, ginoong Simoun!

—Kung hindí sásapát, ang laháť nġ bayan, ang mġa matatandá, ang mġa binatà, ang mġa batà, ay gumawá, at palitán ang labing limáng araw na sápitáng paggawá, nġ tatlo, apat ó limang buwang paggawá na ukol sa Pamahalàan, na may katungkulan pang ang bawá't isá ay magdalá nġ kaniyáng pagkain at kasangkapan.

Si D. Custodio ay sindák na lumingġón upang tanawín kung sa kalapít ay may isáng indio na nakakádingġig sa kanilá. Salamat na lamang at ang nanġaroroon ay pawàng taga bukid, at ang dalawáng timonel ay waring walàng pinápansín kun dí ang mġa likó nġ ilog.

—Nġuni't, ginoong Simoun.....

—Manalig kayó, D. Custodio—ang matigás na patuloy ni Simoun—sa ganiyáng paraan lamang nayayari ang malalaking gawáin, sa muntíng gugol. Sa ganiyang paraan nayari ang mġa Pirámide, ang lawàng Mœris at ang Coliseo sa Roma. Boóboóng lalawigan ay nanggagaling sa mġa kaparanġan na daládalá ang kaniláng mġa sibuyas upáng may mákain; ang mġa matatandá, mġa binatà at mġa batà ay nanġaghahakót nġ bató, tinatapyás nilá at pinápasán sa pamamahalà nġ pamalò nġ nakapangyayari; at pagkatapos ay bumabalík sa kaníkaniláng bayan ang nanġálabí, ó nanġamamatáy sa buhanġinan nġ kalawakan. Makaraán yaón ay dumádatíng ang ibáng lalawigan, pagkatapos ay ibá namán, sunód sunód sa paggawá sa loob nġ mġa taón; ang gawáin ay natatapos at nġayó'y hináhanġaan natin, naglalakbáy tayo, napaparoon tayo sa Egipto ó sa Roma, pinupuri natin ang mġa Faraon, ang mġa mag-aanak na Antonina..... Maniwalá kayó D. Custodio; ang mġa patáy ay naiwang patáy at ang malakás lamang ang binibigyan nġ katwiran nġ mġa kapanahunang súsunód.

—Nġuni't ang mġa ganiyang kaparaanan, ginoong Simoun, ay mangyayaring magíng sanhí nġ kaguluhan—ang sabi ni D. Custodio na hindí mápalagay dahil sa masamáng tunġo nġ salitáan.

—Kaguluhan; ha, ha! ¿Naghimagsík bagá ang bayang ehispio minsan man, naghimagsik ang mġa piít na hudio nġ laban sa maawáing si Tito? ¿Hindí ko akalàing mahinà palá kayó sa mġa bagay na násasabi sa kasaysayan!

Napagkíkilala na ang Simoung yaón ay napakamapagmalakí ó walàng pinagaralan. ¡Ipamukhá kay D. Custodio na hindí nakababatíd nġ kasaysayan, ay isáng bagay na makagagalit sa káhit kanino! At gayón nġa ang nangyari, nakalimot si D. Custodio sa dating hilig at sumagót nġ:

—Ang bagay, ay sa dahiláng hindí ehispio ni hudio ang inyóng mġa kakaharapín!

—At ang bayang itó'y hindí miminsang naghimagsík na—ang dugtóng na may muntíng takot nġ dominiko—noong kapanahunang pinahihila nġ malalaking kahoy upáng gawíng mġa daóng, kung hindí dahil sa mġa

pari.....

—Ang kapanahunang iyón ay malayò na;—ang sagót ni Simoun na ang tawa’y lalò pa mandíng matigás kay sa karaniwan—ang mġa pulòng itó’y hindi mulíng maghihimagsík nġ dahil sa mġa gawâin at buwis..... ¿Hindi bagá pinupuri ninyó P. Salvi—ang dugtóng, na, ang hinaráp ay ang payát na pransiskano—ang bahay at pagamutan sa Los Baños na kinaroroonan nġ General?

Iginaláw ni P. Salvi ang ulo at tumingíng may pagkakamanghá sa tanóng.

—¿Hindi bagá sinabi ninyó sa aking ang dalawáng bahay na iyon ay naitayò sa tulong nġ pagpilit sa mġa bayan na gumawâ doon, sa ilalim nġ kapangyarihan nġ isáng uldóg? Marahil, ang Puente del Capricho, ay nayarì din sa gayóng kaparaanan. At sabihin ninyó ¿naghimagsík bagá ang mġa bayang itó?

—Nġuni’t.... naghimagsík na noong araw—ang sabi nġ dominiko—at *ab actu ad posse valet illatio*.

—Walâ, walâ, walâ!—ang patuloy ni Simoun na humandâng dumaán sa *escotilla* upáng pumanaog sa kámara—ang nasabi ay nasabi na. At kayó P. Sibyla ay huwag bumanggit nġ mġa wikàng latín at nġ mġa katunggakán. ¿Sa anót náririto kayóng mġa prayle kung maaaring maghimagsík ang mġa bayan?

Si Simoun ay pumanaog sa muntíng hagdanan, na hindi pinansín ang mġa tutol at sagót, at inuulit ulit ang salitâng: *Vaya, vaya!*

Si P. Sibyla ay namutlá; noon lamang siya, Vice-Rector sa Universidad, napagsabihang may katunggakán; si D. Custodio ay kulay berde; sa alín mang pulong na kanyáng kinároonan ay hindi nakatagpò nġ isáng katunggaling kagaya niyon. Ang gayón ay nápakalabis.

—Isáng mulato amerikano!—ang pabulalás na unġol.

—Indio-inglés!—ang marahang sabi ni Ben-Zayb.

—Sinasabi ko sa inyóng amerikano, ¿hindi ko malalaman?—ang tugóng nayayamót ni D. Custodio—

sinabi sa akin nġ General; iyá’y isáng mag-aalahás na nákilala niya sa Habana at ayon sa hinalà ko’y siyang nagbigáy sa kaniya nġ katungkulan, sapagká’t pinautang siya nġ salapî. Kayâ nġâ, upang mabayaran, ay pinaparito at nġ gawín ang balà na, dagdagán ang kaniyang kayamanan sa pagbibilí nġ mġa brillanteng.... hindi totoo, ¡anó ang malay natin! At napakawalâng lingġap, na, matapos kunan nġ salapî ang mġa indio ay ibíg pang..! ¡Pf!

At tinapos ang salitâ sa isáng makahulugáng kilos nġ kamáy.

Walâng makapanġahás na makisali sa gayóng mġa pag-alimura; si D. Custodio ay mangyayaring makipagsirâ sa Capitán General kung ibig niya, nġuni’t ni si Ben-Zayb, ni si P. Irene, ni si P. Salvi, ni ang hinalay na si P. Sibyla ay walâng katiwalà sa paglilihim nġ ibá.

—Ang taong iyan, sapagká’t amerikano, ay nag-aakalàng ang kákaharapín natin ay ang mġa “pieles rojas”.... ¡Magsalitâ nġ mġa bagay na iyan sa loób nġ isáng bapor! Ipag-utos, pilitin ang tao!.... At iyan ang nag-udyók nġ pagsalakay sa Carolinas, nġ pagdigmâ sa Mindanaw na pupulubi nġ kalaitlait sa atin.... At siya ang humandóg na mamagitná sa paggawâ nġ “crucero”, nġuni’t ang tanóng ko namán: ¿anó ang muwang nġ isáng mag-aalahás, kahit na napakayaman at napakabihasa, sa pagpapagawâ nġ mġa daóng?

Ang lahat nġ itó’y sinasabing pinalalaki ang boses ni D. Custodio, kay Ben-Zayb, na sabáy ang kumpáy, higít nġ balikat, maminsanminsang tumátanóng sa tinġín sa ibáng iginagaláw namán ang ulo nang walâng ibig turan. Ang kanónigóng si P. Irene ay napapanġitíng walâng ibig sabihin, na tinátakpán nġ kamáy sa tulong nġ paghaplós sa kaniyang ilóng.

—Sinasabi ko sa inyó, Ben-Zayb—ang patuloy ni D. Custodio na inaalóg ang bisig nġ mánunulat—ang lahat nġ kasamáang nangyayari ay sanhí nġ hindi pagtatatanóng sa mġa taong may malaong paninirahan dito. Isáng panukalàng may malalaking salitâ at malaking gugol, isáng gugulíng malaking halagá ay nakabubulag at tinátanggáp agád.... dahil dito!

Pinagkiskis ni D. Custodio ang kaniyang mġa daliríng hinglalakí, hintuturò at panggitná.

—Mayroon nġâng kauntì niyan, kauntì niyan—ang akalà ni Ben-Zayb na dapat niyang isagót, dahil sa kaniyang pagkamamamahayag ay dapat makaalám nġ lahat.

—Tignán ninyó, una diyan sa mġa gawâin nġ Obras del Puerto, ay nagharáp akó nġ isáng munakalà, bago, malinaw, mapakikinabanġan, muntíng gugol at magagawâ upang luminis ang wawà nġ dagat na tabáng, at hindi tinanggáp dahil sa hindi nagbíbigáy nġ ganitó!

At inulit ang kiskís nġ mġa dalirì, kinibít ang balikat at ang lahat ay tinignán na waring ang ibig sabihin ay: ¿Nakakita na kayó nġ ganiyang kasawián?

—At ¿maari bagáng mabatíd ang palagáy?—At..—Abá!—ang pamanghá nġ isá’t isá na nanġaglapitan at nagkagipitan sa pakikingíng. Ang mġa munakalà ni D. Custodio ay pawàng bantóg na kagaya nġ mġa yaring lunas nġ mġa manggagamot.

Kauntì nġ hindi sabihin ni D. Custodio ang bagay, sapagká’t nagdamdám dahil sa hindi siyá sinang-ayunan noong dinudustâ si Simoun. “Pag walâng panġanib ay ibig ninyóng akó’y magsalitâ, ha? at pag mayroon ay walâ kayóng imík”, ang sasabihin sana; nġuni’t ang gayón ay isáng pagpapakawalâ nġ isáng mabuting pagkakataón at yayamang hindi na maisasagawâ ang panukalà ay mákilala man lamang at hanġaan.

Matapos ang dalawá ó tatlong bugá nġ asó, umubó at lumurâ nġ patagilíd, ay tinanóng si Ben-Zayb, na sabáy ang tampál sa hità nitó.

—¿Nakakita na ba kayó nġ pato?

—Tila... nakáhuli kami sa lawà—ang tugóng pahanġâ ni Ben-Zayb.

—Hindî, hindî ko tinutukoy ang patong bukid, ang tinutukoy ko’y ang mġa maamô na ináalagàan sa Pateros at sa Pasig. At ĳalám ninyó kung anó ang kaniláng kinakain?

Si Ben-Zayb, ang tanġing ulong nag-iisíp, ay hindî nakaáalám niyon; hindî niya napanghihimasukan ang hanap-buhay na iyon.

—Mġa susông maliliít, tao kayo, mġa susông maliliít!—ang sagót ni P. Camorra—hindî kailanġang magíng indio upáng makabatíd ġġ bagay na iyan, sukat na ang magkaroon ġġ paninġín!

—Iyán ġġâ, mġa susông maliliít!—ang ulit ni D. Custodio na iginágaláw ang hintuturò—at alám ninyó kung saan kinukuha?

Hindî rin batíd ġġ ulong mapag-isíp.

—Kung kayó’y nanirahan na sa lupaíng itó ġġ kágaya ġġ habà ġġ aking paninirahan, ay mababatíd ninyóng nakukuha sa wawà at doon ay marami na kahalò ġġ buhanġin.

—ĳAt ang inyóng munakalà?

—Iyán ġġâ ang tunġo ko. Pipilitin ko ang lahát ġġ bayang kalapít ġġ wawà na mag-alagà ġġ pato, at mákikita ninyó na silá, sa kaniláng sarili, ay palalalimin nilá ang wawà sa panghuhuli ġġ susô... Ganiyáng ganiyán.

Binuksán ni D. Custodio ang kaniyáng dalawáng bisig at malugód na tinanáwtanáw ang pagkakagulilát ġġ mġa nakikinġíg sa kaniyá; walâng isá mang nakáisip ġġ gayóng kainam na panukalà.

—ĳPinahihintulutan bagá ninyóng makasulat akó ġġ isáng *artículo* ukol sa bagay na iyan?—ang tanóng ni Ben-Zayb—nápakakauntî ang nag-iisíp sa lupaíng itó....

—Nġuni’t D. Custodio,—ani aling Victorina na nagpakendengkendeng at kumilingkiling—kung ang lahát ay mag-áalagà ġġ pato ay dadami ang itlóg na balót. ¡Uy nakapangdidiri! ¡Matabunan na muna ang wawà!

## II SA SILONG NĜ CUBIERTA

Sa silong ay ibá namán ang nangyayari. Nanĝakaupô sa bangkô at sa maliliít na luklukang kahoy, kasalamuhà nĝ mĝa maleta, bakol at tampipi, sa kalapít nĝ mákina, init nĝ kaldera, sinĝaw nĝ katawáng tao at mabahòng amóy nĝ lanĝis, ay naroon ang lalòng makapál na taong sakáy.

Tinátanaw na matahimik nĝ ilán ang sarisarìng anyô nĝ mĝa pangpanĝin sa gitná nĝ dagundóng nĝ mĝa pala, inĝay nĝ mákina, sagitsít nĝ nakatatanang sinĝaw, buluwák nĝ tubig na nahahalò, pasuwít nĝ pakakak. Sa isáng súlok, nagkakapipisang warì'y bangkáy, ay natutulog ó nagtátangkàng matulog ang iláng insík na mámimili, mĝa liyó, nanĝamumulá, sumasago ang laway sa mĝa nakanĝanĝáng bibíg, at naliligò sa malagkít na pawis nĝ kaniláng katawán. Ang iláng binatà lamang, na ang karamihan ay nanĝag-aaral, madalìng makilala dahil sa kaniláng kagayakang lubhâng maputí at sa maayos na kiyas, ang nanĝanĝahás magyao't dito sa popa at proa, na palundáglundág sa mĝa bakol at kaha, masasayá dahil sa nálalapit na pagpapahinĝá sa pag-aaral. Mayâmayâ'y pinagtatalunan ang mĝa galaw nĝ mákina, na inaalaala ang napag-aralan, at mayâmayâ'y nanĝagpapaligidligid sa mĝa binibining kolehiala, sa maghihítsóng may mapupuláng labi at may kuwintás na sampaga, at inaapunĝutan ang mĝa dalaga nĝ mĝa salitâng nagpapatawa ó ikipinagtátakíp sa mukhá nĝ mĝa pamaypáy na may pintá.

Nĝuni't ang dalawá ay hindí nakikihimasok sa mĝa maglalakbáy na babai kundí nakikipagtálo, sa may dakong proa, sa isáng matandâ na may makiyas at matuwid na tindíg. Siláng dalawá'y kapuwâ kilalá at iginagalang mandín alinsunod sa tinĝing ipinatátanaw sa kanilá nĝ ibá. Ang pinakamatandâ nĝa sa dalawá, na pulós na itím ang kagayakan, ay si Basilio na nag-aaral sa Medisina, kilala dahil sa kaniyáng mabubuting panggagamót at mĝa kahanĝahanĝang panĝanĝalagà sa mĝa may sakit. Ang isá, ang malakí at malusog ang katawán, kahit batà kay sa una, ay si Isagani na isá sa mĝa makatà ó kun di man makatà ay mánunuláng lumabás nĝ taóng iyon sa Ateneo, may tanĝing kaugalian, parating walâng kibô at lubhâng malungkutin. Ang matandâng katunĝo nilá ay si kapitáng Basilio na namilí sa Maynilà.

—Opò, mabutíbutí na si kapitang Tiago,—ang sabi nĝ nag-aaral na iginágalaw ang ulo—ayaw pumayag sa anománg panĝanĝalagà..... Sa udyók nĝ *ilán* ay pinatunĝo akó sa S. Diego, sa kadahilanang dalawin ko ang bahay doon, nĝuni't ang tunay na sanhí ay upáng makahitít lamang siya nĝ apian.

Sa pagsasabi nĝ nag-aaral nĝ salitâng *ilán* ay si P. Irene ang tinutukoy, matalik na kaibigan at tanunĝan ni kapitáng Tiago sa mĝa hulíng araw nĝ kabuhayan nitó.

—Ang apian ay isá sa mĝa salot nĝ kapanahunang itó—ang sabing paalipustâ't pagalít ni kapitán, na warì'y senador romano—nákilala rin nĝ mĝa tao sa una ang apian, nĝuni't hindí nanĝagpakalabis. Samantalang nanagumpáy ang pagkakahilig sa pag-aaral sa mĝa *clásico* (liwanagin ninyong mabuti, mĝa binatà), ang apian ay nagíng gamót lamang, at kung hindí, ay, sabihin ninyó sa akin kung sino ang nanĝagsisihitít. Ang mĝa insík, ang mĝa insík na hindí nakaaalám nĝ isá mang salitâng latín! Ah, kung pinag-aralan lamang ni kapitán Tiago si Ciceron!.....

At ang dí kasiyahang loob na lalong *clásico* ay nábakas sa mukhá niyang *epicúreo* na ahít na ahít. Pinagmamasdán siyang mabuti ni Isagani: ang matandâng iyon ay nagdaramdám nĝ kauhawan sa matatandâng bagay.

—Nĝuni't balikán natin ang tungkól sa Akademia nĝ wikàng kastilà—ang patuloy ni kapitang Basilio—pinatutunayan ko sa inyóng hindí ninyó magagawâ.....

—Magagawâ pô, inaantáy na lamang namin nĝayón ó bukas ang pahintulot—ang sagót ni Isagani—si P. Irene, na marahil ay nákita ninyó sa itaas, na hinandugán namin nĝ dalawáng kabayong *castaño*, ay nanĝakò na sa amin. Kayâ't makikipag-usap sa General.

—Walâng kabuluhán iyon; laban si P. Sibyla.

—Lumaban man siya! Kayâ nĝa't kasama upáng..... sa Los Baños, sa harap nĝ General.

At sa pagsasabi nĝ ganitó'y pinagbubungòng pasuntók nĝ nag-aaral na si Basilio ang kaniyáng dalawáng kamáy.

—¡Batíd ko na!—ang tugóng tumatawa ni kapitáng Basilio.—Nĝuni't kahi't ninyó mákuha ang pahintulot, ¿saan kukuha nĝ salapí?.....

—Mayroon na pô kamí; ang bawà't nag-aaral ay aambág nĝ sikapat.

—¿Nĝuni't ang mĝa magtuturò?

—Mayroon kamí; ang kalahatì'y pilipino at ang kalahatì'y kastilà.

—¿At ang bahay?

—Si Makaraíg, idudulot nĝ mayamang si Makaraíg ang isá niyang bahay.

Napahinuhod si kapitáng Basilio; náihandâ nĝ mĝa binatàng iyón ang laháat nĝ kailanĝan.

—Kun sa bagay,—anyáng kinibít ang balikat,—ay hindí lubhâng masamá ang panukalà, at yamang hindí na mangyayaring mapag-aralan ang latín, ay mapag-aralan man lamang ang wikàng kastilà. Diyan ninyó mákikita tukayo, ang katunayan nĝ paurong na lakad natín. Noong aming kapanahunan ay nag-aaral kamí nĝ latín, sapagká't ang laháat nĝ aming mĝa aklát ay nasa wikàng latín; nĝayón ay kaunting latín na lamang ang inyóng pinag-aaralan, nĝuni't walá kayóng mĝa aklát sa wikàng latín; sa isáng dáko namán, ang mĝa aklát ninyó'y nasa wikàng kastilà at hindí itinuturò ang wikàng itó: *ætas parentum pejor avis tulit nos nequiores!* gáya nĝ sábi ni Horacio.

At másabi itó'y lumayông nagmámalakí na waring isáng emperador romano.

—Iyáng mġa tao sa una,—ani Isagani,—ay may puná sa lahát; ipalalagáy mo sa kanilá ang isáng bagay at waláng mákikitang kabutihan kun dí pawàng salabíd. Ibig niláng dumatíng na lahát nġ palás at bilóg na wari'y bola nġ bilyar.

—Ang amaín mo ang kasundông-kasundô niyá—ang wikà ni Basilio;—paguusapan iyóng kaniláng kapanahunan.... Hintáy ka nġa palá, ¿anó ang sabí-sabí nġ amaín mo kay Paulita?

Si Isagani ay namulá.

—Sinermanon akó nġ ukol sa pag-aasawa.... Sinagót ko siyáng sa Maynilà ay waláng kaparís niyá, magandá, may pinag-aralan, ulila.....

—Mayamang-mayaman, makisig, masayá at waláng kasiràan kung dí ang pagkakaroon nġ isáng inaling tiwalí sa lanġit at sa lupà,—ang dugtóng na tumatawa ni Basilio.

Si Isagani mán ay nápatawá rin.

—Mábanggít nġa palá ang ali, alám mo bang ipinagbilin sa aking hanapin ko ang kaniyáng asawa?

—¿Si aling Victorina? ¿At nanġakò ka namán upang huwag kang mawalán nġ iniirrog?

—¡Mangyari pá! Nġuni't ang bagay nitó'y sa bahay pa namán nġ amaín ko.... nagkakanlóng ang asawa.

Kapuwá silá nagkatawánan.

—Itó ang sanhî,—ang pátuloy ni Isagani—kung kayâ ang aking amaín, taong matalino, ay ayaw pumasok sa kámara, dahil sa nanġinġilag na bakâ itanóng sa kaniyá ni aling Victorina, si D. Tiburcio. ¡Akaláin mo bang nġ mabatíd ni aling Victorina na ang bayad ko'y "de tercera" ay tiningnán akó nġ wari pakutyâ....

Nang mġa sandalíng iyón ay pumapanaog si Simoun, at nġ mákita ang dalawáng binatà ay:

—¡Abá, Basilio!,—ang bating may kiyás mapag-ampón—¿Patunġo bagá kayó sa pagpapahinġá? Ang ginoo ba'y kababayan ninyó?

Ipinakilala ni Basilio si Isagani at ipinabatíd na hindí silá magkababayan, nġuni't ang kaniláng mġa bayan ay magkakalapít. Si Isagani'y tagá kabiláng baybayin.

Pinagmasdán ni Simoun si Isagani, kayâ't nġ mainíp itó'y hinaráp na wari hinahamon ang nagmamasíd sa kaniyá.

—At ¿anó ang lagáy nang lalawigan?—ang tanóng ni Simoun na lalinġón si Basilio.

—¿Bakit, hindí pa ba ninyó kilalá?

—¿Papaano bang mákikilala ko, sa hindí pa akó nátutungtong sa lupà niyá? May nagsabi sa aking nápakamaralitâ't hindí bumibilí nġ mġa hiyás.

—Hindí kamí bumibilí, sapagká't hindí namin kailanġan—ang bigláng sagót ni Isagani, na nagdamdám.

Isáng nġiti ang nabadhá sa maputláng mġa pisinġí ni Simoun.

—Huwag pô kayóng magalit, binatà,—ang sabi:—walâ akóng masamáng tangká, nġuni't sa dahiláng pinatibayan sa akin, na ang lahát nġ *curato* ay nasa kamáy nġ mġa klérigong taga rito, aní ko, ay: ang mġa prayle ay nagpapakamatáy sa isáng *curato* at pinasasalamat na nġ mġa pransiskano yaong pinakamaralitâ, kayâ't pag ganyáng ipinaubayà nilá sa mġa klérigo ay sa dahiláng doon ay hindí kilalá ang mukhá nġ hari. ¡Siyá, mġa ginoo, halina kayóng magsiinóm nġ serbesa, patungkol sa ikatitigháw nġ Lalawigan!

Ang mġa binatà'y nagpasalamat at nagsabing hindí silá umíinóm nġ serbesa, upáng makaiwas.

—Masamá iyang ginágawâ ninyó,—ang sabi ni Simoun na masamá ang loob;—ang serbesa ay isáng mabuting bagay, at nádinġig kong sinabi kanġinang umaga ni P. Camorra, na ang kakulanġan sa lakás na nápuuná sa bayang ito, ay alinsunod sa napakaraming túbig na iniinóm nġ mġa tao rito.

Si Isagani na halos kasingtaas nġ mag-aalahás, ay tumuwíd:

—Sabihin ninyó kay P. Camorra,—ang sábi kaagád ni Basilio, na sinikóng palihím si Isagani—sabihin ninyó sa kanyá, na kung tubig ang iniinóm niyá at hindí alak ó serbesa, marahil ay ikabuti nġ lahát at hindí pá siyá magigíng sanhî nġ bulungbulunġan.....

—At sabihin ninyó sa kaniyá—ang dugtóng ni Isagani, na hindí pinuná ang pagsikó nġ kanyáng kaibigan—na ang tubig ay matamís at napaiinóm, nġuni't lumulunod sa alak at sa serbesa at pumapatáy sa apóy; na pag pinaiinit ay nagigíng sulák, na pag namumuhi ay nagigíng karagatang malawak at minsán ay pumugnáw na sa katauhan at pinapanġiníg ang mundó.

Itinaas ni Simoun ang ulo, at kahìt ang tinġin niya'y hindí makita dahil sa pagkatakíp nġ salámíng asúl, ay nákita sa kaniyáng mukhá ang paghanġà.

—¡Mainam na tugón!—ang sabi—nġuni't nanġanġambá akóng bakâ idaan sa birò at itanóng sa akin kung kailán magiging sulák ang tubig at kung kailán magiging karagatang malawak. Si P. Camorra ay may pagka hindí pániwalaín at napakápalabirò.

—Pag siya'y pinainit nġ apóy, pag ang mumuntîng ilog na sa nġayó'y nagkakáhiwahiwaláy pa sa kaníkaniláng madawag na pinanggagalinġan ay magkaisáng bumuhos na abóy nġ kasawian sa banġíng hinuhukay nġ mġa tao—ang sagót ni Isagani.

—Huwag, ginoong Simoun—ang dugtóng ni Basilio na inihulog sa birò ang salitàan.—Ang mabuti pa'y ulitin ninyó sa kaniyá ang mġa tuláng itó, nġ kaibigang Isagani:

Kamí ay tubig at kayó'y apóy  
ang wikà ninyó; ¡kamí'y sang-ayon!  
mamuhay tayo ñ mahinaho't  
huwag patanáw sa sunog, ñgayón,  
na magkababág! Kun di magtulong  
sa lilim niyong bihasang dunong.

Sa loob niyong isáng kaldera,  
waláng sigalót at pagbabaka'y  
gawín ang sulák, na, ikalima  
sa *elemento*, na magbubunĝa  
niyóng liwanag, ilaw, pagtumpá  
sa karapata't pagkabihasá.

—¡Walâng pangyayari, walâng pangyayari!—ang biglâng sagót ni Simoun—ang mákina ay hahanapin pa..... samantala'y tutungâin ko ang aking serbesa.

At iniwan ñ walâng paalam ang dalawáng magkaibigan.

—Ñĝuni't anó ka ba mayroon at nápakamapanghamók ka ñgayón?—ang tanóng ni Basilio.

—Walâ, aywan ko, ñĝuni't ang taong iyan ay nakasisindák sa akin, halos nakatatakot.

—Sinísikó kitá, é: ¿hindí mo nálalamang ang tawag diyán ay Cardenal Moreno?

—Cardenal Moreno?

—O Eminencia negra, kung papaano mo ibig.

—Hindí kitá máwatasan!

—Si Richelieu ay may isáng tanunĝang kaputsino na pinanĝanláng Eminencia Gris; itó'y siya namáng tánunĝan ñ General.....

—¿Siya ñĝâ bá?

—Gayón ang nadinĝíg ko sa *ilán*..... na nagmumurá sa kaniyá kung siya'y nakatalikód, at pinupuri siyá kung kaharáp.

—¿Dumadalaw din bá kay kapitáng Tiago?

—Mulá ñ unang araw nang kaniyáng pagdatíng, at ang katunayan ay *may isáng* nag-aakalàng kaagáw niyá..... sa pagmamamana..... At ináakalà ko na makikipagkita sa General tungkól sa usap na ukol sa pagtuturò ñ wikàng kastilà.

Nang sandalíng iyon ay lumapit ang isáng alilà upang sabihin kay Isagani na tinatawag ñ kaniyáng amain. Sa isáng bankô sa popa at kasalamuhà ñ ibáng kasakáy ay nakaupô ang isáng klérigo na minamasdán ang anyô ñ mĝa tánawing nagdadaan sa kaniyáng paninĝín. Niluluwagan siyá ñ kaniyáng mĝa kalapít; pag nagdáraan sa tabí niyá ang mĝa lalaki'y nanĝaggpugay at ang mĝa mánunugal ay hindí nakapanĝanĝahás na ilagáy ang dulang na pinaglalarúan sa kalapít niyá. Ang paríng iyon ay bibihirang magsalitá, hindí humihitit ni hindí umaanyong mapagmataás, hindí nahihiyang makihalò sa ibáng tao at tumutugóng malumanay at maayos sa mĝa pagpugay sa kaniyá na waríng ikinadadanĝal niyá at kinikilala ang gayón. Siya'y lubhâng matandâ na, ang buhók ay pawang putí, ñĝuni't ang kaniyang panĝanĝatawán ay mabuti, at, kahit nakaupô ay tuwid ang katawán at taás ang ulo, dátapwá'y hindí mapagmalakí at mapalalò. Náibá sa karamihan ñ klérigong indio, na lubhá namáng kauntí, na ñ kapanahunang iyon ay gumáganáp sa pagkakoadhutor ó nanĝanĝasiwàng pangsamantalá sa ilang kurato, dahil sa kaniyáng pagkamalumanay at ugaling tuwid na tagláy noong may lubò na pagkákilala sa karanĝalan ñ kaniyáng kalagayan at kabanalan ñ kaniyáng tinútungkól. Isáng muntíng pagsisiyasat sa kaniyáng anyô, kundí man dahil sa kaniyáng buhók na putí, ay mapag-uunawà kaagád na siya'y náuukol sa malayong panahón, sa nakaraang kapanahunan, noong ang mĝa mabubuting binatà ay hindí nanĝinĝimíng ilaán ang kaniláng karanĝalan sa pagiging parí, noong ang mĝa klérigo ay kasingpantáy sa kalagayan ñ sino mang prayle, at noong ang kagaya niya, na hindí pá dusta at alimura, ay humihinĝí ñ mĝa taong malayà at hindí alipin, matatayog na pag-iisip at hindí budhíng apí. Sa kaniyáng mukhâng malungkót at anyong mapagtapát ay napagkikilala ang katiwasayan ñ kaniyáng kaluluwang pinatibayan ñ pag-aaral at pagkukurò, at marahil ay sinubukan na ñ mĝa sariling pagtitiis ñ damdamin. Ang klérigong iyón ay si P. Florentino na amain ni Isagani at ang kasaysayan ñ kaniyang buhay ay lubhâng maikli.

Anák ñ isáng liping mayaman at kilalá sa Maynilà, mainam ang tindíg at may kasapatáng mabantóg, ay hindí nagkaroon kailan man ñ hilig sa pagpapari; ñĝuni't dahil sa iláng panĝakò ñ kaniyáng Iná ay pinilit siyang pumasok sa Seminario matapos ang di kakaunting pagtutunggali at matindíng pagtatalo. Ang Ináy'y may matibay na pakikipagkilala sa Arsobispo, may matigás na loob at waláng pagbabago sa anómang máisip, na gaya ñ sino mang babaing may pag-aakalàng umaalinsunod sa hanĝad ñ Dios. Waláng nangyari sa tutol ñ binatàng si Florentino, hindí nagkabisà ang samò, waláng nahitá sa pagsasabing siya'y may iniibig at gumawâ na tulóy ñ guló; magpapari siya at ñ umabot sa dalawáng pú't limáng taón ay naging parí; ang Arsobispo ay siyang naggawad sa kaniyá ñ mĝa *orden*, ginanáp na lubhâng marinĝal ang unang pagmimisa, nagkaroon ñ tatlong araw na pigíng at ang ináy namatáy na masayá at siyangsiyá ang kalooban, matapos na maipamana sa anak ang lahat ñ kaniyang kayamanan.

Ñĝuni't sa pagtutunggaliang iyón ay tumangáp si Florentino ñ isáng sugat na hindí na gumalíng kailan man; mĝa iláng linggó muna bago ganapín ang una niyang pagmimisa, ang babaing kaniyang pinakagigiliw ay nag-asawa ñ walâ nang pilipili dahil sa samâ ñ loob; ang dagok na iyon ay siyang pinakamahapding tinangĝap niyá; nanghilambót ang kaniyang budhí at ang kabuhayan ay naging isá niyang kinamuhian at



mabigát na dalahin. Kung dí man ang kabaitan at pagbibigáy danǵál sa kaniyang kalagayan ay ang pag-ibig na iyon ang nagligtás sa kaniya sa banǵíng kinahuhulugan nǵ paríng prayle at hindí prayle dito sa Pilipinas. Hinaráp ang kaniyáng mǵa nasasakóp dahil sa kaniyang pagtupád sa katungkulan at pagkakahilig sa mǵa likás na karununǵan.

Nang mangyari ang mǵa kaguluhan noong 72 ay ipinanǵanib ni P. Florentino na siya'y mápuna dahil sa kalakihán nǵ kinikita nǵ kaniyang kurato, at sa dahiláng siya'y payapàng tao, ay huminǵí nǵ pagpapahinǵá at mulá na noon ay nanirahan nang wari'y isáng táong karaniwan sa mǵa lupaín niláng mag-aának na nasa baybayin nǵ dagat Pacífico. Doo'y inarugâ ang isá niyang pamangking lalaki, si Isagani, na alinsunod sa mǵa masasamâng dilà ay anak niyá sa kaniyáng dating iniibig, nǵ mabáo, anak sa pagkadalaga nǵ isáng pinsan niyáng tagá Maynilà, alinsunod namán sa mǵa lalóng nakabábatíd at hindí bulàan.

Nang makita nǵ Kapitán nǵ bapor ang klérigo ay pinilitpilit na pumasok sa kámara at umakyát sa kubierta. Upang mapahinuhod lamang siya'y nagsabing:

—Kung hindí kayó paparoon ay aakalàin nǵ mǵa prayle na áyaw kayóng makisama sa kanilá.

Walâ nang nagawâ si P. Florentino kundí ang sumunód at ipinatawag ang kaniyang pamangkín upang pagsabihan nǵ nangyayari at ipagbilin na huwag lalapit sa kámara samantalang siya'y nároroon.

—Kung mákikita ka nǵ Kapitán ay aanyayahan ka at magpapakalabis namán táyo.

—Paraan nǵ aking amaín!—aní ni Isagani sa sarili—walâ namáng dahilán kung dí upang huwag lamang akóng mákausap ni aling Victorina.

### III

## MGA ALAMÁT

Ich weiss nicht was soll es bedeuten  
Dass ich so traurig bin!

Nang bumati si P. Florentino sa muntîng lipunán ay hindi na naghahari doon ang pagkakainisan dahil sa nakaraáng pagtatalo. Marahil ay nakaakit sa mga budhi ang masasayang bahay sa bayan ng Pasig, ang mga kopa ng mga alak na Jeréz na tinunggá upang humandá ó marahil ay ang pag-aantabáy sa isáng mabuting pananghalian; magíng alín man sa mga tinuran ang sanhi, ang katunayan, ay nanagatatawanan at nanagbibiruán na, sampú ng pransiskanong payát, kahit na hindi nanagagiingáy: ang kaniláng mga tawa'y kahawig ng mga ngiwí ng isáng mamamatáy.

—¡Masasamang panahón!, ¡masasamang panahón!—ang sabling tumatawa ni P. Sibyla.

—¡Maano namáng huwag kayóng magsalita ng ganyán, Vice-Rector!—ang sagót ng kanónigong si P. Irene, sabáy sa pagtutulak sa luklukan noon—sa Hongkong ay malusog ang inyóng panangalalal at nagpapatayò kayó ng mga bahay na bawà't isá ay.... ¡bá!

—¡Tate, tate!—ang sagót—hindi ninyó náikita ang aming mga gugol, at ang mga naninirahan sa aming mga aring lupaín ay nagsisimulá na sa pagtutul....

—¡Siyá, siyá na ng kádadaing, pagká't kung hindi ay iiyák na akó!—ang masayang sigaw ni P. Camorra. —Kami'y hindi dumadaing gayóng walá kaming mga lupaín ni mga banko. At alamín ninyó na nagsisimulá na ng pagtawad sa mga deretsos ang aking mga indio at iniukilkil sa akin ang mga taripa! Sukat bá namáng ukilkilán akó ng taripa ngayón, at taripa pa namán ng Arsobispo na si D. Basilio Sancho, *puñales*, warì bagáng mulá noon hangáng ngayón ay hindi námahal ang mga bagay-bagay. Ha, ha, ha! Bakit mámumura pá ang isáng binyág kay sa isáng inahing manók? Nguni't akó'y nagtataingang kawalì, sinisingil ko hangáng saan makaabót at hindi akó dumadaing kailán mán. Hindi kami makamkám, anó, P. Salvi?

Nang mga sandalíng iyón ay siyang paglabás sa eskotilya ng ulo ni Simoun.

—Nguni't ¿saan bagá kayó nagsuot?—ang sigaw sa kanya ni D. Custodio na nakalimot na sa samá ng loob:—hindi ninyó náikita ang pinakamainam sa paglalayág!

—¡Psh!—ang sagót ni Simoun nang makaakyát na ng túluyan;—nakákita na akó ng maraming ilog at maraming tánawín, kayâ't walá ng may kabuluhán sa akin kun dí iyóng may mga alamát....

—Kung sa alamát, ay may ilán ang Pasig—ang sagót ng Kapitán, na ayaw mawaláng kabuluhán ang ilog na kaniyang nilalayagan at pinagkakakitaan ng pagkabuhay,—nariyan ang Malapad-na-bató, na sinásambá noong kapanahunang hindi pá dumárating dito ang mga kastilá, na umano'y tirahan ng mga espíritu: ng mawalá na ang pananalig diyan at masalaulá na ang bató ay naging tirahan ng mga tulisán, na mulá sa tugatog niya'y hinaharang ang mga bangká na nakikilaban na sa agos ay nakikilaban pá sa mga tao. Nang makaraan iyon at sa kapanahunan na natin, kahit nábabakás sa kanya ang kamáy ng tao, ay may nábabanggít dítng manģisánģisáng bangkang nátataób, at kung sa paglikó ay hindi ko ginagamit ang *anim kong sentido* ay hindi malayóng mapabarandal sa kanyang mga tagiliran. Náriyan pá ang isáng alamát, ang sa yunģib ni doña Jerónima, na maibubuhay sa inyó ni P. Florentino.

—Waláng hindi nakaalam niyon!—ang pawaláng báhalang sabi ni P. Sibyla.

Nguni't ni si Simoun, ni si Ben-Zayb, ni si P. Irene, ni si P. Camorra ay nakaaalam, kayâ't hiningi niláng isaysáy; ang ilán ay pabirò at ang ibá'y sapagká't sadyang ibig mabatíd. Ang klérigo ay umanyóng pabirò, kagaya ng paghilíng ng ilán, gaya ng pagsalaysay sa mga batà ng isáng sisiwa, at nagsabing:

—May isáng lalaking nag-aaral na nanģakong pakakasal sa isáng babai, sa kanyang bayan, at pagkatapos ay hindi na naalaala ang panģakò. Dahil sa pagkamatapat ng babai ay inantáy-antáy ng malaon ang lalaki: nakaraan ang kanyang kabataán, naging dalagsót at isáng araw ay nabalitáng ang kanyang katipán sa pag-aasawa ay siyang Arsobispo sa Maynilá. Nagsuot lalaki at lumigid sa unģós ng Cabo, sa pagparito, at humaráp sa Ilustrísima na hinilingáng tumupád sa panģakò. Ang kahilinga'y hindi mangyayari, at ipinagawâ ngâ ng Arsobispo iyang yunģib na náikita ninyóng may takíp at napapalamutihan sa pagpasok ng mga punong gumagapang. Diyan siyá nanahán at namatáy, at diyan din siyá nálibing, at ayon sa sabisabihan ay tumatagilid si doña Jerónima kung pumapasok sa yunģib dahil sa katabaán. Ang kabantugan niyá sa pagkaenkantada ay buhat sa ugali niyang paghahagis sa ilog ng mga kasangkapang pilak na ginagamít sa mga pigíng niyang dinádaluhán ng maraming ginoo. Isáng lambát ang nasa ilalim ng tubig at siyang sumasahód sa mga kasangkapang doon na nahuhugasan. Walá pang dalawáng pung taón ang nakararaan na ang ilog ay dumadaang halos humáhalik sa pintúan ng yunģib, nguni't untuntung lumalayó, gaya rin namán ng pagkalimot ng mga taga rito sa kay doña Jerónima.

—¡Mainam na alamát!—ani Ben-Zayb,—susulat akó ng ukol diyan. Nakaaawà.

Iniiisip na ni aling Victorina na manirahan sa isá namáng yunģib at sasabihin na sana ng unahan siyá ni Simoun, na nagsabing:

—Nguni't anó ang palagáy ninyó sa bagay na iyón, P. Salvi—ang tanóng sa pransiskano na waláng imík dahil sa may iniisip—¿hindi bagá lalóng mabuti, sa palagáy ninyó, na dapat sanang hindi sa isáng yunģib siyá inilagáy ng Arsobispo kung dí sa isáng beaterio, sa Santa Clara, sa halimbawâ?

Galaw na pamanghá ni P. Sibyla, na nakakitang si P. Salvi ay nanģinig at sumulyáp sa dako ni Simoun.

—Sapagká't hindi namán mainam—ang patuloy na waláng tigatig ni Simoun,—iyáng bigyán ng muntîng tahanan ang mga nádadayà natín; labág sa pagkamapanampalataya ang ipain siyá sa mga tuksó, sa isáng

yunġib, sa tabí nġ ilog; nanġanġamoy *ninfa* ó kaya'y *driada* ang gayón. Marahil ay naging mainam pá, lalò pang kabanalan, lalò pang magandá, lalò pang kápít sa ugali dito, ang kulunġín siyá sa Santa Clara, na warìng isáng bagong Eloisa, upang madalaw at mahimok maminsánminsán, ¿Anó ang sábi ninyó?

—Hindí ko mahahatulan ni dapat kong hatulan ang kagagawán nġ mġa Arsobispo—ang tugóng mabigát ang loob nġ pransiskano.

—Nġuni't kayó, na siyang *governador eclesiástico*, ang kahalili nġ Arsobispo, ¿anó ang gagawín ninyó kung sa inyó mangyari ang bagay na iyon?

Kinibít ni P. Salvi ang kaniyáng balikát, at payapàng tumugón nġ:

—Waláng kabuluháng isipin ang isáng bagay na hindí mangyayari.... Datapwâ'y yayamang napag-uusapan na rin lamang ang tungkol sa mġa alamát, ay huwag ninyóng káligtâán ang lalòng mainam, dahil sa siyang lalòng katotohanan, ang kababalaghán ni San Nicolás, na marahil ay nákita ninyó ang mġa siráng muog nġ kaniyáng simbahan. Ibubuhay ko kay G. Simoun na siyáng hindí dapat makaalám. Warìng noong araw ay maraming buwaya sa lawà't sa ilog, mġa buwayang napakalalakít napakamasibà na dinudumog ang mġa bangká at pinalulubog sa hagkís nġ kaniláng buntót. Sinasabing isáng araw, ang isáng insík na hangga noon ay hindí pa nagbibinyagan, ay dumaraan sa harap nġ Simbahan, at waláng anó anó'y sásisipót sa kaniyáng harapán ang demonio, na anyòng buwaya, na itinaob ang kaniyáng bangká upang lamunin siyá at dalhín sa Impierno. Sa tulong nġ Dios ay tinawagan nġ insík si San Nicolás at noon din ay naging bató ang buwaya. Sinasabi nġ mġa matatandá na nġ kapanahunan nilá ay nákilalala pang maliwanag ang anyò nġ hayop sa putól na batóng nálalabí; sa ganang akin ay masasabi kong nakita ko pang malinaw ang ulo at kung huhulàan ang katawán dahil sa aking nákita ay dapat na magíng lubhâng malakí ang hayop na yaón.

—¿Kahanġahanġang alamát!—ang pabulalás ni Ben-Zayb,—at magigíng sanhî nġ isáng salaysayín. Ang pagsasabi nġ anyò nġ háyop, ang takot nġ insík, ang tubig nġ ilog, ang kakawayanan.... At magigíng sanhî nġ pagsusuri nġ mġa pananampalataya. Sapagká't tignán ninyó; tawagan pá namán nġ isáng insík na hindí binyagan, sa gitná nġ kasakunàan, ang isáng santó na hindí niyá sinasambá at marahil ay kilala lamang sa dingíg.... Itó'y hindí sákop noong sáwikaíng *mabuti pá ang masamáng kilalá na, kay sa mabuting kikilalanin pá*. Kung akó'y mápapásakainsikán at málalagay akó sa gayong kagipitan ang una ko munang tatawagan ay yaóng lalong hindí kilalang santó sa *calendario* kay sa kay Confusio ó Budha. Kung itó'y isáng kataasang tunay nġ urì nġ katolisismo ó kaya'y kahinàan sa paghuhulò at pagka walang katibayan nġ pag-iisip nġ mġa lahìng diláw, ay malilinaw lamang nġ isang pagkilalang masusi nġ *antropología*.

Si Ben-Zayb ay gumamit nġ kilos gurò at pinagalaw ang hintuturò sa hanġín, sabáy sa pagtataká sa sariling pag-iisip na marunong humanġò nġ maraming banggít at katuturán sa maliliit na bagay. At sa dahiláng nákita, na si Simoun ay nagbubulaybulay dahil sa bagay na kasasabi pá lamang niyá, ay tinanóng na kung anó ang iniisip.

—Dalawáng bagay na mahalagá—ang sagót ni Simoun,—dalawáng katanunġang mairaragdág sa inyóng susulatin. Una: ¿anó kayâ ang nangyari sa diablo nġ biglâng mákulong sa bató? ¿nakatanan? ¿naiwan doon? ¿napilpíl? At ang panġalawá, ay kung yaóng mġa háyop na naging bató na nápagkitá ko sa iláng museo sa Europa, ay hindí kayâ nagkagayón nġ dahil namán sa iláng santóng nabuhay na una sa panahón nġ pag-apaw nġ tubig sa sangmundó?

Waláng kapinġaspinġas na birò ang pagkakasábi nġ mag-aalahás at itinukod pa sa noo ang kanyáng hintuturò, tandâ nġ malakíng pagmumunimuni, kayâ't si P. Camorra ay waláng kapinġaspinġas ding sumagót na:

—¿Sino ang makapagsasabi, sino ang makapagsasabi!

—At yayamang mġa alamát ang napag-uusapan at pumapások tayo sa lawà,—ang tugón ni P. Sibyla—ang kapitán ay dapat makabatíd nġ marami....

Nang mġa sandalîng yaón ay pumapások sa wawà ang bapór at ang tánawing nasa harap ay lubhâng mainam. Ang lahá't ay nalugód. Sa harapán ay nakalátang magandáng lawà, na nalilibid nġ baybaying berde at bughaw na bulubundukin, na warìng isáng malakíng salamín na nakúkulong nġ palibid na pawàng esmeralda at sápiro, na sa kaniyáng lunas ay nanánalamín ang lanġit. Sa kanan ay nakalátang ang dalampasigang mababà, na may mġa look na may maiinam na anyò, at doon sa malayò, halos napapawì na sa paninġín, nároon ang káwit nġ bundók Sunġay; sa harapán at sa hulíng dákong abót nġ paninġín ay nakatayò ang Makiling, mataás, nakahahangà, napuputúnġan nġ manipís na úlap; at sa kaliwâ ang pulóng Talím, ang Súsong-dalaga na taglay ang matatambók niyang gúhit na naging sanhî nġ kaniyáng panġalan. Isáng malamíg na simuy ang nagpapakulót sa malápad na ibabaw nġ túbig.

—Maala-ala ko palá, Kapitán—ang sábi ni Ben-Zayb, na kasabáy ang paglinġón—¿alám bagá ninyó kung saan dako nġ lawà nápatay ang isáng nagnġanġalang Guevara, Navarra ó Ibarra?

Lahát ay nápatinġín sa Kapitán, tanġi lamang si Simoun na ibinaling ang mukhá sa kabiláng dáko, na warìng may hinahánap sa dalampasigan.

—¿Ay siyá nġâ!—ani aling Victorina,—¿saan Kapitán? ¿nakaiwan kayâ nġ bakás sa tubig?

Kumindát nġ makailán ang tinátanóng, bilang katunayan na laban sa kanyáng kalooban ang katanunġan; nġuni't nġ mabatyág ang samò sa mġa matá nġ lahá't, ay lumápit nġ iláng hakbáng sa unahan nġ bapór at minataan ang baybayin.

—Tuminġín kayó roón—ang sabinġ marahan, matapos na maunawàng waláng ibáng tao:—alinsunod sa Cabo na nanġulo sa pag-uusig, nġ makita ni Ibarra na siya'y nakúkulong, ay lumunsád sa bangká, sa malapit sa *Kinabutasan* at sa kásisisid ay linanġóy ang habàng may dalawáng milla, na hinahábol siya nġ punlò kailán ma't ilálabas ang ulo sa tubig upang huminġá. Sa dako pa roon ay hindí na siya nákita, at sa

malayôlayô pa, sa may pangpáng, ay nakakita n̄g wari'y kulay dugô. At ngayón ang ikalabíng tatlong taón n̄g pangyayari, na waláng kulang at labis na araw.

—¿Kung gayón, ang kaniyang bangkáy?...—ang tanóng ni Ben-Zayb.

—Ay nakisama sa bangkáy n̄g kaniyang amá,—ang sagót ni P. Sibyla;—¿hindí bá isá ring pilibustero, P. Salvi?

—Iyán ang m̄ga murang libíng, P. Camorra, ¿anó?—ang sábi ni Ben-Zaib.

—Lagì n̄g sinasabisabi ko, na pilibustero ang m̄ga hindí bumabayad n̄g maringal na libíng—ang sagót na tumatawa n̄g tinukoy.

—N̄gunì't ¿anó ang nangyayari sa inyó G. Simoun?—ang tanóng ni Ben-Zayb nang makitang ang mag-aalahás ay nakatigil at nag-iísip—¿Nahihilo bagá kayó, kayóng mapaglakbáy, sa isáng paták na tubig na kagaya nitó?

—Ang masasabi ko sa inyó,—ang sagót n̄g Kapitán na nagkaroón na n̄g giliw sa m̄ga pook na iyón;—huwag ninyóng pangánlán itó n̄g paták na túbig: itó'y malakí sa alín man sa m̄ga lawà sa Suisa at malakí pa kahit pagpisanin ang lahat n̄g lawà sa España; nakákita akó n̄g matatandâng mangdaragát na nan̄galiyó rito.

## SI KABISANG TALES

Ang mġa nakabasa nġ unang bahagi nġ kabuhayang itó, ay maaalaala marahil ang isáng matandâng magkakahóy na naninirahan doon sa kalookan nġ isáng gubat.

Si Tandâng Selo ay buháy pá at kahi't ang kaniyáng buhók ay pumutî na ay mabuti rin ang kaniyáng katawán. Hindí na nanghuhuli sa bitag at hindí na rín nagpuputól nġ káhoy; sa dahiláng bumuti na ang kabuhayan ay naggagawâ na lamang nġ walís.

Ang kaniyáng anák na si Tales (palayaw nġ Telesforo) ay nakisamá muna sa isáng namumuhunan; nġuni't nġ malaunan, nġ magkaroon nġ dalawáng kalabáw at mġa iláng daáng piso, ay gumawâ na sa sarili, na katulong ang kaniyáng amá, ang kaniyáng asawa at ang kaniyáng tatlong anák.

Hinawan nġâ at lininís ang makapál na gúbat na nasa labasan nġ bayan na inakalà niláng waláng may-ari. Nang kaniláng ginágawâ ang lupà at máayos ay linagnát na isá isá siláng mag-aanak at namatáy ang Iná at anák na panġanay na si Lucía, na nasa katamtamang gulang. Ang bagay na iyón na sadyáng ibiníbigáy nġ pagkakabungkál nġ lupà na saganà sa sarisaring bágay, ay inakalà niláng higantí nġ mġa lamán-lupàng naninirahan sa gubat, kayâ't kinalamay nilá ang kaniláng loob at ipinagpatuloy ang gawain sa pag-asang lumipas na ang pagkamuhí nġ espíritu. Nang aanihin na ang unang taním ay inangkín ang mġa lupàng iyón nġ isáng "Corporación" nġ mġa prayle na may pag-aari sa bayang kalapít, na ang ikinakatwiran ay nasa sa loob nġ kaniláng mġa hanganan, at upáng mapatunayan ang gayón ay itinayó noon dín ang kaniláng mġa muhón. Gayón man, ay pinabayàan siyá nġ tagapanġasiwà nġ mġa parí upang pag-anihan, kailan man at magbabayad siyá sa taón taón nġ isáng muntîng halagá, isáng waláng gaano, dalawáng pû ó tatlong pûng piso.

Si Tales, na mabaít sa dilàng mabaít, ayaw sa usapín na gaya nġ ibá at masunurin sa mġa praile gaya nġ ilán, sa pag-iwas na ibunggó ang isáng palyók sa isáng kawali, gaya nġ sábi niyá, (sa ganáng kanya'y kasangkapang bakal ang mġa prayle at siya'y kasangkapang pútik), ay umalinsunod sa kahilingan, dahil sa naisip niyáng siya'y hindí marunong nġ wikàng kastilà at waláng maibabayad sa mġa tagapagtanggol. At sakâ sinabi sa kanyá ni tandâng Selo, na:

—Tiisín mo na! malakí pá ang magugugol mo sa pakikipag-usapín nġ isáng taón kay sa magbayad nġ makásampû nġ hinihilíng nġ mġa paring putî. ¡Hmh! Marahil ay gantihín ka namán nilá nġ misa. Ipagpalagáy mong ang tatlong pûng pisong iyán ay natalo sa sugal, ó kayâ'y nahulog sa túbig at kinain nġ buwaya.

Ang ani ay nagíng masaganà, nábilí sa mabuting halagá, at inisip ni Tales ang magtayô nġ isáng bahay na tablá sa nayon nġ Sapang, nġ bayang Tiani, na kalapít nġ San Diego.

Nakaraán ang isá pang taón at dumatíng ang isá pang mabuting ani, at dahil sa paganitô ó pagayóng sanhí ay ginawâ nġ mġa prayle na limáng pûng piso ang *canon*, na pinagbayaran namán ni Tales upang huwag siláng magkagalít at sa dahiláng umasang maipagbibilí sa mabuting halagá ang asukal.

—¡Tiisín mo na! Ibilang mong lumakí ang buwaya,—ang páyo ni matandâng Selo.

Nang taóng yaón ay naganáp ang kaniláng panġarap: manirahan sa bayan, sa kaniláng bahay na tablá sa nayon nġ Sapang, at inisip nġ amá at nġ nunò ang papag-aralin ang dalawáng magkapatíd, lalònglò na ang babai, si Juliana ó Hulí, gaya nġ kaniláng tawag, na magiging magandá sa warí. Isáng batàng lalaki, si Basilio, na kaniláng kaibigan at kagaya rin nilá sa urí ay nag-aaral na noon sa Maynilà.

Nġuni't ang panġarap na itó'y waring ukol sa hindí pangyayari.

Ang unang ginawâ nġ bayan, nġ mákita ang untuntung pagtigháw nilá, ay ang paghahalal na kabisa sa pinakamalakás na gumawâ sa mag-aanak; ang anák na panġanay na si Tanò ay may labíng apat na taón pá lamang. Tinawag na nġâng kabisang Tales, nanġailanġang magpagawâ nġ *chaqueta*, bumilí nġ isáng sambalilong pieltro at humandâ sa paggugugol. Upang huwag makipagkagalít sa Kura at sa Pamahalàan ay pinagpapaluwalan niya ang náaalís sa padrón, ipinagbabayad ang mġa umaalís at namamatáy, nag-aaksayá nġ maraming panahón sa paniniñíl at pagtunġo sa *Cabecera*.

—¡Magtiís ka na! Ipagpalagáy mong dumatíng ang mġa kamag-ának nġ buwaya,—ang sabing nakanġiti ni tandâng Selo.

—Sa taóng dárating ay magsusuot ka na nġ *de cola* at paparoon ka sa Maynilà, upang mag-aral na gáya nġ mġa dalaga sa bayan!—ang sabí-sabí ni kabisang Tales sa kaniyáng anák kailan ma't mádidinġíg dito ang mġa pagkatuto ni Basilio. Nġuni't ang taóng dárating na iyon ay hindí sumasapit at sa kanyá'y nápapalít ang pagdaragdág sa buwís nġ lupà; natubigan na si kabisang Tales at nagkakamót nġ ulo. Ibiníbigáy na nġ lutuàng putik ang kaniyáng bigás sa *caldero*.

Nang umabot sa dalawáng daang piso ang *canon* ay hindí na nagkasiyá si kabisang Tales sa pagkamot sa ulo at pagbubuntóng hiniñġá: tumutol at bumulóngbulóng. Nang mangyari ang gayón ay sinabi sa kaniyá nġ prayleng tagapanġasiwà, na, kung hindí siyá makababayad ay ibá ang magtataním sa mġa lupàng yaón. Maraming may nasà ang nagbabayad.

Inakalà ni kabisang Tales na nagbíbirô ang prayle, nġuni't tinótotoó nġ parí ang pagsasalitâ't itinuturò ang isá sa mġa alilá niyá na siyáng kukuha nġ lupà. Ang kaawàwàng tao'y namutlá, ang tainġa niya'y umugong, isáng mapuláng ulap ang tumakíp sa kaniyáng paniniñín at doo'y namalas ang kaniyáng asawa't anák na babaing nanġamumutlá, yayát, naghíhinġalò, dahil sa waláng gisaw na lagnát. At pagkatapos ay namalas ang makapál na gubat na nagíng bukirín, namalas niyá ang agos nġ pawis na dumidilíg sa mġa lubák, namalas niyá siyá, siyá rín, ang kaawaawàng si Tales, na nag-aararo sa gitná nġ arawán, na

nasugatan ang mga paa sa mga bató't tuód, samantalang ang uldóg na iyón ay nagliliwalíw na nakasakáy sa isáng sasakyán at yaóng kukuha ng kaniyang arí ay súsunódsunód na gaya ng isáng alipin sa kaniyang panģinoon. ¡Ah, hindi! ¡makálilibong hindi! Lumubóg na muna ang mga kaparangang yaón sa káilaliman ng lupà at málibíng na siláng lahát. ¿Sino ang dayuhang iyón upang magkaroon ng karapatáng makapag-ari sa kaniyang mga lupain? ¿Nagdalá bagá siya ng pumarito ng isáng dakót man lamang ng alabók na iyón? ¿Nabaluktót bagá ang isá man sa mga daliri niya sa pagbunot ng isáng ugát man lamang na nanuód doon?

Bugnót na sa mga pagbabala ng prayle na nag-aakalang papaghariin ang kaniyang mga karapatan sa lahát ng paraan, sa harap ng ibáng naninirahan doon ay nagmatigás si kabisang Tales, ayaw magbayad, ni isá mang kwalta, at dalá rin sa harap ang mapulang ulap, ay sinabing ipagkakaloob lamang niya ang kaniyang mga bukirín sa dumilig muna doón ng dugó ng kaniyang mga ugát.

Nang makita ni matandang Selo ang mukhá ng kaniyang anak, ay hindi nakapanģahás na banggitin ang buwaya, nguni't tinangká niyang paglubagin sa pagsasabi ng ukol sa mga kasangkapang pútik at ipinaalaala, na sa mga usapín, ang nananaló'y nawáwalán ng baró't salawál.

—Sa alabók tayo mauuwí, amá, at walá tayong damít ng sumilang sa malíwang!—ang sagót.

At nagmatigás na sa hindi pagbabayad ni ibigáy ang isáng dangkal man lamang ng kaniyang lupà, kung hindi ipakikilala muna ng mga prayle ang katibayan ng kaniláng paghahabol sa paraan ng pagpapakita ng kahi't anóng kasulatan. At sa dahilang walang máipakita ang mga prayle ay nagkaroon ng usapín, at tinanggáp ang gayón ni kabisang Tales sa pag-asang kundí man ang lahát ay may iláng lumilingap sa katwiran at gumagalang sa mga kautusán.

—Naglilingkód akó at marami ng taóng akó'y naglilingkód sa hari, sa tulong ng aking salapí at mga pagpapagod,—ang sábi sa mga nagwiwikang walá siyang mararating:—hinihilíng ko sa kaniya ngayón na lingapín ang aking katwiran at lilingapín niya akó.

At akay ng isáng kasawían at parang sa usapín ay nátatayá ang kaniyang kabuhasan sa araw ng búkas at ang sa kaniyang mga anak, ay ginugol ang kaniyang naiipon sa pagbabayad sa mga abogado, escribano at procurador, na hindi pa kabilang dito ang mga kawani at mga taga-sulat na sinasamantalá ang kaniyang kamangmanģán at kalagayan. Yao't dito siya sa pangulong bayan ng lalawigan, nakararaan siya ng boong maghapon na hindi kumakain at hindi nátutulóg, at ang kaniyang pakikipag-usap ay pawang tungkol sa mga kasulatan, pagharáp, paghahabol sa lalóng may mataás na kapangyarihan, ibp. Noon nákita ang isáng labanang hindi pá námamasdán sa silong ng langit ng Pilipinas: ang sa isáng marálitang indio, mangmang at walang mga kaibigan, tiwalá sa kaniyang katwiran at sa kabutihan ng kaniyang pinag-uusig, na nakikilaban sa isáng malakás na “corporación” na niyuyukuán ng kapangyarihan at sa harap niya'y binibitiwan ng mga hukóm ang kanilang timbanģan at isinusukó ang kanilang tabák. Mapilit sa pakikitunggalí na waring langgam na kumakagát, gayóng nakikilalang siya'y matitiris, waring langaw na tinátanaw ang kalawakang walang hanggan sa likód ng isáng salamín. ¡Ah! Ang kasangkapang lupà, sa pakikipaglaban sa mga *caldero*, ay may nakahahangá ring anyó, sa pagkadurog: taglay niya ang kaigtinģán ng pagdumog ng walang pag-asa. Sa mga araw na hindi siya naglalakbáy, ay dinadaán niya sa paglilibót sa kaniyang bukirín na dalá ang isáng baril, sinásabisabi niyang ang mga tulisan ay nangloloob at nanģanģailanģang magtanggol siya upang huwag mahulog sa kanilang mga kamáy at matalo ang úsap. At waring pagsasanay sa pagtudlá ay binabaril ang mga ibon at mga bunģang káhoy, bumabaril ng mga paróparó ng walang kalihíslihís, kayá't ang tagapanģasiwang uldóg ay hindi na nanģahás na tumunģo sa Sapang kung walang kasamang mga guardia sibil, at ang palamon ng pari na nakakita sa magandang tikas ni kabisang Tales na naglilibót sa kaniyang bukirín na wari'y isáng bantáy, ay umayaw nang lipús ng tákot na kunin ang pag-aari.

Datapwá'y hindi makapanģahás na bigyan siyang katwiran ng mga hukóm pamayapà sa bayan at nang nasa *cabecera*, dahil sa natatakot maalís sa katungkulan, sapagká't nadadalá na dahil sa isáng kaagad-agad ay inalís. At hindi namán masasamá ang mga hukóm na iyón, pawang taong matatalino, matapat, mabubuting mámamayán, maririlag na mga magulang, mabubuting anak... at nakatataya ng kalagayan ni Tales ng mabuti pa kay sa sariling may katawán. Marami sa kanilá ang nakababatíd ng mga sanhi at pangyayari nang pagkakaari, alam nilang ang mga prayle ay hindi dapat magkaroon ng mga pag-aaring lupà alinsunod sa kanilang mga palatuntunan, nguni't alam dín namán nilá na ang panggagaling sa malayo, ang pagtatawid dagat sa pagtupád sa katungkulang pinaghirapang lubhá bago nákamít, mag-usig na makagampang mabuti at pawalan ang lahát ng iyon dahil lamang sa sinapantaha ng isáng indio na ang katwiran ay gaganapín sa lupà ng gaya sa langit, ¡abá! isá rin namang kahiranģán ang gayón! Silá ay mayroon dín namang mga kaanak at marahil ay may malakí pang panģanģailanģan kay sa indiong yaon: ang isá'y may inang pinadadalhán sa tuwina ng salapí, at ¿mayroon pa bang kabanalbanalang bagay na gaya ng pakanin ang isáng iná?; ang isá ay may mga kapatíd na babaing nápapanahón sa pag-aasawa, ang isá pa'y may mga anak na maliliit na nag-aantáy ng pagkain na waring mga inakáy sa pugad na marahil ay manģamatáy pagdating ng araw na maalís sa katungkulan; at ang pinakamuntí ay may asawang nálalayó, lubhang malayo, na kung hindi tumanggáp ng ukol na salapí ay magigipít..... At ang lahát ng hukóm na iyon, na ang marami sa kanilá'y may mga budhi at may malinis na hilig, ay nag-aakalang ang lalóng pinakamabuti nilang magagawá ay ang himukin sa pagkakasundó, sa paraang magbayad si kabisang Tales ng buwis na hinihinģi. Nguni't si Tales, gaya ng sinomang may maikling paghuhulò, ay patuloy sa layon, kailan ma't nakakábanaag ng katwiran. Humihinģi ng mga katunayan, katibayan, kasulatan, *título*, nguni't walang máipakita ang mga prayle at walang pinanghahawakan kundí ang mga nakaraang pag-alinsunód.

Datapwá'y, ang tutol namán ni kabisang Tales:

—Kung sa araw araw ay naglilimós akó sa isáng pulube upang huwag na lamang akóng yamutín ¿sino ang makapipilit sa akín na magpatuloy akó sa pagbibigay, kung nagpapakasagwá namán?

At walang makapag-patinag sa kaniya sa gayón at walá namang bantang makapagpalubág sa kaniya.

Walàng nangyari sa Gobernador M.... na naglakbáy at sinadyâ siyá upang takutin; ang laháat ay sinasagót niyá nang:

—Magagawâ ninyó ang ibig gawín, G. Gobernador, akó'y isáng mangmáng at walâ akóng lakás. Nguni't inayos ko ang mġa bukiríng itó, ang asawa ko't anák ay nanġamatáy sa pagtulong sa akín sa paglilinis, kayâ't hindi ko siyá maipagkakaloob sa sino mang hindi makagawâ sa kanilá nġ higit sa ginawâ ko. Diligín muna silá nġ dugô nġ nagnanasà at ilibíng sa kanilá ang asawa't anák.

Ang kinahinatnán, sa katigasang itó nġ ulo, ay ang bigyán nġ katwiran ang mġa prayle nġ mġa matapát na hukóm, at siya'y pinagtátawanán nġ balà na at pinagsasabihan pang hindi naipapanalo ang mġa usapín nġ dahil sa katwiran. Gayon man ay patuloy din siyá sa paghahabol, linalagyán nġ punlô ang kaniyang baríl at mahinahong liniligíd ang kaniyang lupaín. Sa kapanahunang iyón ay waríng isáng pangarap ang kaniyang kabuhayan. Ang kaniyang anák na si Tanò, binatang kasingtaas nġ amá, at gaya nġ kapatíd na babai sa kabutihan, ay násundalo; pinabayàan niyang lumakad at hindi ibinayad nġ mákakapalít.

—Magbabayad akó sa mġa abogado,—ang sabi sa anák na babaing umíiyák:—kung manalo akó sa usapín ay mapababalík ko siyá, nġuni't kung akó'y matalo ay hindi ko kailanġan ang anák.

Lumakad ang anák at ang tanġing balitang tinanggáp ay ang pinutulan nġ buhók at natutulog sa ilalim nġ isáng karreta. Nang makaraan ang anim na buwan ay may nagsabing nákitang dinalá sa Carolinas; may iláng nagbabalitang tila nákitang suot guardia sibil.

—¡Guardia sibil si Tanò! ¡Susmariosep!—ang pamanghâ nġ ilán na sabáy sa pagtatalukob kamáy:—¡Si Tanò na napakabuti at napakabaít! ¡Rekimeternam!

May iláng araw na hindi binati nġ nunò ang amá, si Hulí ay nagkasakit, nġuni't hindi tumulò ang isá mang paták na luhà ni kabisang Tales; dalawang araw na hindi umalís sa bahay, na waríng nanġanġambá sa pagsisi nġ kaniyang mġa kanayon; natatakot tawaging siyang pumatáy sa kaniyang anák. Nġuni't nġ ikatlong araw ay mulíng lumabás na dalá ang kaniyang baríl.

May nagsapantahà na siya'y may nasang pumatáy nġ tao at may isáng nagsabi na nádingíg umanóng ibinúbulóng niyá ang balang ibaón ang uldóg sa mġa lubák nġ kaniyang bukirín; kayâ't mulá noo'y kinatakutan na siyang lubhâ nġ prayle. Dahil dito'y pumanaog ang isáng utos nġ Capitán General na nagbabawal nġ paggamit nġ baríl at ipinasásamsám na laháat. Ibinigáy ni kabisang Tales ang kaniyang baríl, nġuni't nagpatuloy dín sa kaniyang pagbabantáy na ang dalá ay isáng mahabang iták.

—¡Anó ang gágawin mo sa iták na iyán sa ang mġa tulisán ay may baríl?—ang sabi sa kaniyá ni matandang Selo.

—Kailanġan kong bantayan ang aking mġa pananim,—ang sagót;—ang bawâ't isáng tubó doon ay isáng butó nġ aking asawa.

Inalisán siyá nġ iták dahil sa nápakahabà. Ang ginawâ namán niyá ay kinuha ang matandang palakol nġ kaniyang amá at ipinatuloy ang kaniyang paglalakád na nakapanġinġilabot.

Si matandang Selo at si Hulí ay nanġanġambá sa tuwíng áalis siyá nġ bahay. Si Hulí ay títindíg sa habihan, dudunġaw, nagdádasal nġ mġa nobena. Ang matandâ namán ay hindi mátumpák kung minsán sa pagyari nġ buklód nġ walís at násasabisabíng pagbábalikán ang gubat. Ang pamumuhay sa bahay na iyón ay nápakahirap.

Nangyari din ang kinatakutan. Sa dahilang ang bukid ay malayò sa pook nġ mġa bahay, kahi't na may palakól si kabisang Tales ay nabihag nġ mġa tulisán, na may mġa rebolber at baríl. Sinabi sa kaniyá nġ mġa tulisán na yamang mayroon siyang náibabayad sa mġa hukóm at tagatanggol-usap ay dapat dín namán siyang magkaroon nġ máibibigay sa mġa náwawakawak sa kabuhayan at mġa pinag-uusig. Dahil doon ay hiningán siyá nġ limang daang pisong tubós sa pamag-itan nġ isáng tagabukid at pinatibayan pang pag may nangyari sa utusan ay itítimbang ang búhay nġ dakíp. Dalawang araw ang ibinigáy na taning.

Ikinasindák na lubhâ nġ mag-anak ang balitâ at lalò pa mandíng naragdagan ang gayón, nġ mabatíd na lálabás ang Guardia sibil upang usigin ang mġa tulisán. Kung magkátagpò at magkálabanán ay alam nġ laháat na ang unang mápapatáy ay ang dakíp. Nang tanggapín ang balitâ'y hindi nakatinag ang matandâ, at ang anák na babai, sa gitnâ nġ pamumutlà't pagkasindák, ay makáilang nagnasang manġusap, nġuni't hindi nangyari. Datapwâ'y isáng hinalang lalóng mabigát ang nakapagpabalík sa kanilang diwâ. Ang sabi nġ tagabukid na inutusan nġ mġa tulisán, ay marahil magsisilayò silá, kayâ't kung magluluwat sa pagbibigáy nġ tubós ay lalawig ang araw at si kabisang Tales ay pupugutan nġ ulo. Ang sabing itó'y nakatulíg sa dalawá, na kapuwâ mahihinâ at kapuwâ walang magawâ. Si tandang Selo ay mápaupò't mapatindíg, akyát manaog, hindi malaman ang tunġuhin, hindi malaman ang lapitan. Si Hulí'y padulógdulóg sa kaniyang mġa larawan nġ santó, ulí't ulíng binilang ang salapî, nġuni't ang dalawang daang piso'y hindi nararagdagan, ayaw dumami, biglang magbibihis, iipunin ang laháat nġ kaniyang hiyás, hihingíng sanguni sa matandâ, tatangkáing makipagkita sa Kapitán, sa hukóm, sa tagasulat, at sa teniente nġ Guardia sibil. Oo ang sagót nġ matandâ sa laháat, at pag sinabi nġ batang huwag ay huwag dín namán siyá. Dumating ang iláng babaing kapitbahay na kamag-anakan at kakilala, mġa maralitâ, at may maralitâ pa kay sa ibâ, mġa walang malay na tao at minámalakí ang laháat nġ bagáy. Ang pinakamatalas sa laháat ay ang pusakál na pagingera na si Hermana Balí na nanirahan sa Maynilâ upang mag *ejercicio* sa beaterio nġ La Compañía.

Ipagbibilí ni Hulí ang laháat nġ kaniyang mġa hiyás liban lamang ang isáng agnós na may brillante at esmeralda na bigáy ni Basilio. Ang agnós na iyon ay may kasaysayan; ibinigáy nġ *monja* na anák ni kapitang Tiago sa isáng ketonġin, dahil sa pagkakagamót ni Basilio sa may sakít ay ibinigáy nitó na parang isáng handóg. Hindi niyá máipagbilí hanggang hindi maalaman nġ nagbigáy.

Madalíng ipinagbilí ang mġa sukláy, hikaw at kuwintás ni Hulí sa isáng mayamang kapitbahay at

dinagdagán pá ñ limáng pùng piso; kulang pa rin ñ dalawang daan at limang pù. Maaaring isanglâ ang agnós, ñgunì't nâpailíng si Hulí. Iminunkahi ñ isáng kalapít na ipagbilí ang bahay, bagay na sinangayunan ni tandâng Selo ñ boóng lugód, sapagkâ't bábalík sa gubat upang makapanġahoy na mulí na gaya noong una, ñgunì't ang gayón ay hindí mangyayari ang sábi ni Hermana Balí sa dahiláng walâ ang tunay na mayari.

—Minsan ay pinagbilhan akó ñ isáng tápis ñ asawa ñ hukóm, sa halagáng piso, at kadumatdumat ay sinabi ñ asawa na walâ raw kabuluhán ang bilihang iyon sapagkâ't walâ siyang malay. ¡Abá! Kinuha sa akin ang tápis at hindí isinaulí sa akin ñ babai ang piso hangga ñgayón, ang ginágawâ ko namán ay hindí ko siyá binabayaran sa panginge kung siya'y nananalo, abá! Sa gayóng paraan ay násingil ko siyá ñ labíng dalawáng kualta; dahil lamang namán sa kaniyá kung kayâ akó nagsusugál. Hindí ko mapapayagang hindí akó pagbayaran, abá!

Tátanunġín sana ñ isáng kalapít kung bakit hindí siyá pinagbabayaran ni Hma. Balí sa isáng maliit na utang, ñgunì't natalasan ñ pangingerá, kayâ't nagpatuloy kaagád:

—¿Alam mo Hulí ang mabuti mong gawín? Isanglâ mo muna sa halagáng dalawáng daan at limáng pùng piso ang bahay, sanlâng pagbabayaran hanggáng sa manalo ang usap.

Itó ang pinakamabuti sa mġa balak, kayâ't tinangkâng gawín noon ding araw na iyon. Sinamahan ni Hermana Balí at linibot nilá ang lahát ñ bahay ñ mayayaman sa Tiani, ñgunì't walâng pumayag sa gayóng kasundúan: anilá'y talo ang usap, at ang pagtulong sa isáng kalaban ñ mġa prayle ay parang humahandâ na sa paghihiganti nitó. Sa kahulihulihan ay nakátagpô rin ñ isáng matandâng mapanata na nahabág sa kaniyáng kalagayan, ibinigáy ang halagá sa pamag-itan ñ kasundúan na si Hulí'y paaalilà sa kaniyá hanggáng sa mabayaran ang utang. Sa isáng dako namán ay walâng maraming gagawín si Hulí, manahí lamang, magdasál, samahan siya sa simbahan, magpanatá maminsánminsán ñ patungkol sa kaniyá. Lumuluhàng pumayag si Hulí sa kasundúan, tinanggáp ang salapí at nanġakòng sa kinabukasan, araw ñ Paskó, ay maglilingkód na siyá.

Nang matantô ñ matandâ ang gayóng halos pagbibilí ñ katawán, ay nag-iiyák na wari'y batà. Dî yatà't ang apó niyáng yaón na ayaw niyáng palalakarin sa init ñ araw upang huwag masunog ang balát, si Hulíng may maliliit na daliri at mapuláng sakong, ¡dí yatà! ang binibining yaón na siyáng pinakamagandá sa nayon at marahil ay sa boong bayan, na lagi nang tinátapatán ñ mġa binatang nagtutugtugan at nagkakantahan, ¡dí yatà! ang bugtóng niyáng apó, ang kabugtóng niyáng anák, ang tanġing lugód ñ malabò niyáng paningín, yaong pinanġarap niyáng nakasayang mahabà, nagsasalitâ ñ wikàng kastilà at nagpapaypáy ñ pamaspás na may mġa pintá, na kagaya ñ mġa anák ñ mayaman, ¿yaón ang papasók na alilàng kagagalitan at pagwiwikàan, upang masirà ang kanyáng mġa daliri, upang mákatulog sa kahì't saang sulok at mágisíng nang walâng patumangâ?

Ang matandâ'y walâng humpáy sa kaiiyák, sinásabisabíng siya'y magbibigtí at magpapakamatáy sa gutom.

—Kung áalís ka—ang sabi—ay babalík akó sa gubat at hindí na akó tütuntóng ñ bayan.

Pinapayuhan siyá ni Hulí na kinakailanġang makabalík ang amá, at pag nanalo ang usapín ay madalí siyáng matutubós sa pagkaalilà.

Dinaang malungkót ang gabíng yaon; alín man sa dalawá ay hindí nakakain at ang matandâ'y nagmatigás na hindí humigâ, at magdamág na naupò na lamang sa isáng sulok, walâng imík, ni kakibòkibò, at hindí man kumikilos. Sa isáng dako namán ay tinangkâ ni Hulí ang matulog, ñgunì't malaong hindí nâpikít ang mġa matá. Nang mapayapà na dahil sa kapalaran ñ magulang, ay ang kaniyá namáng kalagayan ang inisip ñgunì't tinitimpí ang pag-iyak na walâng humpáy upang huwag mádinġig ñ matandâ. Sa kinabukasan ay alilà na siyá, at yaón pá namán ang araw na karaniwang idatíng ni Basilio na galing sa Maynilà't may daláng handóg sa kanyá.... Dapat na niyáng limutin ang pag-irog na iyon; si Basilio, na dí malalao't magiging manggagamot, ay hindí maaaring mag-asawa sa isáng maralitâ.... At nákinikinitá niyá na tumutunġo sa simbhang kasama ñ pinakamayaman at pinakamagandáng dalaga sa bayan, na kapuwâ silá gayák na gayák, maliligaya at kapuwâ nanġakanġiti, samantalang siyá, si Hulí, ay súsunódsunód sa kaniyáng panġinoon at ang dalá'y nobena, hitsó at durâan. Pagsapit sa dakong itó'y nakáramdám siyá ñ isáng paghihigpít ñ lalamunan, isáng pataw na malakí sa pusò at hiníhinġi niyá sa Birhen na mamatáy na muna siyá bago mámalas ang gayón.

—Datapwâ't—aniyá sa sariling budhí—málalaman niyá na pinilí ko pá ang akó na ang másanglâ kay sa masanglâ ang agnós na bigáy niyá sa akin.

Ang pagkukuròng itó'y nakapagpalubág ñ kauntí sa kaniyáng samâ ñ loob at nagpanġaráp na siyá ñ sarisari. ¿Sino ang makapagsasabi? maaaring mangyari ang kababalagháng makakuha siya ñ dalawáng daán at limáng pùng piso sa ilalim ñ larawan ñ Birhen; marami na siyáng nábasang kababalaghán na gayón ang pangyayari! Maaaring huwag sumilang ang araw at samantalâ'y mapanalo ang usap bago magumaga. Maaaring makabalík ang kaniyáng amá; makapupulot siya sa bakuran ñ isáng gusi, ang mġa tulisán ang siyáng may padalá sa kaniyá ñ gusi; ang kura, si P. Camorra na nagbíbirô sa kaniyáng parati, ay mangyayaring dumatíng na kasama ñ mġa tulisán.... lumalaon lumalaon ay untí-untíng naguguló ang kaniyáng mġa pag-iisip hanggáng, sa, dahil sa pagkapatâ at pagdadalamhati ay nákatulog, na pinapanġarap ang kaniyáng kabataán doon sa gitná ñ kagubatan: siyá'y naliligò sa batis na kasama ang dalawá niyáng kapatíd, may mġa isdâng sarisari ang kulay na napahuhuling wari'y tanġá, at nayayamót siyá sapagkâ't hindí siyá masiyahang loob sa panghuhuli niyóng mġa isdâng nápakaamò: si Basilio ay nasa ilalim ñ tubig, ñgunì't hindí niyá maalaman kung bakit ang mukhá ni Basilio ay ang sa kaniyáng kapatíd na si Tanò. Silá'y minamatyagán mulá sa pangpáng ñ kaniyáng bagong pinaglilingkuráng babai.



## ANG “NOCHE BUENA” NĜ ISÁNG KOTSERO

Dumating si Basilio sa San Diego nĝ mĝa sandalíng inililibot ang prusisión sa mĝa lansanĝan nĝ bayan. Siyá’y nabalang nĝ iláng oras sa kaniyáng lakad sapagká’t náhuli nĝ guardia sibil ang kotsero na nakalimot magtagláy nĝ sédula personal at dinalá sa kuartel upang iharáp sa comandante, matapos mabigyán nĝ iláng halibas nĝ kulata.

Mulíng napigil ang kalesa upang paraanin muna ang prusisión at ang kotserong nábugbóg ay nag-alís nĝ sombrero at nagdasál nĝ isáng *Amá namin* sa pagdaraan nĝ isáng larawan, nĝ isáng bantóg na banál mandín, na nasa andás. Anyóng matandâng may mahabàng misáy na nakaupò sa gilid nĝ isáng hukay na nasa ilalim nĝ isáng punóng may sarisaring pinatuyóng ibon. Isáng kalán na may isáng palayók, isáng lusonglusunĝan at isáng kalikut na pandurog nĝ hitsó ang kaniyáng mĝa tanĝing kasangkapan, waríng upang ipakilala na ang matandâ ay naninirahan sa gilid nĝ libinĝan at doon linulutò ang kaniyáng pagkain. Iyón ay si Matusalem, ayon sa pananampalataya sa Pilipinas; ang kaniyáng kasama at marahil ay kapanahóng taga Europa ay si Noel nĝuni’t may matalagháy at masayáng anyò, kay sa kay Matusalem.

—Nang kapanahunan nĝ mĝa banál—ang hakàhakà sa sarili nĝ kotsero—marahil ay waláng guardia sibil, sapagká’t kung mayroon, ay hindi silá mabubuhay nĝ malaon dahil sa panĝunĝulata.

Makaraán ang matandâ ay sumunód ang tatlong Haríng Mago na nanĝakasakáy sa mĝa kabayong tátalóntalón, lalonglalo na ang sa maitím na haríng Melchor na waríng ibig sagasàin ang kaniyáng mĝa kasama.

—Walâ, walâ nĝang guardia sibil noon—ang patuloy nĝ kotsero na kinaínggitán sa sarili ang mĝa maliligayang kapanahunang iyon,—sapagká’t kung mayroon ay nádalá na sa bilanggúan ang maitím na iyan na naglililikót sa piling niyáng dalawáng kastilà (si Gaspar at si Baltazar).

Nĝuni’t sa dahilang nápuna niyá na ang maitím ay may korona at harì ding kagaya nĝ dalawáng kastilà, ay sumaisip niyá ang harì nĝ mĝa tagalog at nagbuntónghiningá.

—¿Alám pô ba ninyó—ang magalang na tanóng kay Basilio—kung ang paang kanan ay nakakalág na?

Ipinaulit ni Basilio ang katanunĝan.

—¿Paang kanan nino?

—¡Nang harì!—ang sagót na maraha’t malihim nĝ kotsero.

—¿Sinong harì?

—Ang harì natin, ang harì nĝ mĝa tagalog....

Si Basilio ay nĝumití at ikinibít ang balikat.

Mulíng nagbuntónghiningá ang kotsero. Ang mĝa tagá bukid ay may isáng alamát na, ang kaniláng harì umano na nakúkulong at nakatanikalâ sa yunĝib nĝ San Mateo, ay dárating isáng araw at sila’y palalayáin. Bawà’t isáng daang taón ay napápatíd ang isá niyáng tanikalâ, kayâ’t nakakawalâ na ang mĝa kamáy at paang kaliwâ: walâ nang nátitirá kundí ang paang kanan. Kung nagpúpumiglás ó gumágalaw ang haríng itó ay nagigíng sanhi nĝ paglindól at panĝinĝiníg nĝ lupa; nápakalakás, kayâ’t ináabután siyá nĝ isáng butó, na nadudurog sa kaniyáng pisíl, nĝ sino mang nakikipagkamáy. Tinatawag siyáng Bernardo nĝ mĝa tagalog, nang hindi maalaman kung bakít, marahil ay pinagkakamaláng siyá ang Bernardo del Carpio.

—Pag nakakalág na ang paang kanan—ang bulóng nĝ kotsero na tinimpí ang isáng buntónghiningá—ay ibíbigay ko sa kaniyá ang aking mĝa kabayo, paglilingkurán ko siyá at magpapakamatáy na akó nĝ dahil sa kaniyá.... Ililigtas niyá kami sa mĝa guardia sibil.

At sinundán nĝ may hapis na tinĝín ang tatlong haríng lumálayò na.

Sumúsunód ang dalawáng hanay na batàng malulungkót, mĝa waláng katawatawa, na waríng pinilit lamang. Ang ilán ay may daláng huepe at ang ibá ay kandilà, at ang ibá ay paról na papel na may tukod na kawayan, at nanĝagtitilian sa pagdarasál nĝ rosario, na, waríng may kaaway. Sumúsunod si San José na nasa marálitang andás, na ang anyò ay malungkót at pakumbabâ at ang tungkód ay may bulaklák nĝ asusena, sa gitná nĝ dalawáng guardia sibil na warì nakáhuli sa kaniyá: sakâ pá lamang natahò nĝ kotsero kung bakít gayón ang anyò nĝ santó. Dahil sa siya’y nagulumihan sa pagkakakita sa guardia sibil ó kayâ’y dahil sa walâ siyáng paggalang sa santóng may gayóng kaakbáy, ay hindi nagdasál nĝ kahit isáng *requiem eternam* man lamang. Sa likurán nĝ San José ay sumúsunód ang mĝa batàng babaing umiilaw na nanĝakatalukbóng nĝ panyóng nakabuhól sa ilalim nĝ babà, nagdadasál din nĝ rosario, nĝuni’t hindi lamang kasinglakás nĝ mĝa batàng lalaki. Sa gitná’y ilán ang may hilahilang mumunting konehong papel, na ang buntót na papel ding ginupít ay nakataás at naiilawan nĝ isáng munting kandilàng pulá. Dumádaló ang mĝa batà na dalá ang mĝa laruáng iyón upang sumayá ang prusisión. At ang mĝa hayúphayupang matatabâ’t mabibilog na warì itlóg ay masasayá mandín kayâ’t nápapalundág, napapagiwang, nabubuwal at nasusunog; lalapitan nĝ may arì upang patayín ang lágabláb, hihip dito, hihip doon, mapapatáy ang dingas sa kápapalò at kung minsán ay umiiyák, pag nákitang sirásirâ ang laruán. Malungkót na nápupuná nĝ kotsero na umuuntí sa taón taón ang lahi nĝ mĝa hayop na papel, na waríng násasalot ding kagaya nĝ mĝa buháy na hayop. Naalaala niyá, siyá, ang binugbóg na si Sinong, ang kaniyáng dalawáng magagandang kabayo, na upang máilayò sa pagkakahawa sa sakít, ay pinaggugulan niyá nĝ sampung piso upang benditahin, alinsunod sa hatol nĝ kura—yaon ang pinakamabuting panglaban sa episoitia na natagpuán nĝ kura at nĝ Pamahalàan—nĝuni’t gayón man, ay nanĝamatáy din. Datapwâ’y kinakalamay niyá ang sarili, sapagká’t matapos máwisikán nĝ agua bendita, matapos ang mĝa latín nĝ parì at mĝa

*ceremonias*, ay nagtagláy n̄ ugaling pagmamataás ang m̄a kabayo, nan̄gagmalakí na, ayaw pasingkáw, at sa dahiláng siyá'y mabuting kristiano ay hindí niyá mapalò, sapagká't sinabi sa kaniyá n̄ isáng Hermano tercero na benditado ang m̄a kabayong iyón.

Ang panghulí n̄ prusisión ay ang Birhen, suot "Divina Pastora" na may sombrero ayos *frondeuse* na may malapad na pardilyas at mahahabàng pakpák n̄ ibon upang ipakilala ang paglalakbáy sa Jerusalem. At upang maipahiwatig ang pan̄gan̄ganák, ay ipinag-utos n̄ kura na patambukin ang tiyan at lagyán n̄ m̄a basahan at bulak sa ilalim n̄ saya, upang waláng mag-alinlan̄gan sa kaniyáng kalagayan. Ang Birhen ay isáng magandáng larawan, na may anyóng hapís, na kagaya n̄ lahát n̄ larawang gawá n̄ m̄a pilipino, ayos na nahihiyá dahil sa ginawâ sa kaniyá marahil n̄ P. Kura. Sa dakong harapán ay may iláng kantores at sa likurán ay iláng músiko at ang m̄a kaukuláng guardia sibil. Gaya n̄ maaantáy ay hindí kasama ang kura, matapos ang kaniyáng ginawâ: nang taóng iyón ay masamá ang loob, sa dahiláng kinailan̄gan niyáng gamitin ang boò niyáng katalinuhan at pananalitang pasilòsilò upang ang m̄a taong bayan ay magbayad n̄ tatlong pùng piso sa bawâ't isáng "misa de aguinaldo" at hindí dalawang pù na gaya nang dating halagá.

—Nagiging pilibustero kayó—ang sabi.

Lubhàng natutubigan marahil ang kotsero dahil sa m̄a bagay na napagkitá sa prusision, sapagká't nang makaraán itó at nang ipag-utos ni Basilio na magpatuloy, ay hindí nápuná na ang ilaw n̄ paról n̄ karomata ay namatáy. Sa isáng dako namán ay hindí rin nápuná ni Basilio sapagká't nalilibáng sa pagmamasid sa m̄a bahay na naiilawan, sa loob at labás, n̄ m̄a paról na papel na maiinam ang ayos at ibá't ibá ang kulay, m̄a bituwing nalilibid n̄ bilog na may mahahabàng palabuntót, na pag náhipan n̄ han̄gin ay naglalagaslasan, at m̄a isdang ang ulo't buntót ay gumágaláw, na may baso n̄ ilaw sa loob, na pawang nakasabit sa balisbisan n̄ bahay at siyáng nagbibigáy nang anyóng masayá. Namamasdán ni Basilio na ang m̄a pag-iilaw ay umuuntí rin, na ang m̄a bitwín ay nawawalâ, na nang nakaraang taón ay kakauntí na ang m̄a palamutí at palawít, at nang taóng itó ay lalò pa manding kauntí kay sa nakaraán.... Bahagyâ n̄ nagkaroon n̄ músika sa lansan̄gan, ang masasayang galawan sa m̄a kúsinàan ay hindí na námamalas sa lahát n̄ bahay at ang gayón ay sinapantahà n̄ bagong tao na alinsunod sa kasamaán n̄ panahón, ang asukal ay matumal, ang ani n̄ palay ay nasirâ, nan̄gamatáy ang mahigít sa kalahatí n̄ m̄a hayop at ang m̄a buwís ay tumátaás, nádadagdagán nang dí maalaman kung bakít at sa anóng dahil, samantalang naglalalò namán ang pamamaslang n̄ guardia sibil na siyáng pumápatáy sa kasayahan n̄ m̄a bayan.

Itó pá namán ang kaniyáng iniísip nang mádin̄gig ang isáng *jalto!* na nagumugong. Kasalukuyang nagdáraán silá sa harapán n̄ kuartel at nápuná n̄ isáng bantáy na patáy ang tanglâw n̄ kalesa at ang bagay na iyón ay hindí dapat manatili. Sunód-sunód na mura ang tinanggáp n̄ kaawawang kotsero na nagsabing ang kadahilanan noon ay ang kahabàan n̄ prusisión, at sa dahiláng pipiitin at ilalathalà sa m̄a pahayagan, sapagká't lumabág sa ipinag-utos ay lumunsád sa sasakyán ang ayaw n̄ basagulo at mahinahong si Basilio at ipinatuloy ang lakad na pasán ang kaniyáng takbá.

Yaón ang San Diego, ang kaniyáng bayan, na walâ man siyá ni isáng kamag-anak.....

Ang tan̄ging bahay na nákita niyáng masayá ay ang kay kapitáng Basilio. Ang m̄a tandáng at m̄a inahín ay nag-iiyukan, na sinásaliwán n̄ m̄a tunóg n̄ warì nagtátadtád n̄ karné sa sangkalan at n̄ sagitsít n̄ mantikà sa kawalì. May handá sa bahay at umaabot sa lansan̄gan ang maminsan minsáng simoy na may halong amóy n̄ ginisá.

Sa entresuelo ay nákita ni Basilio si Sinang, na pandák ding gaya n̄ mákilala n̄ aming mangbabasa, kahit tumabâ at lalò pang bumilog sapol n̄ magka-asawa. At siya'y nápamanghâ nang makitang kausap ni kapitáng Basilio, n̄ Kura at n̄ alperes n̄ guardia sibil ang mag-aalahás na si Simoun na may salamíng asúl sa matá at kilos malayà ring gaya n̄ dati.

—Yarì na, ginoong Simoun,—ang sabi ni kapitáng Basilio—tutun̄go kamí sa Tiani upang tingnán ang inyóng m̄a hiyás.

—Akó ma'y paparoon din—anáng alperes—sapagká't kailan̄gan ko ang isáng tanikalâ sa relós, n̄gunì't mayroon akóng maraming gawàin.... Kung iibigin sana ni kapitáng Basilio na siyá na ang mamanihalà....

Malugód na sumang-ayon si kapitáng Basilio at sa dahiláng ibig niyáng mákasundô ang militar upang huwag siyáng magambalà, sa paggambalà sa kaniyáng m̄a tao, ay ayaw tanggapín ang halagáng pinagpipilitang dukutin n̄ alperes sa bulsá.

—¡Iyon na ang aking pamaskó!

—¡Hindí ko mapapayagan, kapitán, hindí ko mapapayagan!

—¡Siyá, siyá! ¡Sakâ na tayo magtuós sa hulí!—ang sabing mapagparayà ni kapitáng Basilio.

Ang Kura man ay nan̄gan̄gailan̄gan din n̄ hikaw at ipinagbibilin sa kapitán na ipakibilí na siyá.

—Ang ibig ko ay yaóng mabuti. Sakâ na tayo magtuós.

—Huwag kayóng mag-alaala P. Kura,—ang sabi niyá, na ibig díng mákasundô ang nasa dako n̄ simbahan.

Isáng patibay na masamá n̄ kura ay ikagagambalà niyá n̄ malakí at ibayo pá ang magugugol: ang hikaw na iyón ay isáng sápilitáng handóg. Samantala namá'y pinupuri ni Simoun ang kaniyáng m̄a hiyás.

—¡Nakágugulat ang taong itó!,—ang sabi sa sarili ni Basilio—sa lahát n̄ pook ay nakapan̄gan̄galakal.... At kung paniniwalàan natin ang *ilán*, ay biníbilí niyá sa iláng ginoo, sa munting halagá, ang m̄a ipinagbilí din niyáng hiyás upang ipang-alay.... ¡Ang lahát ay nakapan̄gan̄galakal sa Sangkapuluan̄ang itó; kamí lamang ang tan̄ging hindí!

At nagpatuloy sa kaniyang bahay, sa bahay ni kapitang Tiago, na tinatahanan ng isang katiwala. Inaantay siya, upang balitaan, ng katiwala na may malaking paggalang sa kaniya mula noong makita siyang bumubusbos na waring inahing manok lamang ang iniwaan. Ang dalawang manggagawa ay nikipiit, ang isa'y matatapon sana sa malayong bayan.... namatay ang ilang kalabaw.

—;Ang dati rin, matatandang balita!—ang may yamot na putol ni Basilio—;Kailan pa man ay ganyan ang pasalubong ninyo sa akin!

Ang binata'y hindi ganid, nguni't sa dahilang madalas siyang makagalitan ni kapitang Tiago, ay iginaganti naman niya sa kaniyang mga napag-uutusan. Ang matanda'y nag-apuhap ng bagong balita.

—;Namatay ang isa nating mangsasaka, ang matandang bantay sa gubat, at hindi pumayag ang kura na malibing ng libing mahirap, sapagka't mayaman daw ang panginoon!

—;At sa ano namatay?

—;Sa katandaan na!

—;Ba, namatay sa katandaan? Kung namatay ng dahil sa isang sakit man lamang sana!

Ang ibig ni Basilio ay may sakit, dahil sa kaniyang hanġad na makagawa ng "autopsia".

—;Walâ na baga kayong maibabalita sa aking bagong bagay? Nawawalân tuloy ako ng gana sa pagkain dahil sa pagbabalita ng mga bagay na gaya rin ng dati. ;May balita baga kayong ukol sa Sapang?

Isinalaysay ng matanda ang pagkakabihag kay kabisang Tales. Si Basilio ay napahintong nágmunimuni at hindi umimik. Hindi na nakakain.

## VI SI BASILIO

Nang ang m̃ga kampanà'y nagrerepike na, dahil sa misa sa hating gabí, at nang ang m̃ga may ibig pa sa mahimbíng na pagtulog kay sa m̃ga kapistahan ay nágigising at bumúbulóng bulóng dahil sa kainġayan, ay dahandahang pumanaog si Basilio at nagpaligid n̄ makalawá ó makaitló sa iláng lansanġan, at nang matunayang waláng sumúsunód at nakababatyág sa kanyá ay nagliglig sa m̃ga landás na dí pinagdaraan n̄ maraming tao at tinunġo ang dating gubatán n̄ m̃ga Ibarra, na nábilí ni kapitáng Tiago, nang inangking at ipinagbilí n̄ Pamahalàan ang m̃ga pag-aarì noón.

Sa dahiláng ang Paskó n̄ Panġanġanák sa taóng yaón ay nátamà sa pagliút n̄ buwan ay laganap doón ang kadilimán. Ang pagrerepike ay humintô at ang m̃ga tugtóg na lamang ang nádidingġig sa katahimikan n̄ gabí, sa gitná n̄ lagaslás n̄ m̃ga dahong pinagagalaw n̄ simuy at m̃ga dagundóng n̄ alon n̄ kalapít na lawà, na warì'y hilík n̄ kadalagahang nálululong sa isáng mahimbíng na pagtulog.

Ang binatà ay patunġóng lumalakad na warìng ibig makaaninag sa gitná n̄ kadilimán, may guniguni siyáng tagláy dahil sa poók at m̃ga sandalíng iyon. Maminsanminsa'y itinátaás ang ulo upang tanawín ang m̃ga bituwin sa pag-itan n̄ m̃ga dahong matataás n̄ kakahuyan, at pagkatapos ay ipinagpapatuloy ang lakad na hinahawì ang m̃ga sanġá at siít na nakasasagabal sa kaniyá. Kung minsán ay bumabalík sa pinanggalingan, ang kaniyáng m̃ga paa'y násasalabíd sa isáng punong maliit, másasagasà sa isáng ugát na nakalabás sa lupà ó sa isáng sanġáng baklí. Nang makaraán ang kalahating oras ay nakarating sa isáng muntíng batis na sa kabiláng pangpang ay may isáng warì bundókbundukan, na sa gitná n̄ kadilimán ay nagaanyong malakíng bundók. Tinawid ni Basilio ang sapà sa tulong n̄ pagpapalungdáglundág sa m̃ga bató na namumukód sa kaitimán sa ibabaw n̄ kináng n̄ tubig, umakyát sa bundókbundukan at tinunġo ang isáng muntíng pook na nakukulóng n̄ matandâ't sirasirang muog. Tinunġo ang punò n̄ baliting malakí, mahiwaga, matandâ, (na binubuô halos n̄ m̃ga ugát na pataás at paibabâ na warì m̃ga sanġáng nanġagkasalásalabíd) na nakatayô sa kalagitnaan.

Humintô sa piling n̄ isáng buntón n̄ bató, nag-alís n̄ sombrero at warìng nanalanġin. Yaón ang libinġan n̄ kaniyáng Iná, at ang unang dinadalaw niyá ay ang libinġang iyóng waláng nakababatíd, waláng nakamamalay. Sa dahiláng sa kinabukasan ay dadalaw sa mag-aanak ni kabisang Tales, ay sinamantalá niyá ang gabíng yaón upang gumanáp sa gayóng kautanġán.

Naupô sa isáng bató at warìng nag-iisíp. Sumipót sa kanyáng pagbubulaybulay ang m̃ga panahóng nakaraán na warìng isáng maitím at mahabang badhâ na mapulápulá sa simulâ, matapos ay nakapanġinġilabot, may bahid na dugô, at sa hulí'y maitím, maitím, abuhíng malinaw at untúnting lumiliwanag. Ang dakong dulo ay hindí mámallas sapagká't nákanlóng sa isáng ulap na nagbabanaag n̄ liwanag at pagbubukáng liwayway.....

May labíng tatlóng taón nang ganáp na ganáp na namatáy doón ang kanyáng iná, sa gitná n̄ karalitàn, nang isáng magandang gabí na ang buwan ay maliwanag at ang m̃ga kristiano sa bóong mundó ay naggagalák. Sugatín at pípiláy-piláy siyáng nakarating doon sa pagsunód sa kanyáng iná, at itó namán ay balíw at lipus katakutang lumalayô na warì'y anino sa kaniyáng anák. Doón namatáy; dumating ang isáng taong hindí niyá kilalá at ipinag-utos sa kanyáng magbuntón n̄ kahoy, biglá siyáng umalinsunod at n̄ siyá'y bumalík ay isá pang hindí rin kilalá ang nátagpúan sa piling n̄ bangkáy n̄ una. ¡Anóng araw at gabí iyon! Tinulunġan siyá noóng taong hindí kilalá sa pagbubuntón n̄ kahoy na pinagsunugan sa bangkáy n̄ lalaki, hinukay ang pinagbaunan sa kanyáng iná at matapos abután siya n̄ kaunting kuwalta ay ipinag-utos sa kaniyáng umalís sa pook na iyon. Noon lamang niyá nákita ang lalaking iyon; matangkád, mapupulá ang matá, mapuputlá ang labì, matanġos ang ilóng....

Ulila n̄ lubós, waláng magulang at kapatíd, ay iniwan niyá ang bayang iyon na mayroong m̃ga may kapangyarihang kinasisindakán niyá at tumunġo sa Maynilà upang pumasok na alilà sa isáng mayaman at mag-aral, na gaya n̄ ginagawâ n̄ ilán. Ang kaniyáng paglalakbáy ay isáng paglalagalág, punò n̄ pagpupuyát at pag-aagam-agam, na ang gutom ay inaalintana. Ang ipinangtatawid kagutuman niyá ay m̃ga bunġang kahoy n̄ m̃ga kagubatang kaniyáng pinagtataguan kailan ma't nakakatanaw n̄ suot guardia sibil, kasuotang nakapagpapaalaala n̄ pinagbuhatan n̄ kaniyáng m̃ga kasawíán. Nang nasa sa Maynilà na siyá, gulágulanít ang damít at may sakít pá ay dumulóg sa m̃ga baháybaháy at pumapasok na alilà. ¡Isáng batang taga lalawigan na hindí marunong n̄ ano mang wikang kastilà at masasaktín pá! ¡Waláng pag-asa, dayukdók at hapís na gumalagalà sa m̃ga lansanġan na nápupuna n̄ m̃ga táo dahil sa ayos na karumaldumal n̄ kaniyang damít! ¡Makáilang tinangkâ ang payurak na sa m̃ga kabayo, na nanġagdaraang parang kidlát na hila ang m̃ga sasakyang nagkikinang sa pilak at barnís, upang matapos na ang kaniyáng m̃ga paghihirap! Salamat at nakitang nagdaán si kapitáng Tiago na kasama si tia Isabel; kilalá niyá ang m̃ga taong iyón mulâ sa San Diego at sa kaniyáng kagalakan ay inakalang warì m̃ga kababayan niyang mistulâ. Sinundan ang karuahe, nawalâ sa kaniyáng paninġin, ipinagtanóng ang bahay, at sa dahilang noóng araw na iyón pumasok si María Clara sa kombento at si kapitáng Tiago ay nalulungkót, ay nátaggáp siyáng alilà, na waláng upa, n̄guni't sa isáng dako namán ay may pahintulot siyáng makapag-aral, kung kailán niyá ibig, sa San Juan de Letrán.

Nang may iláng buwan na siyá sa Maynilà ay pumasok sa “primer año” sa latín, kahì't nanggilimahid, masamá ang bihis at nakabakyâ. Nang mákita n̄ m̃ga kasamahán ang kaniyáng gayák ay lumayô sa kanyá, at hindí siyá kinatunġo kailan man n̄ katedratiko, isáng dominikong magandang lalaki, subali pa n̄ġâ't ikinúkunót ang noó kung siya'y mákita. Ang m̃ga tanġing salitâ na nágamit n̄ dalawá sa loób n̄ walóng buwang pasukan ay ang pagbanggít n̄ panġalan sa pagbasa n̄ talàan at ang sagót na *adsum* na itinútagón sa araw-araw n̄ nag-aaral. ¡Gaanóng kapaitan ang linálagók niyá sa tuwíng paglabás sa klase at

nḡ mahulàan ang sanhî nḡ inaasal sa kanyá ay gaanong luhà ang namulás sa kaniyáng mḡa matá at gaanong hinanakít at daíng ang sumisilakbó't iniinís sa kaniyáng pusò! ¡Gayón na lamang ang kaniyáng iyák at paghihinaggpís sa ibabaw nḡ libinḡan nḡ kaniyáng iná na pinagsasabihan nḡ mḡa lihim niyang sákít, kahihyan at kaapihán, nḡ siyá'y ipagsama ni kapitáng Tiago sa San Diego nḡ magpapaskó! Gayón man ay isinasaulo niyang buongbuò ang lisyón kahi't marami ang hindi niyá natatarók! Nḡuni't tumiwasáy siyá sa hulí, nḡ mákitang sa tatló ó apat na raáng kasama niyá ay may apat na pû lamang ang nátatanóng sapagká't náputa silá nḡ paríng nagtuturò dahil sa kiyas, ó kayá'y dahil sa isáng kalikután, ó kayá'y dahil sa kinalugdán, ó kayá'y dahil sa ibá pang sanhî. Sa isáng dako namán ay nagagalák sa gayón ang marami sa nag-aaral sapagká't hindi na silá mag-iisip at magninilay.

—Pumapasok sa *colegio* hindi upang mag-aral kun di upang makaraán sa paglilitis, at kung naaaring maisaulo ang aklát ¿anó pá ang mahihinḡí? naaaring tapusin din namán ang pinag-aaralan sa sangtaóng pagpasok.

Si Basilio ay nakaraán sa paglilitis dahil sa pagsagót sa tanḡing katanunḡang ginawâ sa kaniyá, nḡuni't parang mákina, waláng hintó't waláng kahinḡahinḡá, at ang tinamó ay “aprobado” sa gitná nḡ tawanan nḡ mḡa lumilitis. Ang kaniyáng siyam na kasama (sampûsampû kung litisin upang matapos agád) ay hindi nagtamó nḡ gayon, kayá't nanḡatakdaáng ulitin ang sangtaón pagkadunḡó.

Nang siyá'y nasa panḡalawáng taón ay binigyán siya nḡ mabuting pabuyà ni kapitáng Tiago, sapagká't nanalo ang manók niyang ináalagàan, at ibinilí niya agád nḡ sapatos at sombrero pieltro. Dahil sa kanyáng binilí at sa mḡa damít na ibinigáy sa kaniyá nḡ kaniyáng panḡinoón, na tinatabas niyang mulí at isinusukat sa sariling katawán, ay bumutíbutí ang kaniyáng ayos, nḡuni't hanggáng doón na lamang namán. Sa isáng *clase* na marami ang pumapasok ay lubháng mahirap na mápuna nḡ guró ang isáng batà, at ang nag-aaral na sa una pang taón ay hindi nápatampók dahil sa katanḡian ó kayá'y hindi kinalugdán nḡ nagtuturò ay mahirap nang mápuna sa boò niyang pag-aaral. Gayon man ay nagpatuloy din siyá, dahil sa isá na sa kaniyang hilig ang pagkamatiyagâ.

Waring nagbago nḡ kauntí ang kaniyáng kalagayan nḡ pumasok sa panḡatlong taón. Ang nagíng guró niyá ay isáng dominikong masayá, palabirò at mapagpatawá sa mḡa tinuturúan, nápakatamad, sapagká't karaniwang ang pinapagsasalaysay nḡ katurán nḡ lisyón ay ang kaniyáng mḡa itinatanḡi lamang; kung sa bagay ay nasisiyahán na sa kahi't anó. Nang panahóng iyón ay gumagamit na si Basilio nḡ sapatos at mḡa baròng malinis at pinirinsá. Sa dahiláng náputa nḡ propesor na hindi siyá matatawanín at namatyagán sa kaniyáng mḡa matáng hapís at malalakí ang tila pagtatanóng, ay ipinalagáy siyang balíw at isáng araw ay tinangkang gipitin siyá sa pagtatanóng nḡ lisyón. Sinagót ni Basilio nḡ mulá sa punò hanggáng dulo na waláng kagatól-gatól sa isá mang f; tinawag siyang bubutok nḡ guró, nagsalaysáy nḡ isáng bagay na ikinátawá nḡ boóng klase, at upang maglalò ang halakhakan at matibayan ang pagkakapanḡalan ay tinanóng pa siyá nḡ iláng tanóng na kasabáy ang pagkindát sa mḡa minámabuti, na ang ibig sabihin ay:

—“Tingnán ninyó't masasayahán tayo.”

Noón ay marunong na nḡ wikàng kastilá si Basilio at nakasagót nang waláng nakatawa. Ang bagay na iyón ay isinamâ nḡ loób nḡ lahát, ang inaantáy na kamalian ay hindi sumipót, waláng nápatawá at ang pangyayaring iyón ay hindi naipatawad sa kaniyá nḡ mabuting praile, sapagká't sinirà ang pag-asa nḡ boong klase at pinabulàanan ang hulá. Nḡuni't sino ang makahihinalà na lalabás ang anománg bagay na may kabuluhán sa isáng ulong ang buhók ay waláng ayos na nagtátapós sa katawán nḡ isáng indio na masamá ang sapatos at kahahalò pá lamang sa kaniya sa mḡa ibong mapanḡunyapit? At kung sa ibáng paaralán, na may sadyang pagnanasang ang mḡa batà'y matuto, ay nagagalák ang mḡa nagtuturò kung nakakatagpò nḡ gayón, sa mḡa paaralan namáng pinamamahalaan nḡ mḡa taong ang lalòng marami'y nananalig na ang matuto ay makasamâ (kun di man sa lahát ay sa mḡa nag-aaral) ang nangyari kay Basilio ay hindi minabuti, kayá't hindi na siyá nátanóng sa boóng taón. ¿Sa ano pa't tatanunḡin siyang mulí kung hindi rin makapagpatawá sa kanḡino man?

Masamá ang loob at may tangká nang iwan ang pag-aaral nḡ nálipat siyá sa ika apat na taón sa latín. ¿Anó pa't mag-aaral, bakít hindi magtulóg na lamang na gaya nḡ ibá at umasa na sa isáng pagpapasumalá?

Ang isá sa mḡa guró ay lubháng kilalá, náibigan nḡ lahát; kinikilalang marunong, dakilang makatà at may mḡa pagkukuròng malayà. Isáng araw na kasama nḡ mḡa “*colegial*” sa paglilibót ay nákalagít nḡ iláng “*cadete*”, na, nagíng sanhî muna nḡ simulang pag-aaway at pagkatapos ay paghahamunán. Ang pari, na marahil ay naalaala ang kaniyáng mabuting kabatàan, ay nanḡayag at nanḡakòng bibigyán nḡ mabuting *nota* ang sinomang makilahók sa pakikilaban sa linggóng dárating. Nagíng masigla ang boong linggóng yaón: nagkaroon nḡ pulúpulutóng na paglalabang ginamitan nḡ sable at tungkód at sa isáy napatangí si Basilio.

Dinalá siyang galák na galák nḡ mḡa nag-aaral at iniharáp sa propesor; mulá niyon ay nákilala siyá at kinagiliwan. Dahil sa pangyayaring itó at dahil din namán sa kaniyáng pagsusumigasig sa pag-aaral ay nagtamó siyá nḡ mḡa *sobresaliente* at *medalla* pá nḡ taóng iyon. Sa nákitang itó, si kapitáng Tiago, na mulá nang magmonha ang anak ay may pagkamuhí na sa mḡa praile, sa isáng sandalíng masayá, ay inudyukan siyang lumipat sa Ateneo Municipal, na noon ay lubháng nababantóg.

Isáng bagong mundó ang náhayág sa kaniyáng mḡa matá, isáng paraan sa pag-aaral na hindi man niyá nahinalà na mákikita sa paaralang iyon. Líban sa iláng bagay na waláng malaking kabuluhán at iláng bagay na waláng kapararakan ay hinanḡaan ang pátakarang sinusunód doon sa pagtuturò at lubós ang kaniyáng pagkilala nḡ utang na loob sa pagsusumakit nḡ mḡa guró. Nápapaluhâ siyá kung minsán at naálaala ang apat na taóng nakaraan na dahil sa kakulangán sa mágugugol ay hindi siyá nakapasok doon. Kinailanḡan niyang gamitin ang lahát nḡ pagsusumikap upang mapantayán ang nanḡagkaroon nḡ mabuting pasimulá at nasabi niyá sa sarili na nang taón lamang na iyón napagaralan niyá ang limáng taón nḡ “*segunda enseñanza*”. Dinaan ang *bachillerato* sa gitná nḡ kagalakán nḡ kaniyáng mḡa propesor at sa paglilitis ay

ipinagmalakí siyá sa haráp n̄ m̄a hahatol na dominiko na pinaparon upang makibatyág. Upang mapawi n̄ bahagyâ ang kagalakán ay tinanóng ang nililitis kung saan nag-aral n̄ m̄a unang taón sa latín.

—Sa San Juan de Letrán, Padre—ang sagot ni Basilio.

—¡Ah! Sa latín ay mabuti—ang nakanġit̄ng sabi n̄ dominiko.

Dahil sa kaniyáng hilig at ugali ay pinili ang Medicina; ibig sana ni kapitáng Tiago ang Derecho upang magkaroón n̄ abogadong waláng bayad, n̄uni't hindi ang dumunong at makabatíd n̄ m̄a kautusán ang kailanġan lamang upang magkaroón n̄ ipagtatanggol sa Pilipinas: kailanġang magpanaló n̄ m̄a usapín at upang itó'y mangyari ay kailanġang magkaroon n̄ maraming kakilala, lakás sa itaás, maraming salitang pasalisalimuút. Napahinuhod din si kapitáng Tiago sapagká't naalaalang ang m̄a nag-aaral n̄ Medicina ay naglalamuták n̄ patáy; malaon nang humahanap siyá n̄ isáng lason na ipangsusubó sa tari n̄ kaniyáng m̄a manók at ang pinakamabuting nálalaman niyá ay ang dugô n̄ isáng insík na namatáy dahil sa sakít na sípilis.

Gaya rin n̄ dating pagsusumigasig, ó higít pá kung mangyayari, dinaán n̄ binatà ang m̄a taóng pag-aaral n̄ “facultad”, at mulá pa sa ikatlong taón ay nanggamót na siya, na pinalad namán, bagay na hindi lamang pagsisimulá n̄ isáng magandang háharapín kundí nagbibigáy din namán sa kaniyá n̄ sapát na gúgugulin upang makapagbihis n̄ mainám-inám at makapag-ipon pá n̄ kauntí.

Ang taóng itó'y siyáng hulíng taón n̄ kaniyáng pag-aaral at sa loób n̄ dalawáng buwan na lamang ay “médico” na siyá, uuwí na sa kaniyáng bayan, pakákasal kay Juliana at mamumúhay siláng maligaya. Ang pagtatamó niyá n̄ “*licenciatura*” ay hindi lamang tiwasáy niyáng ináantáy kun dí ináasahan pá niyáng magigíng maningning na pinakaputong n̄ kaniyáng kabuhayan sa pag-aaral. Siyá ang nátakdâang bibigkás n̄ talumpating pagpapasalamat sa pagsusuót n̄ “muceta”, at nákinikinitá na niyáng siyá'y nasa gitná n̄ Paraninfo, sa haráp n̄ lahát n̄ nanġagtuturò, at siyá ang pinagtitinginanan at pinakikinggan n̄ madlá. Lahát n̄ ulong iyón na bantóg sa karununġan sa Maynilà na nanġakalubóg halos sa kaniláng m̄a muceta na ibá't ibáng kulay, ang lahát n̄ babaing dumaló dahil sa hanġad na makapanoód lamang, na noóng m̄a taóng nakaraán ay hindi mán siyá nápuna, kundí mán nátingnan siyá na may pagwawalâng bahalà, ang lahát n̄ kaginoóhang iyón na noóng siyá'y batà ay kauntí n̄ pagulunġan siyá sa karuaheng sinásakyan sa gitná n̄ lusakán na warì áso lamang, sa m̄a sandalíng iyón ay siyá ang pakikinggan, at ang m̄a tuturan namán niyá ay m̄a maiinam na bagay, yaóng hindi pá nádidinġig sa poók na iyón; lilimutin ang sarili upang alalahanin ang m̄a kaawàawang mag-aaral sa haharapín, at siyá'y papasok sa sosyedad sa pamagitan n̄ talumpating yaón.

## VII

### SI SIMOUN

Ang mġa bagay na ito'y siyáng náísip ni Basilio nġ dumalaw sa libinġan nġ kaniyáng iná. Bábalík na siyá sa bayan, nġ tila nakábanaág nġ liwanag sa loób nġ kakahuyan at nakadinġig nġ lagitlít nġ mġa sanġá, yabág nġ paa at lagaslás nġ dahon..... Ang ilaw ay nawalâ, nġuni't ang yabág ay untî-untġng lumálapít at nákita niyá ang isáng anino sa gitná nġ poók na iyón at ang tinutunġo ay ang kaniyáng kinalalagyán.

Si Basilio ay sadyáng hindí mapamahġin at lalò na nġâ nġ makabiyák na siyá nġ maraming bangkáy nġ tao at nakapanġalagà sa dí kakauntġng naghihinġalò: nġuni't ang matatandâng alamát na ukol sa nakapanġinġilabot na poók na iyón, ang oras nġ gabí, ang kadilimán, ang malungkót na simoy, at ang mġa iláng kasaysayang nápakinggán nang siya'y musmós, ay nakasindák dín sa kaniyáng kalooban at naramdamán niyáng ang kaniyáng pusò'y tumitibók nġ malakás.

Ang anino'y tumigil, sa kabiláng ibayo nġ balitì, na náikita nġ binatà sa puwáng nġ dalawáng ugát na sa katandâan ay warġng dalawáng sanġá na. Kinuha sa ilalim nġ damít ang isáng ilawáng may malakás na lente na inilagáy sa lupa at nakaliwanag sa mġa "botas de montar"; ang ibáng dako nġ katawán ay nababalot din nġ kadilimán. Warġng hinalungkat nġ anino ang mġa bulsá at pagkatapos ay tumunġó upang ikamá ang dahon nġ isáng asaról sa isáng malakġng tungkód: nagulat si Basilio nġ makitang kaanyô yaon nġ mag-aalahás na si Simoun. At siyá nġngang talagá.

Hinuhúkay nġ mag-aalahás ang lupa at maminsanminsa'y naliliwanagan nġ ilaw ang mukhá: walâ ang salamġng nakapagpapabago nġ anyô. Si Basilio ay nanġilabot. Yaón din ang taong may labġng tatlong taón nang humukay doon nġ paglġlibinġan sa kaniyáng iná, tumandâ nġâ lamang; ang buhók ay pumutí at nagkaroon nġ bigote at balbás, nġuni't ang paninġín ay hindí nagbabago, yaon dín ang dating anyông malungkót, yaón din ang ulap nġ noo, ang malakás na bisig ay yaón dín, tuyô nġâ lamang nġ kauntî, yaon ding kaloobang masulák. Ang mġa alaala sa nakaraan ay mulġng umalí sa kanyá: wari'y naramdaman ang init nġ sigá, ang gutom, ang kaniyang panglulupaypáy noon, ang amóy nġ lupàng nabungkal..... Ang pagkakatulás na ito'y nakapanġilabot sa kaniyá. Kung gayón ay ang mag-aalahás na si Simoun, na ináakalang indio inglés, portugés, amerikano, mulato, Cardenal Moreno, Eminencia Negra, ang budhġng nag-úudyok nġ masamá sa Capitán General, gaya nġ tawag nġ ilán, ay dili ibá palá't yaóng mahiwagàng tao na ang kaniyang pagsipót at pagpanaw ay nátaón sa pagkamatáy nġ magmamana sa mġa lupaġng yaón. Nġuni't ¿sino ang Ibarra, doon sa dalawáng taong kaniyáng nákaharap, ang buháy ó ang patáy?

Ang katanunġang itó na itinátanong niyá sa sarili, kailan ma't napagsasalitâan ang pagkamatáy ni Ibarra, ay mulġng pumasok sa kaniyáng pag-iisip sa harap nġ mahiwagàng táong yaón.

Ang namatáy ay may dalawáng sugat na gawâ nġ punġlò, ayon sa kaniyáng napag-aralan pagkatapos, at marahil iyon ay gawâ nġ paghahabulán sa lawà. Kung gayón ay si Ibarra ang namatáy na naparoon upang mamatáy sa libinġan nġ mġa magulang, at ang nasàng sunugin ang kaniyáng bangkáy ay marahil nakuha sa ugali sa Europa na doo'y sinusunog ang patáy. Kung gayón ay sino ang isá pa, ang buháy, ang Simoung itó na manghihiyas, na noon ay anyông dukhângdukhâ at nġayó'y mayamangmayaman at kaibigan nġ mġa may kapangyarihan? Doo'y may lihim na sa kalamigang loob nġ ating nag-aaral ay ninasàng tahúin, at inantáy ang kailanġang pagkakátaon.

Samantala namáy hukay nġ hukay si Simoun, nġuni't námasdán ni Basilio na nanghinà na ang dating lakás: si Simoun ay humihinġal, hiráp sa paghinġá at sa bawà't sandalí ay tumitigil.

Si Basilio'y nanġanib na bakâ siyá mákita, kayâ't sa biglâng udyók nġ kalooban ay tumindġg sa kinaupán at nagsabing walâng pagbabago ang boses:

—¿Matutulunġan ko pô ba kayó, ginoo....?—ang tanóng, nġ makaalís sa kinákanlunġán.

Si Simoun ay umunat, lumundág na wari'y tigreng nabiglâ, idinukot ang kamay sa bulsá nġ amerikana at tiningnáng namumutlá at kunót ang noo ang nag-aaral.

—May labġng tatlong taón na nġayóng akó'y pinautanġan ninyó nġ loob, ginoo,—ang patuloy na walâng tigatig ni Basilio—sa pook ding itó, sa paglġlibġng sa aking iná, kayâ't ikaliligaya ko ang matulunġan namán kayó.

Dinukot ni Simoun sa kaniyáng bulsá ang isang rebolber, na hindí inilalayô sa bagongtao ang paninġín. Nádinġig ang lagitlít nġ isang armás na iniakmâ.

—¿Sino pô bá akó sa akalà ninyó?—ang sabing humakbáng nġ dalawáng hakbáng na pauróng.

—Isá pong táong aking iginagalang—ang sagót ni Basilio na may pakagulumihanan, sapagká't inaakalang yaon na ang hulí niyáng sandalí,—isang taong tanġi sa akin, inaakalà nġ lahát na patáy na, at táong ang kaniyáng mġa kasawían ay dinamdám kong palagì.

Isáng lubós na katahimikan ang sumunód sa mġa salitáng itó, katahimikang inarġng amóy kabilang buhay nġ binatà. Gayón man, makaraan ang isáng mahabàng pag-aalinlanġan, ay linapitan siyá ni Simoun at piniglán sa balikat at sinabi sa kaniyáng ang boses ay nanġinġinġng, na:

—Basilio, nakababatíd kayó nġ isáng lihim na mangyayaring ikasawí ko at nġayó'y nakátuklás nġ isá pá, na kung mábanság ay makasisirâ sa aking layon, kayâ't ang boô kong buhay ay nasa kamáy ninyó. Upang akó'y tumiwasáy at alangalang sa ikaaayos nġ inaakalà kong gawín ay dapat kong sagkáán ang iyóng mġa labì, sapagká't ¿ano ang kabuluhán nġ buhay nġ isáng tao sa kalakhán nġ bagay na aking tinutunġo? Mainam ang pagkakátaón, walâng nakababatíd nġ aking pagparito, akó'y may sandata, kayó'y walâ; sa mġa tulisán ibibintáng ang kamatayan ninyó kun dí man sa isáng bagay nġ kabiláng mundó.... nġuni't, gayón man ay babayàan kong kayó'y mabuhay at inaakalà kong hindí ko ipagdaramdam sa hulí ang gayón.

Kayó'y nagsumakit, nakipagtunggalí nǎ lubhâng tiyagâ.... at gaya ko rin kayóng may kailanġang makipagtuús sa sosyedad; ang kapatíd ninyóng muntí ay pinatáy, ang inyóng iná'y naulól, at hindí pinag-usig nǎ sosyedad ni ang nakamatáy ni ang nagpahirap. Tayong dalawá'y nábibilang sa mġa uháw sa katwiran, at hindí dapat tayong magtunggalí kun di magtulunġan.

Si Simoun ay humintóng pinigil ang buntónghiningá at pagkatapos ay banayad na nagpatuloy na palinġaslinġas ang tinġín:

—Oo, akó nǎa iyong may labíng tatlóng taón na nġayón nang naparito, na may sakít at karumaldumal ang anyô upang dulutan nǎ hulíng handóg ang isáng kaluluwang magitíng at matapát na inilaán ang búhay nang dahil sa akin. Inís nǎ isáng pamamahalàng masamá ang hilig ay naglalagál akó sa boóng mundó at maghapo't magdamág na pinunyagí ko ang makapag-apon nǎ isáng kayamanan upang masunód ang aking layon. Nġayó'y nanumbalík akó upang durugin ang pamamahalàng iyán, padaliín ang kaniyang pagkabalók, iabóy sa banġíng tinutunġo, kahì't na kailanġanin kong gamitin ang pagbahâ nǎ luhà at dugô.... Hinatulan na ang kaniyang sarili, yari na, at ayokong mamatáy nǎ hindí ko muna siyá mákitang durógduróg sa kailaliman nǎ banġín.

At iniunat ni Simoun ang kaniyang mġa kamáy na tunġó sa lupà, na waríng sa kilos na iyón ay ibig palagíin doón ang mġa labí nǎ nasirà. Ang kaniyang tinġig ay nagkaroón nǎ kasindáksindák at kalagímlagím na tunóg, na nakapanġilabot sa nag-aaral.

—Sa tawag nǎ masasamâng hilig nǎ mġa namamahala ay bumalík akó sa Kapuluang itó, at sa ilalim nǎ anyóng mánġanġalakál ay linibot ko ang mġa bayánbayán. Sa tulong nǎ aking yaman ay napasok ko ang lahát at saa't saán man ay nákit ko ang panġanġamkam sa lahát nǎ anyóng kahalayhalay, minsán ay may balát-kayô, minsa'y lantád na lantád, minsan ay ganid na nagpapakasawà sa isáng katawáng patáy, na gaya nǎ ginágawâ nǎ isáng buitire sa bangkâ, at náitanóng ko sa sariling ĳbákit hindí tumitindí sa kaniyang bituka ang kamandág, ang ptomaina, ang lason nǎ mġa libinġan upang mamatáy ang nakaririmarim na ibon? Binábayaán nǎ bangkáy na siya'y gutayín, ang buitire'y napupundakanan sa lamán, at sa dahiláng hindí ko makaya ang siya'y bigyán nǎ búhay upang makalaban sa nagpapahirap sa kaniyá, at sa dahiláng mahinà ang pagkabalók, ay pinasiglá ko ang kayamúan, aking inayunan, ang pagsalansáng sa katwiran at kapaslanġán ay nag-ibayo sa dami; aking pinalalò ang pagkakasala, ang mġa gawáng malulupít, upang ang bayan ay mahirati sa kamatayan; aking pinalagi ang ligalig upang sa pag-iwas dito ay humanap nǎ kahì't anóng kaparaanán; aking hinadlanġán ang panġanġalakal upang kung mahirap na ang bayan at pulubi na ay walâ nǎ sukát ipanġanib; aking inudyukán sa panġanġamkám upang magsalát ang kayamanang bayan, at dahil sa hindí pá sapát sa akin ang mġa bagay na itó upang gisinġin sa panghihimagsík ang bayan, ay sinugatan ko ang bayan sa dakong lalóng dádamdamín, ginawâ kong ang buitire na ang lumait sa bangkáy na nagbibigáy buhay sa kaniyá at kaniyang bulukín..... Nġuni't nang akin nǎ magagawâng sa lubós na kabulukán, nǎ pawàng yagít, na pagkakahalohalò nǎ maraming bagay na nakaririmarim, ay tumindí ang lason, nang ang pagkagahaman nǎ kayamúan sa kaniyang kalituhán ay nagdudumalí na sa pagsunggáb sa lahát nǎ abót nǎ kaniyang kamáy na waríng isáng matandâng babaing nábiglá nǎ sunog, ay sásisipot kayóng na nanġanġalandakan nǎ pagkakastilà, umaawit nǎ pag-asa sa Pamahalàan, bagay na hindí dárating; nárito't isáng lamán na kumikilos dahil sa init at búhay na dalá, malinis, batà, malusóg, kumikiníg sa dugô, sa kasiglihán, ay bigláng sásusulpót upang humandóg na mulí na warí bagong pagkain..... ¡Ah, ang kabatàang kailán ma'y mapanġarap at kulang sa pagkákilala sa mġa bagay-bagay, lagíng kasunód nǎ mġa paróparó at mġa bulaklák! Nanġagsapisapi kayó upang sa inyóng lakás ay mapagtalí ninyó nǎ talíng pulós na bulaklák, ang inyóng bayan at ang España, gayóng ang tunay ninyóng ginágawâ ay ang pagyari nǎ tanikalâng matigás pá kay sa diamante. ¡Humihinġi kayó nǎ pagkakapantáypantáy sa karapatán, pag-uugaling kastilà sa inyóng mġa hilig, at hindí ninyó nákitang ang hinġinġi ninyó'y ang kamatayan, ang pagkapawí nǎ inyóng pagkamámamayan, ang pagkaduhagi nǎ inyóng ináng-bayan, ang pananagumpáy nǎ paniniíl! ¿Anó kayó sa araw nǎ búkas? Bayang walâng budhí, bansâng walâng kalayàan; ang lahát nǎ tagláy ninyó'y pawàng hirám, sampû nǎ inyóng mġa kasiràan. ¡Humihinġi kayóng magíng parang kastilà at hindí kayó namumutlá sa kahihyan kung ipagkaít sa inyó! At kahit na ipagkaloob sa inyó ¿anó ang inyóng hanġád? ¿anó ang inyóng mátatamó? Maligaya na kayó kung magíng bayan nǎ pag-aalsá, bayan nǎ mġa digmâan nǎ mġa magkababayan, repúblika nǎ mġa mangdaragít at di nasisiyaháng loób na kagaya nǎ iláng repúblika sa timog nǎ Amérika! ¿Anó ang layon ninyó sa pagtuturò nǎ wikàng kastilà; hanġád na kahiyahiyâ kung hindí lamang nápakasamá ang ibubunġa? ¡Ibig ninyóng dagdagán nǎ isá pang wikà ang apat na pû't kung ilán pang ginagamit sa Kapulúan upang huwag kayóng lalóng magkaantiluhan!.....

—Hindí pô—ang tugón ni Basilio—kung dahil sa pagkaalam nǎ wikàng kastilà ay mápapalapít tayo sa Pamahalàan, sa isáng dako namán ay magiging sanhí nǎ paglalapítlapít nǎ mġa pulò.

—¡Laking kamalian!—ang putol ni Simoun—napadadayà kayó sa maiinam na panġunġusap at hindí ninyó tinutunġo ang latak at sinusurí ang hulí niyang ianák. Hindí magiging siyang karaniwang salitâ dito kailán man ang wikàng kastilà, hindí siya gagamitin nǎ bayan, sapagká't ang mġa bukál nǎ pag-iisip at pusò nitó ay walâng katimbáng na salitâ sa wikàng iyan; bawà't bayan ay may kaniyang sarili, gaya rin namán nǎ pangyayaring may sariling pagdaramdám. ¿Anó ang gágawín ninyó sa wikàng kastilà, kayóng iiláng gagamit? Patayín ang inyóng katanġian, isailalim nǎ ibáng utak ang inyóng mġa pag-iisip at hindí kayó magíng malayà kundí magiging tunay na alipin pa nǎ. Ang siyam sa bawà't sampû ninyóng nag-aakaláng kayó'y mġa bihasá, ay pawàng tumakwíl sa inyóng tinubúan. Ang bawà't isá sa inyó na gumagamit nǎ wikàng iyán ay napapabayàan nǎ lubós ang kaniyang sarili na hindí man maisulat ni máwatanan, at ¡ilán na ang nákit ko na nagpapakunwaríng hindí nakababatíd ni isáng bigkas man lamang nǎ salitang iyán! Salamat na lamang at mayroón kayóng isáng mulaláng pamahalàan. Samantalang ipinipilit nǎ Rusia ang wikàng ruso sa Polonia upang itó'y kaniyang maalipin, samantalang ipinagbabawal nǎ Alemanía ang wikàng pransés sa mġa lalawigang kaniyang nasakóp, ang inyóng pamahalàan namán ay nagpupunyagí na huwág alisín sa inyó ang sariling wikà, datapwà't kayó, bayang kahanġahanġa na hawak nǎ isáng



pamahalaang hindi malirip, kayó'y nagpupumilit na iwan ang inyóng katanġian sa pagkabansâ! Ang isá't isá sa inyó ay nakalilimot na samantalang ang isáng bayan ay may sariling wikà ay tagláy niyá ang kaniyáng kalayaan, gaya rin namán nġ pagtatagláy nġ tao nġ pagsasarilí samantalang tinatagláy ang kaniyáng sariling pagkukurò. Ang wikà ay siyáng pag-iisip nġ bayan. Mabuti na lamang at ang inyóng pagsasarilí'y sadyáng dárating: jinaandukhá siyá nġ mġa kalaswâán nġ tao!.....

Si Simoun ay humintô at pinahid nġ kamáy ang noo. Ang buwan ay sumisikat at iniháhatíd doon ang kaniyáng malamlám na liwanag na nakalúlusót sa puwang nġ mġa sanġá. Dahil sa naliliwanagang papaitaas nġ lámpara ang mag-aalahás, na matigás ang anyô at maputí ang buhók, ay warìng isáng multó nġ kagubatan na nagbabalak nġ kalagímlagím. Sa haráp nġ gayóng katitigás na sumbát ay nakatunġóng waláng imík si Basilio. Nagpatuloy si Simoun:

—Nákita kong binabálak ang kilusáng iyan at dumanas akó nġ magdamagang ligalig, sapagká't batíd kong sa kabataang iyan ay mayroong may tagláy na katalinuhan at pusòng maitatanġi na nagpapakalulong sa bagay na inaakalà niláng mabuti, nġuni't ang katotohana'y gumagawâ nġ laban sa kaniláng bayan.... Makailáng kong tinangkâ ang lumapit sa inyó, hubdín ang pagbabálatkayô at pawiin ang inyóng pagkakamali! nġuni't sanhí sa mġa pagpapalagáy sa akin ay marahil masamaín ang aking mġa panġunġusap at magkabisô pa'y magbunġa nġ laban sa aking akalà..... ¡Makailang tinangkâ ko ang lumapit sa inyóng Makaraig, sa inyóng Isagani! Maminsan minsan ay náisip kong silá'y patayín, lipulin.....

Si Simoun ay tumigil.

—Basilio, itó ang sanhí kung kayâ hindi ko kayó pinatáy, at máhandâ ako, na dahil sa isáng kabigláanan, balang araw ay ihayág ninyó ang aking kalagayan.... Batíd ninyó kung sino akó, alám ninyó ang aking mġa tiniís, paniwalaan ninyó akó; hindi kayó kabilang nġ karamihan na ang tinġín sa mag-aalahás na si Simoun ay isáng maglalakò na nag-uudyók sa mġa may kapangyarihan sa gawâng pamamasláng upang ang mġa naapí'y bumilí sa kaniyá nġ hiyas.... Akó ay isáng hukóm na may nasàng magparusa sa isang pamamahalà, na, ang gagawíng kasangkapan ay ang sarili niyang kasamáán; bakahin siyá sa paraang siya'y ayùin.... Kailanġan kong akó'y inyóng tulunġan, gamitin ninyó ang inyóng kayang makaakit sa kabataan upang labanan ang balíw na nasàng makikastilâ, pakikiugali, pagpapantáypantáy sa karapatán.... Sa landasing iyan ay ang magíng isáng masamâng huwad lamang ang mátatamó, at nárarapat na ang bayan ay luminġap nġ lalòng mataás. Isáng kabanġawán ang akitin ang pag-iisip nġ mġa namamahalà; mayroon na siláng takdâng balak, may piring ang mġa matá, at, bukód sa ang gayón ay isáng pag-aaksayá nġ panahón, ay dinadayâ pá ninyó ang bayan sa mġa pag-asang hindi mangyayari at nakatutulong pá kayó upang yumukò sa haráp nġ nangduduhagi. Ang dapat ninyóng gawín ay samantalahín ang kaniyáng mġa pag-aalinlanġan sa kapakinabanġán ninyó. ¿Ayaw kayóng ihawig sa kastilâ? ¡Mabuti! sa gayón ay magpakatanġi kayó sa pagbabadhâ nġ sariling kaugalian, itayô ninyó ang tuntunġan nġ bayang pilipino.... ¿Aayaw kayóng bigyán nġ pag-asa? ¡Mabuti nġâ! huwág kayóng umasa sa kaniyá, asáhan ninyó ang sarili at kumilos kayó. ¿Aayaw kayóng bigyán nġ kinatawán sa *Corte*? ¡Lalòng mabuti! Kahì't na kayó makapagpadalâ doón nġ kinatawán na náhalal nġ ayon sa inyóng hanġád, ¿anó ang magágawâ ninyó roón kun dí malunod sa gitná nġ maraming tinġig at sang-ayunan, sa pamamagitan nġ inyóng pagkakáharáp doón, ang mġa kapaslanġán at kamaliang gawín? Samantalang lalòng kauntí ang mġa karapatáng ipagkaloób sa inyó ay lalò namáng malakí ang inyóng karapatán sa pagpawí nġ pasanin at gantihín silá nġ masamá sa kasamáán. Kung ayaw iturò sa inyó ang kaniláng wikà ay pag-aralan ninyó ang inyó, inyóng pakalatin, bayàang mamalagí sa bayan ang sariling pag-iisip, at sa pagnanasang magíng isáng lalawigan ay ipalít ang hanġád na magíng bansâ, sa paghahakáng sumasalilong ay paghahakáng malayâ, ni sa hilig, ni sa salitâ ay huwág mangyaring máipalagáy nġ kastilâ na siyá'y parang nasa bahay niyá dito, ni ipalagáy nġ tagá rito na silá'y kababayan kundí manglulupig magpakailán man, dayuhan, at sa málaót mádalí'y tatamuhín ninyó ang inyóng kasarínlán. Itó ang sanhí kung kayâ hanġád kong kayó'y mabuhay.

—Ginoo, nápakalakíng karanġalan ang ipinagkaloób ninyó sa akin sa pagpapahayag nġ inyóng mġa balak upang huwag akóng magtapát at sabihin na ang hiníhiling ninyó sa akin ay higít sa makakaya ko. Akó'y hindi nakikilahók sa polítika, at kung sakaling linagdâan ko ang kahilingan sa pagtuturò nġ wikàng kastilâ ay dahil lamang sa náikikita kong iyo'y makabubuti sa pag-aaral, at walâ nang ibá. Ang aking tunġo ay ibá, ang hanġád ko'y mapagalíng lamang ang mġa sakít na dináramdam nġ aking mġa kababayan.

Ang mag-aalahás ay nápanġití.

—¿Anó na lamang ang mġa sakít nġ katawán sa sakít nġ damdamin?—ang tanóng—¿anó na lamang ang kamatayan nġ isáng tao sa kamatayan nġ isáng kalipunán? Balang araw marahil ay magiging isá kayóng bantóg na manggagamot kung pababayàang makapanggamot na mapayapà; nġuni't lalò pang dakilà yaóng makapagbigáy búhay sa lugamíng bayang itó. Kayó ¿anó ang ginágawâ ninyóng ukol sa bayang itó na kinákitaan nġ unang liwanag, nagbíbigáy búhay sa inyó at nagdudulot sa inyó nġ ikatututo? ¿Hindi ba ninyó alám na waláng kabuluhán ang buhay na hindi iniuukol sa isáng malakíng layon? Iyá'y isáng muntíng batóng natapon sa kaparanġan na hindi kasama sa pagkabuò nġ isáng bahay.

—Hindi, hindi pô ginoo,—ang pakumbabàng sagót ni Basilio—hindi pô akó humahalukipkíp, akó'y gumágawâ na gaya nġ paggawâ nġ ibá upang maibanġon sa labí nġ nakaraán ang isáng bayan na ang kaniyáng mġa tao'y nagtutulunġán at ang bawà't isá sa kanilá'y dumádamám sa sarili, nġ budhì't kabuhayan nġ kalahatán. Nġuni't kahì't anóng sigabó ang taglayín nġ mġa tao sa nġayón ay náikikilala namin na sa malakíng gawâang bayan ay dapat magkaroón nġ paghahatìhati nġ gawâ; pinilì ko ang aking gagawín at tinunġo ko ang karununġan.

—Ang karununġán ay hindi siyáng hantunġan nġ tao—ang wikà ni Simoun.

—Siyá ang tinutunġo nġ mġa bansâng lalòng bihasá.

—Oo, nġuni't parang isáng kaparaanan lamang sa paghanap nġ kaligayahan.

—¡Ang karunungan ay siyang walang paglipas, lalong kagalingan ng katauhan, lalong ukol sa sangsinukob!—ang sagot ng binata sa isang sulak ng kalooban—Sa loob ng ilang daang taon, pag ang katauhan ay matalino na't nahanjo sa kinalalagyan sa ngayon, pag walâ na ang mga lipi, pag ang lahat ng bayan ay pawang malalaya na, pag walâ ng alipin at umaalipin, sakop na bayan at nakasasakop, pag ang naghari ay isang kapangyarihan na lamang at ang tao'y naging mamamayan ng sanglupalop, ay walang malalabi kundî ang pananalig sa karunungan, ang salitang pag-ibig sa bayan ay magkakaroon ng kahulugang dalubhasang pananalig at ang sa panahong iyan ay magbunyag ng kaniyang taglay na pag-ibig sa bayan ay marahil kulungin na waring isang mapanghanib na may sakit, isang manggugulo sa pagkakasundô ng lahat.

Si Simoun ay napanjiti ng malungkot.

—Oo, oo—ang wikang iniling ang ulo—datapwa'y upang sumapit ang gayong kalagayan, ay kailangang huwag magkaroon ng mga bayang manggagahis, ni mga bayang mang-aalipin, kailangang ang tao'y maging malaya saan man pumaroon, matutuhang igalang sa karapatan ng iba ang kaniyang sariling pagkatao, at upang mangyari ito'y kailangan munang magsabog ng maraming dugô, ang pagtutunggali'y kailangan..... Upang daigin ang matandang pananalig, na sumisiil sa mga budhi, ay kinailangang ang marami ay matupok sa apoy, upang, sa panginilabot ng budhing bayan ay ihayag na malaya ang budhi ng bawâ't isang tao. Kailangan din namán na ang lahat ay tumugon sa katanungang sa araw-araw ay ginagawa ng bayan na inilalahad sa kanila ang kamay na nakatanikalâ. Ang pag-ibig sa bayan ay magiging pagkakasala sa mga bayan lamang na manglulupig sapagka't ang pagnanakaw namán ay lalagyan ng isang mainam na pangalan; nguni't kahi't maging wastong-wastô na ang katauhan ay magiging isang kabanalan din ang pag-ibig sa tinubuan, sa mga bayang sakop, sapagka't sa lahat ng sandali'y may kahulugang pag-ibig sa katwiran, pag-ibig sa kalayaan, pag-ibig sa karanalan. Ang kalakhan ng isang tao'y hindi ang magpaua sa kaniyang kapanahunan, bagay na hindi namán mangyayari, kundî ang hulâan ang kaniyang mga adhika, tugunan ang kaniyang mga pangangailangan at turuan siyang magpatuloy sa lakad. Ang mga "genio" na inaakala ng karamihan na nagpaua sa kanilang kapanahunan, ay namamalas lamang na gayon sapagka't tinatanaw silang mula sa malayo ng mga sumusuri, o inaakalang daang taon ang buntot na nilalakaran ng mga nahuhuli.

Si Simoun ay tumigil. Nang nakitang hindi mapasigabo ang malamig na kaluluwang iyon, ay gumamit ng ibang pangangatwiran, at tumanong na iniba ang pagsasalita.

—At sa ala-ala ng inyong ina at kapatid ano ang ginagawa ninyo? sukot na ba ang sa taon taon ay pumarito at tumaghoy na wari'y babai, sa ibabaw ng libingan?

At tumawa ng pakutyâ.

Tumama ang tudla; si Basilio'y nagbagong anyo at humakbang ng isang hakbang.

—Ano ang ibig ninyong gawin ko?—ang tanong na nagnangalit—Walang pagkunan nang kailangan, walang katanngian matatamo ko baga ang katwirang laban sa mga pumatay sa kanila? Isa pa akong masasawi, at madudurog akong kagaya ng kaputol na salaming ipukol sa isang batong buhay. ¡Ah, masama ang ginawa ninyong ipaalala pa sa akin, sapagka't iya'y isang walang kabuluhang pagtangki sa sugat!

—At kung ihandog ko sa inyo ang aking tulong?

Iginalaw ni Basilio ang ulo at nag-isip.

—¡Lahat ng pagtatagumpay ng katwiran, lahat ng higanti sa lupa, ay hindi makapagbibigay buhay pang muli sa isang buhok man lamang ng aking ina, hindi makapagpapasariwa ng isang ngiti sa mga labi ng aking kapatid! Matulog na silang mapayapa.... ano ang mahihita ko kahi't maghiganti?

—Iwasan na tiisin ng iba ang inyong tiniis, upang sa susunod ay maiwasang magkaroon pa ng mga anak na pinatay at mga inang napilitang maolol. Ang pagpapaumahan ay hindi laging kabaitan, siya'y kasamaan pag naguudyok sa paniniil: walang mang-aalipin doon sa walang napaaalipin. ¡Ay! ang tao'y sadyang may kasamaan, na kailan ma'y nagpapakalabis pag nakakatagpo ng uma-alinsunod. Gaya ninyo'y ganyan din ang paghahaka ko, at alam ninyo kung ano ang aking sinapit. Binabantayan kayo gabi't araw ng mga may pakanâ ng inyong kasawian; naghinalang kayo'y nag-aantay ng isang sadyang panahon; inaakalang isang mahigpit na hanjâd na makaganti ang inyong pagpupunyaging matuto, ang inyong hilig sa pag-aaral, sampu ng inyong pananahimik.... Ang araw na magagawang kayo'y pawiin ay papawiin kayo na gaya ng ginawa sa akin, at hindi kayo papayagang lumaki, sapagka't kayo'y kinatatakutan at kinamumuhan.

—Kamuhian ako? Kamuhian pa ako matapos ang masamang ginawa sa akin?—ang tanong na pamangha ng binata.

Si Simoun ay humalakhak.

—Katutubo ng tao ang mamuhâ doon sa inapi niya, ang sabi ni Tacito na pinatibayan ang *quos læserunt et oderunt* ni Seneca. Kung ibig ninyong masukatan ang mga ginagawang pang-aapi o kabutihan ng isang bayan sa kapuwa, ay walâ kayong ibang dapat gawin kundî tingnan na lamang kung kinamumuhan o minamahál. At sa ganyan ay naliliwanagan na kung bakit ang ilang yumaman dito, mula sa mga matataas na katungkulang ginanap, ay pawang pag-alimura at pag-alipusta ang ipinatutunkol sa kanilang pinahirapan, pagbalik sa España. *Proprium humani ingenii est odisse quem læseris*.

—Datapwa'y kung ang mundo ay malaki, kung binabayang matahimik sa kanila ang kapangyarihan.... Kung walâ akong ibang hinihinji kundî ang gumawa, bayang akong mabuhay.....

—¡At magkaroon ng mga anak na mapayapa na pagkatapos ay ilalaan sa pahirap!—ang patuloy ni Simoun na pakutyang ginayahan ang pag-bigkas ni Basilio ng mga salita—¡Kay inam na kinabukasan ang inihahanda ninyo sa kanila, at pasasalamat sa inyo ang isang kabuhayang pawang pangangayupapa at paghihirap! ¡Mabuti, binata! Pag ang isang katawan ay hindi na kumikilos ay hindi na kailangang siya'y

patibayin. Dalawang pûng taóng ganáp na pagkaalipin, na panġanġayupapàng walàng likat, walàng hulaw na pagkakaratay, ay nakalilikhá sa kaluluwá nġ isáng pagkahukót na hindi maitutuwid sa isáng araw. Ang mabubuti ó masasamâng kalooban ay minamana at nagkakasalinsalin sa mġa magulang at mġa anak. Mabuhay na nġâ ang inyóng kaigaigayang mġa paghahakà, mabuhay ang panġarap nġ alipin na walàng hiníhingî kundî kaunting bunót na sukat maibalot sa tanikalâ upang mapahinà ang kalansíng at nġ huwag masugatan ang kaniyáng balát! Ang hinahanġád ninyó’y isáng munting tahanan na may kaunting kaluwagan; isáng asawa’t kaunting bigás: iyán ang lalaking pinakamagalíng sa Pilipinas! Siyá, kung ipagkaloob sa inyó ang bagay na iyán ay akalàin na ninyóng kayó’y mapalad.

Si Basilio na nahirati sa pagsunód at sa pagtitiís sa kainitan nġ ulo nġ kapitáng Tiago, at nabighani kay Simoun na namamalas niyáng kasindáksindák at kakilakilabót sa gitná nġ isáng lagáy na tigmák sa luhà at dugô, ay nagnasàng manġatwiran, sa pagsasabing walâ siyáng kakayaháng manghimasok sa polítika, na walâ siyáng masasabi, sapagká’t hindi niyá napag-aaralan ang bagay, nġuni’t kailan ma’y handâ siyáng maglingkód, sa araw na hilingín sa kaniyá, na sa mġa sandalíng iyón ay walâ siyáng nákitang kailanġan liban sa ang bayan ay mátuto, at ibp. Pinigil ni Simoun ang kaniyáng salitâ sa isáng galáw, at sa dahiláng malapit nang mag-umagá, ay nagsabing:

—Binatà, hindi ko ipinagbibilin sa inyó na itagò ang aking lihim, sapagká’t batíd ko na ang pagkamalihim ay isá sa inyóng ugaling tagláy, at sakâ ang isá pa’y kahi’t na ibigin ninyóng akó’y isuplóng ay unang paniniwalaan ang mag-aalahás na si Simoun, ang kaibigan nġ mġa may-kapangyarihan at nġ mġa parì, kay sa nag-aaral na si Basilio, na pinaghihinalaan nang pilibustero, sa dahiláng siyá’y taga ritong nátatanġi at nábabantóg, at sapagká’t sa ninanasàng mátutuhan ay makakátagpô nġ malalakás na kalaban. Gayón mán, kahi’t hindi ninyó tinugunán ang aking pag-asa, sa araw na magbago kayó nġ paghahakà, ay hanapin ninyó akó sa aking bahay sa Escolta at paglilingkurán ko kayó nġ boňng lugód.

Napasalamat si Basilio at lumayô.

—Námali kayâ akó nġ tukoy?—ang bulóng ni Simoun nġ siyá’y nag-iisá na—alinlanġan kayâ sa akin ó lubhâng lihim na binabalak ang kaniyáng higantí kayâ’t ipinanġanġambáng ipagkatiwalà sampû sa katahimikan nġ gabí? Ó kayâ’y sa dahiláng pinawì na sa kaniyáng pusò ang damdaming pagkatao nġ mahabàng panahóng pamamanġinoon at walàng inilabí kundî ang hilig pagkahayop na mabuhay na lamang at magpadami nġ lipì? Kung gayón ay sirâ ang bubuán at ang nararapat ay tunawing mulí.... Ang pagkakamatáy nġâ ay kailanġan na: mamatáy ang mġa walàng kaya at málabí ang mġa lalòng malakás.

At mapanglâw na nagpatuloy, na waríng may katunġo:

—Magtiístiís muna kayó, kayóng mġa nagpamana sa akin nġ isáng panġalan at isáng tahanan, magtiístiís muna kayó! Lahát ay nawalâ sa akin, ang bayan, ang kinabukasan, sampû nġ inyóng mġa libinġan.... nġuni’t magtiístiís muna kayó! At ikáw budhíng maranġál, dakilàng kaluluwá, pusòng mapaglingġap na nabuhay sa ísáng hanġad lamang at ipinará mo ang iyóng buhay na hindi man nag-antáy nġ pasasalamat at paghanġà nġ kahit sino, magtiís ka muna, magtiís tiís ka! Ang mġa kaparaanang ginagamit ko ay hindi marahil ang ginamit mo, nġuni’t siyáng lalòng madalí.... Nálalapít na ang araw, at pagliliwanag ay akó na rin ang magbabalitâ sa inyó: ¡Magtiístiís muna kayó!

## ¡MABUTING PASKÓ!

Nang imulat ni Hulí ang namumuktông matá ay nákitang madilím pá ang bahay. Nagtitilaok ang mġa manók. Ang unang pumasok sa kaniyáng kalooban ay ang sapantahang marahil ay gumawâ nġ isáng himalâ ang Birhen at ang araw ay hindi sisilang kahi't na inaanyayahan nġ mġa manók.

Nagbanġon siyá, nag *angtanda*, taimtím na dinasál ang kaniyáng mġa dalanġin sa umaga at lumabás sa batalán, na pinag-iinġatang huwag may kumalatis sa kaniyáng paglakad.

Waláng himalâ; ang araw ay sisikat na, ang umaga'y magiging maliwanag, ang simuy ay may daláng lamíg, ang mġa bituwín sa silanġanan ay lumálamlám at ang mġa manók ay naglalalò sa kaniláng pagtitilaok. Ang gayó'y malabis na paghinġi; madalí pang magawâ nġ Birhen ang magpadalá nġ dalawáng daa't limang púng piso! ¿Anó na lamang sa kaniyá, siyá na Iná nġ Dios, ang magbigáy noon? Nġuni't sa ilalim nġ larawan ay waláng nátagpûán kundí ang sulat nġ kaniyáng amá na humihínġi nġ limáng daang pisong pangtubós.... Walâ nġ daan kundí ang lumakad. Nang mákitang ang kaniyáng lelong ay hindi kumikilos, ay inakalàng natutulog, at naglutò na siyá nġ salabát na pang-agahan. ¡Katakátaká! Siyá'y panatag at warí pang ibig mátawá. ¿Anó kayâ ang dinamdám niyá't naghinagpís nġ katakottakot nġ gabíng yaón? Hindi namán siyá málalayô, maaaring dalawin sa tuwíng makalawá ang bahay; mákikita siyá nġ kaniyáng lelong, at tungkol namán kay Basilio ay malaon nġ alám ang masamáng lakad nġ usap nġ kaniyáng amá, kayâ't madalás na sabihin sa kaniyá na:

—Pag akó'y nagíng médiko at mákasal na tayo ay hindi na kakailanġanin nġ amá mo ang kaniyáng mġa lupáin.

—¡Malakíng kahanġalán ang nágawâ kong panggigipuspós!—anyá sa sarili samantalang inaayos ang kaniyáng tampipi.

At sa dahiláng násaġi nġ kaniyáng mġa dalirí ang agnós ay inilapit sa kaniyáng labí, hinagkán, nġuni't kinuskos kaagad ang bibíg dahil sa takot na máhawa; ang agnós na iyon na may brillante at esmeralda ay galing sa isáng ketonġin.... ¡Ah! kung magkagayón, kung siyá'y magkaroon nġ gayóng sakít, ay hindi na siyá mag-aasawa.

Sa dahiláng naglíliwanág na at nákita ang kaniyáng lelong na nakaupô sa isáng sulok, na sinusundán nġ tinġin ang laháť nġ kaniyáng kilos, ay kinuha ang kaniyáng tampipi nġ damít at nakanġitíng lumapit upang humalík nġ kamáy. Benindisionan siyá nġ matandâ na waláng kaimíkímik. Nagbirò pá siyá.

—Pagdatíng ni tatay ay sabihin ninyóng nápasok din akó sa kolehiyo: ang panġinoon ko'y marunong nġ kastilâ. Itó ang mura sa laháť nġ kolehiyong mákikita.

At nġ mákitang napupunô nġ luhâ ang mġa matá nġ matandâ ay sinunong ang tampipi at matuling pumanaog sa hagdanan. Ang kaniyáng sinelas ay masayang tumutunóg sa mġa baitang na kahoy.

Nġuni't nġ lumingón upang tumanáw pang mulí sa kaniyáng bahay, ang bahay na kinapawian nġ kaniyáng kabatâan, at kinasilanġan nġ kaniyáng mġa unang panġarap sa pagkadalaga; nġ mákita niyáng malungkót, nagíisá, waláng tao, sa mġa durunġawáng nakalapat nġ kaunti ay waláng nakadunġaw at madilím na gaya nġ mġa matá nġ isáng patáy; nġ madingíg ang mahinàng kaluskós nġ kakawayanan at nákitang nanġagduduyan dahil sa simuy sa umaga na waríng nagsasabi sa kaniyáng “paalam”, ay nawalâ ang kaniyáng maliksíng kilos, nápahintô siyá, ang kaniyáng mġa matá'y napunô nġ luhâ at matapos magpatiupô sa isáng sanġá nġ kahoy na nasa tabíng daan ay umiyák nġ kahapishapis.

Malaon nang nakaalís si Hulí at mataás nġ lubhâ ang araw. Si tandâng Selo ay nakadunġaw at tinátanáw ang mġa nakagayák na taong tunġo sa bayan upang magsimbá sa *misa mayor*. Halos laháť ay may dalá ó kayâ'y kilik na batâng lalaki ó batâng babai na nabibihisang warí'y tunġo sa isáng kapistahan.

Ang kaarawán nġ Paskó sa Pilipinas, ayon sa matatandâ, ay pistá nġ mġa batâ; marahil ay hindi kasang-ayon sa gayóng akalâ ang mġa batâ, at mahihinalàng kanilá pang kinatatakutan ang araw na iyón. At gayón nġa marahil, sapagká't ginigising siláng maaga, linilinis, binibihisan at isinusuót sa kanilá ang laháť nġ kagayakang bago, mahal at mainam na mayroon silá, mġa sapatos na sutlá, malalakít malalapid na sombrero, damít na lana, sutlá ó tersiopelo, kasama ang apat ó limáng maliliít na kalmen na may daláng ebanhelio ni San Juán, at matapos na matagláy ang laháť nġ yaón ay dinadalá silá sa *misa mayor* na kulángkuláng sa isáng oras ang habâ, pinagtitiís silá nġ init at sinġaw nġ maraming taong nagkakasiksikan at nagpapawís, at kung hindi man silá pinagdadasál nġ rosario ay kailanġan namán nilá ang huwag maglilikót, mayamót ó mákatulog. Sa bawâ't kagasláwáng makapagpapadumí sa damít ay isáng kurót ó isáng galit ang katugón; kayâ't hindi man silá tumatawa ni naggagalák at nábabasa sa kaniláng mġa matá ang pag-aalaala sa lumàng kamisola na pang-araw-araw at ang pag tutol sa tungkol may burdá. Matapos yaón ay dinádalá silá sa mġa baháy baháy nġ mġa kamag-anakan upang humalík nġ kamáy; doon ay kailanġan nilá ang magsayáw, umawit at sabihin ang laháť nġ ikatutuwâng nálalaman, sa ibig man ó sa ayaw, suot ó hindi man ang kaniláng masisikip na bihis, na kasama rin ang kurót at galit pag sumuway ó gumawâ noong bagay na dí iniuutos sa kanilá. Binibigyan silá nġ kualta nġ mġa kamag-anak, nġuni't karaniwang hindi man nilá másilip pagkatapos, sapagká't kinukuha nġ kaniláng mġa magulang. Ang tanġing bagay na kaniláng nápapalâ sa mġa kapistahang yaón ay ang mġa bakás nġ kurót na tinuran, ang mġa kasikipán at madalás pa'y isáng pagkasirâ nġ sikmurâ dahil sa pagkabundát sa matamis ó biskotso sa bahay nġ mġa kamag-anak. Datapwâ'y yaón ang kaugalian at ang mġa batâ'y pumasok sa kabuhayan sa gayóng paraan, na sa isáng dako'y siyáng pinaká hindi malungkot, ang pinaká lalóng hindi mahirap sa kabuhayan nġ mġa taong yaón.

Ang mġa taong may kagulanġan na, may sarili nang pamumuhay, ay nákalalahók din sa kapistahang itó.

Dumadalaw sa kaniláng m̃ga magulang at m̃ga minamà, iluluhód ang isáng paa at babatiín ñg magandáng paskó: ang kaniláng aginaldo ay isáng matamís, isáng bunġang kahoy, isáng basong tubig ó isáng muntîng handóg na walâng halagá.

Napagmamasdán ni tandâng Selo ang pagdaraan ñg kaniyáng m̃ga kaibigan at malungkót na iniisip na walâ siyáng maibibigáy na aginaldo sa kanġino man ñg taóng iyón at ang kaniyáng apó ay umalís na walâng tagláy na aginaldo at hindî man lamang siyá nábatì ñg magandáng paskó. ¿Isá kayâng kahihinán iyón ni Hulí ó isáng pagkalimot lamang?

Nang sinalubong ni tandâng Selo ang m̃ga kamag-anakang dumatíng na dalá ang kaníkaniláng m̃ga anak ay hindî makabigkás ñg anománg salitâ, kayâ't sa sarili niyá'y námanghâ; walâng nangyari sa pagpupumilit, hindî nakabanggít ñg isá mang sabi. Pinigilan ang kaniyáng lalamunan, pinailíng ang ulo, hindî rin maarì! ¡nagnasàng tumawa at ang kaniyáng m̃ga labì ay kumimbót lamang! ang tanġìng napalabás sa kaniyáng bibíg ay isáng ipít na tunóg na kagaya ñg sa hungkóy. Gulilát na nanġagkatinġinan ang m̃ga babai.

—¡Pipí, pipí!—ang sigawang balót ñg sindák at nanġagkaguló.

## IX SI PILATO

Ang balitâ n̄g gayóng kasawián ay dumatíng sa bayan; kinahabagán n̄g ilán at kinibít na lamang n̄g ibá ang kaniláng balikat. Waláng may kasalanan sa pangyayaring yaón at ang sino ma'y waláng masisisi.

Ni hindi man namilíg ang teniente n̄g guardia sibil; tumanggáp siyá n̄g utos na samsamín ang lahat n̄g armás, at siyá'y tumupád sa kaniyang katungkulan; inuusig niyá ang m̄ga tulisán kailan ma't magagawâ ang gayón, at n̄g bihagin si kabisang Tales ay linakad niyá agad ang pag-uusig at inauwí niyáng balití sa bayan ang limá ó anim na taong bukid na kaniyang pinaghinalàan, at kung hindi napasipót si kabisang Tales ay sapagká't walâ sa bulsá ni sa balát n̄g m̄ga hinuli na pinakaigihan sa palò.

Kinibít n̄g uldóg na tagapan̄gasiwà sa *hacienda* ang kaniyang balikat. Walâ siyang pakialám sa bagay na iyón; kagagawán n̄g tulisán! at siyá'y tumútupád lamang sa kaniyang katungkulan. Tunay n̄gàng kung hindi siyá nagsumbóng ay hindi marahil sinamsám ang m̄ga armás at hindi marahil nábihag si kabisang Tales: n̄guni't siyá, si Fr. Clemente, ay kailan̄gan niyá ang mag-in̄gat at ang Tales na iyón ay may isáng tingíng wari'y humahanap n̄g dakong patatamàan sa kaniyang katawán. Ang pagsasanggaláng sa sarili ay katwiran. Kung may tulisán man ay hindi niyá kasalanan; hindi niyá katungkulan ang umusig: katungkulan iyón n̄g guardia sibil. Kung si kabisang Tales ay namalagì sa kaniyang tahanan at hindi naglibót sa kaniyang m̄ga lupaín ay hindi sana nábihag. Yaón ay isáng parusa n̄g lan̄git sa lahat n̄g m̄ga lumalaban sa m̄ga utos n̄g kaniyang “corporación”.

Nabatíd ni Hermana PENCHANG, ang matandâng mapanatang pinaglilingkuran ni Hulí, ang nangyari: bumigkás n̄g dalawá ó tatlong *susmariosep!*, nag-angtandâ at nagsabing:

—Kung kayâ tayo pinadadalhán n̄g Dios n̄g ganyáng parusa, sa kadalasan, ay dahil sa tayo'y makasalanan ó kayâ'y mayroon tayong m̄ga kamag-anak na makasalanan na dapat sanang turúan natin n̄g kabaitan, n̄guni't hindi natin ginawâ.

Sa pagsasabi nang “*kamag-anak na makasalanan*” ay si Hulí ang tinutukoy; sa ganáng sarili n̄g matandâ ay lubhâng makasalanan si Hulí.

—Sukat ba namáng ang isáng dalagang maaari n̄g mag-asawa ay hindi pá marunong magdasál! Jesús, anóng lakíng pagkakasala! ¿Dapat ba namáng bigkasín n̄g tunggák na iyón ang *Dios te Salve María* n̄g hindi humihintô sa *es contigo*, at ang *Santa María* ay waláng patláng sa *pecadores*, na gaya n̄g ginagawâ n̄g sino mang mabuting kristiana na may takot sa Dios? *Susmariosep!* ¡Hindi nakaaalam n̄g *oremus gratiam* at ang sinasabi'y *mentibus* at hindi *méntibus!* Ang sino mang makakadin̄gíg sa kaniyá ay mag-aakalàng ang sinabi'y *suman sa ibus*. *Susmariosep!*

At nag-aantandâng wari'y dí mápalagáy at nagpapasalamat sa Dios na pinayagang máhuli n̄g tulisán ang amá upang maalís sa pagkakasala ang anak at mātuto n̄g kabaitan, na alinsunod sa sabi n̄g kura, ay dapat taglayín n̄g bawâ't babaing kristiana. At dahil dito'y kaniyang pinipigil, hindi pinadadalaw sa nayon upang kalin̄gàin ang nunò. Kailan̄gan ni Hulí ang mag-aral, magdasál, basahin ang mumunting aklát na ikinákalát n̄g m̄ga prayle at gumawâ hanggáng sa mabayaran ang dalawang daan at limang pûng piso.

Nang maalamang tumun̄go si Basilio sa Maynilà upang kunin ang salapîng naiipon at n̄g matubós si Hulí sa bahay na pinaglilingkurán, ay inakalà n̄g babai na ang dalaga'y masasawí na at pakikiharapán n̄g diablo na mag-aanyong kagaya ni Basilio. ¡Kahit na nakaiinip, ay lubhâng makatwiran iyóng munting aklát na ibinigáy sa kaniyá n̄g kura! Ang m̄ga binatang tumun̄go sa Maynilà upang mag-aral, ay nan̄galiligaw at nangliligaw pá n̄g ibá. At sa pag-aakalàng inililigtás niyá si Hulí ay ipinag-uutos dito na basahin muli't muli ang aklát ni *Tandang Basio Makunat* at pinapararoon sa bahay-parì upang makipagkita sa kura, na kagaya n̄g babaing pinakakapuri n̄g prayleng kumathâ.

Samantala namá'y nagsásayá ang m̄ga prayle; nanalo na silá sa usapín at sinamantalá ang pagkakabihag kay kabisang Tales upang ibigáy sa humin̄gí ang m̄ga lupaín nitó na waláng muntí mang karan̄galan, ni waláng kahiyâhiyâ. Nang dumatíng ang dating mayari at nabatíd ang m̄ga nangyari, n̄g mákitang inaari n̄g ibá ang kaniyang m̄ga lupaín, yaóng m̄ga lupaíng nagíng sanhi n̄g ikinamatáy n̄g kaniyang asawa't anak; nang matagpûang pipi ang kaniyang amá, ang kaniyang anak ay naglilingkód na parang alilà, at tumanggáp pá n̄g isáng utos, na bigáy n̄g tinintí sa nayon, upang alisín ang m̄ga lamán n̄g bahay at iwan itó sa loob n̄g tatlong araw, ay umupò si kabisang Tales sa piling n̄g kaniyang amá at hindi man halos nan̄gusap sa boong maghápon.

## KAYAMANA'T KARALITAAN

Kinabukasan, sa gitnâ n̄ pagkakamanghâ n̄ boong nayon, ay nakituloy sa bahay ni kabisang Tales ang manghihiyas na si Simoun na may kasamang dalawáng bataán na may pasáng malalaking takbá na nababalutan n̄ lona. Sa gitnâ n̄ kaniyang pagdadálitâ ay hindî nalilimutan ni Tales ang magandang ugali n̄ tagarito, kayâ't nagugulumihanan sapagkâ't walâ siyang sukat maíhandóg sa dayuhang yaón. Datapwâ'y may tagláy nang lahát n̄ bagay si Simoun, m̄ga alilà at kakanin, at walâ siyang nais kun dí ang manirahan n̄ isáng gabí't isáng araw sa bahay na iyón, sapagkâ't siyang pinakamalakí sa nayon at sa dahilang nápagitnâ sa San Diego at sa Tiani, m̄ga bayang inaakalà niyang may maraming mámimili. Inusisâ ni Simoun ang kalagayan n̄ m̄ga daan at itinanóng kay kabisang Tales kung sukat na ang kaniyang rebolber upang makapagtanggól sa m̄ga tulisan.

—May m̄ga baríl na malayò ang abót—ang sabi ni kabisang Tales na nátatanġá.

—Hindî na páhuhulí ang rebolber na itó—ang sagót ni Simoun na nagpapatók, na ang pinatamàán ay isáng punong bunġa na may dalawáng daang hakbáng ang layò.

Námalas ni kabisang Tales ang pagkahulog n̄ ilang bunġa, n̄guni't hindî umimík at nagpatuloy sa pag-ísip.

Untí untíng dumadating ang m̄ga taong akay n̄ kabantugán n̄ m̄ga hiyás na dalá n̄ mag-aalahás: isá't isá'y nagbabatián n̄ maligayang paskó, nanġag-uusap n̄ tungkól sa misa, m̄ga santó, masamang ani, n̄guni't gayón man ay gúgugulin ang kaniláng naiipon sa pagbilí n̄ m̄ga bató at m̄ga bagay bagay na galing sa Europa. Balitang balitâ na ang mag-aalahás ay kaibigan n̄ Capitan General at hindî magiging isáng kalabisán ang pakikipagkilala sa kaniyâ dahil sa m̄ga bagay na bakâ mangyari.

Si kapitáng Basilio ay dumating na kasama ang kaniyang asawa, ang kaniyang anak na si Sinang at ang kaniyang manugang, na nanġahahandâng gumugol n̄ hindî bábabâ sa tatlong libong piso.

Nároroon si Hermana Penschang upang bumilí n̄ isáng singsing na brillante na ipinangakò niyâ sa Birhen sa Antipolo; iniwan niyâ sa bahay si Hulí na isinasaulo ang isáng muntíng aklát na nábilí niyâ n̄ dalawáng kualta sa kura; ang arsobispo ay nagbibigáy n̄ apat na pung araw na *indulgencia* sa sino mang bumasa ó makadinġig n̄ pagbasa n̄ aklát na iyón.

—Jesús!—ang sabi n̄ mabaít na mapanata kay kapitana Tikâ—ang kaawâ-awang batang iyán ay lumakí ditong wari'y kabutíng itinaním n̄ tikbalang!.... May makálimáng púng ipinabasa ko n̄ malakás ang aklát n̄guni't walang náisaulo ni bahagyâ; waring isáng buslò ang ulo, na, punò lamang sámantalang nasa sa tubig. Marahil ay hindî lamang dalawáng púng taóng *indulgencia* ang aming tinamóng lahát, sampú n̄ aso't pusâ sa pakikinġig sa kaniyâ.

Inihandâ ni Simoun sa mesa ang dalawáng takbá na kaniyang dalá: ang isá'y malakílakí kay sa isá.

—Marahil ay ayaw kayó n̄ hiyás na *double* ni batóng huwad lamang.... Itóng ali—ang sabing tinukoy si Sinang—ay brillante marahil ang ibig.....

—Iyán n̄gâ pô, m̄ga brillante at m̄ga matatandâng brillante, m̄ga matatandâng bató ġhá pô?—ang sagót—ang magbabayad ay si tatay at ibig niyâ ang m̄ga matatandâng bagay, m̄ga bató sa una.

Kung gaano ang pagbibirò ni Sinang sa kakaunti at masamá pang latín na nalalaman n̄ kaniyang asawa ay gayón din namán ang sa maraming latín na nalalaman n̄ kaniyang amá.

—Sadyâ n̄gâ pông mayroon akong m̄ga hiyás na lubhâng matatandâ—ang sagót ni Simoun, na inalís ang balot n̄ muntíng takbá.

Yaó'y isáng sisidlang bakal, na patalím na kininis, at maraming palamuting *bronse* at m̄ga matitibay at pasuotsuot na panará.

—Mayroon pô akóng m̄ga palamuti n̄ liig ni Cleopatra, m̄ga sadyang tunay, na nákuha sa m̄ga pirámide, m̄ga singsing n̄ m̄ga senador at m̄ga ginoong romano na nákuha sa m̄ga labíng muog n̄ Cártago.....

—Marahil ay ang m̄ga ipinadalá ni Anibal n̄ matapos ang labanán sa Cannes!—ang sabing walang kapingaspingas na birò at lipús kagalakan ni kapitáng Basilio.

Ang mabuting ginoo natin, kahit na nakábasa n̄ maraming kasulatan na ukol sa matatandâng kapanahunan ay hindî pá nakákikita n̄ m̄ga bagay bagay n̄ panahóng iyón dahil sa walang *museo* dito sa Pilipinas.

—May dalá rin akó ritong m̄ga mahahalagáng hikaw n̄ m̄ga maranġal na babaing romana, na nákuha sa bahay liwaliwan ni Antonio Mucio Papilino sa Pompeya.....

Iginagalaw ni kapitáng Basilio ang kaniyang ulo, na ang ibig sabihin ay alám niyâ ang m̄ga bagay na tinuran, at ninanasâ niyang mamalás kaagád ang m̄ga mahahalagáng labíng iyón. Sinasabi namán n̄ m̄ga babai na ibig nilang magkaroon n̄ galing sa Roma, m̄ga kuwintás na benenditahan n̄ Papa, m̄ga *reliquias* na nakapagpapatawad n̄ m̄ga kasalanan na hindî na kailanġan ang manġumpisál, at ibp.

Nang mabuksán ang takbá at maalís ang bulak na panakíp, ay námalas ang isáng lalagyang punò n̄ singsing, agnós, *guardapelo*, krus, alpiler, at ibp. Ang m̄ga brillante na sinaglitán n̄ m̄ga batóng may sarisaring kulay ay kumíkinang at nagniningning sa gitnâ n̄ m̄ga bulaklák na gintò na ibá't ibá ang kulay, may gisuk na *esmalte* at may sarisaring liluk at kudyá.

Inalís ni Simoun ang bandeha at lumitaw ang isá namang punò n̄ m̄ga kahanġahanġang hiyás na dapat n̄ makasiyâ sa pitóng binibini sa pitóng araw na sa kinabukasan ay magdadaós n̄ sayawang paranġal sa

kanilá. Ang ayos ay sarisari, mġa pagkakasaglitsaglít nġ mġa bató at perlas na anyông mġa hayuphayupang may mġa kulay bugháw at balok na nanġanġaninag; ang mġa sápiro, esmeralda, rubí, turkesa at brillante ay magkakasamang anyông tutubí, paróparó, panilan, pukyutan, uwang, ahas, himbubuli, isdá, bulaklák, kumpól, at ibp.; may sukláy na ayos diadema, gargantilya, pamuti nġ liig na perlas at brillante, na dahil sa kagandahan ay hindí tulóy napigil nġ iláng dalaga ang isáng pahanġàng ¡nakú! at si Sinang ay napapalaták, kayâ't kinurót siyá nġ kaniyáng ináng si kapitana Tiká, sapagká't baká lalông mahalán nġ mag-aalahás ang daláng lakò. Patuloy pá rin si kapitana Tiká sa pagkurót sa kaniyáng anak kahit may asawa na.

—Hayan pô ang mġa brillante sa una—ang sabi nġ mag-aalahás—ang singsing na iyán ay inari nġ princesa Lamballe, at ang mġa hikaw na iyán ay sa isáng dama ni María Antonieta.

Ang itinurò'y iláng magagandang brillante na kasinglakí nġ butil nġ maís, ang kintáb ay manġasúlnġgasul, mainam, na waring tagláy pá nilá ang mġa panġinġilabot noong kapanahunang tinawag na “*mġa araw nġ hilakbót*”.

—¡Ang dalawang hikaw na iyán!—ang sabi ni Sinang na ang tinġín ay sa kaniyáng amá at ipinagsasanggaláng nġ kamáy ang bisig na nálalapít sa kaniyáng iná.

—Ibáng lalò pang matatandâ, ang mġa romana—ang sagót ni kapitáng Basilio na sabáy ang kindát.

Inisip nġ mapanatang si Hermana Penchang na kung yaón ay ihandóg niyá sa Birhen sa Antipolo ay pahihinuhod at ipagkákaloób ang kaniyáng pinakamasidhġng hanġád: malaon nġ humihinġi siyá nġ isáng kababalagháng bunyág na kahalò ang kaniyáng panġalan upang huwag nang mapawì ang pag-aalala sa kaniyá dito sa lupà, at pagkatapos ay magtulóy sa lanġit, gaya ni kapitana Inés nġ mġa kura, kayâ't itinanóng ang halagá. Nġuni't tatlóng libong piso ang turing ni Simoun. Ang matandang babai'y *nag-angtanda*. ¡Susmariosep!

Inilahad ni Simoun ang panġatlong lalagyán.

Punôngpunò nġ mġa orasán, kalupi, lalagyán nġ pósporo at mġa agnós na pinamutihan nġ brillante at maninipís na mumuntġng larawang esmalte.

Ang pang-apat ay siyáng kinalalagyán nġ mġa lagás na bató, at nġ buksán, ay isáng paghanġà ang kumalat sa bahay; nápapalaták na mulí si Sinang, kayâ't kinurót siyá nġ kaniyáng iná, nġuni't itó mán ay nakabitw din nġ isáng pahanġàng ¡Sus María!

Hanggáng sa mġa sandalġng iyón ay walâ pang nakákikita nġ gayóng karaming kayamanan. Sa kahóng iyon, na may balot na tersiopelong bugháw na manġitimnġitim, na may mġa halang, ay namamakás ang katunayan nġ mġa panġarap sa “Isáng libo't isáng gabí”, ang panġarap nġ mġa salamisim sa kasilanġanan. Mġa brillanteng kasinglakí nġ mġa garbansos na nagkikinangang nagtatapon nġ kisláp na nakasisirà nġ matá, na waring ibig matunaw ó mag-alab sa kintáb; mġa esmeraldang galing sa Perú na ibá't ibá ang tapyás at ayos, mġa rubí sa India na mapupuláng wari'y paták nġ dugò, mġa sápiro sa Ceylán na bugháw at putí, mġa turkesa sa Persia, perlas na makinis ang balát, na ang ilan sa kanilá'y namumulámulá, manġabónġabó at maitím. Ang makabubulay nġ anyò nġ sisidlang iyon, ay yaóng nakakita lamang sa gabí nġ isáng kuwitis na nagsabog nġ mumuntġng liwanag na sarisaring kulay, na ang kináng ay nakapagpapalamlám sa mġa waláng kupas na bituwin.

Waring upang lalông maragdagán ang pagkakamanghá nġ mġa kaharáp ay hinalòhalò ni Simoun ang mġa bató nġ kaniyáng kayumangí at mahabang dalirì at waring naiigaya sa tagintġng at sa pagdudulasang wari'y paták nġ tubig na nagbibigáy kulay sa bahag-hari. Ang kináng nġ gayóng maraming tapyás at ang kahalagahan nilá'y nakaakit sa mġa matá. Si kabisang Tales, na lumapit dahil sa nasang makakita namán, ay ipinikit ang mġa matá at lumayong biglá na waring upang mapawì ang isáng masamang akalà. Ang gayóng karaming kayamanan ay waring nakaalipustâ sa kaniyáng kahirapan; naparoon ang taong yaon na ipinagpaparanġalan ang kaniyáng malaking yaman sa kasunód pá namán nġ araw na iíwan niyá ang bahay na iyon dahil sa kakulanġán sa salapí at sa sukat mag-ampón.

—Nárito ang dalawang brillanteng itim na pinakamalaki sa lahat—ang sabi nġ mag-aalahás—mahirap tapyasán, sapagká't napakatitigás.... Ang batóng itó na may kaunting kulay pulá ay brillante rin, gayón din namán itóng berde na marami ang nag-aakalang esmeralda raw. Tinawaran na iyán sa akin, nġ anim na libong piso, nġ insík na si Quiroga upang ibigáy sa isáng *señora* na malakás ang kapit.... At hindí pá ang mġa kulay dahon ang pinakamahal sa lahat, kungdí itóng mġa bugháw.

At ibinukód ang tatlong bató na hindí namán lubhang malalaki nġuni't lubhang makakapál at mabuti ang pagkakatapyás, na may kaunting kulay bugháw.

—Kahit na mumuntí iyán kay sa mġa kulay dahon—ang patuloy—ay ibayo ang halagá.

Tingnán ninyó itó na pinakamaliit sa lahat, na ang timbáng ay hindí hihigít sa dalawang kilatis, nábilí ko nġ dalawang pung libong piso at nġayó'y hindí ko maibibigáy nġ kulang sa tatlong pung libo. Upang mabilí ko lamang iyan ay linakbáy ko pang sadyâ. Itóng isá na nákuha sa mina sa Golconda ay tatlong kilatis at kalahati ang timbáng at ang halagá'y higit sa anim na pung libo. Tinatawaran sa akin iyan nġ labing dalawang libong *libras esterlinas* nang Virrey sa India, sa pamag-itan nġ isáng sulat na tinanggáp ko kamakalawá.

Sa harap nġ gayóng karaming kayamanan na naipon sa kamáy nġ taong iyón, na palagáy na palagáy kung manġusap, ay nagdaramdám nġ wari'y paggalang na may halong sindák ang mġa naroroon.... Makáilang pumalaták si Sinang at hindí siyá kinurót nġ kaniyáng iná, sapagká't natutubigan marahil ó kayâ'y sa dahilang inaakalà niyá na ang isáng mag-aalahás na kagaya ni Simoun ay hindí magnanasang magtubò nġ limang piso pá, humigít kumulang, dahil sa isáng bulalás na hindí napigil. Ang lahat ay nakatingín sa mġa bató, walang nagpapamalas nġ nasang humipò, nanġatatakot. Natitigilan silá dahil sa



pagkakamanghâ. Si kabisang Tales ay sa kaparanĝan nakatanâw at iniisip na ang isâ lamang sa mĝa brillianteng iyon, ang pinakamuntî marahil, ay sukat nĝ maitubós sa kaniyáng anâk, huwag maiwan ang bahay at marahil ay maipagpagawâ nĝ ibáng bukid.... ¡Dios! ¡diyata't ang isâ lamang sa mĝa batóng iyon ay mahalagâ pá kay sa tahanan nĝ isáng tao, sa ikaliligtás sa pang'anib nĝ isáng dalaga, sa kapayapàan nĝ isáng matandâ sa kaniyáng mĝa hulíng araw!

At dahil sa waríng nahuhulàan ni Simoun ang kaniyáng iniisip ay sinabi sa mĝa kaharâp na magkakaanâk na:

—At tingnán ninyó, tingnán ninyó; dahil lamang sa isâ sa mĝa maliliit na batóng bughâw na itó, na waríng walâng kamalaymalay at dí makasásamâ sa kanĝino man, malinis na waríng buhanĝing natanggal sa lanĝit, sa isâ lamang nitó na ihandóg sa ukol na panahón ay nagawâ nĝ isáng tao ang ipatapon ang kaniyáng kagalít, isáng magulang na may inaampóng mĝa kaanak, na warí'y nangguló sa bayan.... at dahil sa isáng muntíng bató pang gaya nitó, mapuláng warí'y dugô nĝ pusò, gaya nang nasàng paghihigantí at kumikisláp na gaya nĝ luhâ nĝ mĝa ulila ay binigyang layâ, ang tao'y nakauwí sa kaniyáng tahanan, napagbalikán nĝ amâ ang kaniyáng mĝa anâk, nĝ asawa ang kaniyáng kabiyák nĝ pusò, at marahil ay nailigtás ang isáng boong mag-aanak sa isáng marálitang sasapitin.

At samantalang tinátapiktapík ang sisidlán:

—Mayroon akó dito, gaya nĝ nasa tatagúan nĝ mĝa manggagamot—ang patuloy sa wikàng tagalog na hindí tumpák—ang buhay at ang kamatayan, ang lason at lunas, at sa isáng dakót na itó ay magagawâ ko ang lunurin sa luhâ ang lahat nĝ tao dito sa Pilipinas!

Ang lahat ay sindák na nápatinĝín sa kaniyâ sa pagkâ't nabábatíd niláng tunay ang sinasabi. Sa boses ni Simoun ay nápupunâ ang isáng kakaibáng tinĝig at matalas na tinĝín ang warí'y namumulás sa kaniyáng salamíng bughâw sa matâ.

Waríng upang maputol ang pagkakamanghâ nĝ mĝa taong iyón sa pagkamalas sa mĝa batóng nakita, ay itinaás ni Simoun ang bandeha at inilantád ang ilalim na pinagtatagúan nĝ *sancta sanctorum*. Mĝa sisidláng balát sa Rusia, na hiwâhiwaláy dahil sa mĝa halang na bulak ang siyáng pumúpunò sa káilalimang ang balot ay tersiopelong manĝabónĝabó ang kulay. Lahát ay nag-aantáy na makakikita nĝ mĝa kahanĝahanĝâ. Ináantáy nĝ asawa ni Sinang na makakita nĝ mĝa karbungko, mĝa batóng nag-áapoy at kumikináng sa gitná nĝ kadilimán. Si kapitáng Basilio ay nasa pintô nĝ kabantugan; makakikita nĝ bagay na may katuturán, bagay na katunayan, ang katawán nĝ kaniyáng mĝa lagíng pinanĝarap.

—Ang pamuting itó sa liig ay kay Cleopatra—ang sabi ni Simoun at mainĝat na kinuha ang isáng kahang lapád na ang ayos ay kalahatíng buwán—isáng hiyás na hindí mahahalagahán, isáng bagay na nárarapat lamang ilagáy sa mĝa museo, sa mĝa pamahalàang mayayaman lamang nauúkol.

Yaón ay isáng warí'y kolyar na binúbuò nĝ ibá't ibáng palawít na gintô na mĝa ayos anitong uwang na kulay dahon at bughâw, at sa gitná'y may isáng ulo nĝ buitre na gawâ sa bató, na ang kilabot ay katanĝitanĝi, na nápapagitná sa dalawáng pakpak na nakabukâ, sagisag at hiyas nĝ mĝa haring babai sa Ehipto.

Nang makita ni Sinang ay ikinimbót ang ilóng at nĝumuwíng paalipustâ na warí'y batâ, at si kapitang Basilio kahi't na may malakíng hilig sa mĝa lumàng arì ay hindí nakapigil nĝ isáng jabá! na anâk nĝ hindí kasiyaháng loób sa nákita.

—Isáng mainam na hiyas na nainĝatang mabuti, kayâ't mayroon nang dalawáng libong taón ang tandâ.

—¡Psh!—ang sabinag agád ni Sinang upang huwag mahulog sa tuksó ang kaniyáng amâ at nang huwag bilhín.

—¡Hanĝál!—ang sabi nitó, na napigil ang kaniyáng hindí kasiyahang loob na una—¿anó ang malay mo kung umalinsunod sa kolyar na iyan ang kalagayan nĝayón nĝ kabuhayan nĝ tao? Sa pamag-itan niyan marahil ay násilò ni Cleopatra si Cesar, si Marco Antonio..... iyan ay nakádinĝíg nĝ mĝa panunumpâ sa pag-ibig nĝ dalawáng lalòng bantóg na bayani sa kaniláng kapanahunan, iyan ay nakádinĝíg nĝ mĝa banggít na lubhâng ayós at malinis na wikàng latín, at maanong mágamit mo na lamang siyâ!

—¿Akó? ¡ni hindí ko pá iyan tawaran nĝ tatlóng piso!

—Kahi't na dalawáng pû'y matatawaran, *gonga!*—ang sabinag animo'y may pagkabatid ni kapitana Tikâ—mabuti ang gintô at maaaring gawíng ibáng hiyas kung tunawin.

—Itó'y isáng sinsíng marahil ni Sila—ang patuloy ni Simoun.

Ang sinsíng ay maluwang, buò ang gintô at may isáng taták.

—Iyan marahil ang taták na itinitik sa mĝa kahatuláng pagpatáy noong siyâ ang nag-uutos—ang sabinag namumutlá sa pagkatigagal ni kapitang Basilio.

At tinangkang siyasin at hulàan ang ibig sabihin nĝ taták, dátapwâ'y kahi't nagpilit at pinihit-pihit ay walâ siyáng nábasa, sa dahiláng hindí siyâ maalam nĝ *paleografía*.

—¡Nápakalalakí ang dalirì ni Sila!—ang sabi tulóy—másusuot na ang dalawáng dalirì nĝ sino man sa atin; sinasabi ko na nĝâ, tayo'y pumápuróng.

—Mayroon pa akóng mĝa ibáng hiyas dito....

—¡Kung lahat ay kaayos niyan ay salamat!—ang sagót ni Sinang—ibig ko na ang mĝa bago.

Ang bawâ't isâ'y pumilì nĝ isáng hiyas, may kumuha nĝ isáng singsíng, may isáng orasán, may isáng guardapelo. Ang binilí ni kapitana Tikâ ay isáng agnós na may kaputol nĝ bató na nádiinan nĝ ating Poong Jesucristo sa ikatlóng pagkakadapâ; si Sinang ay isáng hikaw at si kapitang Basilio ay ang tali nĝ orasang pabilí nĝ alperes, ang mĝa hikaw nĝ babai na pabilí nĝ kura at ibâ pang bagay na panghandóg:

ang ibá namáng magkakaanak na taga Tiani ay bumilí rin nǎ hanggáng may ibibilí upang huwag máhulí sa mǎa taga San Diego.

Si Simoun ay namimilí rin namán nǎ mǎa lumàng hiyás, nakikipagpalitan, kayâ't dinalá roon nǎ mǎa mapag-impók na iná ang mǎa hiyás na hindi na nilá magamit.

—¿At kayó, walâ pô ba kayóng ipagbibilí?—ang tanóng ni Simoun kay kabisang Tales, dahil sa nákitang minamalas nitóng may tagláy na inggít ang mǎa pagbibilí at pagpapalitan.

Sinabi ni kabisang Tales na ang mǎa hiyas nǎ kaniyang anák ay naipagbilí na at ang mǎa nátitirá ay mǎa waláng halagá.

—At ang agnós ni María Clara?—ang tanóng ni Sinang.

—¡Siyá nǎ palá!—ang bulalás nǎ lalaki, at bigláng kumináng ang paninǎín.

—Yaón ay isáng agnós na may brillante at esmeralda—ang sabi ni Sinang sa mag-aalahás—na ginamit nǎ aking kaibigan bago magmongha.

Si Simoun ay hindi sumagót; sinundán nǎ tinǎín si kabisang Tales.

Matapós mabuklát ang iláng kahón ay nátagpúan ang hiyás. Pinagmasdáng mabuti ni Simoun, makáiláng binuksán at isinará; yaon nǎ ang agnós na suot ni María Clara noong pistá sa San Diego, na sa pagkahabág ay ibinigáy sa isáng ketonǎín.

—Ibig ko ang pagkakaayos—ang sabi ni Simoun—¿sa magkano pô ninyó pagbibilí?

Kinamot ni kabisang Tales ang kaniyang ulo, na hindi maalaman kung anó ang gagawín, kinamot ang tainǎa at pagkatapos ay tuminǎín sa mǎa babai.

—Naiibigan ko ang agnós na iyan—aní Simoun—¿ibig bagá ninyóng ibigáy sa isáng daan..... limang daang piso? ¿Ibig ninyóng ipagpalít nǎ ibá? Pumili kayó nǎ inyóng ibig.

Si kabisang Tales ay waláng imík at nakamulalàng pinagmamasdán si Simoun na warì'y alinlanǎan sa kaniyang nádidinǎíg.

—¿Limang daang piso?—ang bulóng.

—Limang daan—ang ulit nǎ mag-aalahás na nabago ang boses.

Kinuha ni kabisang Tales ang agnós at pinihitpohit; malakás na tumítibók ang kaniyang palipisan, ang kaniyang mǎa kamáy ay nanǎinǎín. ¿Kung huminǎí pá kayâ siyá nǎ lalóng malakí? Makapagliligtás sa kanilá ang agnós na iyon: ang pagkákataóng iyon ay mainam at hindi na mangyayaring mulí.

Kinikindatán siyá nǎ mǎa babai upang ipagbilí na, tanǎi lamang si Penchang, na, sa panǎanǎambang baká tubusín si Hulí, ay nagwikàng:

—Kung akó'y pakakainǎatan ko iyang warì relikiyas.... ang mǎa nakakita kay María Clara sa kombento ay nagsasabing namalas niláng payát na payát na hindi halos makapagsalitâ, kayâ't inaakaláng mamámatáy na banál.... Pinupuri siyá ni P. Salvi, sapagká't siyá niyang pinagkukumpisalan. Bakâ dahil doon kung kayâ hindi iyan ipinagbilí ni Hulí at pinilí pa ang masanglâ siyá.

Ang pahiwatig na itó'y nagkakabuluhán.

Nakapigil kay kabisang Tales ang pagkaalaala sa kaniyang anák.

—Kung ipahihintulot ninyó—anyá—ay tutunǎo akó sa bayan at isasanguni ko sa aking anák; babalik akó rito bago magtakipsilim.

Nagkásundô silá sa gayón at pumanaw noon din si kabisang Tales.

Nǎuni't nǎ nasa labás na siyá nǎ nayon, ay nátanaw niyá sa malayò, sa isáng landás na tunǎo sa kagubatan, ang prayleng nanǎanǎasiwâ sa *hacienda* at ang isáng taong nákilala niyang siyang kumuha nǎ kaniyang mǎa lupaín. Ang pagkagalit nǎ isáng lalaking nakakita sa kaniyang asawa na pumapasok na kaakbáy nǎ ibáng lalaki sa isáng silid na lihim ay hindi papantáy sa sulák nǎ galit ni kabisang Tales sa pagkakakita sa dalawáng iyón na patunǎo sa kaniyang bukid, sa mǎa bukid na kaniyang ginawâ at inasahan niyang maipamamana sa kaniyang mǎa anák. Sa warì niyá'y nagtatawanan ang dalawáng iyón, linilibák siyá sapagká't waláng magawâ; pumasok sa kaniyang alaala ang sinabing: hindi ko ibibigáy kung dí sa dumilíg muna sa kanilá nǎ sariling dugô at ilibing sa kanilá ang asawa't anák.....

Nápahintô, hinaplós nǎ kamáy ang noo at ipinikít ang mǎa matá; nǎ mulíng dumilat ay nákitang namimilipit sa kátatáwa ang taong iyón at sapol nǎ prayle ang kaniyang tiyan upang huwag pumutók sa katuwáán; at pagkatapos ay nákitang niyang itinurò ang kaniyang bahay at mulíng nanǎagtawanan.

Naghumugong ang kaniyang tainǎa, náramdamán sa kaniyang palipisan ang higing nǎ isáng hagkís, ang ulap na pulá'y sumipót na mulí sa kaniyang paninǎín, mulíng namalas ang katawáng bangkáy nǎ kaniyang asawa't anák at sa kapiling ay ang lalaki at ang prayleng nagtatawá na pigil ang tiyan.

Nalimot niyá ang lahat, lumikô at tinunǎo ang landás na linalakaran nǎ lalaki at nǎ prayle; yaon ang landás na tunǎo sa kaniyang bukirín.

Si Simoun ay nabagót sa kaaantáy kay kabisang Tales sa gabíng yaón.

Nang mágisíng siyá kinabukasan ay nápunáng ang supot na katad na kinalalagyan nǎ kaniyang rebolber ay waláng lamán; nǎ kaniyang buksán ay nakakuha sa loob nǎ kaputol na papel na kinababalutan nǎ agnós na may esmeralda at brillante at kinasusulatan nǎ iláng salitâ sa wikàng tagalog, na ang sinasabi ay:

“Ipagpatawad pô ninyo, ginoo, na kahi't nasa aking bahay ay pagnakawan ko kayó: nǎuni't ang panǎanǎailanǎan ay siyang nag-udyók sa akin, nǎuni't iniwán kong kapalít nǎ inyóng rebolber ang agnós na pinakananasá ninyó. Kailanǎan ko ang armás at makikisama na akó sa mǎa tulisán.

Ipinagbibilin ko sa inyóng huwag ipagpatuloy ang inyóng lakad, sapagká't sa dahiláng walâ na kayó sa aking bahay, ay hihinǵán namin kayó nǵ malakíng tubós pag kayó'y aming nábihag.

TELESFORO JUAN DE DIOS."

—Nátagpúan ko rin ang taong aking hinahanap!—ang bulóng ni Simoun—may kauntî pang balisa..... nǵuni't lalóng mabuti; mátututong gumanáp sa kaniyáng ipanǵakò.

Ipinag-utos sa kaniyáng alilà na tumunǵo sa Los Baños na sa dagat-dagatan magdaan at dalhín ang malakíng maleta, at doon siyá hintín, sapagká't siya'y sa katihan magdáraán na dalá ang kinalalagyán nǵ mǵa batóng mahahalagá.

Ang pagdatíng nǵ apat na guardia sibil ay lalò pang nakagalák sa kaniyá. Húhulihin nǵ mǵa sibil si kabisang Tales, nǵuni't sa dahiláng hindî nákita ay si tandâng Selo ang dinalá.

Tatlóng patayan ang nangyari sa gabíng yaón. Ang praileng nanǵanǵasiwà sa *hacienda* at ang bagong hahawak nǵ mǵa lupà ni kabisang Tales ay nanǵátagpúan patáy, baság ang ulo at may sumpál na lupà sa bibíg, sa kalapít nǵ mǵa lupain nitó; sa bayan, ang asawa nǵ bagong mag-aari nǵ lupà na pinatáy ay patáy ding inumaga, na punò rin nǵ lupà ang bibíg at pugót ang ulo, at may kasiping na papel na kinasusulatan nǵ panǵalang "Tales" na ang ipinanulat ay dalirìng isinawsáw sa dugò.....

¡Manahimik kayó, mapapayapàng tagá Kalambâ! Sa inyó'y waláng nagnǵanǵalang Tales, sino man sa inyó'y hindî siyáng nakagawâ nǵ kasalanan! Ang mǵa panǵalan ninyó'y Luis Habaña, Matias Belarmino, Nicasio Eigasani, Cayetano de Jesús, Mateo Elejorde, Leandro López, Antonino López, Silvestre Ubaldo, Manuel Hidalgo, Paciano Mercado, kayó ang boong bayan nǵ Kalambâ!.... Lininis ninyó ang inyóng mǵa bukirín, ginugol ninyó sa kanilá ang boong búhay, ang mǵa naimpók, mǵa pagpupuyát, pagtitipíd, at pagkatapos ay inalís sa inyó, pinalayas kayó sa inyóng mǵa tahanan at ipinagbawal sa ibá ang kayó'y patuluyin! Hindî pa nasiyahang lapastanǵanin ang katwiran kundî niyurakan sampû nǵ mǵa banal na kaugalian nǵ inyóng bayan.... Naglingkód kayó sa Harì at sa España, at nǵ sa nǵalan nilá'y pinag-usig ninyó ang katwiran ay itinapon kayó't sukat nǵ hindî man linitis, inilayô kayó sa yakap nǵ inyóng mǵa asawa at sa halík nǵ inyóng mǵa anak.... Mahigít sa tiniís ni kabisang Tales ang tiniís nǵ bawà't isá sa inyó, nǵuni't gayón man, ay walâ sa inyóng naghigantí. Hindî nagkaroón sa inyó nǵ linǵap ni kaawàan at pinag-usig pa kayó hangáng sa kabilâng buhay, gaya nǵ ginawâ kay Mariano Herbosa.... ¡Lumuhà kayó ó matuwâ sa mǵa liblób na pulông iyóng linálagalág nang hindî alám ang sasapitin! Kinakandili kayó nǵ España, at sa málao't mádali ay tatamuhín ninyó ang katwiran!

## XI LOS BAÑOS

Ang kataastaasang Capitan General at Namamahala sa Kapulungang Pilipinas ay nanġaso sa Busóbusó.— Nġuni't sa dahilang may abay na isang bandang música (sapagka't ang gayóng kataás na tao'y hindi dapat máhulí sa mġa santóng kahoy na ipinagpuprusisyon) at sa dahilang ang pagkagiliw sa dí matingkalang arte ni Sta. Cecilia ay hindi pa laganap sa ugali nġ mġa usá at baboy-damó sa Busóbusó, ay walang nahuli ni isá mang dagá, ni ibon, ang General na may kasamang banda nġ música at kaalabáy na mġa prayle, mġa militar at mġa kawani.

Inakalà na nġ mġa may kapangyarihan sa lalawigan na may maaalis sa katungkulan ó kayá'y malilipat; ang mġa kaawawang kapitán sa bayan at mġa kabisa ay hindi nanġapalagáy at hindi nanġakatulóg sa panġanġanib na baká masumpunġán nġ maalindog na manġanġasó ang ipalít silá sa mġa hayop sa gubat na hindi marunong umalinsunod, gaya nġ ginawâ na nġ isang *alcalde* noóng mġa nakaraang araw na napapasán sa tao, sa boó niyang paglalabáy, sapagka't walang mabaít na kabayong maaasahang hindi magbabagsák sa kaniyá. May isang balitang kumalat na mayroón nġang gagawín ang General sapagka't ang gayóng pangyayari umano ay isang simulá nġ paghihimagsík na dapat sugpúin kaagád: na ang isang panġanġasong walang náhuli ay makasisirá sa karanġalan nġ mġa kastilá, at ibp., at humanap na tuloy nġ isang kahabaghabág na taong papagsusuutin nġ suot usá, nang sinabi nġ General (sa udyók nġ isang pagkahabág na hindi natimbanġán ni Ben Zayb nġ salitang pagpuri) at pinawí ang lahat nġ panġambá at sinabi, na siyá'y naawang pumatáy nġ mġa hayop sa gubat.

Kung ipagtatapat ay sadyâ nġang nasisiyahang loob ang General at *inter se* ay nalulugód siyá, sa dahilang ġano ang nangyari sana kung hindi tumamá sa pagtudlá sa isang usá na hindi nakababatíd nġ ugaling dapat ipamalas sa mġa gayóng kaparaanan? ġsaán masasadlák ang karanġalan nġ nakapamamahala? ġBákit? ġIsá ba namang Capitan General ang hindi tumamá na wari'y bagong nanġanġaso! ġano na lamang ang wiwikain nġ mġa indio, na, sa kanilá'y mayroón din namang ilang mabuting manudlá? Málalagáy sa kapanġaniban ang tibay nġ Inang bayan.....

Yaón ang sanhi kung kayá't ipinag-utos nġ General (na nakatawa nġ tawang koneho at anyóng manġanġasong masamá ang loób) ang pagbabalik kaagád sa Los Baños, at ipinaghambóg, sa paglalabáy, ang kaniyang kagitingan sa panġanġaso sa ganitó ó gayóng pánġasuhan sa España at waring ibig ipahiwatig ang pag-alipustâ niyá sa mġa panġanġaso sa Pilipinas, bagay na inaakalang kapit sabihin dahil sa nangyari; ġsé! ang paliligó sa Dampalít (daang paliit), ang siganġan sa baybay nġ lawà, ang paglalaró nġ *tresillo* sa palasyo at pagdayo sa gayón ó ganitong kalapít na binubulusán nġ tubig ó sa lawang kinalalagyán nġ mġa buwaya ay mainam pá kay sa roón at hindi pá mapapará ang karanġalan nġ inang bayan.

Nang isá sa mġa hulíng araw nġ buwan nġ Disiembre ay nakikipaglaró nġ *tresillo* ang Capitan General samantalang inaantáy ang oras nġ pananghalian. Katatapos pá lamang niyang maligó at pag-inom nġ isang basong sabaw at lamán nġ buko, kayá't ang mġa sandalíng iyón ay siyang bagay samantalahín sa paghinġi nġ mġa biyayá. Isá pang nakapagpaparagdág sa kaniyang katuwaan ang pananaló, sapagka't pinupunyagí ni P. Irene at ni P. Sibyla, na kaniyang mġa kalaban, ang lihim na pagpapataló, samantala namang si P. Camorra ay nagnġinġitnġit sapagka't, sa dahilang karáratíng pa lamang nġ umagang yaón ay hindi niyá batíd ang mġa pakanang iyón. Sa dahilang pinagbubuti nġ paríng-artillero ang pakikipaglaró ay namumulá at nápapakagát labí sa tuwíng malilibang ó mámamali sa pagsugal si P. Sibyla, nġuni't hindi siyá makaimík dahil sa malakí niyang pag-aalang-alang sa dominiko; datapwá'y si P. Irene namán ang pinagbubuntuhan niyá nġ galit, sapagka't ipinagpápalagáy niyang mapagpusá at sa gitná nġ kaniyang kabuhalhalan ay dí binibigyang halagá. Hindi man lamang siyá tinitingnan ni P. Sibyla: binabayán siyang mag-uunġól; datapwá si P. Irene, sa dahilang mapakumbabâ, ay humihinġing tawad samantalang hinihimas ang tungkil nġ mahabâ niyang ilóng. Ang General namán ay nagagalák at sinasamantalá ang pagkakamali nġ kaniyang mġa kalaban, sapagka't siyá'y mabuting magparaán, alinsunod sa payo nġ kanónigo. Hindi batíd ni P. Camorra na ang pinaglalarúan sa ibabaw nġ dulang na iyón ay ang ikalulusog nġ pag-iisip nġ mġa pilipino, ang pagtuturó nġ wikang kastilá, sapagka't kung nalalaman niyá, ay malugód sanang nakihaló sa *laturan*.

Sa mġa durunġawang bukás ay pumapasok ang malinis at masarap na simoy at nátatanaw ang lawà, na ang kaniyang tubig ay mahinhing bumubulong, sa paanan nġ bahay, na waring nanġanġayumpapà. Sa dakong kanan, sa malayó, ay nátatanaw ang pulóng Talím na lubhang bughaw; sa gitná nġ lawà at halos katapat lamang ay may isang pulong kulay dahon, ang puló sa Kalambâ, na walang tao at ang ayos ay waring kabiyak na buan; sa kaliwâ, ang magandang pangpanġin na nahihiyasan nġ kakawayanan, isang bundók bundukang tanaw ang boong lawà, malalawak na bukirín, sa dako pá roon ay bubóng na sagà sa mġa pagitan nġ kulay na berdeng maitimitim nġ mġa dahon, pagkatapos ay ang bayang Kalambâ at sa hulíng dakong abót nġ tanaw ay waring bumababâ ang lanġit sa tubig nġ lawà na anyong dagat, na siyang sanhing tawagin siyang "dagat na tabang" nġ mġa taga roon.

Sa isang dulo nġ salas ay nároroon ang kalihim na nakaupó sa harap nġ isang mesa na kinapapatunġan nġ ilang putol na papel. Ang General ay masipag at hindi niya ibig ang mag-aksayá nġ panahón, kayá't tinatapos ang ilang gawain samantalang nag-aalkalde sa *tresillo* ó samantalang namimigáy nġ baraha.

Samantala namang naglalarúan ay naghihikáb at nabubugnót ang kalihim. Ang ginagawâ sa umagang iyon ay ang pagpapalitpalit nġ bayang dapat kalagyan nġ mġa kawani, mġa pag-aalis sa katungkulan, pagpapatapon sa malayong lupa, pagbibigáy nġ biyayá at ibp., nġuni't hindi pá dumáratíng sa malaking usapang inaantáy nġ lahat, ang ukol sa kahilingan nġ mġa nag-aaral na pahintulutan silang makapagtayó

nḡ isáng Academia nḡ wikàng kastilà.

Ang isáng kawaníng may mataas na katungkulan, si don Custodio at isáng prayleng nakatunḡó at waríng may iniisip ó may kabigatan ang loob (P. Fernández ang kaniyáng panḡalan) ay nanḡagtatalong marahan ang usapan, samantalang payao't dito silá sa dalawáng dulo nḡ salas. Sa isáng silíd na kalapít ay nádidinḡíg ang tunóg nḡ mḡa bola nḡ billar, tawanan, halakhakan, ang boses ni Simoun; itó'y nakikipagbillar kay Ben Zayb.

Si P. Camorra ay bigláng nagtindíg.

—¡Si Cristo na ang makisugal sa inyó, *puñales!*—ang pabulalás na sabinḡ kasabáy ang paghahagis nḡ mḡa barahang nálalabí sa kaniyá, sa ulo ni P. Irene—¡puñales! ang tayâ ay sigurong siguro na, kundí man ang *codillo*, at natalo pá dahil sa tawag! ¡Puñales! si Cristo na ang makisugal!

At galít na galít na isinasalaysáy sa lahát nḡ naroroon ang pangyayari, lalòng lalò na sa tatlóng naglalakád, na waríng siyáng ibig niyang pahatulin. Sumúsugal ang General, siyá ay laban, may tiklop na si P. Irene: humatak siyá sa espada at ¡puñales! hindí pinasunód nḡ kamoteng si P. Irene ang kaniyáng masamâng baraha. ¡Si Cristo na ang makilarò! Siya'y hindí naparoon doon upáng magpatalo nḡ salapí at durugin ang kaniyáng ulo sa walâng kapararakan.

—Ang akalà marahil nḡ neneng itó—ang patuloy na námumulá—ay kinikita ko ang salapí nḡ papalikwatlikwat lamang. ¡Nḡayón pá namáng ang aking mḡa tao'y nanḡagsisitawad na!

At umuunḡol na tumunḡo sa kinalalagyán nḡ billar, na, hindí na pinakinggán ang mḡa hinḡíng ipagpaumahanín ni P. Irene na nagtatangkâng manḡatwiran sa tulong nḡ paghaplós nḡ ilòng.

—¿Ibig pô bá ninyóng umupô, P. Fernandez?—ang tanóng ni P. Sibyla.

—Masamâng manglalarò akó nḡ *tresillo*—ang sagót nḡ prayle.

—Kung gayó'y paparituhin si Simoun—ang sabi nḡ General—¡eh! Simoun, eh, mister! ¿ibig bagá ninyóng makilahók sa isáng larò?

—¿Anó ang ipasisiyá tungkól sa mḡa “armas de salón”?—ang tanóng nḡ kalihim na sinamantalá ang pagkakáhintò.

Dumunḡaw si Simoun.

—¿Ibig bagá ninyóng maupô sa lagáy ni P. Camorra, ginoong Simoun?—ang tanóng ni P. Irene—ang itatayâ ninyó'y brillante at hindí tantós.

—Walâng kailanḡan sa akin ang gayón—ang sagót ni Simoun na lumapit at ipinapagpág ang yeso na nasa kaniyáng kamáy—at kayó ¿anó ang inyóng itatayâ?

—¿Anó bá ang maitatayâ namin?—ang tugón ni P. Sibyla—Ang General ay makatátayâ nḡ maibigang itayâ, nḡuni't kami, mḡa pari, mḡa *sacerdote*.....

—¡Bah!—ang putol na pakutyâ ni Simoun—ang ibabayad ninyóng dalawá ni P. Irene ay mḡa kaawanggawâ, panalanḡin, kabaitan, ¿anó?

—Batíd ninyóng ang mḡa kabaitang tagláy nḡ isá't isá—ang talád na walâng halòng birò ni P. Sibyla—ay hindí kagaya nḡ mḡa brillante na maaaríng másalin sa ibá't ibáng kamáy, ipagbilí na sa isá't ipagbilí pa nitó... yaón ay dalá nḡ tao, mḡa bagay na hindí málalayô sa katawán.....

—Kung gayón ay papayag akóng sa salitâ na lamang ninyó akó bayáran—ang paklínḡ masayá ni Simoun—Kayó P. Sibyla sa bawà't limáng tantós na ibíbigay ninyó sa akin ay sasabihin na lamang ninyó, sa halimbawâ: lilimutin kong limáng araw ang karálitâan, ang kababàang loob, ang pagkamasunurin.... kayó namán P. Irene: lilimutin ko ang kalinisang ugali, ang pagkamahabagin, at ibp. Nakita na ninyó na napakaunting bagay, at akó, ang ibibigáy ko'y ang aking mḡa brillante.

—¡Nápakatanḡíng tao itóng si Simoun, kung anó anó ang iniisip!—ang sabinḡ tumatawa ni P. Irene.

—At itó,—ang patuloy ni Simoun na tinangkí sa balikat ang General—ang ibabayad nitó sa akin sa bawà't limáng tantós ay isáng *vale* na katimbáng nḡ limáng araw na pagkakábilangḡó, sa isang *solo* ay limáng buwan, sa isáng *codillo* ay isáng utos na pagpapatapon, na walâng nakatalâng panḡalan, sa isáng *bola*.... ay isáng utos sa guardia sibil na makabaríl sa daán sa taong parurusahan, samantalang ipinaghahatiran, at ibp.

Ang hamon ay napakatanḡi. Ang tatlóng lálakadlakád ay nanḡagsilapit.

—Nḡuni't ginoong Simoun—ang tanóng nḡ mataás na kawaní—¿anó ang máhihitâ ninyó sa pananalo nḡ kabaitan sa bunḡanḡà, at mḡa buhay nḡ tao, mḡa pagpapatapon at mḡa pagpatáy?

—¡Malakí! Bagót na akó sa kádidinḡíg nḡ mḡa usapang tungkol sa mḡa kabaitan at nasà kong maipong lahát, ang lahát nḡ nákalalát sa mundo, na nakapasok sa isáng supot upang itapon sa dagat kahi't na kailanḡaning pamataw ang lahát nḡ aking brillante.

—¡Sumpóng din iyán!—ang bulalás na tumatawa ni P. Irene—¿at anó namán ang gágawín ninyó sa mḡa pagpapatapon at pagpapatáy?

—Upang linisin ang bayan at pawiin ang lahát nḡ masasamâng budhí.

—¡Ah! hanggá nḡayó'y may galit pá kayó sa inyóng mḡa tulisán, gayóng mangyayaring hinḡán sana kayó nḡ lalòng malakíng tubós ó kinuha sana ang lahát nḡ inyóng alahas. ¡Huwag namán kayóng walâng utang na loob!

Ipinamarali ni Simoun na siya'y hinarang nḡ mḡa tulisán, na pagkatapos siyáng mapigínḡ na isáng araw, ay pinabayàn siyáng magpatuloy nḡ lakad na walâng hiningínḡ tubós kundí ang dalawá niyang rebolber na

Smith at ang dalawáng kahang punglô na kaniyang dalá. Idinugtóng pang ipinakukumustá raw sa kaniyá ang Capitan General.

Dahil doon at sa dahiláng ibinalità ni Simoun na ang mġa tulisán ay maraming *escopeta*, baril at rebolber at sa gayóng mġa tao'y hindi maaaring makalaban ang nag-ísá kahi't na may sandata, ay lalagdâ nġ bagong utos ang Capitan General na ukol sa mġa "pistolas de salón" upang maiwasan na ang mġa tulisán ay magkaroon nġ armás.

—¡Huwag, huwag!—ang tutol ni Simoun—sa ganáng akin, ang mġa tulisán, ay siyang mġa taong lalóng may karanġalan sa lupaíng itó; silá ang tanġing kumikita nġ ikabubuhay sa mabuting kaparaanan.....  
¿Inaakalà ba ninyóng kung akó'y nahulog sa mġa kamáy..... ninyó sa halimbawà, ay pakakawalán ba ninyó akó nġ hindi kukunin ang kalahatì man lamang nġ aking mġa hiyas?

Tututol sana si Dn. Custodio; tunay nġang isáng amerikanong *mulato* na waláng pinag-aralan ang Simoun na iyon, na sinásamantalá ang pakikipag-ibigan niyá sa Capitan General upang alimurahin si P. Irene. Tunay nġâ kung sa bagay na kung si P. Irene ang nakádakíp sa kaniyá ay hindi siyá nakawalà nġ dahil sa gayóng kaliit na bagay.

—Sa ang kasamaán ay walá sa pagkakaroon nġ tulisán sa mġa bundók at kaparanġan—ang patuloy ni Simoun—ang kasamâan ay nasa sa mġa tulisáng bayan....

—Na gaya ninyó—ang dugtóng na tumatawa nġ kanónigo.

—Oo, gaya ko, gaya natin, tayo'y manġagtapát; dito'y waláng indio na nakadidingġig sa atin,—ang dugtóng nġ mag-aalahás—ang kasamâan ay nasa pangyayaring tayong lahat ay hindi mġa tulisáng hayág: kung ito'y mangyari at manirahan na tayo sa gubat, sa araw na iyan, ay ligtás na ang bayan, sa araw na iyá'y sisibol ang isáng bagong kalipunán na siyá na sa sarili ang mag-aayos.... at sa gayón ay matiwasáy nang makapaglalarô nġ *tresillo* ang Capitan General, na hindi siyá kailanġang linlanġin nġ kalihim....

Nang mġa sandalíng iyón ay naghihikáb ang kalihim at nag-iinat na itinataás sa ulo ang mġa kamáy at iniunat sa ilalim nġ mesa ang mġa paa niyang nagkakapatong.

Ang lahat ay nagtawanan nġ siyá'y mákita. Pinutol nġ General ang pag-uusap at matapos na bitiwang barahang kaniyang sinúsuksok ay nagwikang:

—¡Siyá, siyá! Siyá na ang birúan at sugalan; gumawâ tayo, pagbutihin natin ang gawâ, kalahatíng oras pá ang kúlang sa oras nġ pagkain. ¿Marami bagáng bagay ang kailanġang lutasín?

Lahát ay nakinġig. Sa araw na iyón pagtatalunan ang ukol sa pagtuturò nġ wikang kastilà, kayâ't may iláng araw nang nároroon si P. Sibyla at si P. Irene. Batíd nang ang una, sa dahiláng siya'y Vice-Rector, ay laban sa panukalà, at ang panġalawá ay kumakatig at kinakatigan namán nġ *condesa*.

—¿Anó, anó?—ang tanóng na naínip nġ General.

—Hang hunghol ha maha hama he halon—anáng kalihim na tinimpî ang isáng paghihikáb.

—¡Ipinagbabawal mulâ nġgayón!

—Ipagpatawad pô ninyó, aking General,—ang sabi nġ mataás na kawaní—Ipahintulot po sa akin nġ inyóng karanġalan na sabihing sa alin mang bansâ sa Sangsinukob ay hindi ipinagbabawal ang mġa "armas de salón".

Ikinibít nġ General ang kaniyang balikat.

—Hindi tayo nakikigaya sa alín mang bansâ sa mundó—ang matigás na sabi nġ General.

Kailán ma'y nagkakatalo ang General at ang mataás na kawaní, at sukat na ang isáng pahiwatig nitó upang ang una'y magmatigás sa kaniyang balak.

Humanap nġ ibáng daan ang mataás na kawaní.

—Ang mġa "armas de salón" ay sa mġa dagá at inahíng manók lamang nakasásakit—ang wikà—masasabi.....

—¿Na tayo'y mġa inahíng manók?—ang dugtóng nġ General na kinibít ang balikat—at anó sa akin? Ipinakilala ko náng hindi akó gayón.

—Nġuni't may isáng bagay—ang hiwatig nġ kalihim—may apat na buwan lamang nġgayón, nang ipinagbawal ang paggamit nġ armas, na pinatibayan sa mġa mánġanġalakal na tagá ibáng bayan, na ang mġa armas de salon ay may pahintulot.

Ikinunót nġ general ang noo.

—Datapwá'y may kagamutan ang bagay na iyan—ani Simoun.

—¿Papaano?

—Waláng kaliwágan. Hálos lahat nġ "armas de salon" ay may anim na milímetro ang lakí nġ punglô, tanġi lamang kung may ibáng lakí na ipinagbíbilí. Pahintulutang ipagbíbilí ang lahat nġ mġa waláng anim na milímetro.

Pinuri nġ lahat ang náisip ni Simoun, tanġi ang mataas na kawaníng ibinulóng kay P. Fernandez na iyon ay hindi tuwíd, ni hindi pamamahalà.

—Ang gurô sa Tiani,—ang patuloy nġ kalihim samantalang binabasa ang iláng papel—humíhingġing bigyán siyá nġ lalóng malakíng bahay upang.....

—¿Anó pang malakíng bahay, sa mayroon na siyang sariling isáng kamalig?—ang putol ni P. Camorra na nalimutan na ang tresillo at lumapít sa usapan.

—Sirâ daw ang bubunġán—ang sagót nġ kalihim—at sa dahiláng bumilí siyá nġ mġa *mapa* at *cuadro*, sa

sariling gugol, ay hindi mapabayang ulani't arawin.....

—Nguni't walâ akóng pakialam sa mġa bagay na iyan—ang bulóng nġ General—sa Namamahala sa Panġasiwaan humingġi, sa Panġulong Pulong lalawigan, sa Nuncio.....

—Ang masasabi ko sa inyó—ang sabi ni P. Camorra—ang *maestrillong* iyan ay isáng *filibusterillo* na masamá ang loob; akalain ba ninyóng ipinagsásabi nġ ereheng iyan na ang inilibing daw nġ mainam na paglibing at ang hindi ay magkaisá din kung mabulók! ¡Balang araw ay pagkukukutusán ko iyan, eh!

At inianyong pasuntók ni P. Camorra ang kaniyang kamáy.

—At sadyâ namán,—ang wikà ni P. Sibyla na waring walang kinakausap kundí si P. Irene—na ang ibig mag-turò ay maaaring magturò kahit saang dako, sa walang bahay: si Sócrates ay nagturò sa mġa lansangang bayan, si Platón ay sa mġa halamanan nġ Akademo at si Cristo ay sa mġa kabundukan at karagatan.

—Marami akong karainġan nġ *maestrillong* iyan—ang sabi nġ General na nakipagsulyapan kay Simoun—inaakalà kong ang lalong mabuti ay alisin siyá.

—¡Alisin!—ang ulit nġ kalihim.

Ikinalungkót nġ mataás na kawani ang kapalaran nġ sawing taong iyón na humihingġi nġ abuloy at ang nákamit ay ang pagkaalis sa katungkulan, kayâ't tinangkang saklolohan.

—Ang katotohanan ay—ang sabing may panġanġanib—na ang pag-aaral ay hindi naáarugang mabuti.....

—Nagtakdá na akó nġ maraming halagá na ipamimili nġ mġa kailanġan—ang sabing mataás nġ General, na waring ang ibig turan ay: ¡Gumawâ na akó nġ higit sa nárapat!

—Nguni't sa dahilang walang bahay na sadyâ ay nanġasisirâ ang mġa kasangkapang binibilí....

—Hindi magagawang sabaysabay na lahat—ang biglang putol nġ General—Hindi mabuti iyang paghingġi nġ mġa guró dito nġ mabubuting bahay gayong ang mġa guró sa España ay namamatáy nġ gutom. Kalabisán na iyang ibig pang humigit kay sa mġa nasa Inang-bayan.

—¡Filibusterismo!....

—¡Una muna sa lahat ang Inang-bayan! ¡una muna ang ating pagkakastilâ!—ang dugtong ni Ben Zayb na ang matáy kumikinang dahil sa busog nġ pag-ibig sa tinubuang lupa, at namulá nġ kaunti dahil sa nákitang siya'y napag-isá.

—Magmulá ngayón—ang sabi nġ General—ay alisin sa tungkól ang bawâ't dumaing.

—Kung ang munakalà ko lamang ay tatanggapin—ang pasumalang sabi ni don Custodio, na waring kinakausap ang sarili.

—¿Ukol sa mġa bahay páaralan?

—Magaán, magágawâ at walang gugol, na gaya nġ lahat nġ aking munakalà, anak nġ mahabang pagkamalas sa mġa bagaybagay at pagkakilala sa lupaing itó. Ang mġa bayan ay magkakaroon nġ páaralan na hindi paggugugulan nġ pamahalàan.

—Batid na ang bagay na iyan—ang pakutyang sabi nġ kalihim—ipag-utos sa mġa bayang itayô sa tulong nġ kanilang sariling gugol.

Ang lahat ay nagtawanan.

—Hindi pô, hindi pô—ang sigaw ni Don Custodio na nanġupinyó at namulâ—ang mġa bahay ay nakatayó na at nag-áantay lamang na gamitin. Mabuti sa katawán, walang kapintasan at maaliwalas.....

Ang mġa prayle ay may panġambang nagtinginan. ¿Ipalalagay kayâ ni Don Custodio na gawing páaralan ang mġa simbahan at mġa kombento ó bahay-pari?

—¡Tingnan natin!—anang General na ikinunót ang noo.

—Napakadalí, aking General—ang tugón ni Don Custodio na umunat at ginamit ang malaking boses na kagamitan niyá sa mġa tanġing pagpupulong—ang mġa páaralan ay bukás lamang sa mġa araw na iginagawâ at ang mġa sabunġan ay sa mġa araw lamang nġ pista.... Gawing páaralan ang mġa sabunġan kahit sa loob man lamang nġ sanglinggong araw.

—¡Bah, bah, bah!

—¡Pumuslit na rin!

—Nguni't ¡kung anó anó ang naisip ninyó Don Custodio!

—¡Isang kahalákhálak na panukalâ!

—¡Ang lahat ay nalulusutan nitó!

—Nguni't mġa ginoo—ang sigaw ni D. Custodio nġ mádingġig ang gayong mġa pabulalás—magpakatinô nġa tayo, ¿alín pa ang bahay na lalong agpang kay sa sabunġan? Malalakí, mabubuti ang pagkakarari, at walâ namang kapararakan sa loob nġ sanglinggó. At maging sa dako man nġ maayos na ugali tingnan, ang aking panukalâ ay matatanggap; magiging isang panglinis at pagsisisi sa lingguhan nġ sabunġan.

—Nguni't maminsáminsán ay may sabong sa boong sanglinggó—ang pahiwatig ni P. Camorra—at hindi dapat na yamang ang may pasabong ay nagbabayad sa Pamahalàan ay.....

—¡Oh, siyá..... sa mġa araw na iyan ay huwag magpaaral!

—¡Bah, bah!—anang General—¡ang ganiyang kakilakilabot na bagay ay hindi mangyayari samantalang akó ang namamahala! ¡Hindi magpaaral dahil sa nagsasabong! ¡Bah, bah, bah! ¡magbibitíw na muna ako nġ tungkól!

At ang General ay lubhâ ngâ mandíng nasusulukasok.

—Nğuni't aking General, mabuti na ang mawalâ sa iláng araw kay sa buwanang mawalâ.

—¡Iyan ay laban sa mabuting ugali!—ang dugtóng ni P. Irene na lalò pa mandíng bugnót kay sa General.

—Lalòng laban sa mabuting ugali, ang pagkakaroon ng maiinam na bahay ang sugalan at ang páaralán ay walâ..... Magpakatinò tayo mğa ginoo at huwag tayong paakay sa mğa udyók ng kalooban. Samantalang sa paggalang sa katauhan ay ibinabawal natin ang pagtataním ng apian sa mğa lupang ating nasasakop ay binabayàan namán natin ang paghitít, ang nangyayari'y binabaka natin ang masamáng hilig at namumulubi tayo.....

—Nğuni't unawàin ninyóng iyan ay nagbíbigáy sa pamahalàan ng may apat na raa't limáng pùng libong piso na waláng anomang gawâ—ang tugón ni P. Irene na lalò't lalò pang kumakampí sa pamahalàan.....

—Siyá, siya na, mğa ginoo—ang sabi ng General na pinutol ang pagtatalo—mayroon akóng balak tungkol sa bagay na iyan at iniukol ko ang aking paginilay sa katalinuhang bayan. ¿Mayroon pá bang bagay na pagpapasiyahán?

Wari'y natatakot na tiningnán ng kalihim si P. Sibyla at si P. Irene. Ang pinakamalaki'y lalabas na. Ang dalawá'y humandâ.

—Ang kahilingan ng mğa nag-aaral na humihinğing pahintulot upang magbukás ng isáng Akademia ng wikang kastilà—ang sagót ng kalihim.

Nápuna sa lahat ng nasa salas ang pagkaguló, at matapos siláng makapagtinginan ay nápatitig sa General upang mákilala ang ipapasiya. May anim na buwan nang ang kahilingan ay nag-aantáy doon ng isáng kapasiyahan at naging isáng wari'y *casus belli* na tulóy ng iláng lupon. Ang General ay nakatunğo na waring upang huwag mákilala ng ibá ang kaniyang iniisip.

Bumíbigát ang anyò ng pananahimik at ang gayón ay nahalatâ ng General.

—¿Anó ang pasiyá ninyó?—ang tanóng sa mataás na kawaní.

—¡Anó pá ang ipasisiyá ko, aking General!—ang sagót ng tinanóng na kinibít ang balikat at ngumití ng ngítíng malungkót—¡anó ang ipasisiyá ko kundí ang kahilingan ay karapatdapat at ipinagtátaká ko ang pagtatagál ng anim na buwan upang ang bagay na iyan ay mapasiyahán!

—Hindí't may napapagitnang mğa bagaybagay—ang malamíg na tugòn ni P. Sibyla na ipinikít ng kauntí ang matá.

Mulíng ikinibít ng mataás na kawaní ang kaniyang balikat na waring hindí niyá batíd kung anó ang mğa bagaybagay na iyon.

—Bukód sa walâ sa panahón ang ninanasà,—ang patuloy ng dominiko—bukod sa tagláy niyang laban sa aming kapangyarihan....

Hindí nakapagpatuloy si P. Sibyla at tuminğín kay Simoun.

—Ang kahilingan ay may anyóng dapat paghinalàan—ang dugtóng nitóng hulí na nakipagtinginan sa dominiko.

Itó'y makálawáng pumikít. Nang mákita ni P. Irene ang gayón ay nahalatâ na niyang ang kaniyang usap ay talo na halos, sapagká't kalaban si Simoun.

—Isáng payapang pagtakwíl, isáng pagbabanğong ang gamit ay papel sellado—ang dugtóng ni P. Sibyla.

—¿Pagbabanğon, pagtakwíl?—ang tanóng ng mataás na kawaní, na nápatinğín sa madlá na waring waláng maantiluhan.

—Ang nangungulo ay mğa binatang kilalá sa pagkamakabago at napakalalò, kundí pangnganlán ng ibá pang tawag;—ang dugtóng ng kalihim sa dominiko—ang isá sa kanilá'y nagnğanğalang Isagani, ulong hindí matinò..... pamangkín ng isáng klérigo.....

—Isá sa mğa tinúuruàn ko—ang sagót ni P. Fernández—at akó'y nasisiyaháng loob sa kaniyá.

—¡Puñales, kasiyahán din namán iyán!—ang bulalás ni P. Camorra,—kamuntí na kamíng magpanuntukan sa bapor: sapagká't nápakawalang galang, ¡itinulak ko siyá at itinulak namán akó!

—Mayroon pang isáng nagnğanğalang Makaragui ó Makarai.....

—Makaraig,—ang sagót ni P. Irene na nakihalò sa usapan,—isáng binatang nápakagandang ugali at nakalúlugód.

At ibinulong sa General.

—Iyan ang sinabi ko sa inyó, mayaman..... iniluluhog ng *condesa* na inyóng tingnán.

—¡Ah!

—Isáng nag-aaral sa pangagamót na nagnğanğalang Basilio.

—Sa Basilióng iyan ay walâ akóng masasabi—ang tugón ni P. Irene na itinaás at ibinuká ang mğa kamáy na waring mag *dodominus vobiscum*;—sa ganáng akin iyan ay tubig na hindí kumikilos. Kailán ma'y hindí ko naunawá ang ninanasà ni ang iniisip. ¡Sayang at hindí natin kaharáp ngayón si P. Salvi upang magpakilala sa atin ng pinagmulán ng binatang iyan! Náaalala kong aking nádingíg na sinasabing niyong kaniyang kabataan ay may ipinakialám sa kaniyá ang guardia sibil.... ang kaniyang amá'y nápatay sa isáng guló na hindí ko na maalaala....

Si Simoun ay napanğitíng malumanay, waláng kalatís, ipinatanáw lamang ang kaniyang ngiping mapuputí't mabuti ang pagkakanay....



—¡Ahá, ahá!—anáng General na tumanḡo tanḡo—¿gayón palá? ¡Italâ ninyó ang panḡalang iyán!

—Nḡuni, aking General,—ang sabi nḡ mataás na kawaní nḡ makitang masamá ang tunḡo nḡ salitâan—hangḡang sa nḡayón ay walâ pang nababatíd na bagay na laban sa mḡa binatàng iyán; ang kaniláng kahilingan ay matuwid at walâ tayong karapatáng huwág dingḡin dahil sa panunuláy lamang sa mḡa hakàhakà. Sa akalâ ko ay nárarapat na sang-ayunan n ḡ Pamahalâan ang kahilingan at sa gayón ay magpapamalas nḡ kaniyáng pagkakátiwalâ sa bayan at nḡ katibayan nḡ kaniyáng pagkakatatag; at siya’y may kalayaang bawiing mulí ang pahintulot kung mákitang dahil sa kaniyáng mabuting kalooban ay nagpapakalabis. Mḡa sanhí at paraán sa pagbawí ay hindi mawawalán, mababantayán natin silá.... ¿Anó’t pasasamáin ang loób nḡ iláng binatâ, na mangyayaring magdamdám pagkatapos, gayóng ang kaniláng hinihiling ay nálalagdâ sa mḡa utos nḡ hari?

Si P. Irene, si don Custodio at si P. Fernández ay nagpamalas nḡ kaniláng pagsang-ayon sa pamagitan nḡ tanḡo nḡ ulo.

—Nḡuni’t ang mḡa indio ay hindi nárarapat mátuto nḡ wikàng kastilà ¿batíd bagá ninyó?—ang sigaw ni P. Camorra—hindi dapat mátuto, sapagká’t pagkatapos ay nakikipanḡatuwiranan sa atin, at ang mḡa indio ay hindi dapat manḡatuwiran kundí sumunód lamang at magbayad.... hindi dapat manghimasok sa pagsuri nḡ sinasabi nḡ mḡa kautusán at nḡ mḡa aklát ¡napakamatatalas at mḡa mapag-usáp! Pagkaalám nḡ wikàng kastilà ay nagiging kalaban nḡ Dios at nḡ España.... basahin ninyó ang kabuhayang “Tandáng Basio Makunat” at kung hindi gayón; ¡iyán ang aklát! ¡May mḡa katotohanang ganganitó!

At ipinakita ang mabibilog niyáng kamáy na pasuntók.

Hinaplós ni P. Sibyla ang kaniyáng anit na bilang tandâ nḡ pagkainíp.

—¡Isáng salitâ!—aniyá na umanyô nḡ anyóng lalóng mapayapâ sa gitná nḡ kaniyáng pagnḡinḡitnḡít—hindi ang pagtuturò lamang nḡ wikàng kastilà ang pinag-uusapan dito, dito’y may isáng piping pagtunggalí nḡ mḡa nag-aaral at nḡ mḡa parí sa Unibersidad nḡ Sto. Tomás; kung masusunód nḡ mḡa nag-aaral ang kaniláng hanḡád ay manghihinâ ang pananalig sa amin, sasabihing kamí’y dinaíg at manḡagmamataás, at walâ na ang paniniwalâ, walâ na ang lahát! Pagkaguhô nḡ unang sagká ¿sino pá ang makahahadláng sa kabataang iyan? Sa aming paglagpák ay walâ kamíng gágawín kun dí ang ipakilala namán ang paglagpák ninyó! Matapos kami ang pamahalâan namán.

—¡Iyan ang hindi mangyayari, *puñales!*—ang sigaw ni P. Camorra—¡tingnan muna natin kung sino ang may malakás na pangsuntók!

Sa gayón ay nagsalitâ si P. Fernández, na sa boong pagtatalo ay nanirá lamang sa kanḡinḡití. Lahát ay nakimatayág sapagká’t kilaláng siya’y may mabuting ulo.

—Huwag sumamá ang loób ninyó sa akin, P. Sibyla, kung hindi ninyó akó káisa sa paghuhulóng ukol sa bagay na itó, nḡuni’t nápakatanḡing kapalaran ang sa akin, na kailán man halos, ay kasalunḡát akó nḡ aking mḡa kapatíd. Ang sabi ko nḡâ’y hindi tayo dapat mabaklá. Ang pagtuturò nḡ wikàng kastilà ay mangyayaring pahintulutan nḡ waláng anománg kapanḡaniban, at upang huwag lumabás na isáng pagdaíg sa Unibersidad, ay nárarapat na tayong mḡa dominiko ay magpáunâ sa pagkagalák nḡ dahil sa bagay na iyan; iyan ang *política*. ¿Bakit tayo makikipaglabanán tuwí na sa bayan, sa tayo ay kakauntí at silá ay marami, sa kailanḡan natin silá at tayo’y hindi nilá kailanḡan?—¡Hintáy muna kayó, P. Camorra, hintáy muna kayó!—Payagan na nating nḡayón ay mahinâ ang bayan at waláng maraming nálalaman, ako mán ay gayón din ang akalâ ko, nḡuni’t bukas ay hindi na gayón, ni sa makalawá. Bukas makalawá ay silá ang magiging malakás, mababatíd ang kaniláng mḡa kailanḡan at hindi natin mapipigil, gaya rin namán nḡ hindi mangyayaring mapigil, na, pagdatíng nḡ batâ sa iláng gulang ay makaalám nḡ maraming bagay... Ang sinasabi ko nḡâ ay ¿bakit hindi natin samantalahín ang kalagayang itó sa kamangmanḡán upang magpalít nḡ paraan sa pamamalakad at itatág sa matibay na batayán, na hindi mapapawí, sa batayáng katwiran, sa halimbawâ, at huwag sa batayáng kamangmanḡán? Sapagká’t walâ nang kagaya nḡ magíng makatwiran, gaya nḡ sinabi ko sa tuwi na sa aking mḡa kapatid, nḡuni’t ayaw akóng dingḡin. Ang indio, gaya rin nḡ alín mang bayang batâ pá ay mapag-usig nḡ katwiran; humíhinḡí nḡ parusa kung nagkasala, at námumuhí pag hindi kinamít ang gayón. ¿Marapat ang hinihinḡí? Ipagkaloob, ibigáy natin sa kanilá ang lahát nḡ páaraláng kailanḡan, mapapagod din silá: ang kabataán ay bulagbol na talagá, ang nag-uudyók lamang sa kanilá sa pag-uusig ay ang ating pagsalunḡát. Ang ating panilóng karanḡalan ay lumâ na, P. Sibyla: gumawâ tayo nḡ ibá, ang panilóng pagkilala nḡ utang na loób, sa halimbawâ. Huwag tayong magsamangmáng, gayahan natin ang mḡa hesuita.....

—¡Oh, oh, P. Fernández!

Hindíng hindi: matitiis na lahát ni P. Sibyla, liban na lamang sa pagayahan sa kaniyá ang mḡa hesuita. Namumutlá’t nanḡinḡiníg na nagbubusá nḡ mḡa matalas na wikâ.

—Magpransiskano na muna.... ¡Kahit na anó, huwag lamang hesuita!—ang sabing waláng patumangḡâ.

—¡Oh, oh!

—¡Eh, eh! Padre P.....!!

Ang sumunód ay isáng pagtatalong panabáy nḡ lahát, na nalimot na ang General; nagsasalitáng sabáysabáy, nagsisigáwan, hindi manḡagkalinaw, nanḡagtatalo; si Ben Zayb ay kaharáp ni P. Camorra at nag-uumanḡán nḡ suntók, binábanggit nḡ isá ang mḡa gansâ at ang isá’y ang mḡa manghihitít nḡ tintá, tinutukoy ni P. Sibyla ang kapítulo at si P. Fernández namán ay ang sa *Summa* ni Sto. Tomás, at ibp., hangáng sa pumasok ang kura sa Los Baños at sinabing nakahandâ na ang pananghalian.

Tumindíg ang Capitan General at sa gayó’y naputol ang pagtatalo.

—¡Siya, mḡa ginoo!—ang sabi—nḡayó’y marami tayong nagawâ, gayóng tayo’y nasa kapanahunan nḡ

pagpapahinǎ! May nagsabing ang mǎ maselang na bagay ay dapat pag-usapan sa pagtatapós nǎ pagkáin. Akó'y lubós na sang-ayon sa sabing iyón.

—Bakâ masirà ang tiyán natin—ang sabi nǎ kalihim, na ang tinutukoy ay ang init nǎ salitàan.

—Kung gayón ay ipagpabukas na natin.

Nagtindigang lahát.

—Aking General—ang sabing marahan nǎ mataás na kawaní—ang anak na babai ni kabisang Tales ay nagbalík na mulí't hinihinǎ ang paglayà nǎ kaniyáng nunòng may sakít na hinuling bilang kapalít nǎ amá.....

Tiningnán siyáng masamá ang loób nǎ General, na hinaplós ang malapad na noó.

—Putris yatàng ¡hindí na babayàng ang tao'y makapananghalìng mapayapà!

—Ikatlóng araw na nǎ kaniyáng pagparito; isáng kaawàawàng dalaga...

—¡Ah, demonio!—ang bulalás ni P. Camorra—sinasabi ko na nǎng mayroón akóng bagay na sasabihin sa General; kung kayâ nǎ akó naparito ay..... upang katigan ang kahilingan nǎ binibining iyán!

Kinamot nǎ General ang kaniyáng tainǎ.

—¡Siyá!—ang sabi—padalán nǎ sulat nǎ kalihim ang teniente nǎ guardia sibil upang pakawalán. ¡Hindí masasabing hindí akó maawâin at mahabagin!

At tuminǎin kay Ben Zayb. Ikinisáp nǎ mamamahayag ang kaniyáng matá.

## PLÁCIDO PENITENTE

Masamá ang loób at halos ang mġa matá'y lumuluhà nġ lumalakad sa Escolta si Plácido Penitente upang tumunġo sa Universidad nġ Sto. Tomás.

May mġa iláng linggó lamang na kararating na galing sa kaniyang bayan at makálawá nang sumulat sa kaniyang iná na ang iniuukilkil ay ang kaniyang nasàng iwan ang pag-aaral upang umuwí at maghanap buhay. Sinagót siyá nġ kaniyang iná na magtiistiís, makuha man lamang ang pagka *bachiller en artes*, sapagká't sayang namáng iwan ang pag-aaral, matapos ang apat na taóng paggugugol at paghihirap nġ isá't isá sa kanilá.

¿Saán buhat ang pag-ayáw ni Penitente sa pag-aaral, gayóng siya'y isá sa mġa masumigasig at bantóg sa paaraláng pinamamahalaan ni P. Valerio sa Tanawan? Doon ay nábibilang si Penitente na isá sa mġa lalóng mabuti sa latin at matalas sa pakikipagkatwiranan, na marunong gumusót at maghanay nġ mġa paguusap na lalóng magàan at waláng kahirapan; siyá ang inaaring lalóng pinakamatalas nġ kaniyang mġa kababayan, at dahil sa kabantugang iyon, ay ibinibilang na siyang pilibustero nġ kaniyang kura, katunayang lubós na hindi siyá hanġál ni táong waláng namumuwanġan. Hindi máwatasan nġ kanyáng mġa kasama ang gayóng nasàng pag-uwí at iwan ang pag-aaral; walá namáng nililigawan, hindi mánunugal, bahagyá nġ marunong nġ hungkian at kapanġahasan na sa kaniya ang pakikilarô nġ isáng *rebesino*; hindi naniniwalá sa payo nġ mġa prayle, kinukutyá ang *tandáng Basio*, may salapîng higít sa kailanġan, may mahuhusay na damít; nġuni't gayón man, ay masamá ang loób kung pumasok at kinasusuklamán ang mġa aklát.

Sa tuláy nġ España, na ang tanġing bagay na tagláy na ukol sa España ay ang panġalan lamang, sapagká't sampû nġ kaniyang mġa bakal ay galing sa ibáng lupaín, ay nákatagpô nġ mahabàng hanay nġ mġa binatàng tunġo sa loób nġ Maynilà upang pumasok sa kaníkaniláng páaraláng pinápasukan. Ang ilán ay suót tagá Europa, matutulin ang lakad, na dalá ang mġa aklát at kuaderno, may iniisip, inaalaala ang kaniláng mġa lisyón at mġa sinulat na iháharáp; ang mġa itó'y tagá Ateneo. Ang mġa tagá Letrán ay nápupuná sapagká't laháat halos ay suot pilipino, silá ang lalóng makapál at waláng maraming aklát. Ang bihis nġ mġa tagá Universidad ay lalóng maayos at makisig, mararahan ang lakad at madalás pang tungkód ang dalá at hindi aklát. Ang kabatàng nag-aaral sa Pilipinas ay hindi mapanggulô at mapag-inġáy; nanġaglálakád na wari'y may iniisip; ang sino mang makakita sa kanilá ay magsasabing sa haráp nġ kaniláng mġa matá ay waláng anó mang pag-asang nátatanáw, ni magandáng kinábukasan. Kahi't na sa mġa ilan iláng dako'y nakapagpapasayá sa hanay ang matalagháy at makulay na anyô nġ mġa nag-aaral na babai sa Escuela Municipal, na may mġa sintás sa balikat at bitbit ang kaniláng mġa pinag-aaralang aklát at kasunód ang kaniláng mġa alilà, ay bahagyá nang mádinġig ang isáng tawa, bahagyá nang mádinġig ang isáng aglahi; waláng mġa awitan; waláng masasayang parunggít; kung bagá man ay mabibigát na birò, awayán nġ maliliit. Ang mġa malalakí ay karaniwan nang waláng kibô at maayos ang kagayakan na gaya nġ mġa nag-aaral na alemán.

Si Plácido ay naglálakád sa liwasan ni Magallanes upang pumasok sa butas—dating pintô—nġ Sto. Domingo nang bigláng tumanggáp nġ isáng tampál sa balikat na siyang nakapagpalingón sa kaniyang biglá, na masamá ang ulo.

—¡Hoy, Penitente, hoy, Penitente!

Ang tumampál palá ay ang kasama niyang si Juanito Pelaez, ang mapaglanġís at minámahal nġ mġa gurô, waláng kapara sa kasamáan at kalikután, may tinġing mapanuksó at nġiting mapagbirô. Anák nġ isáng mestisong kastilà, mayamang mánġanġalakál nġ isá sa mġa arrabal, na umaasa sa katalinuhan nġ binatá; dahil sa kaniyang pagkamakulabíd ay hindi náhuhulí sa ibá, may ugaling mapagbirô nġ masamá sa laháat at pagkatapos ay magkakanlóng sa likuran nġ mġa kasama at may katanġitanġi siyang kakubàan na lumálakí kailan ma't may panunuksóng ginagawá at nagtátawá.

—¿Nakapag-alíw ka bang mabuti, Penitente?—ang tanóng na kasabáy ang mġa malakás na pagtampál sa balikat.

—Ganoon, ganoon—ang sagót na may kamuhán ni Plácido—¿at ikáw?

—¡Mabuting mabuti! Sukat ba namáng anyayahan akó nġ kura sa Tiani, na sa kaniyang bayan akó magpahinġá; naparoon akó..... kaibigan! ¿Kilalá mo ba si P. Camorra? Siyá'y isáng kurang mapagpaumahanín, mabuting kaibigan, matapát, lubhâng mapagtapát, kagaya ni P. Paco.... At sa dahiláng maraming dalagang magagandá doón, ay nanapatan kamiing dalawa, ang pigil niyá'y gitarra at kumakantá nġ mġa peteneras at akó namá'y biolin.... Masasabi ko sa iyó, kaibigan, na gayón na lamang ang sayá namin; waláng bahay na hindi namin inakyát.

Bumulóng sa tainġa ni Plácido nġ iláng salitá at pagkatapos ay nagtawá. At sa dahiláng nagpakita nġ pagkakámanghá si Plácido, ay idinagdág pang:

—¡Maisusumpá ko sa iyó! At waláng hindi pangyayari, sapagká't sa pamag-itan nġ isáng utos nġ pamahalàan ay maaaring pawiin ang amá, asawa ó kapatid at tapús ang salitàan! Gayón man ay nakátagpô kami nġ isáng unġás, katipán mandín ni Basilio sa akalá ko. Nápakaulól niyóng si Basilio! Magkaroón ba namán nġ niligawang hindi marunong nġ wikàng kastilà, waláng yaman at nagíng alilà pa! Masunġit na masunġit nġuni't magandá. Isáng gabí'y hinambalos ni P. Camorra ang dalawáng nanapatan sa kaniyá at salamat na lamang at hindi nanġapatáy. Nġuni't gayón man ay masunġit pá rin ang babai. Datapwá'y susukò rin siyá na gaya nġ ibá.

Si Juanito Pelaez ay malakás na humáhalakhák na wari'y ikinaliligaya niyang lubós ang gayón. Minasdán

siyáng masamá ang loób ni Plácido.

—Hintáy ka palá ¿anó bá ang iniulat kahapon n̄ katedrátiko?—ang tanóng na inibá ang sálitàan.

—Kahapon ay waláng pasok.

—¡Oho! At kamakalawá?

—¡Tao ka, Huebes, e!

—Siyá n̄â palá ¡napakahayóp akó! ¿Alám mo Plácido na nagiging hayop akó? At noong Miérkoles?

—¿Noong Miérkoles? Hintáy ka.... niyóng Miérkoles ay umambón.

—¡Mainam! at noong Martés?

—Noong Martés ay pistá n̄ katedrátiko at hinandugán namin siyá n̄ isáng orkesta, kumpól n̄ m̄ga bulaklák at ilán pang handóg....

—¡Ah, putris!—ang bulalás ni Juanito—nakalimutan ko n̄â palá, ¡napakahayop akó! At ¿itinanóng bá akó?

Kinibít ni Penitente ang kaniyáng balikat.

—Ayawán ko, n̄gunì't ibinigáy sa kaniyá ang tálàan n̄ m̄ga may gawâ n̄ pista.

—¡Putris!.... at noong Lunes ¿anó ang nangyari?

—Sa dahiláng siyáng unáng araw n̄ masukán ay binasa ang tálàan n̄ m̄ga panğalan at itinakdá ang lisyón: ang ukol sa m̄ga salamín. Tingnán mo; mulá rito hanggáng doon, isasaulo, waláng labis waláng kulang.... tátalunán ang kaputol na itó at itó ang isúsunód.

At itinaturò n̄ dalirì sa písika ni Ramos ang m̄ga dakong pag-aaralan, n̄ bigláng sumalipadpad sa hanğin ang aklát dahil sa isáng tampál na papaitaas na ibinigáy ni Juanito.

—Siyá bayàan mo n̄â ang lisyón, mag *ipít na araw* na tayo.

Tinatawag na *ipít na araw* n̄ m̄ga nag-aaral sa Maynilà, ang araw na napapagitnâ sa dalawáng kapistahan, na inaalis at pinapawi sa kaibigáng sarili n̄ m̄ga nag-aaral.

—¿Alám mo bang nápakahayop mo n̄â?—ang tugóng pagalít ni Plácido samantalang pinupulot ang kaniyáng aklát at m̄ga papel.

—Halinang mag *ipít na araw*—ang ulit ni Juanito.

Ayaw si Plácido: hindî dahil sa pagkukulang n̄ dalawá'y hindî itútulóy ang klase n̄ mahigít sa isáng daa't limang pû. Naaalaala ang m̄ga paghihirap at pag-iimpók n̄ kaniyáng iná na siyáng nagbibigáy n̄ ginugugol niyá sa Maynilà at siyáng nagsasalát.

Nang m̄ga sumandalíng iyón ay pumapasok silá sa butas n̄ Sto. Domingo.

—Maalala ko palá—ang bulalás ni Juanito n̄ mákita ang liwasan sa haráp n̄ bahay-aduana—¿alám mo bang akó ang nátungkuláng manğilak n̄ ambágan?

—¿Anóng ambagan?

—Ang sa monumento.

—¿Anóng monumento?

—¡Alín pá! ang sa kay P. Baltazar ¿hindî mo ba nálalaman?

—¿At sino ba ang P. Baltazar na iyán?

—¡Abá! ¡isáng dominiko! Kayâ't lumapit ang m̄ga parì sa m̄ga nag-aaral. ¡Sulong na, magbigáy ka na n̄ tatló ó apat na piso upang mákitang tayo'y hindî maramot! Upang huwag masabing sa pagtatayô n̄ isáng estátua ay ang alapót nilá ang dinukot. ¡Sulong na Placidete! hindî mawawaláng kabuluhán ang salapí mo!

At sinabayán ang salitang itó n̄ isáng makahulugáng kindát.

Naalaala ni Plácido iyong isáng nag-aaral na nakalalampás sa pagsusurì dahil sa paghahandóg n̄ kanario, kayâ't nagbigáy n̄ tatlóng piso.

—Tingnán mo, isusulat kong maliwanag ang iyong panğalan upang mábasa n̄ propesor, ¿nákikita mo bá? Plácido Penitente, tatlóng piso. ¡Ah! ¡tingnán mo! Sa loób n̄ ikalabíng limang araw ay pistá n̄ propesor sa *Historia Natural*.... Alám mong napakamasayá, na hindî naglalagáy n̄ pagkukulang at hindî tumátanóng n̄ lisyón. ¡Kaibigan, dapat tayong gumantí n̄ utang na loób!

—¡Siyá n̄â!

—¿Anó, dapat ba nating handugán n̄ isáng pistá? Ang orkesta ay dapat na magíng kaparis n̄ dinalá ninyó sa katedrátiko sa Písika.

—¡Siyá n̄â!

—¿Anó sa akalà mo kung gawín nating tigelawang piso ang ambagan? Sulong Placidíng, magpáuna ka sa pagbibigay, sa gayón ay máuuna ka sa talàan.

At sa dahiláng ibinigáy n̄ waláng gatól ni Plácido ang hiníhinğíng dalawáng piso, ay idinagdág ang:

—Hoy, apat na ang ibigáy mo, at sakâ ko na isasauli sa iyó ang dalawá; upáng magíng pain lamang.

—Kung isasauli mo rín ¿anó't ibibigay ko pá sa iyo? Sukat nang ilagáy mong apat.

—¡Ah, siyá n̄â palá! nápakahayop akó! ¿alám mong nagiging hayop akó n̄gayón? N̄gunì't ibigáy mo na rin sa akin upang ipakita ko sa ibá.

Upang huwag pabulaanan ni Plácido ang kura na naglagáy sa kaniyá n̄ pangalan, ay ibinigáy ang hiníhingi sa kaniyá.

Dumatíng silá sa Universidad.

Sa papasukan at sa hinabàhabà n̄ banketa na nakalatag sa palibid n̄ Unibersidad ay nan̄gaghihintuan ang m̄ga nag-aaral na nag-aantáy n̄ pagpanaog n̄ m̄ga propesor. Ang m̄ga nag-aaral n̄ taóng paghahandá upáng mag-aral n̄ *Derecho*, ikalimáng taón n̄ *segunda enseñanza*, at n̄ paghahandá upáng mag-aral n̄ *Medicina* ay nagkakahalobilo: ang m̄ga hulíng tinuran ay madalíng mákilala dahil sa kaniláng kagayakan at sa kaniláng kiyás na hindí náikita sa ibá: ang marami sa kanilá ay galing sa Ateneo Municipal at kapiling nilá ang makatàng si Isagani na ipinakíkilala sa isáng kasama ang pan̄gan̄ganinag n̄ liwanag. Sa isáng pulutóng ay nagtatalotalo, nagkakatwiranan, bumabanggit n̄ sinabi n̄ propesor, n̄ m̄ga nátatalá sa aklát, n̄ m̄ga *principios escolásticos*; sa ibáng pulutóng ay nagkukumpayan n̄ m̄ga aklát, sa pamagitan n̄ m̄ga tungkód ay iginuguhit sa lupà ang ibig ipakilala; sa dako pa roon ang nan̄galilibang namán sa panonood sa m̄ga mapanatang tumutun̄go sa kalapít na simbahan, at kung anó anó ang ibinubuhay dahil sa namamálas.

Isáng matandang babai na akay n̄ isáng dalaga ay papiláypiláy na nagdádasal; nakatun̄góng lumalákad ang binibini, natatakót-takót, nahihiyang dumaan sa haráp n̄ gayóng karaming tumítin̄gin; itinátaás n̄ matandá ang kaniyang saya na kulay kapé n̄ m̄ga kakapatid ni Sta. Rita, upang ipakita ang matatabang paa at m̄ga medias na putí; kinagagalitan ang kaniyang kasama at tinitingnán n̄ masamang tin̄gin ang m̄ga nanonood.

—¡M̄ga *saragate!*—ang pan̄gitn̄git na bulóng—¡huwag mo siláng tingnán, itun̄gó mo ang iyong ulo!

Ang lahát ay náupuná, ang lahát ay nagiging sanhi n̄ biruán at buhaybuhay.

Minsan ay isáng mainam na *victoria* na hihintô sa piling n̄ pintuan upang iwan doon ang isáng mag-aanak na mapanata; dadalaw sa Birhen del Rosario sa kaniyang piniling araw: ang m̄ga matá n̄ nanonood ay handang lahát upang tanawín ang anyô at lakí n̄ paa n̄ m̄ga binibini sa pag-ibís sa sasakyán: minsán ay isáng nag-aaral na lumalabás sa pintuan na tagláy pá sa mukhâ ang pagkakapanalangin: dumaan sa simbahan upang idalangin sa Birhen na mangyaring maliwanagan niyá ang lisyón, upang tingnán kung nároroón ang kaniyang nilalangit, makipagsulyapan at tumun̄go sa páaralán na tagláy sa alaala ang m̄ga matang magiliw na iyon.

N̄guni't námatyág sa m̄ga pulutóng ang galawan, isáng waring pagaantabáy, at si Isagani ay nápatigil at namutlá. Isáng sasakyán ang humintô sa pintuan: ang magkaparis na kabayong putí ay kilaláng-kilalá. Yaon ang sasakyán ni Paulita Gómez na nakalundág na agád sa lupà, na mabilís na warí'y ibon, na hindí binigyang panahóng mákita n̄ m̄ga nanónood ang kaniyang paa. Sa isáng mainam na kilos at isáng haplós n̄ kamáy ay naayos ang m̄ga tupí n̄ kaniyang saya, at sa isáng matuling sulyáp na warí'y hindí kinukusa ay nákita si Isagani, bumati't n̄gumití. Bumabâ namán si aling Victorina, tumin̄gin n̄ paimbabáw sa kanyang salamin, nákita si Juanito Pelaez, n̄gumití at binati itó n̄ magiliw.

Si Isagani ay sumagót n̄ bating takót, na namumulá dahil sa lugód; si Juanito ay nagpakayukôyukô, nagalís n̄ sombrero at ikinilos ang mukhâ na kagaya n̄ bantóg na kómiko at karikato Panza kung tumatanggap n̄ pagakpakan.

—¡*Mecachis!* ¡Kay gandáng dalaga!—ang bulalás n̄ isá, na humandá sa pagyao—sabihin ninyó sa katedrático na akó'y malubhá.

At si Tadeo, itó ang kaniyang pangalan, ay pumasok sa simbahan upang sundán ang dalaga.

Si Tadeo ay pumaparoon araw araw sa Unibersidad upang itanóng kung may pasok at tuwí na'y nagtataká kung bakit may pasok: mayroon siyang hinalang may isáng *cuacha* na panáy at walang katapusán at inántáy niyang dumatíng sa bawà't sandalí. At bawà't umaga, matapos na hindí mangyari ang mungkahì niyang magliwaliw, ay áalis na nagdádahilang may malaking kagipitan, ó gágawin, ó sakít, sa sandalí pa namang ang kaniyang m̄ga kasama ay papasok sa klase. N̄guni't sa dí mabatid na kaparaanan ay nakalálampás si Tadeo sa m̄ga pagsusuri, ginigiliw n̄ kaniyang m̄ga propesor at náharáp sa isáng magandang kinábukasan.

Samantala namán ay nagsisimulá ang m̄ga kilusán at gumágalaw ang m̄ga pulúpulutóng; pumanaog na sa klase ang propesor sa Písika at Kímika.

Ang m̄ga nag-aaral, na waring nawalán n̄ pag-asa, ay pumasok sa loób n̄ páaralán na nan̄gakabitíw n̄ ilang bulalás sa dí kasiyahang loób. Si Plácido Penitente ay nakisunód sa karamihan.

—¡Penitente, Penitente!—ang tawag sa kaniyang palihím n̄ isá—lumagdâ ka rito!

—At ¿anó iyán?

—Huwag mo nang tanun̄gin, lumagdâ ka!

Waring náramdamán ni Plácido na may pumipirol sa kaniyang tain̄ga; nasa sa alaala niyá ang kabuhayan n̄ isáng kabisa sa kaniyang bayan, na dahil sa pagkakalagdâ sa isáng kasulatang hindí batid ang lamán, ay nábilanggong maláon at kauntí pang nápatapon. Upang huwag niyang malimot ang pangyayaring iyón ay pinirol siyá n̄ malakás sa tain̄ga n̄ isá niyang amáin. At kailán mang nakakadingíg siyá n̄ salitàang ukol sa paglagdá ay waring náramdamán niyá sa kaniyang tain̄ga ang sakít na tinanggáp.

—Patawarin mo akó, kasama, n̄guni't hindí akó lumalagdâ sa anó man, kailan pa ma't hindí ko pa nauunawà.

—¡Napakahan̄gál mo! nakalagdâ na rito ang dalawang *carabineros celestiales* ¿anó pa ang ikatatakot mo?

Ang panģalang *carabineros celestiales* ay nakapagbibigay tiwalà. Yaón ay isáng banal na pulutóng na itinatag upang tumulong sa Dios sa pakikibaka sa dilàng kasamàan, upang pigilin ang pagpasok nģ *contrabando herético* sa talipapà nģ bagong Siyon.

Lalagdà na sana si Plácido upang matapos na lamang ang usap sapagkà't nagmamadalì; ang kaniyáng mģa kasama ay nagdadasal na nģ *O Thoma*, nģuni't náramdamán niyá mandíng pinipigilan nģ kaniyáng amain ang kaniyáng tainģa, kayà't nagsabing:

—¡Makatapos na ang klase! ibig ko munang mábasa.

—Napakahabà, ¿alám mo bá? ang bagay ay upang gumawâ nģ isáng kahilingģang laban, sa tuwid na sabi, isáng tutol. ¿Alám mo bá? Si Makaraig at ilán pang kasama ay humihinģing magbukás nģ isáng akademia nģ wikang kastilà, bagay na isáng malaking kaululán.....

—¡Siyá, siyá! kasama, mamayâ na sapagkà't nanģagsisimulâ na—ang sabi ni Plácido na nagpupumiglás.

—¡Nģuni't, hindì namán bumabasa nģ talàan ang inyong propesor!

—Oo, kung minsan ay bumabasa. ¡Mamayâ na! mamayâ na! At sakâ... ayokong sumalunģát kay Makaraig.

—Nģuni't hindì namán pagsalunģát, lamang ay.....

Hindì na siyá nádingģig ni Plácido, malayò na't nagtutumulin sa pagtunģo sa klase. Nakádingģig nģ ibá't ibáng *¡adsum! ¡adsum!* ¡putris, binabasa ang talàan!.... nagmadalì at dumatíng sa pintò nģ nasa letrang Q pa namán.

—¡Tinamàan nģ...!—ang bulóng na nápakagát labì.

Nag-alinlanģan kung dapat ó hindì dapat pumasok; ang guhit ay nakalagáy na at hindì na maaalís. Kayâ lamang dumádaló sa klase ay hindì upang mag-aral kundì upang huwag lamang magkaróon nģ *guhit*; waláng ginagawâ sa klase kundì pagsasabi nģ lisyong sinaulo, basahin ang aklát at malaki na ang manģisanģisáng tanóng na malabò, malalim, nakalilitó, warì'y bugtóng; tunay nģâ na dí nawawalâ ang muntíng pag-aaral—ang dati rin—na ukol sa kapakumbabàan, sa pagka-maalinsunod, sa paggalang sa mģa pari, at siyá, si Plácido, ay mapakumbabâ, masunurin at magalang. Aalís na sana nģuni't naaalaalang nálalapít ang paglilitis at hindì pá siyá nátatanóng nģ propesor at waríng hindì siyá napupuná; mabuting pagkakataón iyón upang siyá'y mapuná at makilala. Ang mákilala ay katimbáng nģ pagkaraán nģ isáng taón, sa dahiláng kung waláng anomán ang magbigáy nģ *suspensio* sa isáng hindì kilala, ay kailanģang magkaróon nģ pusòng matigás upang huwag mabaklá sa pagkakita sa isáng binatà na isinisisi sa araw-araw ang pagkaaksayá nģ isáng taón niyáng buhay.

Pumasok nģâ si Plácido na hindì patiyád na gaya nģ dating ugali kundì pinatunóg pá ang kaniyáng mģa takón nģ sapatos. At ¡labis na tinamó ang ninanasà! Tiningnán siyá nģ katedrátiko, ikinunót ang noo at iginaláw ang ulo na waríng ang ibig sabihin, ay:

—¡Waláng galang, magbabayad ka rin sa akin!

## ANG ARALÁN NŔ PÍSICA

Ang klase ay isáng look na higít ang kahabàan sa kaluwangán at may malalaking durungawáng may karali na pinapasukan nŔ hanġin at liwanag. Sa hinabahabà nŔ dingding na bató ay may tatlong baitang na bató na may takíp na dalíg, na punó nŔ mġa nag-aaral na ang pagkakahanay ay alinsunod sa unang letra nŔ kaniláng panġalan; sa ibayo nŔ pasukán, sa ilalim nŔ isáng larawan ni Santo Tomás de Aquino, ay nálalagay ang luklukan nŔ propesor, mataas at may dalawang hagdán sa magkabilang panig. Liban sa isáng magandang tablero na may markong narra na hindi halos nagagamit, sapagkâ't násusulat pa ang *viva!* na nákita roon sapol sa araw nŔ pasukán, doon ay walang anomang kasangkapang matinó ó sirâ. Ang mġa dingding, na pinintahán nŔ putí at nátatangól sa ilang dako nŔ mġa lariong may sarisaring kulay upang maiwasan ang mġa pagkakakiskís, ay buhad na buhad; ni isáng guhit, ni isáng inukit, ni bahagyang kasangkapan na ukol sa Písika! Ang mġa nag-aaral ay hindi nanġanġailanġan nŔ higít pá sa roon, walang naghahanáp nŔ pagtuturò sa pamamag-itan nŔ pagsasanay sa isáng karunungan lubhang ukol sa kasanayan; mahabang panahón nang gayón ang pagtuturò at hindi naguló ang Pilipinas, kundí patuloy pá rin nġang gaya nŔ dati. Maminsan minsan ay bumababang buhat sa lanġit ang isáng kasangkapan na ipinakikitang malayo sa nag-aaral, gaya nŔ pagpapakita nŔ Santísimo sa mġa mapanambang nangakaluhód, tingnán mo akó nġuni't huwag salanġin. Panapanahón, pag nagkakaroon nŔ nagtuturong may magandang loób, ay nagtatakdâ nŔ isáng araw sa loób nŔ taón upang dalawin ang makababalaghang Gabinete at hanġaan mulâ sa labás ang mġa kasangkapang dí maturan ang kabuluhan, na nanġakalagáy sa loób nŔ mġa kinalalagyán; walang makadadaing; nŔ araw na iyón ay nakakita nŔ maraming tansó, maraming bubog, maraming tubo, bilog, gulóng, kampanà, at ibp.; at hindi na hihigít pa roón ang pagtatanyág, ni hindi naguguló ang Pilipinas. Sa isáng dako namán ay alam nŔ mġa nag-aaral na ang mġa kasangkapang iyón ay hindi binilí dahil sa kanilá ġhindi hanġal ang mġa prayle! Ang Cabineteng iyón ay ginawâ upang ipakita sa mġa taga ibang lupà at sa mġa matataás na kawaning nanggagaling sa España, upang sa pagkakita noón ay igalaw ang ulo na may kasiyahang loób, samantalang ang umaabay sa kaniláy nġuminġitng ang ibig sabihin warí'y:

—ġEh! Inakalà ninyóng ang matatagpúan ay mġa paring hulí sa kapanahunan? Kamí ay kapantáy nŔ mġa kasalukuyan; mayroón kamíng isáng Gabinete!

At isusulat pagkatapos nŔ mġa dayuhan at mġa matataás na kawaní, na pinasalubunġan nŔ malugód na pagtanggáp, sa kaniláng *mġa paglalakbáy ó mġa tala, na: Ang Real y Pontificia Universidad nŔ Sto. Tomás sa Maynila, na pinamamahalaan nŔ bihasang orden dominikana, ay may isáng mainam na Gabinete nŔ Písika na ukol sa ikatututo nŔ kabataan... Sa taón taón ay may dalawang daa't limang pu ang nag-aaral nŔ tinurang asignatura, at marahil dalá nŔ katamaran, nŔ pagwawalang bahala, sa kauntian nŔ kaya nŔ indio ó ibá pang sanhing likás sa kanilá ó bagay na di mawatasan.... hanggang sa nġayón ay hindi pa sumisipót ang isáng kahi't munti man lamang, na Lavoisier, isáng Secchi, ni isáng Tyndall, na lahing malayong pilipino.*

Datapwâ'y upang mapagkilala ang katotohanan ay sasabihin namin, na sa Cabineteng itó nag-aaral ang tatló ó apat na pung pumapasok sa *ampliación* sa ilalim nŔ pamamahala nŔ isáng nagtuturong gumaganáp namán nŔ mabuti sa kanyang tungkulin; nġuni't sa dahilang ang lalong marami sa mġa nag-aaral ay galing sa Ateneo Municipal na ang pagtuturò doon ay sa pagsasanay sa loób nŔ Gabinete, ay walâ ring malaking kabuluhan ang gayong pangyayari na dí gaya nang kung ang makasamantalá noon ay ang dalawang daa't limang pung nagbabayad nŔ kaniláng *matrícula*, bumibili nŔ aklát, nanġag-aaral at gumugugol nŔ isáng taón at walang namumuanġan pagkatapos. Ang nangyayari, liban sa isáng *kapista* ó utusán na nagíng bantáy nŔ mahabang panahón sa museo, kailán man ay walang nábalitang may nápalâ sa mġa isinaulong lisyón na pinagkakahirapan muna bago nátutuhan.

Nġuni't balikán natin ang klase.

Ang katedrático ay isáng dominikong batà na tumungkól nŔ lubhang mahigpít at mabantóg sa kaniyang pagtuturò sa ilang katedra sa paaralang San Juan de Letrán. Bantóg siyá sa pagkamabuting manalitâ't mabuting pilósopo at isá sa mġa may mainam na maaasahan sa loob nŔ kaniyang pangkátin. Ang mġa matatandâ'y may pagtinġin sa kaniyá at kinaiinggitán siyá nŔ mġa batà, sapagkâ't silá man ay mayroon ding pangkátpangkát. Yaón ang panġatlong taón na nŔ kaniyang pagtuturò at kahi't nŔ taóng iyón lamang siyá magtuturò nŔ Písika at Kímika, ay kinikilala na siyang marunong, hindi lamang nŔ mġa nag-aaral, kundí sampú nŔ mġa kagaya niyang palipatlipat na mġa propesor. Si P. Millon ay hindi kabilang nŔ karamihang sa taón taón ay palipatlipat nŔ katedra upang magkaroón nŔ kaunting pagkabatíd sa karunungan, nag-aaral sa gitná nŔ ibang nag-aaral, na walang pagkakaibá kundí ang pangyayaring ísáng bagay lamang ang pinag-aaralan, tumátanong at hindi tinátanong, may mahigít na pagkabatíd nŔ wikang kastilà at hindi nililitis pagkatapos nŔ taón. Hinahalungkát ni P. Millon ang karunungan, kilalá niyá ang Písika ni Aristóteles at ang kay P. Amat; mainġat niyang binabasa ang *Ramos* at maminsanminsán ay tumutungháy sa *Ganot*. Gayón man ay iginágalaw kung minsán ang ulo na warí'y nag-aalinlanġan, mánġinġiti at búbulong nŔ: *transeat*. Tungkol sa Kímika, ay inaakalang mayroon siyang dí karaniwang kabatirán sapol noong, sa pag-alinsunod sa isáng banggít ni Sto. Tomás, na ang tubig ay isáng halò, ay maliwanag niyang pinatunayan na ang taga lanġit na doctor ay nagpáuna nŔ malakí sa mġa Berzelius, Gay Lussac, Bunsen at ibá pang *materialista*, na pawang may muntí ó malaking kahambugán. Datapwâ't kahi't na nagíng propesor sa *Geografía* ay mayroon siyang mġa ilang pag-aalinlanġan tungkol sa kabilugan nŔ mundó at gumagamit nŔ may makakahulugang nġiti pagsasalitâ nŔ pag-ikit at pagligid sa araw, at binabanggít yaóng:

Ang sa bitúing pagbubulaa'y  
Isáng pagbubulaang mainam.....

Nğumíngitíng may pakahulugán sa haráp nğ iláng paghahakà tungkol sa písika at inaakalàng hibáng, kundí mán banğaw, ang hesuitang si Secchi, na umanó'y ang pagputol nitó nğ pariparisukát sa ostia ay anák nğ pagkaguló sa astronomía, at dahil doón, ang sabi'y pinagbawalang magmisa; marami ang nakápuna sa kaniyá nğ tila pagkamuhí sa bagay na itinuturò; nğuni't ang mğa kapintasang itó'y maliliít na bagay, mğa himaling sa paraán nğ pag-aaral at pananampalataya, at madalíng malilinawan, hindi lamang sa dahiláng ang karunúnğan sa písika ay lubós na galing sa kasanayán, sa kábabatyág at panghihinuha, samantalang siyá'y malakás sa pilosopía, lubós na ukol sa paghuhulòhulò, sa palagáy at kurò, hindi, sa dahiláng siyá'y mabuting dominiko, na magiliw sa karanğalan nğ kaniyáng kapisanan, ay hindi mangyayaring malugód sa isáng katarunğang hindi ikinábantog nğ isá man sa kaniyáng mğa kapatíd—siyá na ang unang hindi naniniwalà sa kímika ni Sto. Tomás—nğuni't ikinadadakilà nğ ibáng Samaháng kalaban, sabihin na nating katunggali nilá.

Itó ang propesor nğ umagang iyon, na matapos mabasa ang talàan, ay ipinaulit sa mğa tinuturúan ang mğa isinaulong lisyón na waláng labis waláng kulang. Ang mğa ponógrapo ay umalinsunod, ang ilán ay mabuti, ang ibá'y masamá, ang ibá'y pautal-utál, nag-aanasan. Ang makapagturing nğ waláng malí ay nagtátamó nğ isáng *mabuting guhit* at *masamang guhit* ang magkámali nğ higít sa makáitlò.

Ang isáng batàng matabâ, na mukhâng nag-aantók at ang mğa buhók ay nanğagtuwíd at matitigás na wari'y balahibo nğ isáng sepilyo, ay naghikáb nğ makalinsád-sihang at nag-inát na iniunat ang mğa kamáy na wari'y nakahigá pá sa baníg. Nakita nğ katedrátiko at pinag-isipang gulatin.....

—¡Oy! ikáw, matutulugín, abá! *cosa? Perezoso también*, siguro hindi ka marunong nğ lisyón, ha?

Hindi lamang hindi pinúpupô ni P. Millón ang lahat nğ nag-aaral, gaya nğ sino mang mabuting prayle, kundí kinákausap pa silá nğ wikàng tindá, bagay na nátutuhan sa katedrátiko sa Cánones. Kung sa gayóng pananalitá ay inakalà nğ Reberendo ang kutyâin ang mğa nag-aaral ó ang mğa banál na takdá nğ mğa *concilio*, ay bagay na hindi pa napasisiyahán, kahít pinagtalunan na nğ mahabà.

Ang pagkakatakoy ay hindi ikinamuhí nğ mğa nag-aaral kundí ikinagalák pa at marami ang nanğagtawanan; yaón ay nangyayari sa araw araw. Gayón mán ay hindi náatawá ang matabâ; bigláng tumindíg, kinuskós ang mğa matá, at waring mákina nğ bapor ang nagpagaláw sa ponógrapo at sinimulán ang pagsasabi nğ:

—“Tinatawag na salamín ang lahat nğ pamukhâng binuli at nálalaan upang malarawan sa kaniyá, dahil sa tamà nğ liwanag, ang mğa larawan nğ bagay na ilapít sa tinurang pamukhá; dahil sa mğa bagay bagay na bumúbuò nğ mğa pamukhâng itó ay binabahagi sa salamíng *metal* at salamíng bubog.....”

—¡Hintáy, hintáy, hintáy!—ang bigláng pigil nğ katedrátiko—Jesús para kang pagupak! Tayo'y nasa salitaang ang mğa salamín ay binabahagi sa mğa salamíng *metal* at salamíng bubog ¿ha? At kung bigyán kitá nğ isáng kahoy, ang kamagóng sa halimbawà, na lininis na mabuti at hinibuan, ó kaputol na marmol na maitím na pinakabuli, isáng balok na asabatse na másisinagán nğ larawan nğ mğa bagay na ilagáy sa haráp ¿saang bahagi mo ilálahók ang mğa salamíng iyan?

Ang tinanóng, sa dahiláng hindi maalaman ang isásagot ó kayá'y sa dahiláng hindi nalinawan ang katanunğan, ay tumangkang makalusót sa pagpapakilalang alám niyá ang lisyón, kayá't nagpatuloy na wari'y bahâ:

—“Ang mğa una ay binúbuò nğ tansò ó pagkakahalòhalò nğ ibá't ibáng metal at ang panğalawá ay binúbuò nğ isáng lapád na bubog na ang dalawáng mukhá'y kapwâ kininis at ang isá rito'y may pahid na tinggáng putí.”

—¡Tum, tum, tum! hindi iyan; *dóminus vobiscum* ang sinasabi ko sa iyó at ang isinásagót mo sa akin ay *requiescat in pace!*

At inulit sa wikàng tindá, nğ mabaít na katedrátiko, ang katanunğan na linahukán sa bawà't sandalí nğ mğa *cosa* at *abá*.

Hindi makaiwas sa kagipitan ang kaawàawàng binatà: nag-aalinlanğan sa kung nárarapat niyáng ihalò ang kamagóng sa mğa metal, ang marmol sa mğa bubog at ang asabatse ay iwan sa alanğanin, hanggáng sa ang kalapít niyáng si Juanito Pelaez ay bumulóng sa kaniyá nğ lihim na:

—Ang salamíng kamagóng ay kasama nğ mğa salamíng kahoy!

Inulit nğ litó nating binatà ang kaniyáng nádingíg, kayá't nag-ihít sa kátatawa ang kalahati nğ klase.

—¡Ikáw ang mabuting kamagóng!—ang sabi nğ katedrátiko na napilitang tumawa—Tingnán natin kung alín ang tatawagin nating salamín: ang pamukhá, *per se, in quantum est superficies*, ó ang katawáng bumubuò nğ ibabaw na itó ó kayá'y ang bagay na kinapapatunğan nğ pamukhâng itó ang pinagbuhatang bagay, na náiba dahil sa pagkakabago sa kaniyá nğ tinatawag na pamukhá, sapagká't maliwanag na, sa dahiláng ang pamukhá ay kabaguhan nğ mğa katawán, ay hindi mangyayaring mawalán nğ kabagayán. Tingnán natin ¿anó ang sabi mo?

¿Akó? ¡walá! ang isásagót sana nğ kahabághabág na hindi na maalaman kung anó ang pinagsasalitáan dahil sa karamihan nğ mğa pamukhá at mğa pagbabagong bumabayóng masakít sa kaniyáng tainğa; nğuni't nakapigil sa kaniyá ang udyók nğ kahihiyán, kayá't balót kahapisan at pinapawisan na, noong inulit nğ marahan:

—“Tinatawag na salamín ang lahat nğ pamukhá na binuli....”

—*Ergo, per te*, ang salamín ay ang ibabaw,—ang dukit nğ katedrátiko.—Kung gayón ay linawin mo sa



akin ang ganitóng bagay. Kung ang pamukhâ ay siyáng salamín, ay ibá sa kabagayán n̄ salamín ang ano mang nálalagáy sa líkurán, sa dahiláng ang nasa likód ay hindi makapagbabago sa nasa sa harapán, *id est*, n̄ ibabaw, *quæ super faciem est, quia vocatur superficies facies ea quæ supra videtur*; pinaayunan mo ó hindi?

Lalò pang nanindíg ang buhók n̄ kaawàawàng binatà, na wari pinakilos n̄ isáng malakás na galáw.

—¿Pinaayunan mo ó hindi?

—Kahì't na anó, ang ibigin pô ninyó, Padre, ang inaakalà niyang isagót, n̄gunì't hindi makapanġahás na turan ang gayón, dahil sa natatakot siyang manġagtawanan. Yaon ang matatawag na kagipitan at kailan pa man ay hindi pa siyá nápasok sa gayóng kahigpít. May-roon siyang muntíng gunità na hindi mapapaayunan ang kahì't nápakaliít na bagay sa m̄ġa prayle, na hindi nilá pinalalabasán n̄ lahát n̄ pangyayari at kapakinabanġáng mahahakà, kundì'y magsabi na ang kaniláng m̄ġa lupaíng arì at m̄ġa kurato. Kayâ't ang iniudyók n̄ kaniyáng anghel na tagá pag-adyá ay ipagkaít n̄ boong tibay n̄ kaluluwá at katigasán n̄ kaniyáng buhók ang ano máng bagay, at handâ nang bumitiw n̄ isang matindíng *¡nego!*, sa dahiláng ang hindi umaamin n̄ anoman ay waláng tinatangġáp, ang sabi sa kaniyá n̄ isáng kawani sa hukuman; datapwâ'y ang masamâng ugaling hindi nakikingíġ sa udyók n̄ sariling budhî, ang dí pananalig sa m̄ġa taong nakaáalám n̄ kautusán at ang paghanap n̄ abuloy sa ibá, gayóng sukat na ang kaniyáng sarili, ay siyang sa kaniyá'y sumirà. Hinuhudyatán siyáng umayon n̄ m̄ġa kasama, lalò na si Juanito Pelaez, at sa pagpapadalá sa masamâ niyáng kapalaran, ay bumitiw n̄ isáng *umaayon po akó, Padre* na ang boses ay malamlám na waring ang tinuran ay *In manus tuas commendo spiritum meum*.

—*Concedo antecedentum*—ang ulit n̄ nagtuturò na n̄gumití n̄ may kahulugán—*ergo*, maaaring kayurin ko ang tinggáng putí n̄ isáng salamíng bubog, palitán n̄ kaputol na bibingka at mayroon din tayong salamín, ¿ha? ¿Anó, magkakaroon tayo?

Ang binatà'y tumingín sa m̄ġa nagsusuplóng sa kaniyá, n̄gunì't nang mákitang silá'y pawàng gulilat din at hindi maalaman ang turan, ay nálarawan sa kaniyáng mukhâ ang mapaít na pagsisisi. *Deus meus, Deus meus, quare dereliquiste me*, ang ipinahahayag n̄ kaniyáng hapís na paningín samantalang ang kaniyáng m̄ġa labì'y bumibigkás n̄ *¡linintikán!* Waláng nangyari sa kaniyáng káubó, binatak ang petsera n̄ kaniyáng barò, itatayò ang isáng paa, pagkatapos ay ang isá namán, waláng mátagpông kalinawan.

—Siya, ¿may anó tayo?—ang ulit n̄ nagtuturò na nagtátalík sa bunġa n̄ kaniyáng tinuran.

—*¡Ang bibingka!*—ang bulong ni Juanito Pelaez—*¡ang bibingka!*

—*¡Tumigil ka, hanġal!*—ang sigáw na tulóy n̄ dí magkangtututong binatà na ibig n̄ maiwasan ang kagipitan sa paraang mang-away.

—*¡Tingnán natin, Juanito, kung mapaliwanagan mo ang bagay na itó!*—ang tanóng n̄ katedrátiko kay Pelaez.

Si Pelaez, na isá sa m̄ġa kinagigiliwan niyá, ay dahandahang tumindíg, n̄gunì't sinikó muna si Plácido Penitente na siyáng sumusunod sa lagáy sa talàan. Ang ibig sabihin n̄ pag-sikó ay:

—*¡Huwag kang málilingġat at tambisán mo akó!*

—*¡Nego consequentiam, Padre!*—ang sagót na waláng kagatol-gatól.

—*¡Ahá, kung gayó'y probo consequentiam! Per te*, ang makintáb na ibabaw ay siyáng tunay na salamín.

—*¡Nego suppositum!*—ang putol ni Juanito n̄ m̄ramdamáng binabatak siyá ni Plácido sa amerikana.

—*¿Papaano? Per te.....*

—*¡Nego!*

—*Ergo* ¿inakalà mo na ang nasa likurán ay nagiging sanhì n̄ nasa harap?

—*¡Nego!*—ang sigaw na lalò pang malakás, dahil sa pagkakáramdám n̄ isá pang batak sa kaniyáng amerikana.

Si Juanito, ó lalóng tumpák si Plácido, na siyáng tumátambís, ay hindi nakahahalatáng ang ginagamit niyáng kaparaanan ay ang sa insík: huwág tumangġáp n̄ isá mang dayuhan upang huwag siyang masalakay.

—*¿Papaano ba tayo?*—ang tanóng n̄ nagtuturò na may kaontíng kalituhán at dí mápalagáy, na tinitingnán ang ayaw magparaang nag-aaral—*¿nagbíbigay sanhì ó hindi sa harapán ang bágay na nasa likurán?*

Sa tiyák na katanunġang itó, na maliwanag, na wari'y *ultimatum*, ay hindi maalaman ni Juanito ang isagót at walâ namáng iudyók sa kaniyá ang kaniyáng amerikana. Waláng mápalá sa káhuhudyát kay Plácido; si Plácido ay alinlanġan. Sinamantalá ni Juanito ang sandalíng pagkakatingín n̄ katedrátiko sa isáng nag-aaral, na palihím na inalís sa paa ang mahigpít na sapíng suot, at niyapakang malakás si Plácido na sabáy ang sabinġ:

—*¡Tambisán mo akó, sulong, tambisán mo akó!*

—*Distingo.... ¡Aray! ¡nápakahayop ka!*—ang sigáw na hindi kinukusà ni Plácido na tinitingnáng pagalít si Juanito, samantalang hinihipò ang kaniyáng sapatos na tsarol.

Nádingíġ n̄ parì ang sigáw, nakita silá't nahulàan ang nangyayari.

—*¡Oy, ikáw, espíritu sastre!*—ang sabi—hindi ikáw ang tínatanóng ko, n̄gunì't yayamang ginawâ mo ang magligtás sa ibá, ay tingnán natin, iligtás mo ang katawán mo, *salva te ipsum*, at paliwanagan mo sa akin ang likwád.

Magalák na umupô si Juanito at katunayan n̄ kaniyáng utang na loob ay pinanglawitán n̄ dilà ang tumatambís sa kaniyá. Samantala namáng itó, namumulá dahil sa kahihiyán, ay tumindíg at bumulóng n̄ dí malinawang m̄ga dahilán.

Tinaya siyáng sandalí ni P. Millón, kagaya n̄ lumálasap sa tin̄gín n̄ isáng kakanín. ¡Kay inam marahil n̄ pan̄gayumpapàin at ilagáy sa kahihiyán ang binatàng iyóng magara, kailán ma'y mainam ang bihis, taás ang ulo at aliwalas ang panin̄gín! Isá ring kaawâang gawâ ang gayón; kayâ't ipinatuloy n̄ boong pusò n̄ nagtuturò ang gawâin, na maliwanag na inulit ang katanun̄gan:

—Sinasabi n̄ aklát na ang m̄ga salamíng metal ay binubuò n̄ tansò ó pagkakahalò n̄ ibá't ibáng metal totoo ó hindí?

—Sinasabi n̄ aklát, Padre.....

—*Liber dixit ergo ita est*; hindí mo nasà ang dumunong pá kay sa aklát....—At pagkatapos ay idinugtóng, na, ang m̄ga salamíng bubog ay binubuò n̄ isáng palás na bubog, na ang dalawá niyang mukhâ ay kininis at ang isá sa kanilá ay may pahid na ginilong na tinggâng putí,—*nota bene!* isáng ginilong na tinggâng putí. ¿Tunay ba itó?

—Kung sinasabi n̄ aklát, Padre.....

—¿Ang tinggâng putí ay metal?

—Tila pô, Padre; sinasabi n̄ aklát.....

—Metal n̄gâ, metal n̄gâ, at ang ibig sabihin n̄ salitâng ginilong ay ang pagkakahalò niya sa asoge na isá ding metal. *Ergo* ang isáng salamíng bubog ay isáng salamíng metal; *ergo* ang m̄ga pagkakabahagi ay hindí maliwanag, *ergo* ang pagiibáibá ay masamá, *ergo*.... ¿Papaano ang pagpapaliwanag mo, *espíritu sastre*?

At tinindihán ang m̄ga *ergo* at ang m̄ga *mo* n̄ boong diín at ikinindát ang matá na waríng ang ibig sabihin, ay: ¡lutò ka na!

—Itóng.... ang ibig sabihin ay itóng....—ang bulóng ni Plácido.

—Kung gayón ay hindí mo nawatasan ang lisyón, budhîng abâ, na walâng namumuwan̄gan ay sumúsulsól sa kapwà.

Ang boóng klase ay hindí nagdamdám sa gayón, inarì pang mainam n̄ marami ang pagkakátulâ, kayâ't nan̄gagtawanan. Kinagát ni Plácido ang kaniyáng m̄ga lábì.

—¿Anó ang pan̄galan mo?—ang tanóng n̄ parì.

Matigás na sumagót si Plácido.

—¡Ahá! Plácido Penitente, mukhâ ka pang Plácido Soplón ó Soplado. N̄guni't bibigyán kitá n̄ *penitencia* dahil sa iyong m̄ga *sopladuría*.

At siyáng siya sa kaniyáng m̄ga pasalisalikwát na pananalitâ, ay ipinag-utos kay Plácido na sabihin ang lisyón. Sa kalagayang yaón n̄ binatà ay nagkaroón n̄ mahigít na tatlong malí. Nang makita ang gayón n̄ parìng nagtuturò ay itinan̄gótan̄gò ang ulo, binuksáng dahan dahan ang talàan at banayad na banayad na tinunghán, samantalang binabanggít na marahan ang m̄ga pan̄galan.

—Palencia.... Palomo.... Pan̄ganiban.... Pedraza.... Pelado.... Penitente, ¡ahá! Plácido Penitente, labíng limáng araw na kusàng pagkukulang sa pagpasok.

Si Plácido ay umunat:

—¿Labíng limáng pagkukulang, Padre?

—Labíng limáng kusàng pagkukulang sa pagpasok—ang patuloy n̄ nagtuturò—Kung gayó'y isá na lamang ang kulang upang maalís sa talàan.

—¿Labíng limáng pagkukulang, labíng limá?—ang ulit ni Plácido na nagugulumihanan—makaapat pa lamang akóng nagkukulang at kung bagá mán ay n̄gayón ang ikalimá.

—*¡Husito, husito, señolía!*—ang sagót n̄ parì, na minasdán ang binatà sa ibabaw n̄ kaniyáng salamíng may kulob na gintò.—Kinikilala mong nagkulang ka n̄ makálima, at ang Dios lamang ang nakababatíd kung hindí ka nagkulang n̄ higít pa sa roon! *Atqui* sa dahiláng bihirà kong basahin ang talàan at sa bawâ't pagkahuli ko sa isá ay nilalagyán ko n̄ limáng guhit, *ergo* ¿ilán ang makálimang limá? ¡Nakalimot ka na marahil n̄ multiplicar! ¿Makálimang limá ay ilán?

—Dalawáng pù't limá.

—*¡Husito husito!* Sa gayón ay nakalamáng ka pa n̄ sampû sapagká't makáitlo lamang kitáng náhuli sa pagkukulang.... ¡Uy! kung náhuli kita sa lahát n̄ pagkukulang mo, a.... At ¿ilán ang makáitlong limá?

—Labíng limá.....

—Labíng limá, *parejo camarón con cangrejo!*—ang tapos n̄ nagtuturò na itinupí ang talàan—pag nagkábisò ka pang minsán ay, sulong! *japuera de la fuerte!* ¡Ah! at n̄gayón ay isáng pagkukulang sa lisyón sa araw araw.

At mulíng binuksán ang talàan, hinanap ang pan̄galan at linagyán n̄ isáng muntíng guhit.

—¡Siyá, isáng muntíng guhit!—ang sabi—pagká't walâ ka pá ni isá man lamang!

—N̄guni't Padre—ang sabi ni Plácido na nagpipigil pá—kung lalagyán po ninyó akó n̄ pagkukulang sa lisyón, Padre, ay dapat pô namán, Padre, na alisín ninyó ang pagkukulang ko sa pagpasok na inilagáy ninyó n̄gayón sa akin.

Ang parì ay hindí sumagót; inilagáy munang dahandahan ang pagkukulang, tiningnáng ikiniling ang ulo

—marahil ay mainam ang pagkakaayos n̄ guhit—tiniklóp ang talàan at pagkatapos ay pakutyâng tumanóng:

—¡Abá! at ¿bakit n̄o!?

—Sapagká't hindi malilirip, Padre, na ang isáng tawo'y magkulang sa pagpasok at makapagbigáy n̄ lisyón.... ang sabi pô ninyó, Padre, ay, ang naroon at ang walâ.....

—¡Nakú! metápisiko pá, ¡walâ pa lamang sa panahón! Hindi malilirip, ha? *Sed patet experientia at contra experientiam negantem, fusilibus est arguendum*, alám mo? At hindi mo malirip, pilósopo, na mangyayaring magkásabáy na magkulang sa pagpasok at hindi mátuto n̄ lisyón? ¿Dî yata't ang hindi pagpasok ay katuturán na n̄ karununġan? ¿Anó ang sasabihin mo pilosopastro?

Ang hulíng binyág na itó'y siyang nagíng paták na nakapagpaapaw sa sisidlán. Si Plácido, na kinikilalang pilósopo n̄ kaniyáng mġa kaibigan, ay naubusan n̄ pagtitiís, inihagis ang aklát, tumindig at hinaráp ang paríng nagtuturò:

—¡Sukat na, Padre, sukat na! Maaarì pong lagyán ninyó akó n̄ mġa pagkukulang na ibig ninyóng ilagáy, n̄guni't walâ pô kayóng karapatáng lumait sa akin. Maiwan kayó sa inyóng klase, sapagká't hindi na akó makapagtitiís pá.

At umalís na n̄ waláng paalam.

Ang boóng paaralán ay nasindák: ang gayóng pagpapakilala n̄ karanġalan ay hindi pa halos náikikita: ¿sino ang makaákalà na si Plácido Penitente....? Ang paríng nagtuturò, na nabiglâ, ay nápakagát labi at minasdán siyá sa pag-alís na itinátanġo ang ulo na may pagbabalâ. Ang boses ay nanġinġiníg na sinimulán ang sermón na ang salaysayin ay ang dati rin, kahi't lalòng malakás at lalòng mapusók ang panġunġusap. Tinukoy ang nagsisimuláng pagmamataás, ang dî paglinġap n̄ utang na loob sapol pagkatao, ang kapalalúan, ang dî paggaláng sa mġa nakatataas, ang kapalalúang iniuudyók sa mġa binatà n̄ sitán n̄ kadilimán, ang kakulanġán sa pinag-aralan, ang kadahupán at ibp. Matapos iyon ay tumulóy namán sa pagpaparunggít at pagkutyâ sa hanġád n̄ iláng *sopladillo* na magturò pá sa kaniláng mġa guró at magtátayò n̄ isáng akademia na ukol sa pagtuturò n̄ wikàng kastilà.

—¡Ha, ha!—aniyá—iyáng mġa kamakalawá lamang ay babahagyáng makabigkás n̄ *si, Padre, no, Padre* ¿ay ibig páng lumalò sa mġa inubanan na sa pagtuturò? Ang sadyáng ibig matuto ay natututo mayroon man ó waláng mġa akademia! ¡Marahil iyán, iyáng kaáalis pa lamang, ay isá sa mġa may panukalà! ¡Kay inam n̄ kalalabasán n̄ wikàng kastilà sa mġa ganyáng tagapagtanggól! ¿Saáng kayó kukuha n̄ panahóng ipaparoon sa Akademia sa halos kinákapós kayó sa ikagáganap sa kailanġan n̄ klase? Ibig naming matuto kayó n̄ wikàng kastilà at masalitâ ninyóng mabuti upang huwág ninyóng siràin ang aming tainġa sa inyóng mġa gawí at inyóng mġa pe, n̄guni't una muna ang katungkulan bago ang pagdadasál; tumupád muna kayó sa inyóng pag-aaral at sakâ kayó mag-aral n̄ wikàng kastilà at pumasok pa kayóng mánunulat kung ibig ninyó.

At nagpatuloy sa gayóng kásasalitâ hangáng sa tumugtóg ang kampana at natapos ang klase, at ang dalawáng daan at tatlóng pû't apat na nag-aaral, matapos makapagdasál, ay umalís na walâ ring namumuwanġáng kagaya n̄ pumasok, n̄guni't nanġagsihingġang warì'y naalisán n̄ isáng malakíng pataw sa katawán. Ang bawà't isá sa mġa binatà'y nawalán n̄ isáng oras pa sa kaniyáng pamumuhay at kasabáy noón ang isáng bahagi n̄ karanġalan at pagpapahalagá sa sarili, n̄guni't sa isáng dako namán ay nararagdagán ang panghihinà n̄ loob, ang dî pagkagiliw sa pag-aaral at ang mġa pagdaramdám n̄ mġa pusò. ¡Matapos itó'y hinġán silá n̄ karununġan, karanġalan, pagkilala n̄ utang na loob!

—¡*De nobis post hæc, tristis sententia fertur!*

At gaya rin n̄ dalawáng daa't tatlóng pû't apat na itó'y dinaán ang mġa oras n̄ kaniláng klase n̄ libo at libong nag-aral na náuna sa kanilá, at, kung hindi maaayos ang mġa bagaybagay, ay dáraan ding gayón ang mġa súsunod at magiging mġa batinġól, at ang karanġalang sinugatan at ang sigabóng ligaw n̄ kabatàan ay magiging pagtataním at katamaran, na gaya n̄ mġa alon, na nagiging maputik sa iláng poók n̄ dalampasigan, na sa pagsusunuran ay lalò't lalò pang lumalapad ang naiiwanan n̄ yagít. Datapwâ'y, Yaóng mulâ sa waláng katapusan ay nakakikita sa mġa ibibunġa n̄ isáng kagagawán na nakakalás na warì'y sinulid, Yaóng tumitimbang n̄ mġa sandalî at nagtakdá sa kaniyáng mġa nilaláng na ang unang batás ay ang paghanap n̄ ikasusulong at n̄ kawastúan, Yaóng, kung tapát, ay híhinġi n̄ pagtutuús sa dapat hinġán, n̄ dahil sa mġa yutàyutàng pag-iisip na pinalabò at binulag, n̄ dahil sa karanġalang pinawì sa yutàyutàng tao at n̄ dahil sa dî mabilang na panahóng lumipas at gawâng nawalán n̄ kabuluhán! At kung ang mġa turò sa Ebanhelio ay may tining na katotohanan, ay mananagót dín ang mġa yutàyutàng hindi nanġatutong itagò ang liwanag n̄ kaniyáng pag-iisip at ang karanġalan n̄ kaniyáng budhí, gaya rin namán n̄ pag-uusisâ n̄ panġinnoon sa alipin nang salapíng ipinanakaw niyá dahil sa karuwagan!

## ISÁNG TAHANAN NANG MANĜA NAG-AARAL

Lubhâng karapatdapad dalawin ang bahay na tinitirahán ni Makaraig.

Malakí, maluwang, may dalawáng patong na entresuelo na may magagaràng saláng-bakal, warì'y isáng páaralan sa mĝa unang oras nĝ umaga at isáng hinalòng linugaw magmulá namán sa ika sampû. Sa mĝa oras nĝ paglilibáng nĝ mĝa nanĝunĝupahan, mulá sa pagpasok sa maluwang na silong hanggán sa itáas nĝ kabahayán, ay waláng humpáy ang tawanan, ang kaguluhan at ang galawan. May mĝa binatang damít pangbahay na naglalarô nĝ sipà, nanĝagsasanay sa pagpapalakás sa pamagitan nĝ mĝa trapesiong gawá lamang nilá; sa hagdanan ay nagpapamook ang waló ó siyam na ang mĝa sandata ay mĝa tungkód, mĝa sibát, mĝa kalawit at silò, nĝuni't ang mĝa lumulusob at nilulusob ay karaniwan nang hindi nagkakasakitan; ang mĝa palò ay tumatamà sa likód nĝ insík na nagbibili nĝ kaniyáng tindáng mĝa kakanín at nakasisiràng kalamay, sa tabí nĝ hagdán. Nalilibid siyá nĝ maraming batà, binabatak ang kaniyáng buhók na kalág na't gusót, inaagawan siyá nĝ isáng kalamay, tinatawaran sa halagá, at ginagawán nĝ ibá't ibáng kabuktután. Ang insík ay nagsisisigaw, nagtutunĝayáw sa lahát nĝ wikàng kaniyáng batíd, sampû sa kaniyáng sariling wikà, mag-iiyakiyakan, tatawa, sasamò, isásayá ang múkhâ kung waláng mangyari sa kaniyá sa masamá, ó pabalík.

—*¡A, muasama yan!—Bo kosiesia—Hienne kilistiano—Kayó limonyo—¡Salamahe!—¡tusu tusu!* at ibp.

¡Piph, paph! ¡waláng kailanĝan! Ililingóng nakanĝiti ang mukhá; kung sa kaniyáng likód lamang tumatamà ang mĝa palò ay patuloy ding waláng kagambágambalà sa kaniyáng panĝanĝalakal, sumisigáw na lamang nĝ:—*No hugalo ¿e? no hugalo!* nĝuni't pag tumamà sa biláo nĝ kaniyáng mĝa kakanín, ay sakâ susumpâng hindi na bábalik, pupulas sa kaniyáng bibíg ang lahát nĝ tunĝayaw at lait na maiisip; ang mĝa batà namán ay lalòng nagsusumidhî upang siya'y pagalitin at pag nakitang naubos na ang masasabi nĝ insík at silá namán ay busóg na sa hupyá at inasnáng butó nĝ pakuwán ay sakâ lamang siyá babayaran nĝ waláng kadayàdayà at ang insík ay áalís na masayá, tumatawa, kumikindát at tinatanggáp na warì'y himas ang mahihinàng palò na ibinibigáy nĝ mĝa nag-aaral na bilang pinakapaalam.

—¡¡Huaya, homia!!

Ang mĝa tugtugan nĝ piano at biolin, nĝ biguela at kurdión ay nakikisaliw sa tunóg nĝ palúan nĝ bastón sa pag-aaral nĝ eskrima. Sa paligid nĝ isáng malapad at mahabàng dulang ay sumusulat ang mĝa nag-aaral sa Ateneo, ginágawâ ang kaniláng mĝa sulatíng iháharap, niyayari ang kaniláng mĝa suliranin sa piling nĝ mĝa ibáng sumusúlat sa mĝa papel na kulay rosa at may palamuting úkit na batbat nĝ mĝa guhit sa kaníkaniláng mĝa iniibig; ang isá'y gumágawâ nĝ dulá sa siping nĝ isáng nag-aaral na tumugtóg nĝ plauta, kayâ't ang mĝa tulá'y napasusuwitán na sa simulâ pa lamang. Sa dako pa roón, ang may katandâan, mĝa nag-aaral nĝ *facultad*, na, mĝa sutláng midias at sapatilyang may burdá ang suot, ay nanĝaglilibáng sa pagpapagalit sa mĝa batàng pinipirol sa tainĝa na namumulá na tulóy dahil sa kapipinĝot; dalawá ó tatló ang pumipigil sa isáng maliít na sumísigáw, umiiyák at ipinagtátanggól sa pamagitan nĝ kásisipà ang tali nĝ kaniyáng salawál: ibig lamang na iwan siyáng kagaya noong sumipót sa liwanag.... pumapalág at umiiyák. Sa isáng silíd, sa paligid nĝ isáng *mesa velador*, ang apat ay nagrerebesino sa gitná nĝ tawanan at biruáng ikinayáyamót nĝ isáng kunwarì nag-aaral nĝ lisyón nĝuni't, ang tunay ay nag-ántay lamang na makahalili at siyá namán ang makásugal. Ang isá'y dumatíng na warì'y nagugulumihanan sa gayón, gulilat at lumapit sa mesa.

—¡Nápakamabisyo kayó! ¡Kaagaaga ay sugál na! ¡Tingnán ko, tingnán ko! ¡Tunggák! ¡hatak mo ang tatlóng espada!

At itinupí ang kaniyáng aklát at nakilarô namán.

Nádingíg ang sigawan, kumalabóg ang hampasan. Ang dalawá'y nag-away sa kanuĝnóg na silíd: isáng nag-aaral na piláy na napabarahin at isáng kaawàawàng kagagaling pa lamang sa kaniyáng lalawigan. Itó, na bahagyâ pa lamang nagsísimulâ sa pag-aaral, ay nakátagpò nĝ isáng aklát na ukol sa pilosopía at binasang malakás, waláng kamalákmalák at masamá ang diin sa pagbigkás nĝ mĝa banggít na:

—*¡Cogito, ergo sum!*

Inarì nĝ piláy, na siya'y pinatatamàan, ang ibáng kasama'y namagitná't pumapayapà, nĝuni't ang katunayan ay naguulót pa nĝâ, kayâ't sa hulí'y nanĝagpanuntukan.

Sa kakanán ay isáng binatang may isáng latang sardinas, isáng boteng alak at ang mĝa baong dalá na galing sa kaniyáng bayan, ay naglulunggatí sa pagpupumilit na siya'y saluhan sa pagkain nĝ kaniyáng mĝa kaibigan, samantalang ang mĝa kaibigan namán ay nanĝaglulunggatí rin sa pag-ayáw. Ang ibá'y nanĝaliligò sa *azotea* at pinagsasanayan ang tubig sa balón sa pagbobombero, nanĝaglalaman nĝ sabuyán sa gitná nĝ kagalakán nĝ mĝa nanonood.

Nĝuni't ang inĝay at kaguluhán ay untiuntíng napapawì samantalang dumarating ang iláng may katanĝiang nag-aaral, na tinipán ni Makaraig upang balitâan nĝ lakad nĝ Akademia nĝ wikàng kastilá. Si Isagani'y sinalubong nĝ boong giliw, na gaya rin nĝ taga Espanang si Sandoval, na kawaniĝ dumating sa Maynilà at tinatapos ang kaniyáng pag-aaral, na kaisáng lubós sa mĝa hanĝarin nĝ mĝa nag-aaral na pilipino. Ang halang na inilalagáy nĝ polítika sa mĝa lahi ay nawawalâ sa mĝa páaralan na warì'y natutunaw sa init nĝ karunungán at nĝ kabatâan.

Sa kawalán nĝ mĝa Ateneo at lipunáng ukol sa katarunĝán, sa wikà at sa polítika ay sinasamantalá ni Sandoval ang lahát nĝ paglilipon upang gamitin ang kaniyáng malakíng kaya sa pagsasalaysay, sa pamagitan nĝ pagbigkás nĝ mĝa talumpati, pakikipagtalo sa kahì't na anóng sanhi at napapapagakpák ang mĝa

kaibigan at nakikinǵig sa kaniyá. Nang mǵa sandalíng yaón ang sanhí nǵ salitàn ay ang pagtuturò nǵ wikàng kastilà.

Sa dahiláng si Makaraig ay hindí pa dumárating, ang mǵa paghuhulòhulò ay siyáng idinadaos.

—¿Anó kayâ ang nangyari?—¿Anó ang ipinasiya nǵ General?—¿Ipinagkait ang pahintulot?—¿Nagtagumpáy si P. Irene?—¿Nagtagumpáy si P. Sibyla?

Itó ang tanongtanunǵan nǵ isá't isá, mǵa tanóng na ang tanǵing makasasagót ay si Makaraig.

Sa mǵa binatàng nagkakalipon ay may mǵa may palagáy na loob na gaya ni Isagani at ni Sandoval na nakikiníkinítá nang yari ang bagay, at pinag-uusapan na ang pagkalugód at pagpupuri sa Pamahalàan, ang ukol sa pag-ibig sa tinubùan nǵ mǵa nag-aaral, mǵa kapalagayang loob na nag-udyók kay Juanito Pelaez upang kanyahín ang malakíng bahagi nǵ karanǵalan nǵ pagtatatag nǵ Kapisanan. Ang lahát nǵ itó'y sinásagot nǵ dí nasisiyaháng loob na si Pecson,—isáng matabâng kung tumawa'y animo bunǵô—sa pagsasalitâ nǵ ukol sa mǵa sulsól na makapangyayari, na ang Obispo A., si Padre B., ang Provincial C. ay pinagtanunǵán ó hindí at ang ipinayo ó hindí ay ang ipasok sa bilangúan ang lahát nǵ nasa kapisanan, balitàng nagdudulot nǵ dí ikápalagay ni Juanito Pelaez, na naútal namán sa pagsasabing:

—¡Abá, huwág ninyó akóng ihalò!.....

Si Sandoval, dahil sa kaniyáng pagkakastilà at pagkamalayà, ay nag-iinit:

—¡Nǵuni't p....!—aniyá—ang ganiyán ay isáng paghihinalà nǵ masamá sa General! ¡Alám ko nǵàng nápakamakaprayle, nǵuni't sa mǵa ganiyáng bagay ay hindí napasúsulol sa mǵa prayle! ¿Ibig bagá ninyóng turan sa akin, Pecson, kung anó ang pinanunulayán ninyó sa pagsasabing waláng sariling pasiyá ang General?

—Hindí iyán ang sinasabi ko, Sandoval—ang sagót ni Pecson na sa pagtawa'y ipinatátanáw halos ang kaniyáng hulíng bagáng—sa ganáng akin, ang General, ay may sariling kapasiyahán, itó nǵâ, ang kápasiyahán sa lahát nǵ nasa abót nǵ kaniyang kamáy..... ¡Itó'y lubháng maliwanag!

—¡At sulong pa rin! Nǵuni't turan ninyó sa akin ang isáng pangyayari—ang sigáw ni Sandoval—iwasan natin ang mǵa pagtatalong waláng katuturán, ang mǵa salitàng waláng kabuluhán, at tumunǵo tayo sa mǵa pangyayari—ang dugtóng na sinabayán nǵ makiyás na kilos ang pagsasalitâ—Mǵa pangyayari, mǵa ginoo, mǵa pangyayari; ang hindí gayón ay mǵa hulòhulóng dí ko ibig tawaging pilibustero.

Si Pecson ay tumawa at sinabát siyáng:

—¡Lumabás na ang pilibusterismo! Nǵuni't hindí na ba mangyayaring makapagkatwiranan nǵ hindí sasapit sa masasamáng bintáng?

Si Sandoval ay tumutol at humíhinǵi nǵ mǵa pangyayaring tunay sa pamag-itan nǵ isáng muntíng talumpati.

—Hindí pa nalalaunang dito'y nagkaroón nǵ usapín ang iláng taong bayan at iláng prayle, at pinasiyahán nǵ samantalang General, na, ang humatol ay ang Provincial nǵ mǵa paríng kausáp—ang sagót ni Pecson.

At mulíng nagtawá na warí'y waláng kabuluhán ang pinag-uusapan. Tumukoy nǵ mǵa panǵalan, araw at nanǵakóng magdadalá nǵ mǵa kasulatang magpapatunay nǵ paraang ginamit sa pagkakapit nǵ katwiran.

—¿Nǵuni't saan mananánǵan, sabihin ninyó sa akin, saan mananánǵan upang huwag pahintulutan ang maliwanag na maliwanag na ikabubuti at kailanǵan?—ang tanóng ni Sandoval.

Ikinibít ni Pecson ang kanyáng balikat.

—Na mápapanǵanib ang tibay nǵ tinubùang lupà....—ang tugón na ang pagsasalitâ'y kagaya nǵ isáng abogado na bumabasa nǵ isáng *alegato*.

—¡Iyán ang malakíng bagay! ¿Anó mayroon sa tibay nǵ tinubùang lupà nǵ mǵa kaparaanan sa mabuting pagsasalitâ?

—May mǵa doctor ang Santa Madre Iglesia.... ¿Anó ang malay ko? marahil ay panǵilagang mabatíd namin ang mǵa batás at aming masunód.... ¿Anó kayâ ang mangyayari sa Pilipinas sa araw na ang isá't isá sa amin ay magkaantiluhán?

Hindí naibigan ni Sandoval ang ayos na tugunan at pabirò nǵ kaniláng pag-uusap. Sa paraang iyon ay hindí maaaríng sumipót ang isáng talumpating may kauntíng kabuluhán.

—Huwag ninyóng idaan sa birò—ang sabi—ang pinag-uusapan ay mahalagá.

—¡Iligtás akó nǵ Lumikhâ sa pagbibirò kung napapagitná ang mǵa prayle!

—Nǵuni't ¿saan mananánǵan....?

—Sa dahiláng sa gabí ang pag-aaral—ang patuloy ni Pecson, na gayon din ang ayos, na waríng ang pinag-uusapan ay kilalá na't alám—ay mangyayaring banggitín na pinakasagabal ang kahalayan, gaya nǵ sa paaralan sa Malolos...

—¡Isá pá! ¿Hindí ba sa ilalim din nǵ balabal na madilím nǵ gabí idinadaos ang “Academia de dibujo” at ang mǵa nobenario at mǵa prusisyon?....

—Lumalabág sa karanǵalan nǵ Unibersidad—ang patuloy nǵ matabâ na hindí pinuná ang paalaala.

—¡Lumabág! Ang Unibersidad ay mapipilitang sumang-ayon sa kailanǵan nǵ mǵa nag-aaral. At kung iyan ay tunay ¿ay anó kung gayón ang Unibersidad? ¿Isá bagáng kapisanan upang huwag mátuto? ¿Nagkásasama bagá ang iláng katao na nagtatagláy nǵ katawagáng may katarunǵán at dunong upang humadláng na ang ibá'y mátuto?

—Hindí't... ang mǵa balak nǵ nanǵasaibabâ ay tinatawag na dí kasiyahang loob.....

—At mġa panukalà ang tawag sa nanggagaling sa itaas—ang dunggít nġ isá—jnariyan ang paaralang “Artes y Oficios”!

—Dahan dahan, mġá ginoo—ang sabi ni Sandoval—hindí akó makaprayle; kilalá ang aking mġa malayàng pagkukurò, nġuni’t ibigáy natin sa Cesar ang sa Cesar! Ang páaralang iyan nġ Artes y Oficios, na akó ang una unang nagtatanggol at ang araw na siya’y mátayò ay babatġing kong warí’y unang liwaywáy na ikagiginhawa nġ Kapuluang itó, ang paaralang iyan nġ Artes y Oficios, ay ang mġa prayle ang siyáng nanġagsumikap.....

—O ang aso nġ magguguláy, na kagaya rin nilá—ang dagdag ni Pecson na pinutol na mulí ang talumpatì.

—¡Nġuni’t p....!—ang sabing pagalít ni Sandoval dahil sa pagputol, na nawalà tulóy ang tuwid nġ pagsasalaysay—samantalang walàng masamá tayong nálalaman, ay huwag tayong mag-akalà nġ masamá, huwag tayong magkamalġing maghinalà sa kalayàan at pagkamasarilí nġ pamahalàan....

At sa pamamagitan nang magagandáng panġunġusap ay inihanay ang mġa pagpupuri sa pamahalàan at sa mġa balak nitó, bagay na hindí napanġahasáng hadlanġán ni Pecson.

—Ang pamahalàang kastilà—ang sabi, sa gitnà nġ iláng bagay—ay nagbigáy sa inyó nġ lahát nġ kailanġan, walàng ipinagkait sa inyó. Sa España ay nagkaroon kamí nġ kapangyarihang alinsunod sa kaibigán nġ iisáng tao at kayó’y nagkaroon nġ gayón ding pamahalàan; kinalatán nġ mġa prayle nġ kaniláng kombento ang aming mġa lupaín at kombento nġ mġa prayle ang lamán nġ isáng katlóng bahagi nġ Maynilà; sa España ay pinalalakad pá ang bitay, at ang bitay ay siyáng hulíng kaparusahán dito; kamí ay katólíko at ginawâ namin kayóng katólíko; kamí’y nagíng *escolástico* at ang *escolasticismo* ay siyáng nanánagumpay sa inyóng mġa páaralán; sa isáng sabi, mġa ginoo, umiiyak kamí kung kayó’y umiiyak, nagtitiis kamí kung kayó’y nagtitiís, iisá ang dambanà natin, iisá ang ating hukuman, iisáng kaparusahán, at nararapat na ibigáy namin sa inyó ang amin ding mġa karapatán at ang amin ding mġa katuwâán.

At sa dahiláng walàng humahadláng sa kaniyá, ay sumigabó nġ sumigabó ang kalooban hanggáng sa tinukoy na ang sasapitin nġ Pilipinas.

—Gaya nġ sinabi ko, mġa ginoo, ang liwaywáy ay hindí malayò, binubuksán nġ España ang Kasilanġanan sa kaniyáng iniibig na Pilipinas, at ang mġa kapanahunan ay nag-iibá at batíd kong ang ginágawâ’y higít kay sa inaakalà natin. Ang pamahalàang iyan, na, ayon sa inyó, ay gumigiwang at walàng sariling kalooban, ay nararapat na ating udyukán sa pagpapakilala nġ ating pagtitiwalà, ipakita na tayo’y nag-aantáy sa kaniyá; ipaalaala natin sa ating kilos (kung nakalilimot, bagay na hindí ko pinaniniwalàang mangyari) na tayo’y nananalig sa kaniyáng magagandáng hanġád at hindí siyá dapat umalinsunod sa ibáng palakad liban doon sa sadyáng katwiran at ikabubuti nġ kaniyáng mġa pinamamahalaan. Hindí, mġa ginoo,—ang patuloy na lalò’t lalò pang umayos nagtatalumpatì—hindí natin dapat tanggapín man lamang sa bagay na itó, ang pangyayari marahil, na nagtanóng sa ibáng taong laban sa panukalà, sapagkâ’t ang sapantahà lamang ay mákakatimbáng nġ pagpapaumanhin sa pangyayari; ang inyóng inaasal hanggáng sa nġayón ay matapát, malinis, walàng pagmamaliw, walàng agam-agam; humihilíng kayó sa kaniyá nġ maliwanag at walàng palikawlikaw; ang inyóng mġa pinagbabatayang katwiran ay lubháng karapatdapat dingġin; ang inyóng layon ay ang awasán nġ gawàin ang mġa gurò, sa mġa unang taón, at magíng madalí ang pagkatuto nġ daán daáng mġa nag-aaral na pumúpunò sa mġa klase, na hindí mangyayaring magampanán nġ iisáng gurò. Kung hanggá nġayón ay hindí pa napasisiyahán ang kasulatan ay dahil sa alám kong may maraming gawàing naiimbák; nġuni’t inaakalà kong ang pag-uusig ay nagtagumpáy, na ang sanhí nġ tipán ni Makaraig ay upang ibalitá sa atin ang pananalo, at bukas ay mákikita nating magtatamó ang ating mġa pagsusumikap nġ papuri at pagkilala nġ bayan, at sino ang makapagsasabi, mġa ginoo, kung hindí ipalagáy nġ pamahalàan na kayó’y dulutan nġ mabuting *condecoración* dahil sa kayó’y karapatdapat sa kapurihán nġ inyóng bayan!

Nag-umugong ang masisigabong pagakpakan; naniniwalà na ang lahát sa pananalo at ang marami sa *condecoración*.

—¡Dapat mákilala, mġa ginoo,—ang sabi ni Juanito Pelaez—na ako’y isá sa mġa unang nagmunakalà!

Ang dí mapaniwalaíng si Pecson ay hindí nagagalák.

—¡Pag hindí nagkaroon tayo nġ *condecoración* sa bintí!—ang sabi.

Salamat na lamang at hindí nádingġig ni Pelaez ang banggít na iyon, dahil sa lakás nġ pagakpakan. Nang mahintóhintò nġ kauntí, ay sinabi ni Pecson, na:

—Mabuti, mabuti, mabuting mabuti, nġuni’t isáng palagáy... ¿kung sa lahát nġ iyán, ang General ay sumanggunì rin, sumanggunì at sumanggunì, at pagkatapos ay ipagkait sa atin ang kapahintulutan?

Ang palagáy ay bumagsák na warí’y tubig na malamíng.

Ang lahát ay nápatinġín kay Sandoval; itó’y natubigan.

—Kung gayón....—ang sabing paurongsulong.

—¿Kung gayón?

—Kung gayón—ang bulalás ni Sandoval na sumúsulák pa ang dugò dahil sa mġa pagakpakan at sa isáng udyók nġ sigabó—sa dahiláng sa mġa kasulatan at sa mġa limbág ay ipinahahayag na iniibig niyá ang inyóng ikatututo nġuni’t pinipigil at ipinagkakaít ang gayón pag sumapit na ang pagsasagawâ, kung gayón, mġa ginoo, ang inyóng mġa pagsusumikap ay hindí nasayang, nátuklás ninyó ang hindí natuklás nġ sino man, na maalís ang balatkayò at kayó’y hamunin!

—¡Mabuti, mabuti!—ang masigabóng sigawan nġ ilán.

—¡Purihin si Sandoval! ¡Mabuti ang ukol sa paghamon!—ang dagdág nġ ibá.

—¡Hamunin tayo!—ang sagót ni Pecson na hindi binibigyang kabuluhan ang gayón—¿at pagkatapos?

Sa gitnâ nŕ kaniyang pananagumpáy ay nápatigil si Sandoval, nŕuni't sa katalasang tagláy nŕ kaniyang lipì at dahil sa kaniyang dugông mánanalumpatì ay agád nakabalikwás.

—¿Pagkatapos?—ang tanóng—pagkatapos, kung walang pilipinong makapanŕhás tumugón sa hamon, ay akó, si Sandoval, sa nŕalan nŕ España ay sasaluhín ko ang *guantes*, sapagkâ't ang gayóng paraan ay isang pagpapabulàan sa mabuting hanŕád na kailan ma'y tinagláy nŕ España sa kaniyang mŕa lalawigan, at sa dahilang sa gayóng asal ay sinasalaulà ang katungkulang ipinagkatiwalà sa kaniyá at nagpapakalabis sa kaniyang walang sagkang kapangyarihan, hindi siyá karapatdapat sa pag-aampón nŕ inang bayan ni sa pagkupkóp nŕ sino mang māmamayang kastilà.

Ang kagalakan nŕ mŕa nakikingíg ay halos nagíng kahibanŕán. Niyakap ni Isagani si Sandoval, bagay na ginayahan nŕ ibá; nabanggít-banggít doon ang inang bayan, ang pagkakáisa, ang pagkakapatiran, ang pagkamatapat; anang mŕa pilipino'y kung walà kundì pawang Sandoval sa España, ang lahát nŕ tao sa Pilipinas ay magiging Sandoval na lahát; nagníningnínng ang mŕa matá ni Sandoval at mapapaniwalaang kung sa mŕa sandalng iyón ay hinagisan siyá nŕ sino man nŕ isang *guantes* na tandâ nŕ paghamon, ay sumakáy sana sa kahi't aling kabayo upang magpakamatáy nŕ dahil sa Pilipinas. Ang tubig na malamíg lamang ang nagwikang:

—Mabuti, mabuting mabuti, Sandoval; akó man ay makapagwiwikà nŕ ganiyán kung ako'y taga España; nŕuni't sa dahilang hindi gayón, kung akó ang nagsabi nŕ kalahatì man lamang nŕ sinabi ninyó, kayó mán ay magpapalagay na ako'y pilibustero.

Nagsimulá na si Sandoval nŕ isang talumpating táganás na pagtutol, nang mapigil.

—¡Matuwá na tayo, mŕa kaibigan! ¡Tagumpáy!—ang sigáw nŕ isang binatang pumasok at niyakap ang lahát.

—¡Matuwá na tayo, mŕa kaibigan! ¡Mabuhay ang wikang kastilà!

Isang maugong na pagakpakan ang sumalubong sa balità; ang lahát ay nagyayakapán, ang lahát ay maningnínng ang matá dahil sa luhà. Si Pecson ang tanŕng nagtatagláy nŕ kaniyang nŕitng mapagmakatanŕi.

Ang dumating na may dalá nŕ mabuting balità ay si Makaraig, ang binatang nanŕunŕulo sa kilusán.

Ang tinitirahan nŕ nag-aaral na itó sa bahay na iyon ay dalawang silíd na napapalamutihang mabuti para sa kaniyang mag-isá lamang, mayroon siyang alilà at kotsero na nag-aarugâ sa kaniyang sasakyang *araña* at sa kanyang mŕa kabayo. Ang tindíg niya'y makiyas, ugaling banayad, magarà't mayamang mayaman. Kahi't nag-aaral nŕ pag-aabogado upang magkaroon lamang nŕ isang *título académico*, ay may kabantugan siyá sa pagkamasipag mag-aral, at kung sa pagsasalità nŕ alinsunod sa turong páaralan ay hindi na máhuhulí sa ibang mapaghamón sa pagtatalo sa loob nŕ Unibersidad. Hindi rin namán náhuhulí sa mŕa akalà't bagong mŕa pagkasulong; sa tulong nŕ kaniyang salap'y nagkakaroon siya nŕ mŕa aklát at pamahayagan na hindi mapigil nŕ *previa censura*. Dahil sa mŕa tagláy na itó, sa kaniyang kabantugan sa katapanŕan, sa kaniyang mapalad na pakikitunggalì noóng kaniyang kabataán, at sa kaniyang magandâ't mabuting ugali, ay hindi dapat pagtakhán na panuntán siya nŕ kaniyang mŕa kasama at siyang máhalál upang máisagawâ ang gayóng kahirap na balak na pagtuturò nŕ wikang kastilà.

Makaraan ang mŕa unang silakbó nŕ kagalakan, na sa kabataán ay nagkakaroon kailán man nŕ kasagwán dahil sa ang kaniyang malas sa lahát nŕ bagay ay magandá, ay siniyasat kung papaano ang nangyari.

—Kanŕinang umaga'y nakipagkita akó kay P. Irene—ang sabi ni Makaraig na wari'y palihím.

—¡Mabuhay si P. Irene!—ang sigáw nŕ isang nagagalák na nag-aaral.

—Inihayág sa akin ni P. Irene—ang patuloy ni Makaraig—ang lahát nŕ nangyari sa Los Baños. Tila isang linggó silang nagtatalo, ipinaglaban at ipinagtanggól niyá ang ating usap nŕ laban sa lahát, laban sa kay P. Sibyla, sa kay P. Fernandez, sa kay P. Salvi, sa General, sa Segundo Cabo, sa mag-aalahás na si Simoun.....

—¡Ang mag-aalahás na si Simoun!—ang putol nŕ isá—¿nŕuni't anó ang ipinanghihimasok nŕ hudyóng iyan sa mŕa bagay bagay nŕ ating bayan? At pinayayaman natin iyan sa pagbilí.....

—¡Tumigil ka nŕ!—ang sabi nŕ isá, na naiiníp sapagkâ't ibig mabatíd kaagád kung papaano at tinalo ni P. Irene ang mŕa nakasísindák na kalabang iyón.

—Mayroón pa mandíng matataás na kawaning laban sa ating panukalà, ang Namamahala sa Panŕasiwaan, ang Gobernador Civil, ang insík na si Quiroga.....

—¡Ang insík na si Quiroga! Ang bugaw nŕ mŕa....

—¡Tumigil ka na, tao ka!

—Sa kahulihulihan—ang patuloy ni Makaraig—ay itatago na sana ang kahilingan at babayàang mákatulog doon nŕ ilang buwan, nŕ maalala ni P. Irene ang Kataastaasang Lupon nŕ Paaralan at ipinalagáy niyang ang kasulatan ay mahulog sa Lupon yaon upang magbigáy nŕ munkahing nárarapat yamang ang ukol sa pagtuturò nŕ wikang kastilà ang pinag-uusapan.....

—Nŕuni't ang Lupon iyan ay malaon nŕ hindi kumikilos—ang tukoy ni Pecson.

—Iyan din nŕ ang isinagót kay P. Irene—ang patuloy ni Makaraig—at sinagót niyang mabuti nŕang pagkakataón upang mulng mabuhay, at sinamantalá ang pagkakaparoon ni Don Custodio, na isá sa mŕa kasanggunì, at nagpalagáy noon din nŕ isang lupon, at sa dahilang kilalá ang kasipagan ni D. Custodio ay siyang tinakdáang magpalagáy nŕ ipapasiyá, kayâ't nŕayó'y nasa kamáy niyá ang kasulatan. Ipinanŕakò ni

D. Custodio na lulutasín niyá sa loob n̄g buwang itó.

—¡Mabuhay si D. Custodio!

—¿At kung ang ipasiyá ni D. Custodio ay laban?—ang tanóng n̄g dí mapag-asáng si Pecson.

Iyan ang hindí nilá naáalaala, dahil sa kahiban̄gán sa akalàng mabuti ang lakad n̄g usap. Lahát ay nápatin̄gín kay Makaraig upang mabatíd kung anó ang sasabihin.

—Ang bagay ding iyan ang sinabi ko kay P. Irene, n̄guni't sinabi sa akin, na kasabáy ang kaniyáng palabiróng tawa, na: Malakí na ang ating tinamó, nagawâ nating ang usap ay makarating sa isáng kapasiyahán, mapipilitan ang kalaban na tanggapín ang pakikihamok.... Kung mangyayaring mapakiling natin si D. Custodio, upang sa pag-alinsunod sa kaniyáng malayàng hilig, ay magpasiyà n̄g sang-ayon, ay nanalo na tayo; ang General ay nagpapakilalang walàng kikilingan.

Si Makaraig ay humintó.

—¿At papaano ang pagpapakiling?—ang tanóng n̄g isáng iníp.

—May sinabi sa aking dalawáng paraan si P. Irene....

—Ang insík na si Quiroga!—ang sabi n̄g isá.

—¡Ba! Hindí pinupuná si Quiroga.....

—¡Isáng mabuting handóg!

—Lalò pa, ipinagmamalakí ang katigasán niyá sa m̄ga handóg.

—¡Ay, nálalaman ko na!—ang bulalás na tumatawa ni Pecson—ang mánanayaw na si Pepay.

—¡A, oo n̄gâ! ¡ang mánanayaw na si Pepay!—ang sabi n̄g ilán.

Ang Pepay na itó'y isáng makiyas na dalaga na kilaláng matalik na kaibigan ni D. Custodio: sa kaniyá lumalapit ang m̄ga tumatanggap n̄g m̄ga pagawâ, ang m̄ga kawaní at ang m̄ga mapaglaláng kung may nasàng tamuhín sa bantóg na Konsehal. Si Juanito Pelaez na kaibigan din n̄g mánanayaw ay humáhandóg na siyáng lalakad n̄g usap; n̄guni't si Isagani'y umilíng at nagsabing sukat na ang pagkakagamit kay P. Irene at magiging kasagwâan ang lapitan si Pepay sa ganitóng bagay.

—¡Tingnán ang isá pang paraan!

—Ang isá ay lumapit sa abogadong pinagsanggunian, si G. Pasta, tánun̄gang pinan̄gan̄gayupapàan ni D. Custodio.

—Ibig ko pa iyán,—ang sabi ni Isagani—si G. Pasta ay pilipino, at nagíng kasama sa pag-aaral n̄g aking amáin. N̄guni't ¿papaano ang gágawin upang mapakiling?

—Nariyán ang *kid*—ang sagót ni Makaraig na tinitigan si Isagani—si ginoong Pasta ay may isáng mánanayaw, itóng.... may isáng mangbuburdá.....

Inailíng na mulí ni Isagani ang kaniyáng ulo.

—Huwág kayóng nápakamaselang—ang sabi sa kaniyá ni Juanito Pelaez—ang m̄ga layon ay siyáng nagliligtás sa m̄ga kaparaanan! Kilalá ko ang mangbuburdá, si Matea, na may isáng pagawàang pinápasukan n̄g maraming dalaga.....

—Huwág, m̄ga ginoo,—ang putol ni Isagani—unahin muna natin ang m̄ga paraang hindí mahalay... Paparoon akó sa bahay ni G. Pasta at kung walâ akóng mápalâ, ay saká na ninyó gawín, ang ibig gawín sa m̄ga mánanayaw at m̄ga mangbuburdá.

Napahinuhod silá sa palagáy at nagkásundông si Isagani ay makipag-usap kay G. Pasta sa araw ding yaón at sa kinahapunan ay ipababatíd sa Unibersidad, sa kaniyáng m̄ga kasama, ang nangyari sa pakikipagkita.



## SI G. PASTA

Si Isagani ay naparoon sa bahay ng abogado, isa sa mga may tanong katalinuhan sa Maynila na pinagtatanungan ng mga prayle sa kanilang malalaking kagipitan. Nag-antay ng kaunti ang binata, sapagka't maraming ipinagtanggol ang naroroon, nguni't dumating din ang taning na ukol sa kaniya at pumasok sa gawaan o *bufete* gaya ng karaniwang tawag sa Pilipinas.

Tinanggap siya ng manananggol-usap sa pamagitan ng isang mahinang ubo at tinitingnang palihim ang kaniyang mga paá; hindi tumindig ni hindi man lamang siya pinaupo at nagpatuloy sa pagsusulat. Nagkaroon si Isagani ng panahon upang matyagan siya at kilalanin. Malaki ang itinanda ng abogado, ubanin na at ang kaniyang upaw ay halos laganap sa boong tuktok. Ang kaniyang mukha'y pasumanog at matigas.

Sa gawaan, ang lahat ay tahimik; walang nadidingig kungdi ang anasan ng mga tagasulat o nangagsasanay na gumagawa sa kanugnog na silid: ang kanilang mga panitik ay gumagaralgal na war'y nakikipagtunggal sa papel.

Natapos din ang manananggol sa sinusulat, binitawan ang panitik, itinaas ang ulo, at ng makilala ang binata, ay nagliwanag ang mukha, at malugod siyang kinamayán.

—¡Abá, binata!... nguni't umupo kayo, patawarin ninyo... hindi ko napunang kayo pala. ¿At ang inyong amain?

Lumakas ang loob ni Isagani at inakalang mapapabuti ang kaniyang lakad. Isinalaysay niyang lahat ang nangyari, na pinag-aaralang mabuti ang napapala ng kaniyang sinasabi. Pinakinggang walang katigatigatig ni G. Pasta ang simulá, at kahit batid niya ang lakad ng mga nag-aaral, ay nagmamaangmaan upang ipakilala na walá siyang pakialam sa mga kamusmusang iyón, nguni't ng maramdamán ang pakay sa kaniya at nadingig na natutukoy sa Vice-Rector, mga prayle, Capitang General, panukala at ibp., ang mukha niya'y untiuntiing nagdilim at nagtapos sa pagbulalas ng:

—¡Itó ang lupaín ng mga panukala! Nguni't ituloy, ituloy ninyo.

Hindi nanglupaypay si Isagani: sinabi ang kapasayahang ibibigay at nagtapos sa pagpapahayag ng pagkakatiwala ng kabinataan na siya, si G. Pasta, ay mamamagitna ng sang-ayon sa kanila sakaling si D. Custodio ay sumanguni sa kaniya, gaya ng maasahan. Hindi nangahas si Isagani sabihin na *pagpayuhan* dahil sa ngibit na ipinamalas ng manananggol.

Nguni't may takda ng gagawin si G. Pasta, na dili iba't ang huwag manghimasok sa bagay na iyón, ni sumanguni, ni pagsanggunian. Alam niya ang nangyari sa Los Baños, batid niyang may dalawang pangkat at hindi si P. Irene ang tanong bayani na nasa dako ng mga nag-aaral, ni hindi siya ang nagpalagay ng pagdaraan ng kasulatan sa Lupon ng Paaralan, kundí lubos na kaiba. Si P. Irene, si P. Fernandez, ang *condesa*, isang manangalal na nakakikinikinita nang makapagbibili ng kagamitang ukol sa bagong Akademia at ang mataas na kawaning nagtukoy ng iba't ibang kapasayahang-hari ay mangagtatagumpay na sana, ng ipinaalaala ni P. Sibyla, upang magkapanahon, ang Kataastasang Lupon. Ang lahat ng bagay na ito'y nātatalá sa alaala ng abogado; kayat ng matapos makapagsalita si Isagani, ay tinangkang lituhin ito sa pariway na mga pangunusap, guluhin at ilipat ang usapan sa ibang bagay.

—¡Oo!—ang sabi na inilawit ang labi at kinamot ang upaw—walang mangunguna sa akin sa pag-ibig sa tinubuan at paghahanag ng pagkakasulong, datapwa'y... hindi ako makasugba... hindi ko masabi kung batid ninyo ang aking kalagayan, isang kalagayang lubhang maselang... marami akong pag-aari... kailangan akong kumilos sa loob ng isang masusing pagkataros... isang pagsugba...

Ibig lituhin ng abogado ang binata sa pamag-itan ng maraming salita at nagsimula ng pagtukoy sa mga batas, sa mga kapasayahán, at napakarami ang nasabi, na hindi ang bata ang nagulo kundí siya sa sarili ang halos nagulo sa isang pasikot sikot na kababanggít.

—Hindi po mangyayaring hahanarin naming ilagay kayo sa kagipitan—ang mabanayad na sagot ni Isagani—¡Iligtas kami ng Lumikha sa pagbibigay gambala sa mga taong ang kanilang buhay ay lubhang kailangan ng ibang pilipino! Datapwa'y kahit napakaunti ang nababatid ko tungkol sa mga batas, mga kautasang hari, mga lathala at mga kapasiyahang umiiral sa ating bayan, ay hindi ko inaakalang magkaroon ng kasamaan ang makitulong sa mga adhikain ng pamahalaan, ang punyagin ang siya'y maalinsunod na mabuti; isang layon ang aming inuusig at sa kaparaanan lamang kami nagkakaiba.

Ang manananggol ay napangití: ang binata'y napadadalá sa ibang landas at doon niya lilituhin, litó na nga.

—Diyán nga nariryan ang *kid*, sa karaniwang sabi; hindi nga ba kapuripuri ang tumulong sa pamahalaan pag ang pagtulong ay sa pamag-itan ng pangangayupapá, alinsunurin ang kaniyang mga kapasiyahan, ang tuwid na katuturan ng mga batas na katugon ng tuwid na paghahaka ng mga namamahala at hindi malalaban sa unang una at karaniwang paraan sa pagkukurò ng mga ginoong may hawak ng ikaaanyo ng mga taong bumubuò ng isang kapisanan. At dahil dito ay masama, karapatdapat parusahan, sapagka't nakahalalay sa batayan ng kapangyarihan, ang gumawa ng isang bagay na laban sa kaniyang mga munakala kahit na inaakalang mabuti kay sa nanggagaling sa pamahalaan, sapagka't ang gayong kagagawan ay makasusugat sa kaniyang katibayan na siyang batayan ng alin mang pamamahala sa mga bayang sákop.

Ang matandang abogado, sa pananalig na ang mga tinurang iyon ay nakalito kay Isagani, ay nagpakabuti sa kaniyang silyon ng walang kaimik-imik, kahit na sa loob niyang sarili ay nagtatawa.

Gayón man, ay tumugón si Isagani.

—Inakalà ko, na ang mġa Pamahalàan ay dapat humanap nġ ibáng batayáng lalòng matibay kailan pá man at nadadawal.... Ang pinagbabatayang lakás nġ mġa pamahalàang ukol sa nasasakop ay siyang pinakamahinà sa lahát, sapagká't walà sa kanilá kundí nasa mabuting kalooban nġ mġa nasasakupan samantalang ibig kilalanin ang gayón.... Ang batayáng katwiran ay siyang inaakalà kong lalòng matibay.

Itinaás nġ abogado ang ulo; janó! ¿ang binatang iyón ay nanġanġahás tumutol at makipagtalo sa kaniyá, siyá, si G. Pasta? ¿Hindí pá litó sa kaniyang mabigkás na panġunġusap?

—Binatà, nararapat iwan sa isáng dako ang mġa hakàng iyan, sapagká't mapanġanib,—ang hadláng nġ mánananggol na inġiniwí ang mukhá—Ang sinasabi ko sa inyó ay dapat na bayaang gumawá ang pamahalàan.

—Ang mġa pamahalàan ay itinatag upang ikagalíng nġ mġa bayan, at upang makatupád nġ lubós sa layunín niyá ay dapat umalinsunod sa kahilingan nġ mġa namamayan na siyang lalòng nakababatíd nġ kaniláng mġa kailanġan.

—Ang mġa bumubuò nġ pamahalàan ay mġa mámamayan dín at yaong mġa may lalòng kasapatán.

—Nġuni't sa dahiláng silá'y tao, ay maaaring magkámali, at hindí nárarapat na huwag pansinín ang sa ibáng hakà.

—Dapat magtiwalà sa kanilá, ibíbigáy niláng lahát.

—May isáng sáwikáing likás na kastilá, na ang sabi'y: ang hindí umíiyak ay hindí nakasususo. Ang hindí hiníhingi ay hindí ipinagkakaloob.

—¡Baliktád!—ang sagót nġ abogado na tumawang pakutyá—sa pamahalàan ay pasaliwá ang nangyayari.....

Datapwá'y bigláng nápahintó na wari'y nakapag-wikà nġ higit sa nárarapat at tinangkang gamutín ang kaniyang pagkabalalás.

—Pinagkalooban tayo nġ pamahalàan nġ mġa bagay na hindí natin hinilíng, ni hindí natin mahihilíng.... sapagká't ang paghilíng.... ang paghilíng ay nagpapakilalang may pagkukulang at dahil doon ay hindí gumáganáp sa kaniyang katungkulan.... pagpayuhan siya nġ isáng paraan, tangkáing ibunsód siyá, huwag nang siya'y tunggaliin, ay isáng pagsasapantahang siya'y mangyayaring mámali, at sinabi ko na nġa sa inyóng ang mġa gayóng paghahaká'y laban sa kabuhayan nġ mġa pamahalàang ukol sa nasasakop.... Ang bagay na itó'y hindí batíd nġ karamihan at hindí alám nġ mġa binatang nagdadaldalos, hindí nilá kilalá, ayaw kilalanin ang lubháng kaibayóng ibibunġa nġ paghinġi.... ang kasagwáang tagláy nġ panukalang iyan.....

—Ipagpatawad po ninyó—ang putol ni Isagani na namuhí sa mġa panġanġatwirang ginamit sa kaniyá nġ abogado—pag sa makatwirang paraan ang isáng bayan ay humihingi nġ anó man sa isáng pamahalàan ay sapagká't inaakalang mabuti at nálalaang pagkalooban siyá nġ isáng kabutihan, at ang kagagawang itó, ay hindí dapat makamuhí sa kanyá kundí bagkús pa nġang dapat makagalák; humihingi sa iná, sa inainahan ay hindí, magpakailán man. Ang pamahalàan sa ganáng pahát kong pag-aakalà, ay hindí isáng may laganap na paningín na nakikita't napaglalaanan ang lahát nġ bagay, at kahí't na magíng gayón, ay hindí mangyayaring mamuhí, sapagká't naririyang ang Pananampalataya na walang ginagawá kundí maghihingi sa Dios na nakakikita at nakakikilala nġ lahát nġ bagay, at kayó man ay humíhingi at humíhilíng nġ maraming bagay sa mġa hukuman nġ pamahalàan ding iyan, at ni ang Dios, ni ang pamahalàan hanggang sa nġayón ay hindí pa nagpapahalatá nġ kamuhían. Nasa sa budhí nġ lahát na ang pamahalàan, dahil sa siya'y itinatag nġ mġa tao, ay nanġanġailanġan nġ tulong nġ ibá, nanġanġailanġang ipakita at iparamdám sa kaniyá ang katunayan nġ mġa bagay bagay. Kayó na sa sarili ay hindí naniniwalang lubós sa katotohanan nġ inyóng mġa ikinatwiran; kayó sa sarili'y alám ninyóng marahás at dí nátutungtóng sa matuwid ang pamahalàan, na, upang makapagparanġal nġ kalakasán at pagkamapagsarilí, ay nagkakaít nġ lahát nġ bagay sa katakutan ó sa kakulangang tiwalà, at ang mġa bayan lamang na dinádahás at inaalipin ay siyá lamang may katungkulang huwág humingi nġ kahí't anó magpakailán man. Ang isáng bayang nasusuklam sa kaniyang pamahalàan ay walang dapat hilingín dito kundí ang iwan ang pamamahala.

Ang matandang abogado ay nġumingiwí at pinaíling-ilíng ang ulo, tandà nġ dí kasiyahang loob at hináhaplos nġ kamáy ang kaniyang upaw; pagkatapos, sa isáng pananalitang mapag-ampón na wari'y may pagkahabág ay nagsabing:

—¡Hm! masamang aral iyán, masamang palagáy, ¡hm! ¡Napagkikilalang kayó'y batà at walà pa kayóng pagkatalós sa ukol sa kabuhayan! Tingnán ninyó ang nangyayari sa Madrid sa mġa binatang walang muwang na humíhingi nġ maraming pagbabago: lahát silá'y pinararatanġang mġa nag-uusig nġ paghiwaláy, marami ang hindí makapanġahás na umuwí, nġuni't gayón man ay ¿anó ang kaniláng mġa hiníhingi? Mġa banal na bagay, matatandà na't hindí makasásamà sapagká't lubós nang kilalá.... Datapwá'y may mġa bagay na hindí ko maipaliliwanag sa inyó, mġa lubháng maselang.... siyá.... ipinagtátapat ko sa inyóng may ibá pang katwiran, bukód sa mġa tinuran na, na naguudyók sa isáng matinóng pamahalàan upang kailán mán ay huwág duminġig sa mġa kahilingan nġ isáng bayan..... hindí.... mangyayari ding makatagpô tayo nġ mġa pinunong palalò at mahanġin ang.... nġuni't mayroón ding ibáng katwiran.... kahí't na ang hiníhingi ay yaóng lalòng nararapat.... ang mġa pamahalàan ay may ibá ibáng palakad.....

At ang matandá'y nag-aalinlangang nakatitig kay Isagani, at pagkatapos ay tumalagá na sa isáng bagay, ikinumpáy ang kamáy na wari'y may inilálayong paghahakà sa kaniyang pag-iisip.

—Nahuhulàan ko ang inyóng ibig sabihin—ang patuloy ni Isagani na nġumitng malungkót—ibig ninyóng sabihin na ang pamahalàang ukol sa nasasakupan, yamang natatatág nġ hindí lubós na wastó at sa dahilang nananánġan sa mġa palápalagáy.....

—¡Hindí, hindí, hindí iyan, hindí!—ang biglâng hadláng nŕ matandâ na nagpakunwarìng may hinahanap sa kaniyáng mŕa papel—hindí, ang ibig kong sabihin.... nŕuni't ¿nâsaán kayâ ang aking salamín sa matâ?

—Hayán pô—aní Isagani.

Ikinamá ni G. Pasta ang kaniyáng salamín, warìng may binasang iláng kasulatan, at nŕ mákitang inaantáy siyâ nŕ binatâ ay nagwikàng pautal-utal:

—May ibig akóng sabihing isáng bagay.... ibig kong sabihin, nŕuni't nakalimutan ko na.... kayó sa inyóng kapusukán, ay pinigil ninyó akó.... isáng bagay na walâng malakíng kabuluhán.... Kung alám lamáng ninyó kung papaano ang ulo ko, ¡napakarami kasí nŕ aking gagawín!

Náramdamán ni Isaganing siyâ'y iniaabóy na.

—Kung gayón,—ang sabing sabáy tindíg—kamí ay.....

—¡Ah!.... mabuti pang bayàan na ninyó sa kamáy nŕ pamahalàan ang bagay na iyan; siyâ na ang bahalàng magpapasiyâ diyan nŕ alinsunod sa kaniyáng máibigan.... Sinasabi ninyóng ang Vice-Rector ay laban sa pagtuturò nŕ wikàng kastilà, marahil nŕâ'y gayón, nŕuni't hindí sa panukalâ kundí sa paraan nŕ panukalàng iyan. Sinasabing ang Rector na páparito ay may daláng panukalàng pagbabago nŕ pagtuturò.... magantáy kayó nŕ kauntí, bigyán ninyó nŕ panahón ang panahón, manŕagaral kayó, sapagká't nâlalapít na ang *examen* at ¡putris yatâ! kayóng mabuti nang magwikàng kastilà at maluwa na magsalitâ ¿anó't nakikihimasok pá sa guló? anó pa ang hanŕád ninyóng bukód na iturò? ¡Matitiyak na si P. Florentino ay kâisa ko sa pasiyâ! Ipakikumustâ ninyó.....

—Kailán pa man ay kabilinbilinan sa akin nŕ aking amaín—ang sagót ni Isagani—na alalahanin ko ang ibâ gaya nŕ pag-aalaala ko sa sarili.... hindí akó naparito nŕ dahil sa akin, naparito akó sa nŕalan nŕ mŕa nasa sa kalagayang lalò pang abâ....

—¡A, putris! gawín nilâ ang ginawâ ninyó, sunugin nilâ ang kaniláng kilay sa pag-aaral at magíng upawin siláng gaya ko sa pagsasaulo nŕ boò boong salaysáy... At inaakalâ kong kung kayâ kayó nakapagsásalitâ nŕ wikàng kastilà ay sapagká't pinag-aralan ninyó; ¡kayó'y hindí tagâ Maynilâ ni anák nŕ kastilà! Pag-aralan nilâ ang pinag-aralan ninyó at gawín nilâ ang ginawâ ko.... Akó'y nagíng alilâ nŕ lahât nŕ prayle, ipinaglutò ko silâ nŕ *chocolate*, at samantalang ang kanan ko'y ipinanghahalò sa *batidor* ay pigil ko sa kaliwâ ang gramátika, nag-aaral akó at, salamat na lamang sa Dios, hindí akó nagkailanŕan nŕ ibâ pang mŕa gurò, ni ibâ pang akademia, ni mŕa pahintulot nŕ pamahalàan.... Paniwalàan ninyó akó; ¡ang ibig na mag-aral ay nakapag-aaral at natututo!

—¿Nŕuni't ilán na sa mŕa ibig na matuto ang makaaabot sa inabot ninyó? Isâ sa isáng libo, at yaón pa man!

—¡Psch! ¿at anó pa ang kailanŕan nŕ higít pa roon?—ang sagót nŕ matandâ na ikinibít ang balikat—Ang mŕa abogado'y labis na, ang marami'y pumapasok na lamang na tagâ sulat. ¿Mŕa médiko? silâ silâ'y nagmumurahán, nag-uupasalàan at nagkakamatayan dahil sa pag-aagawán sa isáng gágamutín.... ¡Bisig, ginoo, ang kailanŕan natin ay bisig na ukol sa pagtataním!

Nákilala ni Isagani na nag-aaksayâ siyâ nŕ panahón, nŕuni't tumugón:

—Tunay nŕâ—ang sagót—maraming abogado at médiko, nŕuni't hindí ko masasabing lumalabis, sapagká't mayroon tayong mŕa bayang walâ nŕ isâ man sa kanilâ; nŕuni't kung marami man sa bilang, marahil ay kulang sa mabuti. At yayamang hindí mapipigil na mag-aral ang kabataán at dito'y walâ na namáng ibáng *carrera* ¿bakit babayàang masayang ang kaniláng panahon at pagsisikap? Kung ang kasiràan nŕ pagtuturò ay hindí makahadláng na ang marami'y magíng abogado ó médiko, kung tayo'y magkakaroon din lamang ¿bakit hindí pá mabubuti? at gayón man, kahì't na ang nasâ'y gawíng lupaín nŕ mŕa mánananim ang lupaíng itó, isáng lupaín nŕ mŕa manggagawâ sa lupâ, at patayín sa kaniyâ ang lahât nŕ gawàing isip, ay hindí ko maunawâ ang kasamâan nŕ patalinuhin ang mŕa mánananim at mŕa manggagawàng lupàng iyán, bigyán man lamang silâ nŕ isáng pinag-aralang magpahintulot sa kanilâ, pagkatapos, na máwastò at magwastò nŕ kaniláng mŕa gawàin, na ilagáy bagâ silâ sa kalagayang máwatasan ang maraming bagay na hindí batíd sa nŕayón.

—¡Bah, bah, bah!—ang bulalás nŕ abogado na ikinumpay nŕ palikawlikaw sa hanŕin ang kamáy na warìng ibig bugawin ang mŕa paghahakàng nâbanggít—upang maging mabuting mang-aani ay hindí kailanŕan ang maraming *retórica*. ¡Panŕarap, malíng akalâ, buko nŕ pag-iisip! ¡Siya! ¿ibig bagâ ninyóng sumunód sa isáng hatol?

At tumindíg, masuyòng ipinatong ang kamáy sa balikat nŕ binatâ, at nagpatuloy:

—Bíbigyan ko kayó nŕ isáng lubhâng mabuti, sapagká't nakikita kong kayó'y matalino at ang hatol ay hindí mápapagayón lamang. ¿Magaaral kayó nŕ panggagamót? Kung gayón ay magkasiyâ kayó sa pag-aaral nŕ kung papaano ang paglalagáy nŕ tapal at pagpapasigíd nŕ lintâ at huwag ninyóng panghimasukan ang pagpapabuti ó pagpapasamâ nŕ kalagayan nŕ inyóng kapuwâ. Pag kayó'y *licenciado* na, ay mag-asawa kayó sa isáng dalagang mayaman at mapanata, pagpilitan ninyó ang makapanggamót at makasinŕil na mabuti, layûán ninyó ang lahât nŕ bagay na may pakialám sa kalagayan nŕ bayan, magsisimbâ kayó, magkumpisál at makinabang pag ang ibâ'y gumágawâ nŕ gayón, at makikita ninyóng pagkatapos ay pasasalamat kayó sa akin at ang gayó'y makikita ko kung akó'y buháy pa. Palagì ninyóng aalalahanin na ang lalòng wastòng paglinŕap ay ang linŕapin muna ang sarili; walâng dapat hanapin ang tao sa mundó kundí ang lalòng malakíng kaligayahan nŕ kaniyáng sarili, gaya nŕ sabi ni Bentham; pag kayó'y nanghimasok sa mŕa kaululán, ay hindí kayó magkakaroon nŕ *carrera*, ni hindí kayó magkakaasawa, ni hindí kayó magiging anomán. Pag-iwananan kayó nŕ lahât at ang una unang magtátawâ sa inyóng kalinisang ugali ay ang inyó ring mŕa kababayan. ¡Maniwalâ kayó sa akin, akó'y maaalaala din ninyó at sasabihin ninyóng may katwiran akó pag kayó'y nagkaroon na nŕ ubang kagaya ko, mŕa ubang kagaya

nitó!

At hinipò ang iilan niyang buhók na putí ng matandang abogado na ngumití ng malungkót at iniling-iling ang ulo.

—Pag nagkaroon na ako ng mga ganiyang uban, ginoo,—ang sagót na malungkót dín ni Isagani—at pag inilingón ko ang aking paningín sa nakaraan at mákita kong walá akóng ginawâ kundí ang ukol sa sarili, na hindí ginawâ ang mangyayaring gawín at dapat kong gawing ukol sa bayang nagbigáy sa akin ng lahát ng bagay, ukol sa mga namamayang tumutulong sa aking kabuhayan, ang bawà't uban ay magiging isáng tiník sa akin, at hindí ko silá ikadadanġal kundí bagkus ikahihiyâ!

At masabi itó ay yumukô at umalís.

Nápatigil ang abogado sa kaniyang kinalalagyán, na ang matá'y susulingsuling. Nádingíg ang mga yabág na lumalayông untúntú at muling umupô na bumúbulóng:

—¡Kaawàawàng binatà! Ang mga ganiyan ding hakà ay sumagì isáng araw sa aking pag-iisip! ¿Maanong ang lahát ay makapagsabing: ginawâ ko itó ng dahil sa aking bayan, iniukol ko ang aking buhay sa ikabubuti ng lahát....? ¡Putong na laurel, na pigtâ ng katás ng kamansá, mga dahong tuyô na nagkakanlóng ng mga tiník at mga uód! ¡Hindí iyan ang kabuhayan, iyan ay hindí nagbibigáy ng kakanin, ni hindí nagdudulot ng karanġalan; ang mga laurel ay bahagyâ nang mágamit sa isáng sawsawan.... ni hindí nagbibigáy ng katiwasayan.... ni hindí nagpapanalo ng mga usap, kundí tiwalí pa ngâ! Ang bawà't bayan ay may kaniyang hilig, gaya rin ng kaniyang sinġaw ng lupà at kaniyang mga sakít, na ibá sa sinġaw ng lupà at mga sakít ng ibáng bayan!

At idinugtóng pagkatapos:

—¡Kaawàawàng binatà!.... Kung ang lahát sana'y nag-iisip at gumágawâ ng gaya niyá, ay hindí ko sinasabing hindí.... ¡Kaawàawàng binatà! ¡Kaawàawàng Florentino!

## ANG MĜA KAPIGHATIAN NĜ ISANG INSĪK

Nang kinagabihán nĝ Sábado ring yaón, ang insĭk na si Quiroga na nagnanasàng makapagtatag nĝ isáng *consulado* nĝ kaniyáng bansâ, ay naghandâ nĝ isáng hapunan sa itaás nĝ kaniyáng tindahan na nasa daang Escolta. Maraming dumaló sa kaniyáng pista: mĝa prayle, mĝa kawani, mĝa militar, mĝa manĝanĝalakal, lahát nĝ kaniyáng mĝa suki, mĝa kasamá ó mĝa ninong, ay pawàng nanĝaroroon; ang kaniyáng tindahan ay siyáng kinukunan nĝ lahát nĝ kailanĝan nĝ mĝa kura at nĝ mĝa kombento, tumatangĝap nĝ *vale* nĝ lahát nĝ kawani, mayroon siyáng matatapát na alagád na masunurin at masiswa. Ang mĝa prayle ay hindi nanĝanĝaniĝanĝing dumaan nĝ mĝa buô buông oras sa kaniyáng tindahan, magíng sa pook na tanáw nĝ madlá, magíng sa mĝa silíd na nasa loob, na, may mĝa kaayaayang kapulong....

Nang gabí nĝang iyon, ang kabahayán ay may katanĝitanĝing anyô. Namumunô sa mĝa prayle at mĝa kawani na nanĝakaluklók sa mĝa uupáng Viena at mĝa mumuntĝing bangkông maitĝim ang kahoy at ang uupán ay marmol na galing sa Cantón, sa harap nĝ mĝa mumuntĝing dulang na parisukat, at nanĝaglalarô nĝ tresillo ó nanĝag-uusap usap, sa tulong nĝ manĝingning na liwanag nĝ mĝa ginintuáng lámpara ó nĝ kukutakutatap na ilaw nĝ mĝa parol insĭk na may matitingkád na palamutĝing borlas na sutlá. Sa mĝa dingding ay magulóng nagkakahalò ang mĝa pánooring payapà at bugháwin na gawàng Cantón at Hongkong, na kasama nĝ mĝa *cromo* nĝ mĝa babaing naglilingkód sa mĝa sultán, mĝa babaing halos hubád, mĝa larawan nĝ Cristo na mukhâng babai, nĝ kamatayan nĝ banal at nĝ makasalanan, na pawàng yari sa mĝa pagawaang hudio sa Alemanía upang ipagbilí sa mĝa bayang katólíko. Naroroon din ang mĝa larawang insĭk na nasa puláng papel na may isáng lalaking nakaupô na ang anyô'y kagalanggalang, mapayapà at nakanĝiti, sa likuran nitó'y may nakatayông aliping napakapanĝit, na ang pigil ay isáng sibát na ang talĝim ay malapad at matalas: tinatawag na Mahoma nĝ mĝa taga roon at tinatawag na Santiago nĝ ilán, hindi namin maalaman kung bakit; ang mĝa insĭk namán ay hindi nagpapaliwanag tungkol sa pagkakakilalang iyon sa dalawáng panĝalan. Manĝa putók nĝ botella nĝ Champagne, bungĝuan nĝ mĝa kopa, tawanan, usok nĝ tabako at isáng tanĝing amóy nĝ bahay insĭk, na may halông pebete, apian at mĝa imbák na bunĝang kahoy ang nagiging kabuóan nĝ lahát nĝ iyon.

Suot wari'y mandarín, na bugháw ang *borlas* nĝ kopià, ay nagpapalakadlakad sa mĝa silíd, si insĭk Quiroga, na tuwid at unát na unát, na pasulyápsulyáp na waring sinisiyasat kung waláng nangduduwit nĝ anó mán. Datapwá'y kahi't na tagláy ang gayóng dí pagtitiwalang likás sa kaniyá ay nakikipagkamayan, binabatí ang ilán sa tulong nĝ mĝa masuyò at pakumbabang nĝiti, at ang ilán ay bating mapag-ampón, at ang ibá'y bating palibák na waring ang ibig sabihin ay:

—¡Alám ko na! hindi kayó naparito nĝ dahil sa akin kundí dahil sa aking hapunan.

May katwiran si insĭk Quiroga. Yaong matabang ginoo na pumupuri sa kaniyá at nagsasabi nĝ panĝanĝailanĝan nĝ isáng *konsulado* nĝ insĭk dito sa Maynilà, na ang ibig mandĝing sabihin ay waláng makagaganáp sa katungkulang iyón liban na kay Quiroga, ay si G. Gonzalez na pumipirmang *Pitilí* kung tinutuligsâ sa mĝa tudling nĝ pahayagan ang pagparito nĝ insĭk. Yaóng isá na may kagulanĝan na at sinisiyasat na malapit na malapit ang mĝa bagay bagay, ang mĝa lámpara, at mĝa *cuadro*, at ibp., at nĝumĝingiwí at bumubulalás nĝ padustâ, ay si G. Timoteo Pelaez, amá ni Juanito, manĝanĝalakál na nanĝanĝalandakan nĝ laban sa pakikiagaw nĝ mĝa insĭk na naghahapay sa kaniyáng kalakal. At ang isá, ang nasa dako pa roon, iyóng kayumangĝing ginoo, payát, na ang paningín ay magasláw at banayad ang nĝiti, ay yaón ang bantóg na may kagagawan nĝ ukol sa mĝa pisong mehikano na nagbigáy nĝ dí kakauntĝing samâ nĝ loob sa isáng kinakalong ni Quiroga; ang kawaning iyon ay kilalá sa Maynilà dahil sa katalasan! Ang nasa malayólayô pa, yaóng kung tuminĝin ay pairáp at hindi husáy ang bigote ay siyang kawaning kinikilalang lalóng karapatdapat sapagká't nagkaroon nĝ katapanĝang magsalitâ nĝ laban sa panĝanĝalakal nĝ mĝa billete sa loterí na ginágawâ ni Quiroga at nĝ isáng babaing bantóg sa mĝa lipunan sa Maynila. Sadyâ nĝang kung hindi man ang kalahati ay ang dalawá nĝ katlóng bahagi nĝ mĝa billete ay dinadalá sa kainsikán at ang nálalabing kauntí sa Maynilà ay ipinagbibiling may patong na sikolo. Lubós ang pananalig nĝ tinurang ginoo na sa balang araw ay mapapasa-kaniyá ang pinakamalaking tamà, kayá't muhĝing muhí sa mĝa gayóng kagagawan.

Samantala namáy nagtatapós ang hapunan. Mulá sa kakainán ay umaabot sa kabahayán ang mĝa bahagi nĝ talumpati, tawanan, mĝa pagsalangsang, halakhakan.... Ang panĝalan ni Quiroga ay paulit-ulit na nádidingĝig, na kahalò nĝ mĝa salitang *consul*, pagpapantáypantáy, mĝa karapatan....

Ang may pigíng, na hindi kumakain nĝ lutong Europa, ay nakikitungĝa na lamang maminsánminsán sa kaniyáng mĝa panaohin, at nanĝanĝakong makikisabay sa pagkain nĝ mĝa hindi nakadulóg sa unang hain.

Nakapaghapunan na si Simoun nĝ dumating at nakikipag-usap, sa kabahayán, sa iláng manĝanĝalakál na nanĝagsisidaing dahil sa kalagayan nĝ paghahanap buhay: masamá ang lakad nĝ lahát, náhihintô ang panĝanĝalakal, ang pakikipagsuklián sa Europa ay nápakataás ang halagá; nanĝagsisihingí nĝ liwanag sa mag-aalahás ó inuudyukan siyá nĝ iláng paraan sa pag-asang sasabihin sa Capitan General. Sa bawá't kaparaanang ipalagáy ay tinutugunan ni Simoun nĝ isáng nĝitĝing pakutyâ't paglibák. ¡Ba! ¡kaululan! hangĝang sa nang mamuhí na ang isá, ay itinanóng ang kaniyáng hakà.

—¿Ang aking hakà?—ang tanóng—pag-aralan ninyó kung bakit lumulusog ang ibáng bansâ at gayahan ninyó silá.

—¿At bakit nanĝagsisilusog, G. Simoun?

Kinibít ni Simoun ang kanyáng balik at hindi sumagót.

—¡Ang mġa gawàin sa daonġan na nakabibigát sa panġanġalakal at ang daonġang hindi mayariyari!— ang buntonghinġa ni G. Timoteo Pelaez—ay isáng kayo ni Guadalupe, gaya nġ sabi nġ anák ko, na hinahabi at kinakalás.... ang mġa buwis....

—¡At dumadaíng kayó!—ang bulalás nġ isá—¡At nġayóng kapapasiyá pa lamang nġ General nġ pagpapagibâ nġ mġa bahay na pawid! ¡Kayóng may maraming *hierro galvanizado*!

—Oo—ang sagót ni G. Timoteo—¡nġuni't ang nagugol ko namán sa kapasiyaháng iyán! At sakâ ang pagpapagibâ'y hindi pa gágawin kundî sa loob nġ isáng buwán, hanggáng dumatíng ang kurismá; mangyayaring may dumatíng pang ibá.... ang ibig ko sana'y ipagibâ nġayón din, datapwâ't.... Bukód sa rito, anó ang ibibilí sa akin nġ mġa may arì nġ bahay na iyán sa pawàng marálitâ?

—Mangyayari ding mábilí ninyó nġ murang mura ang kaniláng mġa bahay....

—At pagkatapos ay lakaring pawaláng bisà ang kautusán at ipagbilíng mulí, na ibayo ang halagá....! Naiyan ang isáng kalakal!

Si Simoun ay nġumitî nġ nġitî niyang malamlám, at sa dahiláng nákitang sumásalubong din si insík Quiroga ay iniwan ang mġa madainġing manġanġalakál upang batiin ang magiging *consul*. Bábahagyâ pa lamang siyang nakita nitó ay nawalâ na ang anyóng may kasiyahang loob at ang mukhâ'y iginaya sa mġa mánġanġalakál, at yumukô nġ bahagyâ.

Iginagalang na lubhâ nġ insík na si Quiroga ang mag-aalahás, hindi lamang sa dahiláng kilalá niyang mayaman, kundî dahil sa mġa bulungbulungang umanó'y kaututang dilâ nġ Capitán General. Nababalitang inaayunan ni Simoun ang mġa hanġarin nġ insík, kasang-ayon sa ukol sa *consulado*, at sa gitnâ nġ mġa banggitin, mġa parunggit at mġa *puntos suspensivos* ay tinukoy na siyá nġ isáng pamahayagang laban sa insík, sa isáng nábantóg na pakikipagsagutan sa isáng kasamang kampí sa mġa may buhók. Idináragdág pa nġ ilán kataong malumanay na iniúudyók sa Capitán General nġ Eminencia Negra na gamitin ang mġa insík sa pagsuggô sa matibay na karanġalan nġ mġa tagá rito.

—Upang magíng masunurin ang isáng bayan—aniyá—ay waláng paraang gaya nġ duhagihin at ipakilala sa kaniyá ang sariling kaabàan.

Madalíng nagkaroón nġ isáng pagkakátaón.

Ang mġa balanġay nġ mġa *mestiso* at nġ mġa *naturales* ay nanġagmamanmanan at ginagamit ang kaniláng katapanġan at kasipagan sa paghinalâ at dí katiwalaan. Isáng araw, sa misa, ang kapitan sa naturales na nakaupô sa bangkóng nasa dakong kanan at lubhâng payát, ay nakaisip na pagpatunġin ang kaniyáng mġa paá, na anyóng *nonchalant*, upang lumakilák sa warì ang kaniyáng mġa pigí at maipamalas ang kaniyáng mainam na sapatos; ang sa mestiso namáng náluluklók sa kabiláng ibayo, sa dahiláng may *juanete* at hindi mapagpatong ang paa dahil sa katabàan at buyunin ay umanyô namáng ibinikakâ ang kaniyáng mġa hità upang málantád ang tiyang nakukulong nġ isáng *chaleco* na waláng kakutón kutón na napapalamutihan nġ isáng magandang tanikaláng gintô at brillante. Ang dalawáng pangkatin ay nagkapakiramdaman at nagsimulâ na ang paghahamok: sa sumunód na pagsisimbá, ang lahat nġ mestiso, patî nġ mġa lalòng payát, ay pawàng may mġa buyon at ibinikakang mabuti ang mġa hità na warìng nanġanġabayo: lahat nġ naturales ay pinagpatong ang kanikaniláng paa, sampû nġ lalòng matatabâ, kayâ't may kabisa tulóy na umarinkin. Ang mġa insík na nakakita sa kanilá, ay gumamit namán nġ kaniláng anyô: nanġagsiupông gaya nġ kung nasa sa kaniláng tindahan, ang isáng paa'y baluktót at nakataás, ang isá'y nakabiting kukuyákuyakoy. Nagkaroón nġ mġa tutulán, mġa kasulatan, mġa *expediente*, at ibp., ang mġa kuadrilyero ay matuling nanġagsipanandata upang pasimulán ang paghahamok nġ magkakababayan, ang mġa kura ay galák na galák, ang mġa kastilá'y nasasayahán at ang lahat nġ itó'y pinagkakakitâan nġ salapí, hanggáng sa pinigil nġ General ang kaguluhan sa pamagitan nġ pag-uutos na silá'y manġag-upùang kagaya nġ insík, sa dahiláng ang mġa itó'y siyang bumabayad nġ lalòng malakí, kahì't hindi siyang lalòng katólíko. At dito nangyari ang kagipitan nġ mġa mestiso at naturales, na, sa dahiláng makikipot ang salawál ay hindi makagaya sa insík. At upang ang nasàng duhagihin silá'y mabunyang, ay ginanáp ang kautusán nġ boong karanġalan at ginamitán nġ mġa sangkáp, nilibid ang simbahán nġ isáng pulutóng na kábayuhan, samantalang ang lahat nġ nasa loob ay pinapawisan. Ang usapín ay nakaratíng sa España, nġuni't doo'y nálulit ding sa dahiláng ang nagbabayad nġ lalóng malakí ay ang mġa insík ay mangyayaring pairalin ang kaniláng ibigin sampû sa mġa *ceremonias religiosas*, kahì't pagkatapos ay tumakwíl sa pananampalataya at libakín ang pagkakristiano. Nasiyaháng loob ang mġa naturales at mestiso at pinag-aralan nilá ang hindi pag-aaksayá nġ panahón sa mġa gayóng bagay na waláng kabuluhán.

Sinuyòsuyò ni Quiroga si Simoun sa tulong nġ kaniyáng haluang pananalitâ't nġitíng napakamakumbabâ; ang kaniyáng tinġig ay nápakamahimok, paulit-ulit ang kaniyáng yukô, nġuni't pinutol nġ mag-aalahás ang kaniyáng panġunġusap at itinanóng sa kaniyáng biglá:

—¿Náibigan bagá ang mġa galáng?

Sa tanóng na itó'y napawìng warì'y panġarap ang siglá nġ kalooban ni Quiroga; ang tinġig na dating mahimok ay nagíng mahinagpís, lalò pang nagpakáyukôyukô at matapos pinapagdoop ang mġa kamáy na itinaas na pantáy mukhâ, anyóng pagbati sa kainsikán, ay dumaíng nġ:

—¡Uu, sinyó Simoun! ¡akieng lugí, akieng hughóg!

—¿Bakit, insik Quiroga, kayó'y lugí at hughóg? ¡at ganyáng karami ang botella nġ *champagne* at mġa panaohin!

Ipinikít ni Quiroga ang kaniyáng mġa matá at nġumiwí. ¡Hss! Ang nangyari nġ hapong iyon, ang nagíng hanggán nġ mġa galáng, ay nakapaghughóg sa kaniyá. Si Simoun ay nġumitî: kapag ang isáng manġanġalakál na insík ay dumadaíng ay sapagká't mabuti ang lagáy; kapag ang ipinamalas ay warìng mabuting mabuti ang kaniyáng lakad ay sapagká't nakikinikinitá ang isáng pagkalugi ó magtatanang tunġo

sa kanyáng bayan.

—¿Kayó mo hienne alam akieng lugí, akieng hughóg? ¡A, sinyó Simoun, akieng hapay!

At upang lalòng maipabatíd nǎ insík ang kaniyáng kalagayan ay sinabayán ang salitáng hapay nǎ anyóng pagpapatimbuwang.

Ibig ibig ni Simoun na siya'y pagtawanán, nǎnì't nagpigil at sinabing walâ siyáng anó máng nalalaman, walâ, waláng walâ.

Dinalá siyá ni Quiroga sa isáng silíd, na inilapat na mabuti ang pintô, at ipinaliwanag sa kaniyá ang sanhí nǎ kasawíán nǎ insík.

Ang tatlóng galáng na brillante na hiniñgí kay Simoun upang ipakita sa kaniyáng asawa, ay hindi sadyáng para rito, kaawàawang india na nakukulóng sa isáng silíd, na waring isáng babaing insík, kundi para sa isáng magandá at kaayaayang babaing kaibigan nǎ isáng mataás na tao, na kailanǎn niyá ang tulong, dahil sa isáng kalakal na pagtutubùan niyá nǎ mǎa anim na libong piso. At sa dahiláng ang insík ay waláng kabatirán sa mǎa máibigan nǎ babai at nasà niyáng magpakita nǎ garà, ay hiniñgí ang tatlóng pinakamabuting galáng na mayroón ang mag-aalahás, na tatló ó apat na libo ang halagá nǎ bawà't isá.

Ang insík ay nag-anyóng waláng malay at sa tulong nǎ kaniyáng mahimok na nǎití ay sinabi sa babaing pumilí nǎ máibigan; nǎnì't ang babai, lalòng waláng muwang at lalò pa mandíng mahimok, ay nagpahayag na ibig niyá ang tatló, at kinuhang lahát.

Si Simoun ay humalakhák.

—¡A, sinyolia! ¡akieng lugí, akieng hoghóg!—ang sigáw nǎ insík na sabáy ang pagtatampál sa sarili nǎ kaniyáng malílit na kamáy.

Patuloy din ang mag-aalahás sa katatawa.

—¡Huu! ¡masamá tao, sigulo hienne tutô sinyola!—ang patuloy nǎ insík na ginágaláw ang ulong masamá ang loob—¿Anó? bo hiyâ, kahi insiek sa akieng akó tao, ¡A, sigulo hienne tutô sinyola; kung sigalela belong pa kontí hiyâ!

—Náhuli kayó, náhuli kayó—ang bulalás ni Simoun na sabáy sa pagtumbók nǎ marahan sa tiyán nǎ insík.

—At lahát tao hienǎe utang at hienne mayad ¿anó iyán?—at binilang sa kaniyáng daliring may mahahabàng kukó—impelealo, opisiá, tinienti, sunnalo, ¡a, sinyó Simoun, akieng talò, akieng hapay!

—Siyá, siyá na ang kádadaíng—ang sabi ni Simoun—iniligtas ko kayó sa maraming opisyal na humíhingi sa inyó nǎ salapí.... Silá'y pinautang ko nǎ huwág na kayóng gambalàin at batíd kong hindi nilá akó mababayaran.....

—Nǎnì, sinyó Simoun, kayó pautang sa opisiá, akó pautang sa mame, sinyola, malinelo, lahát tao.....

—¡Masingíl din ninyó!

—¿Akieng makásingíl? ¡A, sigulo hienne pô ikaw alam! ¡Pagtalo sa sugá walâ na mayad! Mamuti sa inyó melon konsu, maali habol, akieng walâ....

Si Simoun ay nagiisíp.

—Tingnán ninyó insík Quiroga,—ang sabing warí'y natatanǎa—akó ang maniningíl nǎ utang sa inyó nǎ mǎa opisyal at mǎa marineró, ibigáy ninyó sa akin ang katibayan nǎ pagkakatangǎp nilá.

Mulíng namighatí si Quiroga; hindi siyá binibigyán kailán man nǎ katibayan.

—Pag nanǎagsiparitong hihingí nǎ salapí, ay paparoonin ninyó sa akin; ibig kong iligtás kayó.

Napasalamat nǎ lubós si Quiroga, nǎnì't nábalik na namán sa kaniyáng mǎa pagdaíng, tinukoy ang mǎa galáng at inulit-ulit ang:

—¡Kung sigalela belon pa hiyà!

—¡Putris!—ang sabi ni Simoun na tinitingnang pasulyáp ang insík na waring ibig hulàan ang nasa kalooban—nanǎngailanǎn pa namán akó nǎ salapí at inaakalà kong mababayaran ninyó akó. Nǎnì't ang lahát ay may kagamutan, ayaw kong mahapay kayó nǎ dahil lamang sa waláng kabuluháng bagay na iyan. Siyá, isáng utang na loob at gágawin kong pitó ang siyám na libong utang ninyó sa akin. Kayó'y nakapagpapasok sa aduana nǎ lahát nǎ lámpara, mǎa bakal, mǎa pingǎn, tansô, mǎa pisong mehikano; ¿nagbíbigáy kayó nǎ armas sa mǎa kombento?

Napaoo ang insík sa tulong nǎ tanǎo; nǎnì't kailanǎn niyáng sumuhol sa maraming tao.

—¡Lahát akieng bigáy sa Pale!

—Kung gayón ay tingnán ninyó—ang marahang patuloy ni Simoun—kailanǎn kong ipapasok ninyó ang iláng kaha nǎ pusíl na dumatíng nǎyóng gabí.... ibig kong itagò ninyó sa inyóng tindahan; hindi magkakasiyáng lahát sa aking bahay.

Si Quiroga'y nagulumihan.

—Huwág kayóng masindák, hindi kayó maaanó: ang mǎa baril na iyán ay untí untíng itatagò sa iláng bahay, at pagkatapos ay gágawâ nǎ pagsisiyasat at marami ang ibinibilanggô.... marami tayong kikitain sa paglakad na makawalâ ang mǎa nápipiit. ¿Batíd na ninyó?

Si Quiroga ay alinlanǎn; takót siyá sa mǎa armas. Sa kaniyáng mesa ay mayroon siyáng isáng rebolber na walang punlò na hindi niyá hinihipò kailan man kundí lilingon munang nakapikit ang matá.

—Kung hindi ninyó magagawâ ay hahanap akó nǎ ibá, nǎnì't kailanǎn ko kung gayón ang aking siyam na libong piso upang padulasín ang mǎa kamáy at ipikit ang mǎa matá.

—¡Siyá, siyá!—ang sa hulí'y sabi ni Quiroga—¿nǵuni't huli ba malami tao? ¿utos lekisa, ha?

Nang bumalík sa kabahayán si Quiroga at si Simoun ay nátagpûán ang mǵa galing sa paghapon na nanǵagtatalo: pinatabil nǵ *champagne* ang mǵa dilà at nagpapagalaw sa mǵa utak nǵ ulo. Nanǵág-uusapang walang kakimikimì.

Sa isáng pulutóng na may maraming kawaní, iláng babai at si D. Custodio, ay pinag-uusapan ang isáng pasugò sa India upang pag-aralan ang ukol sa paggawâ nǵ mǵa sapatos nǵ mǵa sundalo.

—¿At sinosino ang bumubuô?—ang tanóng nǵ isáng babaing malakí.

—Isáng koronel, dalawáng opisyal at ang pamangkin nǵ General.

—¿Apat?—ang tanóng nǵ isáng kawaní—¡ganyán na lamang ang lupon! ¿at kung magkahatì sa kapasiyahán? ¿may pagkabatíd man lamang kayâ sa bagay na iyon?

—Iyán nǵâ ang tanóng ko—ang dugtóng nǵ isá—ang sabi ko'y dapat pumaroon ang isáng hindi kawal sa hukbo, isáng waláng hilig sa pagkamilitar... sa halimbawà, isáng manggagawâ nǵ sapatos.

—Iyan nǵâ—ang sagót nǵ isáng manghahanǵô nǵ sapatos—nǵuni't sa dahilang hindi bagay na magpadalâ nǵ isáng indio ni nǵ isáng makâw at ang tanǵing magsasapatós na kastilâ ay humihinǵi nǵ malaking sahod....

—Datapuwâ'y ¿ano pa't pag-aralan ang sapín sa paa?—ang tanóng nǵ isáng babaing malakí—¡marahil ay hindi iuukol sa mǵa artillerong kastilâ! Ang mǵa indio ay maaring waláng sapatos gaya nang kung nasa kaniláng bayan.

—Siyang dapat ¡at ang kabáng bayan ay lalòng makapag-titipíd!—ang dugtong nǵ isáng seńorang balò na hindi nasisiyahán sa kaniyáng sinasahod na *pensión*.

—Nǵuni't unawàin namân ninyó—ang sagót nǵ isa sa mǵa kaharâp, na kaibigan nǵ mǵa opisyal na magsisiyasat—tunay nǵâng ang maraming indio ay waláng sapín kung lumakad sa kaniláng bayan, nǵuni't hindi ang lahat, at hindi magkaisá ang lumakad nang alinsunod sa sariling kaibigán kay sa nasa paglilinkód: hindi napipilì ang oras, ni ang dáraanan, ni hindi nakapagpapahinǵa kung kailan ibigin. Tingnan ninyó, ali, na kung katanghalian ay nakalulutô nǵ tinapay ang init nǵ lupà. At maglakád pa kayó sa buhanǵinan, doon sa may mǵa bató, araw sa itaas at apóy sa ibabâ, at punglò sa harâp....

—¡Sa sanayán din lamang iyan!

—¡Gaya nǵ hayop na burro na nasanay sa hindi pagkain! Sa kasalukuyang labanán, ang lalòng marami sa nasasawí sa atin ay gawâ nǵ mǵa sugat sa talampakan.... ¡Inuulit ko ang sa *burro*, ali, ang sa *burro*!

—Nǵuni't anák ko—ang tutol nǵ babai—isip-isipin ninyóng napakaraming salapíng magugugol sa katad. Sukat nang maibuhay sa maraming ulila't balo upang mapagtibay ang karanǵalan. At huwag kayóng nǵumitì, hindi ko sinasabi nang dahil sa akin na mayroon namán akong pensión, kahi't kakauntì, lubhâng kauntì sa mǵa ipinaglinkód nǵ aking asawa, tinutukoy ko ang ibá na may napakamarálitâng kabuhayan nǵayón: hindi nárarapat na matapos ang maraming kahihinǵi upang máparito at matapos na makapaglakbáy dagat ay maging katapusán ang mamatáy dito nǵ gutóm.... Ang sinasabi ninyóng ukol sa mǵa sundalo ay totoo marahil, nǵuni't ang katunayan ay kahi't mahigít na akong tatlong taón dito ay hindi pa akó nakakikita nǵ pipiláypiláy.

—Sa bagay na iyan ay kasang-ayon akó nǵ aling kuan—ang sabi nǵ isáng babaing kalapít—¿ano pa't bibigyan nǵ sapatos sa walâ namán silang sapatos nǵ sumipót sa maliwanag?

—¿At anó pa ang kailanǵan nǵ barò?

—¿At anó pa ang kailanǵan nǵ salawal?

—¡Isipisipin ninyó ang mápapalâ natin sa pagkakaroon nǵ isáng hukbóng hubô't hubád!—ang tapós nǵ nagtatanggol sa mǵa sundalo.

Sa isáng pulutóng ay lalòng mainit ang pagtatalo. Si Ben-Zayb ay nagsásalitâ't nananalumpati, gaya nǵ dati'y hináhadlanǵan siyá sa bawâ't sandalì ni P. Camorra. Ang manunulat na prayle, kahi't niya iginagalang na lubhâ ang mǵa taong may satsát, ay palaging nakikipagtalo kay P. Camorra na inaari niyáng isáng praylepraylihang mangmang; sa gayó'y ginagamit nǵ anyòng malayà at dinudurog ang mǵa sabisabihan nǵ mǵa tumatawag sa kaniyáng Fray Ibañez. Kinalulugdán ni P. Camorra ang kaniyáng katunggalí; iyon lamang ang tanǵing nagpápalagáy na may katuturán ang kaniyáng mǵa tinatawag na panǵanǵatwiran niya.

Ang pinag-uusapan ay ang ukol sa *magnetismo*, *espiritismo*, magia at ibp., at ang mǵa salitâ'y sumasahimpapawíd na gaya nǵ mǵa sundáng at bola nǵ mǵa salamangkero: silá ang naghahagis at silá rin ang sumásaló.

Nang taóng iyón ay pinagkákaguluhán sa peria sa Kiyapò ang isáng ulo na dí bagay sa tawag na *esfinge*, na itinatanghál ni Mr. Leeds, isáng amerikano. Malalakíng pabalitâ na makababalaghán at nakapanǵinǵilabot na nakaaakit sa panonoód ang nanǵakadikit sa pader nǵ mǵa bahay. Ni si Ben-Zayb, ni si P. Camorra, ni si P. Irene, ni si P. Salvi ay hindi pa nakakikita sa ulong yaón; si Juanito Pelaez ang tanǵing nakakita isáng gabí, at siyáng nagbabalitâ nǵ kaniyáng pagkahanǵà sa mǵa magkakalipon.

Si Ben-Zayb, dahil sa kaniyáng pagkamámamahayag, ay nagpupumilit na makatuklâs nǵ kalinawan; binábanggít ni P. Camorra ang diablo; si P. Irene ay nǵumínǵitì; si P. Salvi ay waláng kaimík-imík.

—Nǵuni't, Padre, sa hindi na pumaparito ang diablo; tayo sa ating sarili ay sukat na upang magkasala....

—Kung hindi gayón ay hindi makukurò....

—Kung ang karununǵan....



—¡Ulit na namán ang karununĝan! ¡*puñales!*

—Nĝuni't makinĝig kayó, aking ihahayag. Ang lahát ay alinsunod lamang sa paninĝin. Hindí ko pa náikikita ang ulo, ni hindí ko batíd kung papano itinatanghal. Anang ginoo—itinurò si Juanito Pelaez—ay hindí kagaya nĝ mĝa ulong nagsasalità na karaniwang itinatanghal—¡kahi't na! Nĝuni't ang sanhî ay yaon din; lahat ay dahil lamang sa paninĝin; hintay kayó, ilalagay na paganitó ang isáng salamín, ang isá pa'y sa likurán, ang malalarawan ay matatanaw... anó, isá lamang suliranin nĝ Písika.

At ibinabâ sa kinalalagyán ang isáng salamín, iniayos, ikiniling at sa dahiláng hindí niyá mapalabas ang kalinawan ay tinatapos sa wikàng:

—Gaya nĝ sabi ko, walâng pinagibhán sa isang pagsirà lamang nĝ paninĝin.

—Nĝuni't anóng salamín ang ibig pa ninyó, sa sinabi sa atin ni Juanito na ang ulo ay nasa lóob nĝ isáng kaha, na ipinapatong sa isáng mesa.... Nakikinikinitá ko sa bagay na iyan ang espiritismo, sapagka't kailan man ay gumagamit nĝ mesa ang mĝa espiritista, at sa akalà ko'y sapagka't *gobernador eclesiástico* si P. Salvi ay dapat niyáng ipagbawal ang pagtatanghal.

Si P. Salvi ay walâng kasalisalità; hindí sumásagot nĝ oo ni hindí.

—Upang maalaman kung may diablo ó espíritu sa loob—ang sabi ni Simoun—ang mabuti'y paroonan ninyó't tingnán ang bantóg na ulong iyan.

Ang palagáy ay minabuti at tinanggáp, nĝuni't si P. Salvi at si D. Custodio ay nagpakita nĝ kaunting nĝanínĝaní. ¡Silá ay máparoon sa isáng peria, makipagsiksikan sa mĝa tao at manood nĝ mĝa *esfinge* at mĝa ulong nanĝunĝusap! ¿Anó na lamang ang wiwikàin nĝ mĝa indio? Ariin siláng tao na may hilig at kahinàan ding tagláy nĝ ibá. Sa gayón, si Ben-Zayb, akay nĝ kaniyáng pagkamamamahayag ay nanĝakòng ipamamanhik kay Mr. Leeds na huwag magpapasok nĝ manonood samantalang silá'y nasa sa loob: nápakalaking karanĝalan ang ibibigáy nilá sa kaniláng pagdalaw upang huwag sumangayon, at sakâ hindí pa silá hihinĝan nĝ upa sa pagpasok. At upáng mapanĝatwiranan ni Ben-Zayb ang sinabi, anyá ay:

—¡Sapagka't akalàin na lamang ninyó! ¡Kung mahuli ko ang dayà sa haráp nĝ mĝa nanonood na indio! ¡Aalisán ko nĝ kakanin ang kaawàawàng amerikano!

Si Ben-Zayb ay isáng taong malinĝap.

May labíng dalawá ang pumanaog, na kabilang ang ating mĝa kilaláng si D. Custodio, si P. Salvi, si P. Camorra, si P. Irene, si Ben-Zayb at si Juanito Pelaez. Inihatíd silá nĝ kaniláng mĝa sasakyán sa pagpasok sa liwasan nĝ Kiyapò.

## ANG PERIYA SA KIYAPO

Ang gabí'y magandá at ang anyô n̄ liwasan ay lubháng masayá. Sa pagsasamantalá sa masaráp na simoy at maníngning na buwan kung Enero ay punông-punô ang periya n̄ taong ibig makakita, mákita at makapaglibáng. Ang m̄ga músika n̄ m̄ga kosmorama at ang ilaw n̄ m̄ga parol ay siyang nagbibigáy galák at kasayahan sa madlá. Mahahabàng hanay n̄ m̄ga tindahan, nagniningningang aliyamás at m̄ga pangkulay, lantad sa tíngin ay may m̄ga kumpol-kumpol na pelota, m̄ga máskarang nanġakatuhog sa matá, m̄ga larúang lata, m̄ga tren, karrong maliliit, kabayong maliliit na napagágalaw, m̄ga sasakyán, m̄ga bapor na may kanikaniláng maliliit na kaldera, m̄ga pingánpinganang maliliit, m̄ga beléng mumunti na kahoy na pino, m̄ga manikàng gawâ sa ibáng lupain at gawâ dito, ang m̄ga una ay masasaya at bulhâw at ang m̄ga hulí ay m̄ga waláng katawatawa at mapagnilay na waring m̄ga maliliit na babaing may gulang, sa piling n̄ m̄ga batàng nápakalalakí. Ang tugtóg n̄ m̄ga tambol na maliliit, ang kainġayan n̄ m̄ga trompetrompetahang lata, ang tugtuging n̄ngò n̄ m̄ga kurdiyón at m̄ga organillo ay nagkakahalóng wari'y tugtugan sa karnabal, at sa gitná n̄ lahát n̄ iyon ay paroo't parito ang makapal na tao na nanġagtutulakán, nagkakabungguang ang mukhá'y nanġakalinġón sa m̄ga tindahan kayâ't madalás ang untugan at kung minsán ay katawatawa. Napipilitang pigilan ang takbó n̄ m̄ga kabayo n̄ m̄ga sasakyán, ang *tabi! tabi!* n̄ m̄ga kotsero ay nádidinġig na sunódsunód; nanġagkakasalúsulubong ang m̄ga kawaní, m̄ga militar, m̄ga nag-aaral, m̄ga insík, m̄ga dalagindíng na kasama n̄ kaniláng m̄ga iná at ali, nanġagbábatían, nanġagkikindatan, masasayang nagtutudyuhan.

Si P. Camorra ay nasa karurukan n̄ kaniyang kaligayahan sa pagkakita n̄ gayóng karaming magagandang dalaga; nápatatigil siya, nápapalinġón, itutulak si Ben-Zayb, mapapapaaták, sumusumpa't aniyá'y: at iyan, iyan, manghihitit n̄ tinta? at doon sa isá ¿anó ang masabi mo? Sa kaniyang kagalakan ay hindí na pinupupô ang kaniyang kalaban at katunggalí. Tinitingnán siyang maminsan minsan ni P. Salvi, n̄nguni't hindí niya pinápansín si P. Salvi, kundí bagkús pa n̄ngang binubunggô ang m̄ga dalaga upang masagí silá, na kinikindatan at tinititigan n̄ titig na may palamán.

—¡Puñales! ¿Kailan kayâ akó magiging kura sa Kiyapô?—ang tanóng sa sarili.

Si Ben-Zayb ay bigláng nakabitáw n̄ isáng tunġayaw, nápalundág at pinigilan ang kaniyang bisig; sa gitná n̄ kagalakan ni P. Camorra ay kinurot siya. Dumarating ang isáng nakasisilaw na binibining pinagtitingnanan n̄ lahát n̄ taong nasa liwasan; dahil sa hindí magkasiya sa kagalakan si P. Camorra ay pinagkámaláng bisig n̄ dalaga ang bisig ni Ben-Zayb.

Ang binibini'y si Paulita Gómez, ang makisig sa madláng makisig na sinusundán ni Isagani; sa likurán ay sumusunod si aling Victorina. Ang dalaga'y nagniningning sa kagandahan; ang lahát ay nápatatigil, ang m̄ga liíg ay bumabaluktot, napapahintô ang m̄ga usap-usapan, sinusundán n̄ m̄ga paninġín at si aling Victorina ay tumatangġap n̄ m̄ga magalang na bati.

Ang suot ni Paulita Gomez ay barò't panyông pinyá na binurdahan, ibá kay sa isinuot n̄ umagang iyon sa pagparoón sa Sto. Domingo. Ang nanġanġaninag na habi n̄ pinya ay nagbibigáy n̄ lalóng gandá sa kaniyang ulo, at ang m̄ga pilipinong nakakamalas ay iginagaya siya sa buwang nalilibid n̄ maputí't manipís na ulap. Isáng sayang sutlá na kulay rosa, na nagkakutonkutong mainam ang ayos sa pagkakápigil n̄ kaniyang muntíng kamáy, ay nagbibigay dilág sa kaniyang tuwíd na ulo, na ang m̄ga kilos na inaayusan n̄ malambót na liig ay nagpapahayag n̄ pananagumpay na lubós n̄ kataasan at kalindíán. Si Isagani'y waring hindí nasisiyaháng loób; nayayamót siya sa gayóng karaming matá, karaming m̄ga talogigi na tumatanáw sa kagandahan n̄ kaniyang iniibig: ang m̄ga tingín ay inaakalà niyang nakaw, at ang m̄ga n̄giti n̄ dalaga'y inaari niyang pagtataksíl.

Nang makita ni Juanito ang binibini ay pinaglalò ang kakubâan at nagpugay: sinagót siya n̄ pasumalá ni Paulita, at tinawag siya ni aling Victorina. Si Juanito ang kaniyang kinikilingan at sa ganang kaniya ay ibig pa itó kay sa kay Isagani.

—¡Anóng gandáng dalaga! ¡Anóng gandá!—ang bulóng ni P. Camorra na sumilakbó ang kalooban.

—¡Padre ang tiyan mo pò ang kurutin at bayaan ninyó kamí!—ang payamót na sabi ni Ben-Zayb.

—¡Anóng gandáng dalaga! anóng gandáng dalaga—ang ulit—at ang lumiligaw ay ang nag-aaral na kilalá ko, ang nanulak.

—¡Mapalad siyá at hindí taga roon sa bayan ko!—ang patuloy pagkatapos na inilinġóng makailan ang ulo upang sundán n̄ tingín ang binibini. Ibig ibig nang iwan ang kaniyang m̄ga kasama at sundán ang dalaga. Nahirapan si Ben-Zayb bago siyá napahinuhod.

Si Paulita ay patuloy sa paglakad at nakita ang kaniyang magandang anyô at ang kaniyang muntíng ulo, na mainam ang pagkakápusód, na malindíng gumágalaw.

Ang ating m̄ga nagliliwalíw ay patuloy sa kaniláng paglakad na ang paríng artillero ay nagbúbuntóng hininġá, at nakasapit silá sa isáng tindahang nalilibid n̄ m̄ga nanonood na madalíng sila'y linuwagan.

Yaón ay isáng tindahan n̄ m̄ga mumuntíng larawang kahoy, na gawâ dito, na nagpapakilala sa sarisaring lakí at anyô n̄ m̄ga ayos, lahi at m̄ga paghahanap buhay sa kapulúan, m̄ga indio, kastilà, insík, mestiso, prayle, klérigo, kawaní, kapitán sa bayan, nag-aaral, sundalo at ibp. Dahil mandín sa ang m̄ga artista ay may hilig sa m̄ga pari, na ang m̄ga kutón n̄ m̄ga *habito* ay siyang naayos sa kaniláng m̄ga kagawian sa pagyari, ó dahil sa ang m̄ga prayle, sa pakikihimasok nitóng lubhá sa m̄ga lipunang pilipino'y nakapagpapaulap sa pag-iisip n̄ eskultor, magíng alín man sa dalawáng kadahilanan, ang katunayan, ay marami ang kaniláng kawangkí, na mabuti ang pagkakayari, anyông anyô, at itinátanghál silá sa m̄ga

dakilang sandali ng kabuhayan, baligtad kay sa ginagawa sa kanila sa Europa, na doo'y inilalarawan silang nakakatulog sa ibabaw ng mga barires ng alak, nangagsugul, tumutunggâ, nangaapungot o hinahaplos ang sariwang mukha ng isang dalaga. Hindi: ang mga prayle sa Pilipinas ay kaiba: mga makikiyas, malilinis, mabubuti ang bihis, ang anit sa tuktok ay mainam ang pagkakaputol, ang mga mukha'y ayos at maliwanag, ang mata'y mapagmasid, anyong banal, may kaunting pulâ sa pisngi, may tungkod na palasan sa kamay at sapatos na tsarol sa paa, na nakaaakit na sambalin sila at ilagay sa birina. Kapalit ng mga sagisag ng katakawan at kahalayang taglay ng kanilang mga kapatid na nasa Europa, ang dalâ ng mga nasa Maynila ay ang aklad, ang *crucifijo*, ang sanang sagisag ng paghihirap; kapalit ng panghahalik sa mga mangmang na babaing taga bukid, ang mga nasa Maynila ay nagpapahalik ng kamay sa mga bata, sa mga taong may kagulangang na nangakayukot halos nakaluhod; kapalit ng paminggalang puno ng kakanin at mga kakanan na siyang tanghalan nila sa Europa, sa Maynila ay mga dalanginan, mesang aralan; kapalit ng prayling maralitâ na lumalapit sa mga bahaybahay na dalâ ang kaniyang burro at ang supot upang manghinig ng limos, ang prayle sa Pilipinas ay nagsasabog ng dakotdakot na gintô sa mga kaawaawang indio.....

—Tingnan ninyo, narito si P. Camorra!—ang sabi ni Ben-Zayb na dalâ pa ang sinigaw ng *champagne*.

At itinuturo ang larawan ng isang payat na prayle, na wari'y nag-isisip, nakaupo sa piling ng isang dulang, ang ulo'y nakapatong sa palad at sumusulat mandin ng isang sermon. May isang lamparang nakapagpapaliwanag sa kaniya.

Ang pagkakaibayo ng anyo'y ikinahalakhak ng lahat.

Naramdamang ang tukoy ni P. Camorra, na nalimutan na si Paulita, at siya namang tumanong:

—At sino namang ang kamukha ng larawang ito, Ben-Zayb?

At tumawa ng kaniyang tawang *paleta*.

Ang larawan ay isang matandang babaing bulag ang isang mata, gusgusin, na nakalupasay sa sahi, gaya ng mga anito ng mga indio, na namimirinsâ ng damit. Ang kasangkapan ay nagayahang mabuti; tanso, ang dingas ay palarâ at ang alimpuyô ng usok ay marurumi't pinilipit na bulak.

—Hoy, Ben-Zayb, hindi hanagal ang nakamunakala, ano?—ang tanong na tumatawa ni P. Camorra.

—Hindi ko malaman ang ibig tukuyin!—ang sabi ng manunulat.

—Nguni't *¡puñales!* hindi ba ninyo nakikita ang pangalan, *la prensa filipina*? Ang kasangkapang iyan na ipinamimirinsâ ng matandang babai ay tinatawag ditong *prinsâ!*

Lahat ay nagtawanan at si Ben-Zayb man ay humalakhak din.

Dalawang sundalong guardia sibil na may tandang *mga sibil*, ay nalalagay sa likuran ng isang taong nakabaliti ng matitibay na tanikalâ at ang mukha'y natatakpan ng sambalilo: ang pangalan ay *Ang Lupain ng Abaka* at waring babarilin.

Hindi naibigan ng marami sa ating mga dalaw ang tanghalan. Pinag-uusapan ang tuntunin ng Arte, humahanap ng pagkakatimbangtimbang ng laki, ang sabi ng isa'y walang pitong ulo ang larawang gayon, na ang mukha'y kulang ng isang ilong, walâ kundî tatatlo, bagay na ikinapag-isisip ng kaunti ni P. Camorra na di makahulog kung bakit, upang maging ayos ang isang larawan ay, dapat magkaroon ng apat na ilong at pitong ulo; anang isa'y kung bakit malitid, sa, ang mga indio ay hindi gayon; na kung yaon ay matatawag na *escultura* o *carpinteria* lamang, at ibp.; balâ na'y nagpahayag nang kaniyang panunuligsâ at upang huwag namang mapahulî sa iba si P. Camorra ay nangahas humanap ng tatlong pung hita sa bawat manika. Kung makahihingî ng ilong ang iba ay bakit nga namang hindi siya makahihingî ng hita? At doon din nangagtatalo kung ang indio'y may katalinuhan sa pag-eeskultor, kung nararapat palusugin ang gayong arte, at sisimulan na ang pagtatalong sabay-sabay na pinutol ni D. Custodio sa pagsasabing ang mga indio ay may katalinuhan, nguni't ang paggawa lamang ng santo ang dapat harapin.

—Kahit sino ay magsasabi—ani Ben-Zayb na ng gabing yaon ay naging mapanudyô—na ang insik na iyan ay si Quiroga, nguni't kung pagwawaring mabuti ay kamukha ni P. Irene.

—At ano ang masasabi ninyo sa indio-ingles na iyan? Nahahawig kay Simoun.

Umalingawngaw ang pamuling halakhakan. Hinaplos ni P. Irene ang kaniyang ilong.

—Tunay nga!—Tunay nga!—Siyang siya!

—Datapwa'y nasaaan si Simoun? Bilhin ni Simoun!

Si Simoun ay nawala, walang nakakita sa kaniya.

—*¡Puñales!*—ang sabi ni P. Camorra—napakakuriopot ang amerikano! Natatakot na pabayaran natin sa kaniya ang kaupahan ng lahat sa pagpasok sa patanghalan ni Mr. Leeds.

—Hindi!—ang sagot ni Ben-Zayb—ang ipinangangamba ay ang magipit siya. Nahuhulaan na ang masamang birong aabot sa kaniyang kababayang si Mr. Leeds, kayat nagmamaangmaangan.

At nangagpatuloy ng lakad, upang panoorin ang nababantog na ulo, na walang biniling anomang kahit masamang laruan.

Humadog si Ben-Zayb na siyang makikipag-usap: hindi maaring hiyain ng amerikano ang isang mamamahayag na mangyayaring maghiganti sa pamagitan ng isang mapanirang lathala.

—Makikita ninyo't pawang kagagawan lamang ng salamín—aniya—sapagkat tingnan ninyo.....

At muling nagsimula ng isang mahabang pagpapaliwanag, at sa dahilang walâ siyang kaharap na salamín na makasisira sa kaniyang sinasabi, ay idinugtong nang lahat ang kabulastugang matuturan hanggang sa kahulihulihan ay hindi na matumpakan ang sinasabi.

—At mákikita rin ninyó kung hindi pawàng pagkasirà lamang nǵ paninǵín.

## XVIII

### MGA KADAYAAN

Sinalubong silá nǝ lubhâng malinǝap ni Mr. Leeds, isáng tunay na yankee, na ang suót ay pulós na itím. Mabuting magsalitá nǝ wikang kastilà dahil sa nagtirang malaon sa Amérika, sa Timog. Hindí sumalansang sa nasá nǝ ating mǝa dalaw; sinabing maaaring siyasating lahat lahat bago gawin at matapos ang pagtatanghal; sa kasalukuyan nǝ pagtatanyag ay ipinamánhik na manahimik lamang. Si Ben-Zayb ay nǝmúnǝití at nilálasáplasáp na ang samá nǝ loob na ibíbigay niya sa amerikano.

Ang loob na nababalot na buong buo nǝ itím ay naiilawan nǝ mǝa matatandang lámpara na ang ilaw ay aguardiente. Isáng halang na natatakpan nǝ tersiopelong itím ang siyang humahati nǝ dalawang hatng magkasinglaki sa loob na iyon; ang isáy puno nǝ mǝa luklukang laan sa mǝa manonood, at ang isá, ay kinalalagyán nǝ isáng tuntunǝan na ang alpombra ay pariparisukat. Sa ibabaw nǝ tuntunǝang ito, sa dakong gitná, ay nalalagáy ang isáng mesa na natatakpan nǝ isáng mainam na kayong itím na puno nǝ bunǝo at iba pang larawang mahiwaga. Ang *mise en scene* ay malungkot kayá't nakapanǝilabot sa mǝa masasayang dalaw. Nahintó ang mǝa birúan, marahan ang mǝa pag uusap at kahi't na ibig magpatanaw ang ilan nǝ dí nilá pagpapahalagá sa gayon ay hindi pumulás ang tawa sa mǝa labi. Ang damdam nǝ lahat ay waring napasok sa isáng bahay na may patáy. Isáng amoy suob at pagkit ay siya pang nakapagpaparagdag sa gayon. Si D. Custodio at si P. Salvi ay marahang nagsangguniang kung nararapat o hindi na ipagbawal ang mǝa gayong panoorin.

Upang mapalakás ni Ben-Zayb ang loob nǝ mǝa matatakutin at magipit niya si Mr. Leeds ay sinabi ritong:

—Hoy, mister, yamang walang ibang tao kundí kami lamang at hindi kami mǝa indio na napapahuli ay ipahihintulot bagá ninyong ipakita ko sa kanilá ang dayá? Alam na naming ang lahat nǝ iyan ay ukol lamang sa paninǝin, nǝuni't sa dahilang si P. Camorra ay ayaw maniwala.....

At humandang lumundag sa halang na hindi nagdaan sa sadyang pintuan, samantalang si P. Camorra ay naglulungatí sa pagtutol dahil sa nanǝangǝambang baká may katwiran si Ben-Zayb.

—¿At bakit po hindi, ginoo?—ang sagot nǝ amerikano;—nǝuni't huwag po lamang kayong sumira nǝ anomán, hané po?

Ang mamamahayag ay nasa ibabaw na nǝ tuntunǝan.

—¿Ipinahihintulot po ba ninyo?—ang sabi.

At sa panǝinǝilag na baká hindi siya payagan ni Mr. Leeds ay hindi na naghintay nǝ pahintulot at itinaas ang kayo at hinanap ang mǝa salaming inaantay niyang matatagpuán sa mǝa paa. Si Ben-Zayb ay nakabitw nǝ kalahating tunǝayaw, napaurong, muling ipinasok at iniwagayway ang mǝa kamay niya sa ilalim nǝ dulang: walang maapuhap. Ang mesa ay may tatlong paang bakal na maliliit na nakabaon sa lupa.

Ang mamamahayag ay tuminǝintinǝin sa lahat nǝ sulok na waring may hinahanap.

—¿Nasaan ang mǝa salamin?—ang tanong ni P. Camorra.

Mamatamata si Ben-Zayb, hinihipo ang dulang, itinataas ang kayong takip, at maminsanminsang inilalagay ang kamay sa noo na waring may ibig maalaala.

—¿Mayroon po bang nawala sa inyó?—ang tanong ni Mr. Leeds.

—Ang mǝa salamin, mister, ¿nasaan ang mǝa salamin?

—Ang inyó'y hindi ko maalaman kung saan naroon, ang akin ay nasa *fonda*..... ¿ibig bagá ninyong manalamin? Masama nǝ kaunti ang ayos ninyo at namumutla.

Kahi't na may kabá, nang makita nǝ marami ang kapalagayang paaglahi nǝ amerikano'y pinagtawanán si Ben-Zayb na hiyanghiyang bumalik sa kaniyang uupan, na bumubulong nǝ:

—Hindi mangyayari; makikita ninyo't hindi magagawa nǝ walang salamin; mayamayá'y magpapalit iyan nǝ dulang....

Inilagay na muli ni Mr. Leeds ang kayo sa mesa at nang maharap na ang mǝa mararangal na dalaw ay tumanong:

—¿Nasisiyahan na bagá kayo? ¿mapasisimulan na natin?

—¿Napakatulog na dugô namang tao!—ang sabi nǝ isang babaing balo.

—Kung gayon ay manǝagsiupô na po ang kaginoohan at pag-isipin kung ano ang ibig itanong.

Pumasok si Mr. Leeds sa isang pintô at nang makaraan ang ilang sandali ay bumalik na may dalang isang kahang kahoy na maitim, bukbukin, na may ilang lilok na ibon, mǝa hayop, mǝa bulaklak, mǝa ulo nǝ tao at ibp.

—Mǝa kaginoohan,—ang sabi ni Mr. Leeds na walang tawa—sa minsang pagdalaw ko sa piramide ni Khufu, ika apat na lipi nǝ mǝa Faraon, ay nakatagpo ako nǝ isang libinǝang batong buhay na pulá sa isang liblib na silid. Ang kagalakan ko'y gayon na lamang sapagka't inakala kong nakatagpo nǝ isang momia nǝ mǝa anak hari; nǝuni't gaano ang aking sama nǝ loob nǝ matapos paghirapan nǝ katakot-takot ang pagbubukas nǝ libing ay wala akong natatagpuán kundí ang kahang ito na mangyayari ninyong siyasatin.

At inilibot ang kaha sa mǝa nasa unang hanay nǝ luklukan. Iniurong ni P. Camorra ang kaniyang katawan na wari'y may pagkasuklam, si P. Salvi ay tuminǝing malapit na wari'y nakaakit sa kaniya ang mǝa bagay na ukol sa libinǝan; si P. Irene ay nǝmúnǝití nǝ nǝitng matalino, si D. Custodio ay nag-anyong

walâng imík at mapagwalâng bahalà, at si Ben-Zayb ay humahanap n̄g salamin; doon dapat málagáy, sapagká't salamín lamang ang sangkáp n̄g lahát n̄g iyón.

—¡Walâng iniwan sa amóy bangkáy!—ang sabi n̄g isáng babai—¡puff!

At namaypáy n̄g katakot-takot.

—¡Kaamóy n̄g apat na libong taón!—ang sabing biglá n̄g isá.

Nakalimutan ni Ben-Zayb ang salamín dahil sa pagtingín kung sino ang bumanggít n̄g salitâng iyón. Ang bumigkás ay isáng militar na nakabasa n̄g kasaysayan n̄g buhay ni Napoleon. Kinainggitán siyá ni Ben-Zayb, at upang bumitw n̄g isáng salitâng dapat tumamá kay P. Camorra, ay sinabing:

—¡Amóy simbahan!

—Ang kahang itó, kaginoohan,—ang patuloy n̄g amerikano—ay may lamáng isáng dakót na abó at kaputol na *papiro*, na kinatatalâan n̄g iláng sulat. Tingnán ninyó, n̄guni't ipinamamanhík ko lamang na huwág kayóng hihingáng malakás, sapagká't kung mátapon ang kaunting abó ay lálabás na sirâsirâ ang aking *esfinge*.

Ang kabulaanan, na tinuran n̄g boóng pananalig at walâng kabiròbirò ay untúntúng nagtagumpáy, kayá't nang idaan ang kaha ay walâng isá mang nanġahás na humingá. Si P. Camorra, na sa púlpito sa Tiani ay nagpakilalang madalás n̄g mġa parusa at paghíhirap sa inpierno samantalang pinagtátawanán sa sarili ang mġa matáng sindák n̄g mġa makasalanan, ay nagtakíp n̄g ilóng; at si P. Salvi, ang tunay na si P. Salvi na sa araw n̄g kapistahan n̄g mġa patáy ay gumawâ n̄g giniginí n̄g mġa kaluluwá sa Purgatorio na may apóy at mġa larawang nanġaninag na naiilawan sa dakong likurán, na may lámparang ang ilaw ay aguardiente, mġa putolputol na halimayas, sa malaking dambanà n̄g simbahan n̄g isáng arrabal upang makakuha n̄g mġa pamisa at limós, ang payát at walâng imík na si P. Salvi ay pumigil sa kaniyáng paghingá at tiningnán n̄g tingíng may panġanġanib ang isáng dakót na abóng iyón.

—¡*Memento, homo, quia pulvis es!*—ang bulóng na nakanġití ni P. Irene.

—¡P.....!—ang bitw ni Ben-Zayb.

Nakahandâ na siya sa pagsasabi n̄g mġa salitâng iyón at inunahan siya n̄g kanónigo.

—Sa dahiláng hindî maalaman kung anó ang dapat kong gawín—ang patuloy ni Mr. Leeds na inilapat nang boong pag-iingġat ang takíp n̄g kaha—ay siniyasat ko ang papiro, at nakita ko ang dalawáng salitâ na hindî ko batíd ang kahulugán. Hinanap ko ang katururán at tinangkâ kong bigkasín n̄g malakás, at bábahagyâ pa lamang na nabibigkás ang una nang maramdamán kong dumudulás sa aking kamáy ang kaha na wari'y tanġáy n̄g isáng malaking pataw at gumulong sa lupà, at doo'y hindî ko na magalaw. Ang pagkakamanghá ko'y naging sindák nang buksán ko't mātāgpuán sa loob ang isáng ulo n̄g tao na ang tingín sa akin ay walâng kakisápkisáp. Sindák, at dahil sa hindî ko maalaman ang gawín sa harap n̄g gayóng kababalaghán, ay natulíg akóng nanġaykáy sumandalí na waring isáng gulilát.... Akó'y nagbalíkkloob.... Sa akalàng yaón ay isáng malikmatà lamang ay tinangkâ kong mapalipas yaon at ipinatuloy ko ang pagbasa n̄g panġalawáng salitâ. Babahagyâ ko pa lamang nasasabi, ay nálapat ang takíp n̄g kaha, nawalâ ang ulo, at ang nápalít na mulí ay ang isáng dakot na abóng itó. Hindí sinasadyâ'y natagpûán ko ang dalawang salitâng lalòng makapangyarihan, ang mġa salitâng panglikhâ at panggunaw, ang pangbuhay at pangpatáy!

Humintòng sandalí na waring ibig tingnán ang ibinunġa n̄g kaniyáng mġa sinabi. Pagkatapos ay lumapit sa dulang na ang lakad ay mainġat at banayad at ipinatong ang makababalagháng kaha.

—¡Mister, ang takíp!—ang sabi ni Ben-Zayb na hindî mapigil.

—¿At bakit hindî?—ang tugóng masunurin ni Mr. Leeds.

At matapos na máitaás n̄g kanang kamáy ang kaha ay hinawì n̄g kaliwâ ang kayo at naiwang lantád ang mesa na natutukuran n̄g kaniyáng tatlóng paá. Mulíng inilagáy ang kaha sa ibabaw at banayad na lumapit sa mġa nanonood.

—¡Dito ko siyá makikita!—ang sabi ni Ben-Zaib sa kaniyáng kasiping—tingnán ninyó pag hindî iyán nagdahilán n̄g kahì't anó.

Ang lubós na pagbatyág ay nálarawan sa lahát n̄g mukhâ; nagharì ang katahimikan. Maliwanag na maliwanag na nádidinġig ang inġay at kaguluhan sa daan; n̄guni't ang lahát ay nagugulumihanan kayá't ang kaputol na salitâng umabot hanggáng sa kanilá'y hindî man nilá náinó.

—¿*Porque ba no di podí nisós entra?*—ang tanóng n̄g isáng boses babai.

—*Aba, ñora, porque 'tallá el mana prailes y el maná empleau*—ang sagót n̄g isáng lalaki—*'ta jasí solo para ilós el cabeza de espinge*.

—¡Curioso también el maná prailes!—ang sabi n̄g boses babai—¡no quiere pa que di sabé nisós cuando ilós ta salí ingañau! ¡Cosa! ¿querida ba de praile el cabeza?

Sa gitnâ n̄g boóng katahimikan ay nagpatuloy ang amerikano na ang boses ay nanġingínig:

—Kaginoohan: sa isáng salitâ'y bubuhayin ko ang isáng dakót na abóng iyan at kayó'y makikipag-usap sa isáng nakababatíd n̄g ukol sa nakaraan, n̄g sa kasalukuyan at maraming bagay n̄g sa dárating.

At banayad na bumitw n̄g isáng sigáw ang mahiko, mapanaghóy muna, matapos ay matindí, halòhalòng matatalas na tunóg na wari'y tunġayaw at tunóg na paós na wari'y pagbabalà na nakapagpanġalisag sa buhók ni Ben-Zayb.

—¡Deremof!—ang sabi n̄g amerikano.

Ang mġa tabing na nakapalibid sa salón ay naggalawan, ang mġa ilawán ay waring mamámatáy, ang

mesa ay humaginít. Isáng mahinàng daíng ang sumagót na galing sa loob n̄g kaha. Ang laháat ay nagkatin̄ginang namumutlâ't hindi mápalagáy: ang isáng babaing lipús katakutan at nakaramdám n̄g isáng pagkabasâng mainitínit sa kaniyáng saya ay kumapit kay P. Salvi.

Sa gayón ay nábukás na mag-isá ang kaha at sumipót sa malas n̄g m̄ga nanonoód ang isáng ulo na anyóng bangkáy, na nalilibid n̄g isáng mahabà't makapál na buhók na itím. Dahandahang ibinukás n̄g ulo ang m̄ga matá at inilibot ang tin̄gin sa laháat n̄g nanonoód. Ang m̄ga matáng iyón ay may matalas na ningning na nararagdagán pa n̄g kaniyáng m̄ga panglook, at sa dahiláng *abyssus abyssum invocat*, ang m̄ga matáng iyón ay napatitig sa m̄ga malalalim at nan̄gan̄galóng matá ni P. Salvi na dilát na dilát na warì'y nakakikita n̄g isáng multó. Si P. Salvi ay nan̄ginig.

—Espinghe—ani Mr. Leeds—sabihin mo sa m̄ga nakikin̄gig kung sino ka.

Ang lubós na katahimikan ay naghari. Isáng malamíg na simoy ang lumaganap sa salas at nagpagaláw sa bugháw na din̄gas n̄g m̄ga lámparang gamit sa libin̄gan. Ang m̄ga lalóng hindi mapaniwaláin ay nan̄gilabot.

—Akó'y si Imuthis—ang sagót n̄g ulo na ang boses ay malalím n̄guni't nagbabalà mandín—ipinan̄ganák akó n̄g kapanahunan ni Amasis at akó'y pinatáy nang kasalukuyang nakasasakop ang m̄ga persa, samantalang si Cambises ay papauwíng galing sa sinamâng pagsalakay sa kalookan n̄g Lybia. Galing akó sa pagtatapós n̄g aking pag-aaral makaraan ang mahabàng paglalakbáy sa Gresia, Asiria at Persia, at papauwí na akó sa aking bayan upang manirahan doon hanggang sa akó'y paharapín ni Thot sa kaniyáng kakilákilabot na hukuman. Dalá n̄g kasawián ko, sa aking pagdaraan sa Babilonia, ay nabatíd ko ang isáng kakilákilabot na lihim, ang lihim n̄g dí tunay na Smerdis na nagnakaw n̄g kapangyarihan, ang pan̄gahás na magong si Gaumata na namamahala sa tulong n̄g isáng pagdarayà. Sa katakutang isumbóng ko siya kay Cambises, ay binalak ang aking ikasasawí sa pamagitan n̄g m̄ga saserdoteng taga Egipto. Ang m̄ga itó'y siyang nakapangyayari noon sa aking bayan; dahil sa pag-aari nilá sa dalawá n̄g katlóng bahagi n̄g m̄ga lupáin, tan̄ging may hawak n̄g karunun̄gan ay inilulubóg ang bayan sa kamangman̄gán at sa pagsiil, inilalagmak sa ugaling hamak at inihahandâ upang huwag marimariman sa pagpapalitpalít n̄g pan̄ginoon. Ang m̄ga manglulupig ay nanghahawak sa kanilá at sa pagkakilala n̄g kaniláng maitutulong ay kinakalong silá't pinayayaman, at ang ilán ay hindi lamang umalinsunod sa kaniláng máibig kundí naging tagaganáp lamang nilá. Ang m̄ga saserdoteng ehpsiyo ay umalinsunod n̄g boong loob sa m̄ga utos ni Gaumata sapagká't akó'y kaniláng kinatatakutan at upang huwag kong ihayág sa bayan ang kaniláng m̄ga pang-uulól. Upang masunód ang kaniláng han̄gád ay ginawáng paraan ang m̄ga udyók n̄g pusò n̄g isáng batang saserdote sa Abidos na inaaring banal!....

Isáng kahambalhambal na katahimikan ang sumunód sa m̄ga salitang itó. Ang ulong yaon ay nagsasalaysay n̄g ukol sa m̄ga pailalim na paraan at m̄ga pagdarayà n̄g m̄ga parì at kahi't ibáng kapanahunan at ibáng pananampalataya ang tinutukoy ay nakapagpaparamdám din sa m̄ga prayleng kaharáp doon sanhi marahil na makikitang ang kinauwian ay kahawig n̄g kasalukuyang kalagayan. Si P. Salvi, na nan̄giniginig, ay iginagaláw ang m̄ga labi at sinusundán n̄g nanglilisig na matá ang titig n̄g ulo, na warì'y nakakahalina sa kaniyá. M̄ga butil n̄g pawis ay nagsisimulâ na n̄g pagsipót sa kaniyáng namumutláng noó, n̄guni't waláng nakababatyág sa gayón, dahil sa lubhâng nan̄galilibáng at nan̄ginilabot.

—¿At papano ang paraang ginawâ sa iyó n̄g m̄ga parì sa iyóng bayan?—ang tanóng ni Mr. Leeds.

Ang ulo'y bumitwí n̄g isáng kasakitsakit na daíng na warì'y galing sa kaibuturan n̄g pusò at nákita n̄g m̄ga nanonood na ang kaniyáng m̄ga matá, ang m̄ga matáng iyón na nagbabaga, ay nawalán n̄g kináng at napunô n̄g luhà. Nan̄ginig ang laháat at naramdamáng nanindíg ang kaniláng buhók. Hindi, yaon ay hindi dayà, hindi salisalitâ lamang; ang ulo'y isá n̄gàng ginawán n̄g kataksilan at ang sinasabi'y ang tunay niyáng kabuhayan.

—¡Ay!—ang sabi na umilíng n̄g lubhâng malungkót—akó'y nan̄ginigibig sa isáng dalaga, anak n̄g isáng parì, na kasinglinis n̄g liwanag, gaya n̄g loto kung bagong namumukadkad! Ninanasà rin namán siyang kamtán n̄g batang parì sa Abidos at itó'y nagmunakalà n̄g isáng pagkakagulól na sinangkalan ang aking pan̄galan at sa tulong n̄g iláng papiro ko na naparaanang makuha sa aking irog. Ang kaguluhan ay nangyari n̄g kasalukuyang si Cambises ay papauwíng nagn̄gin̄gitn̄gít dahil sa kasawiang nangyari sa kaniyáng sinamâng pakikihamok. Akó'y isinakdál na taksíl, napiít, at sa dahiláng akó'y nakatanan, ay nápatáy akó sa lawà n̄g Mœris n̄g m̄ga umuusig.... Mulá sa kabiláng buhay ay nakita kong nanagumpáy ang kabulaanan, nakikita ko ang pag-usig gabí't araw n̄g saserdote sa Abidos sa birheng nagkanlóng sa simbahan ni Isis sa pulò n̄g Philœ.... nakikita ko siyang inuusig at inaapungutan hanggang sa m̄ga ilalim n̄g lupà, tuligin sa sindák at m̄ga pahirap, na gaya n̄g isáng malaking panikì sa isáng maputíng kalapati.... ¡A! saserdote, saserdote sa Abidos! nabuhay akóng mulí upang ihayág ang iyóng m̄ga kataksilan, at makaraan ang mahabàng panahóng pananahimik ay tinatawag kitáng mámamatay, lapastan̄gan sa Dios, mapagparatang!!

Isáng biglàng halakhák, waríng galing sa libin̄gan, ang sumunód sa m̄ga salitang itó, samantalang ang isáng timpíng boses ay sumasagót n̄g:

—Hindi ¡mahabág!.....!

Yaón ay si P. Salvi na punô n̄g takot ay iniunat ang dalawáng kamáy at mabubuwal.

—¿Anó mayroon kayó P. Salvi? ¿Masamá pô ba ang inyóng katawán?—ang tanóng ni P. Irene.

—Ang init n̄g salas.....

—Ang amóy bangkáy na násasamyô dito.

—¡Mámamatay, mapagparatang! lapastan̄gan sa Dios,—ang ulit n̄g ulo—isinúsuplong kitá, mámamatay, mámamatay, mámamatay!

At mulíng umugong ang halakhák, waríng galing sa libin̄gan at mapagbalà, na waríng dahil sa

pagkalulong n̄g ulo sa pagmamalas sa m̄ga kaapihán niya'y hindi naaalumana ang kaguluhang naghahari sa salas. Si P. Salvi ay lubusan nang nahimatáy.

—¡Mahabág! ¡buháy pa....!—ang ulit ni P. Salvi at nawalán n̄g diwà. Maputláng maputláng warì'y bangkáy. Inakalà n̄g ibáng babai na nararapat namáng maghimatáy silá at gayón n̄gâ ang ginawâ.

—¡Nahihibáng..... P. Salvi!

—Sinasabi ko na sa kaniyáng huwag kumain n̄g sopas na pugad n̄g lanğaylanğayan!—ang sabi ni P. Irene—iyón ang nakasamâ sa kaniyá.

—¡Walâ namáng nakain!—ang sagót na nanğanğatál ni D. Custodio—sa dahiláng tinitigan siyang mabuti n̄g ulo, ay nágayuma siyá.....

Doon na nagkaguló, ang salas ay warìng *hospital*, isáng parang n̄g labanán. Si P. Salvi ay warì patáy, at nang makita n̄g m̄ga babai na hindi silá dinadaluhán ay minabuti na nilá ang magbalikdiwà.

Samantala ay nagíng abó ang ulo at inilagáy na mulí ni Mr. Leeds ang kayong itim sa ibabaw n̄g dulang at yumúyukû sa m̄ga nakinğíg sa kaniyá.

—Kailanğang ipagbawal ang pagtatanghál na itó—ang sabi ni D. Custodio nang lumálabás—lubhâng napakabandáy at mahalay.

—Lalònglalò na, sapagkâ't hindi ginagamitan n̄g salamín—ang dugtóng ni Ben-Zayb.

Datapuwa'y ninasàng tingnán niyang mulí bago iwan ang pook na iyon, tinalón ang halang, lumapit sa dulang at itinaas ang kayo: walâ, walâ ring gaya n̄g dati.[1]

Nang kinabukasan ay sumulat n̄g isáng lathalà na ang tinutukoy ay ang m̄ga karununğang lihim, ang espiritismo, at ibp.; dalídalíng pumanaog ang isáng utos n̄g gobernador eclesiástico na pinipigil ang m̄ga palabás; n̄gunì't walâ na si Mr. Leeds na dinalá sa Hongkong ang kaniyáng lihim.

---

[1] Gayon man, si Ben-Zayb ay hindi nálilisya. Ang tatlóng paa n̄g dulang ay may ukit na siyang dinadaan n̄g m̄ga salaming nátatago sa ilalim n̄g tuntunğan at hindi n̄g napupuna dahil sa m̄ga guhit na paríparisukat n̄g alpombra. Paglalagáy n̄g kaha sa ibabaw n̄g mesa ay pinipisíl ang isáng *resorte* at dahandahang tumátaás ang m̄ga salamín; pagkatapos ay aalisin ang kayo na pag-iinğatang buhatin at huwag batakang padausdós at sa gayón ay naayos ang dulang nang kagaya n̄g karaniwang dulang n̄g m̄ga “ulong nagsasalita”. Ang dulang ay may butas na lusót sa ilalim n̄g kaha. Matapos ang pagtatanghal ay tatakpang mulí n̄g nagpapalabás ang dulang, pipisilín ang isá pang *resorte* at bababa namán ang m̄ga salamín.



## ANG LAMBAL

Umalís sa klase si Plácido Penitente na ang pusò'y sumusulák at ang mġa paningġin ay may mapaít na luhà. Siya'y lubhâng karapatdapat sa kaniyáng panġalan kapag hindi siyá pinagagalit, nġuni't pag namuhí ay nagiging bahà, isáng halimaw na mapipigil lamang kung mápatay ó makamatáy. Ang gayón karaming paghalay, mġa pagsundót, na sa araw araw ay nagpápanġinig sa kaniyáng pusò at natatagò rito upang makatulog nġ tulog dahong-paláy na nahihimbíng, ay nanġagbabanġon nġayón na nanġagnġanġalit sa poót. Ang mġa sutsót ay umuugong sa kaniyáng tainġa na kasama ang mġa palibák na salitâ nġ katedrátiko, ang mġa salitâng wikàng tindá, at warìng nadidingġig niyá ang mġa hampás at halakhák. Libo libong balak na paghihiganti ang sumísipót sa kaniyáng pag-iisip na nanġagkakasalásalabíd at biglâng lumilipas na warì'y mġa larawang nakikita sa panġanġarap. Inuudyukán siyáng walâng humpáy na dapat gumawâ, nġ kaniyáng sariling damdamin, na tagláy ang katigasang ulo nġ isáng walâng pag-asa.

—Plácido Penitente—anáng boses—ipakilala mo sa lahát nġ kabataang iyán na mayroon kang karanġalan, na ikáw ay anák nġ isáng lalawigang matapang at bayani, na doon ang isáng paghalay ay hinuhugasan nġ dugò. ¡Taga Batanġan ka, Plácido Penitente! ¡Gumanti ka, Plácido Penitente!

At ang binatà'y umuunġol at nagnġanġalit ang mġa nġipin at binúbungġo ang lahát nġ tao sa lansanġan, sa tuláy nġ España, na warì'y naghahanáp nġ basagulo. Sa hulíng pook na itó'y nakakita nġ isáng sasakyáng kinalululanan nġ Vice-Rector na si P. Sibyla, na kasama si D. Custodio, at nagtagláy siya nġ malaking nasang sunggabán ang parì at ihagis sa ilog.

Nagpatuloy sa Escolta at nġalinġali nang pagsususuntukín ang dalawáng agustino, na nanġakaupò sa pintúan nġ tindahan ni Quiroga, na nagtatawanan at binibirò ang ibá pang prayle na nasa loob nġ tindá at nakikipag-usap; nádidinding ang kaniláng masasayang boses at matutunóg na halakhakan. Sa dakong malayò-layò ay nanġakahalang sa bangketa ang dalawáng *cadete* na nakikipag-usap sa isáng kawani nġ isáng tindahan, na nakabarò't walâng amerikana; tinunġo silá ni Plácido Penitente upang buksán ang daan, nġuni't ang mġa *cadete* na masasayá at nakahalatâ sa masamang tangká nġ binatà ay nanġagsilayò. Nang mġa sandalíng yaon ay tagláy ni Plácido ang udyók nġ *hamok* na sinasabi nġ mġa sumusuri nġ ugaling malayò.

Samantalang nálalapít si Plácido sa kaniyáng bahay—ang bahay nġ isáng platero na kaniyáng pinanġunġupahan—ay pinipilit na iayos ang kaniyáng mġa iniisip at niyayari ang isáng balak. Umuwí sa kaniyáng bayan at maghiganti upang ipakilala sa mġa prayle na hindi naaalimura nġ gayongayón lamang ang isáng binatà, at ang gaya niya'y hindi maaring aglahiin. Iniisip na sumulat agád sa kaniyáng iná, kay kabisang Andáng, upang ipabatíd dito ang nangyari at sabihing hindi na siya makapapasok sa klase, at kahì't may Ateneo nġ mġa hesuita upang makapag-aral nġ taóng yaón, marahil ay hindi siya bigyáng pahintulot na makalipat nġ mġa dominiko at kahì't na maari ang gayón ay mábabalik din siya sa Universidad sa taóng súsunód na pag-aaral.

—¡Sinasabing hindi kami marunong maghiganti!—ang sabi—pumutók ang lintík at sakâ makikita.

Nġuni't hindi hinihinalà ni Plácido ang nag-aantáy sa kaniyá sa bahay nġ platero.

Karátating pa lamang ni kabisang Andáng na galing sa Batanġan at lumuwás upáng mamilí, dumalaw sa kaniyáng anák at dalhán nġ kuwalta, pindáng na usá at mġa panyóng sutlá.

Nang makaraan ang mġa unang batían, ang kahabág habág na babaing sa simulâ pa'y nápuná na ang mabalasik na tinġin nġ kaniyáng anák, ay hindi na nakapagpigil at nagsimulâ na sa kátatanóng. Sa mġa unang pagsasalitâ'y inaring birò ni kabisang Andáng, nġumiti't pinagpapayuhan ang kaniyáng anák, at ipinaalaala dito ang mġa paghihirap, ang mġa pagtitipíd at ibp., at binanggít ang anák ni kapitang Simona, na dahil sa pagkakapasok sa Seminario, ay warìng obispo na kung lumakad sa kaniláng bayan: ¡Iपालálagáy na ni kápítang Simona na siyá'y Iná nġ Dios; mangyari bagá'y magiging isá pang Jesucristo ang kaniyáng anák!

—Pag nagíng parì ang anák—ang sabi ni kabisang Andáng—ay hindi na pagbabayaran ang utang sa atin.... ¿sino pa ang makásisingíl sa kaniyá pag nagkagayón?

Nġuni't nang mákitang tinótotoo ni Plácido ang pagsasalitâ at ná pansín sa matá nitó ang sigwáng bumabayó sa kalooban, ay nákilalang, dalá nġ kasawián, ay sadyáng tunay ang sinasabi. Mġa ilang sandalíng hindi nakapanġusap at pagkatapos ay naghinagpís nġ katakot-takot.

—¡Ay!—aniyá—jat naipanġakò ko pa namán sa amá mo na aarugáin kitá, patuturúan at gágawíng abogado! ¡Tinítipíd ko ang lahát upang makapag-aral ka lamang! ¡Sa panggingeng sikosikolo na lamang akó napáparoón at hindi sa manámanalapi, at tinítiis ko na ang masasamang amóy at maruruming baraha! ¡Tingnán mo ang mġa barò ko't may sulsí! Kahì't makabibilí akó nġ mġa bago ay ginugugol ang kuwalta sa mġa pamisa at mġa handóg kay San Sebastian, kahì't na walá akóng pananalig sa kaniláng bisà, sapagká't dinadalosdalos nġ parì at ang santó ay bagong bago at hindi pa marunong gumawâ nġ kababalaghán, at hindi batikulíng kundí laniti.... ¡Ay! ¿Anó ang sasabihin sa akin nġ amá mo pagkamatáy ko't kami'y magkita?

At ang kaawaawang babai'y naghihinagpís at umiiyak; lalò pang nagdidilím ang kalooban ni Plácido at namumulás sa kaniyáng díbdíb ang mġa timpíng buntóng-hiningġá.

—¿Anó ang máhihitâ ko kung magíng abogado?—ang tugón.

—¿Anó ang sasapitin mo?—ang patuloy nġ iná na pinagduop ang kamáy—¡panġanġanlán kang *pilibistiero* at bibitayin ka! ¡Sinasabi ko na sa iyóng magtitiis ka, ikáw ay magpapakumbabâ! Hindi ko

sinasabi sa iyóng humalík ka sa kamáy n̄g pari, alám kóng ang pangamóy mo'y maselan na gaya n̄g amá mo na hindi makakain n̄g keso sa Europa.... n̄guni't dapat tayong magtiís, huwag umimík, pa oo sa lahat n̄g bagay.... ¿Anó ang magagawâ natin? Ang m̄ga prayle ay mayroon n̄g lahat n̄g bagay; kung ayaw silá ay waláng magiging abogado, ni médiko.... ¡Magtiís ka, anak ko, magtiís ka!

—¡Sa, nakapagtiís na akóng lubhâ, ináng; buwanang akó'y nagbatá!

Patuloy si kabisang Andáng sa kaniyang paghihinagpís. Hindi niya hinhinġing kumampí sa m̄ga prayle, siya man ay hindi rin; lubos niyang batíd na sa bawâ't isáng mabuti ay may sampûng masamá na kumukuha n̄g salapí n̄g mahihirap at nagpapadalá sa mayayaman sa tatapunán. N̄guni't dapat na huwag kumibô, magtiís at magbatá; waláng ibáng paraan. At binanggít ang ganoon at ganitóng ginoo na dahil sa nagpakita n̄g pagka *pacencioso* at mapakumbabâ, kahi't na sa kaibuturan n̄g pusò'y nagagalit sa kaniyang m̄ga panġinoo, ay naging promotor piskal gayong galing sa pagiging alilà n̄g prayle; at si gayón na n̄gayó'y mayaman at mangyayaring makagawâ n̄g m̄ga kabanġisáng asal na makáaasang may ninong na mag-aampón sa kaniya n̄g laban sa m̄ga kautusan ay galing sa pagiging isáng maralitáng sakristang mapakumbabâ't masunurin, na nagasawa sa isáng magandáng dalaga na ang naging anak ay inanák n̄g kura....

Patuloy si kabisang Andáng n̄g pagtutukóy sa m̄ga pilipinong mapakumbabâ at *pacencioso*, gaya n̄g sabi niya, at babanggít pa sana n̄g ibá na dahil sa hindi gayón ay nanġápatapon at pinag-uusig, nang si Plácido, dahil sa isáng muntġing bagay na dinahilán, ay umalís at naglalagálag sa m̄ga lansanġan.

Linibot na tátanġá-tanġá at masamá ang uló ang Sġbakong, Tundó, San Nicolás, Sto. Cristo, na hindi pinúpuná ang araw at ang oras, at nang makáramdam lamang n̄g gutom at naunawang walá siyang kuwalta dahil sa ibinigáy niyang lahat sa m̄ga pistahan at m̄ga ambagan, ay sakâ umuwí sa kaniyang bahay. Hindi niya inántáy na matatagpûán ang kaniyang iná, sapagká't may ugali itó, kailán ma't lumuluwas sa Maynilà, na tumunġo sa m̄ga oras na iyón sa isáng kapit-bahay na pinagsúsugalán n̄g pangginge. N̄guni't siyá'y inántáy ni kabisang Andáng upang pagsabihan n̄g binalak: ang matandáng babai'y patutulong sa *procurador* n̄g m̄ga agustino upang mapawí ang pagkamuhí n̄g m̄ga dominiko sa kaniyang anak. Pinutol ni Plácido sa isáng inġos ang kaniyang pananalitâ.

—Magtátalón na muna ako sa dagat—ang sabi—manúnulisán na muna akó bago bumalík sa Unibersidad.

At sa dahiláng sinimulán na namán n̄g iná ang salaysáy na ukol sa pagtitiís at kababàang loób ay umalís na mulí si Plácido na hindi kumain n̄g anó man at tinunġo ang daonġang himpilan n̄g m̄ga bapor.

Ang pagkakita n̄g isáng bapor na aalis na patunġong Hongkong ay nag-udyók sa kaniya n̄g isáng akalà: pumaroon sa Hongkong, magtanan, magpayaman doon upang bakahin ang m̄ga prayle. Ang pagparoon sa Hongkong ay gumising sa kaniya n̄g isáng alaala, isáng kasaysayan n̄g m̄ga kagayakang pamukhâ n̄g dambanà, m̄ga *ciriales* at m̄ga titirikán n̄g kandilà na pawàng pilak na inihandóg sa isáng simbahan n̄g kabanalan n̄g m̄ga mapanampalataya; anáng isáng platero, ay nagpagawâ sa Honkong ang m̄ga prayle n̄g ibáng kagayakan sa dambanà, m̄ga *ciriales* at m̄ga titirikán n̄g kandilà na pawàng pilák na Ruolz na siyang ipinalít sa m̄ga tunay na pilak na ipinatunaw at ipinagawang pisong mehikano. Itó ang kasaysayang kaniyang narinġig at kahi't m̄ga salísalitâ lamang yaón ó bulungbulunġan ay inaari na niyang totoo dahil sa samâ n̄g kaniyang loob at nagpapaalaala pa sa kaniya n̄g iláng gayón ding pangyayari. Ang paghahanġád na mabuhay n̄g malayà at iláng balak na hindi pa lubós na yari ay nakapag-udyók sa kaniyang ipatuloy ang balak na tumunġo sa Hongkong. Kung doon dinadalá n̄g m̄ga *corporación* ang lahat n̄g kaniláng salapí ay dapat na lumakad na mabuti ang panġanġalakal doon at maáaring siyá'y yumaman.

—¡Ibig kong magíng malayà, mabuhay n̄g malayà!....

Inabot siya n̄g gabí sa paglilibót sa S. Fernando, at sa dahiláng hindi makátagpô n̄g isáng kaibigang mangdaragát ay nagpatuloy nang umuwí. At sapagká't magandá ang gabí at ang buwan ay kumíkináng sa lanġit na binibigyan n̄g anyóng kahariang makababalaghán n̄g m̄ga *hada* ang maralitáng siyudad, ay tumunġo sa periya. Doon nagpayao't dito, linibot ang m̄ga tindá na hindi nápupuná ang m̄ga bagaybagay; ang pag-iisip ay nasa Hongkong upang mamuhay n̄g malayà, magpayaman.....

Iiwan na sana ang periya nang mámatàan mandín ang manghihiyas na si Simoun na nagpapaalam sa isáng taga-ibáng lupâ at kapuwàng sa wikàng inglés nag-uusap. Sa palagáy ni Plácido ay ang lahat n̄g wikàng ginágamit sa Pilipinas n̄g m̄ga dayuhan, kailan ma't hindi ang kastilà, ay inglés: at sakâ naulinígan pa n̄g ating binatà ang salitáng Hongkong.

¡Kung mangyayari sanang maipakiusap siya n̄g magaalahás na si Simoun sa dayuhang yaón na tutunġo mandín sa Hongkong!

Tumígil si Plácido. Náikilala niya ang manghihiyás dahil náparoon sa kaniyang bayan at nagbilí n̄g alahas. Sinamahan niya sa isáng paglalakbáy at pinagpakitaan siya n̄g magandáng loob ni Simoun na isinalaysáy sa kaniya ang m̄ga pamumuhay sa m̄ga Unibersidad n̄g m̄ga malalayàng bansâ: ¡anóng lakíng kaibhán!

Sinundán ni Plácido ang mag-aalahás.

—¡Ginoong Simoun, ginoong Simoun!—aniyá.

Nang m̄ga sandalġing yaón ay lululan sa sasakyán ang mang-hihiyas. Nang mákilala si Plácido ay tumigil.

—¡Ibig ko sanang makiutang n̄g loob sa inyó...., dalawang salitâ lamang!—ang sabi.

Si Simoun ay umanyóng may pagkainíp, bagay na sa katuligán ni Plácido ay hindi nápuná. Sa iláng salitâ'y isinalaysáy n̄g binatà ang nangyari sa kaniya at ipinahayag ang nasáng tumunġo sa Hongkong.

—¿At bakit?—ang tanóng ni Simoun na tinitigan si Plácido sa tulong n̄g kaniyang m̄ga salamíng bugháw.

Hindi sumagót si Plácido. Sa gayó'y tuminġalá si Simoun at n̄gumití n̄g dati ring n̄giting tahimik at

malamlám, at sinabi kay Plácido na:

—¡Siya! sumama kayó sa akin. ¡Sa daang Iris!—ang sabi sa kotsero.

Sa boong linakaran ay namalagìng walàng imík si Simoun na warìng may inísisip na isáng malakíng bagay. Sa pag-aantáy ni Plácido na siya’y kausapin ay hindí bumibigkás ng anománg salitá at naglibáng sa pagmamasíd sa maraming naglalakád na sinásamantalá ang kaliwanagan ng buwan. Mga binatà, magkakaakbáy na magkasintahan, mga nagkakaibigan na sinúsundán ng mga maiinġat na iná ó mga inali; pulúpulutóng na mga nag-aaral na nakadamít ng putí na lalò pa mandíng pinatitingkád ng buwan ang kaputíán; mga sungdalong halos lasíng na nanġakakaruahe, anim na paminsan, na dadalaw sa sambahang pawid na ukol kay Cíteres; mga batàng naglalarò ng tubigán, mga insík na nagtitindá ng tubó at ibp., ang pumúpunò sa dinádaanan at sa liwanag na maningning ng buwan ay nagkakaroon ng anyóng mamalikatà’t mga kaayaayang ayos. Sa isáng bahay ay tumútuġtóg ng mga balse ang orkesta at náikikita ang iláng magkalangkáy na nagsasayawan sa liwanag ng mga kinké at lámpara.... ¡napakahabág na pánoorín iyon sa ganáng kaniyá kung ipapara sa náikikita sa mga lansanġan! At sa pag-iisip ng ukol sa Hongkong ay itinatanóng sa sarili kung ang mga gabíng may buwan sa pulóng yaon ay kasíng inam, kasíng sasaráp ng sa Pilipinas, at isáng matindíng kalungkutan ang bumálot sa kaniyáng pusò.

Ipinag-utos ni Simoun na humintò ang sasakyan at lumunsád siláng dalawá. Nang mga sandalíng yaón ay siyáng pagdaraán sa kaniláng tabí ni Isagani at ni Paulita Gómez na nagbubulunġan ng matatamis na salitá; sa likurán ay kasunód si aling Victorina na kasama si Juanito Pelaez, na malakás ang pagsasalitá, nagkúkukumpáy at lalò pang nakukubà. Sa pagkalibáng ni Pelaez ay hindí náikita ang kaniyang nagíng kasama sa pag-aaral.

—¡Iyan ang maligaya!—ang bulóng ni Plácido na nagbuntóghiningá at nakatingín sa pulutóng na untí untíng nagiging parang anino na lamang, na ang tanġing náikikitang mabuti ay ang mga bisig ni Juanito na ibinábabà’t itinátaás na warì’y pamagaypáy ng isáng gilingan.

—¡Sa gayón na lamang siya magagamit—ang bulóng namán ni Simoun—mabuti na ang lagáy ng kabatàan!

¿Sino ang tinutukoy ni Plácido at ni Simoun?

Hinudyatán nitò ang binatà, iniwan nilá ang daan at nagsuot sa isáng palikawlikaw na landás at mga daanang pag-itan ng iláng bahay; kung minsá’y nanġagsisitalón sa maliliít na bató upang iwasan ang mumuntíng putikán at kung minsá’y yumuyukò upang dumaán sa bakod na masamá ang pagkakayari at lalò pa mandíng masamá ang pagkakaingat. Namanghá si Plácido nang mákitang naglalakád sa mga poók na iyon ang mayamang mag-aalahás na warì’y sanáy na sanáy doón. Sa kahulihuliha’y nakaratíng silá sa isáng warì’y kulób na malakí na may nag-iisáng muntíng bahay na dukhá na nalilibid ng saginġán at mga punò ng bunġa. Iláng balangkás na kawayan at putól putól na bungbóng ay nakapagpahinalà kay Plácido na silá’y nasa bahay ng isáng kastillero.

—¡A! ginoo....

At daglíng nanaog.

—¿Nariyan na ang pulburá?—ang tanóng ni Simoun.

—Nanġasa bayóng; inaantáy ko ang mga bungbóng.

—¿At ang mga bomba?

—Náhahandá.

—Mabuti, *maestro*.... Nġayóng gabí rin kayó lalakad at makipag-usap sa teniente at sa kabo.... at pagkatapos ay ipatuloy ang inyóng lakad; sa Lamayan ay makatatagpò kayó ng isáng tao sa isáng bangkà: pagsabihan ninyó ng “kabisa” at siya’y sásagót ng “Tales”. Kailanġang dumatíng dito bukas. Hindí makapag-aaksayá ng panahón!

At binigyán ng iláng kuwaltang gintò.

—¿Bakit pô ginoo?—ang tanóng sa mabuting wikàng kastilà ng tao—¿may bagong bagay pô ba?

—Oo, gágawín sa loob ng linggóng dárating.

—¡Sa linggóng dárating!—ang ulit ng tao na nápaorong—ang mga arabal ay hindí pa handá; inaantáy na iurong ng General ang utos.... ang akalà ko’y ipagpapaliban hanggáng sa pagpasok ng kurismá.

Umilíng si Simoun.

—Hindí na natin kakailanġanin ang mga arrabal—ang sabi—ang mga tao ni kabisang Tales, ang mga nagíng karabinero at isáng *regimiento* ay sapát na. Kung ipagpapaliban pa marahil ay patáy na si María Clara! ¡Lumakad kayóng agád!

Ang lalaki’y nawalá.

Kaharáp si Plácido sa maiklíng pag-uusap na itó’t nádingíg ang lahá; nang inaakalàng nakaaninaw siyá ng bahagyá ay nanindíg ang kaniyáng buhók at tiningnán si Simoun ng matáng gulát. Si Simoun ay nakanġiti.

—Ipinagtátaká ninyó—ang sabing malamlám ang nġiti—na ang indiong iyán na masamá ang suót ay makapagsalitáng mabuti ng wikàng kastilà? Nagíng gurò sa páaralán, na nagpumilit na turúan ng kastilà ang mga batà at hindí nagtigil hanggáng náalis sa tungkulin at napatapon dahil sa salang panggugulò ng katiwasayang bayan at sapagká’t nagíng kaibigan ng kaawàawang Ibarra. Kinuha ko sa kinátapunan na ang inaatupag doon ay ang pagtataním ng niyóg at ginawâ kong magkakastillò.

Nanġagsibalík sa daan at palakád na tumunġo sa dakong Trozo. Sa harapán ng isáng muntíng bahay na

tablá, na ang anyô'y masayá at malinis, ay may isáng kastilà na naníniín sa isáng tungkód at nag-áaliw sa liwanag ng buwán. Tinunŕo siyá ni Simoun; nang makita itó ng kastilà ay nagtangkang tumindíg na tinimpí ang isáng daíng.

—¡Humandá kayó!—aní Simoun sa kaniyá.

—¡Kailán ma'y handá akó!

—Sa linggóng dáratíng!

—¿Na ba?

—¡Sa unang putók ng kanyón!

At lumayóng kasunód si Plácido na nagsísimulâ na ng pagtatanóng sa sarili kung siyá'y nanánaginip.

—Ikinatáká ninyó—ang tanóng sa kaniyá ni Simoun—ang pagkakita sa isáng kastilàng batà pa'y salantâ nang lubhá ng mŕa sakít? May mŕa dalawáng taón lamang na iyán ay kasingtibay ninyó sa panŕangatawán, nguni't nagawâ ng kaniyáng mŕa kalaban na siyá'y máipadalá sa Balabak upang gumawâ roong kasama ng isáng pangkát na *disciplinaria*, at náiyán at tingnán ninyóng may isáng reuma at isáng waláng likat na lagnát na nag-aabóy sa kaniyá sa libinŕan. Ang kahabághabág na iyán ay nag-asawa sa isáng magandáng babai.....

At sa dahiláng nagdaan ang isáng sasakyáng waláng lulan ay pinahintô ni Simoun at napahatíd na kasama si Plácido sa kaniyáng bahay sa daang Escolta. Nang mŕa sandalíng iyón ay tinútuŕtóg sa mŕa orasán ng mŕa simbahan ang iká sampû at kalahatí ng gabí.

Makaraan ang dalawáng oras ay nilisan ni Plácido ang bahay ng mag-aalahás at waláng imík at nagiisíp na lumakad sa Escolta, na walâ nang katao tao kahi't na masayá pa rin ang mŕa "*café*". Manŕisánŕisáng sasakyán ay nanŕagdadaang matulin na nag-uumugong ng katakot-takot sa ibabaw ng dinádaanang gasgás na batóng nakalatag sa lansanŕan.

Mulâ sa isáng silíd ng kaniyáng tahanang nakaharáp sa ilog Pasig ay tinátanáw ni Simoun ang bayang kupkóp ng muog na nakikita sa mŕa dúrunŕawang bukás ang mŕa bubóng na *hierro galvanizado* na pinakikináng ng buwan, at ang kaniyáng mŕa torre na nábabadhâng malulungkót, bagól, malalamlám, sa gitná nang mapanatag na anyô ng gabí. Si Simoun ay nag-alís ng salamíng bugháw sa matá, ang kaniyáng maputing buhók na wari'y kulób na pilak ay nakalibid sa kaniyáng matigás at sunóg na mukhá na malamlám, na naliliwanagan ng isáng lámpara, na ang ilaw ay waríng mamamatáy dahil sa kakulanŕan sa petróleo. Dahil mandín sa isáng bagay na iniisip ay hindi napupuná ni Simoun na untúntíng namámatáy ang lámpara at lumalaganap ang kadilimán.

—Sa loob ng iláng araw—ang bulóng—pag nag-alab ang apat na tagiliran ng sinumpáng bayang iyán na tirahan ng mŕa mapagpalalóng waláng namumuwanŕan at ng waláng awáng panggagagá sa mangmáng at sa nagígipít; pag ang pagkakaguló ay mangyari na sa mŕa arrabal at palusubin ko sa mŕa lansanŕan ang aking mŕa taong manghíhiganti na ibinunŕa ng mŕa panggagahís at kamalian, ay sakâ ko bubuksán ang muog ng iyóng bilanggúan, aagawin kitá sa kamáy ng dalubhasang pananalig, at maputíng kalapati, magiging *Fenix* kang mulíng sísipót sa mainit na abó....! Isáng panghihimagsí na binalak ng mŕa tao sa gitná ng kadilimán ay siyáng naglayô sa akin sa piling mo; isá namáng paghihimagsí dín ang mag-aabóy sa akin sa mŕa bisig mo, bubuhay sa aking mulí at ang buwang iyan, bago sumapit sa kaniyáng kabilugan ay tatanglawán ang Pilipinas na linís na sa karimarimarim niyáng yamutmót.

Bigláng humintô si Simoun na waríng natigilan. Isáng tinŕig ang tumátanóng sa loob ng kaniyáng budhí kung siya, si Simoun, ay hindi bahagi rin ng yamutmót ng kalaitlait na bayan, ó marahil ay siya pa ang bulók na may lalóng masidhíng sinŕaw. At kagaya ng mŕa magbabanŕong patáy pagtuŕtóg ng pakakak na kakilákilabot ay líbo líbong marugóng multó, mŕa aninong nanggígipuspós ng mŕa lalaking pinatáy, mŕa babaing ginahasà, mŕa amáng inagaw sa kaniláng mŕa anák, masamâng hilig na inudyukán at pinalusog, mŕa kabaitang hinalay, ay nanŕagsipagbanŕon ngayón sa tawag ng matalinghagang katanunŕan. Noón lamang, sa kaniyáng masamâng pamumuhay sapol nang sa Habana, sa tulong ng masamâng hilig ng pagsuhol ay tinangkâ niya ang pagyari ng isáng kasangkapan upang magawâ ang kaniyáng mŕa balak, isáng taong waláng pananalig, waláng pag-ibig sa bayan at waláng budhí, noón lamang, sa kabuhayang yaón, tumataliwakás ang isáng bagay sa loób niyang sarili at tumututol ng laban sa kaniyáng mŕa inaasal. Ipinikít ni Simoun ang kaniyáng mŕa matá at malaong namalagí na waláng katinagtinag; matapos ay hinaplós ang kaniyáng noo, ayaw silayan ang kaniyáng budhí at natakot. Ayaw, ayaw suriín ang kaniyáng sarili, kinulang siya ng katapanan upang lingunín ang dakong kaniyáng dinaanan.... Kulanŕin pa namán siya ng katapanan nang nálalapít na ng sandalí ng pagkilos, kulanŕin siya ng paniniwalà, ng pananalig sa sarili! At sa dahiláng ang mŕa kakilákilabot na larawan ng mŕa sawíng palad, na siya ay nákatulong sa sinapit, ay nasa sa kaniyáng harapán pa rin na wari'y nanŕagsisipanggaling sa makináng na ibabaw ng ilog at nilulusob ang silid na sinísigawán siya't inilalahad sa kaniya ang mŕa kamáy; sa dahiláng ang mŕa sisi at panaghóy ay waríng namumunô sa hanŕin at nádidinŕig ang mŕa pagbabalà at mŕa sigáw ng paghíhiganti ay inilayô ang kaniyáng tinŕín sa durunŕawan at marahil ay noon lamang siya nanŕinig.

—Hindi, marahil ay may sakít akó, marahil ay masamá ang aking katawán—ang bulóng—marami ang nagagalit sa akin, ang mŕa naghíhinalang akó ang sanhí ng kaniláng kasawián, nguni't.....

At sa dahiláng nararamdamáng nag-aalab ang kaniyáng noó ay tumindíg at lumapit sa durunŕawan upang sagapin ang malamíg na simuy sa gabí. Sa kaniyáng paanan ay pinausad ng ilog Pasig ang kaniyáng pilak na agos, na sa ibabaw ay nanghihinamad na kumíkináng ang mŕa buláng umíkit, sumusulong at umuurong na sumúsunód sa lakad ng mumuntíng uliuli.

Ang siyudad ay nátatayô sa kabiláng ibayo at ang kaniyáng maiitim na muog ay nákitang nakakikilabot, matalinghagà, at napapawi ang kaniyáng karukháan sa liwanag ng buwan na

nakapagpaparikít at nagpapagandá sa lahat ñ bagay. Dátapwâ't si Simoun ay mulíng nanġilabot; waring nakita sa kaniyang harapán ang mabagsík na mukhá ñ kaniyang amá, na namatáy sa bilanggúan, ñguni't namatáy dahil sa paggawâ ñ mabuti, at ang mukhá ñ isá pang lalaki na lalò pang mabagsík, ñ isáng lalaking nagdulot ñ buhay ñ dahil sa kaniya, dahil sa inaakalang kaniyang hahanapin ang ikabubuti ñ kaniyang bayan.

—Hindi, hindi akó makauurong—ang bulalás na pinahid ang pawis ñ kaniyang noó—ang gawain ay magtatapós na at ang kaniyang pagtatagumpáy ay siyang magbibigáy katwiran sa akin.... Kung akó'y gumaya sa inyó ay nasawí akó marahil.... Siya na ang panġanġarap, siya na ang malíng pagkukurò! Apóy at patalím sa bikat, parusa sa kasamáán, at masirà pagkatapos kung masamá ang kasangkapan! Hindi, pinag-isip ko nang mabuti, ñguni't akó'y nilalagnát ñgayón.... ang pag-iisip kó'y uulik-ulik.... talagá.... kung ginawâ ko ang kasamáán ay upang makápalâ ñ kabutihan at ang nápapalâ'y siyang nagliligtás sa kaparaanan.... Ang gágawín ko'y ang huwag mápará....

At nahigang guló ang pag-iisip at tinangkang mákatulog.

Nang kinabukasan ay pinakinggáng nakasukot at nakanġiti ni Plácido ang panġaral ñ kaniyang iná. Nang tinuran nitó sa kaniya na makikiusap sa *procurador* ñ mġa agustino ay hindi tumutol ni humadlang man lamang; kundí bagkús pa ñgang humandóg na siya na ang gagawâ upang maibisán ñ kagambaláán ang kaniyang iná na pinamanhikang bumalík na kaagád sa kanilang lalawigan at kung mangyayari'y sa araw ding yaón. Itinanóng sa kaniya ni kabisang Andáng kung bakit.

—Sa dahilang.... sa dahilang kung mabatíd ñ prokurador na náririto kayó ay hindi gágawín ang inyóng kahilingan samantalang hindi muna siya nabibigyan ñ anomang handóg at ilang pamisa.

## ANG NAGPAPALAGÁY

Tunay ang sinabi ni P. Irene: ang ukol sa akademia ñg wikàng kastilà, na malaon nang iniharáp, ay tumutunõ na sa isáng pagkalutas. Si D. Custodio, ang masipag na si D. Custodio, ang lalóng masipag sa lahát ñg mña nagpápalagáy sa boóng mundó, alinsunod kay Ben-Zayb, ay siyáng tumútungkól sa kaniyá at dinádaán ang mña maghapunan sa pagbabasá sa mña kasulatan at nákakatulóg nang waláng naipapasiyáng anomán: babanõon sa kinabukasan, gayón din ang gágawín, matutulog na mulí at sunód sunód na gayón ang nangyayari. ¡Gaano ang iginágawâ ñg kaawàawang ginoo, ang lalóng masipag sa lahát ñg nagpápalagáy sa Sangsinukob! Ibig niyáng makalusót doon, sa paraang mabigyáng loob ang lahát, ang mña prayle, ang mataas na kawani, ang kondesa, si P. Irene at ang kaniyáng mña pagkukuròng labusáw. Nagtanóng kay G. Pasta at siya'y hinilo at linitó ni G. Pasta matapos na mahatulan siya ñg isáng yutáng bagay na magkakalaban at hindí mangyayari; nagtanóng kay Pepay na mánanayaw, at ang mánanayaw na si Pepay, na hindí nakatatarók ñg pinag-uusapan, ay umikot ñg isáng ikot, hiningán siya ñg dalawang pút límáng piso upang ipagpalibíng sa isáng ali niya na bigláng kamamatáy ñg ikalimáng pagkamatáy, ó ipagpapalibing sa ikalimang ali na namatáy sa kaniya, alinsunod sa lalóng masaklâw na paliwanag, matapos na mahinging mapasok na *auxiliar de fomento* ang isá niyáng pinsang lalaki na marunong bumasa, sumulat at tumugtóg ñg biolin, mña bagay bagay na pawàng malayòng makapag-bigáy kay D. Custodio ñg isáng hakàng makapagliligtás.

Makaraán ang dalawáng araw ñg pangyayari sa periya sa Kiyapò, ay gumágawâ si D. Custodio, na gaya ñg dati, na pinag-aaralan ang mña kasulatan na hindí mátagpò ang kailanng panglutás. Datapwá'y samantalang naghihikáb, umuubó, humihitít ñg tabakó at inaalaala ang mña ikot at mña hità ni Pepáy, ay babanggitín namin ang iláng bagay ñg mataás na taong itó, upang mákilala ang katwiran na kung bakít siyá ang ipinalagáy ni P. Sibyla na lumutas ñg matiník na salitáan at kung bakít tinanggáp namán ñg kabiláng pangkát.

Si D. Custodio de Salazar y Sanchez de Monteredondo (p.) Buenatinta ay nalalahók diyán sa bahagi ñg sosyedad sa Maynilà na hindí nakakikilos ñg isáng hakbáng na hindí sinasabitan sa likód at haráp ñg mña pamahayagan ñg libo libong banság at tinatawag siyáng *walang kapaguran, bantóg, mainjat, masipag, malirip, matalino, bihasa, mayaman*, ibp., na warìng ipinannginilag na ipagkámali sa ibáng may gayón ding panḡalan at banság na bulagbul at mangmáng. At sakâ walâ namáng kasamâang ianák ang gayón at hindí nagagambalà ang *previa censura*. Ang *Buena Tinta* ay galing sa kaniyáng pakikipagkaibigan kay Ben-Zayb, nang itó, sa dalawáng matunóg na pakipagtunggalí na inabot ñg buwanan at lingguhan sa mña tudlíng ñg pahayagan ukol sa kung nárarapat ó hindí gumamit ñg sombrero *hongo, de copa* ó salakót, at kung ang paggamit ñg ukol sa marami ñg salitang *caracter* ay dapat magíng *carácteres* at hindí *caractéres*, upang patibayan ang kaniyáng mña panḡanḡatwiran ay lumulusót kailan man sa mña salitang "*cónstanos de buena tinta*", "*lo sabemos de buena tinta*" at ibp. at napag-alamán pagkatapos, sapagká't sa Maynilà ay napag-aalamán ang lahát ñg bagay, na ang *buena tintang* itó ay dilì ibá't si D. Custodio de Salazar y Sanchez de Monteredondo.

Batàng batà pa ñg dumating sa Maynilà, na may isáng mabuting katungkulan na siyang nakapagparaan sa kaniyang makapag-asawa sa isáng magandang mestisa na isá sa mña magkakaanak na lalóng mayaman sa siyudad. Sapagká't may likás na katalinuhan, kapanḡahasan at waláng pagkatigatig, ay nátutong samantalahín ang lipunáng kaniyang kinalalagyán, at sa tulong ñg salapí ñg kaniyang asawa ay nanḡalalal at tumanggáp ñg anománg pagawâ ñg Pamahalàan at ñg Ayuntamiento, kayâ't ginawâ tuloy siyang konsehal, pagkatapos ay alkalde, kagawad ñg Sociedad Económica de Amigos del País, kasangguni ñg Panḡasiwàan, Panḡulo ñg Lupong Nanḡanḡasiwà sa Obras Pias, kagawad sa Lupong ñg Kawanggawâ, *conciliario* ñg Banco Español Filipino, at ibá't ibá pa. At huwag akalàng ang ibá't ibá pang itó ay kagaya ñg karaniwang inilalagáy matapos na mabanggít ang isáng mahabàng talà ñg mña kabunyíán: si D. Custodio, kahì't hindí nakátungháy kailan man ñg anománg aklát na ukol sa *Higiene*, ay nakasapit hanggáng sa pagiging panḡalawáng panḡulo ñg Junta de Sanidad sa Maynilà, kahì't tunay din namán na sa walóng bumubuô ñg Lupon ay isá lamang ang kailanng magíng manggagamot at ang isáng itó'y hindí mangyayaring magíng siyá. Gayon dí'y nagíng kagawad ñg Junta Central sa pagbabakuna, na binubuô ñg tatlong manggagamot at pitóng waláng pagkabatid sa bagay na iyon, na sa mña itó'y isá ang arsobispo at ang tatló'y mña *provincial*: nákakapatid sa mña *cofradía* at *archicofradía*, at, gaya ñg naunawà na natin, ay kagawad na magpapalagáy sa Kataastaasang Lupon ñg Paaraláng bayan na hindí lagìng kumikilos, mña sanhìng higít na sa kailanng upang balutin siya ñg mña pamahayagan ñg mña palayaw, kailan ma't naglalakbáy ó nagbábahín.

Kahì't na may maraming tungkulin, si D. Custodio, ay hindí kabilang ñg mña natutulog sa mña pagpupulong at nasisiyahán nang kagaya ñg mña kinatawáng kimí at tamád na makikiboto na lamang sa lalóng marami. Hindí kagaya ñg maraming hari sa Europa na nagtátagláy ñg kabunyíang hari sa Jerusalém, pinaghahari ni D. Custodio ang kaniyáng kalagayan at sinásamantalá ang lahát ñg mapapakinabang dito, ikinúkunót na mabuti ang kilay, pinalálakí ang boses, umuubó sa pagsasalitá at madalás na siyá na lamang ang umuubos ñg isáng pagpupulong dahil sa pagsasalaysáy ñg isáng kabuhayan, paghaharáp ñg isáng panukalà ó paglaban sa isáng kasama na nákaipán niyá. Kahì't hindí pa siyá lumálampás sa apat na pûng taón ay nagsásalitá na noong dapat dáw magdahandahan sa paggawâ ñg anomán, na iwan munang mahinóg ang bubót na bunḡa ñg *higuera*, at idinúdugtóng na marahan ¡mña milón!—nagsasalitá ñg ukol sa paglirip na mabuti at paglakad ñg marahan, ñg panḡanḡailanng kilalanin muna ang bayan, na ang mña hìlig ñg indio ay paganitó, na ang karanḡalan ñg panḡalang kastilà, na sa dahilang una muna ang mña kastilà, na ang pananampalataya at ibp. Náaalala pa sa Maynilà ang isá niyáng talumpati ñg unang

ipalagáy ang pag-ila ng petróleo, bilang kahalili ng dating langís ng niyog: sa pagbabagong iyon ay hindi nakita ang pagkamatáy ng paggawá ng langís kundí ang tutubún ng isáng konsehal—sapagká't si D. Custodio ay may matalas na pangamóy—at humadlang ng inubos ang lahat ng tunóg ng kaniyang boses, na ipinalagáy na ang panukalà ay walà sa panahón at hinulàang magkakaroon ng malalakíng sakunang bayan. Hindí rin hulí sa kabantugan ang kaniyang paghadlang sa isáng pananapatan na ibig gawín ng ilán sa isáng gobernador bago umalis: si D. Custodio na mayroong kaunting samá ng loob dahil sa iláng paghiyá sa kaniyá, na hindí na namin naaalala, ay natutong ikalat ang balibalitang ang talang darating ay kalabang masidhi ng aalis, bagay na ipinangambá ng mga mananapat kayá't hindí nátuloy.

Isáng araw ay hinatulan siyang bumalik sa España upang magpagamót ng isáng sakit sa atáy at binanggít siyá ng mga pahayagan na wari'y isáng Anteo na nanngailanngang tumuntóng sa Ináng bayan upang kumuha ng mga panibagong lakás; nguni't ang Anteong taga Maynilà ay nannguntí at nawalang kabuluhán sa Corte. Doon ay hindí siyá gasino at hinahanapan ang kaniyang mga kaibigibig na banság. Hindí siyá nákahalobilo ng mga lalong mayayaman, ang kakulangán niyá sa pinag-aralan ay hindí makapagbigáy sa kaniyá ng malakíng kahalagahan sa mga lipunang ukol sa karunungan at mga akademiya, at dahil sa kaniyang pagkakahulí at pagtatagláy ng polítikang kombento ay litóng umaalis sa mga lipunán, walang kasiyahang loob, muhi, at walang malinawan kundí ang doo'y kinukunan ng kuwalta ang tangá at doo'y malakás ang sugál. Inaalala ang kaniyang masunuring mga utusan sa Maynilà na nanngagtitiis sa lahat ng kaniyang nakayagamót na maibigan, at sa gayón ay náikita niyang ang mga yaón ay siyang mabuti; sa dahilang sa taglamig ay nanngailanngang siyang maglalapít sa dupaan at kung hindí'y makasasagap ng isáng pamamagá ng bagá ay ipinagbubuntóng hiniñgá ang pag-aalala sa taglamig sa Maynilà na sukat na ang magtagláy ng isáng *bufanda*; walà ang kaniyang hiligán at ang batang tagapamaypáy kung taginit; sa isáng sabi, sa Madrid ay nagíng isá siya sa mga pangkaraniwan, at, kahit na mayroon siyang mga brillante, minsan ay pinagkamalán siyang *paleto* na hindí marunong umimbáy, at minsan ay pinagkamalán siyang *indiano*, kinutyá ang kaniyang mga pagnganganinganiñgani at talampák siyang inutó ng iláng mangungutáng na kaniyang hiniyá. Muhi sa mga *conservador*, na hindí pinahalagahan ang kaniyang mga payo, na gaya rin namán sa mga kákabitkabít sa kaniyang humihitít sa kaniyang bulsá, ay sumapí sa pangkating *liberal*, at bago matapos ang taón ay bumalik sa Pilipinas, na, kung hindí man magalíng na sa sakit sa atáy ay gulóng guló namán ang paghahaká.

Ang labíng isáng buwang ipinamuhay niya sa Corte na dinaang kahalobilo ng mga polítikong tindahan, mga walang pinapasukan ang lahat halos; ang iláng talumpating nádingíg sa mga suloksulók, ang gayón ó ganitóng lathalàng laban sa pamamahala at lahat noong pamumuhay sa polítika na náalangáp doon, mulá sa pagupitan, sa pag-itan ng mga paggupít ng Fígaro, na naghahayag ng kaniyang pátakarán, hanggang sa mga piginjan na pinaghahayagán, sa pamag-itan ng maiinam na pagsasalaysáy at mga nakabibighanang banggít ng mga sarisaring kulay ng mga pananalig sa suliraning bayan, ang mga pagkakaibá, mga pagtiwalág, mga dí kasiyahang loob, at ibp., ang lahat ng iyon, samantalang siya'y lumalayó sa Europa, ay mulíng nabubuhay nang lubhang malusóg sa kaniyang alaala, na wari'y binhing nátaním, na napipiglang lumakí ng mga malalabay na punong nakatatakíp, kayá't ng dumaóng sa Maynilà ay inakalang itó'y maiaayos niya, at gayón ngá, tagláy ang lalong banal na adhiká at ang lalong malilinis na mithí.

Sa mga unang buwan ng kaniyang pagdating ay walà nang nababanggít kundí ang Madrid, ang kaniyang mabubuting kaibigan, ang ministrong si ganoon, ang nagíng ministrong si ganitó, ang kinatawáng C, ang manunulat na si B; walang pangyayari sa polítika, mga kagusutan sa *Corte*, na hindí niya batíd ang lalong kaliitlitang pangyayari, ni mga taong bantóg na hindí niya kilalá ang lihim ng kabuhayan, ni walang nangyaring hindí niya hinulàan ni paglalathalà ng isáng pagbabagong hindí muna isinanguní sa kaniya; at ang lahat nang itó'y may kalahók na pagsundót sa mga *conservador*, na tagláy ang tunay na pagkasuklám, pagpupuri sa pangkating *liberal*, isáng kabuhayan dito, isáng salitá doon ng isáng bantóg na tao, na ipinápatlang, na waring hindí kinukusá, ang mga pag-aalóg sa kaniyá at mga tungkuling hindí tinanggáp upang huwág lamang magkaroón siyá ng anó mang utang na loob sa mga *conservador*. Nápakalakí ang kapusukán niyá ng mga unang araw na iyón, na ang ilán sa kausap-usap sa tindahan ng mga sarisaring kakanín na dinadalaw niyang maminsanminsang ay nanngagsisapí sa pangkating liberal, at nagpanggáp nang liberal si D. Eulogio Badana, *sargento retirado sa carabintero*; ang marangál na si Armendia, piloto at matalik na *carlista*; si D. Eusebio Picote, kawaní sa aduana, at si Don Bonifacio Tacón, sapatero at talabartero.

Gayón man, ang mga sigabó, dahil sa kakulangán ng tunggalian at mga bagay na makapag-udyók, ay untí-untíng napawí. Hindí niyá binabasa ang mga pamahayagang dumarating sa kaniyang buhat sa España, sapagká't balubalutan kung tanggapín at ang pagkakita noon ay nakapagpapahikáb sa kaniyá; ang mga paghahakang kaniyang nápulot na pawang gamít na, ay nanngailanngang ng abuloy na dagdag, at doo'y walà ang kaniyang mga mananalumpati; at kahit na malalakás ang laró sa mga *casino* sa Maynilà at mayroón ding nanngingristo, gaya ng sa mga lipunán sa Madríd, gayón man ay hindí namán ipinahihintulot sa mga tinuran ang anó mang talumpati upang buhayin ang mga imbót sa polítika. Nguni't si D. Custodio ay hindí tamád; gumagawá ng higít sa pagnanasá lamang, kumikilos; at sa pagkakilala niyang sa Pilipinas siyá málibibing at sa pag-aaláng yaón ang kaniyang makikilusan, ay pinag-ukulan ng kaniyang mga pagsusumikap at inakalang mapabubuti sa pagbabalak ng maraming pagbabago at mga panukalang kawiliwili. Siya, ang dahil sa nádingíg sa Madrid ang pag-uusap ng ukol sa mga daang nilalatangan nang kahoy sa Paris, na noon ay hindí pa ginagawá sa España, ay nagpalagáy na gawín sa Maynilà, sa paraang maglatag ng mga tablá sa mga lansangan at ipagpakó na gaya ng náikita sa mga baháy-baháy; siya, ang dahil sa mga kasawíang nangyayari sa mga sasakyang dadalawá ang gulóng, at upang maiwasan, ay ipinalagáy na magtagláy ng tatlo man lamang; siya rin namán, ang samantalang gumaganáp sa pagka pangalawang pangulo ng Junta de Sanidad ay nakaisip na wiligán ng panglinis ang lahat ng bagay, sampú ng mga balitang pahatíd kawad na galing sa mga bayang may sakit na nakahahawa; siya rin ang, sa pagkahabág sa mga presidiario na nanngagsisigawá sa init ng araw at sa pagnanasang makapagtipíd ang

Pamahalaan sa paggugol sa mga kasuotan noon, ay ipinalagáy na suotan na lamang ng isang bahag at pagawin sa gabí at huwag sa umaga. Nahahaná at namumuhí, na, ang kaniyang mga palagáy ay makatagpò ng humahadlang; nguni't kinakalamay ang sarili pag náisip na ang taong may halagá, ay sadyang may kalaban, at naghihiganti namán siya sa paraang pagtuligsá at pagpapawalang kabuluhán sa lahat ng panukalà, maging masamá ó maging mabuti, na iharap ng ibá.

Sapagká't ipinagmamalakí ang kaniyang pagkalabusáw, kailan ma't mátatanóng siya kung anó ang palagáy sa mga indio ay karaniwang isagót na, nararapat sa mga gawain sa kamáy at mga *artes imitativas* (ang ibig sabihin ay músika, pintura at eskultura), at idinadagdag ang kaniyang matandang pabuntót, na, upang mákilala silá'y kailangang bumilang ng maraming maraming taóng pamumuhay sa lupaing yaón. Gayón man, kung nakadidingig na may nápapabantóg sa anomán na hindi dahil sa mga gawain sa kamáy ó *arte imitativa*, sa kímika, sa medisina ó pilosopia, sa halimbawà, ay sinasabi niyang: ¡Psh! maaari... ¡hindi taná! at sinasapantahà niya na ang indiong iyon ay may maraming dugóng kastilá sa ugát; at kung hindi niya makita kahit na magpilit ay humahanap namán ng isang pinanggalingang hapón: noon ay nagsisimulá ang gawi na iukol sa mga hapón at sa mga árabe ang anomang mabuting bagay na taglay ng pilipino. Sa kay D. Custodio, ang kundiman, ang balitaw, ang kumintang ay mga tugtuging árabe, gaya rin namán ng mga titik sa pagsulat ng matatandang pilipino, at sa bagay na itó'y walá siyang pag-aalinlangan, kahit hindi niya kilala ang árabe, ni hindi man siya nakákita ng katitikang pilipino.

—¡Árabe at lubos na árabe!—aniya kay Ben-Zayb sa isang pagsasabing hindi matutulan—kung dili man, ay insík.

At idinudugtong pang may kindat na makahulugán:

—Walang walá, walang bagay na sadyang likás ang mga indio, ¿batid ninyó? Malakí ang pagmamahal ko sa kanilá; nguni't hindi silá dapat purihin, sapagká't nangagmamalakí at nagiging mga kahabaghabag.

Kung minsa'y sinasabi na:

—Pinakamamahál ko ang mga indio, ako'y lumalagáy nang para nilang amá't tagapagtanggol, nguni't kailangang ang bawát bagay ay malagay sa nararapat kalagyán. Ang ibá'y ipinangnanák upang mag-utos at ang ibá'y upang sumunód; kung sa bagay ay hindi masasabing malakás ang katunayang itó, datapwá'y ginagawá nang walang maraming salitaan. At tingnan ninyó, ang paraan ay walang kahiraphirap. Pag kailangan ninyóng piglan ang bayan ay paliwanagan ninyóng siyá'y pigil; tatawa sa unang araw, sa ikalawá'y tututol, sa ikatlo ay mag-aalinlangan at sa ikaapat ay panalig na panalig ná. Upang mapalagí ang pilipino sa pagkamasunurin, ay kailangang uulit-ulitin sa kaniya sa araw-araw na siyá'y gayón at pananalig siyá'y walang magagawá. ¿Sa isang dako namán, ay anó pá't mananalig siyá sa ibang bagay kung masasawí lamang? Paniwalan ninyó akó, isang kawanggawá ang palagiin ang bawát isá sa kalagayang kinaroroonan; diyán naririyang ang kaayusan, ang pagkakasundó. Iyan ang lihim ng *karunungan* sa pamamahala.

Kung tinutukoy ni D. Custodio ang kaniyang paraan sa pamamahala ay dí na nasisiyahan sa salitang *arte*. At pagsasabi niya ng *pamamahala* ay iniuunat ang kamáy na ibinababá hanggang sa taas ng isang taong nakaluhód, nakaukód.

Tungkol namán sa pananampalataya ay ipinagmamalakí ang kaniyang pagkakatóliko, lubós na katóliko, ¡á! ang katólikang España, ang lupain ni María Santísima!... Ang isang labusáw ay maaari at dapat maging katóliko doon sa pook na, ipinalalagáy silá ng mga kalaban ng pagkakasulong, na sila'y mga diosdiosan ó santó man lamang, gaya nang pangyayaring ang isang kayumanggi ay inaaring maputi sa Kaprería. Gayón man, ay kumakain siya ng lamang kati sa boóng kurismá, tangi lamang sa *Viernes Santo*; hindi nagkukumpisal kailan man, hindi naniniwalá sa mga kababalaghan, ni sa hindi pagkakamalí ng Papa, at kung nagsisimbá, ay nagsisimbá sa ika sampu ng umaga ó sa lalong maikling misa, sa misa ng tropa. Kahit sa Madrid ay nagsalita siya ng laban sa mga pari, na ipinalalagáy niyang lipás na sa kapanahunan, upang huwag mátiwalí sa kaniyang kinagigitnaan, nagsalita ng mga paglailait sa Inquisición at nagsasalaysáy ng gayón ó ganitong kabuhayang malaswá ó palibák na kinalalahukan ng mga hábito, ó, sa lalong tiyakan, mga praylang walang *hábito*, gayón man, pagsasalita ng ukol sa Pilipinas, na dapat pamahalaan ng alinsunod sa mga tanging batás, ay umuubó, titingin ng isang titig na may kahulugán, uulitin ang paglalahad ng kamáy na kasingpantáy ng taas na matalinghaga.

—Ang mga prayle ay kailangan, silá'y isang bagay na masamá, nguni't kailangan—ang sabi.

At nagagalit pag ang isang indio ay nangahas na mag-alinlangan sa mga kababalaghan ó hindi naniniwalá sa Papa. Ang lahat ng pahirap ng Inquisición ay hindi sapát na parusa sa kapanahasang iyon.

Kung ikinakatwiran sa kaniya na ang panggagagá ó ang mabuhay na sinasamantalá ang kamangmanán ay may ibá pang tawag na masamang dinggin at pináparusahan kapag ang nagkakasala ay nag-iisá, ay lumulusót namán siya sa paraang pagtukoy sa ibang bayang sakóp.

—Kamí—ang sabi, na ang boses ay ang ginagamit sa mga seremonia—kamí'y makapagmamalakí! Hindi kamí kagaya ng mga inglés at mga holandés, na upang mapanatili sa pag-alinsunod ang mga bayan ay gumagamit ng pamalò... ang aming ginagamit ay ibang paraan na lubhang malumanay, lubhang matibay; ang malunas na tulong ng mga prayle ay higit sa pamalong inglés.....

Ang sabi niyang itó'y lumaganap at sa mahabang panahó'y binanggít banggit ni Ben-Zayb at gayón din ng boong Maynilá; pinakapuripuri ng Maynilang naghuhulò. Ang salitá ay nakaabót sa Madrid, at binanggít sa Parlamento, na parang sabi ng isang *labusáw na may mahabang paninirahan* at ibp., at sa dahilang naging karanalan ng mga prayle ang gayong paghahawig ay hinandugán siya ng ilang arrobang sikulate, bagay na ipinabalik ng dí malamuyot na si D. Custodio, na, sa dahilang itó'y ipinantáy namán ni Ben-Zayb ang taglay na kabaitan sa kabaitan ni Epaminondas. Datapwát gayón man, ay gumagamit din ng yantók ang bagong Epaminondas kung inaabot ng pagkagalit, at ang gayón ay inihahatol sa ibá!



Nang mġa araw na iyón, ay inulit nġ mġa kombento ang kaniláng mġa handóg dahil sa panġanġambáng bakâ siyá magbigáy nġ isáng kapasiyaháng sang-ayon sa kahilingan nġ mġa nag-aaral, at nġ hapong nátagpûán natin siyá ay lalò pa mandíng hindi mápalaġáy kay sa dati sapagká't malapit masirà ang kaniyáng kabantugang masipag.

Mahigít nang labíng limáng araw na nasa kamáy niya ang mġa kasulatan, at nang umagang iyón, matapos na mapuri ang kaniyáng pagka masusi, ay itinanóng nġ mataás na kawaní ang kaniyáng kapasiyahan. Si D. Custodio ay sumagót nġ lubháng matalinghaga, na ang ibig sabihin ay yari na: ang mataas na kawaní ay nġumitî, at ang nġitíng iyon nġayón ay gumágambalà't umuusig sa kaniya.

Gaya nang sinabi na namin, ang hikab niya'y sunódsunód. Sa isáng pagkilos niya, nġ sandalíng idinidílat ang mġa matá at inilalapat ang bibíg, ay nápatítig sa mahabàng hanay nġ mġa sapíng mapulá, na ayós na ayós ang mġa pagkakalagáy sa mainam na aklatang kamagóng: sa mġa gulugód nġ bawà't isá'y may mġa malalaking titik na ang sinasabi, ay: MAÑGA PANUKALA.

Nalimot sumandalî ang kaniyáng mġa kagipitan at ang mġa pag-ikot ni Pepáy, upang alalahanin na ang lahát nġ linálaman nġ mġa baitang na iyon ay pawàng sumipót sa kaniyáng palanak na ulo sa mġa sandalíng pagliliwanag. ¡Gaano karaming bunġang isip na waláng kamukhá, gaano karaming maririlág na pagkukurò, gaano karaming mġa kaparaanang ikaliligtas sa pagsasalát nġ Pilipinas! Kailan pa man ay hindi na siya malilimot at tataglayín niya ang pagkilala nġ utang na loob nġ bayan!

Waring isáng matandâng magatod na nakátagpô nġ isáng balutang ináamag na mġa sulat sa palasintahan, ay tumindíg si D. Custodio at lumapit sa lalagyán nġ mġa aklát. Ang unang balangkáp na makapal, magâng-magâ, punóngpunô, ay may taglay na taták na "MAÑGA PANUKALANG *minumunakala*".

—¡Huwag!—ang bulóng—may mġa bagay na maínam, nġuni't kailanġan ang sangtaón upang mabasang mulí.

Ang panġalawá, na makapákapál dín, ay may taták na "MAÑGA PANUKALANG *nasa pagsusuri*".—¡Huwag dín!

Pagkatapos noon ay sumúsunód ang "MAÑGA PANUKALANG *ipinag-aantáy nġ panahón*.".... "MAÑGA PANUKALANG *iniharáp*..." "MAÑGA PANUKALANG *pinawalang kabuluhán*..." "MAÑGA PANUKALANG *pinagtibay*..." "MAÑGA PANUKALANG *pinigil*..." Ang mġa hulíng balangkáp ay kákauntî ang lamán, nġuni't ang hulí ay lalò pa, ang sa "MAÑGA PANUKALANG *isásagawa*".

Ikinislót ni D. Custodio ang kaniyáng ilóng ¿anó kayâ ang lamán? Nalimot na niyá ang nasa sa loob niyón. Isáng putol na papel na naníniláw ang nakaunġós sa dalawáng takíp, na wari'y dinidiláan siyá nġ balangkáp.

Kinuha sa lalagyán at binuksán: yaón palá'y ang bantóg na panukalà nġ Páaralang Artes y Oficios.

—¡A, putris!—ang bulalás—nġuni't itó'y nasa sa kamáy na nġ mġa paríng agustino.....

Walâng anó anó'y bigláng tinapík ang kaniyáng noo, inihubog ang kilay, isáng pagtatagumpáy ang nálarawan sa kaniyáng mukhá.

—¡Sa heto palá ang aking pasiyá, C.!—ang bulalás na bumitíw nġ isáng mahalay na salitáng hindi ang *eureka*, nġuni't nagsísimulâ sa pangkatapusán nitó—ang aking kapasiyahán ay yari na.

At makálimá ó makaanim na inulit ulit ang kaniyáng kinaugaliang *eureka*, na humaging sa hanġin na wari'y magalák na hagkís, at masayáng tinunġo ang kaniyáng mesa at sinimulán ang pagsulat.

## MĜA AYOS MAYNILA

Nang gabíng yaón ay may isáng malakíng palabás sa dulàang “Variedades”.

Ang samahán nĝ óperang pransés ni Mr. Jouy ay magdadaos nĝ una niyáng palabás na ang itatanghál ay “*Les Cloches de Corneville*” at ipamamalas sa madlàng manonood ang kaniyáng mĝa piling *troupe* na inihayag na iláng araw nĝ mĝa pahayagan ang kaniláng kabantugan. Sinasabing sa mĝa aktrís ay mayroong mĝa may magandang tinĝig, nĝuni’t lalò pa mandíng magandá ang anyô, at kung paniniwalàan ang mĝa bulongbulunĝan, ay higít pa sa kaniláng tinĝig at anyô ang kaniláng kagandahang loob.

Ika pitó at kalahatì pa lamang nĝ gabí ay walâ nang billete ni para sa naghihinĝalóng si P. Salvi, at ang mĝa papasok sa “*entrada general*” ay mahabàng mahabà ang hanay. Sa takilya ay nagkaroon nĝ kaguluhan, awayán, tinukoy ang pagpipilibustero at ang ukol sa lahi, nĝuni’t gayón man ay hindì rin nakakuha nĝ bilyete. Nang labíng limáng minuto na lamang ang kulang sa ika waló ay malalakíng halagá na ang itinatawad sa isáng uupán sa *entrada general*. Ang anyô nĝ dulàan, na naiilawang mabuti, may mĝa punò’t bulaklák sa mĝa pintuan, ay nakauulól sa mĝa náhuhulíng nápapahanĝa at napapasuntók. Isáng makapál na tao ang nanĝagkíkisawan sa mĝa paligid at pinagmamasdáng naínggít ang mĝa pumapasok, ang mĝa maagang dumáratíng dahil sa natatakot na maunahan sa kaniláng luklukan: tawanan, alinĝawnĝaw, mĝa pag-aantabáy, nanĝagsisibati sa mĝa bagong datíng na masamá ang loob na nakikihalobilo sa mĝa nanonood, at, yamang hindì makapasok ay nanĝatítirá na lamang sa pagtanáw sa mĝa pumapasok.

Gayón ma’y may isáng warì’y dí kahalò sa mĝa pag-aasámasám at pagnanasàng makapanood. Siya’y isáng mataas na lalaking payát na kung lumakad ay marahan at kinákaladkád ang isáng paang nanínigás. Ang suot ay isáng masamáng ameríkana na kulay kapé at isáng pantalóng paríparisukát ang guhit, marumí, na nákakapit sa kaniyáng katawáng mabutó at yayát. Isáng sambalilong *hongo* na maarte na, dahil sa kasiràan, ang nakataklób sa kaniyáng malakíng ulo at nagpapakawalâ sa buhók na ang kulay ay marumíng abuhín, halos bulhâw, mahahabà, kulót ang mĝa dulo na warì’y buhók makatà. Ang lalóng katanĝitanĝi sa taong iyon ay hindì ang kaniyáng kasuotan, ni ang kaniyáng mukhâng taga Europa na waláng balbás ni bigote, kundí ang kulay niyáng sagà, kulay na nagíng sanhi nĝ tawag na *Camaroncocado*, na siyáng banság sa kaniya. Ang anyô niya’y waláng kapara: anak nĝ isáng mabuting lípi, nĝuni’t siya’y nabubuhay sa pagbubulagbul, sa panghihinĝi nĝ limós; lahíng kastilà, ay hindì pinahahalagahan ang karanĝalang lahi na inaálipustâ sa pamag-itan nĝ kaniyáng gulágulanít na kasuotan, ipinalalagáy siya nĝ lahat na warì’y tagapamalitâ sa mĝa pahayagan, at tunay nĝâ namáng ang kaniyáng matáng malalakít abuhín, na malamlám at waríng mapagnilay kung tuminĝin, ay naroon saan ma’t may bagay na maibabalitâ. Ang kaniyang kabuhayan ay hindì batíd nĝ marami; waláng nakaaalam kung saan siyá kumakain at natutulog: marahil ay mayroon siyáng isáng bariles saan mang pook.

Nang mĝa sandalíng iyon ay hindì tagláy ni Camaroncocado ang dati niyáng anyóng matigás at waláng bahalâ: isáng warì’y masayang pagkaawâ ang nananaw sa kaniyáng paninĝín. Isáng muntíng lalaki, isáng mababàng matandâ ang masayang sumagupà sa kaniyá.

—Kaibigaaaaan!—ang sabi, na paós ang boses na warì’y sa palakâ, at ipinakikita ang iláng pisong mehikano.

Nákita ni Camaroncocado ang mĝa mamiso, at kinibít ang balikat. ¿Anó ang mayroon sa kaniya noon?

Ang matandâ’y isáng mainam na kaibayó niya. Maliit, lubhâng maliit, natataklubán ang ulo nĝ isáng sambalilong *de copa* na nagíng isáng uod na may balahibo, at nápapaloob sa isáng maluwang na lebita, lùbhâng maluwang at napakahabà hanggáng sa mápantáy sa isáng salawál na nápakaiklî na hindì lumalampás sa binti. Ang kaniyáng katawan ay waring siyang lelong at ang mĝa paa’y siyang apó, samantalang ang kaniyáng mĝa sapatos ay naglalayág mandín sa katihan—yaón ay dalawáng malalakíng sapatos marinero na tumututol nĝ laban sa uod na may balahibo na nasa kaniyang ulo na gaya nĝ matindíng tutol nĝ isáng kombento na nasa píling nĝ isáng *Exposición Universal*! Si Camaroncocado ay sagà, ang matandâ’y kayumangí; yaón ay waláng buhók sa mukhâ kahì’t lahíng kastilà, ang indio ay may patilla at bigoteng mapuputí, mahahabà’t madalang. Ang paninĝín ay malikót. Kung tawagin siya’y Tio Kikò, at, gaya nĝ kaniyang kaibigan ay nabubuhay din siyá sa pamamahayag: siyá ang nagpapatawag nĝ mĝa palabás at nagdidikit nĝ mĝa kartel nĝ mĝa dulàan. Siya marahil ang tanĝing pilipino na kahì’t naka *chistera* at lebita ay nakapaglalakád nang hindì ginágambalà, gaya rin namán nĝ kaniyang kaibigan na siya ang tanĝing kastilà na nagtátawá sa karanĝalan nĝ lahi.

—Binigyán akó nĝ malakíng pabuyà nĝ pransés—ang sabing nakanĝití at ipinatanáw ang kaniyáng gilagid na warì’y isáng lansanĝan matapos ang sunog—¡nápabuti ang kamáy ko sa pagdidikit nĝ mĝa kartel!

Mulíng ikinibít ni Camaroncocado ang kaniyang mĝa balikat.

—Kikò—ang sagót na maugong ang boses—kung anim na piso ang ibinigáy sa iyo dahil sa gawâ mo ¿magkano kayâ ang ibibigáy sa mĝa prayle?

Dahil sa kaliksihang likás ni Tio Kikò, ay itinaas ang ulo.

—¿Sa mĝa prayle?

—Sapagká’t dapat mong maalaman—ang patuloy ni Camaroncocado—na ang pagkapunóng itó’y kagagawán nĝ mĝa kombento!

Sadyâ nĝâ namáng gayón, ang mĝa prayle na pinanĝunĝuluhan ni P. Salvi at iláng hindì parì na

pinangŕunĝuluhan ni D. Custodio ay laban sa pagtatanghál na iyon. Si P. Camorra, na hindi makapanood, ay nanglilisik ang matá't tatakámtakám; nĝuni't nakikipagtaló kay Ben-Zayb na malambót na nagtatanggól sapagká't náisip ang billeteng waláng bayad na ipadadalá sa kaniyá nĝ may palabás. Pinagsasalitaán siya ni D. Custodio nĝ ukol sa maayos na hilig, sa pananampalataya, sa mabubuting kaugalian, at ibp.

—Nĝuni't—ang bulóng nĝ manunulat—ang ating mĝa dulàng sainete na may mĝa salitá't pangŕunĝusap na dalawá ang kahulugán....

—jNĝuni't nasa wikàng kastilá namán!—ang pasigáw na putol nĝ mabaít na konsehal, na nag-aalab sa banal na pagkagalit—j mĝa kahalayan sa wikàng pransés! tao kayó, Ben-Zayb, maanong alang-alang sa Poong Dios, jsa wikàng pransés! jIyán ay hindi dapat mangyari magpakailán man!

At ibinigkás ang *hindi dapat mangyari magpakailán man!* nĝ kasingtigás kung pagpipisanin ang tatlong Guzmán na pinagbábalang pápatayán nĝ isáng pulgás kapag hindi isinukò ang dalawáng pŕng Tarifa. Gaya nang maántáy, si P. Irene, ay kasang-ayon ni D. Custodio at nagtútunĝayáw sa operetang pransés. jPuf! Siyá'y nátunĝo sa París, nĝuni't hindi man lamang tumuntóng sa pintúan nĝ isáng dulàan; jiligtás siyá nĝ Maykapal!

Nĝuni't marami din namán ang kasang-ayon nĝ operetang pransés. Ang mĝa opisíal sa hukbó at mĝa pangdigmang dagat, na sa mĝa itó'y kabilang ang *ayudante* nĝ General, ang mĝa kawani at iláng matataás na tao ay nangagnanasang lumasáp nĝ kainaman nĝ wikàng pransés sa bibíg nĝ mĝa tunay na *parisien*; kabilang nilá ang mĝa nálulan sa M. M. at nakagamit nĝ kaunti nĝ pransés sa paglalayág, ang mĝa nakadalaw sa París at lahá't niyóng mĝa ibig na masabing silá'y bihasá. Ang lipunan nĝa sa Maynilá ay nagkahati sa dalawáng pangkát, ang mĝa sang-ayon at ang mĝa laban sa ópera, na pinayuhan nĝ mĝa matatandang babai, mĝa asawang mapanibughúin at nanĝanĝanib sa pag-ibig nĝ kaniláng mĝa kabyák, at nang may mĝa katipán sa pag-aasawa, samantalang ang mĝa malayá't ang mĝa magagandá ay nanĝagpakilalang lubós siláng magiliw sa opereta. Nagsalimbayan ang mĝa sulatán, nagkaroon nĝ mĝa pagpaparoo't parito, salisalitaán, mĝa pagpupulong, mĝa pagliliponlipon, mĝa pagtatalo; natukoy na tulóy sampú nĝ panghihimagsík nĝ mĝa indio, ang katamaran, ang mĝa liping mababá't liping mataás, karanĝalan at ibá pang kamulalàan, at matapos ang maraming hatidhatirang usap at maraming bulóng bulunĝan, ay ibinigáy ang pahintulot, at si P. Salvi ay naglathalá nĝ isáng *pastoral* na waláng bumasa kundí ang tagá ayos lamang sa limbagan. Nábalitang ang General ay nákalalít nĝ Condesa: na itó'y naninirahang madalás sa mĝa bahay líwaliwan; na ang maranĝal na pinunò ay nabugnót; na ang *consul* nĝ mĝa pransés ay gayón, na nagkaroon nĝ mĝa handóg, at ibp., at nálahók sa usapan ang maraming pangalan, ang sa insík na si Quiroga, ang sa kay Simoun at sampú nĝ sa maraming artista.

Salamat sa nagpáunang alinĝawnĝaw na itó, ang pagkasabík nĝ tao'y naragdagan, at mulá pa sa araw na sinúsundan nĝ palabás, araw na idinatíng nĝ mĝa artista, ay waláng napag-uusapan kundí ang pagpasok sa unang pagtatanghál. Sapól nĝ lumabás ang mapupuláng kartel na nagbabalitá nang *Les Cloches de Corneville*, ang mĝa nanalo'y humandá na sa pagdiriwang nĝ kaniláng tagumpáy. Sa iláng káwanihan, ay hindi na pinalalakad ang panahón sa pagbabasá nĝ mĝa pahayagan, kundí dinudumog ang mĝa kasaysayang limbág nang palalabasín, nanĝagbabasá nĝ mĝa nobelang pransés, at ang marami'y tumutunĝo sa palikuran na nagpapakunwaríng iníiti upang makasangguni lamang nĝ palihím sa muntíng díksionariong pangbulsá. Nĝuni't gayón man ay hindi rin nalulutas ang mĝa *expediente*; kundí bagkús pa nĝang ang lahá't ay pinababalík sa kinabukasan, dátapwá'y hindi mangyayaring magalit ang kahit sino: ang nákakaharáp ay mĝa kawaniing lubháng magagalang, masuyò, na tumátanggáp sa kanilá at nagpapaalam sa pamagítan nĝ malalaking yukò na ugaling pransés: ang mĝa kawani'y nanĝagsasanay, linilínis ang kaniláng pransés na inaamag at silá-silá'y nagbabatián nĝ *oui monesieur, s'il vous plait, at pardon!* sa bawá't kilos, bagay na lubháng kaigaigayang mádingíg at panoorin. Nĝuni't sa pásulatán nĝ mĝa pamahayagan nároroon ang lalóng galawan at ang kagipitan ay umaabot sa lalóng malakí; si Ben-Zayb, na sinasabing siyang mánunuligsá at naghulog sa wikàng kastilá nĝ kasaysayan nĝ palalabasín ay nanĝanĝatál na wari'y babaing násuplóng sa pangkukulam: ná kikíta niyang ang kaniyang mĝa kalaban ay nagpupunyanging makahuli nĝ kaniyang mĝa kamalian at ipinamumukhá sa kaniya ang dí pagkabatíd na mabuti nĝ pransés. Nang panahón nĝ Opera Italiana ay kakaunti nang mapasubò siya sa isáng patayan dahil sa malíng pagkahulog sa wikàng kastilá nĝ pangalan nĝ isáng tenor; agadagád naglathalá ang isáng mainggitin at ipinalagáy siyang waláng namumuwanĝan, siya, ang una unang ulong nag-iisíp sa Pilipinas! jGaanong hirap ang sinapit niya sa pagsasanggaláng! nanĝailanĝan siyang sumulat nĝ dí lamang lalabíng pitóng palathalá at sumangguni sa labíng limáng díksionario. At dahil sa mabuting pagkakaalaalang iyón, ang kaawàawang si Ben-Zayb, ay lumalakad na lubháng mainĝat na ang inilalakad ay kamáy, hindi namin sinabing paa, upang huwag gayahan si P. Camorra na may masamang ugaling ipintás kay Ben-Zayb na paa ang ginagamit nitó kung sumusulat.

—jNákita mo na Kikò?—ang sabi ni Camaroncocado—ang kalahati nĝ taong iyan ay naparito dahil sa sinabi nĝ mĝa prayle na huwag pumarito; ang gayó'y waring isáng pahayag; at ang kalahati pa, sapagká't anilá sa sarili ay: jipinagbabawal nĝ mĝa prayle? kung gayó'y kátutuhan marahil. Maniwalà ka sa akin, Kikò, ang mĝa palatuntunan mo ay mabubuti nĝa nĝuni't lalò pang mabuti ang *pastoral*, at jdapat mong mabatíd na waláng isá mang nakábasa!

—Kaibigaaaan, jinaakalà mo bagá—ang tanóng ni Tio Kikò na hindi mápalagáy—na dahil sa kagagawán ni P. Salvi, ay alisín na kayá ang tinútungkol ko?

—Marahil, Kikò, marahil,—ang sagót nĝ kausap na tumingín sa lanĝit—ang salapí'y untúnti nang nawawalá....

Si Tio Kikò ay bumulóng nĝ iláng salitá at pangŕunĝusap na dí malinawan, kung ang mĝa prayle ay manghihimasok sa pagbabalitá nĝ mĝa palabás dulàan ay papasok namán siyang prayle. At matapos makapagpaalam sa kaniyang kaibigan ay lumayóng uubóbó at pinakakalansíng ang kaniyang mĝa

mamiso.

Si Camaroncocido, na tagláy ang dati niyang pagwawalâng bahalà, ay nagpatuloy sa pagyayao't dito na kaladkád ang paá at mapunġay ang paninġin. Nápuna niya ang pagdatíng nġ iláng mukhâng hindí kilalá, na ibá't ibá ang pinanggagalinġan at nanġaghuhudyatan sa pamag-itan nġ kindát, at pag-ubó. Noon lamang niyá nákita sa mġa gayóng pagkakataón ang mġa taong iyon, siyá, na nakakakilala sa lahá't nġ anyô nġ mġa naninirahan sa siyudad at sa lahá't nġ pagmumukhá. Mġa lalaking madidilím ang mukhá, mġa hukót, mġa dí mápalagáy at hindí máwastô at masamá ang pagkakabalát kayô nġ suot, na warì'y noon lamang nagsuot nġ americana. Hindí nanġagsisilagáy sa unang hanay upáng makápanood na mabuti, nanġagkakanlóng sa dilím, na warìng ayaw na silá'y mákita.

—¿Mġa polisiya sekreta ó mġa magnanakaw?—ang tanóng sa sarili ni Camaroncocido at daglîng ikinibít ang balikát—at ¿anó ba ang mayroon sa akin?

Ang parol nġ isáng sasakyáng dumáratíng ay tumangláv sa pagdaraan sa isáng pulutóng nġ apat ó limá nġ mġa taong yaón na nakikipag-usap sa isáng warì'y kawal sa hukbó.

—¿Polisiya sekreta!, marahil ay isáng bagong tatág na kawanihan!—ang bulóng niya.

At kumilos nġ isáng anyóng nagwawalâng bahalà. Nġuni't makaraan yaon ay nakita ang militar, matapos na makipag-alám sa dalawá ó tatlóng pulutong pa, na tumanġo sa isáng sasakyán at warìng nakipag-usap nġ mahigpitan sa isáng nasa sa loob. Si Camaroncocido ay lumakad nġ iláng hakbáng at kahì't hindí námanghá ay warìng nákilala niyá si Simoun, samantalang ang matalas niyáng pangdinġig ay nakáulinig nġ ganitóng maiklîng usapan:

—¿Ang palatandàan ay isáng putók!

—Opò.

—Huwág kayóng mag-alaala; ang General ay siyáng nag-uutos; nġuni't pag-iinġatan ninyóng huwág masasabi. Kung súkundín ninyó ang aking utos ay mátataás kayó.

—Opò.

—¿Kung gayó'y.... humandâ kayó!

Ang boses ay tumigil at makaraán ang iláng sandalí'y lumakad ang sasakyán. Kahì't na mapagwalâng bahalà si Camaroncocido ay hindí rin nakapigil sa pagbulóng na:

—Mayroong binabalak.... ¿Kainġatan ang mġa bulsá!

At sa dahiláng náramdamáng ang kaniyáng mġa bulsá ay waláng lamán, ay mulîng ikinibít ang balikát. ¿Anó ang mayroón sa kaniyá kung gumuhô man ang lanġit?

At nagpatuloy sa kaniyáng pakikibatáy. Nang magdaan sa haráp nġ dalawá kataong nag-uusap, ay nádingíg sa isá, na may sabit sa liig na mġa kuwintás at kalmén, na sinasabi sa wikàng tagalog, na:

—Ang mġa prayle ay malakás pa kay sa General, huwág kang mangmáng; itó'y áalis at ang mġa prayle'y maiiwan. Magawâ lamang nating mabuti ay yayaman tayo. ¿Ang palatandàan ay isáng putók!

—¿Abá, abá!—ang bulóng ni Camaroncocido na ipinípiksí ang mġa dalirì—doon ay ang General, at dito ay si P. Salvi.... ¿Kahabág-habág na bayan! Nġuni't ¿anó ang mayroon sa akin?

At matapos na máikibít ang balikát na sabáy sa paglurâ at dalawáng nġiwî na sa ganáng kaniyá ay siyáng tandâ nġ lalóng malakíng pagwawalâng bahalà, ay ipinatuloy ang kaniyáng pakikimatáy.

Samantala namán ay matutuling dumáratíng ang mġa sasakyán, bigláng hihintô sa siping nġ pintúan at iiwan ang kaniláng sakáy na pawàng tao sa mataás na kalipunan. Ang mġa babai, kahì't bábahagyâ ang lamíg nġ gabí, ay may daláng maiinam na *chal*, mġa *pañolóng* sutlá at mġa panglaban sa gináv; ang mġa lalaki, ang mġa naka *frac* at korbatang putî, ay gumagamit nġ gabán; ang ibá'y bitbít na lamang at ipinatánaw ang mġa panapíng sutlá.

Sa pulutóng nġ mġa talogigì, si Tadeo, ang nagkakasakit kung pumapanaog ang gurô, ay kaakbáy nġ kaniyang kababayang baguhan na namalas nating nagtiís nġ inianák nġ masamáng pagkakabasa sa katotohanang sinabi ni Descartes. Ang baguhan ay nápakatalogigì't mausisà, at sinásamantalá namán ni Tadeo ang kaniyang kamangmanġán at dí kaalamán upang pagsalaysayán nġ lalóng malalakíng kasinunġalinġan. Bawà't kastilàng bumati sa kaniya, magíng may mababàng katungkulan ó kawaní sa mġa tindahan, ay sinasabi sa kaniyang kasama na yaón ay pinunò sa isáng kawanihan, markés, konde, at ibp.; datapwá'y pag patuloy ang paglakad, ¡psh! yaó'y isáng bulagbul, isáng *oficial quinto*, isáng taong waláng gaanong kabuluhán! At pag walâ nang naglalakád, na makapagpahangà sa baguhan ay ang mġa magagarang sasakyán namang dumadaán ang hinaharáp; si Tadeo ay bumabati nġ mainam na ayos, ikákaway nang malugód ang kamáy, bibitiw nġ isáng *jadios!* na matiwalà.

—¿Sino yaón?

—¿Bah!—ang sagót na parang waláng anomán—ang Gobernador Civil.... ang Segundo Cabo.... ang Mahistradong si gayón.... ang asawa ni.... na mġa kaibigan ko!

Ang baguhan ay náhahanġà, nakatanġáng siya'y pinakikinggán at nag-iinġat upang huwag mápalagáy sa kanan nġ kausap. Si Tadeo ay kaibigan nġ mġa mahistrado at mġa gobernador!!

At tinuturan sa kaniya ni Tadeo ang panġalan nġ lahá't nġ dumáratíng, at, pag hindí niya kilalá, ay gumagawâ nġ mġa banság, mġa kasaysayan at nagsásaysáy nġ mġa sarisaring bagay.

—¿Nákikita mo ba? iyong taong mataas, na may patilyang itím, dulíng nġ kauntì, na itím ang suot, yaón ang mahistrado A, kaibigang matalik nġ asawa nġ koronel B; isáng araw ay kauntî nang mag-away ang dalawáng iyan kung hindí akó namagitná.... ¡jadios! Tingnán mo, hayán at dumáratíng pa námán ang

koronel, mag-away kayâ ang dalawá?

Pinígil nǵ baguhan ang paghinǵá, nǵuni't ang koronel at ang mahistrado ay malugód na nanǵagkamayan; ang militar, na isáng matandâng bagongtao, ay nagtanóng nǵ kung anó ang lagáy nǵ mǵa kaanak nǵ kaharâp, at ibp.

—¡Ah! ¡salamat sa Dios!—ang hinǵá ni Tadeo—akó ang may kapakanán nǵ kaniláng pagkakásundó.

—Kung hilinǵín kayâ ninyó sa kanilá na tayo'y ipasok?—ang tanóng na may kauntìng panǵambá nǵ baguhan.

—¡E! ¡Kailan ma'y hindi akó nanǵunǵutang nǵ loob!—ang sabing nagmataás ni Tadeo—akó'y gumágawâ nang mabuti, nǵuni't hindi akó nag-aantáy na gantihín.

Kinagát nǵ baguhan ang kaniyáng mǵa labì, lalò pang nanǵuntí at naglagáy nǵ magalang na layò sa pag-itan niya't nǵ kaniyang kababayan.

Nagpatuloy si Tadeo:

—Iyan ang músikong si H.... Iyan ang abogadong si J. na bumigkás, na wari'y kaniya, nǵ isáng talumpating nakatitik sa lahat nǵ aklát, at siya'y pinuri at hinanǵaan nǵ mǵa nakinǵíg.... Iyang bumábabâ sa isáng hansomkab ay ang manggagamot na si K, na ang lalò niyang pinagsisikapan ay ang sakít nǵ mǵa batà, kayâ't pinanǵanlán siyang Herodes.... Iyan ang mayamang si L, na waláng násasabisabi kundí ang kaniyang mǵa kayamanan at mǵa balaid.... ang makatàng si M, na lagi nang tumutukoy sa mǵa bituin at sa mǵa bagaybagay nǵ *dako pa roon*.... Hayán ang magandáng asawa ni N, na palagìng nátatagpúang walá ang asawa kung dínadalaw ni Padre Q.... ang mánǵanǵalakal na hudiong si P, na isáng libong piso ang dalá nang pumarito at nǵayó'y mayroon nang mǵa anǵawanǵaw.... Iyong may mahabàng balbás ay ang manggagamot na sí R, na yumamang hindi dahil sa pagpapagalíng kundí sa paggawâ nǵ maysakit....

—¿Gumágawâ nǵ maysakit?

—Oo, sa pagsisiyasat sa mǵa nasusundalo.... ¡huwag kayóng kumilos! Iyang kagalanggalang na ginoo na maayos ang pagkakabihis, ay hindi médiko, nǵuni't isáng manggagamot *sui generis*; tagláy niyang buongbuò ang *similia similibus*.... Ang kapitán sa kawal na kabayuhan na kaniyáng kasama ay siyá niyang pinakagigiliw sa mǵa nag-aaral sa kaniyá.... Iyáng may suot na putián at ang sambalilo'y nakakiling, ay ang kawaníng si S, na ang batayán ay ang kailan ma'y huwag magpakita nǵ ugali magalang at muhíngmuhí kapag nakakita nǵ isáng sombrero na nakapatong sa ulo nǵ ibá; sinasabing ginagawâ niyá ang gayón upang huwág mábilí ang mǵa sombrero alemán.... Iyáng dumaratíng na kasama ang kaniyáng anak ay ang mayamang mánǵanǵalakal na si C, na kumikita nǵ mahigít sa isáng daang libo.... nǵuni't ¿anó ang wiwikàin mo kung sabihin ko sa iyó na may utang pa sa aking apat na piso, limangsikapat at labíngdalawang kualta? Nǵuni't sino ba namán ang sisingíl sa isáng mayamang gaya niyan?

—¿May utang sa inyó ang ginoong iyan?

—¡Mangyari! isáng araw ay iniligtás ko siyá sa isáng kagipitan; isáng biyernes, iká pitó't kalahatì nǵ umaga; naaalala ko pa; hindi pa akó nakapag-aagahan noon.... Ang babai nǵ iyan na sinusundán nǵ isáng matandâng babai rin ay si Pepay na mánanayaw.... nǵayó'y hindi na nagsasayáw sapul nǵ.... ipinagbawal sa kaniya.... nǵ isáng ginoong napakakatólíko at matalik kong kaibigan..... Náriyan ang bulugang si Z; matitiyák na sumúsunód kay Pepay upang itó'y pasayawíng mulí. Isáng mabuting tao na matalik kong kaibigan, walá kundí isáng kapintasan: siyá'y mistisong insík at nagpapanggáp na tagá España. ¡Sst! Tingnán mo si Ben-Zayb, iyáng mukhâng prayle, na may daláng lapis sa kamáy at isáng balumbóng papel, iyan ang dakilàng manunulat na si Ben-Zayb, matalik kong kaibigan; may isáng katalinuhan!....

—Mawaláng galang sa inyó ¿at iyáng muntíng tao na may mǵa patillang putí?....

—Iyán ang naghalal sa kaniyáng tatlong anak na babai, iyang tatlong malilít, na mǵa *auxiliar de Fomento* upang makasinǵil nǵ sahod sa talàan nǵ Pamahalàan..... Iya'y isáng ginoong matalas ang pag-iisip, nǵuni't nápakatalas! gagawâ nǵ isáng kaululán at ibibintáng.... sa ibá; bibilí nǵ isáng barò at ang nagbabayad ay ang kabangbayan. Matalas, matalas na matalas, nǵuni't nápakatalas!....

Si Tadeo ay nápahintò.

—¿At iyáng ginoong may astâng mabanǵís at ang lahat nǵ tao'y tiningnán nǵ paalipustâ?—ang tanóng nǵ baguhan na itinurò ang isáng taong iginagaláw na mapalalò ang ulo.

Nǵuni't si Tadeo ay hindi sumagót, inihabâ ang liig upáng tanawín si Paulita Gómez na dumaratíng na kasama ang isáng kaibigan, si aling Victorina at si Juanito Pelaez. Binigyán silá nitó nǵ isáng *palco* at lalò pa mandíng kubà kay sa karaniwan.

Datíng at datíng ang mǵa sasakyán, dumaratíng ang mǵa artista na sa ibáng pintúan ang pasok at sinúsundán nǵ mǵa kaibigan at mǵa ligaw.

Nang si Paulita'y makapasok ná ay nagpatuloy si Tadeo:

—Iyán ang mǵa pamangkíng babai nǵ mayamang si kapitáng D, iyáng nanǵakasakáy sa *landó*, ¿nakikita mong napakagandá't napakainam nǵ panǵanǵatawán? Sa loob nǵ iláng taón marahil ay pawàng patáy na ó balíw.... ayaw si kapitáng D, na silá'y manǵag-asawa, at nahahalatâ na sa mǵa pamangkín ang pagkakahawa sa kabaliwán nǵ amaín.... Iyan ang binibining E, ang magmamana nǵ isáng malakíng kayamanan, na pinag-aagawán nǵ mundó at nǵ mǵa kombento... ¡Huwag kang umimík! ¡iyan ay náikikílala ko! ¡si Padre Irene! nakabalat-kayò, may miyas na huwad lamang! ¡Nakikilala ko dahil sa kaniyang ilóng! ¡At siya pa namáng labanglaban!....

Gulilát na tiningnán nǵ baguhan at nákitang nákanlóng ang isáng lebita na mabuti ang tabas sa isáng pulutóng nǵ mǵa babai.

—¡Ang tatlong Parka!—ang patuloy ni Tadeo ng makitang dumarating ang tatlong dalagang mga yayát, mabuto, nannganjalumatá, maluluwang ang bibig at masagwá ang bihis,—ang mga pangalan niyan....

—¿Atropos?—ang mahinang sabi ng baguhan na ibig magpakitang siya’y may kaunting kaalamán, kahit sa mitolohiya man lamang.

—Hindi, tao ka, ang mga pangalan niyan ay mga binibini ni Balcón, mga mapamintás, mga matatandang dalaga, mamumulà.... Ang lahat ay kinamumuhian, ang mga lalaki, ang mga babai, ang mga batà.... Nguni’t tingnan mo’t sa piling ng kasamaán, ay inilalagay ng Dios ang lunas, kung minsan ngà lamang ay náhuhulí. Sa likod ng mga Parca, na panakot sa bayan, ay dumarating ang tatlong iyan, na ipinagmamalakí ng kanilang mga kaibigang kinabibilangan ko. Iyang binatang payát na malalakí ang matá, hukod ng kaunti na ang kilos ay madalás dahil sa hindi umabot ng billete, iyan ay ang kímikong si S, sumulat ng maraming pagsusuri at mga gawing ukol sa karunungan na ang ilán ay nagtamó ng ganting palà at nábantóg na lahat; ang sabi ng mga kastilà sa kaniya’y *maaasahan, maaasahan*.... Ang umaawat sa kaniya na ang tawa’y gaya ni Voltaire ay ang makatang si T. batang matalino, matalik kong kaibigan, at dahil ngà sa kaniyang katalinuhan ay itinapon ang panitik. Ang isá na nagpapalagay na silá’y makipasok sa mga artista sa isang pintuan ay ang binatang manggagamot na si M, na nakagawá na ng maraming mabubuting paggamót; siya man ay sinabi ring maaasahan.... hindi lubhang kubà na gaya ni Pelaez, nguni’t higit dito sa katalasan at lalò pang palabirò. Inaakalà kong sampung si kamatayan ay hinihilo at pinagsisinunghalingán.

—¿At iyang ginoong kayumanggi na ang miyas ay wari’y tutsang?

—¡A! iyan ang mannganlakál na si F, na ang lahat ng bagay ay pinagdadayàan, sampu ng kaniyang *fe de bautismo*; pinagpipilitan niyang maging mistisong kastilà sa lahat ng paraan at iniubos ang boong kaya upang malimot ang sarili niyang wikà.

—Dátapwá’y nápakapuputi ang kaniyang mga anak na babai....

—¡Oo, at iyan ngà ang sanhi kung bakit mataás ang halagá ng bigás, gayong walà namang kinakain iyan kundí tinapay!

Hindi malinawan ng baguhan ang pagkakalahók ng halagá ng bigás sa kaputian ng mga dalagang iyon.

—Nariyan ang lumiligaw, iyang binatang payát, kayumanggi, ang lakad ay mahinay na sumusunód sa kanilá at bumating anyong mapag-ampón sa tatlong magkakaibigang nanngagtatawá sa kaniya.... iyá’y isang nagbabatá nang dahil sa kaniyang mga akalà, sa kaniyang panununtón sa násabi.

Ang baguhan ay nagtaglay ng paghanḡa at paggalang sa binatà.

—May kilos hanḡal, at hanḡal ngang sadyá,—ang patuloy ni Tadeo—tubò iyan sa S. Pedro Makatí at di gumagamit ng maraming bagay: kailan ma’y hindi naliligò ni hindi tumitikim ng baboy, sapagkát sangayon sa sabi niya’y hindi kumakain noon ang mga kastilà at dahil din sa katwirang iyon ay hindi kumakain ng kanin, patís ni bagoong, kahit na siya mamatáy ng gutom at magtulò ang kaniyang laway.... Lahat ng galing sa Europa, bulók ó naimbák, ay masarap na masarap sa kaniya, at may isang buwan pa lamang na iniligtás siya ni Basilio sa isang pamamagá ng sikmurà: kumain ng isang pasòpasòang kelwà upang ipakilalang siya’y europeo!

Nang mga sandaling iyon ay nagsimulà ang orkesta sa pagtugtóg ng isang balse.

—¿Nákikita mo ang ginoong iyan? ¿iyang payagót na bibiling-biling ang ulo at naghahanáp na siya’y batiin? Iyan ang bantóg na Gobernador sa Pangasinán, isang taong hindi makakain kapag may isang indio na hindi nagpugay sa kaniya.... Kaunti nang mamatáy kung di nalagdà ang *bando ng pagpupugay* na siyang sanhi ng kaniyang kabantugan. ¡Kaawà-awang tao! may tatlong araw pa lamang na kagagaling niya sa lalawigan at ¡gaano na ang ipinanḡayayat! ¡o! ¡nariyan ang dakilang tao, ang di matinkalà, ibukás mo ang iyong mga matá!

—¿Sino? ¿Iyang nakakunót ang kilay?

—Oo, iyan ang si D. Custodio, ang labusaw na si Don Custodio, nakakunót ang kilay sapagkát may iniisip na makabuluhang panukalà.... ¡Kung maisasagawá lamang ang lamán ng kaniyang utak ay ibá sana ang lakad! ¡Ah! ¡naririto’t dumarating si Makaraig, ang iyong kasambaháy!

Tunay ngà, dumarating si Makaraig na kasama si Pecson, si Sandoval at si Isagani.

Nang makita silá ni Tadeo ay sumalubong at binatì silá.

—¿Hindi ba kayò paparito?—ang tanong ni Makaraig.

—Walà na kami ng inabot na billete....

—Mabuting pagkakataón, mayroón kami isang palko—aní Makaraig—si Basilio ay hindi makapaparito.... sumama na kayò sa amin.

Hindi na naantáy ni Tadeo na ulitin ang anyaya. Ang baguhan, sa panginḡilag na makagambalà, dalá ng katakutang taglay ng sino mang *provinciano*, ay nagdihilán at hindi nagawang siya’y mapapasok.

## ANG PALABÁS

Ang anyô nǎ dulàan ay masimbuyó; punôngpunô, at sa *entrada general*, sa mǎa daanan ay maraming tao ang nákitang nakatayô, nagkakahirap sa pagtataás nǎ ulo ó makasílip man lamang sa pagitan nǎ isáng liíg at isáng tainǎa. Ang mǎa palkong walàng takíp, na ang karamihan ay punô nǎ mǎa babai, ay nag-áanyông pangnán nǎ bulaklák, na ang mǎa talulot ay pinagágaláw nǎ mahinàng simuy (ang tinutukoy namin ay ang mǎa pamaypáy) at doo'y naghuhumbahan ang libo-libong hayophayupan. Sa dahiláng may mǎa bulaklák na masasaráp ó matitindí ang amóy, mǎa bulaklák na pumápatáy at mǎa bulaklák na nakaáaliw, sa mǎa pangnán nǎ ating dulàan ay nasasamyô rin ang mǎa gayóng amóy, nakadidinǎig nǎ mǎa salitàan, usapan, mǎa salitang sumísigid at nǎumanǎatnǎgát. May tatló ó apat na palko lamang ang walàng lamán kahit nápakagabí na; ikawalót kalahati ang takdang pagsisimulá nǎ palabás, nǎuni't kulang na lamang nǎ labínglimáng minuto sa ika siyám ay hindí pa itinátaás ang tabing sapagká't ang Capitan General ay hindí pa dumaráting. Ang mǎa nasa entrada general, iníp na't sikí sa kaniláng mǎa uupán, ay nanggúguló na't nag-íinǎgáy sa kápapadyák at kápapalò nǎ mǎa tungkód sa tuntunǎan.

—¡Bum, bum, bum! ¡budsán na ang tabing! ¡bum, bum, bum!

Ang mǎa artillero ay siyáng lalòng maiinǎgay. Ang mǎa kaagáw ni Marte, gaya nǎ tawag sa kanilá ni Ben-Zayb, ay hindí nasisiyahan sa tugtuging itó; sapagká't inaakalà marahil na siláy nasa sa isáng "*plaza de toros*" ay binabatì ang mǎa babaiing magdaan sa kaniláng harap nǎ mǎa salitang dahil sa pabaligtád na banggít ay tinatawag na bulaklák, sa Madrid, gayóng kung minsan ay nanǎahahawig sa umaalinǎgasaw na yamutmót. Hindí pinápansín ang mǎa pagalit na tinǎin nǎ mǎa asawa at ipinahahayag nang malakás ang mǎa damdamin at mǎa pagnanasang pinabubukál sa kaniláng kalooban nǎ gayóng karaming kagandahan....

Sa mǎa butaka, na warìng kinatatakutang babáan nǎ mǎa babai, sapagká't walá roón ni isá man sa kanilá, ay isáng alinǎawnǎaw nang bulongbulunǎan ang naghahari, tawanang pinipigil, sa gitná nang ulap na asó.... Pinagtátalunan ang kabutihán nǎ mǎa artista, pinag-uusapan ang mǎa kaguluhan, na ang General ay nakipagkagalít sa mǎa prayle, na kung ang pagparoon nǎ General sa palabás na iyon ay isáng paghamon ó isáng pagnanasà lamang na makákita; hindí ang mǎa bagay na itó ang iniisip nǎ ibá kungdí ang akitin ang paninǎin nǎ mǎa babai sa tulong nǎ pag-upòng mabikas, na warì'y mǎa estatua, at pinagágaláw ang mǎa suót na singsíng, lalònglalò na kung inaakalàng siláy tinutudlúan nǎ walàng humpáy na kátitinǎin nǎ isáng *largabista*; ang ibáy bumabatì sa gayóng babai ó binibini na iniyuyukô nǎ kauntí ang ulo, samantalang ibinúbulóng sa kalapít na:

—¡Kakutyákutyá! ¡nakaiinís!

Ang babai'y sásagot sa pamagitan nǎ lalòng masaráp niyáng nǎití at isáng kalugódlugód na galaw nǎ ulo, at bumubulóng sa kaibigang nakikisang-ayon, sa pagitan nǎ dalawáng galaw na banayad nǎ pamaypáy, na:

—¡Napakamahanǎin! Ulól na sa pag-ibig.

Samantala namáy dumádalas ang kápapalò: ¡bum, bum, bum! ¡tok-tok-tok! walá nang nátitiráng walàng lamán kungdí dádalawáng palko at ang sa General na natatanǎi dahil sa mǎa tabing na tersiopelong pulá. Ang orkesta ay tumugtóg nǎ isá pang balse, ang taong naroroón ay tumututol; mabuti na lamang at dumating ang isáng maawáing magiting na nakalibáng sa madlá't nakapagligtás sa may arì nǎ palabás; isáng ginoong umupò sa isáng butaka at ayaw tumindíg nǎ dumating ang may-arì nǎ luklukan, na dili ibát ang mapagbulaybulay na si D. Primitivo. Nang makita ni D. Primitivo na hindí makahinuhod sa taong iyón ang kaniyang panǎanǎatwiran ay tinawag ang tagá-ayos.—¡Ayokong tumindíg! ang tugón nǎ magiting na lalaki na hiníhitit na payapang payapà ang kaniyang sigarilyo. Ang tagá-ayos ay lumapit sa namamahalà.— ¡Ayokong tumindig! ang ulit at nagpakabuti sa pag-upò. Ang namamahaláy umalis samantalang ang mǎa artillero sa entrada ay sabáysabáy na umaawit nǎ:

—¡Sa hindí! ¡Sa oo! ¡Sa hindí! ¡Sa oo!

Ang taong iyon, na nápuná nang lahát, ay nag-akalàng ang pag-urong ay ikabababá niya, kayát nanǎunyapít sa butaka samantalang inuúlit ang kasagutan sa dalawáng *veterana* na tinawag nǎ namamahalà. Alang-alang sa tinatagláy na katungkulan nǎ naglalabán ay tinawag nǎ mǎa bantáy ang kabo, samantalang ang lahát nǎ taong nároroon ay bumigáy nǎ matindíg pagakpakan at pinupuri ang katigasan nǎ ginoong iyon na patuloy rin sa pagkakaupò na warì'y isáng senador romano.

Nádinǎig ang pasuwitan at galít na luminǎon ang ginoong may matigás na kalooban sapagká't inakalàng siya ang sinusutsután: nádinǎig ang takbuhán nǎ mǎa kabayo, náramdamán ang kilusán; ang sino man ay mag-aakalàng sumabog ang isáng himagsikan ó kun dí man ay isáng pagkakaguló; hindí, iníhintò nǎ orkesta ang balse at tinugtóg ang *marcha real*; ang maranǎal na Capitán General at Gobernador nang sangkapulúan ang dumaráting: hinanap siya nǎ lahát nang matá, sinundán siya nǎ tinǎin, nawalá at sa kahulíhulihan ay nátanáw sa kaniyang palko, at, matapos na makatingín sa lahát nǎ pook at magawáng mapalad ang ilán sa pamag-itan nǎ isáng makapangyarihang bati, ay umupò na warìng isáng tao sa ibabaw nǎ isáng sillón na nag-aantáy sa kaniya. Saká pa lamang humintò ang mǎa artillero at tinugtóg nǎ orkesta ang pasimulá.

Ang ating mǎa nag-aaral ay nasa isáng palkong katapát nǎ kinalalagyán nǎ mananayaw na si Pepay. Ang palkong itó'y handóg ni Makaraig na nakipag-alám na sa babai upang mapalambót si D. Custodio. Nang hapong iyon ay sumulat si Pepay sa bantóg na mamamalagi, na nag-aantáy nǎ kasagutan at tinipanáng magtagpó silá sa dulàan. Dahil dito, kahit na pinakalabánlabanan ni D. Custodio ang operetang pransés, ay

naparoon din sa dulàan, bagay na naging sanhi ng mga pasaríng na pinatatamá sa kaniya ni D. Manuel, ang kaniyang malaon nang kalaban sa mga pulong ng Ayuntamiento.

—¡Naparito ako upang hatulan ang opereta!—ang tugón na wari'y isang Catón na nasisiyahan sa sariling budhi.

Si Makaraig nga ay nakikipaghudyatan sa tingin kay Pepay na ang ibig sabihin nitó'y mayroong ipababatid; at sa dahilang masaya ang mukha ng mananayaw, ay sinasapantaha na ng lahat na ang tagumpay ay napagtibay na. Si Sandoval, na kararating pa lamang na galing sa pagdalaw sa ibang palko, ay nagpatibay na ang kapasiyahan ay naging sang-ayon, at ng hapon ding yaon sinuri ng kataastaasang lupon at sinang-ayunan. Pawa ngang kagalakang lahat; sampu ni Pecson ay nakalimot sa kaniyang pagka di mapaniwalain sa mabubuting balita dahil sa namamalas na si Pepay ay nakangiting ipinakikita ang isang sulat; si Sandoval at si Makaraig ay kapuwa nagdudulutan ng maligayang bati, si Isagani lamang ang natitirang malamig at bahagya nang mangiti.

¿Ano ang nangyari sa binata?

Nang pumasok si Isagani sa dulàan ay nakita si Paulita sa isang palko at kinakausap ni Juanito Pelaez. Siya'y namutla't sinapantahang siya'y nagkamali. Nguni't hindi, sadyang ang binibini ang naroroon na bumabati sa kaniya ng isang masarap na ngiti samantalang ang magagandang matá'y waring humihinging tawad at nanangakong isasaysay ang sanhi noon. Sadya ngang silang dalawa'y nagkasundo na si Isagani muna ang papasok upang tingnan kung sa palabas ay walang anomang hindi nararapat mapanood ng isang binibini, at saká ngayon ay natagpuan doon na kasama pa namán ng kaniyang kaagaw. Ang dumanas sa káluluwa ni Isagani'y hindi maisasaysay: galit, panibughô, pagkaduhagi, pagdaramdam, ang bumayo sa kalooban ng binata: may sandaling ninasa na ang dulàan ay gumuhô; tinangkang humalakhak ng malakas, alimurahin ang kaniyang iniibig, hamunin ang kaniyang kaagaw, gumawa ng guló, nguni't ang naryari sa kaniyang loob ay ang umupong dahandahan na lamang at huwag tingnan ni minsan ang binibini. Nadinging ang mga munakala nina Makaraig at Sandoval, nguni't waring sa kaniya'y malalayong alingawngaw ang gayon: ang mga himig ng balse ay waring malulungkot at nakahahambal sa ganang kaniya; ang mga naroroon ay pawang hunggang at baliw, at makailang kinaingan niya ang magpigil upang maimpit ang pagluha. Bahagya na niyang napuna ang nangyari sa ginoong ayaw tumindig sa butaka at ang pagdating ng Capitan General; ang tinatanaw niya ay ang tabing ng paglalabasán na may pintang anyong daanan, sa pag-itan ng malalaking tabing na mapupula, na tanaw sa isang halamanang sa gitna'y may daluyan ng tubig. ¡Gaano kalungkot, sa wari niya, ang daanang yaon at gaano kalamlam nang anyo nang tanawin! Libo-libong pagbubulay na walang linaw ang sumisipot sa kaniyang alaala, na wari'y malalayong ulinigin ng tugtugang nadinging sa kinagabihan, wari'y himig ng isang awit ng panahon ng kabataan niya, alingawngaw ng ulilang kagubatan at mapapanglaw na batisan, mga gabing may buwan sa tabi ng dagat na nalalatag ng boong kalaparan sa harap ng kaniyang paningin.... At ang umiibig na binatang nag-aakalang napakasawing palad siya ay tumingatingala sa bubungán upang ang mga paták ng luhay huwag makapulas sa kaniyang mga mata.

Isang matinding pagakpakan ang nakapukaw sa kaniyang pag-iisip.

Kabubukas pa lamang ng tabing at nararap sa kaniyang mga mata ang masayang pulutong ng mga taong bukid sa Corneville na nangakasuot ng gorrang bulak at mabibigat na bakyang kahoy ang nasa paá. Ang mga babai, mga anim ó pitong dalaga, na may pahid na pulá sa mga pisngi't labi, may malalaking guhit na itim sa paligid ng mata upang lalong pakinangin ito, ay ipinamamalas ang kanilang mapuputing bisig, mga dalirang puno ng brillante at mga hitang mabibilog na wari'y nilalik. At samantalang inaawit ang mga salitang normando na *allez, marchez! allez, marchez!* ay nannganngiti ng tiyakan sa mga nasa butakang umiirrog sa kanila, kayat matapos na makatingin si D. Custodio sa palko ni Pepay, na wari'y ibig matunayang hindi ito gumagawa ng gayon din sa ibang nanngingibig, ay itinala sa kaniyang kalupi ang kahalayang iyon, at upang lalo pang matunayan ay iniyuko pa ng kaunti ang ulo upang makita kung ang ipinatatanaw ng mga artistang babai ay umaabot hanggang tuhod.

—¡O, ang mga pransesang ito!—ang kaniyang bulong, samantalang ang pag-iisip ay nagbubuko ng mga pagpapisparis at panukala sa isang dakong mataastaas pa ng kaunti.

*Quoi v'la tous les cancans d'la s'maine!*.... ang awit ni Gertrude, isang magandang dalaga na sumusulyap ng makahulugang sulyap sa Capitán General.

—¡Magkakaroon tayo ng *cancan!*—ang bulalas ni Tadeo, ang nakakuha ng unang ganting pala sa pranses sa kaniyang klase, at nakaulinig ng tinurang salita.—Manngagsasayaw ng *cancan*, Makaraig.

At masayang pinagkumos ang kaniyang mga kamay.

Sapól ng buksan ang tabing ay hindi inaalumana ni Tadeo ang tugtugin; wala siyang hinahanap kundí ang kahalayan, ang bagay na malaswa, ang salaulang anyo at kagayakan, at sa tulong ng kaunting pranses na kaniyang nalalaman ay tinatalasan ang pangdinging upang huwag mapalampás ang mga salitang malalansa na ipinamalitá ng mga mahihigpit na taga ayos ng bayan.

Si Sandoval, na nagsasabing mabuti siya sa pranses, ay naging wari tagasalin ng kaniyang mga kaibigan. Gaya rin ng nalalaman ni Tadeo ang kaniyang abot, nguni't malaki ang naitutulong sa kaniya ng mga salaysay ng katuturan na inilathala ng mga pahayagan, at ang iba pa'y natatakpan na ng sarili niyang bulaybulay.

—Oo—aniya—manngagsasayaw ng kankan at ang babai ang siyang mamamahalá.

Si Makaraig at si Pecson ay humanda na sa pakikimatyang at nannganngiti na hindi pa man. Si Isagani'y sa ibang poók tumingin, nakukutyang si Paulita ay nakadaló sa gayong pagtatanghal, at iniisip na dapat hamunin ng patayan sa kinabukasan si Juanito Pelaez.



Nguni't walang napala ang kaaantay ng ating mga binata. Dumating si Serpolette, isang kaigaigayang dalaga, na taglay rin ang gorrang bulak, na nanghahamón at matapang;

Hein! qui parle de Serpolette?

ang tanong sa mga dalahirà, at ang kamáy ay nasa baywang at ang astá'y matapang. Isang ginoo ang pumagakpak at pagkatapos ay sumunód ang lahat nang nasa butaka. Si Serpolette, kahi't hindi iniwan ang anyo niyang makisig na babai, ay tumingin sa unang pumagakpak at ginanti ito ng isang ngiti, na nagpakita ng maliliit niyang ngipin na wari'y isang collar na perlas na nakasilid sa isang lalagyang tersiopolong pulá. Sinundan ni Tadeo ang tingin at nakita ang isang ginoo, na may balatkayong miyas at may isang napakahabang ilong.

—¡Voto al chapiro!—aniya—¡si Irenillo!

—Oo—ang sagot ni Sandoval—nakita ko sa loob, na kausap ng mga artistang babai.

Siya nga, si P. Irene, na isang mawilihing lubha sa musika at nakatataho nang pranses, ay pinaparoon ni P. Salvi sa dulaan na wari'y isang polisiya sekreta; gayon ang kaniyang sabi sa mga taong sa kaniya'y makakilala. At gaya ng mabubuting manunuri na hindi nasisiyahang tingnan mula sa malayo ang mga bagaybagay, ay tinangkà niyang siyasin sa malapit ang mga artista; nakihalò sa pulutong ng mga mangliligaw at makikisig, pumasok sa bihasan na pinagdadausan ng mga satsatan at ang wikang pranses na ginagamit ay papilipit, wikang tindang pranses, salitang malinaw na malinaw sa babaing nagtintinda kailan ma't ang mamimili ay laan sa pagbabayad ng mabuti.

Si Serpolette ay nalilibid ng dalawang makiyas na opisial, ng isang mangdaragat at ng isang abogado, nang makitang súsuboksubok at pumapasok sa lahat ng pook at mga puwang ang isang mahabang ilong na waring sa tulong noon ay sinisiyasat ang mga kababalaghan ng palabasan.

Pinigil ni Serpolette ang pagsasalita, ikinunot ang kilay, itinaas, binuksan ang bibig, at dalá ang kaliksihan nang isang parisien ay iniwan ang mga humahança sa kaniya at tinakbong wari'y isang torpedo ang ating manunuri.

—Tiens, tiens, Toutau! mon lapin!—ang bulalas na hinawakan sa bisig si P. Irene at masayang inalóg-alóg ito samantalang ipinailanlang sa hanjin ang kaniyang mataginting na tingig.

—Chut, chut!—ang sabi ni P. Irene na nagpupumilit makapagkanlong.

—Mais, comment! toi ici, grosse bête! Et moi qui t'croisais....

—'Fais pas d'tapage, Lily! ¡il faut m'respecter! 'suis ici l'Pape!

Lubhang naghirap muna si P. Irene bago napahinuhod ang babai. Ang masayang si Lily ay lubhang *enchantee* sa pagkakatagpo sa Maynila sa isang dating kaibigan na nagpapaalaala sa kaniya ng mga coulisses ng dulaan ng Grande Opera. At yaon nga ang dahil kung kayat si P. Irene, sa pagtupad sa kaniyang katungkulang pagiging kaibigan at pagkamanunuri, ay nagsimula ng isang pagakpakan upang mapalakas ang loob ng babai: karapatdapat namán si Serpolette sa gayon.

Samantala'y inaanatay ng ating mga binata ang kankan; si Pecson ay nagkakandidilat, mayroon ng lahat ng bagay, ang kankan lamang ang walá. Nagkaroon ng isang sandali na kung hindi dumating ang isang taong may katungkulan ay magpapanuntukan na sana ang mga babai, mangagsasabunutan, dahil sa udyok ng mga taong nag-aantay, gaya ng ating mga nag-aaral, na makakita ng higit pa kay sa isang kankan.

Scit, scit, scit, scit, scit, scit,  
Disputez-vous, battez-vous,  
Scit, scit, scit, scit, scit, scit,  
Nous allons compter les coups.

Ang tugtugin ay humintò, nangagsialis ang mga lalaki, untiunting bumalik ang mga babai at nagsimula sila sa isang pag-uusap na walang nalinawang anomán ang ating mga kaibigan. Ang pinag-uusapan ay pagsira sa isang hindi kaharap.

—¡Animo'y mga makaw sa magpapansit!—ang sabing marahan ni Pecson.

—¿At ang kankan?—ang tanong ni Makaraig.

—¡Pinagtatalunan ang pook na lalong bagay na pagsayawan!—ang tugong walang katawatawa ni Sandoval.

—¡Animo'y mga makaw sa magpapansit!—ang ulit ni Pecson na masama ang loob.

Isang babaing kasama ang asawa ay pumasok ng mga sandaling iyon at lumuklok sa isa ng dalawang palkong walang lamán.

Ang galaw ay wari'y reina at tinitingnan nang pawalang bahala ang boong salas na waring ang ibig sabihin ay: "Nahulí pa ako kay sa inyó, talaksan ng mga tiwalí at malalayò sa tunog ng kampana, dumating akong hulí pa kay sa inyó". Tunay nga, may mga taong pumaparoon sa mga dulaan na kagaya ng mga burro sa takbuan: nananalo ang hulíng dumating. Nakakikilala kami ng mga taong lubhang matitinò na aakyat na muna sa isang bibitayan kay sa pumasok sa loob ng dulaan bago simulán ang unang bahagi. Nguni't ang katuwaan ng babai'y hindi nagluwat; nakita ang isang palko na walá pang lamán; ikinunot ang kilay at kinagalitan ang kaniyang mahal na kabiyak at nag-ingay nang di gayon na lamang kayat ang maraming naroon ay nangayamot.

—¡Sst! ¡sst!

—¡Ang mga hanjal! wari'y marurunong ng pranses!—anang babai na tumingin ng lubos na paalipusta sa lahat ng dako at tumitig sa palko ni Juanito na sa akala niya'y doon nadingig na nagbuhat ang isang walang

pitagang sst.

Sadyâ nǵang si Juanito ay may kasalanan; sa simulâ pa'y kunwarìng nauunawà niyáng lahá at umaastáng nǵuminǵití, tumatawa at pumapagakpák nǵ tamà, na warìng waláng nakakakawalá sa kaniyá sa mǵa sinasabi. Gayóng hindí siyá umaalinsunod sa kilos nǵ mǵa artista sapagká't bahagyâ nǵ tumanáw sa pinaglalabasán. Sinasadyâ nǵ mapagbirô ang pagsasabi kay Paulita, na, dahil sa mayroon namáng lalò pang magagandá ay ayaw siyáng mapagod sa pagtinǵín sa malayò.... Si Paulita ay namumulá, tinatakpán nǵ pamaypáy ang mukhá at palihím na tumitinǵín sa kinalalagyán ni Isagani, na hindí tumatawa ni pumapagakpák at nanonood na hindí pinúpuná ang palabás.

Si Paulita ay nagdamdám nǵ samâ nǵ loob at panibughô; ¿naiibigan kayâ ni Isagani ang mǵa mapanuksóng mǵa artistang iyon? Ang pag-aakalàng itó'y nakapagpasamá nǵ kaniyáng ulo kayâ't bahagyâ nang nadinǵíg ang mǵa pagpuring ginawâ ni aling Victorina kay Juanito.

Gináganáp na mabuti ni Juanito ang kaniyáng tungkulin; maminsan minsan ay umíling, tandâ nǵ dí kasiyahang loob, at sa gayón namán ay nakadidingǵíg nǵ ubuhan, alínǵawnǵaw sa iláng pook; kung minsan ay nǵuminǵití, tumátanǵô at makaraan ang sandalí'y umuugong ang pagakpakan. Si aling Victorina ay wilíngwilí at nagkaroon na tulóy nǵ hanǵad na pakasal sa binatà sa araw na si D. Tiburcio ay mamatáy. ¡Si Juanito ay marunong nǵ pransés at si de Espadaña ay hindí! ¡At nagsimulâ na sa pagpapatanáw nǵ lambíng sa binatà! Nǵuni't hindí náupuná ni Juanito ang pagbabagong lakad, dahil sa minamatyagán ang isáng manǵanǵalakal na katalán na nasa siping nǵ konsul na suiso: si Juanito na nakakita sa kanilá na nag-uusap sa wikàng pransés ay umaalinsunod sa nábabakás sa mukhá nǵ dalawá at sa gayóng paraan ay nakapang-úulól nǵ buòng buò.

Nagsunód sunód ang mǵa pangyayari, ang mǵa tao'y nagsunód sunód sa paglabás, mǵa masasayá at mapagpatawá gaya nǵ *bailli* at ni Grenicheux, mǵa dugông mahal at nakalúlugod gaya nǵ markés at ni Germaine: ang mǵa nanonood ay nagkátawanang mabuti dahil sa tampál ni Gaspard na patungkol sa duwag na si Grenicheux nǵuni't ang nakátanggáp ay ang mahinahong *bailli*, sa peluka nitóng umilandang, sa kaguluhan at sa kainǵayan nang ibabâ ang tabing.

—¿At ang kankán?—ang tanóng ni Tadeo.

Nǵuni't agád na itínaas ang tabing at ang tagpúan ay nagíng anyòng tiange nǵ mǵa alilà, may tatlong halíng kinalalagyán nǵ mǵa sagisag at may daláng mǵa pahayag na *servantes*, *cochers* at *doméstiques*. Sinamantalá ni Juanito ang pagkakátaón, at, malakás na sinabi kay aling Victorina upang mádinǵíg ni Paulita at itó'y manalig sa kaniyang karununǵan.

—Ang kahulugan nǵ *servantes* ay mǵa *sirviante*, ang *doméstiques* ay *doméstico*....

—¿At anó ang kaibhán nǵ mǵa *servantes* sa mǵa *doméstiques*?—ang tanóng ni Paulita.

Si Juanito'y hindí nanǵuntí.

—*Doméstiques* ang mǵa *domesticado* ó napaamò na: ¿hindí ba ninyó náupuná na ang ilán ay may astáng taong gubat? Iyan ang mǵa *servantes*.

—¡Siya nǵa namán!—ang dugtóng ni aling Victorina—ang ilán ay may masasamáng kilos.... at ang akalà ko pa namán na sa Europa ay pawàng may máaayos na ugali at.... nǵuni't sa dahiláng nangyayari sa Francia.... ¡nákikita ko na!

—¡Sst, sst!

Nǵuni't ang kagipitan ni Juanito ay nang dumatíng ang oras nǵ pagtatawarán at binuksán ang halang, ang mǵa alilàng nagpápaupá ay nanǵagsilagáy sa piling nǵ kaníkaniláng mǵa pahayag na nagpapakilala nǵ kaniláng kinaukulan. Ang mǵa alilà, mǵa sampû ó labíng dalawá, na anyòng magagaspáng, nanǵakasuót nǵ libra at may daláng isáng sanǵáng maliit sa kamáy, ay nanǵagsilagáy sa ilalim nǵ pahayág na *doméstiques*.

—¡Iyán ang mǵa maaamò na!—ang sabi ni Juanito.

—Tunay nǵâ na ang mǵa astâ ay warìng hindí pa nalalaunan ang pag-amò—ang banggít ni aling Victorina—¡tingnán natin ang mǵa hindí pa lubós na amò!

Makaraan yaón, ang labíng dalawáng dalaga na pinanǵunǵuluhan nǵ masayá't maliksíng si Serpolette, na ang mǵa suót ay ang lalòng maiinam niláng kagayakan, ang bawà't isá'y may isáng malakíng kalanǵi sa baywáng, masasayá, nanǵakanǵití, malulusog ang katawán, mabighani, ay nanǵagsilagáy sa piling nǵ haligi nǵ mǵa *servantes*.

—¿Bakit?—ang tanóng na palagáy na palagáy ni Paulita—¿iyán bagá ang mǵa taong bundók na inyóng sinasabi?

—Hindí—ang tugóng waláng katigatigatig ni Juanito—nanǵagkámali.... nanǵagkápali.... Iyáng mǵa hulíng dárating.

—¿Iyáng mǵa dumáratíng na may mǵa daláng látigo?

Patanǵong sumagót nǵ oo si Juanito na hindí mápalagáy at nagugulumihanan.

—¿Kung gayón ay ang mǵa dalagang iyán ang mǵa *cochers*?

Isáng nápakalakás na ubó ang sumagì kay Juanito na nakayamót tulóy sa iláng nanónood.

—¡Lumayas iyán! lumayas ang natútuyô!—ang sigáw nǵ isáng boses.

¿Natútuyô? ¿Tawagin siyáng natútuyô sa haráp ni Paulita? Ibig makita ni Juanito ang may masamáng dilà upang ipalamon dito ang pagkatuyô. At nang makitang humáhadláng ang mǵa babai ay lalòng tumapang at lumakí ang loob. Salamat na lamang at si D. Custodio ang siyang nagsabi nǵ tagláy na sakít at

sa panġinġilag na mápuna ay nagwawalâng bahalàng wari'y isinusulat ang pagtuligsâ sa dulâ.

—¡Kundî lamang kasama ko kayó!—ang sabi ni Juanito na pinagalâw ang mġa matá na gaya nġ iláng manikà na nagpapagalâw sa pabató nġ mġa orasán. At upang lalò pang máhawíg ay manakânakáng inilalawít ang kaniyang dilâ.

Nang gabíng yaón ay nagíng matapang at mapuri siya sa matá ni aling Victorina kayâ't ipinasiya na nitó sa loob nġ kaniyang dibdíb na pakasal sa kaniyá pagkamatáy na pagkamatáy ni D. Tiburcio.

Si Paulita ay untíuntíng lalòng nalulungkót dahil sa pag-ísip na kung bakit ang mġa babaing iyon na tinatawag na *cochers* ay nakaakit kay Isagani. Ang salitâng *cochers* ay nagpapaalaala sa kaniya nġ iláng bangít na ginagamit nġ mġa kolehiala upang ipahiwatig ang isáng wari'y damdamin kung silásilá ang nag-uusap.

Natapos din ang unang bahagi at dinalá nġ markés na parang alilà si Serpolette at si Germaine, ang nagtatagláy nġ anyòng mahinhín nġ samahan, at pinakakotsero ang hanġal na si Grenicheux. Isáng matunóg na pagakpakan ang nagpabalík na manġagkakawit sa kamáy, sa mġa artista, na may mġa iláng sandalí pa lamang ang kararaan na nanġaghahabulán at nanġag-aaway; nanġagsisiyukó sa lahát nġ dako nġ mairugíng nanonood na taga Maynilà at ang mġa babai'y nakipagtapunán nġ titig sa iláng nanonood na lalaki.

Samantalang naghaharì ang kaguluhan na gawâ nġ mġa pag-uunahán sa pagtunġo sa bihisán upang dulutan nġ maligayang batì ang mġa artista, at nġ mġa tumutunġo namán sa mġa palko upang bumati sa babai, ang ilán ay nagpapahayag nġ kaniláng mġa pasiyáng ukol sa dulâ at sa mġa artista.

—Hindî mapag-aalinlanġanang si Serpolette ang tanġing mabuti—ang sabi nġ isá na umanyòng matalino.

—Ibig ko si Germaine, isáng bulagáw na kaibigibig.

—¡Walâ namáng bores!

—¿At anó ba ang gágawín ko sa bores?

—Kung sa inam nġ katawán, ay ang mataas!

—¡Psh!—aní Ben-Zaib—ang lahát ay waláng kakabukabuluhán, walâ isá mang artistang matatawag.

Si Ben-Zayb ay siyáng mánunuligsâ nġ "*El Grito de la Integridad*" at ang kaniyáng anyòng mapagpawaláng kabuluhán ay nagbibigáy sa kaniyá nġ katanġian sa matá nġ mġa nasisiyahán na sa kakaunting bagay.

—¡Ni si Serpolette ay may bores, ni si Germaine ay may kariktáng kumilos, ni iyan ay músika, ni arte, ni anómáng bagay na may kabuluhán!—ang ipinangtapós na salitâng ang anyò ay lubós na mapagwaláng bahalâ.

Upang makapagpangġáp na mabuting manunuligsâ ay waláng ibáng mabuting paraan liban sa pintasán ang lahát. Dalawáng billete lamang ang ipinadalá nġ may arì nġ palabás sa Pásulatán.

Sa mġa palko'y ipinagtátanóng kung sino ang may arì nġ palkong waláng lamán. Linalúan noon ang lahát sa *chic*, sapagká't siyáng hulíng dárating.

Hindî maalaman kung saan nagbuhat ang balità na ang palko ay kay Simoun. Ang bulunġan ay napatunayan. Waláng nakákita sa manghihiyas ni sa butaka, ni sa bihisán, ni saan mang dako nġ dulàan.

—¡Dátapwâ'y nákita kong kasama ni Mr. Jouy kanġinang hapon!—ang sabi nġ isá.

—At nag-alay nġ isáng pamuti sa liig sa isá sa mġa artistang babai....

—¿Sa kanġino sa kanilá?—ang tanóng nġ iláng babaing mausisâ.

—Sa mabuti sa lahát, ang sinúsundán nġ tinġín nġ Capitán General.

Tinġinang makahulugán, kindatan, bulalás na pag-aalinlanġan, pagpapatunay at mġa salitâng paputólputól.

—¡Ibig mag sa Monte-Cristo!—anáng isá na ibig masabing mapagbasá.

—¡O taga dulot-kailanġan nġ *Real Casa*!—ang dugtóng nġ lumalanġit sa nagsalitâ na naninibughô na kay Simoun.

Sa palko nġ ating mġa nag-aaral ay naiwan si Pecson, si Sandoval at si Isagani. Si Tadeo ay lumapit kay D. Custodio upang itó'y libanġín samantalang si Makaraig ay nakikipagkita kay Pepay.

—Walâ, gaya nġ sinabi ko sa inyó, kaibigang Isagani—ang pahayag ni Sandoval na nagkikilós nġ masagwâ, pinatatamis ang bores upang mádingíg siya nġ mġa binibining nasa palkong kalapít, ang mġa anak nġ mayamang may utang kay Tadeo—walâ, hindî tagláy nġ wikàng pransés ang mayamang tunóg niyang sarisari at maalindóg na tagintíng nġ wikàng kastilâ. Hindî ko mawari, hindî ko mahakà, hindî ko malirip ang ayos nġ mġa mánanalumpatíng pransés at nag-aalinlanġan akó sa paniniwalà na nagkaroon at magkaroon nġ alinsunod sa sadyâng kahulugán nġ salitâ, sa loob nġ sadyâng matatawag na mánanalumpatí. Sapagká't huwag nating pagkámalan ang salitâng mánanalumpatí at salitâng mananatsát at madaldal. Sa lahát nġ bayan ay mangyayaring magkaroon nġ mġa mananatsát at madaldal, sa lahát nġ pook nġ sangsínukob na tinitirahan nġ tao, sa gitnâ nġ mġa malalamíg at waláng imík na mġa inglés, gaya rin namán sa malikót at maramdaming pransés....

At ipinatuloy ang isáng mainam na pagsasalaysáy nġ ukol sa mġa bayan na sinamahan nġ kaníkaniláng nakaiigayang mġa hilig at mġa taguríng matagintíng. Si Isagani'y sumasang-ayon sa pamag-itan nġ pagtanġô, samantalang inaalala si Paulita na kaniyáng náhuling nakatingín sa kaniyá nġ isáng tinġíng

nanġunġusap at may ibig sabihing maraming bagay. Ibig hulàan ni Isagani ang tinuturingan nġ mġa matáng iyon; ġiyón ang tunay na nagsasabi nġ maraming bagay at hindi mapanatsát!

—At kayó na isáng makatà na umaalinsunod sa tunóg at sukat, anak nġ mġa Musa—ang patuloy ni Sandoval na ikinumpáy nġ magandang kilos ang kamáy, na waring binatì sa abot nġ tinġín ang siyam na magkakapatíd—¿máaakalà bagá ninyó na sa isáng wikàng nápakasalát at waláng katunógtunóg na gaya nġ pransés ay mangyayaring magkaroon nġ mġa makatàng nápakalalakíng gaya nġ ating mġa Garcilaso, nġ ating mġa Herrera, nġ ating mġa Espronceda at mġa Calderón?

—Gayón mán—ang banggít ni Pecson—si Victor Hugo....

—Si Victor Hugo, kaibigang Pecson, si Victor Hugo, sakali't makatà, ay sapagká't utang niya sa España.... sapagká't kilalá na, isáng bagay na hindi mapag-aalinlanġanan, bagay na tinátanggáp nġ sampung mġa pransés na nanġaiingít sa España, na kung si Victor Hugo ay may mataas na pag-iisip, kung makatà, ay sa dahiláng sa Madrid siya nanirahan noong kaniyang kabatàan, doon násimsím ang mġa unang buko nġ pag-iisip, doon nabuô ang kaniyang utak, doon nagkakulay ang kaniyang paghahakà, ang kaniyang pusò'y naayos at sumipót ang mġa magagandang buko nġ kaniyang pagkukurò. At sakâ ang isá pa ay ¿sino si Victor Hugo? ¿Maipapantáy bagá sa ating mġa bago....?

Nġuni't ang pagdating ni Makaraig na ang anyô'y malungkót at may isáng mapaít na nġití sa labì ay pumutol sa salaysáy nġ mánanalumpatí. Pigil ni Makaraig ang isáng papel na iniabót kay Sandoval nang waláng kaimík-imík.

Binasa ni Sandoval:

“*Palapati*: Ang sulat mo'y náhulí; iniharap ko na ang aking pasiya at sinang-ayunan. Gayón man, dahil sa waring nahulàan ko na ang iyong nasà, ay linutas ko ang salitàan nang alinsunod sa nais nġ iyong mġa kinakandili.

Paparoon akó sa dulàan at aantabayanan kitá sa paglabás.

Ang iyong masuyóng lapati,

CUSTODINING.”

—ġKay buti nġ taong iyán!—ang bulalás ni Tadeo na halos malungkót.

—At nġayón?—ang sabi ni Sandoval—walâ akong bagay na masamang nakikita dito, kundí bagkús pa nġâng mabuti!

—Oo,—ang sagót ni Makaraig na ang nġití'y mapaít—ġnalutas nġ sang-ayon sa kahilingan! ġKatatapos ko pa lamang sa pakikipagkita kay P. Irene!

—¿At anó ang sabi ni P. Irene?—ang tanóng ni Pecson.

—Gaya rin nang sabi ni D. Custodio, at nanġahás pa ang tampalasan na akó'y handugán nġ maligayang batì! Ang Lupong kumanyá nġ kapasiyahan nġ may palagay ay sang-ayon sa balak at naghahandóg nġ maligayang batì sa mġa nag-aaral dahil sa kaniláng pag-ibig sa ináng bayan at nasàng makapag-aral....

—¿Kung gayón?

—Lamang; sa pag-aalaala sa ating mġa gawâin, at upang huwag mapawakawak ang layon, ang sabi, ay inaakalàng nararapat na ang pamamahalà at pagsasagawâ nġ binabalak ay isakamáy nġ isá sa mġa “corporación,” kung sakaling hindi ibigin nġ mġa dominiko na másama sa Universidad ang akademia.

Bulalás na samâ nġ loob ang sumalubong sa mġa salitang itó: si Isagani ay tumindíg, nġuni't waláng anománg sinabi.

—At upang mákitang tayo'y kalahók sa pamamahalà sa akademia—ang patuloy ni Makaraig—ay ipinagaganáp sa atin ang paniningíl nġ mġa ambagan at abuloy, na katungkulan nating ibigáy sa isáng inġat-yaman na ihahalál nġ “corporación” mamámahalà, at ang inġat-yamang iyon ay magkakaloob sa atin nġ katibayan nġ pagkakatangġáp....

—ġKung gayó'y magigíng kabisa tayo!—ang sabi ni Tadeo.

—Sandoval—ang sabi ni Pecson—naiyan ang *guantes*, saluhín ninyó!

—ġPuf! iyan ay hindi *guantes*, nġuni't dahil sa amóy ay nâwawankí sa isáng midiás.

—At ang lalòng mainam—ang patuloy ni Makaraig—ay ang turò ni P. Irene, na tayo'y magpigíng ó kayâ'y magdaos nġ isáng panapatang may mġa sulò, dahil sa pangyayari; isáng pagpapahayag nġ pagpapasalamat nġ mġa nag-aaral sa mġa taong nakilahók sa usap na itó.

—Siya nġâ, matapos ang palò, ay umawit tayo at magpasalamat! *Super flumina Babylonis sedimus!*

—ġOo, isáng pigíng na gaya nġ sa mġa bilanggò!—ang sabi ni Tadeo.

—Isáng pigíng na tayong lahá at nakaluksâ at bumigkás tayo nġ mġa talumpating ukol sa patáy—aní Sandoval.

—Isáng panapatan na ang tutugtugín ay ang *Marsellesa* at mġa *marcha fúnebre*,—ang palagáy ni Isagani.

—Huwag, mġa ginoo—ang turing ni Pecson na gamit ang kaniyang tawang bunġò—upang ipagsayá ang pangyayari ay walâ nġ lalòng kapit kay sa isáng pigíng sa magpapansít na ang maglilingkód ay mġa insík na waláng barò, nġuni't waláng barò!

Dahil sa ang palagáy ay lubós na mapanġutyâ at nápakagaspáng ay tinanggáp; si Sandoval ang unaunang pumagakpák; malaon nġ ibig niyang mákita ang loob nġ mġa tindahang iyon na kung gabí'y waring masasayá at maraming tao.

At ang tumutugtóg pa namán nang orkesta upang simulán ang panğalawáng bahagi nang tumindíg ang ating mğa binatà na iniwan ang dulàan sa gitnâ nğ pagkakamanghâ nğ lahát nğ nároroon.

## ISÁNG BANGKÁY

Si Simoun ngâ ay hindî naparoon sa dulàan.

Sapól sa ika pitó ng gabí ay umalís nang ligalíg at mapanglâw sa kaniyang bahay: nakita siyang makálawáng pumasok na ang kasama'y ibá't ibáng tao; ng ika waló ay nakita siya ni Makaraig na may binábantayán sa daang Hospital, sa kalapít ng konbento ng Sta. Clara, nang kasalukuyang tinútugtóg ang mġa kampanà ng simbahan; nang iká siyam ay nákita siyang mulí ni Camaroncocido sa paligid ng dulàan na nakípag-usap sa isáng wari'y nag-aaral, pumasok at mulíng lumabás, at nawalá sa dilím na ibinibigáy ng mġa punò.

—At anó sa akin?—ang sabing mulí ni Camaroncocidó—zanó ang mahihitá kó sa pagsasabi sa bayan?

Si Basilio, gaya ng sabi ni Makaraig, ay hindî rin nanood ng palabás. Ang kaawàawang nag-aaral sapól ng manggaling sa San Diego upang tubusin sa pagkaalilà ang kaniyang katipang si Hulí, ay mulíng hinaráp ang kaniyang mġa aklát, ang panahón niya'y dinádaan sa hospital, sa pag-aaral ó sa pagkakalinġa kay kapitáng Tiago, na binábaka ang sakít nitó.

Ang may sakít ay nagíng ugaling bugnót; sa kaniyang masasamang sandalí, kapag nanglambót dahil sa kakauntian ng apian na pinupunyagí ni Basilióng mapahinà, ay sinusumbatán itó, sinásaktán, minumura; tinitíis ni Basilio na kinakalamay ang loob dahil sa batíd na ang kaniyang ginágawâ ay ikabubuti ng pinagkakautang niya ng malakí, at kung gipít na gipít na lamang sakâ napapahinuhod; matapos masiyahan ang gawi, ang masamang hilig, ay bumubuti ang ulo ni kapitang Tiago, nalulumbáy, tinatawag siyang anák, nápapaiyák sa pag-aalala sa paglilinkód ng binatà, ang mabuting panġanġasiwà sa kaniyang mġa paupaháng bahay at sinasabing siya niyang pamamanahan; malungkót na napapanġití si Basilio at iniisip na sa buhay na itó'y ginagantí pa ng mabuti ang pag-ayo sa masamang hilig kay sa pagtupád sa katungkulan. Hindî bibihirang náisip niyang pabayàan nang lumubhá ang sakít at patunġuhin sa libinġan ang nag-aampón sa kaniyá, sa isáng landás na kinalatan ng bulaklák at magagandang larawan, kay sa pahabàin ang buhay sa pamag-itan ng pagtitipíd.

—ġHanġál na tao akó!—ang madalás na sabi sa sarili—ang karamihan ay hanġál at yayamang nagbabayad...

Nguni't iniíling ang ulo at inaalaala si Hulí, ang malawak na kinabukasang nasa sa kaniyang haráp; iniisip niyang mabuhay nang hindî dudunġisan ang kaniyang budhí. Ipinatutuloy ang panġanġalagang takdá at nagbabantáy.

Gayón man, ang may sakít ay lumulubhang untiuntí sa araw araw. Si Basilio, na nagpasiyang untián ng untián ang nahihitít ó kung dí man ay hindî pinapayagang humitít ng higit kay sa karaniwan, ay nátatagpúan niya sa panggagaling sa hospital ó sa isáng pagdalaw na nákatatulo ang may sakít ng mabigát na tulog ng naápián, na naglálaway at namumutláng wari'y patáy. Hindî mahulò ng binatà kung saan nanggagaling ang apian; ang mġa tanġing nagsisidalaw sa bahay ay si Simoun at si P. Irene, ang una'y bibihirang pumaroon, at itó namang isá'y walang humpáy sa pagbibilin sa kaniyá na higpitán at huwag babaguhin ang panġanġalagà at huwag punahín ang mġa pagkamuhí ng maysakit, sapagká't ang unang dapat ganapin ay ang máiligtás.

—Tumupád kayó sa inyóng katungkulan, binatà,—ang sabi sa kaniya—tumupád kayó sa inyóng katungkulan.

At binibigyan siyá ng isáng muntîng *sermon* na ukol sa bagay na iyón, sa pamag-itan ng isáng boóng pananalig at sigabó, na si Basilio'y nagkákaroón tulóy ng pagkalugód sa nanġanġaral. Bukód sa roón ay pinapanġakuan siyá ni P. Irene ng isáng mabuting mapapasukan, isáng mabuting lalawigan, at pinabanaagan pa sa kaniyá ang pangyayaring siyá'y máhalál na katedrátiko. Si Basilio namán, kahit hindî napadadalá sa mġa pag-asa, ay nagpápakunwarîng naníniwalà at sumúsunód sa iniuutos ng sarili niyang budhí.

Nang gabíng iyón, samantalang itinátanghál ang *Les Cloches de Corneville*, si Basilio ay nag-aaral sa haráp ng isáng matandang dulang, sa tulong ng liwanag ng isáng ilawáng lanġís, na ang pantallang bubog na malabò ay nakatátakíp at nakadídilím sa kaniyang mukhá. Isáng lumang bunġò, ilang butó ng tao, at ilang makakapál na aklát na mabuti ang pagkakahayan ay siyang nakakalat sa dulang na mayroón pang isáng palanganang tubig at isáng esponha. Isáng amóy apiang nanggagaling sa kanugnóg na silíd, ay nakapagpábigát sa hanġin at nakapagpápaantók sa kaniyá, nguni't ang binatà'y naglálabán sa pamag-itan ng pagbasà manakánakâ sa kaniyang noo't mġa matá, handâ sa hindî pagtulog hanggang sa matapos ang aklát. Iyó'y isáng bahagi ng *Medicina Legal* at *Toxicologia* ni Dr. Mata, isáng aklát na kaniyang náhirám at dapat isauli sa may-ari sa lalóng madalíng panahón. Ang katedrátiko ay ayaw magturò ng hindî alinsunod sa kumathang iyón at si Basilio ay walang sapát na salapí upang makabilí ng aklát na iyón sapagká't sa dahilang yaón ay bawal ng mġa tagasuri sa Maynilà at kailanġan ang suhulan ang maraming kawani upang maipasok, ay malaking halagá ang hiníhinġi ng mġa mang-aaklát. Buhós na buhós ang pag-iisip ng binatà sa kaniyang pag-aaral, kayâ't hindî man pinansín ang ilang mumuntîng aklát na ipinadalá sa kaniyang galing sa labás na hindî maalaman kung saan, mġa aklát na tumutukoy sa Pilipinas, na doo'y kasama ang sa kapanahunang iyón ay siyang nápupuná ng lahát dahil sa masamá at kalait-lait na pagpapalagáy sa mġa anák ng bayan. Walang kapanápanahón si Basilio upang silá'y mabuksán; marahil ay nakapípigil din sa kaniyá ang pag-aalala na hindî masaráp ang tumanggáp ng isáng pag-alímura ó isáng paghamon at hindî makapagtanggól ó makatugón. Noon ngâ, ang paglilitis sa anó mang lathalà, ay nagpapabayang dustáin ang mġa pilipino, nguni't ipinagbabawal sa mġa itó ang sumagót.

Sa gitnâ n̄ katahimikang naghaharì sa bahay, na nabubulahaw lamang sa iláng mahínàng paghíhilík na galing sa kabiláng silíd, ay nakádingíg si Basilio n̄ madalás na yabág sa hagdanan, m̄ga yabág na dumaan sa *caída* at tun̄go sa kaniyang kinalalagyan. Itinaás niya ang kaniyang ulo, nákitang nábukás ang pintúan at sumipót ang mapangláv na anyô ni Simoun, sa gitnâ n̄ kaniyang pagkakamanghâ.

Mulâ sa pagtatagpô nilá sa S. Diego, ay hindí pa nakikipagkita si Simoun, ni sa binatà, ni kay kapitang Tiago.

—¿Anó ang lagáy n̄ may sakít?—ang tanóng na tiningnáng sumandalí ang silíd at nápatitig sa m̄ga mumuntîng maninipís na aklát, na aming binanggít, na hindí pa napuputol ang m̄ga dahon.

—Ang tibók n̄ pusò ay babahagyâ... ang pulsó ay mahinàngmahinà... pagkain, ay hindí makakain n̄ anómán,—ang tugóng marahan ni Basilio na malungkót ang n̄gítí—sa magmamadalíng araw ay pinagpapawisan n̄ katakot-takot.

At sapagká't nakikitang si Simoun, dahil sa tun̄go n̄ mukhâ, ay nakatingín sa m̄ga tinurang mumuntîng aklát at sa pan̄gingilag na mulíng mábanggit ang pinag-usapan sa gubat, ay nagpatuloy:

—Ang boóng katawán ay nakakalatan na n̄ lason; bukas ó makalawá ay mangyayaring mamatáy na warì'y tinamàán n̄ lintik... ang lalòng maliit na sanhí, isáng waláng kabuluháng bagay, isáng sulák n̄ kalooban ay mangyayaring makamatáy sa kaniyá...

—¡Gaya n̄ Pilipinas!—ang mapangláv na sabi ni Simoun.

Hindí napigil ni Basilio ang isáng n̄giwí, at sa dahiláng ipinasiya na niya ang huwag mulíng mapag-usapan ang bagay, ay nagpatuloy na warì'y waláng anománg nádingíg:

—Ang lalòng nakapagpapahinà sa kaniyá ay ang m̄ga pagpapanaginíp, ang kaniyang m̄ga pagkatakot...

—¡Gaya n̄ pamahalàan!—ang mulíng turing ni Simoun.

—May iláng gabí nang nágising n̄ waláng ilaw at inakalàng siya'y nabulag; nangguló n̄ katakottakot, naghinagpís at linait akó na ang sabi'y dinukit ko ang kaniyang m̄ga matá... Nang pumasok akóng may daláng ilaw ay pinagkámalan akóng si P. Irene at tinawag akóng kaniyang tagapagligtás...

—¡Waláng pinag-ibhán sa pamahalàan!

—Kagabí—ang patuloy ni Basilio na nagbibin̄gibin̄gihan—ay nagban̄gon at hiningí ang kaniyang manók, ang kaniyang manók na may tatlóng taóng patáy na, napilitan akóng bigyán siyá n̄ isáng inahín, at n̄ magkágayon ay pinakapuripuri akó't pinan̄gakúan n̄ libolibo...

Nang m̄ga sandalíng iyon ay tumugtóg ang isáng orasán n̄ ikasampû't kalahatì.

Si Simoun ay kinilabutan at pinigil ang binatà sa isáng kilos.

—Basilio—ang marahang sabi—pakinggán ninyó akóng mabuti, sapagká't ang m̄ga sandalíng itó'y lubháng mahalagá. Nakikita kong hindí man ninyó binuksán ang m̄ga aklát na ipinadalá ko; walâ kayóng paglinggap sa inyóng bayan...

Ang binatà'y nagtangkáng man̄gatwiran.

—¡Hindí na kailan̄gan!—ang matigás na patuloy ni Simoun—Sa loob n̄ isáng oras ay susulák ang himagsikan sa isáng hudyát kó, at bukas ay walâ na ang pag-aaral, walâ nang Universidad, walâ kundí labanán at patayan. Inihandâ ko na ang lahát at hindí mahahadlan̄gan ang aking tagumpáy. Kapag kami'y nanaíg, lahát niyong makatutulong sa amin at hindí kumilos, ay aaring kalaban. ¡Basilio naparito akó upang ialók sa inyó ang inyóng kamatayan ó ang inyóng tūtun̄guhing kinabukasan!...

—¡Ang aking kamatayan ó ang aking kinabukasan!—ang ulit na warì'y waláng nalilinawan.

—Sa piling n̄ pamahalàan ó sa piling namin—ang sabi ni Simoun—sa m̄ga sumisiil ó sa inyóng bayan. ¡Magpasiya kayó sapagká't tumátakbó ang panahón! ¡Naparito akó upang kayó'y ilitás alang-alang sa m̄ga alaalang nagtali sa atin!

—¡Sa m̄ga mániniil ó sa aking bayan!—ang marahang ulit.

Ang binatà'y litó; tinitingnán ang manghihiyas n̄ matáng kinalalarawanan n̄ pagkasindák, naramdamáng ang kaniyang m̄ga paa't kamáy ay nanglálamíg at libo-libong nagkakasalimuut na pagkukurò ang nagdáraán sa kaniyang pag-iisip; nakikitang ang m̄ga lansan̄gan ay nagdadanak sa dugò, nádidingíg ang putukan, nápapagitnâ siyá sa m̄ga patáy at sugatán at ¡katan̄gi tan̄ging lakás n̄ hilig! nakikita niyang siyá, na suót ang damít sa paggawâ, ay nagpúputól n̄ m̄ga hità't nag-áalis n̄ m̄ga punlò.

—Hawak ko ang kalooban n̄ pamahalàan—ang patuloy ni Simoun—aking ipinará at inaksayá ang kauntí niyang lakás at magugugol sa m̄ga halíng na pagsalakay, at sinilaw ko siyá sa kapakinaban̄gáng máduduwít; ang m̄ga pan̄gulo niyá ay tahimik na nan̄gasa dulàan n̄gayón at nan̄galílibáng sa pag-iisip n̄ isáng gabíng lipus kasayahan, n̄guni't waláng isá mang hihilig na mulí sa unan... Mayroón akóng m̄ga *regimiento* at m̄ga taong nasa aking kapamahalàan, pinapaniwalà ko ang ilán na ang may utos n̄ panghihimsik ay ang General, ang ibá'y pinaniwalà kong ang m̄ga prayle ang may kagagawán; ang ilán ay binilí ko sa pan̄gakò, sa katungkulan, sa salapí; ang marami, ang maraming marami ay kikiilos upang makagantí, sapagká't nan̄gasisiil at sa dahiláng nátatayò sa kalagayang mamatáy ó pumatáy... Si kabisang Tales ay nasa sa lupà at sinamahan akó hanggáng dito! Inuulit ko sa inyó ¿sásama kayó sa amin ó ninanasà ninyó ang málaán sa pagdaramdám n̄ aking m̄ga kabig? Sa m̄ga sandalíng mapan̄ganib ang hindí pag-ayon sa kanino man ay isáng paglagáy sa kamuhíán n̄ dalawang pangkát na magkalaban.

Makáiláng hinaplós ni Basilio ang kaniyang mukhâ na waríng ibig mágising sa isáng ban̄gun̄got; náramdamáng ang kaniyang noo'y malamíg.

—¡Magpasiyá kayó!—ang ulit ni Simoun.

—¿At anó.... ang kailanġan kong gawín?—ang tanóng na ang tinġig ay pipí, baság, mahinà.

—Isáng bagay na lubhâng madalí—ang tugón ni Simoun na ang mukhá'y naliwanagan nġ isáng sinag nġ pag-asa—sa dahiláng pamamahalaán ko ang kilusán, ay hindi ko maiiwan ang alín mang labanán. Kailanġan ko, na samantalang ang kaguluhan ay nasa ibá't ibáng pook nġ siyudad, ay panġuluhan ninyó ang isáng pulutóng, igibâ ang pintúan nġ Sta. Clara at kunín ninyó doon ang isáng tao na liban na sa akin at kay kapitáng Tiago ay kayó lamang ang makakákilala.... Kayó'y hindi mápapanġanib.

—¡Si María Clara!—ang bulalás nġ binatà.

—¡Oo, si María Clara!—ang ulit ni Simoun, at noon lamang nagkaroon nġ tunóg na malungkót at malumanay ang kaniyang tinġig—ibig ko siyang ilitás, upang ilitás lamang siya kung kayâ ninasà ko ang mabuhay, nagbalík akó.... ¡ginawâ ko ang hímagsíkan sapagká't ang isáng himagsíkan lamang ang makapagbubukás sa akin nġ pintô nġ mġa kombento!

—¡Ay!—ani Basilio na pinagduóp ang kamáy—¡náhulí kayó, lubhâng hulí!

—At ¿bakit?—ang tanóng ni Simoun na ikinunót ang kilay.

—¡Si María Clara ay namatáy na!

Sa isáng lundág ay nápatindíg si Simoun at hinandulong ang binatà.

—¿Namatáy?—ang tanóng na ang tinġig ay nakapanġinġilabot.

—Kaninang hapon, ika anim; nġayón marahil ay....

—¡Hindi totoó!—ang sigáw ni Simoun na namumutlá't ang matá'y nanglílisis—¡hindi totoó! ¡Si María Clara ay buháy, si María Clara ay kailanġang mabuhay! Iyan ay isáng duwag na pagdadahilán.... ¡hindi mamámatáy, at nġayóng gabí'y ilíligtás ko siya ó bukas ay patáy kayó!

Ikinibít ni Basilio ang kaniyang balikat.

—May iláng araw nang nagkasakit at akó ay pumaparoon sa kombento upang makibalitâ. Tingnán ninyó, náríto ang sulat ni P. Salvi na dalá rito ni P. Irene. Magdamág na nag-iiyák si kapitang Tiago na hinahagkán at hiníhinġáng tawad ang larawan nġ kaniyang anák hanggáng sa natapos sa paghitít nġ maraming apian.... Kaninang hapon ay tinugtóg ang kaniyang *agonías*.

—¡Ah!—ang bulalás ni Simoun na piniglán nġ dalawáng kamáy ang ulo at nápahintô.

Naaalaala nġang nakadinġig siya nġ tugtóg nġ *agonías* samantalang nanunubok sa paligid nġ kombento.

—¡Patáy!—ang mahinàng bulóng na warìng ang nagsasalitâ'y isáng anino—¡patáy! namatáy nang hindi ko man lamang nákita, namatáy nġ hindi nalalamang akó'y nabubuhay nang dahil sa kaniyá, namatáy nġ nagtitiis!....

At sa pagdaramdám nġ isáng sigwáng kalagímلاغím, isáng sigwáng may kulóg at buhawi na waláng paták nġ ulán, hinagpís na waláng luhà, sigáw na waláng salitâ, nagnġanġalit sa kaniyang díbdíb at nagtatangkáng umapaw na warí'y bugá nġ bolkán na malaong natimpí, ay biglàng umalís sa kinalalagyáng silid. Nádinġig siya ni Basilio na pumápánaog nġ hagdán, na ang lakad ay waláng tuto; nádinġig ang isáng timpíng sigáw, sigáw na warìng nagsasabi nġ pagsapit nġ kamatayan, malalim, katanġitanġi, kahambál-hambál, kayâ't ang binatà'y tumindíg na namumutlá't nanġinġiníg sa kinauupán, nġuni't nádinġig ang yabág na papalayô at ang pintô sa daan na nag-umugong sa pagkakásarâ.

—¡Kaawàawàng tao!—ang bulóng at ang kaniyang mġa matá'y napunô nġ luhà.

At hindi na naalaala ang pag-aaral, at ang tinġín ay sa malayò, ay iniisip-isip ang kapalaran nġ dalawáng iyon: ang isá'y binatà, mayaman, bihasá, malayà, nakapagpapasiya sa sariling kabuhayan, may magandang kinabukasan, at ang babai'y kasinggandà nġ isáng panġarap, malinis, lipús pananalig at waláng kamalayan sa lakad nġ kamunduhán, nákakadóng sa mġa giliw at nġití, nalalàan sa isáng maligayang pamumuhay, na sambahín nġ kaniyang mġa kaanak at igagalang sa mundó, nġuni't gayón man, ang dalawáng iyon na lipus nġ pag-ibig, punô nġ mġa adhikâ't pag-asa, dahil sa isáng sawíng kapalaran, ang lalaki'y naglalagalág sa boong lupalop na tanġáy nġ ipo-ipong dugô at luhà, naghahasík nġ kasamaán at hindi kabutíhan, inaapí ang kabaitan, at inaayò ang masamáng hilig, samantalang ang babai ay naghihinġalò sa dilím na mahiwagâ nġ *claudio* na kaniyang pinasukan sa paghanap nġ kapayapàan, nġuni't mġa pagbabatâ marahil ang nátagpò; malinis at waláng bahid dunġis nang siya'y pumasok at naghinġalò siya roong warí'y bulaklák na lugs....

¡Humimbíng kang mapayapà, sawíng anák nġ aking waláng kapalarang bayan! ¡Dalhín mo sa libinġan ang kariktán nġ iyong kabatàan, na linantá sa gitná nġ paglusog! Kapag ang isáng bayan ay hindi makapaghandóg sa kaniyang malilinis na dalaga nġ isáng payapàng tahanan, sa pagkupkóp nġ banal na kalayàan; kapag ang tanġing maipamamana nġ lalaki sa kaniyang balo ay kahihiyán, pag-luhà sa iná at kaalipinán sa mġa anák, mabuti nġa ang kusàin ninyó ang huwag nang magbungâ, at lunurin na sa inyóng tiyan ang binhí nġ mġa kalaitlait na iaanák. Ah, mabuti ka na, na hindi ka manġinġilabot sa iyóng libinġan sa pagkádinġig nġ sigáw nġ mġa naghihinġalò sa kadilimán, nġ mġa nakababatid na silá'y may pakpák nġuni't nanġakagapos, nġ mġa naiinis dahil sa waláng kalayàan. Tumunġo ka na kaakbáy nġ mġa panġarap nġ makatà sa kalanġitang waláng hangan, anino nġ babaing nábanaag sa isáng sinag nġ buwan, na ibinúbulong nġ maigkás na kawayanán.... ¡Mapalad ang mamatáy nġ mayroong umiyyak, nġ nag-iiwan sa pusò nġ sa kaniyá'y umiibig nġ malinis na gunitâ, isáng banal na alaala, na hindi nadunġisan nġ karumaldumal na sigabó nġ kalooban na lalòng lumálakí sa katagaláng panahón! ¡Sumulong ka, aalalahanin ka namin! Sa malinis na simuy nġ ating bayan, sa ilalim nġ kaniyang lanġit na bugháw, sa ibabaw nġ alon nġ lawàng nakukulóng nġ bulubunduking kulay sápiro at baybaying esmeralda; sa kaniyang malilina na batisan na nilililiman nġ mġa punòng kawayan, hinihiyasan nġ mġa bulaklák at binibigyáng buhay nġ mġa tutubí't paróparó sa kaniláng waláng tunġo at malikót na pagliliparan na warìng



nanġagsisipaglarô sa hanġin; sa katahimikan nġ ating mġa gubat, sa awit nġ ating mġa batisan, sa buhos na brillante nġ ating mġa talón nġ tubig, sa maningning na liwanag nġ ating buwán, sa mġa buntóng hiniġá nġ hanġin sa gabí, sa isáng sabi, sa lahát nġ bagay, na makapagpapaalala sa larawan nġ ginigiliw, ay makikita ka naming ġaya nġ pinanġarap naming anyô mo na marilág, magandá, nakanġitġing ġaya nġ pag-asa, kasinglinis nġ liwanag, dátapwâ'y malungkót at mapighatġing tinátanáw ang aming karumaldumal na kalagayan.

XXIV  
MGA PANĜARAP

¡Amor, qué astro eres?

Nang kinabukasan, isáng araw n̄ huwebes, bago lumubóg ang araw, ay naglálakád si Isagani sa liwaliwang María Cristina na tunĝo sa Malecón, upang dumaló sa itinipán sa kaniyá ni Paulita n̄ umagang iyón. Waláng pag-aalinlanĝan ang binatà na ang kaniláng pag-uusapan ay ang nangyari sa gabíng nagdaán, at sa dahiláng siyá'y handáng hinĝán n̄ paliwanag ang binibini at alám niyá ang pagkamataás at ugaling matigás nitó ay ináasahan na ang isáng pagkakasirâ. Dahil sa pananakaling itó ay tinagláy niyá ang dalawáng bugtóng na sulat ni Paulita, dalawáng kaputol na papel, na bahagyáng kinatataláan n̄ iláng talatàng madalian ang pagkakatatik, na may iláng lamas at dí lubháng ayos ang pagkakasulat, mĝa bagay na hindí nakahadláng upang silá'y pakainĝatan n̄ binatàng nanĝinĝibig na higit pa kay sa silá'y naging sulat ni Safo ó n̄ musa Polimnia.

Ang pagtalagáng itó na pawiin ang pag-ibig sa nĝalan n̄ karanĝalan, ang hanĝád na magtiís makatupád lamang sa katungkulan, ay hindí nakapigil na sumalakay kay Isagani ang isáng matindíng kalungkutan at makapagpaalaala sa kaniyá noong magagandáng umaga at mĝa gabíng lalò pa mandíng magagandá, na siláng dalawá'y nagbulunĝan n̄ matatamis na kahanĝalán sa mĝa pag-itan n̄ saláng bakal n̄ *entresuelo*, mĝa kahanĝaláng sa ganang binatà, ay may kahulugán at katuturán na waring silá ang mĝa tanĝing salitâ na dapat pakinggán n̄ lalóng mataás na pang-unawà n̄ tao. Iniisip ni Isagani ang mĝa paglalakaran, ang mĝa gabíng may buwán, ang peria, ang mĝa madalíng araw n̄ Disyembre matapos ang *misa de gallo*, ang agua bendita na karaniwang kaniyáng iniábót at pinasasalamatán namán n̄ binibini sa pamag-itan n̄ isáng tinĝing punò n̄ isáng boóng pagsintá, at kapuwâ silá nanĝinĝilabot pagtatamà n̄ kaniláng mĝa daliri. Matutunóg na buntónghininĝá na waring maliliit na kuwitis ang pumupulas sa kaniyáng dibdíb at sumásalagimsim sa kaniyá ang lahá't n̄ banggít n̄ mĝa makatà't manunulat na ukol sa pagkasalawahan n̄ babai. Sa loob niyáng sarili'y isinúsumpâ ang pagkakátayô n̄ mĝa dulàan, n̄ operetang pransés, ipinanĝanĝakòng gagantihán niyá si Pelaez sa lalóng madalíng panahón. Lahát n̄ nasa paligid ay waring malungkót at maiitim ang kulay sa ganáng kaniyá; ang dagatan ay ulila't nag-íisá, lalò pa mandíng wari'y nag-íisá dahil sa kadalangán n̄ mĝa daóng na nakahintô roon; ang araw ay lulubóg sa likurán n̄ Mariveles nang waláng anománg kagandahan at kariktán, walâ ang mĝa ulap na sarisari ang ayos at mayaman sa kulay n̄ mĝa hapong magagandá; ang monumento ni Anda, na waláng kaayos ayos, marálitâ't bagól, na waláng anyô, waláng kalakhán: wari'y isáng sorbetes ó mabuti na ang magíng isáng pastel; ang mĝa ginoong nanĝagliliwaliw sa Malecón, kahì't na may mĝa anyóng nasisiyahang loob at masasayá, ay waring masusunĝít, mapagmataás at mĝa hambúg sa ganang kaniyá; malilikót at waláng pinag-aralan ang mĝa batáng naglalarô sa dalampasigan na pinatalón sa alon ang mĝa batóng lapád sa tabí n̄ dagat, ó kayâ'y nanĝagháhanáp sa buhanĝinán n̄ mĝa susò at kokomo na hinuhuli n̄ waláng patumanggâ at pinápatáy n̄ walá namáng pakinabang; sa isáng sabi, sampû n̄ waláng katapusáng paggawâ n̄ daonĝan, na pinatungkulán niya n̄ mahigít sa tatlong tulâ, ay waring isáng bagay na waláng kabuluhan, kahalayhalay, gawáng batà, sa ganang kaniyá.

—Ang daonĝan, ¡ah! ang sadsaran n̄ Maynilà, isáng *bastardo* na mulâ't sapol n̄ ipaglihí ay nagpaluhà na sa lahá't dahil sa panĝunĝuntí't kahihiyán! Kung hindí man lamang sana mangyari na matapos ang maraming pagluhà ay huwag lumabás na karimarimarim ang bunĝang sisipót!

Nagpugay n̄ hindí ininó ang dalawáng hesuita na naging mĝa gurô niya; bahagyâ nang nápuna ang isáng *tandem* na ang lulan ay isáng amerikano at kinaingitán n̄ iláng makisig na nagpapalakad n̄ kaniláng mĝa kalesa; nang nálalapít sa monumento ni Anda ay nadinĝig si Ben-Zayb na may kausap at ang pinagsasalitáan ay si Simoun na nang gabíng nakaraán ay bigláng nagkasakit; si Simoun ay ayaw tumanggáp n̄ anomang dalaw, sampû sa mĝa alagád n̄ General.

—¡Iyan!—ang bulalás ni Isagani na nápanĝiti n̄ malungkót—diyan, ang mĝa pakitang loob, sapagká't mayaman.... Nĝuni't sa mĝa sundalong sugatín at may sakít na galing sa pagsalakay ay waláng dumadalaw!

At sa pag-iisíp sa mĝa pagsalakay na itó, sa kapalaran n̄ mĝa kaawàawang sundalo at sa pakikipaglapan n̄ mĝa taga kapuluan na ayaw pasakop sa dayuhan, ay náisip ang pagtimbang n̄ mĝa pagkamatáy, na, kung ang sa mĝa sundalo ay dakilâ sapagká't tumútupad sa kaniláng katungkulan, ang sa mĝa taga kapuluan ay maluwalhati sapagká't ipinagtátanggol ang kaniláng tinubùan.

—¡Katakátakáng kapalaran ang sa iláng bayan!—aniya—Sapagká't ang isáng manglalakbáy ay lumunsád sa kaniyáng dalampasigan, ay nawawalán na silá n̄ kalayàan at nagigíng sakóp ó alipin, hindí lamang n̄ manglalakbáy, hindí lamang n̄ mĝa nagmamana sa mĝa itô, kundí n̄ kanilá pang mĝa kababayan, at hindí sa isáng panahón lamang kundí sa boóng buhay na! ¡Katakátakáng pag-unawà sa katwiran! Ang kalagayang itó'y nagbibigáy n̄ malakíng karapatán upang lipulin ang lahá't n̄ dayuhan na wari'y siyáng lalóng mabanĝis na hayop na maitatapon n̄ dagat!

At inisipisip, na, ang mĝa taga pulóng iyón, na kabaka n̄ kaniyáng bayan ay waláng ibáng kasalanan kundí ang tagláy na kahinàan. Ang mĝa manglalakbáy ay lumunsád din namán sa dalampasigan n̄ ibáng bayan; nĝuni't sa dahiláng nátagpûang malalakás ay hindí pinagtangkâan n̄ kaniláng katanĝi-tanĝing hanĝád. Kahì't na mahihinà ay minámagandá niya ang ipinamamalas, at ang panĝalan n̄ mĝa kalaban, na hindí kinaliligtaáng lagyán n̄ kakabit na duwag at dí mapagtapát n̄ mĝa pamahayagan, ay ipinalalagáy niyang mĝa panĝalang magitíng, sapagká't namámatáy sa gitná n̄ kadakilàan sa paanan n̄ mĝa gibáng muog n̄ kaniláng dí wastóng kutà, mĝa dakilâ pa kay sa matatandang bayaning taga Troya; ang mĝa nasa pulóng iyon ay hindí nagnakaw n̄ isá mang Elenang pilipina. At sa kaniyáng kasigabuháng loob sa pagkamakata, ay iniisip ang mĝa kabinatàan sa mĝa pulóng iyon na nanĝagkakapuri sa matá n̄ mĝa babai

doon, at dahil sa siyá'y nanġinġibig, na may nasàng mawalâ sa mundó, ay kinaiinggitán niyá ang mġa kabinatàang iyón na nakakatagpò nġ isáng dakilàng pagpapatiwakál. At nábulalás na:

—¡Ah! Ibig kong mamatáy, mauwí sa walâ, iwanan ang aking bayan nġ isáng dakilàng panġalan, mamatáy nġ dahil sa kaniyá, siyá'y ipagtanggól sa pagdagsâ nġ mġa dayuhan at pagkatapos ay tanglawán nġ araw ang aking bangkáy na warí'y tanod na walàng kilos sa mġa talampás nġ dagat!

At ang pakikilaban sa mġa alemán ay pumasok sa kaniyáng alaala, at halos dinamdám niyá ang pagkakasawatâ nġ gayón; namatáy sana siyá nġ boong kasiyaháng loob sa piling nġ watawat nġ kastilà't pilipino, bago sumukò sa dayuhan:

—Sapagká't sa España—aniya—ay nabibigkís kamí nġ mahigpít, dahil sa nakaraan, sa kasaysayan, sa pananampalataya, sa wikà....

¡Ang wikà, oo, ang wikà! Isáng palibák na nġiti ang nalarawan sa kaniyáng mġa labì; nġ gabíng yaon ay mayroon siláng gagawíng isáng pigíng sa *magpapansit* upang *ipagdiwang* ang pagkamatáy nġ Akademia nġ wikáng kastilà.

—¡Ay!—ang buntóng-hiniġá niyá—¡kapág ang mġa labusáw sa España ay kagaya nġ mġa náririto, sa madalíng panahón ay mabibilang nġ Ináng bayan ang mġa nagtátapát sa kaniyá!

Ang gabí'y untí-untíng lumálaganap at dahil doo'y nararagdagan ang kapighatian sa pusò nġ binatà, na walâ nang pag-asa halos na makita si Paulita. Iniiwan na nġ mġa naglìwalíw ang Malecón upang tumunġo sa Luneta, na ang iláng bahagi nġ tinutugtóg doon nġ músika ay nakararatíng na dalá nġ masaráp na hanġin sa hapon hanggáng sa kinalalagyán nġ binatà; ang mġa marino nġ isáng pangdigmáng dagat, na nakahimpíl sa ilog, ang gumágawâ nġ mġa paghahandáng ukol sa gabí, na, nanġagsisiakyát sa lubid na warí'y mġa gagambá; ang mġa daóng ay untí-untí nang naglálagáy nġ kaniláng ilaw na nagbíbigáy buhay doon at ang dalampasigan

Do el viento riza las calladas olas  
Que con blando murmullo en la ribera  
Se deslizan veloces por sí solas.....

na sinabi ni Alaejos, ay bumúbugá sa dakong malayò nġ manipís na sinġaw na ginágawâng warí'y kayong madalang at matalinghagâ nġ liwanag nġ buwan, na noon ay kabilugan.....

Isáng malayòng dagunót ay nádingġig, dagunót na untíuntíng lumálapít: luminġón si Isagani at ang kaniyáng pusò'y tumibók nġ malakás; isáng sasakyáng batak nġ dalawáng kabayong putí ang dumarating, ang mġa kabayong putíng makikilala niyá sa gitná nġ sandaanglibo. Sa sasakyán ay nakalulan si Paulita, si aling Victorina at ang kaibigang kasama nġ gabíng nakaraán.

Bago makahakbáng ang binatà'y nakaibís nang biglá si Paulita at nġinitian si Isagani nġ isáng nġitíng lubós na pakikipagkásundò; si Isagani'y nápanġiti namán at sa warí niyá'y napawíng parang usok ang lahát nġ ulap, ang lahát nġ masusunġít na akalàng sa kaniyá'y sumalakay; may mġa liwanag ang lanġit, awit ang hanġin at bulaklák ang nakakalat sa mġa damó nġ nilalakaran. Ang masamá lamang ay naroroon si aling Victorina, si aling Victorina na kaylan ma't náikikita ang binatà'y hindi binibitiwan upang pagtanunġán nang balitang ukol kay D. Tiburcio. Tinungkol ni Isagani ang pagtuklás nġ kinalalagyán sa pamag-itan nġ mġa nag-aaral na kakilala niya.

—Walâ pang makapagsabi sa akin hanggá nġayón—ang sagót, at katotohanan nġâ ang kaniyáng sinasabi, sapagká't si D. Tiburcio ay nagtatagò pa namán sa bahay nġ amaín nġ binatà, sa bahay ni P. Florentino.

—Ipabalitâ ninyó sa kaniyá—ang sabing galít na galít ni aling Victorina—na ipinahahanap ko siya sa guardia sibil; sa patáy man ó sa buháy ay ibig kong matantò kung saan naroon.... ¡sapagká't iyang panġanġailanġang mag-antáy nġ sampûng taón bago makapag-asawa ang isáng gaya ko!

Gulilát na nápatinġín sa kaniyá si Isagani; iniisip ni aling Victorina ang pakasal. ¿Sino kayâ ang kulang palad?

—¿Anó ba ang pagkámásíd ninyó kay Juanito Pelaez?—ang bigláng tanóng nġ babai.

—¿Si Juanito?....

Hindi matumpakán ni Isagani ang isásagót; nġanínġaní nang ibig sabihin ang lahát nġ kasamàán ni Pelaez na kaniyáng batíd, nġuni't ang pagkamapagbigáy ay siyang nagharì sa kaniyáng pusò at ang sinabi'y pawàng pagpuri sa kaagáw, sa dahiláng kaagáw nġâ niya. Dahil sa gayón ay tuwángtuwâ at magalák na pinakapuri ni aling Victorina ang mġa kabutihán ni Pelaez, at gágawín na sanang katapatang loob si Isagani tungkol sa kaniyang panibagong pag-ibig, nang dumatíng na tumatakbo ang kaibigan ni Paulita upang sabihin na ang pamaypáy nito'y nahulog sa mġa batóng nasa pasigan, sa kalapít nġ Malecón. Pakaná ó pagkakataón, nġuni't ang pangyayaring itó'y nagbigáy daan upang ang kaibigan ay mâtirang kasama nġ matandang babai at si Isagani namán ay mangyaring makipag-alaman kay Paulita. Sa isáng dako namán ay ikinalulugód ni aling Victorina ang gayón, at upáng maiwan sa kaniyá si Juanito, ay linúluwagán ang pagligaw ni Isagani.

Mayroon nang handáng paraan si Paulita; nang magpasalamat ay nagpakunwaríng may pagkamuhí, may samâ nġ loob, at ipinahiwatig, sa isáng paraang lubhâng mahinhín, na siya'y nagtataká sa pagkakatatagpò doon sa binatà, gayóng ang lahát nġ tao'y nasa Luneta, sampû nġ mġa artistang pransesa.

—Tinipanán ninyó akó, ¿papanong hindi....?

—Gayón man, kagabí'y hindi man ninyó nápunang akó'y nasa dulàan; sa boóng itinagál nġ palabás ay minámatyagán ko kayó at hindi ninyó hinihíwalayan nġ tinġín iyóng mġa babaing *cochers*....

Nagkápali't ang kalagayan; si Isagani na náparoon upang humingí nǎ paliwanag ay siya pang nagbigáy at sumaligaya siyáng lubós nǎ tinuran ni Paulita na siya'y pinatatawad. Tungkól sa pagkakaparoon nǎ babai sa dulàan, ay dapat pang pasalamatán sa kaniyá; siya, sa kápipilit nǎ inali, ay pumaroon lamang sa pag-asang mákikita ang binatà sa boong palabás. ¡Gaano ang pagkutyâ niya kay Juanito Pelaez!

—¡Ang aking ali ang nakakaibig!—ang sabi na kasabáy ang masayang halakhák.

Kapuwâ nagtawanan; ang pagkákasal ni Pelaez kay alíng Victorina ay ipinagkatuwâ niláng mabuti at halos namamalas na niláng nangyari; nǎguni't naalala ni Isagani na si D. Tiburcio ay buháy at ipinagkátíwalà ang lihim sa kaniyang giliw, matapos na mapapanǎkòng hindí sasabihin kahì't kanino. Si Paulita'y nanǎkò, nǎguni't sa sarili'y tangká ang sabihin sa kaibigan.

Ang bagay na itó'y siyáng naglipat nǎ usapan sa bayan ni Isagani, na nalilibid nǎ kagubatan at nálalagáy sa baybayin nǎ dagat na nag-uumugong sa paanan nǎ matataas na talampás.

Ang matá ni Isagani ay nagliliwanag sa pagbanggít sa liblib na sulok na iyon; ang sigáw nǎ pagmamakatanǎi ay nagpapapulá sa kaniyang pisinǎi, nanǎinǎiníg ang kaniyang boses, ang kaniyang damdaming makatà ay sumusulák at ang mǎa salitá'y pumupulás na mainit, punò nǎ sigabó na waring ang pag-ibig nǎ kaniyang pag-ibig ang tinuturan, kayâ't hindí nakapigil sa pagbulalás nǎ:

—¡Oh! ¡Sa iláng nǎ aking mǎa kabundukan ay dinadanas ko ang pagkamalayà, malayàng gaya nǎ simuy, gaya nǎ liwanag na waláng sagkáng kumakalat sa sangsinukob! ¡Libo mang bayanán, libo mang palasyo ay ipagpapalit ko sa sulok na iyón nǎ Pilipinas, na malayò sa mǎa tao, ay dinadanas ko ang tunay na kalayàan! ¡Doón, kaharáp ang mǎa sadyàng likás, kaharáp nǎ hiwaǎ at nǎ waláng katapusán; nǎ kagubatan at nǎ karagatan, ay nag-íisip akó, nagsasalitá at gumagawâ nang gaya nǎ isáng taong waláng kinikilalang panǎinoón!

Si Paulita, sa haráp nǎ gayóng sigabó nǎ kalooban dahil sa bayang kinákitaan nǎ unang liwanag, sigabóng hindí kilalá, siya na hirating makádinǎig nǎ pag-alipustâ sa kaniyang bayan at maminsan minsang siyá'y nakíkiayon sa gayón, ay nagpahalatâ nǎ kaunting warì'y panibughò sa paraang paghihinampó na gaya nǎ dati.

Nǎguni't madalí siyáng napapayapà ni Isagani.

—¡Oo!—ang sabi—siyá'y iniibig ko nǎ higít sa lahat nǎ bagay noong hindí pa kitá nakikilala! Ibig na ibig ko ang magliklík sa kagubatan, humimbíng sa lilim nǎ mǎa punò, umupò sa unǎós nǎ isáng talampás upang saklawín nǎ tinǎin ang Pasípiko na sa harapán kó'y hinahalò ang kaniyang mǎa bugháw na alon, at inihahatíd sa akin ang mǎa awit na natutuhan sa mǎa dalampasigan nǎ malayàng Amérika.... Bago kitá mákilala, ang dagat na iyon ay siyáng aking mundó, aking lugód, aking pag-ibig, aking mǎa panǎarap. Kapag nahihimbíng nǎ mapayapà at ang araw ay nagniningning sa kaitaasan, ay ikinalulugód ko ang pagtanáw sa banǎing nasa sa aking paanan na may limánpung metro ang lalim, at hinahanap ko ang mǎa kahanǎhanǎng hayop sa kagubatan nǎ mǎa bulaklák nǎ bató at mǎa koraless na naaaninag sa bugháw na tubig, ang malalakíng serpiente na, alinsunod sa sabi nǎ mǎa taong bukid, ay umaalís umanó sa gubat upang manahanan sa dagat at doo'y magpakálakí.... Sa kináhapunan, na, umanó'y, siyáng paglabás nǎ mǎa sirena, ay sinusubukan kong masigasig sa pag-itan nǎ mǎa alon, na minsan, ay waring namalas ko silá sa gitná nǎ bulá at doo'y nanǎaglalarò; maliwanag na nadidinǎig ko ang kaniláng mǎa awit, awit na ukol sa kalayàan, at naulinigan ko ang tunóg nǎ kaniláng matagintíng na alpá. Noong araw ay dumádaan akó nǎ mahahabàng sandalí sa pagmamalas nǎ pagbabagobagong anyò nǎ mǎa ulap, sa pagmamalas sa punòng nag-iisá sa kapatagan, sa isáng talampás, na hindí ko maunawà ang sanhi nǎ pagkakagayón, na hindí mákilalang lubós ang damdaming yaon na ginigising sa aking kalooban. Madalás na akó'y pinagsasalaysayán nǎ mahahabàng panǎaral nǎ aking amaín at sinasabing dadalhin akó sa isáng manggagamot dahil sa bakâ akó'y magkaróon nǎ sakit na mapanglawin. Dátapwâ'y nákita kitá, kitá'y iniibig, at sa pagpapahinǎng ito sa pag-aaral ay waring may isáng bagay na walá sa akin nǎ akó'y nároon, ang kagubatan ay madilím, malungkót ang ilog na umaagos sa kagubatan, ang dagat ay nakaínip, ang abot nǎ malas sa dakong kalookan ay waláng anománg bagay... ¡At! kung máparóon ka lamang doón, kahì't miminsan, kung tungtungán nǎ mǎa paa mo ang mǎa landás na iyón, kung kanawín nǎ dulo nǎ iyóng mǎa dalirì ang tubig nǎ mǎa batisan, kung tingnán mo ang dagat, maupò ka sa talampás at pahiginǎin mo ang hanǎin sa pamag-itan nǎ iyong mahihimig na awit, ang aking kagubatan ay magigíng Edén, ang agos nǎ batisan ay aawit, sisipót ang liwanag sa kusim na dahon, magigíng batóng brillante ang mǎa paták nǎ hamóg at magigíng perlas ang mǎa bulá nǎ dagat!

Nǎguni't nádinǎig ni Paulita na upang makarating sa bayan ni Isagani ay kailanǎng magdaán sa mǎa bundók na maraming maliliít na lintà, at dahil sa bagay na itó, ay kiníkilig na ang duwág. Dahil sa gawí na niya ang ayaw mapagod at sa dahiláng siyá'y malayaw ay sinabing maglalakbáy lamang siyá kung naka-karwahe ó naka-tren.

Si Isagani, na nakalimot na sa lahat nǎ kaniyang mapaít na pagpapalagáy sa mǎa bagay bagay at walá nang nákikita sa lahat nǎ dako kundí bulaklák na waláng tiník, ay sumagót na:

—Sa loób nǎ dí mahabàng panahón ang lahat nǎ pulò'y makakalatan nǎ mǎa daáng bakal,

Na lubháng matuli't  
halos parang hanǎin  
na pagdaraanán  
niyóng *ferro-carril*,

gaya nǎ sabi nǎ isáng sumulat; at sa gayón, ang mǎa sulok nǎ sangkapulúan ay mabubuksán sa lahat....

—Sa gayón, nǎguni't ¿kailan? Kung akó'y hukluban na....

—¡Bah! Hindi mo batíd ang magagawâ natin sa loob n̄g iláng taón—ang sagót ni Isagani—hindi mo batíd ang lakás at ang sigabó na maibibigáy n̄g bayan matapos ang daan daang taóng pagkáhimbíng.... Nililínġap tayo n̄g España; ang kabinatàan nating nasa Madrid ay gumagawâ gabí't araw at iniuukol sa tinubùan ang boô niláng katalinuhan, ang lahát n̄g sandalí n̄g kaniláng kabuhayan, ang lahát n̄g kaniláng kaya; ang m̄ġa mahahabaging tinġíg doon ay nakikisapì sa ating tinġig, m̄ġa polítiko na nakababatíd na waláng mabuting bigkís kundí ang pag-iisá sa kabuhayan at sa damdamin: kinikilala ang ating katwiran at ang lahát n̄g bagay ay nagpapahiwatig n̄g isáng magandáng kinabukasan n̄g madlá.... ¡Tunay n̄ġâ at katatapos pa lamang na kapagtítikím n̄g isáng muntíng pagkabigó, kamíng m̄ġa nag-aaral, n̄ġuni't ang tagumpáy ay untíuntí nang lumalaganap sa lahát n̄g layunín.... nasa sa budhî na n̄ġ lahát! Ang taksíl na pagkatalong aming tinamó ay nagpapatunay n̄ġ m̄ġa hulíng hinġá, n̄ġ hulíng kilíng n̄ġ mamámatáy! Bukas ay māmamayan kamí n̄ġ Pilipinas na magandá na ang tutunġuhin sapagká't málalagáy sa m̄ġa mairugíng kamáy; ¡Oo! ang kinabukasan ay amin, nákinikínitá ko nang kulay rosa, nakikinikínitá kong ang pagkilos ay magbibigáy buhay sa dakong itó na laong panahóng patáy, náhihimbíng.... Nákinikínitá ko ang pagsipót n̄ġ m̄ġa bayan sa kalapít n̄ġ m̄ġa daáng bakal, at sa lahát n̄ġ pook ay may m̄ġa pagawàan na gaya noong nasa Mandaluyong!.... Nádidinġíg ko na ang pagsipol n̄ġ bapor, ang dagudóng n̄ġ m̄ġa tren, ang ugong n̄ġ m̄ġa mákina.... namamalas kong pumápaitaas ang usok, ang kaniyáng malakás na hinġá, at nálalanġáp ko ang amóy n̄ġ lanġís; ang pawis n̄ġ m̄ġa kahanġàhanġàng kasangkapan na waláng tígil sa paggawâ.... Ang daonġang iyan, na may mahinàng pagkayari, ang ilog na iyan na warì'y pinaghíhinġalúán n̄ġ panġanġalakal, ay mákikita nating punô n̄ġ albor at maglalarawan sa atin n̄ġ panahón n̄ġ taglamíg sa kagubatan n̄ġ Europa.... Ang malunas na simoy na itó at ang malilinis na batóng iyán ay mapupunô n̄ġ uling, n̄ġ m̄ġa kaha at barriles na gawâ n̄ġ tao; dátapwá'y waláng kailanġan! maglalakbáy tayo n̄ġ madalian, sa m̄ġa maluluwág na sasakyán, upáng hanapin sa dakong loob ang ibáng simuy, ang ibáng tanawin sa ibáng dalampasigan, m̄ġa lalòng malalamíg na sinġáw sa m̄ġa paanan n̄ġ kabundukan.... Ang m̄ġa *acorazado* ay siyáng magbabantáy sa ating m̄ġa baybayin: ang pilipino at ang kastilà ay mag-uunahán sa pagpupunyangíng gapiin ang anománg pagdagsá n̄ġ m̄ġa taga ibáng lupáin, upang ipagtanggól ang inyóng m̄ġa tahanan at bayàan kayóng matuwâ at mabuhay n̄ġ mapayapà, na ginígliw at iginagalang. Ligtás na sa paraang panghihitít, waláng samâ n̄ġ loob at pag-aalinlanġan, ang bayan ay gágawâ na, sapagká't kung magkakágayón ay hindi na makaduduhagi ang paggawâ, hindi na magiging panġanġayupapà, na warì'y takdá sa alipin; sa gayón ay hindi na pasasamáin n̄ġ kastilà ang kaniyáng ugali sa tulong n̄ġ m̄ġa hanġaring maghariharian at, tapát ang tinġín, malusog ang pusò, ay mag-aabutan kamí n̄ġ kamáy, at ang panġanġalakal, ang paggawâ, ang pag-aani, ang karununġan ay magnanawnáw sa lilim n̄ġ kalayàan at n̄ġ m̄ġa kautusáng tuwid at pantáy pantáy na gaya n̄ġ sa mayamang Inglatera.....

Si Paulita ay nánġinġitíng warì'y alinlanġan at iníling ang ulo.

—¡Panġarap, panġarap!—ang buntóng hiniġá—nádinġíg kong sinasabi na kayó'y maraming kalaban.... Ang sabi ni tia Torina ay alipin magpakailán man ang bayang itó.

—Sapagká't ang ali mo'y isáng hanġál; sapagká't hindi maaarìng siyá'y mabuhay nang waláng alipin, at kung walâ siyá noon ay pinápanġarap ang sa dárating na panahón, at kung hindi mangyari ay binubukobuko sa sariling gunitâ. Tunay n̄ġâng mayroón kamíng m̄ġa kalaban, na magkákaroón n̄ġ tunggalian, n̄ġuni't kamí ang magtátagumpáy. Mangyayaring gawíng waláng wastóng kanlunġan n̄ġ matandáng kaparaanan ang m̄ġa duróg na muog n̄ġ kaniláng m̄ġa kastilyo, amin siláng gagapiing umaawit n̄ġ kalayàan, sa haráp n̄ġ inyóng m̄ġa malas, sabáy sa pagakpák n̄ġ inyóng m̄ġa kamáy na aming minámahal! Sa isáng dako'y hindi ka dapat manġanib; ang labanán ay mapayapà; sukat na ang iabóy lamang ninyó kamí sa pag-aaral, gisinġin ninyó sa amin ang maranġál at mataas na pag-iisip at udyukán ninyó kamí sa pagtatamán, sa kagitinġán, na ang pinakaganti'y ang inyóng paggiliw!

Tagláy dín ni Paulita ang kaniyáng nġitíng mahiwagà at waring nag-íisip; nakatanáw sa dako n̄ġ ilog, at tinatapíktapík n̄ġ pamaypáy ang pishġí.

—¿At kung walâ kayóng mápalâ?—ang tanóng na waring hindi pinahahalagahán nang gaano ang usapan.

Ang tanóng na itó'y nakasugat kay Isagani; tinitigan ang m̄ġa matá n̄ġ kaniyáng irog, dahandahang piniglán ang isáng kamáy at nagwikàng:

—Pakingán mo: kung walâ kamíng mápalâ.....

At náhintòng nag-aalinlanġan.

—Pakingán mo, Paulita,—ang patuloy—batíd mo kung gaano ang aking pagsintá at pagsambá sa iyó; alám mong nalilimot ko ang sarili kung akó'y iyóng tinititigan, kapag nábabakás ko sa titig na iyán ang isáng kisláp n̄ġ pag-ibig.... gayón man, kapag walâ kamíng nápalâ, ay papanġarapin ko ang isá mo pang titig at mapalad akóng mamámatáy upáng ang isáng liwaywáy lamang n̄ġ pagmamalakí ay sumilay sa iyóng m̄ġa matá at masabi mo sa balang araw, sa lahát, kasabáy n̄ġ pagtuturò sa aking bangkáy, na: ¡ang aking pag-ibig ay namatáy sa pagsasanggaláng n̄ġ m̄ġa karapatán n̄ġ aking bayan!

—¡Halinang umuwî, inéng, at bakâ ka sipunín!—ang sigáw n̄ġ sandalíng iyón ni aling Victorina.

Ang boses na iyón ay nagpabalík sa kanilá sa katunayan n̄ġ buhay. Yaón na ang oras n̄ġ pag-uwî, at sa kagandahang loób, ay inanyayahang lumulan sa sasakyán si Isagani, anyayang hindi na inantáy n̄ġ binatà na ulitin pang mulí. Sa dahiláng ang karuahe ay kay Paulita, ay umupò sa paharáp si aling Victorina at ang kaibigan, at sa bangkòng maliút ang dalawáng magsing-irog.

Lulan n̄ġ ísang sasakyán, mákasiping ang ginígliw, lanġapín ang banġó, masagì ang sutlá n̄ġ damít, makitang nag-íisip, na nakahalukipkíp, naliliwanagan n̄ġ buwán sa Pilipinas na nagbibigáy kagandahan at dinġal sa anománg bagáy na lalòng lubasâ, ay isáng panġarap na hindi inantáy ni Isagani na mangyari magpakailán man! Nápakámaralitâ n̄ġ m̄ġa pauwíng naglálakád, na nanġag-íisá, at nanġagsísilag upang

paraanin ang matuling sasakyán! Sa hinabà habà n̄g dinaanang iyon, sa boong habà n̄g baybayin, n̄g liwaliwan n̄g Sabana, n̄g tuláy n̄g España, ay walàng nákitá si Isagani kundí isáng magandáng ulong nakatagilid, na mainam ang pusód, na nagtátapós sa isáng sunúdsunurang líg na nawawalâ sa m̄ga guyón n̄g pinyá. Isáng brillante ang kumíkindát sa kaniyá mulá sa pin̄gol n̄g muntîng tain̄ga, na warì'y bituín sa gitnâ n̄g m̄ga pinilakang ulap. Si Isagani ay nakárinḡíg n̄g malayòng uliyaw na itinátanóng sa kaniyá si D. Tiburcio de Espadaña, ang pan̄galan ni Juanito Pelaez, n̄gunì't sa ganáng kaniyá ay nagíng warì'y tunóg n̄g kampanàng nadídinḡíg na malayò, magulóng tin̄gig na nádidinḡíg sa gitnâ n̄g bun̄gang-tulog.

Kinailan̄gan ang ipaalaala sa kaniyá na nakaratíng na silá sa liwasan n̄g Sta. Cruz.

## TAWANAN—IYAKAN

Ang loob kabahayán nǎ *“Pancitería Macanista de buen gusto”* nǎ gabíng iyon ay may anyông dǎ pangkaraniwan.

Labíng apat na binatà, nǎ mǎ pulông lalòng tanyág nǎ Sangkapulúan, mulâ sa indio na walâng ibáng dugông halò (kung mayroong walâng halò) hanggáng sa kastilàng taga España, ay nanǎgkatipon upang idaos ang pigíng na sinabi ni P. Irene, alang-alang sa nagíng hanggá nǎ salitâang ukol sa pagtuturò nǎ wikàng kastilà. Inupahan nilá nang sa ganáng kanilá lamang ang laháť nǎ dulang, pinaragdagan ang ilaw at ipinadikít sa dingdíng, kasípíng nǎ mǎ palamuti at kakemonong insík, ang ganitóng dǎ mawatasang mǎ pananalitâ:

¡LUMUWALHATI SI CUSTODIO DAHIL SA KANIYANG MAÑGA KALIKSIHÁN AT PANSIT SA LUPA SA MAÑGA BINATANG MAY MABUBUTING KALOOBAN!

Sa isáng bayan na ang laháť nǎ kabalbalán ay tinatabinǎng nǎ ayos kagalanggalang, at ang karamihan ay nátataás sa tulong nǎ usok at mainit na hanǎin; sa isáng bayan na yaóng sadyâng katunayan at tapát ay nakasásakít paglabás sa pusò at mangyayaring magíng sanhí nǎ mǎ kaguluhan, marahil ay yaón ang lalòng mabuting paraán upang ipaggalák ang sumumpóng sa ulo nǎ bantóg na si D. Custodio. Sinagót nǎ mǎ nádayà nǎ isáng halakhák ang birò, ang *pastel* nǎ pamahalàan ay sinagót nǎ isáng pinggáng pansít, at mabuti’t gayón na lamang!

Nanǎgtatawanan, nagbibirúán, nǎguni’t náhahalatáng ang katuwàan, ay pilít; ang tawanan ay tumatagintíng dahil sa kaunting panǎinǎin, sa mǎ paninǎy pumúpulas ang matutuling kisláp at hindi íisa ang kinákitaan nǎ nagniningning na paták nǎ luhà. Datapwà’t gayón man, ang mǎ binatàng iyón ay mǎ ganid na loób, mǎ walâ sa katwiran! Hindi nóon lamang pinasiyahán sa gayóng paraán ang lalòng maiinam na panukalà, na pinápatáy ang mǎ pag-asa sa tulong nǎ malalaking salitâ at mumunting gawâ: bago si D. Custodio ay nagkaroón na nǎ marami, lubhâng marami! Sa gitná nǎ kabahayán at sa tapát nǎ mǎ paról na pulá, ay may apat na dulang na bilóg, na naáayos na patungkò; ang mǎ luklukan ay mǎ uupáng kahoy na bilóg dín. Sa gitná nǎ bawà’t dulang, alinsunod sa kaugalian nǎ tindahan, ay may nakahandáng apat na pingáng mumuntí na may tig-apat na kakanín ang bawà’t isá, at apat na tasang tsá, na may kanikaniyáng takíp, na pawàng porselanang pulá; sa haráp nǎ bawà’t luklukan ay may isáng bote at dalawáng kopang bubog na nanǎinǎintáb.

Dahil sa pagkamausisà ni Sandoval, ay nagtitingintíng, laháť ay sinisiyasat, tinitíkmán ang mǎ hopyà, pinagmamasdán ang mǎ palamuti, binabasa ang talàan nǎ mǎ halagá. Ang ibá’y nanǎg-ag-uusap nǎ ukol sa mǎ bagay-bagay na pang-kasalukuyan, ukol sa mǎ artistang babai nǎ operetang pransés at mahiwagàng pagkakasakít ni Simoun, na, alinsunod sa ilán, ay natagpúáng may sugat sa lansanǎng; alinsunod namán sa ibá ay nagtangkáng magpatiwakál: gaya nǎ sadyâng dapat mangyari, siláng laháť ay nanínirá sa mǎ pagkukuròkurò. Si Tadeo ay may ibáng balitâ, na alinsunod sa sabi niyá’y hindi magkakabulâ. Si Simoun ay sinugatan nǎ isáng hindi kilalâ sa may lumàng líwasan nǎ Vivak; ang sanhí ay ang higantí, at ang katunayan ay ang pangyayaring si Simoun ay ayaw magpahiwatig nǎ anomán. Matapos iyón ay napag-usapan ang mǎ mahiwagàng higantí, at gaya nǎ maaantáy ay mǎ kagagawáng prayle ang tinutukoy, na isinalaysáy nǎ bawà’t isá ang inaasal nǎ mǎ kura sa kaníkaniláng bayan.

Isáng tulâ na nasusulat nǎ malalaking titik na itím, ang nasa dakong itaas nǎ pintông kabahayán at nagsasabing:

De esta fonda el cabecilla  
Al público advierte  
Que nada dejen absolutamente  
Sobre alguna mesa ó silla.

—¡Kay inam na paunawà!—ang bulalás ni Sandoval—napagkikilala ang pagtitiwalâ sa pulutóng ¿anó? ¡At nakú, ang tulâ! ¡Maipalalagáy na si D. Tiburcio na nagíng tulâ, dalawáng paa, ang isá’y mahabâ kay sa isá sa pag-itan nǎ dalawáng tungkód! ¡Pag nákita iyan ni Isagani, ay iaalay sa kaniyáng magigìng inali!

—¡Nárito si Isagani!—ang sagót nǎ isáng boses mulâ sa hagdanan.

At ang mapalad na binatâ’y lumitâw na lipus katuwàan, na sinusundán nǎ dalawáng insík na walâng barò na may daláng malalaking mangkók, na nagkakalat nǎ masaráp na amóy, na nakasalalay sa dalawáng malalaking pangnán. Masasayang paabâ ang sa kanilá’y sumalubong.

Walâ pa si Juanito Pelaez, nǎguni’t sa dahiláng nakaraan na ang oras ay masasayang nanǎagsidulóg sa dulang. Kailan pa man ay hindi makatutupád sa salitâan si Juanito.

—Kung si Basilio pa ang ating inanyayahan at hindi siya—ang sabi ni Tadeo.—Nilasing sana natin upang mapagsabi nǎ iláng lihim.

—Há, ¿ang mapagnilay na si Basilio ay may itinatagòng lihim?

—¡Bah!—ang tugón ni Tadeo—at ang lalò pa namáng mahahalagá! May iláng lihim na pangyayaring siya lamang ang tanǎng nakababatíd nǎ linaw.... ang batàng nawalâ, ang monha....

—¡Manǎ ginoo; ang *pansít lang-lang* ay siyang sopas na pinakamabuti!—ang sigáw ni Makaraig;—gaya nǎ mákikita ninyó, Sandoval, ang halò ay kabutí, hipon, tinipíng itlóg, sotanghon, manók, at hindi ko na maalaman kung anó pa. Bilang pamago ay ihandóg natin ang mǎ butó kay D. Custodio; ¡tingnán natin, magpanukalâ siya nǎ ukol dito!

Isáng masayáng halakhakan ang sumalubong sa pahayag na itó.

—Pag naalaman....

—¡Patakbóng paparito!—ang dugtóng ni Sandoval—nápakabuti ñ sopas, ¿anó ang panğalan?

—*Pansít lang-lang*, itó ñgâ *pansít* insík upang máibá sa isá na sadyâng gawâ rito.

—¡Bah! mahirap alalahanin ang panğalan. ¡Patungkol kay D. Custodio ay bíbinyagán ko ñ panğalang *panukalang sopas*!

Tinanggáp ang bagong panğalan.

—Mğa ginoo,—ang sabi ni Makaraig, na siyang pumili ñ mğa kákanin—¡mayroon pa tayong tatlóng ulam! *Lumpiyá* ñ insík na ang lamán ay baboy....

—¡Na inihahandóg kay P. Irene!

—¡Ababá! Si P. Irene ay hindî kakain ñ baboy hanggáng hindî nag-aalís ñ ilóng—ang marahang sabi ñ isáng binatàng taga Iloilo sa kaniyang kalapít.

—¡Mag-aalís ñ ilóng!

—¡Mawalâ ang ilóng ni P. Irene!—ang panabáy na sigáwan ñ lahát.

—Galang, mğa ginoo, kaunting galang!—ang hinği ni Pecson na pabirông warì'y tinótotoó.

—Ang panğatlong pinggán ñ ulam ay panyáng na alimanğo.....

—Na ipinatutungkól sa mğa prayle—ang dugtóng ñ taga Bisayà.

—Dahil sa pagka-alimanğo,—ang dugtóng ni Sandoval.

—¡Tamà at tatawaging panyáng na prayle!

Inulit ñ lahát na sabáy-sabay ang: ¡panyáng na prayle!

—¡Tumututol akó sa ñgálan ñ isá!—ang sabi ni Isagani.

—¡At akó, sa ñgálan ñ mğa alimanğo!—ang dugtóng ni Tadeo.

—¡Galang, mğa ginoo, kaunting galang!—ang muling sigáw ni Pecson na namumuwalan.

—Ang pang-apat ay pansít na ginisá na ipinatutungkol.... sa pamahalàan at sa bayan!

Lahát ay nápalinğón kay Makaraig.

—Hindî pa nalalaunan, mğa ginoo,—ang patuloy—ay inaakalang ang pansít ay gawâng insík ó hapón, ñgunì't sa dahiláng siyá'y hindî kilalá ni sa Kainsikán ni sa Hapón, ay tila siyá pilipino, ñgunì't gayón man, ang mğa naglulutò at nakikinabang ay ang mğa insík: idem na idem na idem ang nangyayari sa pamahalàan at sa Pilipinas: warì'y insík, ñgunì't insík man silá ó hindî man, ay may mğa doktor ang Santa Madre.... Lahát ay kumakain at lumalasa sa kaniyá, ñgunì't gayón mán ay nanğagpapatumpíktumpík pa't nagpapakunwaring umaayáw: gayón dín ang nangyayari sa bayan, gayón dín ang sa pamahalàan.... Lahát ay nabubuhay ñ dahil sa kaniyá, lahát ay kalahók sa pistahan at pagkatapos ay walang bayang sásamá pa kay sa Pilipinas, walang pamahalàang lalóng maguló. Ipatungkol ñgâ natin ang pansít sa bayan at sa pamahalàan!

—¡Ipatungkól!—ang sabáysabay na sabi ñ lahát.

—¡Tutol akó!—ang bulalás ni Isagani....

—¡Igalang ang mğa batà, igalang ang mğa nasawí!—ang sigáw na pinaugong ang tinğig ni Pecson, na itinaás ang isáng butó ñ inahing manók.

—¡Ipatungkól natin ang pansít sa insík na si Quiroga, na isá sa apat na kapangyarihan ñ sangbayanang pilipino!—ang palagáy ni Isagani.

—¡Huwág, sa *Eminencia Negra*!

—¡Huwág kayóng mainğay!—ang pabiglàng sabing mahiwagà ñ isá,—sa liwasan ay may mğa pulutóng na nagmamalas sa atin at ang mğa dingding ay may pangdinging.

Tunay ñgâ, pulúpulutóng ñ mğa nanonoód ay nanğagtayô sa tapát ñ mğa durunğawan, samantalang ang inğayan at tawanan sa mğa tindahang kalapít ay lubós na napawì, na warì bagang minatyagán ang nangyayari sa piging. Ang katahimikan ay may ayos na katanğitanği.

—¡Tadeo, ibigkás mo ang iyóng talumpati!—ang marahang sabi ni Makaraig.

Sa dahiláng si Sandoval ang siyang lalóng bihasá sa pagkamánanalumpati ay pinagkásundúang siya ang sa hulì'y hahaláw sa lahát ñ salaysáy.

Si Tadeo, dahil sa ugaling tamád na tagláy niyang parati, ay hindî naghandâ at namimilipit. Samantalang sinisipsip ang isáng mahabang sotanghon, ay iniisip ang paraang ikaliligtas niya sa kalagayang iyón, hanggan sa naalaala ang isáng talumpating napag-aralan sa klase at humandâ nang gayahan yaón at lahukan ñ ibang bagay.

—¡Mğa ginigiliw na kapatid sa panukalà!—ang simulâ niyang ikinumpáy ang sipit na kagamitan ñ mğa insík sa pagkain.

—¡Hayup! ¡bitiwan mo ang sipit, ginuló mo ang buhók ko!—ang sabi ñ isá niyang katabí.

—Sa tawag ñ inyóng paghahalál na pagpunan ang kakulanğang iniwan sa.....

—¡Mánggagaya!—ang putol ni Sandoval,—ang talumpating iyan ay sa Panğulo ñ ating Liceo!

—“Sa tawag ñ inyóng paghahalál”—ang patuloy ni Tadeo na walang katiga-tigatig—“na pagpunán ang



kakulangang iniwan sa aking.... pag-iisip (at itinurò ang kaniyang tiyan) n̄ isáng dakilàng lalaki dahil sa kaniyang banal na aral at kaniyang m̄ga kagagawán at m̄ga panukalà na karapatdapat na magkaroon n̄ kauntì pang alaala, çanó ang masasabi sa inyó n̄ isáng gaya ko na may malaking gutom sa dahiláng hindi nananghali?”

—¡Nárìto ang isáng liig, bigaaán!—ang sabi n̄ kaniyang kalapít na iniaabót sa kaniya ang liig n̄ isáng inahíng manók.

—“May isáng ulam, m̄ga ginoo, na kayamanan n̄ isáng bayan na n̄gayó’y sadlakan n̄ lait at kutyâ n̄ mundó, na pinagsaukán n̄ kaniláng m̄ga dayukdók na sandók n̄ matatakaw na poók, na nasa kalunuran n̄ sangsinukob....”—itinurò sa pamag-itan n̄ kaniyang sipit si Sandoval na nakikipaglaban sa isáng makunat na pakpák n̄ inahín.

—At ¡m̄ga taga kasilançanan!—ang sagót n̄ tinukoy, na iginuhit n̄ pabilóg ang kaniyang panandók upang maiturò ang lahát n̄ kumakain.

—¡Hindi pinapayagan ang m̄ga patláng!

—¡Humihinçí akó n̄ salitâ!

—¡Humihinçí akó n̄ patís!—ang dugtóng ni Isagani.

—¡Dalhín dito ang lumpiyâ!

Hininçí n̄ lahát ang lumpiyâ at si Tadeo ay umupông masayá dahil sa pagkakaalpás sa kagipitan.

Ang ulam na ipinatungkol kay P. Irene ay hindi lumabás na mabuti at ang gayón ay ipinahayag ni Sandoval sa isáng paraang lubhàng nápakasakit.

—¡Nançinçintáb ang labás dahil sa mantikà at baboy ang loob! ¡Dalhín dito ang pançatlong pingán n̄ ulam, ang panyáng na prayle!

Ang panyáng ay hindi pa lutò; nádidiñçig ang sagitsít n̄ mantikà sa kawali. Sinamantalá ang patláng upang tumunggå at hiniñçí niláng magsalitâ si Pecson.

Waláng kapinçaspinças si Pecson ay nag-angtandâ, tumindíg na pinipilit pigilin ang kaniyang tawang hançal, ginayahan ang isáng *predicador* na agustino, na noo’y nábabantóg, at nagsimulâ sa pagbulóng na warí’y sinásabi ang lamán n̄ sermon.

“*Si tripa plena laudat Deum, tripa famelica laudabit fratres*; kung ang bitukang bundát ay nagpupuri sa Dios, ang bitukang dayukdók ay magpupuri sa m̄ga prayle. M̄ga salitâng sinabi ni ginoong Custodio, sa bibíg ni Ben-Zayb, pamahayagang *El Grito de la Integridad*, pançalawáng salaysáy, kaululáng ika isáng daan, limang pû’t pitó.

“¡M̄ga ginigiliw kong kapatíd kay Jesucristo!

“¡Ibinúbugá n̄ kasamáan ang kaniyang maruming hiniñçá sa m̄ga kulay dahong baybayin n̄ Frailandia, Kapulúang Pilipinas sa karaniwang tawag! Hindi sumísilang ang isáng araw na hindi umuugong ang isáng pagbaka, na hindi nádidiñçig ang isáng masamáng parunggít sa m̄ga *reverendas, venerandas* at *predicandas corporaciones*, na waláng sukat magtanggól at waláng sukat kumatig. Ipahintulot ninyó sa akin, m̄ga kapatíd, na sa isáng sandalí’y magíng *caballero andante* akó upang magtanggól n̄ waláng sukat magsanggaláng, n̄ m̄ga banál na korporasióon na nagturò sa atin, at patibayan pang mulí ang karugtóng n̄ ibig turan noong sáwikáin na, *bitukang bundát ay nagpupuri sa Dios*, na dili ibá’t, *ang bitukang dayukdók ay magpupuri sa m̄ga prayle*.”

—¡Mainam, mainam!

—Hoy,—ang sabing waláng katawatawa ni Isagani—ipinabábatíd ko sa iyo na kapág ang m̄ga prayle ang nátutukoy ay iginagalang ko ang isá.

Si Sandoval, na nasásayahán na, ay umawit:

*¡Un fraile, dos frailes, tres frailes en el cooro  
Hacen el mismo efecto que un solo toooro!*

—Makiñçig kayó, m̄ga kapatíd; ibaling ang inyóng paninçín sa magandang kapanahunan n̄ inyóng kabataán; tingnán ninyóng siyasatin ang kasalukuyan at itanóng ninyó sa sarili ang kinabukasan. ÇMay anó kayó? ¡Prayle, prayle at prayle! Isáng prayle ang sa inyó’y nagbibinyág, nagkukumpíl, dumadalaw n̄ lubhàng masuyò sa páaralán; isáng prayle ang dumidiñçig n̄ m̄ga una ninyóng lihim, siyá ang una unang nagpapakain sa inyó n̄ isáng Dios, ang nagtuturò sa inyó n̄ landás n̄ kabuhayan; m̄ga prayle ang una at hulíng gurò ninyó, prayle ang nagbúbukás n̄ pusò n̄ inyóng m̄ga magiging asawa, na inilalaan sa inyóng m̄ga suyò; isáng prayle ang nagkákasál sa inyó, ang nag-uutos na kayó’y maglaktáb sa ibá’t ibáng pulò, na binibigyán kayóng daán upang makapagbago n̄ siñçaw at libançan; siyá ang naglilingkód sa inyó kung kayó’y naghíhingalò at kahi’t umakyát kayó sa bibitayán, ay naroroón din ang prayle upang kayó’y samahan n̄ kaniyang m̄ga dasál at luhà, at makapapanatag kayóng hindi kayó iiwan hanggáng hindi makitang kayó’y sadyáng patáy na patáy na at bitáy na bitáy. Datapwâ’y hindi hanggáng diyán lamang ang kaniyang kaawâan; kung patáy na kayó, ay pagpipilitang kayó’y máilibíng n̄ boóng diñçal, makikipaglaban upang ang inyóng bangkáy ay dumaán sa simbahan, tanggapín ang kaniláng m̄ga panalangín, at magpapahinçá lamang kapag náibigáy na kayó, sa m̄ga kamáy n̄ Lumikhâ, na malinis na malinis dito sa lupà, alang-alang sa m̄ga parusang tinanggáp, m̄ga pahirap at m̄ga pagpapakumbabâ. Sa pagkakilala sa m̄ga turò ni Cristo na hindi binúbuksán sa mayayaman ang pintò n̄ langít, silá, m̄ga bagong mánanakop, m̄ga tunay na kahalili n̄ Tagapagligtás, ay lumálaláng n̄ sarisaring paraán upang alisán kayó n̄ sala, *kuapi* sa karaniwang tawag, at dinádalá sa malayò, lubhàng malayò, doón sa tinítirahán n̄ m̄ga kalaitlait na m̄ga insík at m̄ga protestante, at iniíwang malinis, mabuti, malunas, ang hiniñçahán natin dito, sa paraán, na

kahì't ibigin man natin pagkatapos, ay walâ tayong matatagpûang halagáng sikapat na magiging sanhî nã ating ipagkakasala!

“Oo, nã, silá'y kailanãan nã ating kaligayahan; kung sa laháat nã dakong dalhín natin ang ating ilóng ay mátatagpûan natin ang manipís na kamáy, na gutóm sa halík, na sa araw-araw ay lalò pang nagpapatalapyâ sa sunãálnãál na dagdág na tagláy natin sa mukhá ¿bakit hindí silá suyùn at patabáin at bakit híhinãín ang kagagawáng hindí nárarapat na silá'y palayasin? Nilayin sandalí ang malakíng kakulanãang mangyayari sa ating kalipunan kung silá'y mawalâ! Mãa walang pagál na manggagawâ ay pinabubuti at pinakakapál nilá ang mãa lipi; sa pagkakáwatákwaták natin dahil sa mãa inggitan at samâan nã loob, ay pinagsasama tayo nã mãa prayle sa ísáng kapalaran, sa isáng mahiggpít na tungkós, nápakahiggpít na hindí na tulóy máigalaw nã marami ang kaniláng siko! Alisín ninyó ang prayle, mãa ginoo, at mákikita ninyóng mayayaníg ang kapamayanang pilipino, dahil sa kakulanãan nã malalakás na balik at mabalahibong hità; ang pamumuhay pilipino ay makakainíp kung walâ ang nakapagpapasayáng prayle na mapagbirô at malikót, kung walâ ang mumuntíng aklát, at mãa sermón na nakapagpapaihít nã tawa, kung walâ ang mainam na pagkakaibayó na malalakíng hanãarin sa mãa bunãong walang kabuluhán, kung walâ ang tunay na pagtatanghál, sa araw-araw, nã mãa kuwento ni Boccacio at ni Lafontaine! Kung walâ ang mãa korrea at kalmen ¿anó ang ibig ninyóng gawín sa háharapín nã ating mãa babai kundí impukín ang salapíng iyán at silá'y magíng maramot at makamkám? Kung walâ ang mãa misa, mãa nobena at mãa prusisyón ¿saan kayó makatatagpô nã mãa panggingihang kaniláng mapaglilibanãan? walâ silang tutungkulín kundí ang mãa gawain sa bahay at ang pagbabasá nilá nã mãa kuwentong kababalaghán ay kailanãan nating palitán nã mãa aklát na walâ pa rito! Alisín ninyó ang prayle, at mawawalâ ang kabayanihan, tataglayín na nã bayan ang mãa mabuting pamamayan; alisín ninyó ang prayle at mawawalâ ang indio; ang prayle ay siyáng Amá, ang indio ang Verbo; yaón ang artista at itó ang estatua, sapagká't laháat nã kabagayáng tagláy natin, ang ating iniisip at ginágawâ, ay utang natin sa prayle, sa kaniyáng katiyagàan, sa kaniyáng kasipagan, sa kaniyáng pagtatamáng tatlóng daang taón upang mabago ang ayos na ibinigáy sa atin nã Kalikasán! At kung walang prayle at walang indio ang Pilipinas, ¿anó ang mangyayari sa kaawawàng pamahalàan na mapapaharáp sa mãa insík?”

—¿Kakain nã panyáng na alimanão!—ang sagót ni Isagani na nabábagót sa talumpatì ni Pecson.

—At iyan ang dápat nating gawín. Siya na ang talumpatì!

Sa dahiláng hindí dumáratíng ang insík na may dalá nã ulam, ay tumindíg ang isá sa mãa nag-aaral at tumunão sa pinaka look, sa may durunãawang haráp sa ilog; dátapwâ'y madalíng bumalík na humuhudyát nã palihím.

—Sinusubukan tayo; nákita ko ang minámahal ni P. Sibyla!

—¿Siya nã ba?—ang bulalás ni Isagani na sabáy ang tindíg.

—Huwag nang magpagod: nang makita akó ay umalís.

Lumapit sa durunãawan at tumanáw sa liwasan. Pagkatapos ay hinudyatán ang kaniyáng mãa kasama upang manãagsilapit. Nákita nilang lumabás sa pintúan nã magpapansít ang isáng binatà na palingónlinãon at lumulan, na kasama ang isáng hindí kilalá, sa isáng sasakyáng nag-aantáy sa tabí nã bangketa. Ang sasakyán ay kay Simoun.

—¿Ah!—ang bulalás ni Makaraig:—ang alípin nã Vice-Rector ay pinaglilinkurán nã Panãinoon nã General.

**XXVI**  
**MGA PASKÍN**

Maagang bumanĝon si Basilio upang tumunĝo sa Hospital. Mayroon na siyang takdang gágawín, dalawin ang kaniyang mĝa may sakít, paroon pagkatapos sa Unibersidad upang mabatíd ang ilang bagay na ukol sa kaniyang *licenciatura*, at sa kahulíhulihan ay makipagkita kay Makaraig dahil sa gugol na mangyayari sa kaniyang pagkuha nĝ grado. Ang malaking bahagi nĝ kaniyang naimpók ay iniukol niya sa itutubós kay Hulí at upang madulutan itó nĝ isang dampâ na mapamamahayang kasama nĝ nunò, at hindi siya makapanĝahás na lumapit kay kapitang Tiago, sa panĝinĝilag na bakâ masapantahang ang gayón ay isang páuna sa mamanahing sinásabísabí sa kaniya.

Libang sa mĝa gayóng iniisip ay hindi nápuna ang mĝa pulúpulutóng na mĝa nag-aaral na maagang nanggagaling sa loob nĝ Maynilà na waring isinará ang mĝa páaralan; lalò pa manding hindi nápuna ang anyong natutubigan nĝ ilán, ang paanás na usapan, ang lihim nilang hudyatan. Kayâ't nang dumating sa San Juan de Dios at tinanong siya nĝ kaniyang mĝa kaibigan nĝ ukol sa isang panghihimagsik, si Basilio ay nápalundág at naalaala ang binabalak ni Simoun, na hindi nátuloy dahil sa mahiwagang sakunâ na nangyari sa manghihiyas. Lipós katakután at nanĝinĝinig ang boses ay tumanong na nagpakunwaring walang kamuwangmuwang:

—¡Ah! ¿ang panghihimagsik?

—¡Napag-alamán!—ang sabi nĝ isá,—at tila marami ang náhahalò.

Pinilit ni Basilio ang makapagpigil.

—¿Marami ang náhalò?—ang ulit na tinangkang makabatíd nĝ kahit munting bagay sa mĝa matá nĝ ibá;—at sino sino....?

—Mĝa nag-aaral, maraming mĝa nag-aaral!

Inakalà ni Basilio na hindi nararapat na magtanong pa sa pag-aalalang bakâ siya máhalatâ, at lumayò sa pulutóng, na ang dinahilán ay ang pagdalaw sa kaniyang mĝa may sakít. Isang gurò sa *clínica* ang sumalubong sa kaniya, at matapos na mapigilan siya sa balikat na lubhang mahiwaga (ang gurò ay kaibigan niya), ay marahan siyang tinanong:

—¿Naparoon ba kayó sa hapunan kagabí?

Sa kalagayang litó ni Basilio nĝ mĝa sandaling iyon, ay nagkaringgang *kamakalawá sa gabi* ang sinabi sa kaniya. Nang kinamakalawahan sa gabi nangyari ang pakikipag-usap kay Simoun. Nagtangkang magpaliwanag.

—Sasabihin ko sa inyó—ang bulong halos—sa dahilang masamá ang lagáy ni kapitang Tiago at sakâ kailanĝan kong matapos ang Mata....

—Mabuti nĝâ ang nágawâ ninyóng hindi naparoon,—ang sabi nĝ gurò,—¿Nĝuni't kasama ba kayó sa kapisanan nĝ mĝa nag-aaral?

—Ibiníbigáy ko ang aking ambág....

—Kung gayón ay isang payo: umuwí kayó nĝayón din at pawiin ninyó ang lahat nĝ papel na makasámâ sa inyó.

Kinibít ni Basilio ang kaniyang balikat. Walâ siyang anomang papel, mayroon siyang mĝa talâ na ukol sa klínika at walâ nang ibá.

—¿Si ginoong Simoun pô kayâ'y....?

—Walang pakialám si Simoun sa pangyayari, salamat sa Dios!—ang dagdag nĝ manggagamot—sinugatan nĝ isang taong hindi kilalâ, at nĝayó'y náhihigâ. Hindi, ditó'y ibang kamáy ang kumikilos, nĝuni't kakilâkilabot din.

Si Basilio ay huminĝá. Si Simoun ang tanĝing makapag huhulog sa kaniya. Gayón man ay naálaala si kabisang Tales.

—¿May mĝa tulisán?....

—Walâ, tao kayó, walâ kundí mĝa nag-aaral lamang.

Nátiwasáy na si Basilio.

—¿Anó, kung gayón, ang nangyari?—ang naípanĝahás na itanong.

—Nakátagpô nĝ mĝa paskín na masamá ang sinasabi; ¿hindi bagá ninyó batíd?

—¿Saán?

—C....! sa Unibersidad.

—¿Walâ na kundí iyón?

—P....! ¿hindi pa ba sukat sa inyó ang gayón?—ang tanong na halos galít nĝ tagapagturò;—hiníhinalang gawâ nĝ mĝa nagsasaping nag-aaral ang mĝa paskín, nĝuni't ¡huwág kayóng umimík!

Dumaring ang gurò sa Patología, isang ginoong malamang pang anyong sakristan kay sa anyong manggagamot. Náhalál sa tulong nĝ lakás nĝ Vice-Rector, na hindi na hinilinĝán nĝ anomang karapatan liban sa lubós na pag-alinsunod sa *corporación*, at inaring isang tiktík at mangsusumbóng nĝ ibang gurò sa Facultad.

Ginantí siya nĝ bating pasumalâ nĝ unang gurò na kinindatán si Basilio at malakás na sinabing:

—Batíd ko nang nag-aamóy bangkáy si kapitáng Tiago; dinalaw na n̄ m̄a uwak at buitre.

At pumasok sa salas n̄ m̄a propesor.

Tiwátivasáy na, si Basilio ay nan̄gahás na magsiyasat n̄ ibá pang bagay. Ang tan̄ging nabatíd niya ay ang pagkakatagpò n̄ m̄a paskín sa m̄a pintò n̄ Universidad, m̄a pasking ipinabakbák n̄ Vice Rector upang ipadalá sa Gobierno Civil. Sinasabing punò n̄ pagbabalà, pagputol n̄ m̄a liig, pagsalakay at ibá pang m̄a pagmamatapáng.

Sa bagay na itó'y nan̄gagkukuròkurò at nagpapalápalagáy ang m̄a nag-aaral. Ang m̄a unang balitá ay tinanggáp nilá sa bantáy pintúan, na tumanggáp n̄ balitá sa isáng alilà sa Sto. Tomás, at itó'y sa isáng *capista* namán nakabalitá. Sinasapantahà na niláng magkákaroón n̄ m̄a *suspensio*, m̄a pagkapiít, at ibp., at itinuturò na ang m̄a mápaparusahan, na dili ibá't ang m̄a nasa Kapisanan.

Noon naalala ni Basilio ang m̄a pan̄gun̄gusap ni Simoun: Sa araw na magágawâng kayó'y pawiin.... Hindí ninyó matatapos ang inyóng pag-aaral.....

—¿Mayroón kayâ siyáng nalalamang bagay?—ang tanóng sa sarili;—tingnán natin kung sino ang lalòng makapangyayari.

At nang makapagbalík loob na, upang mabatíd ang nararapat niyáng gawín at maalám din namán ang ukol sa kaniyáng *licenciatura* ay tinun̄go ni Basilio ang Universidad. Dumaan sa daang Legazpi, tumulóy sa daang Beaterio, at nang dumatíng sa likò n̄ daáng itó at n̄ Solana ay námatyagán n̄gâ niya na tila may isáng malakíng bagay na nangyari.

Sa m̄a dating pulúpulutóng na masasayá at maiin̄gay ay daládalawáng Guardia Veterana ang kaniyáng nákitá sa m̄a banketa na nan̄gag-aabóy sa m̄a nag-aaral na lumalabás sa Unibersidad, na ang ilán ay waláng kakibòkibò, malalamlám ang mukhâ, ang ibá'y galít na nan̄gagsísitayò sa dakong malayòlayò ó nan̄gagsísiuwí sa kaníkaniláng m̄a bahay. Ang kaunaunahan niyang nasagupà ay si Sandoval. Hindí pinuná ang kátatawag ni Basilio; waring nagíng bin̄gí.

—¡Gawâ n̄ takot sa katás n̄ bituka!—ang sinapantahà ni Basilio.

Pagkatapos ay si Tadeo namán ang natagpúan, na masayáng masayá. Tila mangyayari din ang waláng katapusáng *cuacha*.

—¿Anó ang nangyayari, Tadeo?

—¡Walâ tayong pasok n̄ hindí bababà sa isáng linggò, bigan! ¡mainam! ¡mabuti!

At pinagkikiskis ang m̄a kamáy sa katuwàan.

—Datapuwâ'y ¿anó ang nangyari?

—¡Ibibilanggò tayong m̄a kaanib sa kapisanan!

—¿At masayá ka?

—¡Waláng pasukán, waláng pasukán!—at lumayòng hindí magkasiyá sa galák.

Nákitang dumaráting si Juanito Pelaez na namumutlá at nan̄gan̄ganib; ang kaniyáng kakubàan noon ay umabot sa lalòng katambukán, nagtutumulin siyá sa pag-ilas. Siya'y nagíng isá sa m̄a lalòng masigasig na nag-uusig na mátayò ang kapisanan samantalang mabuti ang lakad.

—¿E, Pelaez, anó ang nangyari?

—¡Walâ, walâ akóng nálalaman! Akó'y waláng pakialám—ang nan̄gingilabot na sagót—sinasabi ko na sa kanilá; iyan ay kaululán.... ¿Hindí ba gayón ang sabi ko?

Hindí alám ni Basilio kung sinabi niyá ó hindí, n̄gunì't sa pagbibigáy loob sa kaniyá ay sumagót:

—¡Oo! n̄gunì't ¿anó ang nangyayari?

—¿Tunay n̄gâ, anó? Tingnán mo, ikaw ay saksí; kailan man ay hadláng akó.... ¡ikaw ang saksí, tingnán mo, huwag mong limutin!

—Oo, oo; n̄gunì't ¿anó ang nangyari?

—Tingnán mo; ¡saksi ka! Hindí akó nakikilahók kailan man sa kapisanan kundí upang pagpaliwanagan ko kayó.... bakâ mo ipagkailà pagkatapos! Huwág mong lilimutin ¿ha?

—Hindí, hindí ko itatakwl, n̄gunì't ¿anó na ang nangyari, anák ka n̄ Dios?

Si Juanito ay malayò na: nákitang lumálapit ang isáng guardia at natakot na bakâ siyá hulihin.

Nang magkágayón ay tumun̄go si Basilio sa Unibersidad upang tingnán kung bakâ sakalíng bukás ang Kalihiman at upáng makátanggáp n̄ balitá. Nakalapat ang pintúan n̄ kalihiman at sa bahay na iyon ay may dí karaniwang kilusán. Akyát manaog sa m̄a hagdanan ang m̄a prayle, militar, pulistas, matatandâng abogado at médiko, upang ihandóg marahil ang kaniláng tulong sa may kapan̄ganiban.

Nátanáw sa malayò ang kaibigan niyang Isagani, na, namumutlá at bago ang anyò, tagláy ang boong gilás kabatàan, na nag-uulat sa iláng kasama sa pag-aaral at inilalakás ang pagsasalitá na waring waláng kabuluhán sa kaniyá ang mádingíg man n̄ lahát.

—¡Kahalayhalay, m̄a ginoo, kahalayhalay na ang isáng pangyayaring gangganiyan lamang ay makapagpatakbo sa atin at mapailas tayong wari'y m̄a lan̄gaylan̄gayan dahil lamang sa ang panakot upo ay gumaláw! ¿N̄gayon lamang ba mangyayaring ang m̄a binatà'y mabibilanggò n̄ dahil sa pagtatanggól n̄ kalayàan? ¿Násaan ang m̄a patáy, násaan ang m̄a nábaril? Bakit tataliwakás n̄gayón?

—N̄gunì't sino kayâ ang han̄gál na sumulat n̄ m̄a gayóng paskín?—ang tanóng na pagalít n̄ isá.

—¿Anó ang mayroon sa atin?—ang sagót ni Isagani—hindí natin katungkulan ang magsiyasat, siyasin

nilá! Bago matantô ang ayos n̄ pagkakasulat ay hindi natín kailanġan ang magpakita n̄ pagkampí sa m̄a ganitóng sandalí. Doon sa may panġanib, doon tayo dapat pumaroon, sapagkâ't doon nároon ang karanġalan! Kung ang sinasabi n̄ m̄a paskín ay kasang-ayon n̄ ating karanġalan at m̄a damdamin, sino mán ang sumulat, ay mabuti ang ginawâ, nárarapát nating pasalamatán at agarín nating isama sa kaniyá ang ating lagdá. Kung hindi kapit sa atin, ang ating inuugali at ang ating m̄a budhí ay sadyâ nang tumututol sa anománg sumbóng....

Nang mádinġig ni Basilio ang gayóng pagsasalitâ, kahì't na mahál sa kaniyá si Isagani, ay pumihit at umalís. Paparoon siyá sa bahay ni Makaraig upang sabihin ang tungkól sa pagsandalí.

Sa kalapít n̄ bahay n̄ mayamang nag-aaral ay nakápuná n̄ m̄a bulóng bulunġan at mahiwagàng hudyatan n̄ m̄a kapitbahay. Sa dahiláng hindi talós n̄ binatà ang sanhí n̄ pinag-uusapan ay palagáy na ipinatuloy ang kaniyáng lakad at pumasok sa pintûan. Dalawáng bantáy na Veterana ang sumalubong sa kaniya't siya'y tinanóng kung anó ang ibig. Nahalatâ ni Basilio na siya'y nagbiglâbiglâ n̄gunì't hindi na makaurong.

—Hinahanap ko ang aking kaibigang si Makaraig—ang patuloy na sagót.

Ang m̄a bantáy ay nagtinġinan.

—Mag-antáy kayó rito—ang sabi sa kaniyá n̄ isá,—antabayanan ninyó ang kabo.

Si Basilio ay nápakagát labì, at ang m̄a panġunġusap ni Simoun ay mulíng umugong sa kaniyáng tainġa.... Hinuhuli kayâ si Makaraig?—ang inisip niyá, n̄gunì't hindi nakapanġahás na magtanóng.

Hindi nag-antáy nang malaon; n̄ sandalíng yaón ay pumápanaog si Makaraig na masayang nakikipag-usap sa kabo, na kapuwâ pinanġunġunahan n̄ isáng *alguacil*.

—¿Bakit? ¿Patí ba kayó, Basilio?—ang tanóng.

—Titingnán ko kayó....

—¿Maranġal na asal!—ang sabing tumatawa ni Makaraig,—noong m̄a araw na payapà, ay lumáláyô kayó sa amin....

Itinanóng n̄ kabo kay Basilio ang kaniyáng panġalan at tiningnán ang isáng talâan.

—¿Nag-aaral sa panggagamot, daang Anloague?—ang tanóng n̄ kabo.

Kinagát ni Basilio ang kaniyáng labì.

—¿Bakit, patí ba akó?

Si Makaraig ay humalakhák.

—Huwag kayóng manġanib, kaibigan; magkakaruahe tayo, at sa gayón ay isásalaysáy ko sa inyó ang hapunan kagabí.

At sa isáng mainam na kilos, na warìng nasa kaniyáng bahay, ay inanyayahan ang auxilio at ang kabo na lumulan sa sasakyáng nagaantáy sa kanilá sa pintô.

—¿Sa Gobierno Civil!—ang sabi sa kotsero.

Isinalaysáy ni Basilio, na nakapagbalík loób na, kay Makaraig ang sanhí n̄ kaniyáng pagdalaw. Hindi siyá binayàang matapos n̄ mayamang nag-aaral at siya'y kinamayán.

—Maaasahan ninyó akó kaibigan, maaasahan ninyó akó at sa pistá n̄ ating *investidura* ay aanyayahan natin ang m̄a ginoong itó,—ang sabing itinurò ang kabo at ang alguasíl.

## ANG PRAYLE AT ANG PILIPINO

*Vox populi, vox Dei.*

Iniwan natin si Isagani na nagsasalitâ sa kaniyang mġa kaibigan. Sa gitnâ nġ kaniyang kasigabuhán, ay nilapitan nġ isáng kapista upang sabihin sa kaniyang ibig siyang mákausap ni P. Fernández, isá sa mġa katedrátiko sa *ampliación*.

Si Isagani'y namutlá. Sa ganáng kaniya'y isáng taong kagalanggalang si P. Fernández: yaón ang *isá* na kaniyang itinatanġi kailan pa ma't ang napag-uusapan ay ang pag-alimura sa prayle.

—At ¿anó ang ibig ni P. Fernández?—ang tanóng.

Kinibít nġ kapista ang balikat; sinundán ni Isagani na masamá ang loób.

Si P. Fernández, yaóng prayleng nakita natin sa Los Baños, ay nag-aantáy sa kaniyang silíd, malungkót at waláng imík, na nakakunót ang noó na waring nag-iisíp. Tumindíg nang mákitang pumasok si Isagani, binatì itóng kinamayán, at inilapat ang pintúan; pagkatapos ay nagpayao't dito sa magkabiláng dulo nġ silíd. Nakatayô si Isaganing inaantáy na siya'y kausapin.

—Ginoong Isagani,—ang sabing ang tinġig ay nanġinġiníg, nġ malaunan:—mulá sa durunġawan ay nádingíg ko kayóng nagsasalitâ, sa dahiláng akó'y natutuyô, ay matalas ang aking pangdinġig, kayâ't ninasà kong kayó'y mákausap. Kailan man ay kinalugdán ko ang mġa binatàng nagpapahayag nġ maliwanag at mayroong kaniyang sariling paghuhulò at pagkilos; waláng kailanġan sa akin na ang kaniláng pagkukurò ay máibá sa pagkukurò ko. Alinsunod sa aking nádingíg, ay nagkaroon kayó kagabí nġ isáng hapunan, huwag kayóng magdahilán....

—;Sa hindí namán akó nagdadahilán!—ang putol ni Isagani.

—Lalòng mabuti, iyán ay nagpapakilalang inyóng pinanġanġatawanán ang magiging bunġa nġ inyóng ginawâ. Sa isáng dako ay masamá pa ang kayó'y tumakwíl; hindí ko kayó sinisisi, hindí ko pinupuná ang mġa pinagsabí doon kagabí; hindí ko kayó binibigyang sala, sapagká't may kalayàan kayóng magsabi nġ bawâ't maisip na laban sa mġa dominiko; kayó'y hindí sa amin aral; nġ taóng itó lamang nagkaroon kamí nġ lugód na mapatunġo kayó rito sa amin at marahil ay hindí na kayó mápasok na mulí pa. Huwag ninyóng akalàin na tutukoy akó nġ ukol sa utang na loób, hindí; hindí ko aaksayahín ang aking panahón sa mġa bagay na waláng kabuluhán. Ipinatawag ko kayó, sapagká't inakalà kong kayó'y isá sa mġa kakauntíng nag-aaral na kumikilos nġ dahil sa sariling pananalig, at sa dahiláng kinalulugdán ko ang mġa taong may lubós na pananalig, aniko sa sarili ay, makikipaglinawán akó kay ginoong Isagani.

Si P. Fernández ay humintòng sandalí at ipinatuloy ang kaniyang pagpapayao't dito na nakatunġó at nakatinġín sa dakong ibabâ.

—Kayó'y makauupô kung ibig ninyó,—ang patuloy;—may ugali akóng lumalakad ay nagsasalitâ, sapagká't sa gayón ay lalòng nátutumpák ang aking mġa pagkukurò.

Si Isagani'y nagpatuloy na nakatayô, mataas ang ulo, at inaantáy na tiyakín nġ katedrátiko ang salitâan.

—Mahigít nang walóng taóng na akó'y nagtuturò,—ang patuloy ni P. Fernández na palakadlakad—at nákilala ko't nákasalamuhà ang mahigít sa dalawáng libo at limang daang binatà; tinurúan ko silá, pinunyaġi ko ang mapadunong, inaralan ko nġ pagtatagláy nġ katwiran, nġ karanġalan, nġuni't gayón man, sa panahóng itó na lubhâng marami ang inilalait sa amin, ay walá akóng nákitang isá man na nagkaroon nġ kapanġahasang pagmatigásan ang kaniyang mġa sinasabi kapag náhaharáp sa isáng prayle.... ni masabi man lamang nġ malakás sa haráp nġ marami.... May mġa binatàng inuupasalàan kamí sa likód at hináhagkán ang aming mġa kamáy kung kaharáp at sa tulong nġ nġitíng bulisik ay nanánanghód nġ aming sulyáp! ;Puf! ¿Anó ang ibig ninyóng gawín namin sa mġa ganiyang tao?

—Hindí nilá sarili ang kasalanan, Padre,—ang sagót ni Isagani,—ang kasalanan ay nasa sa mġa nagturò sa kanilá nġ pagbabalat kayóng ugali, nasa mġa sumisiíl sa malayàng kaisipán, sa malayàng panġunġusap. Dito, ang laháat nġ pagkukuròng sarili, ang anómang salitâ na hindí kasang-ayon nġ nasà nġ nakapangyayari, ay ipinálalagáy na pagkapilibustero, at alám ninyóng maigi ang kahulugán nġ salitang itó: ;Balíw ang sa pagnanasàng masabi lamang na malakás ang iniisip ay hahandâ sa pagtitiís nġ mġa pag-uusig!

—¿Anó ang mġa pag-uusig na inyóng tinitíis?—ang tanóng ni P. Fernández na itinaás ang ulo,—¿hindí ko kayó binayaang manġusap nġ malayà sa aking klase? Nġuni't gayón man, kayó'y isáng maitatanġi, na, kung tunay ang sinasabi, ay dapat kong ituwid, upang mapalaganap ang kaugalian, kung mangyayari, upang maiwasan ang masamang halimbawà!

Nġumití si Isagani.

—Pinasalamatan ko kayó at hindí ko ipakikipagtalo kung akó'y nátatanġi ó hindí; tatanggapín ko ang katanġian upang tanggapín namán ninyó ang aking sasabihin; kayó man ay tanġi rin; at sa dahiláng dito'y hindí natin pag-uusapan ang mġa pagkakátanġi, ni ang pagpaparangyâ nġ ating mġa pagkatao, sa ganáng akin ay gayón ang aking akalà, ay ipinamamanhík ko sa aking katedrátiko na mangyaring baguhin ang lakad nġ salitâan.

Kahì't na may pagkukuròng malayà ay nápataás ang ulo ni P. Fernández at tinitigang lipós pagkakamanghá si Isagani. Ang binatàng iyón ay may mahigít pang pagkamalayà kay sa inakalà niyá; kahì't tinawag siyang *katedrátiko*, kung tatayahin, ay inaari siyang kapantáy, dahil sa nanġahás magmungkahì. Dahil sa mabuting magparaán sa pakipag-usap, ay hindí lamang tinangġáp ni P. Fernández ang pangyayari,

kun di siya na ang nagbukás.

—¡Mabuti!—ang sabi,—nguni't huwag ninyóng ipalagáy na akó'y inyóng gurò; akó'y isáng prayle at kayó'y isáng nag-aaral na pilipino; waláng labis, waláng kulang! at ngayón ay itatanóng ko sa inyó: ¿anó ang nasá sa amin ng mga nag-aaral na pilipino?

Dumating na pabiglâ ang katanunġan: si Isagani ay hindi handâ. Iyón ay isáng ulos na biglâng lumusót samantalang nagmumuog, gaya ng tawag sa *esgrima*. Sa kabiglâanang iyón, si Isagani, ay tumugón ng isáng matinding salág na waring isáng baguhang nagsanggaláng:

—¡Na kayó'y manġagsitupád sa inyóng kautanġán!—aniyá.

Si pray Fernandez ay umunat: naging wari'y putók ng kanyón, sa ganáng kaniyá, ang kasagutan.

—¡Na kami'y tumupád sa aming kautanġán!—ang ulit na nagpakaunat-unat,—kung gayó'y ¿hindi kami tumútipád sa aming kautanġán? ¿anóng mga kautanġán ang itinutungkól ninyó sa amin?

—Yaón dġng malayàng iniatang sa sarili ninyó ng kayó'y pumasok sa kalipunan, at yaóng pagkatapos, nang nasa sa loób na kayó, ay ninasàng taglayín! Nguni't sa aking pagkanag-aaral na pilipino, ay hindi ko inaakaláng akó'y may karapatáng sumuri ng inyóng inaasal sang-ayon sa inyóng mga palatuntunan, sa katolisismo, sa pamahalâan, sa bayang pilipino at sa boong sangkatauhan: mga bagay iyang dapat ninyóng linawin sa mga tagapagtatág ninyó, sa Papa, sa pamahalâan, sa boóng bayan ó sa Dios: sa aking pagkanag-aaral na pilipino, ay ang kautanġán lamang ninyó sa amin ang tanġi kong tutukuyin. Ang mga prayle, ang kalahatán, sa pagiging tagasiyasat ng pagtuturò sa bayan bayan, sa mga lalawigan, at ang mga dominiko, sa ganáng kanilá, sa paglilikom sa kaniláng mga kamáy ng mga pag-aaral ng kabinataang pilipino, ay tumanggáp ng katungkulan, sa harap ng walóng anġaw-anġaw na mámamayan, sa harap ng España at sa harap ng sangkatauhan na ating kinasasamahan, na pabutihin sa tuwítuwí na ang batàng binhí, sa ugali at panġanġatawán, upang ilandás siya sa kaniyáng kaligayahan, lumikhâ ng isáng bayang maranġal, malusog, matalino, mabaít, marilág at matapát. At ngayó'y akó namán ang magtátanóng: ¿tumupád bagá ang mga prayle sa kaniláng katungkulan?

—Gumáganáp kami....

—¡Ah! P. Fernandez,—ang paklí ni Isagani;—kung itututóp ninyó ang kamáy sa inyóng pusò ay makasásagót *kayóng* tumutupád, nguni't kung itututóp ang kamáy sa pusò ng inyóng kalipunán, sa ibabáw ng pusò ng lahat nang mga kalipunang prayle, ay hindi ninyó masasabi ang gayón ng hindi masisinunġalingġan! ¡Ah, Padre Fernandez! kapag náharap akó sa isáng taong aking minamamahal at iginagalang, ay ibig ko pa ang akó ang sisihin kay sa sumisi, ibig ko pa ang magsanggaláng kay sa sumugat. Nguni't yamang pumasok na tayo sa pagpapaliwanagán ay magpatuloy na tayo hanggáng sa wakás! ¿Papano ang ginágawáng pagtupád sa kautanġán ng mga nagsisiyasat ng pagtuturò sa mga bayan bayan? ¡Hináhlanġán! At ang mga tanġing may hawak dito ng mga pagpapaaral, ang mga may ibig na mag-ayos ng pag-iisip ng kabatâan, na waláng ibáng makapanghimasok ¿papaano ang ginágawáng pagtupád sa kaniláng katungkulan? Ináawasán hanggáng mangyayaring awasán ang mga pagkatahò, pinapatáy ang lahat ng sulák at sigabó, inábâ ang lahat ng karanġalan, tanġing nagpapakilos sa káluluwá, at itinátanim sa amin ang matatandâng pagkukurò, ang mga lipás na karununġan, ang mga malíng batasán ng katwiran na di kaagpáng ng pamumuhay sa pagsulong! ¡Ah! kung ang linalayon ay ang pagpapakain sa mga bilanggò, ang pagbibigay ng kakanin sa mga nagkasala, ay inilálagáy ng pamahalâan sa *subasta* upang mátagpúan ang makapagdudulot ng lalòng mabuting pagkain, ang hindi pápatáy ng gutom sa kanilá; kapag ang tinutunġo ay ang palusugin ang pag-iisip ng isáng boóng bayanán, palusugin ang kabatâan, ang bahaging lalòng mabuti, ang sa hulí'y magiging siyáng bayan at siyáng lahat, di lamang hindi inilalagáy sa *subasta* ng pamahalâan, kung di pinalalagí ang kapangyarihan doón sa kalipunán na nagpaparangyâ ng pag-ayáw sa ikatututo, ng pag-ayáw sa anománg pagkakasulong. ¿Anó ang wiwikàin natin kung ang nagdádala ng pagkain sa mga bilanggúan, matapos na makuha sa pailalím na paraán ang kasunduang pagpapakain, ay bayang manglambót ang kaniyáng mga bilanggò sa kakulanġán sa dugò, dahil sa ang ibiníbigáy na pagkain ay lahat noong lipás at laós, at pagkatapos ay magdahlíng sabihin na hindi nababagay na magkaroon ng mabuting katawán ang mga bilanggò, sapagká't ang mabuting katawán ay nagdudulot ng masasayang kaisipán, sa dahiláng ang katuwâan ay nagpapabuti sa tao, at ang tao'y hindi dapat bumuti, sapagká't naayon sa hanġad ng nagpapakain ang magkaroon ng maraming nagkakasála? ¿Anó ang wiwikàin natin kung ang pamahalâan at ang nagpapakain ay magkásundò na sa sikolo ó labindalawáng kualta na tinatanggap ng isá, sa bawa't isáng may sala, ay tanggapín namán ng isá ang aliw?

Kinákagatkagát ni P. Fernandez ang kaniyang mga labi.

—Nápakatinding sumbóng iyan,—ang sabi,—at kayó'y lumálagpás sa hangganan ng ating kasundúan.

—Hindi, Padre; patuloy akó sa pagtukoy ng ukól sa pag-aaral. Ang mga prayle, at hindi ko sinasabing kayóng mga prayle, sapagká't hindi ko kayó ibinibilang sa karamihan, ang mga prayle ng lahat ng *orden* ay naging pawàng tagapagdulot ng aming ikatatalino, at sinasabi nilá at inihahayag ng waláng kahiyâhiyâ, na hindi nararapat na kami'y dumunong, sapagká't balang araw ay hahanġarín namin ang maging malayà! Itó'y kagaya noong ayaw palusugin ang katawán ng bilanggò upang huwag bumuti at makaalís sa bilanggúan. Ang kalayaan, sa tao'y, kagaya ng ikátututo kung sa katalinuhan, at ang pag-ayáw ng prayle na kami'y tumalino ay siyáng sanhi ng di namin kasiyahang loób!

—Ang karununġan ay ibiníbigáy lamang doon sa karapatdapat magtamó!—ang paklí ni P. Fernández,—kung ipagkákaloob sa mga taong waláng matibay na pusò at mabuting asal ay hahalay lamang.

—At ¿bakit may mga taong waláng matibay na pusò at mabuting asal?

Kinibít ng dominiko ang kaniyáng balikat.

—Mga kasiràng násususo nang kasama ng gatas, na nálalangáp sa loób ng lipi.... ¿ano ang malay ko?

—¡Ah hindi pô, P. Fernández!—ang biglàng bulalás ng binatà,—hindi ninyó sinuring mabuti ang bagay na pinag-uusapan, hindi ninyó ginawàng tanawín ang kailalimilaliman dahil sa panggambang bakâ mamalas doón ang anino ng inyóng mga kakapatid. Kayó ang may kagagawán ng aming anyó. Ang bayang sinisiil ay pinipilit na magtagláy ng balát-kayóng ugali; yaóng pinagkakaitán ng katotohanan ay binibigyan ng kasinunghalinjan; ang nagpapakadahás ay gumágawâ ng alipin. Walang mabuting aral, ang wikà ninyó, kahit na! kahit mangyayaring pabulàanan kayó ng mga talàan, sapagkâ't dito'y hindi nangyayari ang mga pagkakasalang kagaya ng sa maraming bayang nabubulag sa kanilang palalòng taguring nangag-aayos ng ugali. Datapwâ'y kahit hindi hanġad ang surin sa nġayón kung anó ang bumubuò ng hilig at sa dahilang nátutunġod sa kabutihang ugali ang aral na tinangġap, ay sang-ayon akó sa inyó na kami ngâ'y may kasiràn. ¿Sino ang may sala sa pangyayaring iyan? ¿O kayóng may tatlong daa't limang pung taóng naghahawak ng aming ikatututo ó kaming umaalinsunod sa lahat ng bagay? Kung makaraan ang tatlong daa't limang pung taón ay walang nayari ang eskultor kundí isang walang ayos na larawan, ay lubhang nápakatunggák.

—O masamá ang putik na ginagamit.

—Lalò pang tunggák kung gayón, sapagkâ't alam na masamá palá ay hindi iniíwan ang putik at nagpapatuloy sa pag-aaksayá ng panahón.... at hindi lamang tunggák, kungdi nagdadaya at nagnanakaw, sa dahilang batid na walang kapararakan ang kaniyang gawâ ay ipinagpapatuloy upang tanggapin ang kaupahán.... at hindi lamang tunggák at magnanakaw kung di taksil sapagkâ't humahadlang na ang lahat ng ibang eskultor ay sumubok ng kanilang kaya upang tingnan kung makakayari ng bagay na may halagá! ¡Kalaitlait na panginġilag ng walang kasapatán!

Ang tugón ay nápakatindi at naramdamán ni P. Fernández na siya'y násilò. Tiningnan si Isagani at namalas niyang malakí, hindi madadaig, namamaibabaw at noon lamang siya naranasan, sa boò niyang kabuhasan, ang pag-aakalang siya'y tinalo ng isang nag-aaral na pilipino. Nagsisi siya dahil sa kaniyang pagkakahamon sa pagtatalo, nguni't hulí na. Sa kaniyang kagipitan at sa pagkakalagáy sa harap ng gayóng dapat katakutang kalaban ay humanap ng mabuting kalasag at pinanghawakan ang pamahalàan.

—Ipinapataw ninyó sa amin ang lahat ng kasalanan, sapagkâ't walâ kayóng náikikita kundí kami kalapít,—ang sabing ang boses ay walâ nang pagmamataas,—talagang gayón, hindi ko ipinagtataká! kinamumuhian ng bayan ang sundalo ó ang alguasil na humuhuli sa kaniya at hindi ang hukóm na nag-utos ng paghuli. Kayó at kami'y sumasayaw na lahat ng alinsunod sa lakad ng isang tugtugin: kung itinataas ninyó ang inyóng mga paa ng sabáy sa amin, ay huwag kami ang sisihin: ang tugtuging nagtatakdâ ng ating kilos. ¿Inaakalà bagá ninyóng kami ng mga prayle ay walang budhi at ayaw kami sa kabutihan? ¿Inaakalà bagá ninyóng hindi namin kayó naaalaala, na hindi namin naaalaala ang aming kautangán, at kami'y kumakain lamang upang mabuhay at nabubuhay upang maghari? ¡Maanong magkagayón na ngâ! Nguni't, gaya rin ninyóng kami'y sumusunód sa lakad ng tugtugin; kami'y pigipit na pigipit: ó palayasin ninyó kami ó kami'y palayasin ng pamahalàan. ¡Ang pamahalàan ay siyang nag-uutos, at sa nakapaguutos ay walang katwiran kundí ang sumunód!

—Sa bagay na iyan, kung gayón, ay makukurò—ang sabi ni Isagani na nakanġiti ng malungkót,—na hanġad ng pamahalàan ang aming ikasasamá?

—¡Oh, hindi, hindi iyan ang ibig kong sabihin! Ibig kong sabihin, na may mga paniniwalà, may mga palagáy at mga kautusan na inilalagdâ ng mabuti ang layon nguni't mga kasakitsakit ang iniaanak. Ipaliwanag kong lalòng mabuti sa pagbangġit ng isang halimbawà. Upang pigilin ang isang munting kasamáan, ay naglalagdâ ng maraming kautusan na nagiging sanhi ng lalò pang maraming kasamáan: *corruptissima in republica plurimæ leges*, ang sabi ni Tácito. Upang iwasan ang isang pagdarayà, ay naglalagdâ ng isang anġaw anġaw at kalahati na kapasayahang nagbabawal at nakadudustâ, na ang iniaanak kaagád ay ang gisingin ang bayan upang iwasan at linlanġin ang mga tinurang pagbabawal: upang gawing makasalanan ang isang bayan ay walang mabuting paraan na di gaya ng pag-alinlanġanan ang kaniyang kabaitan. Lumagdâ ng isang kautusan, huwag na rito kundí sa España, at tingnan ninyó kundí pag-aaralan ang paraan ng paglinlang sa kaniya, ang gayó'y sapagkâ't nalimot ng mga gumágawâ ng kautusan ang pangyayari na samantalang ipinagkakatatagò ang isang bagay ay lalò namang pinagnanasang makita. ¿Bakit ang masamang gawâ at katalasan ay inaarang malaking sangkáp ng bayang kastilâ gayóng walâ siyang makakapantáy kung sa pagkamahál na tao, sa pagkamapagmataás at sa pagkamahaldika? Sapagkâ't ang tagalagdâ namin ng kautusan, sa loob ng lalòng mabuting adhikâ, ay nangag-alinlanġan sa kaniyang pagkamahál, sinugatan ang kaniyang kataasan at hinamon ang kaniyang pagkamahaldika! ¿Ibig ninyóng gumawâ sa España ng isang daanan sa gitnâ ng mga talampás? Kung gayó'y lagyan ninyó doon ng isang babalang magahasà na ipinagbabawal ang magdaan, at iiwan ng bayan, na tumututol sa pagbabawal, ang daanan upang mangunyapit sa mga bató. Sa araw na ipagbawal sa España ang kabaitan, ng isang manggagawâ ng kautusan, at ipaganáp na sápilitan ang kasamáan, sa kinábukasan ay mabait na lahat ang tao!

Humintò ang dominiko, at pagkatapos ay nagpatuloy:

—Nguni't masasabi ninyóng lumalayò tayo sa salitàan; magbabalik akó.... Ang masasabi ko upang kayó'y maniwalà, ay, na ang kasiràng tinataglay ninyó ay hindi nararapat na ibintang sa amin ni sa pamahalàan; iyan ay nasa sa di wastong pagkakatatag ng aming kapisanan, *qui multum probat, nihil probat*, na nasasawi sa kahigitán sa pag-iinġat, kakulanġan sa kailanġan at lampás doon sa kalabisán.

—Kung kinikilala ninyó ang mga kasiràng iyan ng *inyong* kapisanan,—ang tugón ni Isagani,—¿bakit nanghihimasok sa pag-aayos ng kapisanan ng ibá at hindi ang unahin ay ang sarili muna?

—Nápapalayò tayo sa ating salitàan, binatà; ang kaparaanang pagsang-ayon sa mga bagay na nangyari



na ay dapat tanggapin....

—¡Kahit na! tinatanggap ko, sapagkâ't isá nŕ nangyari at patuloy akó sa pagtatanóng: ¿bakit, kung ang pagkakatatag nŕ inyóng kapisanan ay may kasiràan, ay hindí ninyó palitán ó kayâ'y dinggin man lamang ang tinŕig nŕ mŕa napipinsalàan?

—Nálalayô pa rin tayo: ang pinagsasalitàan natin ay kung anó ang nasà nŕ mŕa nag-aaral sa mŕa prayle....

—Sapol sa sandalíng ang mŕa prayle ay nagkakanlóng sa likód nŕ pamahalàan ay itó na ang tutunŕuhin nŕ mŕa nag-aaral.

Ang paklí ay makatwiran; sa dakong iyon ay walàng lúlusután.

—Hindí akó ang pamahalàan at hindí ko masasagután ang kaniyáng mŕa kilos. ¿Anó ang nasà nŕ mŕa nag-aaral na gawín namin, alang-alang sa kanilá, sa loób nŕ hangganang aming kinalalagyán?

—Huwag humadláng sa kalayàan nŕ pag-aaral, kundí tumulong pa nŕâ.

Inilíng nŕ dominiko ang ulo.

—Kahit hindí ko tuturan ang sarili kong pagkukurò, iyan ay paghilíng sa aming kamí'y magpatiwakál,—ang sabi.

—Hindí pô, kung dí bagkús na ibá, iyan ay paghinŕíng kamí'y paraanin upang huwag kayóng masagasà at madurog.

—¡Hm!—ang sabi ni P. Fernández na humintô at nag-isíp—Simulán ninyó sa paghinŕi nŕ bagay na hindí gayón kabigát, isáng bagay na maaaring itulot nŕ bawà't isá sa amin na hindí ikasisirà nŕ karanŕalan at mŕa karapatáng tagláy, sapagkâ't kung mangyayaring tayo'y magkalinaw at mamuhay nŕ payapà ¿anó't magkakagalít, anó't maghihilàan?

—Kung gayón ay tutunŕo tayo sa pagtukoy sa mŕa kasanhian....

—Oo, sapagkâ't kung tatangkín natin ang kinatitirikan ay maiguguhô natin ang bahay.

—Tunŕuhin natin ang mŕa kasanhian kung gayón, iwan natin ang kinalalagyán nŕ mŕa batayán nŕ katwiran; at *hindí rin sasabihin ang sarili kong pagkukuro*—at dito'y idiniín nŕ binatà ang salitâ—maghuhumpáy ang mŕa nag-aaral sa kaniláng inaayos at mapapawì ang iláng kapaitan kung ang mŕa nagtuturò ay mátututong pagpakitaan silá nŕ mabuti kay sa ipinakikita hanggáng sa nŕgayón.... Itó'y nasa sa inyóng mŕa kamáy.

—¿Anó?—ang tanóng nŕ dominiko—¿mayroon bagáng anománg daíng sa aking inúugali ang mŕa nag-aaral?

—Padre, sa simulâ pa'y nagkásundô tayong hindí títukuyin ni akó ni kayó. Nag-uusap tayo nŕ pangkalahatán: bukód sa walàng nápapalâ ang mŕa nag-aaral sa mŕa taóng dinádaán sa mŕa klase, ay madalás pang iwan doon ang bahagi nŕ kaniláng karanŕalan, kungdí man ang lahát.

Kinagát ni P. Fernandez ang kaniyáng labi.

—Waláng pumipilit sa kaniláng mag-aral; ang mŕa bukirín ay hindí natatamnán—ang matigás na sagót.

—Oo, may bagay na pumipilit sa kaniláng mag-aral,—ang tugón, na gayón din ang ayos ni Isagani, na pinakaharâpharâp ang dominiko.—Bukód sa katungkulan nŕ bawà't isá na hanapin ang kaniyáng ikawawastô, ay may isáng likás na nasà ang tao na patalasin ang kaniyáng pag-iisip, pagnanasàng lalóng masidhî dito sa dahiláng lubhâng pinipigil; at ang nagbíbigáy nŕ kaniyáng salapî at buhay sa pamahalàan ay may karapatáng hinŕín dito na bigyán siya nŕ liwanag upang kitaing lalóng mabuti ang kaniyáng salapî at mainŕatang lalò ang kaniyáng buhay. Opò, Padre; may bagay na pumipilit sa kanilá, at ang bagay na iyan ay ang pamahalàan din, kayó ring kumukutyâng walàng habág sa indio na hindí nag-aral at ipinagkákait ang kaniláng karapatán, sa panananŕan sa sanhíng silá'y mangmáng. ¡Hinúhubarán ninyó silá at pagkatapos ay kinúkutyâ ang kaniláng ikahíhiyâ!

Si P. Fernandez ay hindí sumagót; nagpatuloy sa pagyayao't dito, nŕuni't hindí mápalagáy na waríng nagugulumihanan.

—¡Sinasabi ninyóng ang mŕa bukirín ay hindí natatamnán!—ang patuloy ni Isagani na ibá na ang ayos, makaraán ang isáng sandalíng panahimik—huwág tayong pumasok nŕgayón sa pagsuri nŕ kadahilanan, sapagkâ't mápapalayô tayo sa pinag-uusapan; nŕuni't kayó P. Fernandez, kayó, gurô, kayó, taong may karununŕan, ibig ninyó ang isáng bayan nŕ mŕa mananim, nŕ mŕa magsasaká! ¿Sa ganáng inyó bagá'y ang pagkamangsasaká na lamang ang kalagayang lalóng wastóng maaabót nŕ tao sa kaniyáng pagsulong? ¿O ibig ninyóng mapainyó ang karununŕan at mapasá ibá ang paggawâ?

—Hindí, ibig kong ang karununŕan ay taglayín noóng dapat magtagláy, noóng makapag-iinŕat sa kaniyá,—ang sagót,—kapag nagpakita ang mŕa nag-aaral nŕ katibayan nŕ pag-ibig sa kaniyá; kapag nagkaroón na nŕ mŕa binatàng may pananalig, mŕa binatàng marunong magtanggól sa kaniyáng karanŕalan at maipagalang itó, ay magkakaroon nŕ karununŕan, magkakaroon na nŕ mŕa guróng may paglinŕap! ¡Kung may mŕa guróng namamasláng ay sa dahiláng may mŕa tinuturúang umaalinsunod!

—¡Kapag nagkaroón nŕ mŕa gurô ay magkakaroon nŕ mŕa nag-aaral!

—Kayó ang magpauna sa pagbabagong ayos, sapagkâ't kayó ang nanŕanŕailanŕan nŕ pagbabago, at kamí'y súsunód.

—Siyá nŕâ,—ang sabi ni Isagani na malungkót ang nŕití,—¡magpauna kami sa dahiláng nasa dako namin ang kasiràan! Tahô ninyóng lubós kung anó ang maaantáy nŕ isáng tinuturúang humarâp sa isáng gurô: kayó na, na tagláy ang boóng pag-ibig sa katwiran, ang boóng kagandahang loób, ay nagkakahirap kayó sa

pagpipigil nŕ tinuturan ko ang mapapaít na katotohanan, ¡kayóng kayó na, P. Fernandez! ¿Anó ang kabutihang nápalâ nŕ nagnasàng maghasík sa amin nŕ ibáng pagkukurò? At ¿anó anóng kasamáan ang dumagsâ sa inyó dahil sa ninasàng umugali nŕ mabuti at tumupád sa inyóng kautanŕán?

—Ginoóng Isagani,—ang sabi nŕ dominiko na iniabót sa kaniyá ang kamáy,—kahi't sa wari'y waláng lubós na nápalâ sa pag-uusap nating itó, gayón ma'y mayroon dín tayong kaunting nápulot; sasabihin ko sa aking mŕa kapatíd ang inyóng mŕa tinuran at ináantáy kong kahi't kauntí ay may magagawâ. Ang ipinanŕanŕanib ko lamang ay ang bakâ hindi manŕagsipaniwaláng may isáng gaya ninyó.

—Iyan din ang panŕambá ko,—ang tugón ni Isagani na kinamayán ang dominiko,—nanŕanŕanib akóng bakâ ang aking mŕa kaibigan ay hindi maniwáláng may isáng gaya ninyó, kamukhá nŕ pakikipagharapan ninyó sa akin nŕgayón.

At dahil sa ipinalagáy na tapós na ang salitàan, ay nagpaalam ang binatâ.

Binuksán ni P. Fernández ang pintô at sinundán siya nŕ tinŕín hanggáng nakalikô sa *corredor*. Malaong pinakinggán ang tunóg nŕ kaniyáng yabág, pagkatapos ay pumasok sa silíd at inantáy na siyá'y lumabás sa daan. Nákita nŕâ niya at nádinŕíg na sinasabi sa isáng kasama, na nagtatanóng kung saan paparoon, ná:

—Sa Gobierno Civil! Titingnán ko ang mŕa paskín at makikisama akó sa ibá!

Ang kasama ay sindák na nápatinŕín sa kaniyá, na warìng nagmamalas sa isáng magpapatiwakál, at lumayóng tumátakbó.

—¡Kaawàawang binatâ!—ang bulóng ni P. Fernandez, na náramdamáng nanŕinŕilíd ang luhâ sa kaniyáng mŕa mata,—kinaiingitán ko ang mŕa hesuita na nagturò sa iyo!

Si P. Fernandez ay námaling lubós; galít kay Isagani ang mŕa hesuita, kayâ't nang mabatíd sa kinahapunan na napipiit ang binatâ, ay sinabi niláng silá'y mádamamay.

—¡Ang binatàng iyán ay sásamá at makasisirà sa atin! Dapat mapag-alamang ang mŕa pagkukuròng iyan ay hindi dito nátutuhan!

Hindi nanŕagbulàan ang mŕa hesuita, hindi; ang Dios ang tanŕing nagkákaloób nŕ mŕa pagkukuròng iyón, sa tulong nŕ Kalikasan.

## XXVIII

### TATAKUT

Naging parang manghuhulà si Ben-Zayb nang patunayan sa kaniyang pamahayagan, ng mga nakaraang araw, na ang pag-papaaral ay masamá, lubhang makasasamá sa Kapulung Pilipinas: ngayón, sa harap ng mga nangyari niyong araw ng biernes ng mga paskín, ay nangakak ang manunulat at inaawit ang kaniyang pagtatagumpáy, at pinapangliit at nilitò ang kaniyang kalabang si *Horatius* na nanghás na kutyáin siya sa tudling ng *Pirotecnica* sa ganitóng paraan:

---

Sa aming kapamahayagang *El Grito*:

“Ang pagpapaaral ay masama, lubhang makasasama sa Pilipinas!”

Nalinawan na namin.

Malaon nang inaakala nang *El Grito* na kinákatawan niya ang bayang pilipino; *ergo*..... gaya nang wiwikain ni Fray Ibañez, kung marunong nang latin.

Nguni't si Fray Ibañez ay nagiging musulmán kapag sumusulat, at alam natin kung papano ang ginágawa nang maña musulman sa pagpapaaral.

*Testiga*, gaya nang sabi nang isáng maalindóg na *predicador*, ang aklatan sa Alejandría!

---

Ngayón ay may katwiran siya, si Ben-Zayb! ¡Sa siya ang tanging nag-iisip sa Pilipinas, ang taning nakahuhulà ng mga mangyayari!

Kayá ngá, ang balitang nakakuha ng mga pasking masasagwá ang sinásabi sa mga pintò ng Universidad, ay hindi lamang nakapag-alís ng gutom sa marami at nakasirà ng tiyan sa ibá, kundí nakapagpagulò rin sa mga mahinahong insík, na hindi nakapanghás na maupò sa kanilang mga tindahan na nakataás ang isáng paa na gaya ng kaugalian, sa takot na baká silá gahulín sa pag-uunat upang tumakbó. Nang ika labing-isá ng umaga, kahit na patuloy ang araw sa kaniyang lakad at ang Marilág, ang Capitan General, ay hindi lumalabás na nangunguna sa kaniyang mga mapagwaging kabig, ay naglalò pa mandín ang ligalig: ang mga prayleng lagìng pumáparoón sa tindahan ni Quiroga ay hindi nanghásisipót at ang bagay na itó'y nagsasabing may mga kakilakilabot na mangyayari. Kung ang araw ay parisukat sana ng sumilang at ang mga Kristo ay mga nakapantalón, ay hindi marahil makabaklá kay Quiroga na dí gaya noon: inari niyang *liampó* marahil ang araw at ang mga santóng larawan ay mga manglalarò ng *chapidquí* na nanghahubarán; nguni't jang hindi pagsipót ng mga prayle na nátaón pa namán sa pagtanggáp niya ng mga bagong bagay!

Sa bilin ng isáng *provincial* na kaibigan niya, ay ipinagbawal ni Quiroga sa kaniyang mga bahay na pinaglalarúan ng *liampó* at *chapidquí* ang pagpasok ng sino mang indio na hindi dating kilalá; ang magiging konsul ng insík ay nanghangambáng baká nakawin ang salaping ipinatatalo roon ng mga mahihirap. Matapos na maihandá ang kaniyang tindahan na mangyayaring biglang ilapat ang mga pintò sa isáng sandali, ay napaabay sa isáng bantay na *veterana* sa maikling pag-itan ng bahay ni Simoun sa kaniyang bahay. Inakalà ni Quiroga na iyon ang sandaling lalóng kapit upang gamitin ang mga baril at punglò na nasa kaniyang imbakan, alinsunod sa paraang sinabi sa kaniya ng manghihiyás: maaasahang sa mga araw na súsunód ay ipag-uutos ang paghalughóg sa mga baháybaháy at sa gayó'y gaano ang mabibilanggò, gaano ang taong sa katakutan ay hindi ibibigáy ang lahat ng naiimpók! Yaón ang paraan ng mga dating *carabintero*, na nagsusulót sa mga silong ng bahay ng mga tabako at dahong ipinagbabawal, pagkatapos ay magpapakunwaring manghalughóg at pipilitin ang kahabághabág na may bahay na sumuhol ó magmultá! Ang kaibhán ngá lamang ay sa dahilang lalóng naaayos ang paraan, at sa dahilang hindi na pigil ang tabako ay ang mga armás na bawal namán ang ginagamit sa ngayón!

Nguni't si Simoun ay ayaw makipagkita sa kanino man at ipinasabi kay insík Quiroga na bayaan sa pagkakalagáy ang mga bagay na iyon, kayá't tinungho ng insík si D. Custodio upang itanóng kung nararapat ó hindi nararapat balutihan ang kaniyang tindahan, nguni't si D. Custodio man ay ayaw ring tumanggáp ng dalaw: kasalukuyang pinag-aaralan ang isáng munakalang ukol sa pagtanggól, sakaling siya'y makubkób ng kalaban. Náalaala si Ben-Zayb upang hingán ng balitá; nguni't nang matagpúang nakabalutí mulá sa ulo hanggang paa at dalawang rebolber ang ginagamit na pabigát sa mga papel ay dalidaling nagpaalam si Quiroga at umuwí sa kaniyang bahay, at nahigang dinahilan na masamá daw ang kaniyang katawán.

Nang iká apat ng hapon ay hindi na mga paskín lamang ang sang-usap-usapan. Umalingawngaw na ang mga nag-aaral at ang mga taga bundók S. Mateo ay nanghagkakaalam; pinatitibayang pinagsumpáanan sa isáng magpapansít na biglang lulusubin ang Maynilá; nábanggít ang mga pangdigmang dagat ng mga alemán, na nasa sa labás ng dagat Maynilá, na tutulong sa kilusán; isáng pulutóng na kabinataan ang umanó'y tumungho sa Malakanyang upang humandóg sa General, na ang dinahilan ay ang pagtutol sa kagagawán at ang kanilang pagkamakastilá, nguni't ipinapiit na lahat sapagká't nakitang mga batbát ng sandata. Iniligtás ng kalawingí ang General, na pinigil na matanggáp yaóng mga batangbatá pa'y taksil na, dahil sa noon ay nakikipag-usap sa mga Provincial, sa Vice Rector at kay P. Irene, na kinatawán ni P. Salvi. May katunayan ang mga alingawngaw na itó kung paniniwalàan natin si P. Irene, na dumalaw ng hapon iyon kay kapitang Tiago. Alinsunod sa kaniya, ay may mga taong nag-uudyók sa Capitán General na samantalahín ang pangyayaring yaon upang takutin at bigyan na ng isáng mabuting aral ang mga binatang pilibustero.

—Barilín ang ilán—anáng isá—mga dalawang pú't apat na makabago na ipadalang agád sa tatapunán at sa gitná ng katahimikan ng gabí, ay makaaapulá na ng lubusan sa sigabó ng kalooban ng mga walang kasiyahang loób!

—Huwag,—ang tugón ñ isáng may mabuting pusò,—sukat nang ang mña kawal ay palibutin sa mña lansanġan, ang batallón ñ mña kábayuhan sa halimbawá, na mña bunót ang sable; sukat nang kaladkarín ang iláng kanyón.... sukat na iyón! Ang bayan ay nápakamatatakutín at ang lahát ay manġagsisípasok sa kaníkaniláng bahay.

—Huwag, huwag,—ang palagáy ñ isá,—itò ang panahóng kapit upang pawiin ang kalaban; hindí sukat ang manġagsipasok sa kaniláng pamamahay, kailanġang palabasín, na gaya ñ masasamáng sinġaw, sa pamagitan ñ mña parapit. Kung hindí manġakapanġahás na gumawá ñ guló, ay dapat na silá'y udyukán sa tulong ñ mña sugòng hahamon.... Inaakalà kong ang nárarapat ay ihandá ang mña kawal at magkunwaríng nagpapabayà at nagwawaláng bahalà, upang manġagsitapang at pangyayari ñ anománg kaguluhan ay piyapisin na nang boñng tindí!

—Ang layon ay siyáng nagbibigay katuturán sa mña paraan,—ang sabi ñ isá pa,—ang layon natin ay ang ating banál na Relihión at ang katibayan ñ Inang bayan. Ihayág ang *estado de sitio*, at sa anománg muntíng kaguluhan ay paghulihín ang mña mayayaman at mña marurunong.... at linisin ang bayan!

—Kung hindí akó dumatíng sa panahón upang pagpayuhan ñ pagdadahandahan—ang dugtóng ni P. Irene, na ang hinaráp ay si kapitáng Tiago,—ay tiyák nang umaagos ñgayón ang dugò sa mña lansanġan. Ang naaalaala ko ay kayó, kapitán.... Ang pangkát ñ mña masisidhí ay waláng nápaláng gaano sa General, kayâ't nanġanghihinayang dahil sa pagkawalâ ni Simoun.... ¡Ah! kung hindí nagkasakit si Simoun....

Ang pagkahuli kay Basilio at ang paghalughóg na ginawâ pagkatapos sa kaniyang mña aklát at mña papel, ay nakapagpalubhâng lalò kay kapitáng Tiago. Nġayó'y dinagdagan pa ni P. Irene ang kaniyang sindák sa pagsasalaysáy ñ mña bagay na nakapanġinġilabot. Ang kahabághabág ay pinasukan ñ isáng matindíng pagkatakot na náhalatâ muna dahil sa isáng mahinàng panġinġiníg, na untíuntíng lumálakás hanggáng sa siyá'y hindí na nakapanġusap. Nanġakadilat ang mña matá, pawisán ang noo, pumigil sa bisig ni P. Irene, nagtangkâng bumanġon; ññuni't hindí mangyari at matapos na makañġol ñ makálawá ay bigláng bumagsák sa ibabaw ñ unan. Nanġakadilat ang matá ni kapitang Tiago at sumasago ang laway: patáy na. Sa pagkasindák ni P. Irene ay tumakbó, ññuni't sa dahiláng kumapit sa kaniyá ang patáy ay nakaladkád niyá at nápaalis sa hihigán sa kaniyang pagtakas, at naiwan sa gitná ñ silid.

Nang kinágabihán ay umabot na sa lalòng sidhí ang katakután. May iláng pangyayari na nag-udyók sa mña matatakutín sa paniniwaláng mayroóng mña sugòng nanghahamon.

Dahil sa isáng binyagan, ay naghagis ñ kaunting kualta sa mña batà at sukat nang maasahan na nagkaroón ñ kaunting kaguluhan sa pintò ñ simbahan. Nátaón namáng náparaán doón ang isáng mabalasik na militar, na may iniisip mandín, na inakaláng ang kaguluhan ay isá nang pagsalakay ñ mña pilibustero, kayâ't piniyapis ñ sable ang mña batà, pumasok sa simbahan, at kung hindí nagkasalásalabíd sa tabing na nakasabit sa *coro* ay pinagpupugután sana ñ ulo ang lahát ñ naroon. Makita ang gayón ñ mña matatakutín at magpanakbuhang ipinamamalità na ang himagsikan ay magsísimulâ na, ay bagay na nangyari sa isáng sandalí. Daglídaglíng nagsarahan ang mña pintò ñ manġilán-ñiláng tindâng naiiwang bukás, may mña insík na nakaiwan sa labás ñ mña piesa ñ kayo, at hindí kakaunting babai ang nawalán ñ sinelas dahil sa pagtakbó sa mña lansanġan. Salamat na lamang at íisá ang nasugatan at ilán ang nasaktán, na isá na ñġâ sa kanilá ang militar nang masubasob dahil sa pakikipagtunggalí sa tabing na may amóy balabal ñ pilibusterismo. Ang gayóng kabayanihan ay nagbigáy sa kaniyá ñ kabunyián, at isáng kabunyiáng malinis, na ¡harì na ñġang ang lahát ñ kabantugan ay makuha sa gayóng paraan! ang mña iná'y hindí na lubhâng íiyák at lalò pa sanang marami ang tao sa mundó!

Sa isáng arrabal ay nakakita, ang mña naninirahan doon, ñ dalawá kataong nagbábaón ñ armás sa silong ñ isáng bahay na tablá. Naguló ang nayon; tinangkâ ñ mña naninirahan na habulin ang dalawáng táong iyon na hindí kilalá upang patayín at iharáp sa mña may kapangyarihan, ññuni't sínawatâ silá ñ isáng kapit-bahay at sinabing sukat na ang iharáp sa tribunal ang sanhí ñ kasalanan. Sakâ ang mña armás namán ay matatandâng baríl na tiyak na makasusugat sa magtangkâng gumamit noon.

—¡Siya!—ang sabi ñ isáng matapang—kung ibig na tayo'y manghimagsík ay ¡sulong!

Ññuni't ang matapang ay nilambanog ñ palò at suntók, pinagkukurót ñ mña babai na warìng siya ang may arì ñ mña baríl.

Sa Ermita ay lalòng mahigpít ang nangyari, kahí't hindí lubhâng nábalità, gayóng nagkaroon pa ñ putukan. Isáng kawaníng nápakamainġat na nagbalutíng mabuti ay nakakita, nang magtatakíp-silim, ñ isáng bulto sa kalapít ñ kaniyang bahay; inakalà na niyáng buòngbuò na yaon ay isáng nag-aaral, kayâ't pinaputukán ñ dalawáng putók ñ rebolber. Nang makita ang bulto pagkatapos ay isá paláng beterana, kayâ't inilibing at, *pax Christi! Mutis!*

Sa Dulungbayan ay umugong din ang iláng putók na ang nápatáy ay isáng kaawàawang matandâng binġí na hindí nakadinġig sa *quien vive* ñ bantáy, at isáng baboy na nakadinġig ññuni't hindí sumagót ñ *España*. Ang matandâ'y hindí nálibíng kaagad sapagkâ't waláng maibayad sa simbahan, at ang baboy ay pinagkainanan.

Sa loob ñ Maynilâ, sa isáng tindahan ñ matamis na kalapít ñ Unibersidad, na lagìng dinadayo ñ mña nag-aaral, ay pinag-uusapan ang mña pagkakáhulihán, sa ganitóng ayos:

—¿Ya cogí ba con Tadeo?—ang tanóng ñ babaing may arì ñ tindahan.

—Abá, ñora,—ang sagót ñ isáng nag-aaral na nátitirá sa Parian,—*pusilau ya!*

—¡Pusilau! ¡Naku! No pa ta pagá conmigo su deuda.

—¡Ay! no jablá vos puelte, ñora, bakâ pa de quedá vos cómplice. ¡Ya quemá yo ñġâ el libro que ya dale prestáu conmigo! ¡Bakâ pa de riquisá y de encontrá! ¡anda vos listo, ñora!

—¿Ta quedá dice preso Isagani?

—Loco-loco también aquel Isagani,—ang sabing namumuhí nǎ nag-aaral;—no sana de cogí con ele, ta andá pa presentá! ¡Oh, bueno nǎâ, que topá rayo con ele! ¡Siguro pusilau!

Kinibít nǎ babai ang balikat.

—¡Conmigo no ta debí nada! ¿Y cosa de jase Paulita?

—No di faltá novio, ñora. Siguro de llorá un poco, luego de casá con un español.

Ang gabíng iyón ay nagíng isá sa mǎa lalòng malulungkót. Sa mǎa baháybaháy ay nagdadasál nǎ rosario at may mǎa maawáing babaing nagpapatungkól na nǎ mahahabàng *padrenuestro* at mǎa *requiem* sa kaluluwa nǎ mǎa kamag-anak nilá't kaibigan. Ika waló pa lamang nǎ gabí'y bahagyâ nang makakita nǎ manǎisánǎisáng naglálakád; maminsan minsan ay nakakadinǎig nǎ takbó nǎ isáng kabayo na ang tagiliran ay nápapalòng malakás nǎ isáng sable, pagkatapos ay pasuwít nǎ mǎa tanod, mǎa sasakyáng matutulin ang takbó na warìng hinahabol nǎ kawan nǎ mǎa pilibustero.

Gayón man, hindí sa lahát nǎ pook ay naghaharì ang panǎambá.

Sa plateríang tinitirahán ni Plácido Penitente ay pinag-uusapan din ang mǎa pangyayari at pinagtatalunan nang may kauntíng layà.

—¡Hindí akó naniniwalà sa mǎa paskín!—ang sabi nǎ isáng manggagawàng payát at tuyô na sa kágagamit nǎ tsukoy;—sa ganáng akin, ay kagagawán iyan ni P. Salvi!

—¡Ehém, ehém!—ang ubó nǎ maestro platero na, sa panǎingilag na panǎanláng duwag, ay hindí makapanǎahás na putlín ang pag-uusap. Ang kaawaawàng tao'y nag-uuubó na lamang, kikindatán ang manggagawà at titinǎin sa daan, na warìng ibig sabihin na:—¡Bakâ tayo masubukan!

—¡Dahil sa opereta!—ang patuloy nǎ manggagawà.

—¡Ohó!,—ang bulalás nǎ isáng mukhàng tanǎa;—sinasabi ko na nǎâ! Kayâ't....

—¡Hm!—ang tugón nǎ isáng tagasulat na may anyòng pagkahabág,—ang ukol sa mǎa paskín ay totoo, Chichoy, nǎuni't ipaliliwanag ko sa iyo!

At idinugtóng na ang tinǎig ay matalinghagà:

—¡Yaón ay isáng kagagawán ni insík Quiroga!

—¡Ehém, ehém!—ang ulit na ubó nǎ maestro na inilipat sa kabilàng pisinǎí ang sapá nǎ hitsóng nasa bibíg.

—¡Paniwalàan mo akó, Chichoy, kagagawán ni insík Quiroga iyán! Nádinǎig ko sa aking pinápasukan.

—¡Nakú, *siguro* nǎâ!—ang bulalás nǎ tanǎa, na agád nang naniwalà.

—Si Quiroga—ang patuloy nǎ tagasulat,—ay may isáng daang libong pisong pilak mehikano, sa *bahía*. ¿Papano ang pagpapasok? Hindí maliwag; ginawâ ang mǎa paskín, na sinamantalá ang usap nǎ mǎa nag-aaral, at samantalang ang lahát nǎ tao'y nagúguló, ¡pum! pinadulasán ang mǎa kawaní at nakaraan ang mǎa kaha!

—¡Siya nǎâ, siya nǎâ!—ang bulalás nǎ mapaniwaláin na sumuntók sa ibabaw nǎ dulang.—¡Siya nǎâ! Kayâ palá si insík Quiroga..... ¡Kayâ!

At nápahintô dahil sa hindí maalaman kung anó ang sasabihing ukol kay insík Quiroga.

—¿At tayo ang magbabayad nǎ kaniláng kagagawán?—ang tanóng ni Chichoy na nagagalit.

—¡Ehém, ehém, ehém!—ang ubó nǎ platero na nakádinǎig nǎ lumálapít na yabág sa daan.

Tunay nǎâ, ang mǎa yabág ay lumálapít at nanǎagsihintô ang manǎa sa loob nǎ platería.

—Si San Pascual Bailon ay isáng dakilàng banál,—ang sabing malakás na pakunwaríng nagbabanálbanalan ang platero, na kinindatán ang ibá;—si San Pascual Bailon....

Nang sandalíng iyón ay dumunǎaw ang mukhâ ni Plácido Penitente, na kasama ang manggagawâ nǎ kastillo na ating nakitang tumanggáp nǎ utos kay Simoun. Linibid nǎ lahát ang mǎa bagong datíng at tinanóng nǎ mǎa balíbalità.

—Hindí ko nakausap ang mǎa bilanggô—ang tugón ni Plácido,—may mǎa tatlóng pû!

—¡Manǎagsihandâ kayó!—ang dugtóng nǎ magkakastilló na nakipagsulyapan nǎ may kahulugán kay Plácido,—sinasabing sa gabíng itó'y magkakaroon nǎ katakot-takot na pugután.....

—¿Ha? ¡Lintík!—ang bulalás ni Chichoy, na luminǎap nǎ sandata, nǎuni't nang walàng mákita, ay sinunggabán ang kaniyáng tsukoy.

Ang maestro ay umupô; ang kaniyáng mǎa paá'y nanǎanǎalóg. Nákinikinitá nang mapaniwaláin na ang ulo niyá'y pugót, at umiíyák na dahil sa mangyayari sa kaniyáng kaanák.

—¡She!—ang sabi nǎ taga-sulat;—¡hindí magkakaroon nǎ pugután! Ang taga udyók nǎ—at humudyát nǎ may kahulugán—ay salamat at may sakít.

—¡Si Simoun!

—¡Ehém, ehém, ehém!

Si Plácido at ang magkakastilló ay mulíng nagtinǎinan.

—Kung iyán ay hindí nagkasakit....

—Ay gágawâ nǎ isáng wari'y himagsikan!—ang dugtóng na pawalàng bahalà nǎ magkakastilló, samantalang idinuduldol ang isáng sigarilyo sa itaás nǎ tubo nǎ kinke—at ¿anó ang gagawín natin kung

gayón?

—Totohanin na, sapagká't yamang pupugutan na rin lamang tayo.....

Ang malakás na ubóng sumasál sa platero ay nakapigil na mádingíg ang karugtóng ñg salitâ. Marahil ay kakilakilabot na bagay ang pinagsabí ni Chichoy, sapagká't umanyông mámamatay at ang mukhá'y anyông hapón na pápatay ñg tao.

—Ang sabihin ninyó'y nagpapakunwaríng may sakit sapagká't natatakot na lumabás! Kapag nákita ko siyá....

Mulíng sinasál ñg matindíng ubó ang maestro at natuluyan nang pamanhikán ang lahát na manggag-uwían.

—Gayón man ay humandâ kayó, humandâ kayó,—ang sabi ñg magkakastilló—Kung pipilitin tayo sa pumatáy ó mamatáy....

Isá pang ubó ang sumasál sa kaawàawàng may pagawâan at ang mġa manggagawâ ay nanggag-uwían sa kaníkaniláng bahay na may daláng pamukpók, bandili at ibá pang kasangkapang maipang-iiwâ ó maipamamalò, at humandâng ipaglabang mabuti ang kaniláng buhay. Si Plácido at ang manggagawâ ñg kastillo ay mulíng nagsialís.

—¡Pag-iinġat, pag-iinġat!—ang bilin ñg maestro na ang tinġig ay waríng sa umiiyak.

—¡Kayó na lamang ang bahalà sa aking balo at mġa mauulilang anák!—ang samò ñg mapaniwaláin na ang tinġig ay lálò pa mandíng baság.

Nakikinikinitá na ñg kahabághabág na sa katawán niya'y lusútlusutan ang punlò at nálilibíng na siyá.

Nang gabíng yaón ay pinalitán ñg mġa artillerong kastilâ ang mġa tanod sa mġa pintô ñg loob ñg Maynilâ, at nang kinabukasan, ñg dumudunġaw na ang mġa unang liwanag, si Ben-Zayb, na nanggahás na maglakád upang tingnán ang kalagayan ñg mġa kutâ, ay nakátagpô sa *glacis* na malapit sa Luneta ñg bángkáy ñg isáng india na magdadalagá, na, halos hubád at nakabulagtâ roong nag-iisá. Si Ben-Zayb ay nalunusan at matapos na matangkí ñg kaniyang tungkód ang patáy at makatinġín ñg tunġo sa mġa pintô, ay ipinatuloy ang kaniyang lakad, na iniisip na gumawâ ñg isáng mapanimdím na kabuhayan dahil sa pangyayaring yaón. Gayón man, ni isáng pahiwatig man lamang ay waláng lumabás sa mġa pahayagan sa mġa araw na sumúsunód, na ang inatupag ay ang mġa pagkakadapâ't pagkakadupilas na gawâ ñg mġa balát ñg saging, at, sa dahiláng waláng maibalitâ, si Ben-Zayb man ay nagpakaluritlurit sa pagsasalaysáy ñg isáng dumaang bagyó sa Amérika, na sumirâ sa mġa bayan at nakamatáy ñg mahigít sa dalawáng libo katao. Kasama ñg iláng pasaring ay sinabi niyang:

“Ang pagkamahabagin, NA LALONG BUHAY SA MAÑGA BAYANG KATÓLIKO KAY SA IBANG BAYAN, at ang alaala Niyong sa udyók din noon ay naghirap dahil sa *sangkatauhan*, sa amin ay *nagpakilos* (sic) sa pagkahabág sa mañga kasawian nang ating kapuwa at idalañgin upang *sa lupaing* itó, na salantangsalanta sa mañga bagyó, ay huwag maulit ang mañga kasakitsakit na pangyayaring napagmasdán nang mañga naninirahan sa Estados Unidos.”

Hindí pinaraan ni *Horatius* ang pagkakátaón at hindí rin tinukoy ang mġa patáy, ni ang kaawàawàng indiang inutás, ni ang mġa kapaslanġán, ay sinagót si Ben-Zayb sa kaniyang *Pirotecnica* ñg:

“Matapos ang gayong karaming pagkahabág at pagliñgap sa katauhan, si Fray Ibañez, itóng, si Ben-Zayb, ay nanirá sa pagdalañging patungkol sa Pilipinas.

Ñguni't maaaninawan ang gayón.

Sapagka't hindi siya katóliko at ang pagkamahabagin ay lalong buháy, at ibp.”

## MANĜA HULÍNG SALITANG UKOL KAY KAPITANG TIAGO

Talis vita finis ita.

Si kapitang Tiago ay nagkaroón nĝ mabuting hanggá, itó nĝâ, nagkaroón nĝ mainam na libíng. Tunay nĝâ na ipinaalaala kay P. Irene nĝ kura sa *parroquia* na si kapitang Tiago ay namatáy nang hindi nagkukumpisál, nĝuni't ang mabuting parì, samantalang nakanĝitì nang palibák, ay hinimas ang kaniyang ilóng at sumagót na:

—Báh jakó ba namán ang paglalakuán! kung ating ipagkákaít ang *exequias* sa mĝa namamatáy nĝ hindi nagkukumpisal, ay malilimutan natin ang *De profundis*! Ang mĝa kahigpitang iyán, gaya nĝ inyóng pagkabatíd na mabuti, ay pinairal lamang kapag ang hindi nakapagkumpisál ay waláng ibabayad, nĝuni't ĵkay kapitáng Tiago!... ĵBah! kung sampù nĝ mĝa insík na hindi binyagan ay inilibíng ninyó nĝ may *misa de requiem*!

Si P. Irene ang inihalál ni kapitáng Tiago na kaniyang *albacea* at gáganáp nĝ kaniyang mĝa habilin, at iniíwan ang bahagi nĝ kaniyang kayamanan sa Sta. Clara, ang bahagi ay sa Papa, sa Arsobispo, sa mĝa Corporaciones, at nag-iwan nĝ dalawáng púng piso upang ipagbayad nĝ *matricula* nĝ mĝa nag-aaral na marálitá. Ang hulíng habiling itó'y ipinatalá sa udyók ni P. Irene dahil sa pagkamapag-ampón nitó sa kabataang masipag sa pag-aaral. Pinawaláng bisà ni kapitang Tiago ang pamanang dalawáng pú't limáng piso na iniíwan niyá kay Basilio, dahil sa masamáng inugali nĝ binatà nang mĝa hulíng araw, nĝuni't pinairal din ni P. Irene ang habilin at sinabing kukunin niyá ang halagáng iyón at dádalhín nĝ kaniyang bulsá at nĝ kaniyang budhí.

Sa bahay nĝ namatáy na dinaluhán kinábukasan nĝ mĝa dating kakilala at mĝa kaibigan, ay pinag-uusapang mátikabó ang isáng himalâ. Sinasabing noong oras nang paghihinĝalô ay napakita sa mĝa mongha ang kaluluwá ni kapitang Tiago na libíd nĝ maningning na liwanag. Iniligtás nĝ Dios ang kaluluwá, dahil sa karamihan nĝ pamisang ipinagawâ at sa mĝa pamanang iniwan sa mĝa simbahan. Ang balità'y pinag-uusapan, inilálarawan, nagkákaroon nĝ ayos at waláng isá mang nag-aalinlanĝan sa bagay na iyón. Isinásaysáy ang suót ni kapitang Tiago, na gaya nĝ mahihinalà, ay ang prak, ang pishĝí'y nakaumbók dahil sa sapá nĝ hitsó, hindi nalimot ang kuakong panghitít nĝ apian at ang manók na sasabunĝín. Ang *sacristán mayor* na kalahók sa umpukan ay nagpapatotoong waláng kapingaspingas sa tulong nĝ tanĝô nĝ ulo, at iniisip na, pagkamatáy niya, ay pakikita namáng dalá ang tasa nĝ tahúng putí, sapagká't, kung walâ ang pang-agahang iyon, ay hindi niya maunawâ ang kaligayahan ni sa lanĝit ni sa lupà. Tungkól sa bagay na itó, at dahil sa hindi mapag-usapan ang mĝa nangyari nĝ kináhapunan at sa dahiláng mayroon doong mĝa tahor, ay mainam na hakàhakà ang nábabangĝít, pinagkukuròkurò kung hahamunin ó hindi ni kapitang Tiago si S. Pedro upang silá'y magdaos nĝ isáng *soltada*, kung magpupustahan, kung ang mĝa manók ay pawàng waláng pagkamatáy, kung hindi tátalabán nĝ iwà, at kung mangyari ang gayón, ay sino kayâ ang magiging *sentenciador*, sino ang mananalo, at ibp., mĝa pagtatalong kinalulugdán nĝ mĝa nagtatatág nĝ karununĝan, mĝa paghahakà, mĝa paraang nábabatay sa isáng aklát na inaakaláng waláng kamalían, na ipinahayag nĝ Dios sa kaniyang kabig ó nauukol sa batayang nagiging kautusán. Bumábangĝít pa nĝ mĝa bahagi nĝ nobena, nĝ mĝa aklát na ukol sa mĝa kababalaghán, sabi nĝ mĝa kura, kalagayan nĝ lanĝit at iba pang mĝa bagaybagay na ukol din doon. Si D. Primitivo, ang pilósopo, ay galák na galák sa pagtutukóy niya nĝ mĝa hakà nĝ mĝa teólogo.

—Sapagká't ang sinoman sa kanilá'y hindi mangyayaring matatalo,—ang sabing may lubós na pagkatakô;—ang pagkatalo'y nagbibigáy nĝ samâ nĝ loob at sa kalanĝitán ay hindi mangyayaring magkaroon nĝ samàan nĝ loob.

—Nĝuni't ang isá'y sápitáng mananalo,—ang paklí nĝ tahir na si Aristorenas,—ang inam ay nasa pananalo!

—Kapuwâ mananalo!

Iyong kapuwâ mananalo ay hindi matanggáp ni Martin Aristorenas, siya, na ang bońg buhay ay dinaan sa sabunĝán at kailan ma'y kaniyang nákita na ang isáng manók ay nananalo at ang isá'y natatalo; kung bagá mán ay magtablá na lamang ang nangyayari. Waláng náhitâ si D. Primitivo sa kálatín, si Martin Aristorenas ay nag-iilíng, gayóng ang latín ni D. Primitivo ay madalíng máwatasan: sinasabi niyang: *an gallus talisainus, acuto tarì armatus, an gallus beati Petri bulikus sasabunĝus sit* at ibp., hanggáng sa ginamit na tulóy ang panĝanĝatwiran nang marami kung ibig magpatigil at magpapanalig.

—Magkakasala ka, kaibigang Martín, mahuhulog ka sa isáng erehía! *Cave ne cadas!* Hindi na akó makikipagmonte sa iyo! ĵHindi na tayo magkakabakas! Hindi mo pinanánaligan ang kapangyarihan nĝ Dios, *peccatum mortale!* Hindi mo pinaniniwalàan ang katunayan nĝ Santísima Trinidad: ang tatló ay isá at ang isá ay tatló! ĵDahandahan ka! ĵHindi mo pinaniniwalàan warì na ang dalawáng katawán, dalawáng pag-iisip at dalawáng kalooban ay mangyayaring magkaroon nĝ úisáng alaala lamang! ĵDahandahan ka! *Quicumque non crederit, anathema sit!*

Si Martin Aristorenas ay nanĝuntíng namumutlá't nanĝinĝiníng, at si insík Quiroga na nakádingíng na buó sa panĝanĝatwiran, ay dinulutan nĝ bońg galang ang pilósopo nĝ isáng mabuting tabako at tinanóng nĝ masuyò:

—Sigulo, puele akieng kontalata itóng aliendo sabong sa Kilisto, ha? Pag akó pagtáylo, akieng kontalatista, ha?

Sa ibáng pulutóng ang lalóng mahabàng salitáan ay ukol sa patáy; ang pinagtatalunan ay ang damít na isusuót sa bangkáy. Ipinalagáy ni kapitáng Tinong na damít pransiskano ang isuót; mayroón pa namán

siyang isá, lumà, sirâsirâ at takpî takpî, mainam na kasangkapan na, alinsunod sa patunay nŕ prayle na pinaglimusán niyá sa halagáng tatlong pû't anim na piso, nakapagliligtas sa bangkáy sa apóy nŕ inpierno, at nagsalaysáy nŕ makapagpapatibay na mŕa banál na pangyayaring hanŕo sa mŕa aklát na ikinákalát nŕ mŕa kura. Kahì't pinakamamahal ni kapitang Tinong ang labíng iyon, ay laan siyang ipagkaloob sa kaniyang matalik na kaibigang hindi niya nádalaw sa boong pagkakasakit. Nŕuni't ipinaklí nŕ isáng sastré na yamang nákita nŕ mŕa mongha si kapitang Tiago na naka prak na umaakyát sa lanŕit, ay dapat suotan nŕ prak at hindi kailanŕan ang mŕa pananggól at mŕa kasutang hindi tatagusán: nagpraprak kung tumutunŕo sa isáng sáyawan, sa isáng pistá, at hindi maaasahang hindi gayón dín ang mátatagpúan niya sa kaitaasan.... at ¡tingnán! nagkátaón pa namáng mayroon siyang isáng yari, na maibibigáy niya sa halagáng tatlong pû't dalawang piso, apat na piso ang kamurahan kay sa ábitong pransiskano, sapagká't ayaw niyang pagtubúan si kapitang Tiago: naging sukí niya noong buháy at nŕayón ay magiging pintakasi niya sa kalanŕitán! Nŕuni't si P. Irene na albasa at siyang magpapatupád sa náutos sa testamento ay sumalansáng sa dalawang palagáy at ipinag-utos na bihisan ang bangkáy nŕ alin man sa matatandá niyang damít, at sinabing na tagláy ang anyông pagkabanál, na hindi tinítingnán nŕ Dios ang bihis.

Ang mŕa *exequias* nŕa ay ginawâ nŕ boông dinŕal. Nagkaroón nŕ *responso* sa bahay, sa daan, tatlong prayle ang gumawâ na waring ang ísa'y hindi makakaya sa káluluwang yaón, ginawang laháť nŕ *rito* at mŕa *ceremonias* na magágawâ, at nábalitang gumawâ pa nŕ ibá, nagkaroón nŕ *extra* na gaya sa mŕa tanŕing palabás dulàang ukol sa kapakinabanŕán nŕ isáng tao. Yaón ang naging kaigáigaya: maraming kamanyáng ang sinunog, maraming awit sa wikang latín, nag-aksayá nŕ maraming agua bendita: alangalang sa kaniyang kaibigan ay inawit ni P. Irene, sa coro, ang *Dies iræ* na ang boses ay pahunál; at sumakit ang ulo nŕ mŕa nálalapít dahil sa kátutugtog nŕ plegaria.

Si aling Patrocinio, ang dating katunggalí ni kapitang Tiago sa pagkamasambahin, ay tunay na tunay na nagnasang mamatáy namán sa kinabukasan upang makapagpagawâ nŕ mŕa exequias na lalò pang malakí kay sa roon. Ang maawáing matandá'y hindi makatiis, na iyong inaakalà niyang talong talo na niyá ay magbanŕon nŕ boông karanŕalan, sa pagkamatáy. Oo ninanasang mamatáy siyá at waring nádidinŕig na niya ang mŕa pabulalás nŕ mŕa taong nanonood nŕ responso, na nagsasabing:

—¡Itó ang libíng! ganiyan ang marunong mamatáy, aling Patrocinio.



Ang pagkamatáy ni kapitáng Tiago at ang pagkakahuli kay Basilio ay napag-alamán kaagád sa lalawigan, at alang-alang sa ikadadanġál nġ mġa mapapayapàng tagá San Diego ay sasabihin naming dinamdam pa nang higit ang hulí at siyá lamang halos ang napag-usapan. At gaya nġ maaantáy, ang balità'y nagkaroon nġ ibá't ibáng ayos, may nagbigáy nġ mġa pangyayaring malungkót, kakilakilabot, ipinaliwanag ang hindi nalilinan, ang mġa patláng ay pinunán nġ mġa hakàhakà, ang mġa itó'y nagíng parang tunay na nangyari at ang multóng sumipót sa gayón ay nakatakot na, sampû sa mġa tunay na may likhâ.

Sa bayan nġ Tiani ay nabalità na batàng batá na sa kaniya ang mapatapon at marahíl ay patayín sa paglalakbáy na tunġo sa tatapunán. Ang mġa matatakutín at mapaghinalà nġ masamá ay hindi pa nasisiyahán sa gayón at pinag-uusapan ang mġa bitayán at mġa hukumang kawal; ang Enero ay isáng masamáng buan, Enero nang mangyari ang guló sa Kabite, at *ang mġa taong iyón*, gayóng mġa parí na, ay nanġabitay; kayá't ang isáng marálitáng kagaya ni Basilio na waláng sukat mag-ampón at waláng mġa kakilala....

—¡Sinasabi ko na!—ang buntóng hiniġá nġ Hukom pamayapà na waríng minsan man lamang ay nabigyán niya nġ isáng payo si Basilio—sinasabi ko ná....

—¡Sadyàng ganiyán ang maaantáy!—ang dugtóng ni hermana PENCHANG—pumapasok sa simbahan at kapág nakitang marumí nġ kauntí ang agua bendita ay hindi na nag-aantandâ! May sinasabing mġa mumuntíng hayop at mġa sakít, abá, parusa nġ Dios! ¡Nararapat iyon sa kaniyá! Warí bagáng ang agua bendita ay mangyayaring makapagpahawa nġ mġa sakít! Lubhâ pa nġàng kaibá, abá.

At ibinuhay ang kaniyáng paggalíng sa isáng pagkasirà nġ tiyan sa paglalagáy lamang nġ agua bendita sa pusod, na sabáy sa pagdadasál nġ *Sanctus Deus*, at inihahatol ang kagamutan sa mġa kaharáp, kapag nanġagkasakít nġ iti ó kabag ó kung may salot, datapwâ'y kailanġang dasalín lamang kung gayón sa wikàng kastilà:

Santo Dios  
Santo fuerte  
Santo inmortal,  
Líbranos Señor de la peste  
Y de todo mal.

—Ang kagamutan ay waláng pagkasirà, nġuni't lalagyán nġ agua bendita ang dakong masakít ó may damdam,—aniyá.

Datapuwa'y marami sa mġa lalaki ang hindi naniniwalà sa mġa bagay na itó, ni hindi ipinalalagáy na parusa nġ Dios ang pagkakabilanggó ni Basilio. Hindi rin nanġaniniwalà sa mġa panghihimagásik at mġa paskín, sa pagkakilala sa ugaling ibayo pa nġ pagkamapayapà at pagkamainġat nġ nag-aaral, at minagaling pang iambíl ang gayón sa mġa paghihiganti nġ mġa prayle, dahil sa pagkakátubós sa pagkaalilà, kay Hulí, na anak nġ tulisáng mahigpít na kalaban nġ isáng malakás na *corporación*. At sa dahiláng may masamá siláng pagkákilala sa mġa kaugalian nġ korpórasíong iyon at naaalala ang mġa abáng paghihiganti, ay ipinalagáy, na, ang mġa hulòhulòng iyon ay siyang malapitlapít na nangyari at siyáng mapaniniwalàan.

—¡Mabuti nġâ ang nágawâ kong pinalayas sa aking bahay ang babai!—ang sabi ni hermana PENCHANG—ayokong makipagsirà sa mġa prayle, kayá't pinagmadalí kong humanap nġ salapí.

Ang katotohanan ay dinamdam niya ang pag-laya ni Hulí; inaakò siya ni Hulí sa pagdadasál at pag-aayuno, at kung lumagì pa nġ mahabâhabáng panahón ay marahil nagdigala nġ dahil sa kaniyá. ¿Bakit, kung ang mġa kura ay nagdadasál nġ patungkol sa atin at si Kristo ay namatáy dahil sa ating mġa kasalanan, bakit hindi makagagawâ nġ gayon din si Hulí na patungkol kay hermana PENCHANG?

Nang ang balità'y nakasapit sa kubong tinitirahan ni Hulí at nang kaniyáng lelong, ay nanġailanġan ang dalaga na uliting makálawa ang balità. Tiningnán si hermana Balí, na siyang nagbabalità, na waríng hindi maliwanagan ang sinasabi, hindi mapagtuwid ang kaniyáng pagkukurò; naghumugong ang kaniyáng mġa tainġa, nagkaramdam nġ pagsisikíp nġ pusò at nagtagláy nġ isáng kutób nġ kalooban, na ang pangyayaring yaón ay makapagbibigay hapis sa kabuhayan niyáng sásapitin. Gayon ma'y tinangkang mananġan sa isáng banaag nġ pag-asa, nġumití, inakaláng binibirò siyá ni hermana Balí nġ isáng masamáng birò, nġuni't dí pa man ay ipinatatawad na niyá kung sasabihing birò nġâ, nġuni't pinagkurús ni hermana Balí ang kaniyáng hinglalakít hintuturò at hinagkán, sa katunayang totoo ang kaniyáng sinasabi. Sa gayón ay nawalà na ang nġiti sa labì nġ dalaga, namutlà, maputláng maputlà, naramdamáng nawalán siyá nġ lakás at, noon lamang nangyari sa boò niyang buhay, nawalán nġ diwàng tuminbuang.

Nang sa káhahampás, kákukurót, wisík nġ tubig, mġa krús at paglalagáy nġ mġa palaspás na benendita ay pinagsaulán ang dalaga at napag-unawa ang kaniyáng kalagayan ay piping bumalong sa kaniyáng mġa matá ang luhà, sunód sunód ang paták, waláng hibík, waláng panaghóy, waláng daíng! Inaalala niyá si Basilio na waláng ibáng tagapag-ampón kung dí si kapitáng Tiago, at sa pagkamatáy nitó, ay lubós nang nawalán nġ kandili at kalayaan. Batid nang sa Pilipinas ay kailanġan ang ninong sa lahat nġ bagay, mulá sa araw na binibinyagán ang isáng tao hanggáng sa mamatáy, sa pagtatamó nġ katwiran, sa pagkuha nġ isáng katibayan sa paglalakbáy ó upang magawâ ang isáng paghahanap-buhay. At sa dahiláng sinasabing ang pagkakabilanggóng yaón ay alinsunod sa mġa paghihiganti nġ dahil sa kaniyá at sa kaniyáng amá, ang kalungkutan nġ binibini ay nagíng isáng paghihinagpís. Nġgayón ay siyá namán ang nárarapat na magligtás, gaya nġ ginawâ nġ lalaki nġ siya'y alisin sa pagkaalilà, at ang isáng boses na lihim ang nag-uudyók sa

kaniyá nǵ gagawín at naghahain sa kaniyáng pag-iisip nǵ isáng kakilakilabot na paraan.

—¡Si P. Camorra, ang kura!—ang sabi nǵ boses.

Si Hulí'y nápapakagát labì at nahuhulog sa isáng malamlám na pag-iisíp.

Dahil sa pagkakasala nǵ kaniyáng amá ay dinakíp ang lelong, sa pag-asang sa gayóng paraan ay lilitáw ang anak. Ang tanǵing nakapagbigáy nǵ kalayàan ay si P. Camorra, at si P. Camorra ay nagpakilala nǵ dí kasiyahang loob sa mǵa pasasalamat at sa pamag-itan nǵ kaniyáng karaniwang ugaling tiyakan kung magsalitá ay huminǵi nǵ mǵa paghahandóg.... Mulá noon ay iniwasan ni Hulí ang siya'y mákatagpô, nǵuni't pinahahalík siya nǵ kamáy nǵ parì, hinihipò siya sa ilóng, sa pisinǵi, binibirò siyang may mǵa kindát at tumatawa, tumatawang siya'y kinúkurot. Si Hulí ang sanhí nǵ pagkakabugbóg nǵ mabuting kura sa iláng binatà na naglilibót sa nayon at nanánapatan sa mǵa dalaga. Ang mǵa mapaghinalà, kung nakikita siyang nagdáraan na waláng kaimík-imík at nakatunǵó, ay nagsasabing ipinadídingǵig sa kaniyá:

—¡Kung iibígin, ay magtatamóng kapatawarán si kabisang Tales!

Ang binibini'y dumáratíng na malungkót sa kaniyáng bahay at susuling suling ang matá.

Malakí ang ipinagbago ni Hulí; nawalá ang kaniyáng kasayahan, waláng nakakitang siya'y nǵumití, bahagyá nǵ magsalitá at warì mandíng nanǵanǵambáng malasin ang mukhá niyang sarili. Minsan ay nakita siya sa bayan na may malaking guhit na uling sa noo, siya, na palaging maayos at mahusay ang gayák kung lumakad. Minsan ay itinanóng kay hermana Balí kung nátutunǵo sa impierno ang mǵa nagpapatiwakál.

—Waláng sala!—ang tugón nǵ babai, at isinalaysáy ang poók na iyón na waríng siya'y galing doón.

Dahil sa pagkakabilanggò ni Basilio, ang mǵa dukhá't marunong luminǵap na mǵa kaanak ay gumawâ nǵ lahát nǵ magagawâ upang máiligtás ang binatà; nǵuni't sa dahiláng siláng lahát ay hindí pa makabuò nǵ tatlong púng piso, ay si hermana Balí, gaya rin nǵ dati, ang siyang nagkaroon nǵ lalóng mabuting akalà.

—Ang dapat nating gawín ay ang huminǵíng sangguni sa taga-sulat,—aniyá.

Sa mǵa abáng taong iyón, ang taga-sulat sa tribunal ay siyang oráculo sa Delfos nǵ matatandáng griego.

—Bigyán lamang nǵ sikapat at sakâ isáng tabako,—ang dugtóng—ay sasabihin pa sa iyo ang lahát nǵ batás na magpapalakí nǵ ulo mo sa pagdinǵig sa kaniyá. Pag mayroón kang piso ay maililigtás ka kahi't nasa sa paanán ka nǵ bibitayán. Nang ipasok sa bilangguán ang kapit bahay kong si Simón at hinagupít nǵ palò, dahil sa hindí nakapagpahayag nǵ ukol sa isáng nakawáng nangyari sa malapit sa kaniyáng bahay, abá ¡sa halagáng kahati't sikolo lamang at isáng balukay na bawang, ay nakuha siya nǵ taga-sulat! At nákita ko si Simón na babahagyá nang makalakad at náhigáng isáng buang mahigít. ¡Ay! nabalók ang pigí, abâ ¡at namatáy dahil doón!

Ang payo ni hermana Balí ay tinanggáp at siyá na ang nakipag-usap sa taga-sulat; binigyán siyá ni Hulí nǵ isáng salapí at dinagdagán pa nǵ iláng putol na pindáng na usá na náhuli nǵ lelong. Mulí na namáng inatupag ni tandáng Selo ang panǵanǵaso.

Nǵuni't waláng magawâ ang taga-sulat; ang bilanggò ay nasa Maynilà at hindí umaabot doón ang kaniyáng lakás.

—¡Kung nasa sa kabesera man lamang, maná pa!..—ang sabi na ipinagpaparangyâ ang kaniyáng kaya.

Lubós na batíd nǵ tagasulat na ang kaniyáng lakás ay hindí lumalampás sa mǵa hanggahan nǵ Tianì, nǵuni't kailanǵan niya ang huwag masirà ang pananalig sa kaniyá at upang maiwan ang pindáng na usá.

—Nǵuni't mabibigyán ko kayó nǵ isáng mabuting payo, na dìlì ibá kundí ang pumaroon kayóng dalawá ni Hulí sa Hukom pamayapà. Kailanǵang pumaroon si Hulí.

Ang Hukom pamayapà ay isáng taong pabugál-bugál, nǵuni't kung makikita si Hulí marahil ay mapipigil nǵ kaunti ang dating ugali: náriritó ang katalinuhan nǵ payo.

Pinakinggáng waláng kapinǵaspinǵas sa tigás nǵ ginoong Hukóm si hermana Balí, na siyang nagsasalitá, na maminsanminsang ay tinitingnán ang dalagang nakatunǵó at hiyang hiyâ. Masasabí na lamang nǵ tao na malakí ang paglinǵap niya kay Basilio, hindí naaalala nǵ mǵa tao ang kaniyáng utang na loob at na ang sanhí nǵ pagkakabilanggóng iyon, ayon sa balitá, ay dahil sa kaniya.

Matapos makadigháy nǵ makáitló ó makaapat, sapagká't may masamáng ugaling itó ang ginoong Hukóm, ay nagsabing ang tanǵing makapagliligtás kay Basilio ay si P. Camorra, *kung iibigin niya*—at tiningnán nǵ may makahulugáng títig ang binibini.—Itó'y pinápayuhan niyang makipag-usap sa kura.

—Alám na ninyó ang kaniyáng lakás; nakuha sa pagkakabilanggò ang inyóng nunò.... Sukat na ang isáng salitá niya upang mapasa tatapunán ang isáng batáng bagong panǵanák ó máligtas sa kamatayan ang isáng binitay.

Si Hulí ay hindí umíimík, nǵuni't sa ganang kay hermana Balí ay waríng nabasa sa isáng nobena ang hatol: laan siyang samahan sa bahay nǵ parì ang dalaga. Lilimós pa namán siya nǵ isáng kalmen sa halagáng isáng salapí.

Dátapwâ'y umíling si Hulí at ayaw pumaroon sa kombento. Si hermana Balí ay waríng nakararamdám sa sanhí nǵ pag-ayáw (si P. Camorra ay may katawagán ding *si kabayo* at nápakalikót) at pinanánahimik siya:

—¡Walá kang dapat ikatakot! kasama mo akó!—aniya—¡hindí mo ba nabasa sa muntíng aklát na *Tandang Basio* na bigáy nǵ kura, na ang mǵa dalaga'y dapat pumaroon sa kombento, kahi't hindí nálalaman nǵ mǵa magulang, upang ipagsabi ang nangyayari sa bahay? Abá! Ang aklát na iyón ay nálimbág nang may pahintulot ang Arsobispo, abá!

Si Hulí, iníp na't sa nasàng putulin ang usapan, ay namanhík sa mapanata na siyang pumaroon kung

ibig, nguni't sinabi nã Hukóm, sabáy sa pagdígháy, na ang samò nã isáng mukhá nã dalaga ay nakaaakit nã malakí kay sa mukhá nã isáng matandâ, na ang lanġit ay nagkakalat nã kaniyáng hamóg sa mġa sariwàng bulaklák at hindí sa mġa tuyò na. Ang talinhagà'y nagíng isáng magandáng kahalayan.

Si Hulí'y hindí sumagót at nanaog ang dalawáng babai. Sa daan ay nagmatigás ang dalaga sa pag-ayáw na pumaroon sa kombento, kayâ't nanġagsiuwí sa kaniláng nayon. Si hermana Balí na sumamá ang loob dahil sa kakulanġán nã pagtitiwalà, gayóng siya'y kasama, ay naghigantí sa paraang binigyán nã isáng mahabâhabàng *sermon* ang binibini.

Sadyâ nġang hindí magagawâ nã dalaga ang pagparoong iyon sa kombento nang hindí susuwatán ang kaniyáng sarili, na hindí siyá susuwatán nã tao, na hindí siyá susuwatán nã Dios! Makáilán nang sinabi sa kaniyá, may katwiran ó walâ, na kung susundín ang hanġád sa kaniyá, ay patatawarin ang kaniyáng amá, nġuni't gayón man ay hindí siyá pumayag, kahì't na isinísigáw sa kaniyá nã kaniyáng budhí ang pag-aalaala nã kautanġán sa magulang. ¿At nġayón ay gágawín niyá nã dahil kay Basilio, dahil sa kaniyáng kasintahan? Yaón ay isáng pagsadlák sa mġa kutyâ at paglibák nã lahát nã tao, sampûng si Basilio ay aalipustâ sa kaniyá; hindí mangyayari ang gayón, magpakailan man! Magbibigtí na muna siyá ó magtatalón sa alín mang banġín. Kahì't na anó ang gawín ay nasuwatán na siyá na masamâng anak.

Binatá pa rin nã kaawàwàng si Hulí ang mġa sisi nã kaniyang mġa kamag-anak, na sa dahiláng hindí nakababatíd nã nangyayari sa kanilá ni P. Camorra, ay kinúkutyâ ang kaniyang mġa katakután. Máiiibigan bagá ni P. Camorra ang isáng dalagang tagá bukid gayóng marami namán sa bayan? At tinukoy nã mġa babai, ang mġa panġalan nã mġa dalagang magagándá't mayayaman, na nagkaroon nã ganitó ó gayóng kasawián. At samantala'y ¿kung barilín si Basilio? tinátakpán ni Hulí ang kaniyang tainġa, lumilinġap sa lahát nã sulok at humahanap nã isáng tinġig na sukat magtanggól sa kaniyá, tiningnán ang kaniyang lelong; nġuni't ang lelong ay pipi at nakatitig sa dulo nã kaniyáng tandós na gamit sa panġanġaso.

Nang gabíng yaón ay bahagyâ nang nákatulog. Mġa bunġang tulog át panaginip, kung minsán ay kahambálhambál, kung minsán ay madugò, ang nagdáraan sa kaniyáng matá at sandásandalí'y nágigising na pigtá sa malamig na pawis. Parang nakadidinġig siyá nã putukan, parang náikita ang kaniyang amá, ang amá niyang nagsumakit nã lubhá dahil sa kaniyá, na nakikipaghamok sa mġa kagubatan, hinuhuling wari'y isáng hayop sapagká't siya'y nag alinlanġang kaniyáng ilitás. At ang larawan nã kaniyáng amá'y nagbago at náikita ni Basilio na naghihinġalò at tinititigan siya nã mġa tinġíng sumisisi. Ang kahabâghabág ay titindíg, magdadasál, tataghóy, tatawagan ang kaniyáng iná, ang kamatayan, at sumapit ang sandalí na, patâ na sa sindák, kung hindí lamang nagíng gabí noon ay tumakbó na sanang tuloytuloy sa kombento, mangyari na ang mangyayari.

Dumatíng ang umaga, at ang mġa malulungkót na paghinhinalà, ang mġa panġinġilabot sa kadilimán ay bahagyâng nagbawa. Ang kaliwanagan ay nagbigáy sa kaniyá nã mġa pag-asa. Nġuni't ang mġa balitang tinangġap nang kinahapunan ay lubhâng kakilakilabot; napag-usapan ang mġa binaríl at ang gabíng yaó'y nagíng karumaldumal sa dalaga. Sa kaniyáng pagdadalitâ'y tinangkâ nã ipagkaloob ang kaniyáng katawán pagsapit na pagsapit nã umaga at pagkatapos ay magpakamatáy: lahát, huwag na lamang magdaán nã gayóng paghihirap! Nġuni't ang umaga'y nagtagláy nã mġa panibagong pag-asa at ayaw pumanaog sa bahay ang binibini, ni pumaroón sa simbahan. Nanġanġanib siyáng mapahinuhod.

At sa gayó'y nakaraan ang iláng araw: nananalanġin at nagtutunġayáw, tumatawag sa Dios at ninanasa ang kamatayan. Ang umaga ay nagigíng isáng patláng, si Hulí'y umaasa sa isáng kababalaghán; ang mġa balitang galing sa Maynilà, kahì't dumaráting na may dagdág, ay nagsasabing ang iláng bilanggó ay nakalayà na dahil sa kaniláng mġa ninong at mġa kaibikaibigan.... May maiiwang magtitiís, ¿sino kayâ? si Hulí ay nanġinġilabot at umuuwí sa kaniyáng bahay na nġinanġatnġát ang kaniyáng mġa kukó, sa gayón ay dumaráting ang gabí na ang mġa panġanġambá, na nagkakaroon nã ibayong lakí, ay waríng nagigíng katotohanan. Kinatatakutan ni Hulí ang pananaginip; natatakot siyáng matulog, sapagká't ang kaniyáng pananaginip ay isáng sunód-sunód na banġunġot. Mġa titig na may hinanakít ang lumulusót sa kaniyáng mġa balintatáw kapag nápikít, mġa daíng at pananġis ang umuukilkíl sa kaniyáng mġa tainġa. Nakikitang pagalàgalà ang kaniyáng amá, dayukdók, walang tigil ni pahinġá; nakikitang si Basilio ay naghihinġalò sa gitná nã daan, may tamâ nã dalawáng punġlò, gaya nã pagkakita niyá sa bangkáy nã isáng kalapít-bahay na pinatáy samantalang iniháhatíd nã guardia sibil. At nakikita niyá ang mġa talíng gumitgít sa lamán, nakikita ang dugong lumálabás sa bibíng at nádidinġig na sinasabi sa kaniyá ni Basilio, na: “¡Iligtás mo akó, ilitás mo akó! ikáw lamang ang tanġíng makapaglilitás sa akin!” Mag-uumugong pagkatapos ang isáng halakhák, ililinġón ang mġa matá at makikita ang kaniyáng amá, na tinititigan siyá nã isáng titig na lipos paghihinanakít. At si Hulí ay mágigising, tatagilid sa ibabaw nã kaniyáng baníng, hihimasin nã kamáy ang noó upang tungkusín ang buhók: malamíng na pawis, gaya nã pagpapawís kung mamamatáy, ang nakababasa sa kaniyá.

—¡Iná, iná!—ang taghóy.

At samantala'y ang mġa nakapagpápassiya nã boong katuwâan sa mġa sasápitin nã mġa bayan, ang nakapag-utos nã makatwirang pagpatáy, ang sumisirà nã katwiran at ginagamit ang karapatán upang magpatibay sa lakás, ay mapayapang nanġahihimbíng.

Sa kahulíhulihan, ay dumatíng ang isáng manglalakbáy na taga Maynilà at nagsalaysáy nang kung papano nakawalâ ang lahát nã bilanggó, lahát, maliban si Basilio na walang mag-ampón. Nababalitâ sa Maynilà, ang dagdág nã manglalakbáy, na ang binatâ ay mapapatapon sa Carolinas, at pinalagdâán na muna sa kaniyá ang isáng kahilinġan na kinatatalâan na gayón ang hilíng niyáng kusà. Náikita nã manglalakbáy ang bapor na magdadalá sa kaniyá.

Ang balitang iyón ay tumapos sa mġa pagaalinlanġan nã dalaga na sadyâ namáng guló na ang pag-iisíp dahil sa karamihan nã gabíng ipinagpuyát at sa kaniyáng mġa kakilakilabot na mġa panġanġarap. Maputlá't ang matáy'y susuling suling, ay hinanap si hermana Balí at ang boses ay nakatatakot nã sinabing

siya'y nálalaán na at itinatanóng kung ibig siyáng samahan.

Natuwâ si hermana Balí at siya'y pinayapà, nğuni't si Hulí ay hindí nakikingíng at warìng nagmamadalí upang makarating sa kombento. Siya'y nag-ayos, isinuot ang kaniyang pinakamabuting gayák at warì pa mandíng siya'y may malakíng hanğád. Nagsasásalitâ kahì't waláng linaw.

Lumakad silá. Si Hulí ay náuuna at naínip sapagkâ't ang kasama'y náhuhulí. Dátapwâ'y samantalang nanğalalapít sa bayan, ay untiunti siyang nanghihinà, nagwawaláng imík, nag-aalinlanğan, nápapahinà ang hakbang, at pagkatapos ay nápapahulí. Kailanğan ang paliksihín pa siya ni hermana Balí.

—¡Gágabihín tayo!—ang sabi.

Si Hulí ay patuloy na namumutlà, ang tinğí'y sa ibabâ at hindí makapanğahás na itaás ang matá. Ang akalà niya'y siyá ang tinitingnán nğ lahát nğ tao at siya ang itinuturò. Isáng panğalang mahalay ang humihiging sa kaniyang tainğa, nğuni't nagbibingibingihan at nagpapatuloy nğ lakad. Gayón mán, nang mákita ang kombento, ay humintò at nanğinig na.

—¡Bumalík na tayo sa nayon, bumalík na tayo!—ang samò na pinigil ang kaniyang kasama.

Kinailanğan ni hermana Balí ang hawakán siyá sa bisig at halos binatak, na pinamamayapà at pinagsasabihan siyá nğ ukol sa mğa aklát nğ mğa prayle. Hindí siyá pababayàan, waláng dapat ikatakot; si P. Camorra ay may ibáng bagay sa ulo; si Hulí ay isáng tagabukid lamang....

Datapwâ'y nang dumating sa pintuan nğ kombento ó bahay pari ay nagmatigás na si Hulí sa pag-ayaw na umakyat at nanğunypít sa pader.

—¡Huwag, huwag!—ang samòng lipós sindák;—¡O, huwag; mahabág kayó!.....

—Nğuni't nápakahanğál.....

Itinutulak siyang marahan ni hermana Balí; si Hulí ay ayaw pumayag, namumutlà, na ang mukhá'y nakahahambál. Ipinahayag nğ kaniyang paninğín na nakikitang kaharáp niyá ang kamatayan.

—¡Siyá, bumalík tayo kung ayaw ka!—ang bulalás na tulóy na masamá ang loób nğ mabaít na babai, na hindí naniniwalà sa anománg sakunâng tunay na mangyayari. Kahì't na may masamâng kabantugan si P. Camorra ay hindí manğanğahás sa haráp niyá.

—¡Mádalá na sa tatapunan ang kaawàawang si D. Basilio, barilín siyá sa daan at sabihing nagtangkang tumakas!—ang dagdag;—pag patáy na ay saká magsisisi. Sa ganang akin, akó'y waláng anománg utang na loób sa kaniyá. Sa akin ay waláng isusumbát!

Yaón ang bayóng nakapagpanibulos. Sa harap nğ gayóng sumbát, may halòng galit, handâ sa lahát, gaya nğ isáng magpapatiwakal, ay ipinikít ni Hulí ang kaniyang mğa matá, upang huwág mátanaw ang banğing tatalunan, at tulóytulóy na pumasok sa kombento. Isáng buntóng-hiningá na warìng hinğalò ang namulás sa kaniyang mğa labì. Sinundán siya at pinagbibilinan ni hermana Balí.

Nang kinagabihán ay marahang pinag-uusap-usapan ang nangyari nğ hapong iyon.

Sa durunğawan nğ kombento ay tumalón ang isáng dalaga na bumagsák sa mğa bató at namatáy. Halos kasabáy noon, isá pang babai ang lumabás na nagsisigaw át nagtititilí sa mğa lansanğan na warì'y balíw. Ang mğa mainğat na mámamayan ay hindí makapanğahás na bumanggit nğ mğa panğalan at maraming iná ang kumurót sa kaniláng mğa anak na babai dahil sa pagkakabigkás nğ mğa salitang makapagbibigáy ligalig sa kanilá. Makaraan yaón, nğuni't malaon nğ nakaraan, nğ nagtatakipsilim, ay isáng matandang lalaki ang nanggaling sa nayon at tumawag nğ malaon sa pintuan nğ kombento na nakasará at binabantayan nğ mğa sakristan. Ang matandâ'y tumatawag sa pamagitan nğ suntók, nğ ulo, bumibigwás nğ mğa timping sigaw, na waláng linaw, na gaya nğ sa isáng pipi, hanggáng sa napalayas doon sa pamagitan nğ palò at kátutulak. Nang mangyari ang gayón ay tumunğo sa bahay nğ kapitán sa bayan, nğuni't sinabi sa kaniya roon na walâ ang kapitán, na nasa kombento; tumunğo sa Hukóm pamayapà, nğuni't ang Hukóm pamayapà ay walâ rin, ipinatawag sa kombento; tinunğo ang *teniente mayor*, gayon din, nasa kombento; tumunğo sa kuarterel, ang *teniente* nğ guardia sibil ay nasa kombento.... Sa gayón ay bumalík sa kaniyang nayon ang matandâ na umiiyak na parang isáng batà: ang kaniyang unğal ay nádidinğing sa gitná nğ katahimikan nğ gabí; ang mğa lalaki'y nanğapapakagátlabì, ang mğa babai'y nanğagdadaóp-kamáy, at ang mğa aso ay pumapasok sa kaníkaniláng bahay, mğa takót, at ipít nğ dalawang hità ang buntót!

—¡A, Dios, á, Dios!—anáng isáng abâng babai na nanğanğalirang dahil sa kákokolasión;—sa haráp mo ay waláng mayaman, waláng mahirap, waláng maputí, waláng maitím.... ¡ikaw ang hahatol sa amin!

—Oo,—ang sagót nğ asawa,—kailan ma't ang Dios na iyáng kaniláng iniaaral ay hindí tunay na gawágawâ lamang, isáng dayà! Silá na ang una unang hindí naníniwalà doon!

Nang ikawaló nğ gabí, ay sinasabing mahigít sa pitóng prayle, na galing sa mğa bayang kalapít, ang nanğasa sa kombento at nagpupulong. Nang kinábukasan ay nawalâ nang patuluyan sa nayon si tandang Selo na dalá ang kaniyang tandós sa panğunğusá.

## ANG MATAAS NA KAWANÍ

L'Espagne et sa vertu, l'Espagne et sa grandeur  
Tout s'en va!

(VICTOR HUGO.)

Ang mġa pamahayagan sa Maynilà ay nanġalululong sa pagsasalaysáy nġ ukol sa isáng nábungag na patayang nangyari sa Europa, sa mġa pagpupuri at pagbibigáy karanġalan sa iláng *predicador* sa Maynilà, sa lalò't lalò pang masigabóng pagtatatagumpáy nġ operetang pransés, kayâ babahagyâ nang makapaglaán nġ gayón ó ganitóng balitang ukol sa mġa katampalasanang ginágawâ sa mġa lalawigan nġ isáng pulutóng nġ tulisán na pinanġunguluhan nġ isáng pinunong mabanġis at ganid na nagpapamagát na *Matanglawin*. Tanġi lamang, kung ang niloloban ay isáng kombento ó isáng kastilâ, ay sakâ lumálabás ang mahahabang salaysáy na nagsisiwalat nġ mġa kakilakilabot na pangyayari at hinihinġi ang *estado de sitio*, mġa matitindíng panupil, ibp. Kayâ't hindi rin naatupag ang nangyari sa bayan nġ Tiani, ni hindi man nagkaroon nġ isá mang banggít ni isáng alinġawnġaw. Sa mġa lipunang tanġi ay may kaunting bulungbulunġan, nġuni't nápakalabò, nápakamahinâ, napaka walang katibayan na hindi man lamang nabatid ang panġalan nġ nasawí, at yaóng mġa nagpakita nġ malaking nasang makaalam ay madalíng nakalimot, na naniwalang nagkaroon nang kasunduan sa kaanák ó mġa kamaġ-anak na may galit. Ang tanġing tiyák na napag-alamán ay ang pag-alís sa bayang iyon ni P. Camorra upang lumipat sa ibá ó manirahan nġ kaunting panahón sa kombento sa Maynilà.

—¡Kaawaawang P. Camorra!—ang bulalás ni Ben-Zayb na nagwaring mahabagin,—gayóng kasayá, gayóng kabuting pusò!

Tunay nġâ na ang mġa nag-aaral ay nanġakalayâ sa kálalakad nġ kanilang mġa kamaġ-anak, na hindi tiningnán ang magugugol, mġa handóg at mġa paghihirap. Ang uná unang nakalayâ, gaya nġ maaantáy, ay si Makaraíġ, at ang hulí'y si Isagani, sapagká't si P. Florentino ay hindi nakaratíng sa Maynilà kung dí nang makaraan muna ang isáng linggó sapol nġ mangyari ang mġa bagaybagay. Ang gayóng karaming pagkahabág ay nagíng sanhí upang bigyan ang General nġ palayaw na mahabagin at maawain na dalidaling idinagdág ni Ben-Zayb sa mahabang kabilanġan nġ kaniyang mġa palayaw.

Ang tanġing hindi nakalayâ ay si Basilio, na násasakdál pa sa kasalanang pagkakaroon nġ mġa aklát na bawal. Hindi namin malaman kung ang sinasabi nilá'y ang aklát na *Medicina Legal y Toxicología* ni Dr. Mata ó ang iláng pahayagan na ukol sa mġa bagay bagay sa Pilipinas na natagpúan sa kaniyá, ó magkasama na ang dalawang bagay na iyon; nġuni't sinasabi rin namán na nagbibilíng palihim nġ mġa aklát na bawal at napataw sa kaawaawang binatâ ang boong bigát nġ timbanġan nġ katwiran.

May nagbalitang sinabi sa General:

—Kailanġan na magkaroon nġ isá upang máligtás ang karanġalan nġ kapangyarihan at huwag masabing tayo'y nag-inġáy nang katakot-takot nġ walâ namang sanhí. Una muna sa lahat ang kapangyarihan. Kailanġang may mátira!

—Iisá na lamang ang nátitirá, isá na, alinsunod kay P. Irene ay, nagíng alilâ ni kapitang Tiago.... Walang naghahabol sa kaniyá....

—¿Alilâ at nag-aaral?—ang tanóng nġ General:—kung gayón ay iyan, mátirá, iyan!

—Maipahintulot po sa akin nġ inyóng Karilagán—ang sabi nġ mataas na kawaní na nagkátaóng kaharap;—nġuni't may nagsabi sa akin na ang binatang iyan ay nag-aaral sa Medicina, ang kaniyang mġa gurô'y mabutí ang sinasabing ukol sa kanyá.... kung magpapatuloy sa pagkábilangġô ay masasayanġan nġ isáng taón, at sa dahilang sa taóng itó magtátapós....

Ang pamamagitná nġ mataas na kawaní na ayon kay Basilio, sa lugal na makabutí dito, ay nakasamá pa. Malaon nang ang kawaní at ang General ay nagkakabigatan, may samàan nġ loob, na naragdagan nġ mġa salisalitâan. Ang General ay nġumití at sumagót:

—¿Siya nġâ ba? Kung gayó'y lalò pa nġang dapat na magpapatuloy sa pagkábilangġô; isáng taón pang pag-aaral, sa lugal na makasasamá, ay makabubutí sa kaniyá, sa kaniyá at sa lahat nġ mahuhulog pagkatapos sa kaniyang mġa kamáy. Dahil sa maraming pagsasanay ay hindi magiging masamang manggagamot ang isáng tao. Isá pa nġang katwiran upang mátirá! At pagkatapos ay sasabihin nġ mġa mapagbagong pilibustero na hindi namín inaalagatâ ang bayan!—ang dagdag nġ General na tumatawang paaglahi.

Nakilala nġ mataás na kawaní ang kaniyang kamalian at pinanġatawanán na ang usap ni Basilio.

—Dátapwâ'y sa ganang akin ay inaakalâ kong ang binatang iyan ay siyang lalong walang kakasákasalan sa lahat,—ang tugón na may kaunting katakutan.

—Náhulihan siya nġ mġa aklát,—ang sagót nġ kalihim.

—Oo, mġa aklát sa panggagamot at mġa pahayagang sinulat nġ mġa taga España.... na hindi pa nagugupít ang mġa dahon.... at ¿anó ang ibig sabihin nitó? At sakâ, ang binatang iyan ay walâ sa pigíng na idinaos sa magpapansít, ni hindi nakihimások sa anómán.... Gaya nġ sinabi ko, siyá ang lalong walang kakasákasalan....

—¡Lalò't lalò pa nġang mabuti!—ang masayang bulalás nġ General;—sa gayóng paraán, ang parusa, ay magiging lalong malunas at katanġitanġi sapagká't makasisindák pang lalò! Mamahalâ ay ang umasal nġ ganiyan, ginoo; madalás na kailanġang ipailalim ang ikabubuti nġ isá sa ikabubuti nġ marami.... Datapwâ'y

higít pa sa roón ang ginágawâ ko: sa ikabubuti n̄ isá, kinukuha ko ang ikabubuti n̄ lahát, inalíligtás ko ang tibay n̄ kapangyarihan na nápapanġanib, ang karanġalan ay naigagalang at tumátatág. Sa ginawâ kong itó ay naaayos ko ang mġa kamalián n̄ mġa tagarito't n̄ mġa hindi tagarito!

Gumamit n̄ malakíng lakás ang mataás na kawani upang makapagpigil, hindi pinuná ang mġa parunggít, at nagtangkang humanap n̄ ibáng paraán.

—¿Nġuni't hindi pô ba ninyó kinatatakutan ang kapanagutan?

—¿Anó ang ikatatakot ko?—ang paklíng nayayamót n̄ General;—¿hindi ba mayroón akóng kapangyarihang magagamit n̄ alinsunod sa sariling kapasiyahan? ¿hindi ko ba magagawâ ang máibigan sa ikabubuti n̄ pamamahala sa kapuluáng itó? ¿Anó ang ikatatakot ko? ¿Maaari bagáng ipagsakdál akó sa mġa hukuman n̄ isáng alilà at akó'y hinġán n̄ kapanagutan? ¡Ba! At kahi't na mayroón siyáng magagamit na kaparaanan ay dadaán muna sa Ministerio, at ang Ministro....

Ikinumpáy ang kamáy at nagtawá.

—Ang Ministrong naghalál sa akin, ay ang diablo lamang ang nakaaalam kung saán na nároroón, at aariin na niyáng malakíng karanġalan ang akó'y kaniyáng mábati sa aking pagbalík! Ang kasalukuyan, iyán ay pararaanín ko sa.... at dadalhin din iyán n̄ diablo.... Ang hahalili diyán ay malilitó sa bago niyáng tungkulin na hindi makukuhang pumuná n̄ mġa mumunting bagay. Akó, ginoo, walá akóng anomán kundí ang budhí ko lamang, gumágawâ akó n̄ alinsunod sa aking budhí, ang budhí ko ay nasisiyahan, at waláng kakabukabuluhán sa akin ang hakà ni ganoón ó ni ganitó. Ang aking budhí, ginoo, ang aking budhí!

—Opò, aking General, n̄uni't ang bayan....

—Tu, tu, tu, tu! Ang bayan, ¿anó ang mayroon sa akin n̄ bayan? ¿Nagkaroón bagá akó n̄ pakikipagkasunduan sa kaniyá? ¿Utang ko ba sa kaniyá ang aking katungkulan? ¿Síya ba ang naghalál sa akin?

Nagkaroon n̄ munting panahimik. Ang mataas na kawani'y nakatunġó. Pagkatapos, warìng may tinangkâ nang gawín, ay tuminġalâ, tinitigan ang General at, namumutláng nanġinġiníg n̄ kaunti, ay nagsabing pigil ang katigasan:

—¡Waláng kailanġan, aking General, waláng kailanġan iyan! Kayó'y hindi inihalál n̄ bayang pilipino kundí n̄ España, katwiran pa n̄â upang pagpakitaan ninyó n̄ mabuti ang mġa pilipino upáng waláng maisisi sa España! Katwiran pa n̄â, aking General! Sa pagparito ninyó ay nanġakóng ilalagáy sa katwiran ang pamamahala, hahanapin ang kabutihan....

—¿At hindi ko ba ginagawâ?—ang tanóng na pabugnót n̄ General na humakbáng,—¿hindi ko ba sinabi sa inyó na kinukuha ko sa ikabubuti n̄ isá ang ikabubuti n̄ lahát? ¿Tuturuan pa ba ninyó akó n̄gayón? Kung hindi ninyó maliwanagan ang aking mġa gawâ ¿anó ang kasalanan ko? ¿Pinipilit ko ba kayóng makihatí sa aking kapanagutan?

—Hindi n̄â!—ang paklí n̄ mataas na kawani na tumuwid n̄ may halòng pagkamataas.—Hindi ninyó akó pinipilit, hindi ninyó akó mapipilit na makihatí sa *inyóng* kapanagutan! Ibá ang pagkakilala ko sa aking sariling kapanagutan, at sapagká't akó'y mayroon din namán, ay magsasalitâ akó, yamang hindi akó umimik n̄ mahabang panahón. ¡Oh huwag iayos n̄ inyóng karanġalan ang mġa ganiyáng anyò, sapagká't ang pagkáparitó ko, na gayón ó ganitó ang katungkulan, ay hindi ang pagtakwíl ko na sa aking mġa karapatán ang ibig sabihin at manirá na lamang akó sa pagiging alipin, na waláng bibíg ni karanġalan! Hindi ko ibig na mawalay sa España ang magandang lupaín itó, iyang walóng anġaw na sakop na masunurin at mapagtiís na nabubuhay sa mġa pag-asa at pagkakilala n̄ mġa pagkakamali, n̄uni't hindi ko rin namán ibig na dunġisan ang aking mġa kamáy sa ganid na panġanġalal sa kaniyá; ayokong masabi kailan man, na matapos lumipas ang pagbibili n̄ tao, ay ipinatuloy n̄ lalò pang malusog n̄ España, na kinákanlungán n̄ kaniyáng bandilâ, at lalò pang iniayos sa ilalim n̄ maraming magagarang kapasiyahan. Hindi, upang ang España ay magíng malakí ay hindi niya kailanġan ang magíng maniniíl; sukat na ang España sa kaniyáng sarili, lalò pang malakí ang España noong waláng arì kundí ang sarili niyáng lupaín na naagaw sa kukó n̄ moro! Akó ma'y kastilâ rin, n̄uni't bago ang aking pagkakastilâ ay naroroon ang aking pagkatao at bago ang España at sa ibabaw n̄ España ay nároroon ang kaniyáng karanġalan, nároroon ang matataás na turò n̄ magandang aral, ang mġa waláng lipas na batayán n̄ dî mababaling katwiran. ¡Ah! namamanghá kayó na akó'y mag-isip n̄ gayón, sapagká't hindi ninyó nauunawâ ang kalakhán n̄ panġalang kastilâ, hindi ninyó kilalâ, hindi; ikinakapit ninyó sa mġa tao, sa mġa pag-aari; sa ganang inyó, ang kastilâ, ay mangyayaring magíng mangdadambóng, mangyayaring magíng mamamatáy, mapagbalatkayò, bulàan, lahát na, matanġanan lamang ang kaniyáng inaari; sa ganang akin, ang kastilâ, ay dapat na iwan ang lahát, ang sakop, ang kapangyarihan, ang kayamanan, ang lahát na, lahát bago ang karanġalan! A, aking ginoo! Tayo'y tumututol kung nababasa nating ang lakás ay nápapababaw sa katwiran, at pinapupurihan natin kung sa pag-gawâ ay náikikita nating siya'y balatkayò na hindi lamang inilílikò kundí ipinailalim sa inyóng kapasiyahan upang kayó'y makapangyari.... Sa dahilán n̄ang iniibig ko ang España, ay nagsásalitâ ako dito at hindi ko pinanġanġaniban ang panġunġunót n̄ inyóng noo! Ayokong sa mġa darating na panahón ay masabing siya'y inainahan n̄ mġa bansâ, manghihitít n̄ mġa bayan, maniniíl n̄ maliliit na pulò, sapagká't ang gayó'y kakilakilabot na laít sa mġa mararanġal na adhikâ n̄ ating mġa unang hari! ¿Papano ang ginágawâ nating pagtupád sa kaniláng mġa banál na habilin? Pinanġakuan nilá ang mġa pulòng itó n̄ pag-aampón at matuwid, at pinaglalaruan natin ang mġa buhay at kalayaan n̄ kaniyáng mamamayán; pinanġakuan nilá n̄ kabihasnán, at pinagkákaitán natin, sa katakutang magnasâ n̄ isáng lalòng maranġal na kabuhayan; pinanġakuan silá n̄ liwanag, at binúbulag natin ang kaniláng mġa matá upang huwag mákita ang ating mġa kalaswâan; pinanġakuang tuturuan silá n̄ mġa kabaitan at pinaayuan natin ang kaniláng masasamáng hilig at, sa lugál n̄ kapayapaan at n̄ katuwiran, ang naghahari ay ang pag-aalinlanġan, ang kalakal ay namamatáy at ang dî pananalig ay lumalaganap sa

taong bayan. Lumagáy tayo sa lagay n̄ m̄ga pilipino at itanóng natin sa sarili kung anó ang ating gágawín kung tayo ang nasa gayóng kalagayan! ¡Ay! sa inyóng hindî pag-imík ay nábabasa ko ang inyóng karapatán sa panghihimagsík, at kung ang m̄ga bagaybagay ay hindî bubuti ay man̄gaghihimagsik balang araw at ang katuwiran ay málalagáy sa kaniláng panig at kasama pa ang paglinḡap n̄ lahat n̄ taong may puri, n̄ lahat n̄ bayani sa sangsinukob! Kapag ipinagkákait sa isáng bayan ang liwanag, ang tahanan, ang kalayàan, ang katwiran, m̄ga biyayang kung walâ ay hindî maaring mabuhay at dahil n̄gâ doo’y silá ang taglayin n̄ tao, ang bayang iyan ay may karapatáng ariin, ang sa kaniya’y nag-aalís n̄ m̄ga gayón, na waring isáng magnanakaw na humaharang sa atin sa daan: walâng kabuluhán ang pagtatan̄gì, walâ kundî iisáng pangyayari, isàng pag-aari, isáng pagtatangkâ, at ang sino mang taong may kapurihán na hindî kumampí sa hinalay, ay nakikitulong at dinudun̄gisan ang sariling budhî. Oo, hindî akó militar, at pinápatáy n̄ kagulan̄gan ang kaunting sulák n̄ aking dugô; n̄guni’t gaya rin namán n̄ pangyayari na ipagúgutáy ko ang aking katawán sa pagtatanggól sa katibayan n̄ España na laban sa isáng mananalakay na taga ibáng lupà ó laban sa m̄ga walâng katwirang paggaláw n̄ kaniyang m̄ga lalawigan, gayon din namáng pinatutunayan ko sa inyó na makikipiling akó sa m̄ga pilipinong sinisiil, sapagkâ’t nasà ko pa ang mamatáy nang dahil sa m̄ga niyuyurakang karapatán, n̄ sangkatauhan, kay sa magtagumpáy sa piling n̄ m̄ga han̄garìng ikagagalíng n̄ isáng bansâ, kahì’t na ang bansang itó’y may pan̄galang kagaya n̄ pan̄galan n̄ España!

—¿Alám bagá ninyó kung kaílan áalís ang *correo*?—ang malamíg na tanóng n̄ General n̄ matapos nang makapagsalitâ ang mataas na kawaní.

Tinitigan siyang mabuti n̄ mataas na kawaní, pagkatapos ay ibinabâ ang ulo at iniwang walâng imík ang palasyo.

Sa halamanan nátagpûan ang kaniyang sasakyáng nag-aantáy sa kaniyá.

—Kapag balang araw ay nakapagsarilí na kayó,—ang sabinang natutubigan sa indiong *lacayo* na nagbukás n̄ pintûan n̄ sasakyán,—ay alalahanin ninyó na sa España ay hindî nagkulang n̄ m̄ga pusòng tumibók n̄ dahil sa inyó at nakitunggalí n̄ dahil sa inyóng m̄ga karapatán!

—¿Saan pô?—ang sagót n̄ *lacayo* na hindî siya napakinggáng mabuti at itinátanóng kung saan silá paparoon.

Makaraan ang dalawáng oras, ay iniharáp n̄ mataas na kawaní ang kaniyang pagbibitíw sa katungkulan at ipinababatíd ang kaniyang pagbalík sa España sa unang korreong áalís.

## MGA IBINUNGA NG MGA PASKIN

Dahil sa mga pangyayaring isinaysáy, maraming iná ang tumawag sa kaniláng mga anak na lalaki upang iwan kaagád agád ang pag-aaral at atupagin na lamang ang pagbubulagbul ó ang pagtataním.

Nang dumating ang mga paglilitis, ay marami ang mga hindi nakaraan at bihirà ang nanġakalampás sa taón ng kaniláng pag-aaral sa mga nagíng kasapi sa nabantóg na kapisanan na hindi na muli pang nabangít ng kahi't sino. Si Pecson, si Tadeo at si Juanito Pelaez ay pawà ring nanġapigil; tinanggáp ng una ang mga kalabasa na tagláy ang kaniyang tawang hanġal at nanġakòng papasok na opisial sa alin mang hukuman; si Tadeo, na natagpúan din ang walang katapusang *cuacha*, ay nagdaos ng isang pag-ilaw na ang ginagawá'y sinigán ang kaniyang mga aklát; ang ibá'y hindi rin nanġakaligtás na mabuti, kayá't nanġapilitang iwan ang kaniláng mga pag-aaral, sa gitná ng kasiyahang loób ng mga iná, na kailan pa ma'y nanġakakinikinitang ang kaniláng mga anak ay bitáy pag nanġakaalam ng sinasabi ng mga aklát. Si Juanito Pelaez lamang ang tanġing hindi nasiyahang loób sa bayóng iyon ng kapalaran, na iniwan na ang paaralan dahil sa tindahan ng kaniyang amá, na mulá noo'y isinamá na siya sa kalakal: ang tindahan ay hindi nagiliwan ng alisagá, nguni't nang makaraan ang kaunting panahón ay nákita siyang muli ng kaniyang mga kaibigan na bilóg ang kakubàan, bagay na nagpapakilalang bumabalík ang kaniyang masayang ugali. Sa harap ng gayóng pagkadiwarà, ang mayamang si Makaraig ay naginġat na mabuti upang huwag siyang mapanġanib at nang makakuha ng *pasaporte* sa tulong ng lakás ng salapí ay matuling sumakáy na tunġo sa Europa: nábalitang ang marilág na Capitán General, sa kaniyang hanġád na gumawá ng kabutihan nang alang-alang sa kabutihan at sa pagiinġat sa ikaluluwag ng mga pilipino, ay binigyang salabíd ang pag-alís ng sinomang hindi makapagpakilalang tunay na tunay na mangyayaring makapaggugol at makapamumuhay ng maluwa sa mga siyudad sa Europa. Sa ating mga kilala, ang mga nakalusót na mabutibutí ng kaunti ay si Isagani at si Sandoval: ang una ay nakalampás sa *asignatura* na pinag-aaralan sa ilalim ng pagtuturò ni P. Fernández at napigil sa ibá, at ang panġalawá'y nagawang mahilo ang mga lumilitis sa tulong ng mga talumpati. Si Basilio ang tanġing hindi nakalampás sa mga asignatura, ni hindi napigil, ni hindi nakapatunġo sa Europa: nagpatuloy siya sa pagkakakulóng sa Bilibid, na sa bawà't ikatlong araw ay isinasailalim siya ng isang pagtatanóng, yaón ding kagaya nang sa simulá't simulá pa, na walang ibang kabaguhan kungdi ang pagpapalít ng mga "instructor", sapagká't waring sa harap ng gayóng kalaking pagkakasala ay napipipilang lahát ó nanġagsisitakas na nanġingilabot.

At samantalang nanġakakatulóg at náusad ang mga kasulatan, samantalang ang mga papel sellado ay dumádami na wari mga tapal ng mga mangmáng na manggagamot sa katawán ng isang may sakít na pagkalungkót, si Basilio ay tumatangáp namán ng balitá ng boong nangyari sa Tiani, ang pagkamatay ni Hulí at pagkawalá ni tandang Selo. Si Sinong, ang kotserong nábugbóg na naghatíd sa kaniya sa S. Diego, ay nasa sa Maynilà noon, dumádalaw sa kaniya at sinasabi sa kaniya ang lahát ng pangyayari.

Samantala namá'y gumalíng na si Simoun, gayón ang sabi ng mga pahayagan, si Ben-Zayb ay nagpasalamat sa "Nakapangyayari sa lahát na nag-inġat sa gayóng mahalagáng buhay" at ipinahayag ang pag-asa na gagawín ng Lumikhá na mákilala sa balang araw ang nagkasalang ang kagagawán ay hindi pa napaparusahan dahil sa kaawàan ng nilapastanġan, na lubós na nagpapalakad noong mga wiká ng Dakilang Pinagpalá na: *Amá, patawarin mo silá, at hindi nalalaman ang ginágawa!* Itó at ibá pang bagay ang sinasabi sa limbág ni Ben-Zayb, samantalang sa salitá'y inuusisá kung tunay ang alinġawnġaw na ang mayamang mag-aalahás ay magdaraos ng isang malaking pistá, isang pigíng na hindi pa nákikita magpakailan man, sa isang dako'y bilang pasalamat sa kaniyang paggalíng at sa isá'y bilang pagpapaalam sa bayang nagdagdag sa kaniyang kayamanan. Nababalitá, at siyang totoo, na si Simoun ay nagsusumakit, dahil sa ang Capitang General ay dapat nang umalís sapagká't matatapos sa buwan ng Mayo ang pagganáp sa katungkulan, upang malakad sa Madrid ang isang palugit pa at inuudyukán ang General na gumawá ng isang pagsalakay upang magkaroón ng kadahilanan ang dí pag-alís, nguni't nababalitá rin namán na noón lamang hindi dininġig ng General ang payo ng kaniyang itinatangí, at inaaring bagay na kapit sa karanġalan niya ang huwág binbinín ng isang araw man lamang sa kaniyang kamáy ang kapangyarihang ipinagkaloób sa kaniya, alinġawnġaw itóng nakapagpapaniwalá na ang nababalitang pistá ay gágawín sa loób ng madalíng panahón. Sa isang dako naman, si Simoun, ay hindi mapakimatayagán; lalò pang nagíng matahimik, bibihirang pakita, at bumibigkás ng nġitng mahiwagá kapag kinákausap siya ng ukol sa sinasabing pistá.

—Anó, ginoóng Simbad—ang sabi sa kaniyang minsan ni Ben-Zayb;—silawin ninyó kamíng minsan sa isang bagay na ayos yankee! Isang pinakagantí sa bayang itó.

—Mangyari ngá ba!—ang sagót sa pamagitan ng kaniyang nġitng matigás.

—Ihahagis ninyó marahil ang bahay sa bintanà, anó?

—Marahil, nguni't sa dahilang walá akóng bahay...

—Binilí sana ninyó ang kay kapitang Tiago, na murang murang nakuha ni ginoóng Pelaez!

Si Simoun ay hindi umimík at mulá na noón ay bihirà na siyang nákita sa tindahan ni D. Timoteo Pelaez, na nábalitang nakipagkasamá sa kaniya. Makaraan ang ilang linggó, ng buwán ng Abril, ay kumalat ang sabisabihan na si Juanito Pelaez, ang anak ni D. Timoteo, ay mag-aasawa kay Paulita Gomez, ang dalagang ninanasa ng mga taga rito't ng mga dayuhan.

—May mga taong mapapalad!—anang mga naiingít na manġanġalakal;—makabilí ng bahay na murang-mura, magbilí ng kaniyang tindang *zinc*, makisamá kay Simoun at maipakasal ang kaniyang anak sa isang mayamang binibini, ang wikàin ninyó'y mga kakanín iyáng hindi natitikmán ng lahát ng mga taong may



puri.

—Kung nalalaman lamang ninyó kung sa anóng paraán natamó ni G. Pelaez ang kakaníng iyan!

At sa tunóg nǎ tinǎgíng ay ipinahihiwatig ang sarili niya.

—At mapatitibayan ko rin sa inyó na magkakaroon nǎ pistá at malakí,—ang dugtóng na may hiwagà.

Tunay nǎ na si Paulita ay mag-aasawa kay Juanito Pelaez. Ang kaniyáng pag-ibig kay Isagani ay napawì na gaya nǎ alin mang mǎa unang pag-ibig, na nanánanǎan sa magagandáng panǎarap, sa damdamin. Ang mǎa pangyayaring dahil sa mǎa paskín at ang pagkakabilanggò ay nag-alís sa binatà nǎ lahàt nǎ tagláy na pang-akit. ¿Kanǎino bagá mangyayari ang hanapin ang kasawíán, nasàin ang makísá sa kapalaran nǎ kaniyáng mǎa kasama, humaráp na kusà, gayóng ang lahàt ay nagtatagò at umiiwas sa lahàt nǎ kapanagutan? Iyón ay isáng kabanǎawán, isáng kaululán, na hindí maipatatawad sa kaniya nǎ sino mang taong matinò sa Maynilà at may lubós nǎng katwiran si Juanito Pelaez sa pagkutyà sa kaniyá, na ginagayahan ang sandalíng pagtunǎo niya sa Gobierno Civil. Gaya nǎ maántáy, ang maníngning na si Paulita ay hindí na mangyayaring umibig sa isáng binatàng lubháng malíng malí sa pagkaunawà sa kalipunan at sinísisi nǎ lahàt. Si Paulita ay nagsimulà na nǎ pagkukurò kurò. Si Juanito ay matalas, maliksí, masayá, malikót, anák nǎ isáng mayamang mánǎanǎalakal sa Maynilà, at may dugóng kastilà pa, at kung paniniwalàan si D. Timoteo, ay tunay na tunay na dugóng kastilà; samantalang si Isagani ay indiong taga lalawigan na nanǎanǎarap sa kaniyáng mǎa kagubatan na punò nǎ lintà, ang kaanak ay malabò, may isáng amaíng klérigo na marahil ay kalaban nǎ pagmamagarà at nǎ mǎa sayawan, na kaniyáng kinalulugdán. Isáng magandá nǎng umaga ay napaghulòhulò niya na malaking kahanǎalan ang nágawà niyáng nápili pa si Isagani kay sa kaniyáng kaagáw at mulà na noon ay nápuná ang pagdaragdág nǎ kakubàan ni Pelaez. Ang batás na natuklás ni Darwin ay gináaganáp ni Paulita nǎ waláng kamalaymalay, nǎuni't buongbuò; ang babai'y napaaari sa lalaking lalóng may kasanayán, sa marunong makibagay sa kalagayang kinabubuhayan, at upang mamuhay sa Maynilà ay waláng makapapantáy kay Pelaez, na sapól pagkabatà ay nakatátalós na nǎ gawáng palikawlikaw.

Ang kurismá ay nakaraang kasama ang kaniyáng mahál na araw, kasama ang kaakbáy niyang mǎa prusisyon at mǎa *ceremonias*, na waláng ibáng kabaguhang nangyari kundí isáng mahiwagàng pagkakagulò nǎ mǎa artillero, na ang sanhí ay hindí sumapit na mákalát. Iginibà na ang mǎa bahay na pawid, sa tulong nǎ isáng pulutóng na “caballería” upáng dumumog sa mǎa may ari, sakalíng manǎagsilaban: nagkaroon nǎ maraming iyakan at maraming paghihinagpís, nǎuni't hindí na namán lumalò pa roon. Ang mǎa mapag-uisà, na isá na sa kanilá'y si Simoun, ay nanǎagsiparoong lálakadlakad na dí pinahahalagahán ang nangyayari, na pinanonood ang mǎa nawalán nǎ tahanan at anilá sa sarili'y makatutulog na nang payapà.

Nang magtatapós ang Abril, nang nalimot na ang lahàt nǎ panǎambá, ay waláng pinaghuhunhunan sa Maynilà kundí íisang bagay. Ang pistáng gágawín ni D. Timoteo Pelaez, dahil sa pag-aasawa nǎ kaniyáng anák na ang humandóg na mag-aanák, malugód at mapagbigáy loob, ay ang General. Sinasabing si Simoun ang may kagágawán noon. Ang kasál ay idadaos nang dalawáng araw muna bago umalís ang General; papupurihan nitóng dumaló sa bahay at maghahandóg sa *novio*. Kumakalat ang alinǎawnǎgaw na ang mag-aalahás ay magpapabahà nǎ brillante, magtatapon nǎ dakótdakót na perlas, alang-alang sa anák nǎ kaniyáng kasamá, at sa dahiláng hindí siyá makapagpistá dahil sa walá siyáng bahay na sarili at dahil sa siyá'y matandáng bagong-tao, ay sasamantalahín ang pagkakátaón upang biglín ang bayang pilipino nǎ isáng dáramdamíng pagpapaalam. Ang boóng Maynilà ay humáhandà nang mapapaanyayahan: Kailán ma'y hindí pumasok ang pagkagulumihanan sa mǎa budhí nǎ gayón kabagsík na gaya nǎ hinalàng bakà dí máanyayahan. Nanǎag-úunahán sa pakikipag-ibigang mabuti kay Simoun, at maraming lalaki, ang sa pilit nǎ kaniláng mǎa asawa, ang bumilí nǎ mǎa tanák at mǎa *zinc* upang magíng kaibigan ni D. Timoteo Pelaez.

## ANG HULÍNG MATUWID

Sumapit din ang araw.

Si Simoun, magmulá sa umaga, ay hindî umalís sa kaniyang bahay, dahil sa pag-aayos n̄ kaniyang m̄ga sandata at m̄ga hiyás. Ang kaniyang malaking kayamanan, ay nasa sa loob na n̄ malaking takbáng patalím na may sapot na lona. Kákaunting sisidlán na lamang na may m̄ga galáng at m̄ga panusok ang nalalabí, marahil ay m̄ga panghandóg na kaniyang ipamímiyáy. Aalis na n̄gá siyang kasama n̄ Capitan General, na ayaw na ayaw palawigin ang panghahawak sa katungkulan, dahil sa pan̄gingilag sa sasabihin n̄ tao. Ibinúbulóng n̄ m̄ga malabigà na si Simoun ay ayaw man̄gahás na maiwang mag-isá, na, kung mawalán n̄ pinanánan̄gan, ay ayaw na mapaghigantihán n̄ maraming pinagtubúan at m̄ga nasawí, at ang lalò pa manding malaking sanhî ay ang pangyayaring ang General na dárating, ay kilalá sa pagka may matuwid na hilig, at marahíl-dahíl ay ipasauli sa kaniyá ang lahat n̄ kinita. Sa isáng dako namán ay sinasapantahà n̄ m̄ga mapamahiing indio na si Simoun ay isáng diablo na ayaw málayô sa kaniyang huli. Ang m̄ga mapaghakà n̄ masamá ay kumíkindát n̄ may pakahulugán at nagsasabing:

—Kung pudpód na ang parang ay lilipat na sa ibáng dako ang balang.

Ang ilán lamang, kakauntî, ang nan̄gagsisingitî't hindî umíimík.

Nang kináhapunan ay iniutos ni Simoun sa kaniyang alilà na kung darating ang isáng binatàng nagn̄gan̄alang Basilio, ay papasuking agad. Pagkatapos ay nagkulóng sa kaniyang silíd at waring nasadlák sa isáng malalim na pagkukuròkurò. Mulá't sapul noong magkasakit, ang mukhâ n̄ mag-aalahás ay lalò pa manding tumigás at lalóng pumanglâw, lumalim na mabuti ang guhit niya sa pag-itan n̄ dalawáng kilay. Waring nahukót n̄ kaunti; ang ulo'y hindî na tayongtayô, náyuyukô. Lubhâng nálululong sa kaniyang pag-iisíp na hindî tulóy nadin̄gig na may tumatawag sa pintúan. Kinailan̄gang ulitin ang katóg. Si Simoun ay nan̄gilabot:

—¡Tulóy!—aniya.

Ang dumating ay si Basilio, n̄guni't *quantum mutatus!* Kung ang pagkakabago n̄ anyô ni Simoun sa loób n̄ dalawáng buwan ay malakí, ang sa binatà'y kakilakilabot. Ang kaniyang m̄ga pisin̄gí'y hukáy, waláng ayos ang bihis, gusót ang buhók. Nawalâ ang matamis na kalamlámán sa kaniyang m̄ga panin̄gin at ang nagniningning ay ang madilím na lagabláb; masasabing siya'y namatáy at ang kaniyang bangkáy ay muling nabuhay sa pagkasindák sa m̄ga bagay na nákita sa kabiláng buhay. Kundî man ang gawàng linsíl, ay ang kakilakilabot na anino noon ang nakakalat sa boô niyang tikas. Si Simoun na ay nágulat pa at nagdamdám habág sa sawing palad na iyon.

Si Basilio ay lumapit na dahandahan, na hindî na bumati, at nagwikàng ang tin̄gig ay nakapagpakilabot sa mag-aalahás, na:

—Ginoong Simoun, akó'y naging masamâng anak at masamâng kapatid; linimot kó ang pagkakapatáy sa hulí at ang pagpapahirap sa una, at pinarusahan akó n̄ Dios! N̄gayó'y walâ na akó kungdî isáng nasà upang gantihín n̄ samâ ang samâ, n̄ linsíl ang linsíl, n̄ dagok ang dagok.

Tahimik siyang pinakikinggán ni Simoun.

—May apat na buwan na,—ang dugtóng ni Basilio—na kinausap ninyó akó nang ukol sa inyóng m̄ga balak; tumanggi akóng makilahók, at masamá ang nágawâ ko; may katwiran kayó. May tatlong buwan na at kalahating kamuntík nang bumugá ang panghihimagsik; hindî ko rin inibig ang makilahók, at ang galawan ay nábakô. Ang kapalít n̄ aking inasal ay ang mábilanggô at utang ko sa inyóng pagsusumakit ang aking paglayà. May katwiran kayó, at naparito akó n̄gayón upang sabihin sa inyó, na: bigyán n̄ sandata ang aking kamáy at bumugá na ang himagsikan! Laan akóng paglinkurán kayóng kasama ang tanáng sawi!

Ang ulap na nagpapadilím sa noo ni Simoun ay biglâng napawì, isáng sinag n̄ pagtatagumpáy ang kumináng sa kaniyang panin̄gin, at waring nátagpúan ang hinahanap, ay bumulalás nang:

—¡May katwiran akó, oo, may katwiran akó! ang karapatan ay tagláy ko, ang matuwid ay nasa sa aking piling, sapagkâ't ang itinatanggól ko'y ang m̄ga sawí.... ¡Salamat, binatà, salamat! Dumating kayó upang pawiin ang aking m̄ga pagaalinlan̄gan, upang bakahin ang aking pag-uróngsulóng....

Si Simoun ay tumindig at ang kaniyang mukhâ'y galák na galák: ang silakbóng nag-uudyók sa kaniyá nang, may apat na buwan na, ipinahahayag kay Basilio ang kaniyang m̄ga balak sa gubat n̄ kaniyang m̄ga ninunò, ay muling namakás sa kaniyang mukhâ na wari'y isáng mapulang pagtatakip silim, matapos ang isáng maghaponng malamlám.

—Oo,—ang patuloy,—ang kilusán ay nábakô at marami ang lumayô sa akin sapagkâ't nákita akóng lupaypáy na uróngsulóng nang sandaling kikilos na: may itinagò pa akó sa aking pusò, hindî ko supíl ang lahat n̄ aking damdamin at umiibig pa akó noon!.... Patáy na ang lahat sa akin, at walâ n̄ bangkáy na dapat kong igalang ang kaniyang paghimláy! Hindî na magkakaroon n̄ pag-uróngsulóng; kayóng kayó na, binatàng huwaran, kalapating waláng apdó, ay nakakakilala n̄ pan̄gan̄gailan̄gan, pumarito sa akin at inuudyukan akó sa pagkilos! May kagabihán na nang buksán ninyó ang inyóng m̄ga matá! Tayong dalawá sana'y nakapagbalangkás at nakagawâ n̄ m̄ga kahan̄gahan̄gàng balak: akó'y sa itaás, sa mataás na lipunán, magsasabog akó n̄ kamatayan sa gitná n̄ m̄ga ban̄gô at gintô, gawing asal hayop ang may masasamâng hilig, at pasamain ó huwag pakilusin ang iláng mabuti, at kayó namán ay sa dakong ibabâ, sa bayan, sa gitná n̄ kabinatàan, na gisingin ang buhay sa gitná n̄ dugô at m̄ga luhà! Ang ating gawâ, sa lugal na maging madugô at ganid, ay naging kahabagán sana, ayós, anyong anyô, at ang tagumpáy sana ay

siyang nagíng dulo n̄g ating pagsusumikap! N̄guni't walàng katalinuhang tumulong sa akin; tákot at kahinàng loób ang nátagpúan ko sa m̄ga may kabihasnán, pagkamapagsarilí sa mayayaman, pagkamapaniwalà sa kabatàan, at sa m̄ga bundók lamang, sa m̄ga kaparanġan, sa m̄ga may mahihirap na kabuhayan lamang natagpúan ko ang aking m̄ga tao! Datapwâ'y walàng kailanġan! kung hindi tayo makatapos n̄g isáng ayós na larawan, na makinis ang lahát n̄g kaniyang anyô, sa batóng magaspang na ating tatapyasin, ay ang m̄ga súsunód na ang siyang magsisiganáp.

At pinigilan sa bisig si Basilio, na nakikingíg nang hindi nawawatasan ang kaniyang sinasabi, at dinalá siyá sa gawàan na pinagtataguan n̄g kaniyang m̄ga yaring ukol sa kímika.

Sa ibabaw n̄g isáng mesa ay may isáng kahang maitím na *chagrín*, na náhahawíg sa m̄ga pinagsisidlán n̄g m̄ga kasangkapang pilak na inihahandóg sa kapwâ n̄g m̄ga mayayaman at m̄ga hari. Binuksán ni Simoun at inilantád, sa ibabaw n̄g rasong pulá, ang isáng lámpara na katanġitanġi ang ayos. Ang sisidlán ay anyóng isáng granada, kasinglakí n̄g ulo n̄g tao, may kaunting biták, na kinakakikitàan n̄g m̄ga butil sa loób, na ginayahan n̄g malalakíng *cornalina*. Ang balát ay gintóng nanġitím at kuháng kuhá sampû ang m̄ga kilabot n̄g bunġang kahoy.

Dahandahang kinuha ni Simoun, at matapos na maalís ang ilawán, ay inilantád ang loób n̄g sisidlán: ang bao ay patalím, na ang kapal ay m̄ga dalawáng dali, at maaaring maglamán n̄g higít sa dalawáng litro. Tinátanóng siyá sa tinġín ni Basilio: walàng máwawàan sa bagay na iyón.

Hindi na nagsalisalitá ay mainġat na kinuha sa isáng tinggalan ang isáng praskó at ipinakita sa binatà ang nasusulat sa ibabaw.

—¡Nitro-glicerina!—ang bulóng ni Basilio na nápaorong at inilayóng biglá ang kamáy.—¡Nitro-glicerina! Dinamita!

At nang maunawà na mandín ay nanġalisag ang kaniyang m̄ga buhók.

—Oo, nitro-glicerina!—ang dahandahang ulit ni Simoun na tagláy ang kaniyang malamlám na n̄gití at malugód na tinitingnán ang praskó;—itó'y higít pa kay sa nitro-glicerina! Itó'y m̄ga luhàng naipon, m̄ga pagtataním na tinimpí, m̄ga kagagawáng walà sa katwiran, at m̄ga pag-apí! Itó ang dakilang katwiran n̄g mahinà, lakás laban sa lakás, bayóng laban sa bayó... Dî pa nalalaong akó'y nag-aalinlanġan, n̄guni't kayó'y dumatíng at akó'y napapanibulos! Sa gabíng itó'y manġagsisiilandáng ang m̄ga lalóng mapanġanib na maniniíl, ang m̄ga mániniíl na walàng muwáng, ang m̄ga nagkakanlóng sa likód n̄g Dios at n̄g Pamahalàan, na ang kaniláng m̄ga pamamasláng ay hindi napaparusahan sapagká't walàng makausig sa kanilá! Sa gabíng itó mádidinġig n̄g Pilipinas ang putók na dudurog sa walàng wastóng monumento na pinadalí ko ang pagkabalók!

Si Basilio ay uulíg-ulíg: ang kaniyang m̄ga labí'y gumágalaw nang walàng mapalabás na tunóg, nararamdamán niyang hindi maikilos ang kaniyang dilà, nanúnuyó ang kaniyang nġalanġalá. Noon lamang niyá nakita ang marahás na tubig na napagdidingíg niyang sinasabi, na warí'y tinigis sa dilím n̄g m̄ga mapapangláv na tao, na lantád na kalaban n̄g kalipunán. Nġayó'y nasa sa haráp niyá, malinaw at nanínílanílaw, na ibinubuhos n̄g bońg pag-iinġat sa loób n̄g mapanutong granada. Sa ganáng malas niya, waring si Simoun ay yaóng *genio* sa *Sanglibo't isáng gabí* na lumalabás sa gitná n̄g dagat: nag-aanyóng malakíngmalakí, ang ulo'y abot sa lanġit, pinasabog ang bahay at niyaníg ang bońg siyudad sa isáng galáv n̄g kaniyang likód. Ang granada ay nag-aanyóng isáng malakíng *esfera*, at ang biták ay isáng kakilakilabot na n̄gisi, na nilálabasán n̄g apóy at lagabláb. Noon lamang napadalá si Basilio sa katakutan at nawaláng lubós ang kaniyang kalamigang loób.

Samantala namáy itinotornilyo ni Simoun ang isáng katanġitanġi at pasalisalimuot na kasangkapan, inilagáy ang túbong bubog, ang bomba, at ang lahát n̄g iyon ay pinutunġan n̄g isáng magaràng pantalya. Pagkatapos ay lumayó nang kauntí upang tanawín ang anyô, pinakilingkiling ang ulo sa magkabikabiláng tagiliran upang lalóng mataya ang ayos at kainaman.

At nang makitang tinítigan siya ni Basilio n̄g tinġing nagtatanóng at nanġanġanib, ay nagsabing:

—Mamayàng gabí'y magkakaroon n̄g isáng pistá at ang lámparang itó'y ilagáy sa gitná n̄g isáng kioskong kakainán na sadyâ kong ipinagawâ. Ang lámpara ay magbibigáy n̄g isáng maningníng na ilaw na sukat na siyang mag-isá upang magpaliwanag sa lahát: n̄guni't pagkaraan n̄g dalawáng pûng minuto ay lalamlám ang ilaw, at sa gayón, kapag tinangkang itaás ang lambal ay púputók ang isáng kapsulang *fulminato de mercurio*, ang granada ay sasabog at kasabay niyá ang kakainán na sa bubóng at sahíg ay kinanlungán ko n̄g m̄ga bayóng n̄g pulbura upang walàng makaligtás na sino man.....

Nagkaroon n̄g sandalíng pananahimik: pinagmámasdán ni Simoun ang kaniyang *aparato* at si Basilio ay bahagyâ nang humíhinġá.

—Kung gayón ay hindi na kailanġan ang aking tulong,—ang paklí n̄g binatà.

—Hindi, kayó'y may ibáng katungkulang gáganapín,—ang sagót ni Simoung nagkukuròkurò,—sa iká siyám ay nakaputók na marahil ang mákina at ang tunóg ay nádingíg na sa m̄ga kanugnóg na bayan, sa m̄ga bundukin, sa m̄ga yunġib. Ang kilusáng aking minunakalà na kasabwát ang m̄ga artillero ay hindi nangyari sa kakulanġan n̄g pamamahalà at pagsasabáysabay. Sa nġayó'y hindi na magkakagayón. Pagkadingíg n̄g putók, ang m̄ga mahihirap, ang m̄ga sinísil, ang m̄ga naglalagalág na inuusig n̄g kapangyarihan, ay manġagsisilabás na may sandata at makíkisama kay kabisang Tales sa Santamesa upang lusubin ang siyudad; sa isáng dako namán, ang m̄ga militar na pinaniwalà kong ang General ay nagpakanâ n̄g isáng warí'y panghihimagsíng upang huwag umalís, ay lálabás sa kaniláng m̄ga kuartel upang paputukán ang sino mang iturò ko. Samantala namáng ang bayan, sindák, at sa pag-aakalang dumatíng na ang oras na silá'y pagpúpupugután, ay magbabangong handâ sa pagpapakamatáy, at sa dahiláng walàng sandata at hindi silá ayós, kayó, na kasama ang ilán pa, ay siyang manġulo sa kaniyá at itunġo ninyó sa tindahan ni

insik Quiroga na pinagtagúan ko n̄g aking m̄ga baríl. Kamí ni kabisang Tales ay magtátatagpô sa siyudad at itó'y aming kukunin, at kayó sa m̄ga arabal ay tátayô kayó sa m̄ga tuláy, magmumuog kayó roon, háhandâng sumaklolo sa amin at patayín ninyó, hindí lamang ang laban sa panghihimagsik, kungdí ang lahat n̄g lalaking ayaw sumamang manandata!

—¿Ang lahat?—ang bulóng ni Basilio na ang boses ay mahinà.

—¿Ang lahat!—ang ulit ni Simoun na ang boses ay kasindáksindák,—ang lahat, indio, mestiso, insik, kastilà, ang lahat n̄g matagpûang walâng tapang at lakás n̄g loob.... kailanġang baguhin ang lipi! Ang m̄ga amáng duwag ay walâng iaaná kundí m̄ga alipin, at walâng kabuluhán ang maggibâ kung magtatayô rin, na, ang gagamitin ay m̄ga bulók na sangkáp! ¿Anó? nanġinġilabot kayó? ¿Nanġinġiníg, natatakot kayóng magsabog n̄g kamatayan? ¿Anó ang kamatayan? ¿Anó ang kabuluhán n̄g pagkamatáy n̄g dalawáng pûng libong sawí? ¿Dalawángpûng libong paghihirap na mababawas at m̄ga anġawanġaw na dahóp ang máililigtás sapól sa pinanggalingán! Ang lalóng matatakutíng namamahalà ay hindí nag-aalinlanġan sa paglalagdâ n̄g isáng kautusán, na nagiging sanhî n̄g pagdadahóp at n̄g untíuntíng paghihinġaló n̄g libo at libong nasasakop, na masasagwâ, masisipag, marahil ay maliligaya, upang masunod lamang ang isáng nasà, ang isáng náisip, ang pagmamataás: at ¿kayó'y nanġinġilabot sapagka't sa iisáng gabí ay matatapos na ang paghihirap n̄g budhí n̄g maraming duwag, sapagka't ang isáng bayang hindí kumikilos at náhilig sa masamá ay mamámatáy upang paraanin ang isáng bago, batà, masipag, punô n̄g lakás? ¿Anó ang kamatayan? Isáng bagay na walâng kabuluhán ó isáng paghimbíng! ¿Ang kaniyáng m̄ga panagimpán bagá ay maipapantáy sa katunayan n̄g paghihirap n̄g lahat n̄g dustâng anák sa isáng kapanahunan? Kailanġang lipulin ang kasamáan, patayín ang dragon upang ipaligò ang kaniyáng dugô sa bayang bago upáng gawin itóng malusog at dí madadaig! ¿Anó pa ang dí mababalìng batás n̄g kalikasán, batás n̄g pagtutunggali na ang mahinà'y sápiritáng madadaig upang huwag mamalagi ang lipìng masamá at ang m̄ga lumikhâ ay pumauróng? ¿Iwaksi n̄gâ ang m̄ga pagninilay babai! Maganáp ang m̄ga batás na walâng paglipas, tulunġan natin siyá, at yayamang ang lupà ay lalò pang tumátabâ kapag siyá'y dinidilig n̄g dugô, at ang m̄ga trono ay lalóng nagtitibay kapag pinatitibayan n̄g m̄ga pagkakasala at n̄g m̄ga bangkáy, ay hindí dapat mag-uróng sulóng, hindí dapat mag-alinlanġan! ¿Anó ang sakít n̄g kamatayan? Ang sandalìng pagkakaramdám, marahil ay walâng linaw, marahil ay masaráp gaya n̄g sandalìng pag-itan n̄g pag-aantók at nang paghimbíng.... ¿Anó ang mapapawí? Isáng kasamáan, isáng pagtitiis, m̄ga damóng unsiyamí upáng sa kanilá'y ipalít na itaním ang ibáng sariwà! ¿Tatawagin bagá ninyóng pag-utás ang gayón? Sa ganang akin ay tatawagin kong paglíkhâ, pagyari, pagpapaunlád, pagbibigáy buhay....

Ang gayong m̄ga marurugóng paghuhulòhulò na sinabi sa loob n̄g boóng pananalig at kalamigang loob, ay nakapanglupaypáy sa binatà, na ang pag-íisip ay nġaláy na dahil sa mahigit na tatlong buwáng pagkakabilanggò at bulág sa hanġad na makapaghiganti, ay hindí na laan sa pagsuri nang tinutunġo n̄g m̄ga bagaybagay. Sa lugal na isagot na ang taong lalóng masamá ó matatakutín ay mahigit magpakailan man sa damó, sapagka't may isáng káluluwa at isáng pag-íisip, na, kahì't mapakasamá-samá at magpakaasal hayop, ay mangyayaring mapabuti; sa lugal na itugóng ang tao ay walâng karapatáng mamahalà sa buhay n̄g sino man sa kapakinabanġán n̄g kahì't sino, at na ang karapatán sa buhay ay tagláy n̄g bawà't isá, gaya rin namán n̄g karapatán sa kalayàan at sa kaliwanagan; sa lugal na ipinaklíng kung kapaslanġán man n̄g m̄ga pamahalàan ang pagpaparusa sa m̄ga pagkukulang ó kasamaanggawâ, na kaniláng pinag-abuyán dahil sa kakulanġán sa pag-iinġat ó kamalian, gaano pa kayâ ang isáng tao, kahì't na nápakalákí at nápakasawí, na magpaparusa sa kaawàawang bayan n̄g pagkukulang n̄g kaniyáng m̄ga pamahalàan at m̄ga ninunò; sa lugal na sabihing ang Dios lamang ang tanġing makagágawâ n̄g m̄ga gayóng paraan, na, ang Dios ay maaaring lumikhâ, ang Dios ang may hawak n̄g gantíngpalà, n̄g walâng katapusán at n̄g kinabukasan upang mabigyáng katwiran ang kaniyáng m̄ga gawâ, nġuni't ang tao'y hindí, magpakailan man! Sa lugál n̄g m̄ga panġanġatwirang itó, ay walâng inilaban si Basilio kundí isáng karaniwang puná:

—¿Anó ang sasabihin n̄g boong mundó sa haráp n̄g gayong pagpapapatáy!

—Gaya n̄g karaniwan, ang mundó'y papagakpák, at bibigyáng katwiran ang lalóng malakás, ang lalóng mabanġis!—ang panġitíng sagót ni Simoun.—Ang Europa ay pumagakpák nang ang m̄ga bansà sa kanluran ay pumatáy n̄g anġaw anġaw na indio sa Amérika, at hindí pa upang makapagtatag n̄g m̄ga bansang lalóng may mabubuting hilig ni lalóng matahimik; nariyan ang Hilagà, na may tagláy na kalayàang sinasarili, may batás ni Lynch, may m̄ga dayà sa polítika; naiyan ang Timog na may m̄ga walâng katahimikang repúblika, may m̄ga himagsikan n̄g magkababayan, m̄ga pagbabanġon, gaya n̄g nangyari sa kaniyáng ináng España! Ang Europa ay pumagakpák n̄g hubarán n̄g Portugal ang m̄ga pulóng Molukas, pumagakpák n̄g puglawín n̄g makapangyarihang Inglatera ang m̄ga lipìng likás sa Pasípiko upang ilagáy ang sa kaniyang m̄ga taong naglilipat bayan. Ang Europa ay papagakpák nang gaya n̄g pagakpák sa pagtatapós n̄g isáng *drama*, sa pagkatapós n̄g isáng *tragedia*: hindí lubhâng pinapansín n̄g madlá ang pinakalayon, ang tinitignán lamang ay ang ipinamamalas na mainam sa matá! Gawíng maayos ang kabuktután at hahanġaan at magkakaroon pa nang higit na kampí kay sa m̄ga gawang kabutihan, na ginanáp sa paraang mabanayad at kimí.

—Siyá n̄gâ,—ang paklí n̄g binatà,—¿at sakâ anóng mayroon sa akin ang pumagakpák man ó pumulà, kung ang mundóng iyan ay hindí nababalino n̄g dahil sa m̄ga sinisiil, sa m̄ga maralitát sa m̄ga babai? ¿Anóng ipagpipitagan kó sa kalipunan sa siyá'y hindí nagtatagláy n̄g gayón sa akin?

—Ganiyán ang ibig ko,—ang sabing matagumpáy n̄g nag-uudyók.

At kumuha n̄g isáng rebolber sa isáng kahón, at iniabót sa kaniyang ang sabi'y:

—Sa ika sampû ay antabayanan ninyó akó sa tapát n̄g simbahan n̄g S. Sebastían upang tanggapín ang aking m̄ga hulíng bilin na dapat gawín. ¡Ah! Sa ika siyam ay nárarapat kayóng málayô, lubhâng malayô, sa daáng Anloague!

Siniyasat ni Basilio ang armás, linagyán n̄g punġlò at itinagò sa kaniyáng bulsáng pangloob n̄g

amerikana. Nagpaalam sa pamagitan nã isáng putól na:—¡Hanggáng mámayâ!

## ANG KASÁL

Nang nasa sa daán na si Basilio ay iniisip kung anó ang kaniyang mágagawâ hanggáng sa sumapit ang kalagím lagím na sandalí; mag-iika pitó pa lamang. Panahón niyon nang pamamahingá sa pag-aaral at ang mġa nag-aaral ay nasa sa kaníkaniláng bayan. Si Isagani ang tanġing hindi umuwi, nġuni't nawalâ mulâ nġ umagang iyon at hindi maalaman kung saan nároroon. Itó ang sinabi kay Basilio, nġ makapanggaling sa bilanggúan at dinalaw ang kaniyang kaibigan upang makituloy. Hindi maalaman ni Basilio kung saan siya páparoon, walâ siyang kualta, walâ siyang anoman, liban na lamang sa rebolber. Ang pagkaalaala sa lámpara ang siyáng gumiit sa kaniyang pag-iisip: sa loób nġ dalawáng oras mangyayari ang malakíng sakunâ at, kung maalaala ang gayón, sa warì niya'y pawàng walàng ulo ang mġa lalaking nagdadaán sa kaniyang harapán: nagdamdám siya nġ isáng mabanġís na katuwàan sa pagsasabi sa sarili, na kahì't gayóng dayukdók sa gabíng iyon ay magiging siyang kakilakilabot, na kahì't galing sa pagka nag-aaral at alilà marahil ay makita siya nġ araw na kasindáksindák at kalagímlagím, na nakatayô sa ibabaw nġ buntón nġ mġa bangkáy, naglalagdâ nġ mġa kautusán doon sa mġa nagdadaang nakalulan sa kaniláng mainam na sasakyán. Humalakhák na warì'y isáng napakasamâ, at kinapâ ang puluhán nġ rebolber: ang mġa kaha nġ punglô ay nasa sa kaniyang mġa bulsá.

Bumukó sa kaniyang loob ang isáng katanunġan ¿saan magsisimulâ ang patayan? Sa kaniyang kalituhán ay hindi niya naisip ang itanóng kay Simoun, nġuni't sinabi sa kaniya ni Simoun na lumayô sa daang Anloague.

Nang magkagayó'y nagkaroon siya nġ isáng hinalâ; nang kinahapunang iyon, nġ siya'y lumabás sa bilanggúan, ay tumunġo siya sa dating bahay ni kapitáng Tiago, upang hanapin ang kaniyang kaunting kasangkapan, at nátagpúan niyang ibá ang anyô at laan sa isáng pistá; yaon ang kasál ni Juanito Pelaez!

May sinabing isáng pistá si Simoun.

Nákítang nagdaan sa harapán niya ang isáng mahabàng hanay nġ mġa sasakyán na punô nġ babai't lalaking kaginoohan na nanġagsasalitâan; warìng nakakita siya sa loób nġ malalaking kumpol nġ bulaklák, nġuni't hindi niya pinuná ang bagay na iyon. Ang mġa karuahe ay patunġo sa daang Rosario, at sa dahiláng násagupà sa mġa nanggagaling namán sa tuláy nġ España, ay nanġáhihintông madalás at dahandahan ang lakad. Sa isáng sasakyán ay nakita si Juanito Pelaez sa piling nġ isáng babai na putí ang bihis at may talukbong na madalang; nákilala niyang iyon ay si Paulita Gomez.

—¡Si Paulita!—ang bulalás na pamanghâ.

At nang makitang tunay nġâng siyá, gayák ikinasal, na kasama si Juanito Pelaez, na warìng nanġagsipanggaling sa simbahan.

—¡Kaawàwàng Isagani!—ang bulóng—¿anó kayâ ang nangyari sa kaniya?

Inalalang iláng sumandalí ang kaniyang kaibigan, káluluwáng dakilà, mahabagin, at itinanóng sa sarili niya kung hindi kayâ mabuting balitâan nġ balak, nġuni't sinagót din niya ang sarili, na si Isagani ay hindi makíkialám magpakailan man sa gayóng patayan.... Hindi inasal kay Isagani ang ginawâ sa kaniya.

Pagkatapos ay naisip na kung hindi sa pagkakabilanggô, sa mġa oras na iyon, siya'y ikinákasal ó may asawa na, *licenciado* sa Medicina, namumuhay at nanggagamót sa isáng sulok nġ kaniyang lalawigan. Ang larawan ni Hulí, na lurayluráy dahil sa pagkakalagpák, ay nagdaán sa kaniyang pag-iisip; mġa maitím na lagabláb nġ pagtataním ang nag-apóy sa kaniyang balintatáw, at mulíng hinimas ang puluhán nġ rebolber na dináramdám ang hindi pa pagsapit nġ kakilakilabot na sandalí. Sa gayó'y nákita si Simoun na lumabás sa pintô nġ kaniyang bahay na tagláy ang sisidlán nġ lámpara, na nababalot nang boóng inġat, lumulan sa isáng sasakyáng nakisunód sa hanay nġ mġa umaabay sa mġa bagong kasál. Upang huwag maligtâan ni Basilio si Simoun ay kinilala ang kotsero, at namanghâ siya nġ mákilala na iyón ay ang kaawàwàng naghatíd sa kaniya sa S. Diego, si Sinong, ang binugbóg nġ Guardia Civil, iyón ding nagbabalitâ sa kaniya sa bilanggúan nġ lahát nġ nangyayari sa Tiani. Sa pagkukuròkurò niya na ang daang Anloague ay siyang pangyayarihan, ay doon tumunġo ang binatâ, na nagmadalí't nagpáuna sa mġa karuahe. Tunay nġâ, ang lahát ay tunġo sa dating bahay ni kapitang Tiago: doon nagkakatipong ang hanap ay isáng sáyawan upang magsiikot sa hanġin! Nátawá si Basilio nang makita ang mġa Guardia Veterana na nanġag-aayos doon. Dahil sa kaniláng dami ay mahúhulâan ang kahalagahan nġ pistá at nġ mġa panaohin. Siksikan ang tao sa bahay, ang liwanag ay tumatapon sa kaniyang mġa durunġawán; ang silong ay nakakalatan nġ alpombra at punô nġ bulaklák; sa itaás, marahil ay sa kaniyang ulila at dating silíd, tumútuġtóg ang orkesta nġ masasayang tugtugin, na hindi namán nakatatakíp na lubós sa magusót na alinġawnġaw nġ tawanan, salitâan at halakhakan.

Si D. Timoteo Pelaez ay umaabot sa tugatog nġ kapalaran, nġuni't ang mġa nákititang iyón ay higit sa kaniyang mġa pinanġarap. Naipakasál din ang kaniyang anák sa isáng binibining magmamana sa mġa Gómez, at salamat sa salapíng ipinautang sa kaniya ni Simoun, ay nábilí niya ang bahay na iyon sa kalahatí nġ halagá, doon niya ginawâ ang pistá, at ang mġa pinakamalalakíng diosdiosan nġ Olimpo sa Maynilá ay kaniyang magiging panaohin, upang sapuhín siya sa kináng nġ kaniláng mġa karanġalan. Sapól sa umaga ay masidhíng pumapasok sa kaniyang kalooban, na warì'y isáng karaniwang awit, ang isáng malabòng sambít na nábasa sa kaniyang mġa pakikinabang: “¡Sumapit na ang oras na mapalad! Lumapít na ang sandalíng maligaya! Matutupad nang madalí sa iyó ang mġa kahanġahanġàng salitâ ni Simoun: Buháy akó, nġuni't hindi akó kundí ang Capitán General ang nabubuhay sa akin, at ibp.” Ang Capitán General ay ináama nġ kaniyang anák! Tunay nġâ't hindi kaharáp sa kasál, kinatawán siya ni D. Custodio, nġuni't páparoon ng hahapon, at magdadalâ nġ isáng handóg sa ikinasal, isáng lámpara na kahì't ang kay Aladín ay

hindí makapapantáy....—sa lihim—si Simoun ang nagbigáy n̄ lámpara. Timoteo ¿anó pa ang ibig mo?

Ang pagkakabago n̄ bahay ni kapitáng Tiago ay lubhâng malakí; diniktán n̄ m̄ga bagong papel na maiinam; ang usok at amóy n̄ apian ay nawalâ. Ang malakíng salas na lalòng pinaluluwang n̄ malalakíng salamín na nakapagpaparami pa sa m̄ga ilaw n̄ m̄ga *araña*, ay nalalatagan n̄ alpombra: may alpombra ang m̄ga salón sa Europa, at kahì't ang daling ay makintáb na makintáb at malalapad ang tablá, ay dapat ding magkaroon n̄ alpombra ang kaniyang salas, sapagkâ't ;hindí mangyayaring hindí magkágayon! Ang maiinam na *sillería* ni kapitang Tiago ay nawalâ, siya'y napalitán n̄ ayos Luis XV, malalakíng tabing na tersiopelong pulá na may burdáng gintô, may letra n̄ panğalan n̄ m̄ga ikinasál, at napipiglán n̄ tinuhog na bulaklák n̄ suhàng huwad, ang nanğakasabit sa m̄ga *portiers* at nagwawasiwas sa sahíg n̄ kaniláng malapad na laylayang gintô rin. Sa m̄ga sulok ay may malalakíng pasòng yari sa Japón na násasalít sa m̄ga gawâ sa Sevres, na kulay bughâw na malinis, na nanğalalagáy sa m̄ga pedestal na kahoy na may lílok. Ang tanğing walâ sa ayos ay ang m̄ga matitingkád na *chromo* na ipinalít ni D. Timoteo sa m̄ga dating *grabado* at m̄ga larawan n̄ santó ni kapitang Tiago. Hindí siya nahikayat ni Simoun; ayaw n̄ m̄ga *cuadrong óleo* ang manğanğalakal, bakâ may maghinalàng gawâ n̄ m̄ga artistang pilipino.... ;siya ay magbigáy buhay sa m̄ga artistang pilipino, iyan ang hindí mangyayari kailan man! sa gayó'y mahahalò ang kaniyang katiwasayan at marahil ay sampû n̄ buhay, at alám niya kung papano ang pamamangkâ sa Pilipinas! Tunay n̄gâ't nakádingíg siya n̄ pag-uusap na ukol sa m̄ga artistang taga ibáng lupà na gaya nina Rafael, Murillo, Velázquez, n̄gunì't hindí niya maísip kung papano ang gágawing pakikipagalám sa m̄ga taong yaón, at sakâ ang isá pa'y bakâ manğagsilabás na may laban sa pamahalaan.... Sa chromo ay walâ siyang ináalaalang anomán, hindí gawâng pilipino, mura pa, gayon din ang anyò, kundí lalong mabuti, ang m̄ga kulay ay lalòng makikináng at mabuti ang pagkakayari! Alám ni D. Timoteo kung papano ang dapat ugaliin sa Pilipinas!

Ang malakíng *caida*, na nahiyasán n̄ m̄ga bulaklák, ay siyang nagíng kakainán, isáng malakíng dulang na sukat sa tatlóng pû katao ang nasa gitná, at sa m̄ga paligid, nátatabí sa m̄ga pader, ay may iláng maliliít na sukat sa dalawá ó tatló katao. M̄ga kumpól na bulaklák, m̄ga buntón n̄ bunğang kahoy na kahalò n̄ m̄ga sintás at ilaw ang siyang namumunò sa gitná n̄ m̄ga dulang. Ang pinggán n̄ ikinasál na lalaki ay may tandâng isáng kumpol na alehandría, ang sa babai ay isá namáng kumpol na bulaklák n̄ suhà at asusena. Sa haráp nang gayóng karinğalan at karaming bulaklák ay papasok sa guníguní n̄ kahì't sino, na m̄ga *ninfa* na madalang ang damít at m̄ga kupidong maliliít, na ang pakpák ay makulay, ang siyang magdudulot n̄ m̄ga alak at pagkain n̄ m̄ga dioses sa m̄ga panaohing taga alapaap, na sinasalíwán n̄ m̄ga kudyapî at alpá n̄ m̄ga taga Eolia.

Gayón man, ang dulang na ukol sa malalakíng dioses, ay walâ roón, nálalagáy sa gitná n̄ malapad na asotea, sa isáng magandang kiosko, na sadyang niyaring ukol doon. Isáng persianang kahoy na ginintúan, na kinákapitan n̄ m̄ga punòng gumágapang, ang nagkakanlóng n̄ pinakaloób sa malas n̄ madlá, n̄gunì't hindí nakapipigil sa paglalabás pumasok n̄ hanğin, upang mapalagì ang masaráp na simoy na kailanğan. Isáng mataás na tuntunğan ang pinagpatunğan n̄ mesa upang tumaás kay sa ibáng dulang na kakanan n̄ m̄ga tao lamang, at isáng bubóng, na pinalamutihan n̄ lalòng mabubuting artista, ang magsasanggaláng sa m̄ga tuktók hari sa m̄ga may inggit na tanáw n̄ m̄ga bitûin.

Doó'y walâ kun dí pípitóng *cubiertos*; ang m̄ga kagamitán ay pawàng pilak, ang m̄ga mantel at serbilyeta ay manipís na lino, ang m̄ga alak ay yaóng lalòng pinakamahál at masaráp. Hinanap ni D. Timoteo ang lalòng bibihirà at mahalagá at hindí siyá marahil nag-alinlanğang gumawâ n̄ isáng kabuktután kung násabi sa kaniyang ang General ay maibiging kumain n̄ lamán n̄ tao.

XXXV  
ANG PISTÁ

“Danzar sobre un volcán.”

Nang iká pitó ñg gabí'y nagdatíngdatíngan na ang mǵa inangyayahan: una, ang mǵa mumuntíng diosdiosan, mǵa kawaníng may mababàng katungkulan, mǵa panǵulo sa kagawarán, mǵa mánǵanǵalakal, at ibp., na tagláy ang mǵa pagbatíng lubós na magalang at ang mǵa kilos na tuwíd na tuwíd, sa mǵa unang sandalí, na waríng noón lamang natutuhan: ang gayóng karaming ilaw, tabíng at mǵa kristal ay nakapagpapanǵanínǵaní ñg kauntí. Pagkatapos ay nawawalâ na ang gayóng ayos at palihím na nagtutumbukan, tampalan sa tiyán at ang ilán ay umabót sa pagkukutusan. Tunay ñǵang ang ilán ay umaayos ñg anyóng pagwawalâng bahalâ upang ipakilala na silá'y dagí sa mǵa bagay na hígít pa sa roón, jat sadyâ ñǵang gayón! May diosa na naghikáb dahil sa ang lahát nang iyón, sa palagáy niya, ay tiwalí at sinabíng may *gazuza*; isá pa'y nagalit sa kaniyang dios, ikinumpáy ang kamáy upang tampalín. Si D. Timoteo ay payukôyukô sa lahát ñg pook; nagtatapon ñg isáng ñgítí, igagalâw ang baywáng, uorong, bibigáy ñg kalahatíng ikit, boong ikit, ibp., kayâ't ang isá pang diosa ay nakapagsabi tulóy sa kaniyang kalapít, sa tulong ñg pagkákanlóng sa pamaypáy, na:

—*¡Chica, que filadelfio está el tío! Mía que paese un fantoche.*

Pagkatapos ay dumatíng ang mǵa bagong kasál, na kaakbáy si aling Victorina at ang lahát ñg kaanǵay. Mǵa maligayang batí, kámayan, mǵa tapík na waríng pag-aampón sa lalaking bagong kasál, mǵa tingíng patitíg, malansá, masurí ñg mǵa lalaki sa binibining bagong kasál; sa dako ñg mǵa babai ay pagsisiyasat ñg kagayakan, ñg hiyás, pag taya ñg lakás, ñg buti ñg katawán, ibp.

—*¡Si Psiquis at si Cupido na dumatíng sa Olimpo!—*ang binuko sa sarili ni Ben-Zayb at itinalâ niyang mabuti sa pag-iisip ang pag-aanyô upang bitiwán sa lalòng katampatang sandalí.

Ang lalaking bagong kasál ñǵâ'y may tagláy ñg mukhâng palabirô ñg dios ñg pag-ibíg, at kung ipagpapaumahan ñg kauntí ay mapagkákamalang lalagyán ñg panâ ang kaniyang kakubàng napakaumbók, na hindí maikanlong sa suot niyang *frac*.

Si D. Timoteo ay nagdáramdam na ñg pananakít ñg baywang, ang mǵa kalyo ñg kaniyang paa ay untíuntíng nananakít, ang kaniyang liig ay nanǵanǵawit at ¡walâ pa ang Capitán General! Ang mǵa malalaking dioses, na sa kanilá'y kabilang si P. Irene at si P. Salvi, ay nanǵagsidatíng na ñǵâ ñguni't walâ pa ang malakíng kulóg. Hindí siya mápalagáy, nanǵanǵanib, ang kaniyang pusô'y tumítibók nang malakás, sinusumpóng siya ñg isáng kailanǵan, ñguni't dapat munang unahin ang pagbatí, pagñgítí, at pagkatapos ay paparoon, ñguni't hindí mangyari, uupô't titidíg, hindí nádidingíng ang sa kaniyá'y sinasabi, hindí masabi ang ibíg sabihin. At samantala'y isáng malulugdíng dios ang nagsabi sa kaniyá ñg iláng punáng ukol sa mǵa cromó, ná tinútuligsâ't sinasabíng nakadudunǵis sa mǵa dingdíng.

—*¡Nakadudunǵis sa mǵa dingdíng!—*ang ulit ni D. Timoteo na nakanǵití ñguni't ñgalínǵalíng labnutín ang nagsasalitâ:—*datapuwâ'y yari iyan sa Europa at siyang mǵa pinakamahál na nátagpúan ko sa Maynilâ! ¡Nakadudunǵis sa mǵa dingdíng!*

At isinúsumpâ sa sarili ni D. Timoteo na kinabukasan ay ipasisinǵíl ang lahát ñg utang ñg mánunuligsâ sa tindahan niya.

Nakádingíng ñg mǵa pasuwít, takbuhan ñg mǵa kabayo, dumatíng dín!

—*¡Ang General!—¡Ang Capitan General!*

Namumutlá sa pagkagulumihanan, ay tumindíg si D. Timoteo na dí ipinahahalatâ ang sakít ñg kaniyang mǵa kalyo, at kasama ñg kaniyang anak at iláng malalaking dios, ay pumanaog upang salubunǵin ang *Magnum Jovem*. Nawalâ ang sakít ñg kaniyang baywang dahil sa pag-aalinlanǵang pumasok sa kaniyang kalooban ¿dapat siyang ñgumití ó magpakita ñg mukhâng walâng katawatawa? ¿dapat niyang iabót ang kaniyang kamáy ó antabayanang iabót sa kaniyá ang sa General? ¡Putris! ¿bakit kayâ hindí niya naalaala ang ukol sa bagay na iyon at nang naitanóng sana sa kaibigan niyang si Simoun? Upang huwag mápunâ ang kaniyang pagkagulumihanan ay itinanóng nang marahan at sirâ ang boses sa kaniyang anak:

—*¿Naghandâ ka ba ñg talumpati?*

—*Hindí na ginagamit ang mǵa talumpati, tatay, at dito ay lalò pa!*

Dumatíng si Jupiter na kasama si Juno, na warí'y isáng kastilyong sususuhan: may brillante sa ulo, may brillante sa liig, sa mǵa bisig, mǵa balikat, sa boóng katawán! Ang suot ay isáng mainam na kagayakang sutlá; mahabâ ang *cola*, na may burdáng bulaklák na namumukód sa ibabaw.

Tunay ñǵang inarí ñg General ang kaniyang bahay, gaya ñg ipinamanhík na búbulóngbulóng ni D. Timoteo. Ang orkesta ay tumugtóg ñg *marcha real* at ang mag-asawang Dios ay tuwíd na tuwíd na umakyát sa hagdanang may sapíng alpombra.

Ang katigasan ñg anyô ñg General ay hindí gawâ-gawâ lamang; marahil noon lamang siyá nagdamdám lungkót, sapól nang dumatíng sa Pilipinas; muntíng pighatí ang namamahay sa kaniyang dilidili. Yaón ang hulíng tagumpáy, sa kaniyang tatlóng taóng paghahari, at sa loob ñg dalawáng araw, ay iiwan na niyá ang gayóng kataás na kalagayan. ¿Anó ang iiwan sa kaniyang likurán? Hindí ibinabaling ñg General ang kaniyang ulo at ibíg pa niyá ang tumanâw sa hináharáp, sa dáratíng! Dadalhín niyá ang isáng kayamanan, malalaking halagáng nalalagáy sa mǵa Banko sa Europa ang nag-áantáy sa kaniyá, mayroón siyang mǵa hotel, ñguni't marami siyang sinaktán, marami siyang kalaban sa Corte, ináantáy siyá roon ñg mataás na kawaní! Ang ibáng general ay yumamang madalí na gaya niyá at ñgayó'y mǵa hiráp na hiráp. ¿Bakit hindí



siyá magpalumagák ng kaunti pang panahón na gaya ng payo ni Simoun? Hindi, bago ang lahat ay ang kahihiyán muna. Sa isáng dako’y hindi na lubhang payuko ang mga bati sa kaniyá na gaya ng dati; nakápupuná siyá ng mga tingging patitig, at pagkainip; at sinasagót niyang magiliw at tinatangká niyang ngumití.

—¡Napagkikilalang papalubóg na ang araw!—ang bulóng ni P. Irene, sa tainga ni Ben-Zayb,—¡marami na ang tumititig sa kaniyá ng harap harapan!

¡Putris na kura! yaón pa namán sana ang kaniyang sasabihin.

—Inéng—ang bulóng sa tainga ng kalapít ng babaing nagpanganlang *fantoche* kay D. Timoteo—¿Nakita mo ba kung anó ang saya?

—Uy! ang mga tabing sa palasyo!

—¡Hantáy! at siyá ngâ palá! Dádalhing lahat kung gayón. Tingnán mo’t pag hindi ginawang *abrigo* ang mga alpombra!

—¡Ang gayó’y walang ibang ipinakikilala kundî may katalinuhan at mabuting mamili!—ang pakli ng asawa na kinagalitan ang kabiyak niya sa pamag-itan ng isáng tingin,—ang mga babai’y dapat maging masinop!

Dinaramdám pa ng kaawaawang dios ang siningil ng modista.

—¡Anák ko! dí bigyan mo akó ng mga panabing na tig lalabing dalawang piso ang isáng bara at tingnán mo kung isusuot ko ang mga basahang itó!—ang pakli ng namuhing diosa;—¡Jesús! sakâ ka na magsalitâ kapag nagkaroon ka nang magarang sinundán!

Samantala’y si Basilio, na nasa tapát ng bahay, ay kahalobilo ng mga nanonood, at binibilang ang mga taong pumapanaog sa mga karuahe. Nang makita ang gayong karaming taong masasayá at tiwalà, nang makita ang dalawang bagong kasál, na sinusundán ng mga kaangay niyang mga dalaginding na mga walang malay at walang agam-agam, at naisip na matatagpuán doón ang kakilakilabot na kamatayan, ay naawa siyá at naramdamang nagbawa ang kaniyang galit.

Nagtagláy siyá ng nasang iligtás ang gayong karaming mga walang sala, inisip na sumulat at magbigáy alam sa mga may kapangyarihan; nguni’t dumating ang isáng karuahe at nagsibabâ si P. Salvi at si P. Irene, na kapuwâ may kasiyahang loób, at waring ulap na dumaán, ay napawi ang kaniyang mabubuting hanġád.

—Anó ang mayroon sa akin?—aniyá sa sarili—¡magbayad ang mabubuti na kasama ng masasamá!

At idinagdág pagkatapos upang panahimikin ang kaniyang mga pagkabalisa:

—Hindi akó manunuplóng, hindi ko dapat pangahasán ang pagtitiwalà sa akin. Ang utang ko sa *kaniyá* ay higit kay sa lahat nang *iyán*; siyá ang humukay ng pinaglibingán sa aking iná; ang mga taong iyan ang pumatáy! ¿Anó ang mayroón nilá sa akin? Ginawâ ko ang lahat upang maging mabuti, magkaroon ng halagá; pinagsikapan ko ang lumimot at magpatawad; tiniis ko ang lahat ng pataw at walá akong hiningi kundî ang bayàan lamang akong mátiwasáy! Akó’y hindi nakasasagabal sa kanino man.... ¿Anó ang ginawâ sa akin? ¡Umilandang sa hanġin ang kanilang luráy na katawán! Labis na ang tiniis namin!

Pagkatapos ay nakitang pumasok si Simoun na dalá sa kamáy ang kakilakilabót na lámpara, nakitang binagtás na dahandahan ang silong, ang ulo’y nakatungó at waring nag-iisip. Naramdamán ni Basilio na ang kaniyang pusó’y tumitibók ng mahinangmahinà, na ang kaniyang mga paát kamáy ay nanglalamig at ang maitim na anino ng mag-aalahás ay nagkakaroon ng anyong nakapanġinġilabot na nalilibid ng lagábláb. Sa tabí ng hagdán ay tumigil si Simoun na wari’y nag-aalinlanġan; si Basilio’y hindi humihingá. Ang pag-aalinlanġan ay hindi nagluwát: itinaás ni Simoun ang kaniyang ulo, patuloy na umakyát sa hagdanan at nawalá.

Sa wari ng nag-aaral ay sasabog na ang bahay at ang mga dingding, mga lámpara, mga panaohin, bubunġán, mga durunġawan, orkesta, ay umilandang sa hanġin na waring isáng dakót na бага sa gitná ng isáng kasindáksindák na putók; tuminġin sa kaniyang paligid at inakalang ang mga nanonoód na nároon ay pawang bangkáy; nakikita niyang luráyluráy, sa wari niya’y napupunó ng apoy ang hanġin, nguni’t ang kalamigang loób ng kaniyang pagkukurò ay nanagumpáy sa pag-uulap na iyong dumaán na tinulunġan ng gutom, at aniyá sa sarili:

—Samantalang hindi pumapanaog, ay walang panganib. Hindi pa dumarating ang Capitan General!

At pinilit na mag-anyô siyang panatag at pinipigil ang pangangaykáy ng kaniyang mga paa, at tinangkang malibang sa pag-iisip ng ukol sa ibang bagay. Mayroong wari’y kumukutyâ sa kaniyá sa sariling kalooban at sinasabi sa kaniyang:

—Kung nanġinġinig ka ngayong hindi pa sumasapit ang sandaling takdá ¿anó ang aasalin mo kapag iyong nakitang bumabahâ ang dugô, nag-aalab ang mga bahay at sumasagitsít ang mga punlò!

Dumating ang General, nguni’t hindi siyá napuná ng binatâ; minámataan ang mukhá ni Simoun na isá sa mga pumanaog upang sumalubong, at nákilala niyá sa walang awang anyong iyón ang hatol na kamatayan sa lahat ng taong nároon, at sa gayón ay pumasok sa kaniyá ang muling pagkasindák. Siya’y nanglamig, sumandig sa pader ng bahay, at nakatitig sa mga durunġawan at tinalasan ang mga pangdingig, tinangkang hulàan ang mangyayari. Nakita sa salas ang maraming taong nakaligid kay Simoun at pinagmamasdán ang lámpara; nakadinding ng mga maliligayang bati, mga bulalás na paghanġà; ang mga salitang “comedor estreno” ay náulit-ulit; nakitang ngumití ang General at kinuròkurò niyang sa gabing iyón gagawin ang unang paggamit, alinsunod sa itinakdá ng mag-aalahás, at tunay ngang sa dulang na hahapunan ng General. Si Simoun ay nawalang sinusundán ng maraming humahanġà.

Nang mġa katanġitanġing sandalġng iyón ay nagtagumpáy ang kaniyáng magandang pusò, linimot ang lahát nġ kaniyáng pagtataním, linimot si Hulí, tinangkáng iligtás ang mġa waláng sala, at humandâ, mangyari na ang mangyayari, tinawíd ang daán at nagtangkáng pumasok. Nġuni't nalimot ni Basilio na nápakadukhâ ang kaniyáng suot; pinígil siya nġ bantáy-pintò, at nang mákita ang kaniyáng pagpupumilit ay binantâán siyáng tatawag nġ dalawang *Veterana*.

Nang mġa sandalġng iyón ay pumapanaog si Simoun na namumutlá nang kauntí. Binayàan nġ bantáy si Basilio upang yumukò sa mag-aalahás na warí'y nagdaán ang isáng santó. Nàhalatâ ni Basilio sa anyó nġ mukhâ na lilisanin nang pátuluyan ang sawġng bahay na iyón at ang lámpara ay may ilaw na. *Alea jacta est*. Dalá nġ pag-ínġat sa sarili, ay náisip ang lumigtás. Maaarġng másumpunġán nġ kahí't sino na galawín ang ilawán, alisín ang timtím at sa gayón ay puputók at ang lahát ay matatabunan. Nádingġg pa si Simoun na nagsabi sa kotsero na:

—¡Sa Escolta, tulinan mo!

Gulilát at sa takot na madinġíg ang kakilákilabot na putók, ay lumayò si Basilio nang boġng tulin sa sawġng poók na iyón: sa warí niya'y walâ ang liksíng kailanġan nġ kaniyáng mġa hità, ang kaniyáng mġa paa'y nádudulás sa mġa bangketa na warġng lumalakad at hindí kumikilos, ang mġa taong nakakasalubong ay humáhadláng sa kaniyáng lakad, at bago makadalawang púng hakbáng ay warġng hindí lamang limáng minuto na ang nakaraán. Sa malayò layò'y nátagpúán ang isáng binatàng nakatayò, na ang ulo'y nakataás, nakatitig sa bahay. Nakilala ni Basilio si Isagani.

—¿Anó ang ginagawâ mo rito?—ang tanóng.—¡Halika!

Tiningnán siyá nġ malamlám na tinġín ni Isagani, nġumití nang malungkót at mulġng tuminġín sa mġa bukás na durunġawan, na sa puwang niláy nátatanáw ang maputġng anyò nġ binibining ikinasál, na nakapigil sa bisig nġ nagíng asawa, na dahandahang lumalayò.

—Halika, Isagani! Lumayò tayo sa bahay na iyan, halika!—ang sabi ni Basilio na ang boses ay paós at piniglán sa bisig ang kausap.

Iniláláyò siyang banayad ni Isagani at patuloy ding nakatanáw na tagláy sa labí ang malungkót na nġití.

—¡Alang-alang sa Dios lumayò tayo!

—¿Bakit akó láláyò? Bukas ay hindí na siya!

Nápakalakíng lungkót ang tagláy nġ mġa panġunġusap na iyon, na, nalimot sandalí ni Basilio ang kaniyáng sindák.

—¿Ibig mo bang mamatáy?—ang tanóng.

Ikinibít ni Isagani ang balik at nagpatuloy sa pagtinġín.

Mulġng tinangkâ ni Basilio ang siya'y kaladkarín.

—¡Isagani, Isagani, pakingán mo akó, huwag tayong mag-aksayá nġ panahón! Ang bahay na iyan ay punò nġ pulbura, sasabog na, dahil sa isáng kapanġahasan, sa isáng pagsisiyasat..... Isagani ang lahát ay mamamatáy sa ilalim nġ kaniyáng duróġ na labí.

—¿Sa kaniyáng labí?—ang ulit ni Isagani na inuunawâ mandín ang ibig turan, nġuni't hindí rin iniláláyò sa durunġawan ang tinġín.

—Oo, sa ilalim nġ kaniyáng labí, oo, Isagani! alang-alang sa Dios, halika! sakâ ko na isásalaysáy sa iyó, halika! isáng lalò pang sawí kay sa ating dalawá ang humatol sa kanilá.... ¿Nákikita mo ang ilaw na putġng iyán, maliwanag, na warġng ilaw eléktriko, na nanggagaling sa *azotea*? Iyán ang ilaw nġ kamatayan! Isáng lámpara na may lamáng dinamita, sa isáng kakainang may baóng pulbura.... púputók at waláng makaliligítás na buháy ni isáng dagâ man lamang, halika!

—¡Huwág!—ang sagót ni Isagani na iniilíng na malungkót ang ulo—ibig kong lumagì rito, ibig ko siyáng makita pang mulí na bilang pahimakás.... bukas ay ibá na!

—¡Masunód ang nátatakdá!—ang bulalás ni Basilio nang mákita ang gayón at matuling lumayò.

Nakita ni Isagani na ang kaniyáng kaibigan ay matuling lumalayò na tagláy ang pagmamadalġng nagpapakilala nġ tunay na takot at nagpatuloy din nang pagtinġín sa nakaaakit na mġa bintanà, gaya nġ *caballero de Toggenburg* na nag-aantáy na dumunġaw ang iniibig, na sinabi ni Schiller. Nang mġa sandalġng yaón ay waláng tao sa salas; ang lahát ay tumunġo sa mġa kakainán. Náisip ni Isagani na mangyayaring may katunayan ang ikinatatakot ni Basilio. Náalaala ang mukhâ niyáng gulilát, siyá na hindí napapawian nġ kalamigang loób, at nagsimulâ na sa paghuhulòhulò. Isáng bagay ang maliwanag na bumábakás sa kaniyáng pag-iisip: ang bahay ay sasabog at si Paulita ay naroroón, si Paulita'y mamamatáy sa isáng kakilákilabot na pagkamatáy....

Sa haráp nġ pagkabatíd na itó ay nalimot ang lahát: panibughò, pagtitiís, mġa samâ nġ loób; ang maawàing binatà'y waláng naalaala kun dí ang kaniyáng pag-ibig. Hindí na inalala ang sarili, waláng kagatól-gatól, tinunġo ang bahay, at salamat sa kaniyáng makisig na kagayakan at kaniyáng anyòng waláng alinlanġan, ay madalġng nakaraán sa pintúan.

Samantalang ang mġa bagay na itó'y nangyayari sa daán, sa kakainan nġ mġa malalakíng dios, ay nagpatawidtawid sa mġa kamáy ang isáng pergamino na kinababasahan nġ mġa salitàng itó, na tintáng pulá ang ipinangsulat:

*Mane Thecel Phares.*

*Juan Crisóstomo Ibarra.*

—Juan Crisóstomo Ibarra? ¿Sino iyan?—ang tanóng nġ General na iniabót sa kalapít ang papel.

—¡Isáng masamàng birò!—ang tugón ni D. Custodio;—lagdáan ang papel nŕ panĝalan nŕ isáng *filibusterillo*, na may sampûng taón nang patáy.

—¡Filibusterillo!

—¡Iya’y isáng biròng magigiging sanhî nŕ kaguluhan!

—May mĝa babai pa namán....

Hinahanap ni P. Irene ang nagbirò at ang nákita ay si P. Salvi, na nakaupò sa kanan nŕ kondesa, na namutlà nang kasingputî nŕ kaniyang servilleta samantalang minamasdáng nangdididilat ang matá ang mĝa mahiwagàng panĝunĝusap. Ang nangyari sa espinghe ay kaniyang náalaala!

—¿Anó, P. Salvi?—ang tanóng—¿nákikilala bagá ninyó ang lagdá nŕ inyóng kaibigan?

Si P. Salvi ay hindî sumagót; umanyóng manĝunĝusap, at hindî alumana ang ginágawâ’y ipinahid sa noo ang serbilyeta.

—¿Anó ang nangyari sa inyó?

—¡Iyan ang kaniyang sulat!—ang mahinàng sagót, na halos hindî mádingĝig;—iyan ang tunay na sulat ni Ibarra!

At matapos makasandĝ sa sandalan nŕ luklukan ay binayàng mábitin ang kaniyang mĝa kamáy na waring kinulang nŕ lakás.

Ang dí kapalagayang loob ay nagíng sindák; nanĝagkátinĝinan silásilá nang walâng kahumáhumá. Tinangkâ nŕ General ang tumindĝ, nĝuni’t sa panĝinĝilag na bakâ ipalagáy na pagkatakot ang gayón, ay nagpigil at lumingĝap sa kaniyang paligid. Walâng mĝa sundalo: ang mĝa alilàng naglilinkód ay hindî niya náikilala.

—Magpatuloy tayo nŕ pagkain, mĝa ginoo,—aniya—at huwag natin bigyáng halagá ang isáng birò!

Nĝuni’t ang kaniyang boses ay hindî nakapagbigáy katiwasayán kundî bagkús pa nĝang nagpalalò nang dí kapalagayang loob. Ang boses ay nanĝinĝinĝ.

—Ipinalálagáy kong hindî ibig sabihin nŕ *Mane thecel phares* na iyan, na tayo’y pápatayín nĝayóng gabí?—ani D. Custodio.

Ang laháat ay nápahintò.

—Nĝuni’t mangyayaring tayo’y malason....

Binitiwang ang kaniláng mĝa *cubiertos*.

Samantala’y untîuntî nang nagkukulimlím ang ilaw.

—Ang lámpara ay nanĝunĝulimlím,—ang sabi nŕ General na hindî mapalagáy;—ibig bagá ninyóng itaás ang timtím, P. Irene?

Nang sandalíng yaón, matulíng warí’y lintík, ay pumasok ang isáng anino na nagbuwal nŕ isáng uupán at sinagasà ang isáng alilà, at sa gitná nŕ pagkakatitlâ nŕ laháat, ay sinunggabán ang lámpara, tumakbó sa asotea at inihagis sa ilog. Ang laháat nang itó’y nangyari sa isáng kisáp-matá, ang kakainán ay nagdilím.

Ang lámpara ay lumagpák na sa ilog nang ang mĝa utusán ay nakasigáw nang:—¡magnanakaw, magnanakaw! at patakabó ring tumunĝo sa asotea.

—¡Isáng rebolber!—ang sigáw nŕ isá;—¡madalî ang isáng rebolber! Habulin ang magnanakaw!

Nĝuni’t ang anino, lalò pang maliksí ay nakapanĝibabaw na sa babaháng ladrilyo, at bago dumatíng ang isáng ilaw ay nakalundág na sa ilog at nagpadingĝig nŕ isáng alaguwák sa pagbagsák sa tubig.

## MGA KAGIPITAN NI BEN-ZAYB

Agád-agád na mabatíd ang pangyayari, nang makakuha ng mga ilaw, at makita ang di ayós na anyô ng mga nabiglang mga dios, si Ben-Zayb, lipús kamuhian at tagláy na ang pagsang-ayon ng sumisiyasat ng mga inililimbág, ay nagtatakbóng tunço sa kaniyang bahay (isáng entresuelo na tinitirahan niyang may ibáng kasáma), upang sulatin ang lalóng malamáng salaysáy na nabasa sa silong ng lançit ng Pilipinas; ang General ay aalis na masamá ang loob kung hindi mababasa muna ang kaniyang mga pasaríng, at ang gayó'y hindi mapahihintulutang mangyari ni Ben-Zayb, na may magandang pusò. Nagtiís na ngáng iwan ang hapunan at ang sayawan at hindi natulog ng gabíng yaón.

¡Mauugong na bulalás sa pagkagulat, pagkamuhí, ipalagáy na wari'y gumuhò ang mundó at ang mga bituin, ang mga waláng lipas na bituin ay nançagkakaumpugan! Pagkatapos ay isáng mahiwagang pangbunçad, punò ng mga banggít, mga pasaríng.... makaraan itó'y ang salaysáy ng pangyayari at ang panghulíng pati. Dinamihan ang mga paligoy, inubos ang mga pasapyáw na salitá sa pag-lalarawan ng pagkakatiwangwáng at nang nápakahulíng pagkakabinyág ng sabáw na tinanggáp ng General sa kaniyang noong tagalançit; pinuri ang kaliksihang ginamit sa pagtayò, na inilagáy ang ulo sa dating kinálagyán ng paa at tiwarík; bumigkás ng isáng pagpupuri sa Lumikhá dahil sa mairog na pagkakalingá sa mga kabanalbanalang mga butóng yaón, at ang pagkakásalaysáy ay lumabás na nápakainam, na ang General ay lumabás na wari'y isáng magitíng at lalò pang mataas ang kinábulugan, gaya ng sabi ni Victor Hugo. Nagsulát, kumatkát, nagdagdag at nagbanháw upang lumabás na dakilà ang salaysáy nang waláng pagkakalisyá sa katotohanan—itó ang kaniyang tançing karapatán sa pagkamamamahayag,—magíng kalakhán ang ukol sa pitóng dioses at karuagan at abá sa hindi kilaláng magnanakaw, “na nagparusa sa sarili, sindák at nakakilala sa kalakhán ng kaniyang pagkakasála nang sandalí ring iyón.” Ipinalagáy ang ginawá ni P. Irene na pagpasok sa ilalim ng dulang na “bigláng udyók ng likás na katapançan, na hindi napaglubág ng hábito ng isáng Dios ng kapayapaan na isinuot boong buhay”, tinangká ni P. Irene na habulin ang nagkasala at sa pagbagtás niya nang patuwid ay dumaan sa silong ng dulang. Sa pagsasalaysáy noon ay bumanggít ng mga lunggá sa ilalim ng dagat, tinukoy ang isáng balak ni D. Custodio, inalala ang katalinuhan at mga mahahabàng paglalakbáy ng pari. Ang pagkawalá ng diwà ni P. Salvi ay isáng malakíng dalamhati na dinamdám ng mabaít na pransiskano, sa pagkakitang kakauntí ang nápapalá ng mga indio sa kaniyang mga banal na pançaral; ang pagkakatigagal at sindák ng ibáng kasalo, na ang isá sa kanilá'y ang kondesa na “pumigil” (nançjunyapít) kay P. Salvi, ay dili ibá kundí katiwasayán at kalamigáng loob ng mga magigitíng, na sanáy sa mga pançanib sa gitná nang pagtupád sa kaniláng mga kautançán, na, sa piling nilá, ang mga senador romano, na nabiglá ng mga dumagsang galo, ay pawang mga binibining masindakin lamang na nançagugulat sa harap ng larawan ng mga ipis. Pagkatapos at upang magíng kaibayó, ay ang larawan ng magnanakaw: takot, kabaliwán, di pagkakangtututo, tinçing mabalasik, anyóng gulát at çlakás ng kataasan ng uri sa kabaitan ng lipi! ang kaniyang paggalang nang makita roong nançakalimpí ang gayong katataás na tao! At kapit na kapit ngáng isunód doon ang isáng mahabàng parirala, isá ng paghikayat, isáng talumpatíng laban sa pagkasirá ng mga mabubuting kaugalian, at yaón ang sanhi ng pançançailançan ng isáng lagíng hukumang kawal, “ang pagtatatag ng *estado de sitio* sa loob ng tatág nang *estado de sitio*, isáng tançing kautusán, na makapipigil, matindí, sapagká't lubháng kailançang dalídaliin ang pagpapakita sa mga masasamá at mga salarín, na kung sakalí mang ang pusò'y mahabagin at malinçap sa mga mapançayupapà't masunurin sa kautusán, ay malakás namán ang kamáy, matatág, waláng pagmamaliw, matuwid at matindí sa mga lumalabág sa kaniyá ng waláng kakatuwikatuwiran at humahalay sa mga banál na kapalakarán ng Inángbayan! Oo, mga ginoo, itó'y kailançan nang di lamang ng ikabubuti ng kapuluang itó, hindi lamang ng ikabubuti ng boong sangkatauhan, kundí ikabuti ng pançalan ng España, ng karançalan ng pançalang kastilà, ng karançalan ng bayang ibero, sapagká't sa ibabaw ng lahát ng bagay ay mga kastilà tayo at ang bandilà ng España” ibp.

At dinuluhan ang sulatín sa ganitóng pangtapós:

“Matahimik na yumao ang matapang na bayani, na humawak sa kapalaran ng bayang itó sa kapanahunang lubháng maligalig! Matahimik na yumao upang lumançap ng malunas na simuy ng Manzanares! Kamí rito'y maiiwan na wari'y matatapát na talibà upang dalançinan ang kaniyang ala-ala, hançaan ang kaniyang matatalinong kapasiyahan, at igantí ang kataksiláng ginawá sa kaniyang mainam na handóg, na makukuha rin namin sukdàng kailançaning patuyúin ang mga dagat! Ang gayóng maalindóg na relikia ay magíng isáng waláng pagkapawíng tandá sa bayang itó ng kaniyang karilagán, kalamigáng loob at katapançan.”

Ganiyán niya tinapos ang sinulat na may kauntíng kadilimán, at bago mag-umagá ay ipinadalá sa pásulatan, na may tagláy nang kapahintulután ng tagasuri. At natulog na wari'y si Napoleon nang matapos maitakdá ang paraan ng labanán sa Jena.

Ginising siya nang nag-uumagá, na ang mga *cuartilla* ay ibinabalík at may isáng sulat ng namamahala, na sinasabing ipinagbawal na mahigpít ng General na pag-usapan ang nangyari at ipinagbilin na pabulaanan ang kahít anóng sabisabihan at usap-usapang kumalat, na, ang lahát ay ipalagáy na salisalitá lamang, mga palanghá at mga pakápakaná.

Sa ganáng kay Ben-Zayb, ang gayón, ay pagpatáy sa isá niyang anak na nápakagandá't nápakatapang, na inianák at inalagaan nang lubháng malakí ang paghihirap at pagpapagál at çsaán niya iuukol ngayón ang mainam na pagtatatakáp, ang magandang paghahayag ng mga paghahandàng may katapançan at pagpaparusa? At alalahanin, na sa loob ng isá ó dalawang buwan ay iiwan niya ang Pilipinas, at ang sinulat na iyon ay hindi mangyayaring lumabás sa España, sapagká't çpapano ang pagsasabi noon sa mga salarín sa Madrid, sa ang naghaharí doón ay ibáng pagkukurò, humahanap ng mga pangyayaring

nakapagpapagaán n̄ sala, tinítimbáng ang m̄ga pangyayari, may m̄ga *jurado*, ibp.? Ang m̄ga sulat na gaya n̄g kaniyá ay kawan̄gis n̄g iláng aguardienteng may lason na ginágawâ sa Europa, na mabuting ipagbilí lamang sa m̄ga taong itím, *good for negroes*, na ang kaibhán lamang ay ang kung hindi máinóm n̄g m̄ga maiitím ay hindi nan̄gasisirâ, samantaláng ang m̄ga sulat ni Ben-Zayb, basahin man ó hindi n̄g m̄ga pilipino, ay nagkakaroon din n̄g bisâ.

—¡Kung bukas ó makalawá man lamang sana ay may mangyayaring ibáng pagkakasala!—aniyá.

At sa haráp n̄g pag-aalala doón sa anák niyáng namatáy bago málimbág, m̄ga bukong nababad sa lamíg, at sa pagkakaramdám na ang kaniyáng m̄ga matáy nababasâ n̄g luhà, ay nagbihis upang makipagkita sa namamahalâ. Kinibít n̄g namamahalâ ang balikat: ipinagbawal n̄g General, sapagká't kung mapag-alamán na pitóng malalakíng m̄ga dioses ay nagpabayang mapagnakawan n̄g isáng balà na, samantalang ikinúkumpáy ang m̄ga *tenedor* at *cuchillo*, ay mápapan̄ganib ang tibay n̄g Ináng-bayan! At gayón ding ipinagbiling huwág paghanapin ni ang lámpara ni ang magnanakaw at ipinagbibilin sa m̄ga súsunód sa kaniyá na huwág man̄gahás na kumain sa alin mang bahay n̄g ibáng tao nang hindi nalilibid n̄g m̄ga alabardero at m̄ga bantáy. At sa dahiláng ang m̄ga nakaalám n̄g kauntì, sa m̄ga nangyari sa bahay ni D. Timoteo n̄g gabíng iyón, ay m̄ga kawani at m̄ga kawal ay hindi maliwag ang pabulaanan ang pangyayari sa haráp n̄g madlá: nátutukoy sa katibayan n̄g ináng-bayan. Sa haráp n̄g pangalang itó'y itinun̄gó na punó n̄g kagitiñgan ni Ben-Zayb ang kaniyáng ulo, na iniisip si Abraham, si Guzman el Bueno ó, si Brutus man lamang at ang ibá pang matatandâng magitíng na nasa kasaysayan.

Ang gayóng karaming paghihirap ay hindi mangyayaring hindi magkákaroón n̄g gantíng palà. Ang Dios n̄g m̄ga mámamahayag ay nasiyahán kay Abraham-Ben-Zayb.

Halos kasabáy noon ay dumatíng ang anghel na tagá-balitâ na tagláy ang tupa, na, anyông isáng pangloloob sa isáng bahay liwaliwan sa baybáy n̄g ilog Pasig, bahay na tinítirahán n̄g iláng prayle kung tag-init! ¡Yaón ang panahón, at si Abraham-Ben-Zayb ay nagpuri sa kaniyáng dios!

—Ang m̄ga tulisán ay nakakuha n̄g mahigít sa dalawáng libong piso, sinugatan nang malubhá ang isáng parì at dalawáng alilà.... Ang kura ay nagtanggól sa likurán n̄g isáng silla, na nagkásirâsirâ sa kaniyáng m̄ga kamáy.....

—¡Hintáy, hintáy!—aní Ben-Zayb na nagtátalâ;—apat ó limangpung tulisáng sa paraang taksíl.... m̄ga rebolber, iták, escopeta, pistola.... leong nanánandata, silla.... putólputól.... sinugatan nang waláng kaawâ-awâ... sampung libong piso.....

At sa kagalakán, at dahil sa hindi pa lubós na nasisiyahán sa m̄ga balitâ, ay tumun̄go sa pook na pinangyarihan, na, sa daan ay binabalak ang salaysáy n̄g paglalaban. ¿Isáng muntíng bigkás na tinuran n̄g namumunò? ¿Isáng salitang paalipustang galing sa bibíg n̄g parì? Lahát n̄g pagpaparis at talinghagâ, na iniukol sa General, kay P. Irene at kay P. Salvi ay mákakapit sa paríng nasugatan, at ang salaysáy na ukol sa magnanakaw ay sa bawâ't isáng tulisán. Sa pagmumurá ay maaaring lumawig pa, maaaring banggitín ang pananampalataya, ang pananalig, ang kaawaan, ang tugtóg n̄g m̄ga kampanâ, ang utang n̄g m̄ga indio sa m̄ga prayle, malungkót sa sarili at gumamit n̄g maraming banggít at m̄ga himig na ayos Castelar. Bábasin yaon n̄g m̄ga dalaga sa siyudad at sásabihing:

—Si Ben-Zayb ay maban̄gis na gaya n̄g león at masuyò na gaya n̄g isáng tupa!

Nang dumatíng sa pook na pinangyarihan, ay napamanghá siya nang mákita na ang nasugatan, ay dilì ibá't si P. Camorra, na tinakdáan n̄g kaniyáng *provincial* na magdusa sa bahay liwaliwan, sa baybáy n̄g ilog Pasig, dahil sa kaniyáng pinaggagawâ sa Tianì. May isáng muntíng sugat sa kamáy, isáng bukol sa ulo dahil sa kaniyáng pagkakatiwangwáng; ang m̄ga tulisán ay tatló at ang m̄ga sandata'y pawang iták; ang halagáng nánakaw ay limang pung piso.

—¡Hindi mangyayari!—ani Ben-Zayb;—magtigil kayó.... hindi ninyó alám ang inyóng sinasabi!

—¡Hindi ko malalaman, *puñales*!

—¡Huwag kayóng han̄gál!.... ang m̄ga tulisán ay mahigít kay sa sinabi ninyó....

—¡Abá! ang manghihitit na itó n̄g tintá....

Nagkaroon silá n̄g isáng malakíng pagtatalo. Ang mahalagá kay Ben-Zayb ay ang huwag masirâ ang isinulat, palakihín ang m̄ga pangyayari upang kumapit ang kaniyáng m̄ga pinagturan.

Isáng alingawngaw ang pumutol sa pagtatalo. Ang m̄ga tulisáng nan̄gáhuli ay nan̄gagpahayag n̄g malalakíng bagay. Isá sa m̄ga tulisán ni *Matanglawin* (si kabisang Tales) ay tinipán silá sa Santamesa upang makisama sa kaniyáng pulutóng at looban ang m̄ga kombento at ang m̄ga bahay n̄g m̄ga mayayaman.... Ang man̄gun̄gulo sa kanilá'y isáng kastilang mataas, kayumanggi, maputí ang buhók, na ang sabi'y gágawâ nang gayón sa utos n̄g General na matalik niyáng kaibigan, pinatibayan pa rin sa kanilá na ang *artillería* at iláng regimiento ay makikisama sa kanilá, kayâ't walâ siláng dapat ikatakot. Ang m̄ga tulisán ay patatawarin at ang isáng katlóng bahagi n̄g másamsám ay ibibigáy sa kanilá. Ang palatandâan ay isáng putók n̄g kanyón, at sa dahiláng hindi dumatíngdatíng ang kaniláng inaantáy na hudyát, ay inakalâ n̄g m̄ga tulisán na silá'y binirò, ang ilá'y nan̄gagsiuwí, ang ilán ay nan̄gagsibalik sa kanikaniláng bundók at nan̄gakóng paghigantihán ang kastilâ, na makalawá nang nagkulang sa kaniyáng salitâ. Sa gayón, siláng m̄ga náhuli ay nagnasang gumawâ, kahì't sa kaniláng sarili, at linooban ang isáng bahay liwaliwan na nasumpun̄gán, at ipinan̄gan̄gakóng ibigáy na waláng kakulangkulang ang dalawáng katlóng bahagi n̄g nasamsám kung paghabulin n̄g kastilang maputí ang buhók.

Sa pagkakawangki sa anyô ni Simoun n̄g m̄ga tinurang ayos ay ipinalagáy na hindi katotohanan ang m̄ga pahayag na iyon, kayâ't binigyán n̄g katakottakot na pahirap ang magnanakaw, sampû n̄g mákina eléctrica, dahil sa gayóng kahalayhalay na tun̄gayaw. Dátapwâ't ang balitang pagkawalâ n̄g mag-aalahás na nápunâ n̄g lahat n̄g taga Escolta, at dahil sa pagkakatagpô n̄g m̄ga bayóng n̄g pulburá at maraming punlô sa

kaniyang bahay, ay nagkaroon ng wari'y katotohanan ang pahayag ng tulisán at untiunting kumalat ang lihim, na nababalot ng ulap, nangagbulóng-bulunġan, umuubó, na ang tingí'y nangangganib, mga *puntos suspensivos* at maraming salitang pinalalakí na ukol sa mga gayóng mga pangyayari. Ang mga nakabatíd ng lihim ay hindi matapos tapos sa pagkakamanghâ, inihahabà ang mga mukhâ, nangamumutlà at kunti nang nasiràn ng isip ang marami nang mapag-alamán ang iláng bagaybagay na hindi nápuná.

—Mabuti't nakaligtás tayo! ¿Sino ang makapagsasabi....?

Nang kináhapunan, si Ben-Zayb, na punóng punô ng mga rebolber at bala ang mga bulsá, ay dumalaw kay D. Custodio, na natagpúang masigasig na gumagawâ ng isáng panukalà na laban sa mga mag-aalahás na amerikano. Bumulóng na marahang marahan sa tainġa ng mámamahayag ng mga mahiwagàng salitâ sa pag-itan ng dalawáng palad na pinagtaklóp.

—¿Tunay ba?—ang tanóng ni Ben-Zayb na idinukot ang kamáy sa bulsá, samantalang namumutlà ng bahagya.

—At kahì't saán mátatagpúan....

Tinapos ang salitâ sa isáng galaw na makahulugán. Itinaás ang dalawáng kamáy hanggáng pantáy mukhâ, na ang kanan ay lalò pang baluktót kay sa kaliwâ, ang mga palad ay tunġo sa ibabâ, ipinikít ang isáng matá at makálawang gumalaw ng papasulóng.

—¡Psst, psst!—ang kaniyang sipol.

—¿At ang mga brillante?—ang tanóng ni Ben-Zayb.

—Kung mátatagpúan....

At gumawâ ng isá pang kilos sa pamagitan ng mga daliri ng kanang kamáy, na pinaikit-ikit mulá sa harap hanggáng sa likód at mulá sa labás na papaloób, na wari kilos ng pamaypáy na nátiticklóp, warìng may iniipon, mga labayang umiikit na pumapalís nang patunġo sa kaniyá, na malinis ang pagkakapangdukot. Sinagót ni Ben-Zayb ng isá ring kilos, na pinapangdilát na mabuti ang mga matá, binalantók ang mga kilay at malakás na lumanġáp ng hanġin, na warìng ang hanġing nakabubusóg ay nátuklasán na.

—Jhs!!!

XXXVII  
ANG HIWAGA

Todo se sabe.

Kahì't na pinagkainġatan nġ labis ay nakaratíng din sa kabatirán nġ madlá ang alinġawnġaw, subali't malakí na ang kaibhán at marami na ang kulang. Yaón ang sanhí nġ mġa sang-usapan nġ sumunód na kagabihán sa bahay nġ isáng mayamang mag-aanak na sina Orenda, na nanġanġalalakal nġ hiyás sa masipag na bayang Sta. Cruz. Siyá na lamang náaatupag nġ marami niláng kaibigan. Hindí nanġaglalálarô nġ *tres-siete*, ni nagtutugtugan nġ piano, at ang muntíng si Tinay, ang pinakabatà sa lahát nġ dalaga, ay nayáyamót sa paglalarông mag-isá nġ *sungká*, na hindí mapag-unawà kung anót pinag-uusapan ang mġa pangloloob, panghihimagsík, ang mġa bayóng nġ pulbura, gayóng may maraming magagandang sigay sa pitóng bahay, na waríng kiníkindatán siyá at nġininġitián nġ kaniláng mġa mumuntíng bibíg, na nakabuká, upang *isubí* sa iná. Si Isagani, na kung pumáparoón, ay lagíng nakíkípaglarô sa kaniyá at napadadayang mátikabó, ay ayaw makinġíg sa kaniyang kátatawag; pinakíkinggáng tahimik at malamlám ni Isagani ang isinásaysáy nġ platerong si Chichoy. Si Momoy, ang katipán ni Sensia, ang pinakamatandà sa mġa Orenda, maliksi at magandang dalaga kahì't may kauntíng pagka mapalabirô, ay umalís sa durunġawang sa gabígabi'y lagíng pook nġ pag-uusap niláng magsing-ibig. Ang bagay na itó'y nakamúmuhi sa loro na ang kulunġan ay nakasabit sa pairap nġ bahay, lorong minámahál nġ lahát nġ tagá bahay sapagká't marunong bumati sa lahát kung umaga sa pamagitan nġ maiinam na salitang ukol sa pag-ibig. Si kapitana Loleng, ang masipag at matalinong si kapitana Loleng, ay pigil na nakabukás ang kaniyang aklát taláan, nġuni't hindí makuhang basahin ni masulatan; hindí minámasdán ang mġa pinggán, na punô nġ mġa perlas na lagás, ni ang mġa brillante; noon ay nakakalimot at ang pakikinġíg lamang ang ginágawà. Ang kaniyá nang asawa, ang dakilàng si kapitang Toringoy, galing sa panġalang Domingo, ang lalóng maligaya sa boong arabal, na waláng gawá liban sa magbihis nġ mainam, kumain, dumaldál, samantalang ang lahát nġ kaanak ay gumágawà at nagsusumakit, ay hindí tumunġo sa dati niyang pinaparonang pinakikipaglipunan, at pinakíkinggáng natátakóttakòt at nanġanġambá ang mġa kakilakilabot na ibinabalitá nġ payagót na si Chichoy.

At hindí mangyayaring hindí magkágayón. Si Chichoy ay naghatíd nġ iláng gawà kay D. Timoteo Pelaez, isáng pares na hikaw nġ bagong kasál, nang iginígibâ pa namán ang kiosko na ginamit na kakainan nġ mġa may lalóng mataás na kapangyarihan. Sa dakong itó'y namumutlá si Chichoy at nanínindíg ang buhók.

—Nakú!—aniya,—mġa bayóng nġ pulburá sa ilalim nġ tungtunġan, sa bubunġán, sa ilalim nġ dulang, sa loob nġ mġa uupan, sa lahát nġ sulok! Mabuti na lamang at walâ isá mang manggagawang humihitit!

—At ¿sino ang naglagáy nġ mġa bayóng na iyon nġ pulburá?—ang tanóng ni kapitana Loleng, na may katapanġan at hindí namumutlá na gaya nġ mánġinġibíg na si Momoy.

Si Momoy ay dumaló sa kasalan, kayâ't may katuwiran ang kaniyang náhulíng panġinġilabot. Si Momoy ay nápalapít sa kiosko.

—Iyan ang waláng makapagsabi,—ang sagót ni Chichoy:—¿sino ang dapat magkaroon nġ hanġád na guluhín ang kapistahan? Walâ kundí íisá lamang, ang sabi nġ bantóg na abogadong si G. Pasta na nároong dumalaw, ó isang kagalít ni D. Timoteo ó isáng kaagáw ni Juanito....

Ang mġa dalagang Orenda ay bigláng nápalinġón kay Isagani: si Isagani'y tahimik na nġumití.

—Magtagò kayó,—ang sabi sa kaniya ni kapitana Loleng;—bakâ kayó pagbintanġán.... magtagò kayó!

Mulíng nġumití si Isagani at hindí sumagót nang anoman.

—Hindí maalaman ni D. Timoteo—ang patuloy ni Chichoy,—kung sino ang may kagagawán; siyá ang namahalà sa pagpapagawà, siya at ang kaibigan niyang si Simoun, at walâ na. Sa bahay ay nagkaguló, dumatíng ang teniente nġ Veterana, at matapos na ipagbilin sa lahát ang paglilihim ay pinaalís akó. Nġuni't....

—Nġuni't.... nġuni't....—ang bulóng na nanġinġiníg ni Momoy.

—Nakú!—ang sabi ni Sencia na tiningnán ang kaniyang nobio at nanġinġiníg din dahil sa pagka-alaalang náparoon sa pistá:—ang *señoritong* itó.... kung sakaling pumutók....

At tiningnán nġ matáng galít ang kaniyang iniibig at hinahanġaan ang kaniyang katapanġan.

—Kung sakaling pumutók....

—Waláng mátitiráng buháy sa daang Anloague!—ang dagdág ni kapitang Toringoy na nagpatanáw nġ katapanġan at pagwawaláng bahalà sa kaniyang ának.

—Akó'y umuuwíng litóng litó,—ang patuloy ni Chichoy,—na inísip na kahì't isáng titis lamang, isáng sigarilyo, ay nagkátaóng nahulog ó may sumabog na isáng lámpara, sa mġa sandalíng itó'y walâ tayong General, ni Arsobispo, ni anomán, ni mġa kawaní man lamang! Abó ang lahát nġ nápatunġo sa pistá kagabí!

—¡Virgen Santísima! ang máginoong itó....

—¡Susmariosep!—ang bulalás ni kapitana Loleng;—ang lahát nġ may utang sa atin ay nároroon; susmariosep! At mayroon kami isáng bahay na malapit doon. ¿Sino kayâ ang?...

—Nġayón ninyó málalaman,—ang patuloy ni Chichoy na mahinà ang boses,—nġuni't kailanġan ninyóng ipaglíhim. Nġayóng hapon ay aking nátagpúan ang isá kong kaibigang mánunulat sa isáng káwanihán, at sa pag-uusap namin nġ ukol sa bagay na iyan ay sinabi sa akin ang lihim: nabatíd niya sa iláng kawaní....

¿Sino sa akalà ninyó ang naglagáy nǎ mǎ bayóng nǎ pulbura?

Ikinibít nǎ marami ang kaniláng balikat; si kapitáng Toringoy lamang ang tuminǎn nang pasulyáp kay Isagani.

—¿Ang mǎ prayle?

—¿Ang insík na si Quiroga?

—¿Isáng nag-aaral?

—¿Si Makaraig?

Si kapitang Toringoy ay umuubó at tinitingnán si Isagani.

Si Chichoy ay nakanǎitǎng umilíng.

—¿Ang mag-aalahás na si Simoun!

—Si Simoun!!!

Isáng katahimikang anák nǎ pagkakamanghá ang sumunód sa mǎ salitáng iyon. Si Simoun, ang nag-uudyók nǎ kasamáan sa General, ang mayamang mánǎngalakal na pinaparoonan nilá sa kaniyáng bahay upang bilhán nǎ mǎ batóng kalás, si Simoun na tumátanggáp sa mǎ Orenda nang lubháng magalang at pinagsasabihan silá nǎ mǎ maiínam na panǎngusap! Dahil nǎ sa ang balitá'y waríng hindi mangyayari, kung kayá't pinaniwalàan. *Credo quia absurdum*, ang sabi ni San Agustin.

—Nǎgunì't ¿walá ba si Simoun sa pistá kagabí?—ang tanóng ni Sensia.

—Nároroon,—ang sabi ni Momoy,—nǎgunì't náalaala ko nǎ palá! Umalís nang kamí'y maghahapunan. Umalís upang kunin ang kaniyáng handóg sa kasál.

—¿Nǎgunì't hindi ba kaibigan nǎ General? ¿hindi ba kasamá ni D. Timoteo?

—Opò, nakipagsamá upang magawá ang pakay at nang mápatáy ang lahat nǎ kastilà.

—¿Ah!—ani Sensia,—nǎgayón ko nalinawan!

—¿Ang alín?

—Ayaw ninyóng paniwalàan si tia Tentay. Si Símoun ay siyang diablo na nakábilí sa kaluluwa nǎ lahat nǎ kastilà.... sinasabi na ni tia Tentay!

Si kapitana Loleng ay nag-antandá, hindi mápalagáy na tiningnán ang mǎ bató na nanǎnganib siyáng makitang magíng baga; hinubád ni kapitáng Toringoy ang sinsíng na galing kay Simoun.

—Si Simoun ay nawalá nang hindi nag-iwan nǎ bakás,—ang dagdág ni Chichoy;—hinahanap siya nǎ guardia sibil.

—Oo!—ang sabi ni Sensia,—hanapin nilá ang demonio!

At nag-antandá. Nǎgayón nilá nalinawan ang maraming bagay, ang malakíng kayamanan ni Simoun, ang katanǎngitǎng amóy nǎ kaniyáng bahay, amóy asupré. Si Binda, isá sa mǎ dalagang Orenda, mapaniwaláin at kaigaigayang binibini, ay nakaalaalang nakakita nǎ mǎ apóy na bugháw sa bahay nǎ mag-aalahás, nang isáng hapon na kasama ang iná'y naparóon silá upang mamilí nǎ bató.

Si Isagani'y taimtím na nakíkinǎng, na waláng kaimík-imík.

—¿Kayá palá, kagabí...!—ang pabulóng ni Momoy.

—¿Kagabí?—ang ulit ni Sensia na may panibughó't nasàng makaalám.

Hindi makapanǎngahás na makapagpatuloy si Momoy, nǎgunì't nawalá ang kaniyáng takot dahil sa mukháng ipinatanáw sa kaniyá ni Sensia.

—Kagabí, samantalang kamí'y humahapon, ay nagkaroón nǎ isáng guló; ang ilaw sa kinakainan nǎ General ay namatáy. Sinasabing ninakaw nǎ isáng hindi nákilala kung sino ang lámparang handóg ni Simoun.

—¿Isáng magnanakaw? ¿Isá sa mǎ *Mano Negra*?

Si Isagani ay tumindíg at nagpalakadlakad.

—¿At hindi náhuli?

—Lumundág sa ilog; waláng nakakita sa kaniyá. May nagsasabing kastilà raw; anáng ibá'y insík; ang ibá'y indio....

—Inaakaláng sa pamagitan nǎ lámparang iyón,—ang tugón ni Chichoy;—ay pag-aalabin ang boǎng bahay, ang pǎlbura....

Mulíng nanǎinig si Momoy, nǎgunì't nang mákitang náramdamán ni Sensia ang kaniyáng katakutan, ay tinangkáng iayos.

—¿Sayang!—ang bulalás na nilakasán ang loób,—¿masamá ang nágawá nǎ magnanakaw! Nanǎmatáy sanang lahat....

Tiningnán siyáng gulilát ni Sensia; ang mǎ babai'y nanǎngag-angtandá. Si kapitáng Toringoy na natatakot sa polítika ay umanyóng lálayô. Si Isagani ang tinunǎo ni Momoy.

—Kailan ma'y hindi mabuti ang kumuha nǎ hindi sariling arì,—ang sagót ni Isagani na may matalinghagàng nǎiti;—kung nálalaman lamang nǎ magnanakaw na iyón kung anó ang pinapakay at nakapag-isip sana, ay tunay na hindi gágawín ang gayón!

At idinagdág matapos ang muntíng hintô:



—Pantayán man ñg kahì't gaano'y hindi akó lálagáy sa kalagayan niyá.

At nagpatuloy silá sa pagkukuròkurò at pagpapalápalagáy.

Makaraán ang isáng oras, ay nagpaalam na si Isagani sa mag-aanak upang manirahan na sa habàng buhay sa piling ñg kaniyang amaín.

## XXXVIII KASAWIAN

Si *Matanglawin* ay siyáng kilabot sa Lusón. Ang kaniyang pangkát ay sísipot kung minsan sa isáng lalawigang hindí inaakalang kaniyang lulusubin at kung minsan ay bigláng susulpót sa isáng lalawigang humáhandang maglabán sa kaniyá. Susunugin ang isáng kabyawan sa Batanġan, sisirain ang mġa pananím; kinabukasan ay pápatayín ang hukóm pamayapà sa Tiani, sa isá pa'y lolooban ang isáng bayan sa Kabite at kukunin ang lahát nġ armás sa tribunal. Ang mġa lalawigang panggitná, mulá sa Tayabas hanggáng Pangasinan, ay inaabot nġ kaniyang mġa kabanġisan at ang kaniyang madugông panġalan ay umaabot hanggáng Albáy, sa timog, at sa hilagà'y hanggáng Kagayán. Sapagká't inalisán nġ sandata ang mġa bayánbayán dahil sa pagkukulang nġ tiwalà nġ isáng mahinàng pamahalàan ay nahuhulog sa kaniyang mġa kamáy na warìng waláng kabuluháng bihag; paglapit niyá, ay iniwan nġ mġa manananim ang kaniláng mġa bukid, ang mġa hayop ay napúpuksà at isáng bakás na dugô at apóy ang nagiging tandà nġ kaniyang pagdaraan. Hinahalay ni Matanglawin ang lahát nġ mġa mahihigpít na kautusáng laban sa mġa tulisán: waláng napapahirapan sa mġa kautusáng yaón kundí ang mġa naninirahan sa mġa nayon, na kaniyang binibihag ó sinasalantâ kung naglalabán, ó kung nakikipagkásundó sa kaniya ay ipinalalamóg ó ipinatatapon nġ pamahalàan, kung sakaling dumaráting sa pagtatapunan at hindí abutin nġ malubháng sakunà sa paglalakbáy. Dahil sa gayóng kalagayan ay marami sa mġa taga bukid ang sumasailalim sa kaniyang kapangyarihan.

Sanhí sa kakilakilabot na kaparaanang itó, ang naghihinġalô nang panġanġalakal nġ mġa bayan ay nagpatuloy na namatáy nġ lubusan. Ang mayaman ay hindí makapanġahás na makapaglakbáy, at ang mahihirap ay natatakot na máhuli nġ guardia sibil, na, dahil sa nauutusang umusig sa mġa tulisán ay madalás na hinuhuli ang unang másumpunġan at pinahíhirapan nġ katakot-takot. Sa kaniyang dí karapatán, ang pamahalàan ay nagpapakita nġ kalakasan sa mġa taong kaniyang pinaghihinalàan, upang, sa kápapahirap, ay huwag máhalatâ nġ mġa bayan ang kaniyang kahinàan, ang takot na nagtatakdâ nġ mġa gayóng kautusán.

Isáng hanay nġ mġa kaawàawang itó na pinaghihinalàan, mġa anim ó pitó, na nanġakabalitì nġ abot siko at nanġátataling warì'y pilíng nang tao, ay nanġaglálakád isáng tanghaling tapát sa isáng daang namamaybáy sa isáng bundók, na dalá nġ sampù ó labíng dalawang guardia na nanġakabaríl. Lubháng matindí ang init. Ang mġa bayoneta ay nagkikintaban sa araw, ang kanyón nġ mġa baríl ay nag-iinit, at ang mġa dahon nġ sambóng na nálalagáy sa mġa kapasete ay halos hindí makapagpahina sa tindí nġ nakasusunog na araw sa buwan nġ Mayo.

Dahil sa hindí máikilos ang mġa bisig at nanġagkakadikitan, upang huwag gumamit nġ maraming lubid, ay lumalakad ang mġa huli na halos lahát ay waláng takíp sa ulo at mġa waláng sapín ang paa: mabuti na ang may isáng panyông nakatali sa ulo. Hinġál na hinġál, hiráp, punông punô nġ alikabók na nagiging putik dahil sa pawis, ay náraramdamáng natutunaw ang kaniláng utak, may lumilipanàng ilaw sa kaitaasan, mġa badháng pulá sa himpapawíd. Ang kapatáan at ang panghíhinà ay nálalarawan sa kaniláng pagmumukhá, ang paghihinagpís, ang pagkagalit, isáng bagay na hindí mawari, tinġíng mamámatáy na sumusumpâ, taong naiiníp sa buhay, sa sarili, na nagtutunġayaw sa Dios.... Ang mġa lalòng nakapagtátagal ay itinútunġó ang ulo, ikinúkuskós ang mukhá sa marumíng likurán nġ sinúsundán upang mapahid ang pawis na tumátakíp sa kaniláng mġa matá; ang marami'y pipiláy-piláy. Kapag may nakaabala sa lakad dahil sa pagkadapâ ay mádidinġíng ang isáng tunġayaw at lalapit ang isáng sundalo na iniwawasiwas ang isáng sanġá, na kinuha sa isáng punò, at pinipilit na pinatitindíg sa palò dito't palo doon. Sa gayó'y tumátakbó ang hanay, na, kaladkád ang nádapâ na nágugumon sa alabók at umuunġal na hiníhinġíng siya'y patayín: sa isáng pagkakátaón ay nápatatindíg, nápatatayô, at sakâ ipinatutuloy ang kaniyang paglakad na umiiyak na warì'y batâ at isinúsumpâ ang oras na siya'y nagíng tao.

Ang pilíng na tao ay maminsan minsang humihintô samantalang nanġagsisiinóm ang mġa may dalá sa kanilá, at pagkatapos ay ipatutuloy ang lakad na ang bibíg ay tuyô, ang pag-iisip ay madilím at ang pusò'y punô nġ paglait. Ang uhaw ay siyáng pinakamuntíng bagay na inaalintana nġ mġa kaawàawang taong iyon.

—¡Lakad, mġa anák nġ p...!—ang sigáw nġ sundalo, na nakapagpanibagong lakás, na ibinigkás ang karaniwang lait nġ mġa pilipinong pinakadukhá.

At sumasagitsít ang sanġá at tumatamá sa likurán nġ kahi't sino, nġ lalòng nálalapít, kung minsan ay tumatamá sa isáng mukhá, nag-iwan muna nġ isáng bakás, pagkatapos ay mapulá, at mayâmayâ'y marumi dahil sa alikabók nġ lansanġan.

—¡Lakad mġa duwág!—ang sigáw sa wikàng kastilà na pinalálaking mabuti ang boses.

—¡Manġa duwág!—ang ulit nġ alinġawnġaw nġ bundók.

At tinutulinan ang lakad nġ mġa duwág, sa silong nġ lanġit na warì'y nagbabagang bakal, sa isáng daang nakapapasò na iniáabóy nġ mabukóng sanġá na nalúluráy sa malatay na balát. Ang lamíg sa Siberia ay mabuti pa kay sa araw sa buwan nġ Mayo sa Pilipinas! Gayón man, sa mġa sundalo ay may isáng namúmuhí sa gayóng mġa kabanġisáng waláng kapararakan: lumalakad nġ waláng imík at kunót ang kilay na warìng masamá ang loob. Sa káhulíhulihan, nang mákita na ang guardia ay hindí na nasísiyahán sa sanġá kundí pinagsisipâ pa ang mġa huli na náparapâ, ay hindí na nakapagpigil at bugnót na sumigáw nang:

—Hoy, Mautang, bayàan mo na siláng lumakad na mapayapà!

Si Mautang ay lumingóng nápananghá.

—At anó ang mayroón sa iyo, Carolino?—ang tanóng.

—Sa ganáng akin ay walâ, nğuni't naawâ akó!—ang sagót ni Carolino;—mğa tao rin iyáng kagaya natin!

—Napagkikilalang baguhan ka pa!—ang paklí ni Mautang na tumawang may habág,—¿kung gayó'y anó ang inaasal ninyó sa mğa máhuli sa labanán?

—Mabuting dí sápalâ kay sa ganiyán!—ang sagót ni Carolino.

Nápahintóng sandalí si Mautang, at pagkatapos, waring nakátagpô nğ isásagót ay panatag na tumugón, na:

—A, ang mğa huli doon ay mğa kaaway at lumalaban, samantalang ang mğa itó ay... itó'y mğa kababayan natin!

At lumapit na ibinulóng kay Carolino:

—¡Nápakahanğál ka! Ginágawâ sa kanilá ang ganiyán upang magtangkang lumaban ó tumanan, at sa gayón ay... pung!

Ang Carolino ay hindí sumagót.

Ang isá sa mğa huli ay namanhík na pahintulutan siyang tumigil sapagká't mayroón lamang gágawing kailanğan.

—¡Ang poók na itó'y mapanğanib!—ang sagót nğ kabo, na dí mápalagáy na tinítingnán ang bundók:—sulong!

—Sulong!—ang ulit ni Mautang.

At humaging ang pamalò. Ang hulí ay namilipit at tiningnán siyá nğ tinğing may sumbát.

—Mabanğis ka pa kay sa tunay na kastilâ—ang sabi nğ balití.

Tinugón siyá ni Mautang nğ iláng palò. Halos sabáy doo'y humaging ang isáng punlò na sinundán nğ isáng putók: nabitiwan ni Mautang ang baril, bumitiw nğ isáng tunğayaw at matapos madalá sa dibdib ang dalawang kamáy ay umikit at bumagsák. Nákita siyá nğ hulí na kumikisáy sa alikabók at linálabasán nğ dugó sa bibíg.

—Tigil!—ang sigáw nğ kabo na bigláng namutlá.

Ang mğa sundalo'y humintò at tuminğín sa kaniláng paligid. Isáng munting bugá nğ asó ang lumalabás sa isáng kasukalan sa dakong itaás. Humaging ang isá pang punlò, nádingig ang isá pang putók at ang kabo'y namaluktót na nagtutunğayaw at may sugat sa hità. Ang pulutóng ay binabaka nğ mğa taong nanğagkakanlóng sa mğa batóng nasa kaitaasan.

Ang kabo, lipós kagalitan, ay tumurò sa dako nğ kumpol nğ mğa balití, at sumigáw nang:

—*Fuego!*

Ang mğa huli ay nanğápaluhód, na punò nğ sindák. Sa dahiláng hindí máitaás ang mğa kamáy, ay nanğagmamakaawang humáhalík sa lupà at iniuuna ang ulo: may tumutukoy sa kaniláng mğa anák, may sa kaniyang iná na walâ nang mag-aampón; ang isá'y nanğanğakò nğ salapí, binábanggít nğ isá ang nğalan nğ Dios, nğuni't ang bunğanğâ nğ mğa baril ay nakababâ na at isáng kakilákilabot na putók ang nagpapiipi sa kanilá.

Sinimulán na ang pakikipagputukan sa mğa nasa sa itaás na untíunting linaganapan nğ asó. Dahil sa asóng itó at sa kadalangan nğ putók ay marahil hindí hihigit sa tatló ang baril nğ mğa hindí nákikitang kalaban. Samantala namán ay sumasagupà at nagpapaputók ang mğa sundalo, nanğagkakanlóng sa mğa punò nğ kahoy, humihigâ at nagpupumilit na makapaitaás. Umiilandang ang mğa putol-putól na bató, nababaklí ang sanğá nğ mğa punò, natutukláp ang lupà. Ang unang guardia na nagtangkang makapanhík ay gumulong na may tamà nğ punlò sa balikat.

Ang lihim na kalaban ay nakalalamang dahil sa kinalalagyán; ang mğa matatapang na guardia na hindí marunóng tumakbó ay kauntí nang umurong, sapagká't nanğahihintò at ayaw manğagsisulong. Ang pakikipaglabang iyón sa hindí nákikita ay nakasindák sa kanilá. Walâ siláng nákikita kundí pawang asó lamang at batuhán; walang boses nğ tao, ni anino man lamang; mawiwikang nakipaglaban silá sa bundók.

—¡Hale, Carolino! Násaán ang katalasan mong tumudlá, p....!—ang sigáw nğ kabo.

Nang mğa sandaling iyón ay isáng lalaki ang sumipót sa ibabaw nğ isáng bató at ikinúkumpáy ang baril na hawak.

—¡Paputukán iyán!—ang sigáw nğ kabo na bumitiw nğ isáng malaswang tunğayaw.

Tatlóng guardia ang sumunód, nğuni't ang lalaki'y nakatayò rin; sumisigáw, nğuni't hindí malinawan ang kaniyang sinasabi.

Ang Carolino ay nápahintò, na waring nákikilala ang anyóng iyón na nababalot nğ liwanag nğ araw. Nğuni't binantâan siyá nğ kabo na tátarakan kung hindí magpapaputók. Tumudlá ang Carolino at nádingig ang isáng putók. Ang taong nasa bató ay umikit at nawalang kasabáy ang sigáw na nakatulig sa Carolino.

Isáng kilusán ang nangyari sa kagubatan na waring nagpanakbuhan ang mğa nároroon. Sa gayó'y nanğagsisalong ang mğa sundalo, na walâ nang kalaban. Isá pang lalaki na ikinúkumpay ang isáng sibát ang sumipót sa ibabaw nğ mğa bató; pinaputukán nğ mğa sundalo, at ang lalaki'y untí unting nápayukò, pumigil sa isáng sanğá, isá pang putók at lumagpák na pasubasob sa bató.

Matuling nanğagsipanğunyapít ang mğa sundalo, na inilagáy sa dulo nğ baril ang mğa bayoneta at laán sa isáng labanang subúan; ang Carolino'y siyang tanging dahandahan ang lakad, na ang tinğín ay pasulingsuling, malamlám, na inaalala ang sigáw nğ taong nabuwal dahil sa tamà nğ punlò. Ang unang dumating sa kaitaasan ay nakátagpô nğ isáng matandang naghihinğalò, na nakatimbuwang sa bató;

sinaksák sa katawán nǵ bayoneta nǵuni't hindi man lamang kumisáp ang matá'y nakatítig sa Carolino, isáng titig na hindi mawari, at sa tulong nǵ mabutóng kamáy ay may itinuturò sa kaniyang nasa likód nǵ mǵa bató.

Ang mǵa sundalo'y nanǵápalingǵón at nákitang si Carolino ay maputláng maputlá, nakanǵanǵá at sa paningín ay naglalarawan nǵ hulíng kisláp nǵ pag-iisip. Nákilala nǵ Carolino, na dili ibá't si Tanò, ang anak ni kabisang Tales, na galing sa Carolinas, na ang naghihinǵalò ay ang kaniyang lelong, si matandâng Selo, na, dahil sa hindi siya makausap ay naghahayág sa kaniyá, sa tulong nǵ mǵa naghihinǵalóng matá, nǵ isáng kabuhayang lipús nǵ sákit. At nang bangkáy na ay patuloy din sa pagtuturò nǵ isáng bagay na nasa likód nǵ mǵa bató.....

Sa kaniyang ulilang tahanan, sa baybáy nǎ dagát, na ang magaláw na ibabaw nitó'y náikikita sa mǎa bukás na durunǎawan, na umaabot sa malayò, hanggáng sa makiisá sa hulíng dako nǎ nátatanáw, ay nililibáng ni P. Florentino ang kaniyang pag-iisá sa pamag-itan nǎ pagtugtóg sa armonium nǎ mǎa malulungkót at dí masasayang tugtugin, na sinasaliwán nǎ maugong na alinǎawnǎw nǎ mǎa alon at nǎ bulóng nǎ mǎa sanǎa nǎ kagubatang kalapít. Manǎa tunóg na mahahabà, malalakás, mahinagpís, na warí'y mǎa plegaria, kahí't matitindí, ang lumálabás sa matandáng panugtóg; si P. Florentino, na isáng tunay na músiko, ay tumútuagtóg nǎ alinsunod sa bigláng udyók nǎ kalooban at sa dahiláng siya'y nag-iisá, ay ibinúbulalás ang mǎa kalungkutang tagláy nǎ kaniyang pusò.

Sadyá nǎngang ang matandá'y malungkót. Ang kaniyang mabuting kaibigan na si D. Tiburcio de Espadaña ay kaális pa lamang na umiilas sa pag-uusig nǎ asawa. Nang umagang iyón ay tumanggáp nǎ isáng sulat nǎ isáng teniente nǎ guardia sibil, na ang sabi ay:

“Minamahal kong Capellán: Katatanggáp ko pa lamang nǎ isáng telegrama nǎ komandante na ang sinasabi'y: *español escondido casa Padre Florentino cojera remitirá vivo muerto*. Sa dahiláng ang telegrama ay lubhâng maliwanag ay pagsabihan ninyó ang kaibigan upang huwag siyang matagpúan pagpariyan kong huhulihin siya sa ika waló nǎ gabí.

Ang inyóng tagisuyóng,

PEREZ.”

Sunugin ninyó ang sulat.

—A... a.... ang Victorinang itó, ang Victorinang itó!—ang pautal-utal na sabi ni D. Tiburcio;—a.... a.... ay mangyayaring umabot hanggáng sa akó'y ipabariil.

Hindí siya napigil ni P. Florentino: waláng náhitá sa pagpapaliwanag sa kaniya na ang ibig marahil sabihin nǎ salitáng *cojera* ay *cogerá*; na ang kastiláng nagtatagò ay hindí mangyayaring si D. Tiburcio kundí si Simoun, na may dalawáng araw pa lamang na kararating, na sugatán at waríng pinag-uusig, na huminǎnging patuluyin. Si D. Tiburcio ay hindí napahinuho; ang *cojera* ay ang kaniya nǎngang pagkapilay, ang tandá niya sa katawán: yaón ay pakaná ni Victorina na ibig siyang mátagpúáng patáy ó buháy, gaya nǎ isinulat ni Isagani buhat sa Maynilà. At iniwan nǎ kaawàawang Ulises ang bahay nǎ parì upang magtagò sa kubo nǎ isáng manǎanǎahóy.

Waláng pag-aalinlanǎan si P. Florentino na ang kastiláng hinahanap ay ang manghihiyas na si Simoun. Mahiwagà ang kaniyang pagdating, dugòdugúan, mapangláw at patángpatá, na siya ang may pasán sa kaniyang takbá. Sa tulong nǎ malaya't masuyóng pagpapatuloy nǎ mǎa pilipino ay tinanggáp siya nǎ klérigo nǎ waláng kaanóanománg kasiyasyasat, at sa dahiláng hindí pa umaabot sa kaniyang tainǎa ang mǎa nangyari sa Maynilà ay hindí niya lubós na maisip ang gayóng kalagayan. Ang tanǎnging paghuhulóng pumasok sa kaniyang pag-iisip ay ang pangyayari, na sa dahiláng umalís na ang General, ang kaibigan at nag-áampón sa mag-aalahás, marahil ang mǎa kagalít nitó, ang mǎa pinasláng, ang mǎa napinsalaan, ay nanǎagsipagbanǎon nǎyón na sumísigáw nǎ higantí, at siya'y pinag-uusig nǎ samantalang General upang makuha sa kaniya ang kayamanang naipon. Iyán ang sanhi nǎ pagtatanan! Nǎguni't ang kaniyang mǎa sugat ay ¿saan nagbuhat? ¿Nagtangká kayáng magpakamatáy? ¿yaón kayá'y anak nǎ paghihigantí? ¿anak kayá nǎ isáng kapusukán, gaya nǎ ibig ipahiwatig ni Simoun? ¿Tinanggáp kayá niya yaón sa pag-ilas sa mǎa kawal na umuusig sa kaniya?

Ang hulíng paghuhulóng itó ang siyang inaakalà niyang siyang lalóng nalalapít marahil sa katotohanan. Nakatulong pa sa pagpapatibay sa gayóng paghuhulò ang telegrama na katatanggáp pa lamang niya at ang pagmamatigás ni Simoun sa mulá't mulá pa na ayaw pagamót sa médikong nasa panǎgulong bayan nǎ lalawigan.

Ang tanǎnging tinatanggáp nǎ mag-aalahás ay ang panǎanǎalagà ni D. Tiburcio at yaón pa man ay napagháhalatáng walá siyang tiwalá. Sa pangyayaring itó'y itinátanóng sa sarili ni P. Florentino ¿anó ang dapat niyang gawín pagdating nǎ guardia sibil na huhuli kay Simoun? Sa kalagayan nǎ may sakít ay hindí mangyayari ang gumaláw at lalò pa mandíng hindí mangyayari ang maglalkabáy nǎ mahabà.... Nǎguni't sinasabi nǎ telegrama na patáy ó buháy.....

Si P. Florentino ay humintò sa pagtugtóg at lumapit sa durunǎawan upang tanawín ang dagat. Ang patag na ibabaw, na walá ni isá mang daóng, ni isá mang layag, ay waláng maiudyók sa kaniya. Ang pulóng maliit na nátatanáw na nag-íisá sa malayò, ay waláng sinasabi sa kaniya kundí ang tagláy na pag-iisá at lalò pa mandíng nagpapakilala nang pagkaulila nǎ tinátanáw na kalawakan. Ang waláng hanggáng kalawakan kung minsan ay pipingpipi.

Tinangká nǎ matandáng hulàan ang nǎgitíng malungkót at pakutyá na isinalubong ni Simoun sa balitang siya'y huhulihin. ¿Anó ang kahulugán nǎ nǎgitíng iyon? ¿At ang isá pang nǎgití, na lalò pang malungkót at pakutyá nang mabatid na sa ika waló pa nǎ gabí magsisidating? ¿Anó ang ibig sabihin nǎ hiwagang iyon? ¿Bákit ayaw magtagò si Simoun?

Sumaalaala niya yaóng bantóg na tinuran ni San Juan Crisóstomo nang ipinagtanggól ang *eunuco* na si Eutropio: “¿Kailan man ay hindí nagíng lalóng kapit na dí gaya nǎyón sabihíng: Kapalalúan nǎ mǎa kapalalúan at ang lahat ay kapalalúan!”

—Oo, ang Simoung yaón na nápakayaman, makapangyarihan, kinatatakutan, nang walá pang iisáng linggó ang nakararaan, nǎyón, ay sawíng kapalaran pa kay Eutropio, humahanap nǎ matutuluyan, at hindí sa mǎa dambanà nǎ isáng simbahan, kundí sa dukháng bahay nǎ isáng klérigong indio, na liblib sa kagubatan, sa ulilang baybáy nǎ dagat! Kapalalúan nǎ mǎa kapalalúan at ang lahat ay kapalalúan! At ang

taong yaón, sa loob n̄g iláng oras, ay huhulihin, aalisín sa hihigáng kinahihiligan, na dí igagalang ang kaniyáng kalagayan, dí bibigyáng halagá ang kaniyáng m̄ga sugat, sa *patáy* ó *buháy* ay hiníhin̄gí siya n̄g kaniyáng m̄ga kaaway! ¿Papano ang pagliligtas sa kaniyá? ¿Saan mátatagpó ang m̄ga bigkás na nakaakit n̄g obispo sa Constantinopla? Anó ang kapangyarihan n̄g kaniyáng m̄ga dukhâng salitâ, ang salitâ n̄g isáng klérigong indio, na ang kaniyáng kaapihán ay warìng ikinagágalák at iniudyók pa n̄gâ n̄g Simoung iyon nang panahóng siya’y nagtatagumpáy.

Hindí na naaalaala ni P. Florentino ang pawalâng bahalàng pagtanggáp sa kaniyá n̄g manghihiyás, na may dalawáng buwan pa lamang ang nakararaan, nang siya’y pinakiusapan tungkól kay Isagani na nâhuli dahil sa isáng walâng hunos diling sigabó n̄g kalooban; nalimot ang pagsusumakit ni Simoun upang mádalí ang pag-aasawa ni Paulita, pag-aasawang siyang nag-abóy kay Isagani sa isáng matindíng pag-ilag sa kapuwâ tao, na siyang ikinabalino n̄g amaín: nalimot ni P. Florentino ang lahát, at walâng naálaala kundí ang kalagayan n̄g may sakít, ang kaniyáng katungkulan sa pagka may bahay, at sinasaliksík ang kaniyáng pag-iisip, ¿Dapat niyáng itagò upang huwag masunód ang nasà n̄g may kapangyarihan? N̄guni’t ang may katawán ay walâng kaligáligalig: n̄gumîngití....

Itô ang sumásaisip n̄g mabuting matandâ nang dumating ang isáng alilà at sinabi sa kaniyáng ibig siyang mákausap n̄g may sakít. Tumun̄go sa kanugnóg na silíd, na malinis at maaliwalas na tahanan, na ang pinakasahíg ay malalapad na tabláng makikintáb at makikinis, na may malalakít mabibigát na sillón, na may matandâng ayos, walâng barnis ni m̄ga dibuho. Sa isáng dako ay may isáng katreng kamagóng na may kaniyáng apat na haliging pumipigil sa lalagyán n̄g kulambô, at sa siping ay may isáng mesa na punô n̄g m̄ga botella, hilatsá n̄g m̄ga putol putol na kayo. Ang isáng luhuran sa dakong ibabâ n̄g isáng Cristo at isáng muntíng aklatan ang nagpapakilalang yaón ang silíd n̄g parí, na ipinagamit sa tumuloy, alinsunod sa ugaling pagpapatuloy n̄g m̄ga pilipino na ipagkaloob sa nanunuluyan ang lalòng masaráp na pagkain, ang lalòng mabuting silíd at ang lalòng mabuting hihigán sa loob n̄g bahay. Nang mákitang bukás na bukás ang lahát n̄g durun̄gawan upang bayaang makapasok ang dalisay na han̄gin sa dagat at ang alin̄gawn̄gaw n̄g kaniyáng walâng patíd na hinagpís, ay walâng makapagsasabi sa Pilipinas na doo’y may isáng may karamdaman, sapagká’t nákaugaliang ilapat ang m̄ga bintanâ at sampû n̄g lalòng maliliit na puang kailan pa ma’t may isáng sinisipón ó kayâ’y nagdaramdám n̄g muntíng sakít n̄g ulo na walâng kakabúkabuluhán.

Tumin̄gín si P. Florentino sa dako n̄g hihigán at namanghâ siya nang makitang walâ na sa mukhâ n̄g may sakít ang anyóng palagáy at pakutyâ. Isáng lihim na sakít ang warì’y nagpapakunót sa kaniyáng kilay, sa kaniyáng panin̄gín ay namamalas ang dí kapalagayang loób at ang kaniyáng bibíg ay nápapan̄gíwí dahil sa isáng n̄gítíng lipos n̄g sakit.

—¿Nahihirapan bagá kayó, ginoóng Simoun?—ang masuyòng tanóng n̄g parìng lumapit.

—Kauntí, n̄guni’t sa loób n̄g iláng sandalí, ay matatapos na ang paghihirap ko—ang tugón na iginaláw ang ulo.

Sindák na pinapagduop ni P. Florentino ang m̄ga kamáy, dahil sa warìng nákilala ang kakilákilabot na katotohanan.

—¿Anó ang ginawâ ninyo, Dios ko? ¿Anó ang inyóng ininóm?—at iniunat ang kamáy sa dakong kinalalagyán n̄g m̄ga botella.

—Walâ nang magagawâ! walâ n̄g lunas!—ang sagót sa tulong n̄g kasakitsakit na n̄gítí—¿anó ang ibig ninyóng gawín ko? bago tumugtóg ang iká waló... Sa patáy ó sa buháy... patáy ay oo, n̄guni’t buháy ay hindí.

—¿Dios ko, Dios ko! ¿anó ang ginawâ ninyó?

—Huminahon kayó—ang putol n̄g may sakít sa tulong n̄g isáng galáw n̄g mukhâ—ang nagawâ’y nagawâ na. Hindí dapat na akó’y mahulog na buháy sa kamáy n̄g sino man.... maaaring makuha ang aking lihim. Huwág kayóng magambalâ, huwág kayóng malitó, walâ nang magagawâ.... Pakinggán ninyó akó! Sasapit na ang gabí at kailan̄gang huwág mag-aksayá n̄g panahón.... kailan̄gan kong sabihin sa inyó ang aking lihim, kailan̄gan kong ipagkatiwalâ sa inyó ang hulí kong nasà.... kailan̄gan kong mákilala ninyó ang aking kabuhayan.... Sa m̄ga sandalíng itó na katan̄gitan̄gí ay ibig kong iibís sa akin ang isáng pasanin, ibig kong paliwanagan ninyó sa akin ang isáng pag-aalinlan̄gan.... kayóng may malakíng pananalig sa Dios.... ibig kong sabihin ninyó sa akin kung may isáng Dios!

—N̄guni’t isáng panglunas sa lason, ginoóng Simoun.... mayroón akóng *apomorfiná*.... mayroón akóng *eter*, *cloroformo*....

At humahanap ang parí n̄g isáng botella hanggáng si Simoun ay yamót na sumigáw.

—Walâ nang mangyayari.... walâ nang mangyayari! Huwag kayóng magaksayá n̄g panahón! Yayaon akóng dalá ang aking lihim.

Ang klérigo’y litóng nagpatiluhód sa kaniyáng *reclinatorio*, nanalan̄gin sa paanan n̄g Cristo, isinubsób ang mukhâ sa dalawáng kamáy at pagkatapos ay tumindíg na walâng imík at kagalanggalang na warìng tinanggáp sa kaniyáng Dios ang boóng bagsík, ang boóng sanghayâ, ang boóng kapangyarihan n̄g isáng Hukom n̄g m̄ga budhî. Inilapit ang isáng sillón sa dakong ulunán n̄g may sakít at humandâng makin̄gíg.

Sa m̄ga unang salitâng ibinulóng sa kaniyá ni Simoun, nang sabihin sa kaniyá ang tunay na pan̄galan, ay nápaorong ang matandâng parí at tiningnáng lipús sindák ang kaharáp. Ang may sakít ay malungkót na n̄gumití. Dahil sa pagkakábiglá ay hindí nasupil ang sarili, n̄guni’t madalíng nakapagpigil, at matapos na matakpán n̄g panyô ang mukhâ ay mulíng tumun̄gó upang makin̄gíg.

Isinalaysáy ni Simoun ang kaniyáng kasakitsakit na kabuhayan, ang pangyayaring may labíng tatlong taón na, nang magbalík siyang galing sa Europa, na punô n̄g pag-asa at magagandang pan̄garap, ay umuwí siya upang mákasal sa isáng binibining inírogo, at laán sa paggawâ n̄g kabutihán at magpatawad sa lahát

nang gumagawâ sa kaniyâ n̄g masamâ, bayaan lamang siyang mabuhay nang mapayapâ. Hindi nagkâgáyón. Isáng mahiwagàng kamáy ang nag-abóy sa kaniyâ sa gitnâ n̄g isáng kaguluhang gawâgawâ n̄g kaniyáng kalaban; panğalan, yaman, pag-ibig, kinabukasan, kalayàan, nawalâ sa kaniyâ ang lahát at nakaligtás lamang sa kamatayan dahil sa kagitingñán n̄g isáng kaibigan. Sa gayó'y isinumpâ niyang maghihiganti. Nagtanan siyang dalá ang kayamanan n̄g kaniyáng kaanak, na nábabaón sa isáng gubat, nagtungo sa ibáng lupaín at inatupag niya ang panğanğalakal. Nakilahók sa himagsikan sa Cuba, na tinulunğan ang magkabiláng pangkát, n̄guni't saan man, siya'y nakikinabang. Doon niya nákilala ang General, na noo'y komandante, na nagíng kakilala niyâ dahil sa panğunğutang sa kaniyâ at pagkatapos ay nagíng kaibigan dahil sa iláng kataksiláng ginawâ na álám n̄g magaalahás ang lihim. Siyâ, sa tulong n̄g salapí ay nakuha niyáng máparito ang General, at nang nasa Pilipinas na ay ginawâ niyáng isáng bulág na kasangkapan at iniabóy niyâ sa paggawâ n̄g lahát n̄g kasamáan na ang ginawâ niyáng pain ay ang waláng habas na katakawan sa salapí.

Ang panğunğumpisál ay nagíng mahabâ at mabigát, n̄guni't sa boông hinabàhabâ ay hindi nagpahalatâ n̄g anománg pagkakagulat ang nagpapakumpisál at bíbihiràng pinatlangñán ang may sakit. Gabí na nang si P. Florentino, ay tumindíg na pinapahid ang pawis sa mukhâ at nag-isíp. Mahiwagàng kadilimán ang naghaharì sa loob n̄g silíd, na pinúpunò n̄g sinag n̄g buwán, na pumapasok sa m̄ga durunğawan, n̄g liwanag na malamlám at panğanğaninag na wari'y sinğaw.

Sa gitnâ n̄g katahimikan, ang tinğig n̄g parì ay nádingğig na malungkót, banayad, n̄guni't mahimok:

—Patatawarin kayó n̄g Dios, ginoong.... Simoun,—ang sabi:—batíd Niyáng tayo'y anak sa pagkakámali, nakita Niyâ ang inyóng tiniís, at sa pagpapahintulot na mátagpûán ninyó ang kaparusahan n̄g inyóng m̄ga sala sa pagtatamá n̄g kamatayan sa kamáy din n̄g m̄ga iniabóy ninyó, ay nakikita natin ang Kaniyáng waláng hanggáng awà! Siya ang sumiràng isá-isá sa inyóng m̄ga paraan, ang lalòng mabubuti ang pagkakabalak, ang una sa pagkamatáy ni María Clara, makaraan yaón ay dahil sa isáng pagkakalingğát, at pagkatapos ay sa isáng paraang lubhâng mahiwagâ.... ;sundín natin ang kaniyáng kalooban at pasalamatan natin Siya!

—Sa ganáng inyó,—ang mahinàng sagót n̄g maysakit,—ang kalooban niya ay, na, ang m̄ga pulòng itó'y....

—Magpatuloy sa kalagayang kinasasadlakán?—ang dugtóng n̄g klérigo nang makitang ang isáy humintò.—Hindi ko maalaman, ginoo; hindi ko matahò ang inaakalà noong Hindi malirip! Batíd kong hindi pinabayàan sa m̄ga mahihigpít na sandalí ang m̄ga bayang nanananğan sa Kaniya at Siya ang ginawàng hukom n̄g kaniláng pagkasiíl; álám ko na ang Kaniyang bisig ay hindi nawalâ kailan man kapag niyuyurakan na ang katwiran at ubós na ang lahát n̄g paraan, ay humawak na n̄g sandata ang sinisiíl at nakipaglaban nang dahil sa kaniyang tahanan, dahil sa kaniyang asawa, dahil sa kaniyang m̄ga anak, dahil sa kaniyang m̄ga dí maitatakwíl na karapatán, na, gaya n̄g sabi n̄g makatàng alemán, ay kumikináng n̄g waláng pagkaagnás at matibay doon sa kaitaasan n̄g m̄ga waláng pagkapawing m̄ga bituín! Hindi, ang Dios na siyang katwiran, ay hindi mangyayaring magpabayâ sa kaniyang layon, ang layong kalayàan na kung walâ ay walâ namáng katwiran!

—¿Kung gayón ay bakit ipinagkaít sa akin ang kaniyang tulong?—ang tanóng n̄g tinğig n̄g maysakit, na lipús hinanakít.

—Sapagkâ't pinili ninyó ang isáng paraan na hindi Niya masasang-ayunan!—ang sagót n̄g parì na matigás ang boses—ang kaluwalhatiàng pagliligtás sa isáng bayan ay hindi kakamtín n̄g isáng nákatulong sa pagpapahirap sa kaniya! Inakalà ninyóng ang dinunğisan at sinirâ n̄g pagkakasala at kasamáan ay nangyayaring malinis at mailigtás n̄g isá ring pagkakasala at isá ring kasamáan! Kamalian! Ang pagtataním ay waláng ibubunğa kundí kakilakilabot na anyò; ang sala ay m̄ga salarín; tanğing ang pag-ibig ang nakagagawâ n̄g m̄ga bagay na kahanğahanğà, ang kabaitan lamang ang nakapagliligtás! Hindi; kung balàng araw, ang ating bayan ay magiging malayâ ay hindi dahil sa masasamâng hilig at pagkakasala, hindi sa paraang pasamáin ang kaniyang m̄ga anak, dayàin ang ilán, bigyán n̄g salapí ang ibá, hindi; ang kaligtasan ay may kahulugáng kabanalan, ang kabanalan ay pagtitiís at pag-ibig.

—Siya! tinatanggáp ko ang inyóng sabi,—ang tugón n̄g maysakit, makaraan ang isáng sandalí;—akó'y námali; n̄guni't sa dahiláng akó'y námali ¿ay ipagkakaít na ba n̄g Dios na iyan ang kalayàan sa isáng bayan at ililigtás ang maraming lalò pang salarín kay sa akin? ¿ano na lamang ang kamalian ko sa piling n̄g m̄ga pagkakasala n̄g m̄ga namamahalâ? ¿Bakit pahahalagahán pa n̄g Dios na iyan ang aking kabuktutan kay sa m̄ga daing n̄g nápakaraming waláng sala? ¿Bakit hindi akó sinugatan at pinagtagumpáy pagkatapos ang bayan? ¿Bakit binabayàang magtiís ang gayóng karaming m̄ga karapatdapat at m̄ga tapát na loob at nasisiyaháng waláng katigátigatig sa kaniláng m̄ga paghihirap?

—Ang m̄ga tapát na loob at ang m̄ga karapatdapat ay kailanğang manğagtiís upang ang kaniláng m̄ga adhikâ'y mákilalâ't lumaganap! Kailanğang iwaksí ó basagin ang sisidlán upang halimuyak ang bangó, kailanğang pingkín ang bató upang sumipót ang apóy! Mayroon ding pasiya n̄g kalanğitan sa m̄ga paguusig n̄g m̄ga maniniíl, ginoong Simoun!

—Álám ko,—ang bulóng n̄g may sakit—kayâ n̄gâ't inudyukán ko ang kabanğisan....

—Tunay, kaibigan ko, n̄guni't ang lalòng maraming sumabog ay ang may tagláy na kabulukán! Pinalusog ninyó ang kabulukán sa kapamayanan nang hindi naghasík n̄g anomang adhikáin. Sa pagtitiím na iyan n̄g m̄ga masasamâng hilig ay waláng sisipót kundí ang pananawâ, at kung mayroon mang bigláng sumipót, ay hindi mangyayaring hindi kabutí lamang, sapagkâ't sa biglâbiglâan ay waláng sisipót sa layák kundí ang kabutí. Tunay n̄gâ't ang m̄ga masasamâng hilig n̄g isáng pamahalàan ay makamamatáy sa kaniya, n̄guni't pumapatáy din namán sa kapisanang pinangyayarihan n̄g gayón. Sa isáng pamahalàan na may masamâng hilig ay bagay ang isáng bayang waláng tuus; sa panğasiwâang waláng budhî ay m̄ga mámamayang maninibad at mapanğayupapâ sa loob n̄g bayan, n̄guni't m̄ga tulisán at magnanakaw sa m̄ga kabundukan!

Kung anó ang panġinoon, gayón ang alipin. Kung anó ang pamahalàan, gayón ang bayan.

Naghari ang sandalġng pananahimik.

—Kung gayó'y ¿anó ang nararapat gawín?—ang tanóng nġ tinġig nġ may sakít.

—¡Magtiís at gumawâ!

—¡Magtiís.... gumawâ!—ang malungkót na ulit nġ may sakít—¡ah! madalġng sabihin iyan kapag hindi nagtitiís.... kapag ang paggawâ ay pinapagkákamít nġ gantġng-palâ!.... Kung hinġhinġán nġ inyóng Dios ang tao nġ gayóng karaming mġa paghihirap, ang taong babahagyâ nang makapananġan sa kasalukuyan at nag-aalinlanġan sa mangyayari sa kinabukasan; kung nakákita lamang kayó nġ gaya nġ mġa nápagkitá kong mġa marálitâ, mġa kahabághabág na nanġagbatá nġ katakot-takot na pahirap dahil sa mġa pagkakasalang hindi nilá ginawâ, mġa pagpatáy upang mapagtakpán ang sala nġ ibâ ó ang dí kasapatán sa panunungkulan, mġa kaawàawàng amá na inagaw sa kaniláng tahanan upang gumawâ nġ waláng kapararakan sa mġa lansanġan na nasisirá sa tuwġng umaga at warġng naglilibáng lamang sa pagsusugbâ sa mġa boô boông magkakaanak sa karalitàan.... ¡ah! magtiís.... gumawâ.... siyang kalooban nġ Dios! Papanaligin ninyó silá na ang kaniláng pagkamatáy ay siya niláng kaligtasan, na ang kaniláng paggawâ ay siyang ikagiginhawa nġ kaniláng tahanan! Magtiís.... gumawâ.... ¿Anóng Dios iyan?

—Isáng Dios na lubhâng matapat, ginoong Simoun—ang sagót nġ pari;—isáng Dios na nagpaparusa sa kakulanġán natin sa pananalig, sa ating masasamâng hilig, sa muntġng pagpapahalagá natin sa karanġalan, sa ating pagkamámamayán.... Pinababayàan natin at tayo'y nagiging katulong nġ masamâng hilig, kung minsan pa'y ating pinupuri ang gayón; kayâ't dapat, lubhâng nárarapat na batahín natin ang ibubunġa at batahín din namán nġ ating mġa anák. Ang Dios nġ kalayàan, ginoong Simoun, na siyang nag-uutos sa ating ibigin itó, at ginagawâng magġng mabigát sa atin ang pasanin; isáng Dios nġ kaawàan, nġ pagpapantáypantáy, na sabáy sa pagpaparusa sa atin ay pinabubuti tayo, at ang binibigyan lamang nġ mabuting kalagayan ay yaóng nararapat bigyan dahil sa kaniyang pagsusumakit; ang paaralan nġ pagtitiís ay nakapagpapatibay, ang kaparanġan nġ tunggalian ay nakapagpapalakás sa mġa káluluwa. Hindi ko ibig sabihin na ang ating kalayàan ay tuklasín sa talas nġ sandata; ang espada ay dí lubhâng kagamitán sa mġa bagong kabuhayan, nġuni't, oo, ating tutuklasín sa pamagitan nġ karapatán, sa pamagitan nġ pagpapataás nġ urì nġ katwiran at nġ karanġalan nġ tao, na ibigin ang tapát, ang mabuti, ang dakilà, hanggáng sa mamatáy nġ dahil dito, at kapag ang isáng bayan ay nakasapit na sa gayóng kalagayan, ang Dios ay nagbibigáy nġ sandata, at lumálagpák ang mġa diosdiosan, lumálagpák ang mġa maniniíl na warì'y mġa kastilyong baraha at kumikináng ang kalayàan na kasabáy nġ unang liwaywáy! Ang ating kasamáan ay sa atin din buhat, huwág nating sisihin ang kahi't sino. Kung náikita nġ España na tayo'y hindi lubhâng masunurin sa pagpapahirap, at handâ sa pakikipagtunggalí at pagtitiís nġ dahil sa ating mġa karapatán, ang España ay siyá nang unaunang magbibigáy sa atin nġ kalayàan, sapagká't kapag ang bunġa nġ paglilihí ay dumatġng na sa pagkahinóg ay ¡kahabághabág ang ináng magtangkáng doo'y lumunod! Subali't samantalang ang bayang pilipino ay walâ pang sapát na katigasang loób upang ipahayag, na mataás ang noo at lantád ang dibdib, ang kaniyang karapatán sa pamamayan at patibayan itó sa pamagitan nġ mġa paghihirap, nġ kaniyang sariling dugô; samantalang náikita natin ang ating mġa kababayan, sa kaniláng sariling pamumuhay ay magdamdám hiyâ sa sariling kaloobán, mádnġġ ang sigáw nġ kaniyang budhí na nagbabalikwás at tumútutol, at sa lantarang pamumuhay ay hindi umímik, makisama sa pumápasláng upang kutyaín ang pinasláng; samantalang náikita nating naninirahan sa labis na paglġngap sa sarili at pinupuri sa tulong nġ pilít na nġiti ang lalòng mahahalay na kagagawán, at nagmamakaawàng hinġhinġi, sa pamagitan nġ tinġín, ang isáng bahagi nġ nápalâ ¿anó't bibigyan silá nġ kalayàan? Sa piling nġ España ó hiwaláy sa España silá'y hindi mag-iibá, at marahil, marahil ay lalò pang sásamâ! ¿Anó ang kailanġan nġ pag-sasarilí kung ang mġa alipin sa nġayon ay siyang magiging mániniíl bukas? At gayón nġâ ang káuwian nilá sapagká't umiibig sa paniniíl ang sumasailalim nitó! Ginoong Simoun, samantalang ang ating bayan ay hindi pa náhandâ, samantalang tumutunġo sa labanan nang nadadayâ ó naiaabóy, na waláng lubós na kaalamán sa gágawín, ay masisirâ ang lalòng matalinong pagtatangkâ at mabuti pa nġâ ang masirá sapagká't ¿anó't ibibigáy ang asawa sa lalaki kung hindi lubós na inirog at hindi nálalaáng magpakamatáy nang dahil sa kaniyá?

Náramdamán ni P. Florentino na pinigilan nġ may sakít ang kaniyang kamáy at pinisíl; humintô na inantáy na magsalitâ, nġuni't ang tanġing náramdamán niya ay ang dalawá pang pisíl, nakadinġġ nġ isáng buntónghininġá at mahabàng katahimikan ang naghari sa loób nġ silíd. Ang dagat lamang, na ang mġa alon ay nanġagsilakí dahil sa hanġin sa gabí na warġng nágising sa init nġ umaga, ang nagtatapon nġ kaniyang paós na unġol, nġ kaniyang waláng katapusáng awit, pag bayó sa mġa nagtayóng talampás. Ang buwan, na walâ nang kalabang araw, ay payapang nagtatalík sa lanġit, at ang mġa punò sa gubat na nanġagyuyukúan ay nagsasalaysayan nġ kaniláng matatandâng alamát sa pamag-itan nġ mahiwagàng bulunġan na ipinaghahatidhatiran nġ hanġin.

Nang mákitang waláng sinasabi sa kaniyá ang may sakít, si Padre Florentino ay bumulóng na warì'y natutubigan dahil sa isáng iniisip:

—¿Násaan ang kabatàan na maglálaán nġ kaniláng mġa magagandang sandalí, mġa panġarap at kasigabuhán sa ikabubuti nġ kaniláng bayan? ¿Násaan ang malinġap na magbúbubô nġ kaniyang dugô upang hugasan ang ganiyang maraming kahihiyán, ang gayón karaming pagkakasala, ang gayón karaming bagay na kamuhîmuhi? Malinis at waláng bahid dunġis ang kailanġang magġng buhay na alay upang ang handóg ay magġng karapatdapat!.... ¿Saan kayó nanġároón, mġa kabinatàan, na magtátagláy nġ lakás nġ buhay na tumanan na sa aming mġa ugát, ang kalinisan nġ mġa pagkukurò na nadunġisan sa aming mġa kaisipán at ang lagabláb nġ sigabó na namatáy na sa aming mġa pusò?.... Inaantáy namin kayó, oh mġa binatâ, halíkayó at kayó'y aming ináantáy!

At sa dahiláng náramdamáng ang kaniyang mġa matá'y pinanġinġilirán nġ luhâ ay binitiwang ang kamáy



nṅ maysakít, tumindíg at lumapit sa durunṅawan upang tanawín ang malawak na dagat. Iláng mahinàng katóg sa pintúan ang pumukaw sa kaniyá sa gayóng pag-iisíp. Yaón ay ang alilà na nagtatanóng kung magsísindí nṅ ilaw.

Nang ang pari'y lumapit sa may sakít at nakita itó, sa tulong nṅ liwanag nṅ lámpara, na hindí kumikilos, nakapikít ang mṅa matá, ang kamáy na pumigil sa kaniyáng kamáy ay nakabuká at nálahad sa gilid nṅ hihigán, ay inakalà niyáng natutulog; nṅuni't nang maramdamáng hindí humíhinṅá, ay marahan niyáng hinipò at saká pa lamang náhalatáng patáy: untí-untí nang lumálamíg.

Nang magkágayó'y lumuhód at nanalanṅin.

Nang tumindíg at pinagmasdán ang bangkáy na sa mukhá'y nábabakás ang isáng matindíg hapis, ang sakit nṅ isáng boṅng buhay na waláng kabuluhán, na tinagláy hanggáng sa dako pa roon nṅ kamatayan, ay nanṅilabot ang matandá at bumulong na:

—¡Kaawâan nawâ nṅ Dios ang mṅa naglikò sa kaniyá nṅ daan!

At samantalang ang mṅa alilàng tinawag niyá ay nanṅagsísiluhód at nanṅagdádasál nṅ patungkól sa namatáy, mṅa alilàng maurirà at nanṅalílibáng sa pagtinṅín sa hihigán at inuulit-ulit ang mṅa sunód sunód na *requiem*, ay kinuha ni P. Florentino sa tatagúan ang bantóg na takbáng bakal na kinalalagyán nṅ malakíng kayamanan ni Simoun. Iláng sandalíng nag-alinlanṅan, dátapwâ'y biglâng pumanaog sa hagdanang dalá ang takbá, na may tangká nang gágawín, tínunṅo ang batóng lagìng inuupán ni Isagani upang siyasatin ang kailaliman nṅ dagat.

Tuminṅín si P. Florentino sa dako nṅ kaniyáng paanan. Sa ibabâ'y náikita ang paghampás sa mṅa ukab nṅ bató nṅ mṅa maiitím na alon nṅ Pasípiko, na lumilikhá nṅ mauugong na kulóg, na sabáy sa pagningning na warì'y apóy nṅ mṅa alon at mṅa bulá, dahil sa tamà nṅ sinag nṅ buwan, na warì'y dakótdakót na brillante na inihahagis sa hanṅin nṅ isáng gawi nṅ kailaliman. Tumanáw sa boô niyang paligid. Nag-íisá siya. Ang ulilang baybayin ay nagtátapós sa malayò na warì'y isáng paguulap, na pinapawì untí-untí nṅ buwan hanggáng sa makiisà sa lalòng malayòng dako na abot nṅ tanáw. Ang kagubatan ay bumúbulóng nṅ mṅa tinṅig na waláng linaw. Sa gayó'y inihagis nṅ matandá na itinapon sa dagat ang takba, sa tulong nṅ kaniyáng malalakás na bisig. Umikit na makáilan at matuling tumunṅo sa kailaliman na gumuhit nṅ pabalantók at naglarawan sa kaniyáng makinis na ibabaw nṅ iláng malamlám na sinag nṅ buwán. Nakita nṅ matandá ang pagtilampon nṅ mṅa paták, nakádingíg nṅ isáng buluwák at naghilom ang tubig matapos malamon ang kayamanan. Nag-antabáy nṅ iláng sandalí upang tingnán kung may isasaulí ang kailaliman, nṅuni't mulíng naghilom ang mṅa alon na mahiwagàng gaya nṅ dati, at hindí naragdagan nṅ isá mang kutón ang kaniyáng kulót na ibabaw, na waring sa nilapadlapad nṅ dagat ay waláng nahulog kundí isáng muntíng bató lamang.

—¡Itagò ka nṅ Kalikasán sa kailaliman na kasama nṅ mṅa korales at mṅa perlas nṅ kaniyáng waláng pagkapawìng mṅa dagat!—ang sabi nṅ klerigo na iniunat ang kamáy.—Kapag sa isáng banal at mataás na layon ay kakailanṅanin ka nṅ mṅa tao, ay mátututuhan kang kunin nṅ Dios sa sinapupunan nṅ mṅa alon.... Samantala, diyán ay hindí ka makagagawâ nṅ kasamáan, hindí mo ililikò ang katwiran, hindí ka mag-uudyók sa kasakimán!....

**Wakás nṅ “Ang Filibusterismo”.**

## Talâ ng Tagapagsalin

Ang pabalat ay ginawa ng tagapagsalin gamit ang isang larawan mula sa aklat. Ito ay inilalagay sa *public domain*.

Ang mga larawan ng mga pahina (*page scans*) na pinagbatayan ng *e-text* na ito ay matatagpuan sa [archive.org/details/angfilibusterism00riza](http://archive.org/details/angfilibusterism00riza).

May mga ibang edisyon ng nobelang ito sa Project Gutenberg:

- *El Filibusterismo (Continuación del Noli me tángere)*, sa orihinal na Kastila, sa [gutenberg.org/ebooks/30903](http://gutenberg.org/ebooks/30903)
- *The Reign of Greed: A Complete English Version of El Filibusterismo*, salin ni Charles E. Derbyshire, sa [gutenberg.org/ebooks/10676](http://gutenberg.org/ebooks/10676)

Ang sinundang nobelang *Noli Me Tángere* ay may Tagalog na edisyon na salin ni Pascual Hicaro Poblete sa [gutenberg.org/ebooks/20228](http://gutenberg.org/ebooks/20228).

Ang Indice ay inilipat mula sa hulihan ng teksto, at iwinasto ang mga maling bilang ng pahina dito.

Isinaayos ang pagbabantas (*punctuation*).

Walang binago sa mga salita sa orihinal, kabilang ang mga di pagkakatulad sa pagbabaybay, paggamit ng gitling, paggamit ng mga tuldik, at pag-eeetilo sa teksto, maliban lamang sa mga sumusunod:

- [Pahina 8](#), “masumpunġin” binago mula sa “masumpuġin” (nġ batang masumpunġin); “tanġing” mula sa “tanging” (tanġing babaing nakiupô).
- [Pahina 9](#), “mag-aalahás” binago mula sa “mag-alahás” (at isáng mayamang mag-aalahás).
- [Pahina 13](#), “pismġí” binago mula sa “pisġí” (bahagi nġ mġa pismġí).
- [Pahina 14](#), “Mœris” binago mula sa “Mæris” (ang lawang Mœris).
- [Pahina 16](#), “panukalàng” binago mula sa “panukulàng” (panukalàng may malalaking salità).
- [Pahina 17](#), “munakalà” binago mula sa “munukalà” (mġa munakalà ni D. Custodio).
- [Pahina 18](#), “nġ” binago mula sa “ng” (makabatid nġ bagay na iyan); “paninġin” mula sa “paningín” (ang magkaroon nġ paninġin); “Custodio” mula sa “Cus. todio” (ang ulit ni D. Custodio).
- [Pahina 20](#), “epicúreo” binago mula sa “epícuro” (sa mukhâ niyang *epicúreo*).
- [Pahina 22](#), “bumibilí” binago mula sa “bnmibilí” (hindí bumibilí nġ mġa hiyás); “Isagani” mula sa “Isigani” (sinikóng palihím si Isagani).
- [Pahina 24](#), “pagmamamana” binago mula sa “pamagmamana” (sa pagmamamana.....); “panġanġatawán” mula sa “panġaġatawán” (ang kaniyang panġanġatawán ay mabuti).
- [Pahina 25](#), “pagiging pari” binago mula sa “pagiging-pari” (kaniláng karanġalan sa pagiging pari); “at” mula sa “al” (hindí pá dusta at alimura).
- [Pahina 29](#), “Ilustrísima” binago mula sa “Ilustríslma” (at humaráp sa Ilustrísima); “yunġib” mula sa “yungib” (sa isáng yunġib siyá inilagáy).
- [Pahina 32](#), “nġuni’t” binago mula sa “nguni’t” (nġuni’t nġ mabatyág ang samò); “siya” mula sa “s ya” (hinahábol siya nġ punlò).
- [Pahina 38](#), “kabisang” binago mula sa “Kabisang” (tutol namán ni kabisang Tales).
- [Pahina 39](#), “hindí” binago mula sa “dindí” (hindí ko kailanġan ang anák); “Susmariosep” mula sa “Supmariosep” (¡Guardia sibil si Tanò! ¡Susmariosep!).
- [Pahina 41](#), “matandâ” binago mula sa “mantandâ” (hihinġing sanguni sa matandâ); “pinakamatalas” mula sa “pina kamatalas” (Ang pinakamatalas sa lahat).
- [Pahina 42](#), “magpanatá” binago mula sa “magbanatá” (magpanatá maminsánminsán nġ patungkol).
- [Pahina 45](#), “pananampalataya” binago mula sa “pananampalaya” (ayon sa pananampalataya sa Pilipinas); “bilangġuan” mula sa “bilagġuan” (nádalá na sa bilangġuan).
- [Pahina 48](#), “ipinag-uutos” binago mula sa “ipina-uutos” (sapagká’t lumabág sa ipinag-uutos).
- [Pahina 49](#), “Sangkapulàng itó; kamí lamang” binago mula sa “Sangkapulàng itó. Kamí lamang”.
- [Pahina 51](#), “dahiláng” binago mula sa “dahihiláng” (Sa dahiláng sa kinabukasan).
- [Pahina 54](#), “itinatanġi” binago mula sa “itinatangí” (ang kaniyang mġa itinatanġi lamang).
- [Pahina 58](#), “nakapanġinġilabot” binago mula sa “nakapanġniġilabot” (nakapanġinġilabot na poók na iyón).
- [Pahina 61](#), “pagsungġab” binago mula sa “pagsungġáp” (nagdudumalí na sa pagsungġab).
- [Pahina 63](#), “pamahalaan” binago mula sa “pamahalaang” (isáng mulalâng pamahalaan).
- [Pahina 64](#), “aking” binago mula sa “akin” (laban sa aking akalà).
- [Pahina 66](#), “dalubhasang” binago mula sa “dalubasang” (nġ kahulugáng dalubhasang pananalig).
- [Pahina 68](#), “hindí” binago mula sa “kindí” (hindí kayó papayagang lumakí); “læserunt” mula sa “læserunt” (*quos læserunt et oderunt*); “katungkulang” mula sa “kutungkulang” (mġa matataás na katungkulang ginanáp); “*est odisse quem læseris*” mula sa “*et odisse quem læseris*”.
- [Pahina 71](#), “angtanda” binago mula sa “ang tanda” (Nagbanġon siyá, nag *angtanda*); “Siyá’y” mula sa “Sisá’y” (Siyá’y panatag).
- [Pahina 77](#), “si” binago mula sa “ni” (ang sabing tinukoy si Sinang).
- [Pahina 80](#), “namúmulámulá” binago mula sa “numúmulámulá” (ang ilan sa kanilá’y namúmulámulá).
- [Pahina 87](#), “Habaña” binago mula sa “Habana” (panġalan ninyó’y Luis Habaña); “Antonino” mula sa “Antonio” (Antonino López).
- [Pahina 90](#), “payo” binago mula sa “paayo” (alinsunod sa payo nġ kanónigo); “na waring” mula sa “na-waring” (na waring nanġanġayumpapà).
- [Pahina 96](#), “Nġuni’t” binago mula sa “Nġuni’t” (Nġuni’t sa dahiláng walang bahay).
- [Pahina 100](#), “Makaraiġ” binago mula sa “Makarai” (—Makaraiġ,—ang sagót ni P. Irene).
- [Pahina 101](#), “Camorra” binago mula sa “Camerra” (ġbatid bagá ninyó?—ang sigaw ni P. Camorra); “Makunat” mula sa “Makuna” (ang kabuhayang “Tandang Basio Makunat”).
- [Pahina 107](#), “papel.” mula sa “napel” (ang kaniyang aklát at mġa papel.).
- [Pahina 111](#), tinanggal ang naulit na “ay” sa “ay pumasok sa loób nġ páaralán”; “tiwalà” binago mula sa “tiwaià” (ay nakapagbibigay tiwalà).

- [Pahina 112](#), “*jadsum! jadsum!*” binago mula sa “*jad sum! jad sum!*”
- [Pahina 118](#), “pamukhâng itó” binago mula sa “pamukhângitó” (na kinapapatunġan nġ pamukhâng itó).
- [Pahina 119](#), “*In manus*” binago mula sa “*Inmanus*” (*In manus tuas commendo spiritum meum*).
- [Pahina 122](#), “*Atqui*” binago mula sa “*At qui*” (*Atqui* sa dahiláng bihirà).
- [Pahina 123](#), “pakutyâng tumanóng” binago mula sa “akutyâng ptumanóng” (pagkatapos ay pakutyâng tumanóng).
- [Pahina 124](#), “upang” binago mula sa “npang” (upang huwág ninyóng siràin); “*hæc*” mula sa “*hæc*” (*De nobis post hæc*).
- [Pahina 126](#), “pag tumamà” binago mula sa “pag-tumamà” (nġuni’t pag tumamà sa biláo); dinagdag ang “na” sa “nag-aaral na tumugtóg nġ plauta”.
- [Pahina 128](#), “nġ” binago mula sa “ng” (isáng paghinalà nġ masamá).
- [Pahina 131](#), “magagandang” binago mula sa “maga gandáng” (sa pamamagitan nang magagandang panġunġusap).
- [Pahina 137](#), “tanġing” binago mula sa “tanġing” (may tanġing katalinuhan sa Maynilà).
- [Pahina 141-142](#), dinagdag ang “at” sa “upang makapagparanġal nġ kalakasán at pagkamapagsarilí”.
- [Pahina 150](#), “*nonchalant*” binago mula sa “*nonchalant*” (na anyóng *nonchalant*).
- [Pahina 155](#), “Nġuni’t” binago mula sa “Nġuni’t” (Nġuni’t unawàin namàn ninyó); “lumakad” mula sa “lumukad” (walâng sapín kung lumakad).
- [Pahina 156](#), “babaing” binago mula sa “kabaing” (isáng babaing kalapít); “hukbóng” mula sa “hubkóng” (isáng hukbóng hubô’t hubád).
- [Pahina 158](#), “kilaláng” binago mula sa “kilalán” (ating mġa kilaláng si D. Custodio); “sasakyán” mula sa “sasakván” (Inihatíd silá nġ kaniláng mġa sasakyán).
- [Pahina 160](#), “bayan” binago mula sa “bayang” (hindí taga roon sa bayan ko).
- [Pahina 161](#), dinagdag ang “ni” sa “nárito si P. Camorra!—ang sabi ni Ben-Zayb”.
- [Pahina 162](#), “mġa” binago mula sa “mga” (may tandâng *mġa sibil*).
- [Pahina 164](#), “*en*” binago mula sa “*in*” (Ang *mise en scene* ay malungkót).
- [Pahina 166](#), “nġuni’t” binago mula sa “nġuni t” (nġuni’t ipinamamanhík ko lamang).
- [Pahina 168](#), “pag hindi” binago mula sa “paghindí” (pag hindí iyán nagdahilán); “salitàang” mula sa “satitàang” (kaputol na salitàang umabot); “*tallá*” mula sa “*tallá*” (*porque tallá el mana prailles*); “*ta jasi*” mula sa “*tajasi*” (*ta jasi solo*); “prailles” mula sa “praile” (¡Curioso también el maná prailles!).
- [Pahina 169](#), “nanonoód” binago mula sa “nononoód” (ang tinġin sa laháť nġ nanonoód).
- [Pahina 170](#), “labì” binago mula sa “labì’t” (ang mġa labì at sinusundán).
- [Pahina 171](#), “lanġaylanġayan” binago mula sa “lanġaylangayan” (pugad nġ lanġaylanġayan).
- [Pahina 172](#), “kaniyá” binago mula sa “kiniyá” (sa mġa nakinġig sa kaniyá).
- [Talababa \[1\]](#), “padausdós” binago mula sa “padausós” (huwag batakang padausdós).
- [Pahina 173](#), “nagtatawanan” binago mula sa “nagtatanawan” (nagtatawanan at binibirò ang ibá).
- [Pahina 175](#), “sa kamáy nġ parì” binago mula sa “nġ kamáy sa parì”.
- [Pahina 178](#), “nag-aaral” binago mula sa “nag-araal” (pulúputóng na mġa nag-aaral).
- [Pahina 181](#), “nanġagdádaang” binago mula sa “naġagdádaang” (nanġagdádaang matulin na nag-uumugong); “naliliwanagan” mula sa “naliliwangan” (naliliwanagan nġ isáng lámpara).
- [Pahina 183](#), “maiitím” binago mula sa “maiitín” (kaniyáng maiitím na muog).
- [Pahina 192](#), “kamangmanġán” binago mula sa “kamangmangán” (sinásamantalá ang kamangmanġán).
- [Pahina 193](#), “*minumunakala*” binago mula sa “*minumunukala*” (“MAÑGA PANUKALANG *minumunakala*”).
- [Pahina 200](#), “pulutong” binago mula sa “puluton” (tatlóng pulutong pa).
- [Pahina 202](#), “pag hindi” binago mula sa “paghindí” (pag hindí niya kilalá).
- [Pahina 203](#), “kapag” binago mula sa “ka pag” (muhîngmuhí kapag nakakita).
- [Pahina 214](#), “comment” binago mula sa “camment” (Mais, comment!); “bête” mula sa “bete” (toi ici, grosse bête!); “*enchantée*” mula sa “*enchantee*” (si Lily ay lubhâng *enchantée*).
- [Pahina 219](#), “kakauntíng” binago mula sa “kakautíng” (sa kakauntíng bagay).
- [Pahina 220](#), “Sandoval” binago mula sa “Sandavol” (ang pahayag ni Sandoval).
- [Pahina 221](#), “nġiti” binago mula sa “nġintí” (mapaít na nġiti sa labì).
- [Pahina 222](#), “corporacióng” binago mula sa “corporaclóng” (ihahalál nġ “corporacióng” mamámahala).
- [Pahina 223](#), “ang” binago mula sa “anng” (At ang tumutugtóg pa namán).
- [Pahina 224](#), “ganapin” binago mula sa “gagapin” (ang unang dapat ganapin).
- [Pahina 230](#), “nġuni’t” binago mula sa “nġuni’i” (nġuni’t nádingġig ang yabág).
- [Pahina 231](#), “qué” binago mula sa “que” (¡Amor, qué astro eres?).
- [Pahina 232](#), “ganang” binago mula sa “ga nang” (mġa kahanġaláng sa ganang binatà); “panahón” mula sa “panuhón” (sa lalóng madalíng panahón).
- [Pahina 233](#), “ganang” binago mula sa “ga nang” (hambúg sa ganang kaniyá; gawâng batà, sa ganang kaniyá).
- [Pahina 235](#), “Que con” binago mula sa “Con” (Que con blando murmullo).
- [Pahina 236](#), “Juanito” binago mula sa “Jnaito” (pagkámásid ninyó kay Juanito Pelaez); “panibagong” mula sa “panibagon” (sa kaniyang panibagong pag-ibig).
- [Pahina 241](#), “Paulita” binago mula sa “Panlita” (Tagláy dín ni Paulita).
- [Pahina 242](#), “kapag nábabakás” binago mula sa “kapag-nábabakás” (kapag nábabakás ko sa titig na iyán); “si Isagani” mula sa “si-Isagani” (lumulan sa sasakyán si Isagani).
- [Pahina 249](#), “*reverendas*” binago mula sa “*reverandas*” (masamâng parunggít sa mġa *reverendas*).
- [Pahina 250](#), “panalanġin” binago mula sa “panalaġin” (tanggapín ang kaniláng mġa panalanġin).
- [Pahina 258](#), “itinatanġi” binago mula sa “itinataġi” (ang *isá* na kaniyáng itinatanġi); “anó” mula sa “Anó” (¿anó ang ibig ni P. Fernández?).
- [Pahina 259](#), “pagkukurò” binago mula sa “pagkakurò” (na ang kaniláng pagkukurò).
- [Pahina 260](#), “katedrátiko” binago mula sa “ketedrátiko” (ipinamamanhík ko sa aking katedrátiko); “Kahì’t” mula sa “Ka ì’t” (Kahì’t na may pagkukuròng malayà).
- [Pahina 261](#), “tagasiyasat” binago mula sa “tagasiyayat” (pagiging tagasiyasat nġ pagtuturò).
- [Pahina 265](#), “*corruptíssima in republica plurimæ*” binago mula sa “*corruptísima in republica plurimæ*”.

- [Pahina 266](#), “kinábukasan” binago mula sa “kinákukasan” (sa kinábukasan ay mabait na lahát).
- [Pahina 273](#), “dugtóng” binago mula sa “dungtóng” (ang dugtóng ni P. Irene, na ang hinaráp).
- [Pahina 275](#), “Nḡuni’t” binago mula sa “Nguni’t” (Nḡuni’t ang matapang ay nilambanog); “umugong” mula sa “umugon” (umugong din ang iláng putók); “Ta” mula sa “Ya” (—¿Ta quedá dice preso Isagani?); “debi” mula sa “debé” (¿Connmigo no ta debí nada!).
- [Pahina 277](#), “manḡa” binago mula sa “nanḡa” (ang manḡa sa loob nḡ platería).
- [Pahina 278](#), “Kapag nákita” binago mula sa “Kapagnákita” (Kapag nákita ko siyá....).
- [Pahina 279](#), “kapitang” binago mula sa “kabisang” (Si kapitang Tiago ay nagkaroón).
- [Pahina 281](#), “gallus” binago mula sa “gullus” (an gallus talisainus).
- [Pahina 283](#), “iræ” binago mula sa “irœ” (ang *Dies iræ*); “Patrocínio” mula sa “Patrocino” (Si aling Patrocínio).
- [Pahina 288](#), “mo” binago mula sa “no” (¿hindí mo ba nabasa).
- [Pahina 289](#), “bahagyâ” binago mula sa “hahagyâ” (bahagyâ nang nákatulog).
- [Pahina 290](#), “nanḡinḡilabot” binago mula sa “nanḡingilabot” (si Hulí ay nanḡinḡilabot).
- [Pahina 292](#), “pag patáy” binago mula sa “pagpatáy” (pag patáy na ay sakâ magsisisi); “isusumbát” mula sa “isusumkát” (ay walâng isusumbát).
- [Pahina 294](#), “napaka” binago mula sa “na paka” (nápakamahinà, napaka walâng katibayan); “Kaawaawàng” mula sa “Kaawanwàng” (¿Kaawaawàng P. Camorra!).
- [Pahina 295](#), “idinagdág” binago mula sa “idinadág” (dalidaling idinagdág ni Ben-Zayb); “kapangyarihan” mula sa “kapangyaaihan” (sa lahát ang kapangyarihan).
- [Pahina 299](#), “pinanḡanḡaniban” binago mula sa “pinaḡanḡaniban” (at hindí ko pinanḡanḡaniban).
- [Pahina 311](#), “at” binago mula sa “al” (tapang at lakás nḡ loob).
- [Pahina 314](#), “rebolber” binago mula sa “robolber” (liban na lamang sa rebolber); “magiging” mula sa “magigin” (magiging siyang kakilakilabot).
- [Pahina 316](#), “durunḡawán” binago mula sa “darunḡawán” (tumatapon sa kaniyáng mḡa durunḡawán).
- [Pahina 318](#), “Pagkatapos” binago mula sa “Pakatapos” (Pagkatapos ay nawawalá).
- [Pahina 319](#), “lalòng” binago mula sa “laòng” (sa lalòng katampatang sandalí).
- [Pahina 320](#), “Jovem” binago mula sa “Joven” (salubunḡin ang *Magnum Jovem*).
- [Pahina 321](#), “hindí” binago mula sa “hind” (hindí na lubhâng payukò).
- [Pahina 323](#), “estreno” binago mula sa “extreno” (mḡa salitâng “comedor estreno”).
- [Pahina 327](#), “Mane” binago mula sa “Mame” (ibig sabihin nḡ *Mane thecel phares*); tinanggal ang naulit na “sa” sa “isáng alaguwák sa pagbagsák”.
- [Pahina 335](#), “Loleng” binago mula sa “Choleng” (ang tanóng ni kapitana Loleng).
- [Pahina 336](#), “Chichoy” binago mula sa “Chi choy” (ang patuloy ni Chichoy).
- [Pahina 337](#), “prayle” binago mula sa “praple” (—¿Ang mḡa prayle?); “Quiroga” mula sa “Quroga” (—¿Ang insík na si Quiroga?).
- [Pahina 341](#), “punò” binago mula sa “puuò” (na kinuha sa isáng punò); “lansanḡan” mula sa “lasanḡan” (alikabók nḡ lansanḡan).
- [Pahina 345](#), “remitirá” binago mula sa “remimitirá” (*cojera remitirá vivo muerto*).
- [Pahina 347](#), “Anó” binago mula sa “anó” (¿Anó ang kahulugán); “klérigong” mula sa “klárigong” (isáng klérigong indio); “Simoung” mula sa “Simonng” (iniuudyók pa nḡâ nḡ Simoung iyon).
- [Pahina 350](#), “matandâng” binago mula sa “matangdâng” (nápaurong ang matandâng parì); “pagkakábiglâ” mula sa “paakakábiglâ” (Dahil sa pagkakábiglâ).
- [Pahina 355](#), “kaniyáng” binago mula sa “kaniyán” (kaniyáng paós na unḡol).
- [Pahina 356](#), “ang” binago mula sa “an” (ang sakit nḡ isáng boòng buhay).
- [Pahina 357](#), tinanggal ang naulit na “sa” sa “naglarawan sa kaniyáng makinis na ibabaw”.

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE  
THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE  
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase “Project Gutenberg”), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at [www.gutenberg.org/license](http://www.gutenberg.org/license).

**Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™ electronic works**

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. “Project Gutenberg” is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation (“the Foundation” or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at

no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website ([www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org)), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, “Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation.”
- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain “Defects,” such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the “Right of Replacement or

Refund” described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you ‘AS-IS’, WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™ electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

## **Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™**

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™’s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

## **Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation’s EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state’s laws.

The Foundation’s business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation’s website and official page at [www.gutenberg.org/contact](http://www.gutenberg.org/contact)

## **Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We

do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate).

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate)

## **Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works**

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.